AKO, ang KRISTO,

Ay dumating nang hayagan upang iwasto ang mga hindi tamang interpretasyon sa aking mga aral sa Palestina dahil ang dogma ng Simbahan ay nakasasagabal sa inyong ispiritwal na paglago.

Dahil ang mga tao ay nasa bingit ng pangmundong krisis na may matinding kalakihan, ito ay mahalaga para mapagtagumpayan kaya Ako, ang Kristo ay dapat na makaabot sa lahat na makikinig.

Babahagya ang inyong nalalaman sa tunay na mga proseso ng paglikha na kayo, ang inyong mga sarili, ay gumaganap ng malaking papel. Kinakailangan na inyong maunawaan ang mga ito nang may kasapatan upang magkaroon kayo ng kakayahan na tumungo sa pagsasakatuparan ng mas mataas na pananaw para sa sangkatauhan.

ANG MGA LIHAM na ito ay KURSO NG ISANG GURO.

Ipaaalam ng mga ito sa inyo ang tunay na kahulugan ng kung ano ang itinuro ko sa Lupa. Mula sa mga ito ay mauunawaan ninyo ang pang ispiritwal–pang–agham na KATUNAYAN kung saan ay nakuha ninyo ang inyong pagiging lalang.

Isinasalarawan ng mga ito ang LANDAS NG KRISTO na naghahatid sa lahat tungo sa maluwalhating Antas ng Pagiging Lalang
Na tinawag kong Kaharian ng Kalangitan.

PAG–ARALAN ANG MGA LIHAM, manangan sa Mga Turo.

SA PAMAMAGITAN NG MGA ITO ang mga lalaki at mga babae ay maliligtas mula sa kawalang muwang na paggamit ng kanilang makapangyarihang mga isip.

Matututunan nila ang WALANG KONDISYONG PAG–IBIG at kung paano pagalingin ang mga buhay at ang Lupa.

Kanilang malalaman na ang inyong mundo ay
PANGKALAHATANG PAG–IBIG na naging namamasdan.

ANG TAGAPAGTALA

Ang Mga Liham At Mga Artikulong ito ay gawa ni Kristo, niliwanag niya na ang mga ito ay walang bayad na mababasa sa pamamagitan ng internet. Ako ay "Tagapagtala" lamang.

Ang Mga Liham ay natanggap noong taong 2000 at 2001. Ang mga ito ay nababasa na sa internet mula pa noong 2001. Ang kauna unahan sa mga Artikulo, kung saan si Kristo ay nagbibigay ng mga puna tungkol sa ating mga pang araw araw na pamumuhay, ay natanggap noong 2003 at ang pinakahuli sa mga mensahe ay noong Disyembre 2014.

Wala sa mga panulat na ito ay kinuha sa ibang mga literatura, bagaman ang ibang mga manunulat ay nakakuha din ng kanilang pananaw mula kay Kristo. Lahat na nasa harmoniya ng kaniyang Kamalayan ay lubhang pinagpala.

Ang aking landas tungo sa pagiging Tagapagtala ni Kristo ay nagsimula limampung taon na ang nakaraan noong ako ay nakararanas ng mga kahirapan at tumungo kay Kristo at sa Bibliya para sa tulong. Ang sagot ay gumabay sa akin na iwaksi ang lahat ng dogmang pangrelihiyon at maging agnostiko. Sa loob ng dalawang taon, ako ay mataimtim na nanalangin na ipakita sa akin ang Katotohanan at ang tunay na likas ng Unang Dahilan at sa dakong huli ay ipinakita sa akin na ang Diyos ay Pag-ibig. Noong pinakinggan ko ang gabay ni Kristo, ako ay inihatid sa bagong mga direksiyon. Mayroong nasundan ng pitong taon ng tagumpay, pagkatapos ay maraming masasakit na mga karanasan.

Isang gabi, habang nanalangin ako, si Kristo ay biglang dumating. Sinabi niya sa akin kung ano ang ituturo sa akin at sa bandang huli ay gagawin ko. Mula 1963 hanggang 1978, tinuruan ako ni Kristo sa mga prinsipyo na ipinaliliwanag niya sa kaniyang Mga Liham. Noong 1975, ako ay may gabi ng mga pangitain ng mga pangyayari na magaganap sa pagitan ng 1983 at 1994. Lahat ay naging totoo.

Taong 2000, sinimulan ni Kristo na idikta ang mga Liham, pagkatapos ay ang mga Artikulo at iba pang mga mensahe.

LIHAM 1

Nangungusap Si Kristo ng kaniyang mga dahilan sa pagbabalik upang idikta ang mga Liham na ito. Sinasabi niya na ang tao ang nagdadala ng kaniyang sariling mga pighati bunga ng kaniyang mga iniisip at mga gawa.

Nagsasalita siya ng kahalagahan ng pangkapatirang pagmamahalan at ang ginagampanan nito sa ebolusyong pang-ispiritwal. Nagbibigay siya ng babala tungkol sa mga punla na inihahasik na magbubunga ng pangmundong terorismo at krisis, ang panahon ng paghihirap.

Sinasabi niya sa atin na walang bagay na kagaya ng 'kasalanan laban sa Diyos", tanging pang-ispiritwal at pangsiyensiyang prinsipiyo lamang na inaani ninyo ang inyong itinatanim.

Winiwika niya na ang Kakristiyanuhan ay dapat na magwakas sa likas na kamatayan.

Sinasabi niya kung ano ang Halimaw at ang banta nito sa tao.

Ipinaliliwanag niya ang ating tunay na Pinagmumulan ng Pagiging Lalang, ang mga pinanggagalingan ng "pantaong personalidad" at sinasabi niya na ito ay kung ano ang nasa ating mga puso at mga isipan ang lumilikha ng mga kalagayan at mga kapahamakan na nakikita natin sa ating mundo. Ipinapaalam niya sa atin kung paano natin malilikha ang bagong kaganapan at ayon sa kaniya ang susi ay nakasalalay sa bawat isa sa atin. Ang karamdaman ay hindi kalooban ng Ama, winiwika ni Kristo. Ipinapaliwanag niya ang tunay na pinanggagalingan ng sakit, kasama na ang AIDS.

Kaniyang itinuwid ang mga mito tungkol sa panahon niya sa Lupa, pinababatid sa atin kung bakit siya ay ipinako sa krus at kung bakit ang kaniyang misyon ay hindi tamang naitala.Isinasalarawan niya ang kaniyang anim na linggo sa disyerto at kung paano ang kaniyang natutunan ay nakapagbago sa kaniya mula sa isang rebelde tungo sa pagiging Guro at Manggagamot.

Nangungusap siya sa atin ng tungkol sa Kaharian ng Langit, ang likas ng Diyos, at ang siyam na mga prinsipyo ng paglikha.

LIHAM 2

Inilalahad ni Kristo na bilang si Hesus siya ay isang halimbawa ng kung sino ang bawat tao ay maaaring maging.

Inihahayag niya na ang kaniyang Mga Liham ay ang pundasyon para sa susunod na panahon. Ipinaliliwanag niya na ang maling interpretasyon sa Bagong Balita ay nakahahadlang sa paglagong pang ispiritwal.

Ipinagpapatuloy niya ang kwento ng buhay niya sa Lupa. Nililinaw niya ang tunay na kahulugan ng kaniyang misyon na "magligtas" sa sangkatauhan at ang katotohanan tungkol sa kaniyang pagkakapako sa krus.

Pinapaalam niya kung paano niya tinuruan ang mga tao tungkol sa dakilang batas ng pag-aani ng kung ano ang itinanim, kung paano ang mga ugali ay nakalilikha ng mga karamdaman at kung paano mamuhay na may pag-ibig.

LIHAM 3

Nangungusap si Kristo na walang kaligtasan na gaya ng isinalarawan sa dogma ng simbahan. Ang tao ay dapat na tumaas tungo sa Pangkalahatang Kamalayan ng Pag-ibig: ito lamang ang magpapalaya sa kaniya mula sa batas ng dahilan at epekto.

Sinasabi ni Kristo na namalas niya sa disyerto na sa ilalim ng araw ay walang solido. Nakita niya na lahat ay kamalayan na naging namamasdan at kung paano ang kaniyang mga iniisip ay nakaapekto sa mga bagay na nakapaligid sa kaniya.

Ipinaliliwanag niya kung paano niya sinubukang ituro sa mga tao na ang Ama ay nasa kanila at kung paano sila ay makapapasok sa Kaharian ng Langit. Ikinukwento niya na ang mga tao ay takot na tanggapin ang kaniyang mga turo.

Isinasalarawan niya ang pagpapakain sa makapal na bilang ng mga tao, nangungusap siya sa papel na ginagampanan ng pananalig at nagsasabi ng kung ano ang nangyari noong lumakad siya sa ibabaw ng tubig.

Inilalahad ni Kristo kung paano nagalit sa kaniya ang mga Hudyong pari, at kung paano ang mga disipulo ay tumugon sa balita ng kaniyang napipintong pagkapako sa krus. Isinasalarawan niya ang Huling Hapunan, at inihahayag ang katotohanan tungkol sa pagkabuhay na muli.

LIHAM 4

Binabanggit ni Kristo ang kasaysayan ng mga Hudyo simula ng pagpapako sa krus. Isinasalaysay niya ang mga dahilan ng darating na pangmundong krisis.

Sinasabi niya na ang mga Propeta at mga Guro ay nasa iisang Isip at iisang Pag-ibig, na Siya at sina Muhammad, Buddha at lahat ng iba pang mga Guro ay tumaas tungo sa Kristong Kamalayan.

Inilalahad sa atin ni Kristo kung ano ang dapat nating gawin upang makamtan ang pagiging lubos sa Paraiso. Binabanggit niya na ang lahat ng mga tao ay pantay pantay.

Ipinapaalam niya sa atin na ang nag-iisang daan upang mapagtagumpayan natin ang kapighatian ay ang tumaas na angat sa mga pagkakaibang pangrelihiyon at mamuhay sa ispiritwal na kapatiran ng pag-ibig. Ipinaliliwanag niya kung paano ang bawat isang tao ay makagagawa ng kaibahan, kung paano mapagbubuti ng bawat isa ang kaniyang kapaligiran sa pamamagitan ng kaniyang pag-iisip.

Siya at ang iba pang mga Guro ay nangungusap ng tungkol sa pinanggagalingan ng mga pagkakaiba sa kasarian at ang epekto ng mga pakikipagrelasyong sekswal sa mga lalaki at mga babae, sa kanilang mga buhay at sa mundo.

Sila ay nagsasalita ng tungkol sa kadalisayan at ispiritwal na pag-ibig. Sinasabi nila na ang labanan sa pagitan ng mga kasarian ay nakaaapekto sa mundo, at ipinaliliwanag nila ang mga pinagmumulan ng mga bayrus.

Ayon sa kanila ang pakikitungo sa pagitan ng mga lalaki at mga babae ay magbabago, ang paglagong ispiritwal ay magaganap at ang mga sanggol na may bagong kakayahang pang ispiritwal ay isisilang.

LIHAM 5

Ikinukwento ni Kristo sa atin ang layunin ng kaniyang misyon sa Palestina at kung bakit ang kaniyang mga turo ay nabaluktot. Sinasabi niya na ang positibong pag-iisip ay hindi nakatutugon.

Ipinaliliwanag niya na ang bagay ay hindi solido at ay naaapektuhan ng pantaong isipan. Sinasabi niya na ang sansinukob ay kamalayan na naging namamasdan at itinuturo niya kung paano ang elektromagnetismo ay nagbibigay ng epektong materyal sa kilalang pangsiyensiya at pang ispiritwal na batas: "Inaani ninyo kung ano ang inyong itinanim."

LIHAM 6

Isinasalarawan ni Kristo ang likas at layunin ng pagiging naririto. Sinasabi niya ang layunin ng ating paglalakbay na pang ispiritwal. Ipinaliliwanag niya ang papel na ginagampanan ng ego.

Ayon sa kaniya ito ay ang paraan ng pagpapahayag ng kakanyahan at ay kinakailangang sandata, ngunit ay pinanggagalinagn din ng lahat ng pagdurusa.

LIHAM 7

Ipinababatid ni Kristo kung ano ang nangyayaring ispiritwal sa oras ng pagsisiping, at kung paano ang mga bata ay isinilang na may magkakaibang antas ng kamalayan.

Ipinaliliwanag niya ang kinatatayuan ng mga lalaki at babae sa ranggong pangmundo.

Nagsasalita siya ng tungkol sa mga pinagmulan ng pangkristiyanong "diyos" at dogma. Ikinukwento niya ang tungkol sa Huling Hapunan at kung ano ang nag-udyok sa kaniya na ipasa ang tinapay at alak nang paikot. Sinasabi niya sa atin ang katotohanan tungkol sa "kasalanan".

LIHAM 8

Ipinaliliwanag ni Kristo kung paano mamuhay na sumasaliw sa mga Batas ng Pagiging Naririto at dumating sa antas ng maharmoniyang nilalang na lahat ng bagay ay saganang naipagkakaloob, ang kalusugan ay napananatili, ang walang kondisyong pag-ibig ay daglian at ang ligaya ay likas na antas ng pag-iisip.

Ipinapahayag niya sa atin kung paano haharapin ang di pagkakasundo sa mga pakikipagrelasyon. Ipinaliliwanag niya din kung bakit hindi tayo dapat na humusga, pumuna o kumundena sa ibang tao o lumagay sa katayuan na magpapababa sa pagkatao ng iba.

Tinuturuan niya tayo kung paano magmeditasyon, at ibinibigay niya sa atin ang Panalangin ng Kristo.

LIHAM 9

Sinasabi ni Kristo sa mga tao kung paano mapagtatagumpayan ang ego at kung paano haharapin ang mga panahon ng di pagkakaunawaan at paglalabanan.

Ayon sa kaniya ang pagtawa ay Banal.

Nagbibigay siya ng babala tungkol sa mga ispiritwal na 'mga pagsasanay" na gumagapos sa atin sa materyal na buhay.

Nangungusap siya ng tungkol sa rasismo at nagbibigay ng diin na ang bawat isa ay nabubuklod sa Kaisahan.

Bilang pagtatapos ay nagbibigay siya ng mensahe ng paghimok sa lahat ng nahahalina ng kaniyang Mga Liham.

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 1

Ako, ang Kristo, ay ginagamit ang pagkakataong ito na mangusap nang tuwid sa INYO.

Ako ay pumarito upang ituwid ang mga hindi wastong pahayag na nalagay sa mga turong ibinigay noon, ng kilalang si Hesus ng Palestina, dalawang libong taon na ang nakalilipas.

Ang mga ito ay nahayag sa pamamagitan ng isang tao, na sa nagdaang apatnapung taon ay naging sensitibo sa ispiritwal na pagkaunawa at nag-ukol ng sapat na panahon upang tanggapin ang aking mga salita at tumalima alinsunod dito.

Ang mga LIHAM NA ITO AY KATOTOHANAN.

Lumalagpas ang mga ito sa lahat na panrelihiyong doktrina sa mundo.

Ang mga LIHAM na ito ang magpapalaya sa inyo.

Ang mga ito ay para sa mga tao na naghahanap ng kahulugan ng pagiging naririto, ng layunin sa kanilang mga buhay, kalakasan upang harapin ang pang-araw-araw na pakikibaka upang mabuhay at malampasan ang kahirapan, karamdaman at kalungkutan. At nagbibigay ng inspirasyon para sa mga naghahangad ng mas malawak na pagkaunawang ispiritwal sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Maaari ninyong sabihin na ang mga **Liham na ito ay KURSO ng isang Guro** , para sa mga tao na handang tumuntong sa daan na aking nilakbay noong ako ay narito sa lupa sa Palestina.

Maaaring magduda kayo na ang mga salitang nalalahad sa itaas ay totoo. Habang binabasa ninyo ang mga pahinang ito at tinutunghayan ang mga katotohanan na ibinibigay ko tungkol sa pagiging naririto at ang mga pinagmulan ng inyong personalidad, mapagtatanto ninyo na ang katotohanang ito ay maaari lamang magmula sa pinakamataas na pinagkukuhanan.

Ang mga nahihirapang unawain **ANG MGA LIHAM** ay kailangang basahin ang isang pahina sa isang takdang oras, pagkatapos ay isaisang tabi ang mga ito at pagbulay-bulayan. Dahan-dahan, ang kahulugan ay dadaloy sa inyong kamalayan dahil ang mga pahinang ito ay tulay sa pagitan ng inyong kamalayan at ng aking walang limitasyong kamalayan.

Halina kayo sa **MGA LIHAM** na ito na ang inyong isipan ay malaya sa mga haka-haka, mga paniniwala at paghusga gaya ng isang napakaliit na bata bago nadoktrinahan ng mga pantaong paniniwala.

Dalhin ninyo sa akin ang inyong malinis na isipan, isang naghahanap na isipan at pupunan ko ito ng tunay na kayamanan, ang kayamanan ng pinakamataas na karunungan, na kapag inyong tinalima ay magpapagaan ng inyong mga dalahin sa araw-araw at gagabay sa inyo tungo sa ‘lunting mga pastulan ng pinakamaningning na liwanag,’ na nangangahulugan ng kasaganahan, kaligayahan, ekstasi at katuparan ng bawat pangangailangan. Malalaman ninyo kung ano ang pakiramdam na maging masagana sa lahat ng mga bagay na naririto na lampas sa inyong pangkasalukuyang pantaong- kamalayan.

Ang **MGA LIHAM** na ito ay ipinadala nang may pagmamahal at pagkaawa ko sa lahat ng mga tao sa buong mundo. Habang binabasa ninyo ang mga ito, mararamdaman ninyo ang pag-ibig at pagkaawa at matatanto ninyo na ang inyong pang-araw-araw na pakikipagtunggali sa pagiging naririto ay hindi sinadya para sa inyo. Hindi kailangan na maranasan ninyo ang sakit at pighati kung nauunawaan ninyo, natatanto at isinasabuhay lagi ang **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO.**

ANG LAYUNIN SA LIKOD NG MGA LIHAM.

Ang mga liham na ito ay nagtatangkang magbigay ng kaliwanagan sa mundo sa pangkalahatan, upang makabuo ang sangkatauhan ng BAGONG KAMALAYAN sa loob ng susunod na dalawang libong taon. Ang mga **LIHAM** na ito ay punla ng panghinaharap na ispiritwal na ebolusyon ng tao.

Bigyang pansin:

Ito ay ang ispiritwal na ebolusyon ng *'pantaong kamalayan'* na nagdudulot ng mental at pisikal na ebolusyon sa inyong pansarili at pang-global na buhay at maghahatid sa sangkatauhan tungo sa mas mapayapang antas ng pagiging lalang.

Kung mahirap para sa inyo na ito ay unawain, magbalik-tanaw kayo sa nakalipas na dalawang libong taon at tingnan kung ano ang naisakatuparan mula noong huling personal na nangusap ako sa mga tao. Nagkaroon ng dahan-dahang ebolusyon tungo sa **kapatirang pagmamahal** na lagi kong ipinapangaral sa mga Hudyo. **Noong lumakad ako sa lupa, wala noong mga makataong organisasyon na kagaya ng mayroon kayo ngayon. Ang ambisyon, ganid at pansariling kabutihan ay itinuring noon na normal na asal.**

Kakaunti ang pangkapatirang pagmamahal kahit na sa mga Hudyo, sa kabila ng sa maraming henerasyon, ay sinabi ng kanilang mga propeta na mahalin ang iba gaya ng pagmamahal sa sarili.

Habang ang sangkatauhan ay nakalinang ng kaniyang kakayahan para sa *pangkapatirang pagmamahal* ay gayundin na nagawa ng sangkatauhan na maging maganda at magaan ang buhay sa anyo ng pinagsasaluhang konsiderasyon, paggalang, kabaitan at ang pagkakaroon ng mga pagamutan, samahang kumakalinga sa mga bata, pag-aaruga sa mga matatanda, mga organisasyon ukol sa karapatang pantao, at marami pang institusyon na ukol sa pagpapabuti ng kalagayang pantao.

Ang mga ito ay sumilang sa mga puso at isipan ng mga taong matapat na sumunod sa orihinal na mga salita ko noon sa Palestina na humihimok sa mga tao tungo sa pangkapatirang pagmamahal at pagkaawa sa kanilang mga kapwa tao.

Ang anyong ito ng ispiritwal na pag-aruga at pangkapatirang pagmamahal ay nakakuha ng malaking suporta noong ika-labingsiyam na dantaon, pagkatapos na maipangaral ang mga salita ko na may panibagong katapatan at lakas mula sa mga pulpito at masayang tinanggap ng mga masusugid at matatapat na konggregasyon. Ang mga mangangaral at mga konggregasyon noon ay nagkalat sa buong mundo sa bawat kontinente. Ang araw ng pamamahinga ay talagang itinuring na araw upang magpahinga at ang isipan ng karamihan sa mga Kristiyano ay itinaas upang pagnilayan ang kapangyarihan ng Diyos.

Ang pangbuong mundong paghinto sa mga normal na mga gawain at mga hanapbuhay, ay nangahulugan na ang dalawampu't apat na oras ay sa pagtataas ng 'gising na diwa' tungo sa *Banal na Mapanlikhang Kapangyarihan* ay lumikha ng regular at makapangyarihang 'pantao/Banal' na kamalayan na naging pundasyon at nagbuklod sa buhay ng mga tao. Ang mga petisyon ng mga tao ay naging dahilan upang ang Banal na Kapangyarihan ay pumasok sa *pantaong kamalayan* at *pantaong karanasan* na tuwirang naghatid patungo sa paglago at pag-unlad sa bawat aspekto ng buhay ng tao.

Datapwat, hindi pa rin alam ng mga tao kung paano **sa pamamagitan ng isip ay direktang utusan ang Banal na Kapangyarihan patungo sa ispiritwal sa halip ay daluyan ng 'ego' ng pagkamalikhain.** Ang naging bunga, ang paglago ng 'pangkalahatang kamalayan' ay nagdala ng 'masamang' resulta na nanggaling sa 'kapangyarihan ng ego' gayundin ay nagbunga ng 'mabuti' dahil sa 'ispiritwal na kamalayan' ng mga naliwanagan at mga taong nakatanggap ng inspirasyon.

BIGYANG PANSIN. DAHIL DITO…. Ako ay dumating upang lubusang ipaliwanag sa inyo….ang mahalagang katotohanan ng pagiging naririto. Pakibasa nang maingat.

Ito ay:

* ang inyong pansariling *kamalayan* ay ang tanging dahilan sa lahat ng dumarating sa inyong buhay at pansariling karanasan. Ito ay ang inyong pansariling *kamalayan* na siyang nagdadala ng mabuti o masama*.

Sa inyong subkonsyus, dinadala ninyo sa pamamagitan ng mga mahihigpit na nakatatak ngunit natatagong pag-alala ng mga nakaraang mga sakit/mga emosyon ng mga nakalipas na buhay/mga buhay na maaaring sumabog at kumulay sa inyong pangkasalukuyang kamalayan.

*Ang inyong tiyak at walang humpay na panalangin para sa ikagagaan ng anuman, ay maaaring masagot ngunit maliit lamang ang inyong pakinabang sa pangmatagalang panahon **kung ang inyong isip at puso ay patuloy pa ring gumagawa ng salungat sa Pangkalahatang Batas ng PAG-IBIG at kung kayo ay nabubuhay na ang pag-iisip ay laging nambabatikos.***

Ang Pangkalahatang Batas ng Pagiging naririto ay sumasalamin LAMANG sa *'mga gawain ng kamalayan.'* ..... at husto at hindi nagbabago…. Ang mga ito ay HINDI pabuya o parusa galing sa 'Diyos.' Inuulit ko: ay hindi 'PARUSA GALING SA DIYOS.' Ang mga ito ay umaakma sa mga 'Kadahilanang Salik ng Kamalayan' na humahatak/nagmamagnet sa mga elektrikal na partikulo, na siyang nagbubuklod, sama-sama at nakikita sa mundo sa panlabas na *solidong* mga anyo at mga karanasan.

BIGYANG PANSIN. Minsan, nagagawa ng mga tao na magkaroon ng **makapangyarihang panalanging nag-uugnay** sa BANAL NA KATOTOHANAN sa likod at maging sa mga nilikha. *Ito ay sumasagot at ang kaniyang gawain* sa maikling panahon ay nakikita na kailangan sa ikauunlad ng pansarili at pambansang buhay-at ang mga tao ay magsasabi: 'Ito ay hiwaga!'

Ngunit sa kinalaunan, **ang kalagayan ng Pansarili o Pambansang Kamalayan ay muli na namang sasailalim sa mga karanasan at muli na namang lilikhain ang mga katulad na mga negatibong epekto sa kalusugan o mga ugnayan na ginawa sa nakaraan** .

Hindi kayo makagagawa ng permanenteng mga pagbabago sa inyong buhay hanggang hindi ninyo binabago ang inyong kamalayan. Samakatuwid, dapat na magdasal ang mga tao at magsikap sa lahat ng oras na makamit ang walang kondisyong *Pag-ibig.*

Sa ika-dalawampung dantaon*, ang pantaong mental na kakayahan ay sumagabal sa kanilang ispiritwal na paglago. Inakala ng mga siyentipiko na maipaliliwanag nila ang pinagmulan ng paglalang at sumang-ayon na bunga ito ng aksidente. At ang direktang resulta: naiwala ng mga tao ang moralidad at nagsimulang magbigay daan sa pangkalahatang pansariling kagustuhan.*

Nailagay sa kanilang pagkilos ang bagong impetus ng panganib sa mundo, dahil sinimulan nila na* lumikha ng bagong anyo *ng 'pangmundong egong kamalayan' na direktahang sumasalungat sa LIKAS ng BANAL - WALANG KONDISYONG PAGMAMAHAL. Ang pantaong kamalayan ay humadlang sa daloy ng Banal.

BIGYANG PANSIN Ang tumataas na bilang ng mga nakatatakot na imahinasyon ng ilang tao, **na dapat sana ay nasugpo sa lokal na antas** , isandaang taon na ang lumipas, ngayon ay naging

NAKAHAHAWANG IMPEKSYON SA ISIPAN

na niluluwalhati sa panitikan, sa mga pelikula, teyatro,

ikinakalat sa buong mundo, na lumilikha ng global na **'Pantaong Kamalayan'** na sumasalamin sa kanila, ipinapahayag bilang sobrang sekswal, kalunus-lunos at mga perbersyon.

Ang MENTAL NA IMPEKSYONG ito ay unang nahahayag bilang paraan ng pamumuhay na nakasentro sa ego at ang paglikha ng mga kagamitang teknikal - na naging dahilan ng mga malulubhang problemang pangkalusugan, mga pagbabago sa klima, pagkamatay ng mga pananim, pagkasira ng kapaligiran, pagkawala ng mga nilalang na may buhay at ang tahasang pagpatay sa mga tao.

Ang mental na impeksyon ay makikita sa pantaong personalidad bilang walang kaayusan at mapanirang pag-uugali, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, mga kasumpa-sumpang kalupitan at pagmamaltrato, mga operasyong kriminal at sobrang sekswal. Kaya nga ang mapanirang siklo ng kabuktutan at perbersyon ng isipan at mga gawain ay nalikha ng libangan at mogul sa midya. Ang layunin: makakuha ng pribelehiyo sa pampublikong interes na nakasentro sa ego.

Ang inyong telebisyon at sinehan ay naging bagong Bibliya ng pantaong pag-uugali.

Ang mga personal na trahedya na hindi kilala ng tao noong nakaraang siglo ay naging hinog na at ang tao ay nabubuhay na may takot sa kanilang paglalakad sa mga kalsada. Ang mga bahay ay nababakuran ng matataas na pader. Ang pampamilya at sosyal na mga problema ay naging paksa sa mga pampublikong talakayan. Kaya nga ang saga ng pantaong pighati ay walang katapusan.

Ito ang **HALIMAW** na nagnanakaw sa inyong lupain at nagpapakain ng **impluwensiya ng kasamaan** sa mga inosenteng isipan.

** Ito ay mananatili hanggang ang aking **Kristong Karunungan** ay mabigyan ng halaga, tanggapin at isabuhay ng nakararaming tao dito sa lupa. Dahil ang kaalamang ito ay magpapakita sa inyo kung paano bumalik sa tunay na **DAAN NG BUHAY** upang sa gayon ay makapagsimula na makalikha kayo ng buhay na talagang inyong kagustuhan**

Dahil ako ay walang kondisyong PAG-IBIG, ako ay nangungusap ng KATOTOHANAN na maraming ispiritwal na isip ang magsususpetsa ngunit ito ay hindi tatanggapin ng mga bulag sa ispirito - sa ngayon.

///// **Ang mga salitang ito ay hindi sinabi upang manakot o magparusa sa inyo kundi upang magbigay babala sa inyo sa mga hindi masabing mga katatakutan na araw-araw ay pumupuno sa mga pahayagan at telebisyon.*/////**

**** Ito ay ang pag-ibig ko sa lahat ng mga tao – ang nagtulak sa akin** *upang bumaba sa mga ibang antas ng kamalayan upang maabot ang dimensiyon ng pantaong kasalatan upang magbabala ng bunga ng mga ito sa inyong kasalukuyang mga buhay.***

BIGYANG PANSIN (MAHALAGA)

Magtataka kayo kung saan galing ang HIB (Humano Imyunodepisyinse Bayrus) na umaatake sa mahalagang sistema ng pansariling depensa ng tao - ang sistemang imyun, na tumatarget din sa kaniyang kakayahang magpadami ng lahi.

Ang bayrus na ito, kapag hinayaang kumalat na hindi nasusugpo (hindi dahil sa gamot) - kundi sa pamamagitan ng ISPIRITWAL NA KAMALAYAN - ay magdudulot sa paglalaho ng mga hindi tumatalima. Ang mga Naliwanagan ay iiwas dito at sa mga iba pang kumunoy ng pagiging naririto.

Gising! Tantuin! ***Ang inyong malakas na 'mga pintig ng kamalayan' ay mga pintig ng buhay.*** **Ang mga ito ay may mataas na mapanlikha - mga pintig ng elektro-magnetiko!**

Kapag ang mga ito ay nasa **mapanira, malupit, agresibo at pumapatay na anyo, sila ay lumilikha** ng *mga elektrikal na partikulo* **ng paninira, pagkamalupit, pagkaagresibo at mamamatay** na *KAMALAYAN* na lumilikha ng anyo ng mapanirang mga bayrus sa hangin, na kumakalat mula sa isang inosenteng tao patungo sa iba.

Anuman ang isinilang at inaruga ng may sakit na isipan ay huhubog sa anyo sa pisikal na daigdig sa katapusan.

Ito ay hindi parusang galing sa 'Diyos' na gaya ng itinuturo ng mga simbahan. Ito ay ***KATOTOHANANG SIYENSIYA NG PAGIGING NARIRITO***. Samakatuwid, ito ay isang bagay na lubhang nangangailangang madaliin para sa mga taong may ispiritwal na pag-iisip na ipagsasaisangtabi ang mga 'hindi hinog' na imahinasyon upang matanto nang may kaliwanagan ang ***KATOTOHANAN*** **ng paglalang at ng pagiging naririto.**

<u>Ang aking MENSAHE sa lahat ng mga SIMBAHAN.</u>

Ako, ang KRISTO, ay pumarito upang sabihin nang lubusan sa inyo ang **katotohanan tungkol sa pinanggalingan ng 'pantaong personalidad.'** Ipaliliwanag ko sa inyo nang husto kung bakit at paano ang tao ay binigyan ng natural na natatanging pagkiling para sa sariling kagustuhan at pagnanasang itigil ang pansariling pagluwalhati at pansariling depensa.

Ito ay hindi kasalanan - manapa ay bahagi ng natural na mapanlikhang proseso.

Walang 'parusang' galing sa itaas!

Ang mga tao, dahil sa kanilang pansariling kagustuhan at nakasasakit na paggamit ng 'Kapangyarihan ng kanilang Ego,' ay humuhugis para sa sarili nila ng kanilang sariling kaparusahan.

BIGYANG PANSIN. Sa kadahilanang ito, gaya ng pagdami ng mga pangsiyentipikong aklat bunga ng pagkatuklas at pagtalima ng isipan ng tao sa mas mataas na kaalamang pangsiyensiya, kaya kailangan din na ang pangkasalukuyang anyo ng 'Kristiyanismo,' na itinayong nakapundasyon sa maling doktrina na sumisentro sa pagkakapako ko sa krus ay hayaang mamatay nang natural na kamatayan.

Bigyang Pansin… Ang inyong pangkasalukuyang global na krisis, na nagpapakilala ng bagong pagkasira ng Pandaigdigang Batas at naglalatag sa pundasyon ng panghinaharap na terorismong global, ay maliwanag na nagsasaad na walang relihiyon sa mundo ang nag-aangkin ng mga kinakailangang karunungan at epektibong pagpapasunod upang magbigay daan sa pagbabago ng mga pantaong paraan ng pag-iisip- na magdadala tungo sa kapayapaan at kasaganahan.

ANG TUNAY NA LIDER ISPIRITWAL ay makapagpapakita sa kanilang mga konggregasyon kung *paano* at *bakit* ang mga modernong paraan ng pag-iisip ay lumikha ng mga kalamidad at katatakutan na nilikha ng 'kamalayan' at bago pa lamang nagsisimula upang lubos na maramdaman ninyo sa inyong kalagitnaan bilang iba't ibang uri ng peste at mga lindol, mga pagbaha, mga gutom, mga digmaan, pag-aaklas at iba pang mga trahedya. Maging tiyak! Walang masama na dumating sa inyong mundo na isang 'natural na kalamidad' Lahat na kaaway ng inyong perpektong kaginhawahan ay isinilang muna sa inyong 'pantaong kamalayan' at pagkatapos ay nabigyan ng anyo sa inyong karanasang global**. Ito ang sinubukan kong sabihin sa mga Hudyo noong lumakad ako dito sa lupa - at TUMANGIS - noong sila ay nagtawanan at hindi naniwala dito. *Tinawag nila akong baliw.***

Hindi dapat hayaan na ang mga simbahan ay makagawa ng katulad na pagkakamali!

Dahil ang mga simbahan ay nasa antas ng paglalaho, nakasemento sa mga ritwal at mga dogma, ang kanilang mga pari at pastor ay hindi makayanan na katagpuin ang ebolusyonaryong pagbabagong ispiritwal na pangangailangan ng mga masusugid na naghahanap ng Katotohanan. Bunga nito, ang mga dumadalo sa simbahan ay kumakaunti ang bilang. **Kung gusto nilang maging matatag, ang mga simbahan ay kailangang isaisang tabi ang kanilang mga pagkakaiba at magkaroon ng kababaang loob na tanggapin na ang inspirasyon ay hindi nangangailangan na dumating dito sa mundo sa paraan na katanggap-tanggap sa kanila. Dapat nilang tandaan na Ako, ang Kristo ay hindi katanggap-tanggap sa mga Hudyo.** Ang mga simbahan ay kailangang panatilihing maging bukas ang mga isipan at puso upang tanggapin ang anumang sa intwisyon nila ay maramdamang may mas Mataas na Katotohanan kaysa sa kung alin sa kasalukuyan sila ay nakakapit….at itakwil ang mga matatandang paniniwala na nagpahintulot sa **HALIMAW** na kumontrol sa pantaong pag-iisip.

Mataimtim kayong magdasal, sampo ng inyong mga kaluluwa, mga isipan at mga puso - ***para sa tunay na kaliwanagan*** - sa halip na pag-uulit ulit ng mga matatanda at maling paniniwala. Gumising kayo at tanggapin na ang mga ritwal na ito at mga nakalipas na paniniwala ay hindi nakatugon sa aking mga salita sa tao, noong pinangako ko na mas 'malalaking bagay kaysa ginawa ko' ang kaya ninyong gawin. Samantala, ang tunay na kaliwanagan ay darating sa inyo - pagkatapos ng maraming meditasyon at panalangin - magturo, ipakita, at isabuhay:

PANGKAPATIRANG PAGMAMAHAL

Kalakip ng kalakasan ng kaluluwa, puso at isip-
sa bawat minuto sa inyong pang-araw-araw na mga buhay.

Dahil- upang labanan ang mapanirang pwersa ng kamalayan sa mundo, kailangang gawin ng sangkatauhan ang lahat ng makakaya upang kumilos nang mabilis sa susunod na baitang ng kaniyang paglago.

PANG-AGARANG PANGANGAILANGAN PARA SA MATAAS NA PANANAW

Ito ay kailangang tangapin nang malawakan na mayroong MAS MATAAS NA PANANAW na kailangang ipagpunyaging maisakatuparan sa inyong pang-araw-araw na buhay.

Ito ay sa pamamagitan lamang ng pag-abot para sa mas mataas na pananaw na ang pisikal na mundo ay maliligtas sa pangkalahatang pagkawasak.

Kung walang pananaw maging para sa sarili o para sa mundo, wala ring ispiritwal na ebolusyon o kaya ay ang pagkakamit ng mga bagay na lubhang ninanais. Sa pangkasalukuyan, ang inyong pananaw sa buhay ay isa sa mabigat na pakikipagsapalaran at kawalan. Ang mga paniniwalang ito ay katakut takot na isinasalarawan at pinalalakas ng inyong panonood ng telebisyon. Sa bandang huli ay magdadala sa inyo ng pighati na inaasahan ninyong hindi mangyayari sa inyo.

Samakatuwid, para maligtas kayo sa inyong sariling dusa na nakikita sa midya at telebisyon, ang 'pantaong kamalayan' ay kailangang MADALIANG maitaas upang makita **ang nakita ko sa disyerto** -

ang ***Katotohan ng Pag-ibig*** sa likod at sa loob ng pagiging naririto.

BIGYANG PANSIN. Kapag ang dakilang katotohanang ito ay tinanto at mainit na kinilala, ang ***Katotohanan ng Pag-ibig*** ay magsisimulang ipakita ang Kaniyang sarili sa maraming paraan sa lahat ng mga may buhay at sa kapaligiran. Ang karanasan ng kasaganahan at kaligayahan ay magbibigay ng panibagong lakas sa kamalayan ng kasaganahan at kaligayahan**. Kaya ang ispiritwal na pag-inog ng mas maluwalhati at kahanga hangang pamumuhay ay mailalagay sa pagkilos.**

Kapag ang TUNAY na kalikasan ng 'Pagiging ' ay lubusang naunawaan - ang sangkatauhan ay tutungo sa sunod na baitang ng ispiritwal na ebolusyon at mailalagay sa pagkilos ang bago at pinagpalang anyo ng gawain ng tao at pansariling karanasan.

Para makamit ang mga layuning ito, kailangang maunawaan muna ng sangkatauhan ang:

ANO at SINO kayo?

Ang bago at mahalagang tanong ay dumarating na sa kamalayan ng mga tao. 'Sino kayo talaga - sa likod ng mga artipisyal na anyo sa inyong mundo sa kasalukuyan? Ano mayroon ang maging **TOTOO?**

Ito ang tanong 'Sino talaga kayo?' sa lahat ng antas ng inyong pagkatao ang sinagot sa mga pahinang ito. **At kapag kaya ninyong tanggapin bilang inyong pansariling gabay sa araw-araw na pamumuhay- ang lahat ng aking naunawaan sa loob ng anim na linggong karanasan sa disyerto, kayo rin sa bandang huli ay magiging BUO at TUNAY gaya ng pagiging BUO at TUNAY ko bago ako nagsimula ng aking pagpapastol sa panggagamot at pagtuturo.**

Dahil kakaunting tao sa buong mundo ang magpapalagay sa kanilang sarili na **BUO** sa kasalukuyang panahon, kailangan ninyong may katiyakang kilalanin na mayroong madaliang pangangailangan para sa **akin na pumasok sa inyong mga isipan** upang gumabay sa inyo tungo sa bagong paraan ng pag-iisip at pagdamdam.

Ang pagkabago ng kamalayan ay maghahatid sa inyo sa Banal na kaayusan na mayroong KATOTOHANAN at mas mainam na kalagayan sa pamumuhay at seguridad. Para makamit ang gawaing ito ng 'panibagong pagkumpuni' sa loob ng inyong kamalayan, kailangan ko munang iukit sa inyong mga isipan - at inyong dapat tanggapin - madaming itinuro ako noon sa Palestina na hindi pa nila handang tanggapin.

Mahalaga, hindi tinanong sa publiko kung **bakit** walang tala tungkol sa aking buhay, sa panahon ng aking kabataan. Ano ang tunay na dahilan sa mga mahahalagang pagkakaalis sa tala?

Kasing halaga, kahit iginugol ko ay anim na linggo sa disyerto pagkatapos na ako ay mabinyagan, at naging GURO AT MANGGAGAMOT pagkatapos ng karanasan na iyon, walang kahit isang manunulat ang sumubok na isalarawan kung ano ang tunay na nangyari noong mga panahon na iyon maliban sa ako ay 'tinukso ng diyablo' at 'ay kasama ng mga masasamang mga halimaw' at ang 'mga anghel ay kasama niya.' Wala man lamang kahit pinakamaliit na 'pahimakas' kung ano ang nangyari sa akin sa ilang na nakatulong sa akin na bumalik sa mga bayan at pamayanan na nagsasabing 'Ang Kaharian ng Diyos ay nasa inyo!' at mangusap sa mga sinagoga na mayroong awtoridad na ang mga matatandang Hudyo ay namangha.

Ang totoo tungkol sa aking pantaong kalagayan ay, dahil sa pinagkaisahang pahintulot ng aking mga disipulo ay nasikil upang magbigay ng higit na halaga sa aking ipinagpalagay na 'Kabanalan' at pagpapastol.

Base sa mga aklat, ito ay sinabi na ako ay 'ang nag-iisang Anak ng Diyos.' Bakit kung gayon, na lagi kong sinasabi na ang aking sarili ay 'Anak ng Tao'? Aking tiyakang ginawa ang mga pangungusap na iyon upang pasubalianan ang umiiral na mga paniniwala sa aking 'kabanalan' at upang itanim sa isipan ng mga tao na ako ay nanggaling sa parehong pisikal na pinagmulan gaya ng kanilang mga sarili. Hangad kong maunawaan nila na kung ano ang kaya kong gawin, ay kaya din nila kung mayroon lamang sila ng aking karunungan at sundin ang aking mga tagubilin tungkol sa tamang pag-iisip at tamang paggawa.

Kaya maraming mga mito ang sumulpot sa paligid ng aking makalupang pagkatao at sa aking ISPIRITWAL NA KAMALAYAN na panahon na upang iwaksi ang mga iyon nang buo kung maaari, dahil bumabalakid ang mga iyon sa paglagong ispiritwal ng mga tao.

Kayo na nadoktrinahan ng mga turong panrelihiyon, ay kailangang subuking unawain na sa paglalarawan ng aking buhay, ang aking mga disipulo ay nagbigay lamang ng kung ano ang kanilang personal na natandaan na lubusang nagpatibay sa kanilang mga sinabi tungkol sa aking mga 'hindi pangkaraniwang' mga gawain. Isinama rin nila ang mga sabi ng iba tungkol sa akin sa loob ng tatlumpung taon pagkatapos ng aking kamatayan.

Pagkatapos ng hindi pagkakatugma ng panahon at ang di inaasahang paghahabi ng katotohanan - paano nila posibleng masusulat na may awtoridad ang 'talambuhay' ko at kung ano talaga ang nangyari... o tamang ipaliwanag ang aking tunay na pananaw pang ispiritwal na nagbigay daan sa pagsilang ng aking mga salita at 'mga hiwaga'?

Isang tao lamang ang maaaring magsulat galing sa pananaw na ito - at iyan ay ang aking sarili. Samakatuwid, ang mga Liham na ito ay magdadala sa inyo ng aking Katotohanan sa paraan na walang tagamasid ang maaaring magsabi nito, gaano man nila iniisip na naintindihan nila ang aking pag-iisip.

(Sa dahilang ito, higit sa apatnapung taon, ang isipan ng aking 'tagapagtala' ay nilinis sa mga ortodoks na turo at ang sistema ng aming komunikasyon ay napagbuti.)

Kung ang aking **Katotohanan** na nakasaad sa mga **Liham** na ito ay kakaiba sa nakasulat sa inyong Bagong Tipan, ito baga ay dapat pagtakhan o kaya ay huwag tanggapin para sa dahilang iyon?

Samakatuwid, Ako ay kagyat na bumababa sa kamalayan, malapit hanggang kinakailangan, sa inyong estado ng kamalayan upang isalarawan ang aking buhay at mga turo dalawang libong taon na ang nakaraan.

ANG LUGAR KO SA KASAYSAYAN

Gusto ko munang banggitin na ang aking buhay at pagkatao na maikling binanggit sa 'Kasaysayan ng mga Hudyo' na sinulat ni Hosephus para sa gobernador na Romano at ibinigay sa Romanong Emperador. Maikling binigyang pansin ni Hosephus na si Hesus na sumubok alisin ang batas at kaayusan ng pamahalaang Romano ay pinarusahan at ipinako sa krus.

Ito ay pinagtalunan na ito ay iba pang Hesus kaysa sa naitala ni Hosephus. Ngunit ito ay hindi gayon. Ako, na sa bandang huli ay naging **KRISTO** na nagpakita ng mga hiwaga ng paggagamot at paggawa ng materyal, ay ang rebelde. Ngunit- ako ay hindi manggugulo. Hindi ko kusang intensiyon na paggalitin ang mga tao upang kalabanin ang mga Romano at sirain ang batas at kaayusan.

Ako ay rebelde laban sa mga napapanahong sinusunod na tradisyong Hudyo at dahil, noong ako ay makagaling sa aking anim na linggong pagtigil sa disyerto, **nakita ko ang mas mabuting paraan upang *mag-isip* at *upang mabuhay* at sinubukan kong ipasa sa mga Hudyo ang aking karunungan ngunit babahagya lamang ang tagumpay.**

Ito ay mahalaga na maunawaan ninyo na ang pwersa ng pampublikong opinyon ay tumimbang sa aking mga tagasunod. Habang sila ay tunay na naniwala na nagdala ako ng 'panagip-kaluluwang' mensahe para sa mga Hudyo at itinuring, ang Tagapagligtas, ang 'Anak ng Diyos,' sila rin ay sa mundo, sinusubukang iugnay sa mundo, sa abot ng kanilang kakayanan. Samakatuwid, bagaman at alam nila ang aking reaktibong nararamdaman para sa mga paniniwalang Hudyo, hindi sila masaya na alisin nang lubusan kasama ng Matandang Tipan, sa kadahilanang ito ay sumuporta at nagpanatili sa mga Hudyo na magkakabuklod mula at sa huli ng kanilang kasaysayan. Sa hangad na mapreserba ang kung ano ang itinuturing nilang mahalaga sa lumang dispensasyon, ay kanilang itinago ang anumang pagsasalarawan ng 'pagkatao' ko.

Ang aking mga alagad at si Pawlo ay nagtayo ng kanilang istruktura ng 'sagradong mga paniniwala' tungkol sa kung ano ang gusto nilang ipreserbang galing sa aking buhay at mga turo. Ang itinuro lamang nila at pinagsama sama ay kung ano sa palagay nila ay mahalaga sa mga tao - mga Hudyo at Hentil - at mga kagaya - noong panahong yaon at sa hinaharap.

Bunga nito, sinala nila ang kung ano ang kanilang magagamit at 'binayaang maglaho' ang karamihan sa mga itinuturing kong sekreto ng Kaharian ng Diyos dahil hindi nila iyon naintindihan.
Hindi rin nila nakita ang mga iyon na kailangan sa paglikha ng bagong pananaw sa **'Banal' - ang 'Ama.'**

Upang mapreserba ang Hudyong paniniwala na 'kaligtasan mula sa parusa dahil sa mga kasalanan' sa pamamagitan ng sakripisyo sa Templo - ang 'persona ni Hesus' ay ginawang 'supremong' sakripisyo na nagbayad sa mga kasalanan ng tao dahil sa aking pagkapako sa krus. Ang paniniwalang ito ay naglingkod sa maraming mga layunin noong panahong iyon.

Ang aking pagkamatay sa krus - ay isang balido at may pagkabayaning dahilan. Pinatunayan nito sa tao na ako ang 'Anak ng Diyos' na nagsagawa ng tiyak na misyon hanggang sa katapusan ng aking buhay. Ang paniniwalang ito ay nagpatunay na naging malaking kagaanan sa mga Hudyo noong ang kanilang templo ay sirain ng mga Romano - na nagbunga sa pagkakaroon ng maraming pag-anib.
Maraming sekta ng Hudyo pati na Hentil ay di naniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Bunga nito, ito ay malaking kagaanan upang pakinggan na ang 'Kristo Hesus' ay nagtagumpay sa kamatayan at napanatili niya ang kaniyang katawan. Sa sobrang pantaong pag-iisip noong panahong iyon, ang buhay ay hindi posible kung walang katawan. Samakatuwid, ang buhay pagkatapos ng kamatayan ay mangangahulugan lamang ng pagkabuhay na muli ng katawan.
Ito rin ang nagpanatili ng aking pangalan na laging buhay sa isipan ng mga tao. Ako ay ang 'makasaysayang simbolo' na buong tapang na nagbuwis ng buhay upang siguraduhin na ang mga tao ay mapalaya sa lahat ng takot sa impiyerno at sumpa. Sa kondisyong maniwala sila sa 'akin,' sila ay makalalakad na mga 'pinalayang mga tao.'
Ito ay dahil lamang sa ang aking 'pangalan' ay napanatiling buhay hanggang sa kasalukuyan kaya ako ngayon ay nakapunta sa inyo at nagbigay sa inyo ng **KATOTOHANAN** na sa pagmamahal ko ay gusto kong ibahagi sa mga tao dalawang libong taon na ang lumipas.

ANG AKING KABATAAN *at* MGA KARANASAN SA DISYERTO

Ako ay isinilang sa Palestina. Ang aking ina ay naniwala na ako ay magiging Mesiyas. Taliwas sa tanyag na paniniwala, ako ay hindi banal na bata.
Noong ako ay dalhin sa templo, edad labing dalawa upang kapanayamin ng Mga Pinunong Pari upang malaman kung ako ay maaaring pumasok sa Relihiyosong Pagsasanay ng mga Hudyo. Ako ay hindi tinanggap sa kadahilanan ng aking mga opinyon. Mapait na nabigo, iniuwi muli ako ng aking ina sa aming tahanan at ginawa niya ang kaniyang makakaya upang palakihin ako sa kabanalan na nagmarka ng kaniyang pansariling pag-uugali sa lahat ng mga oras.
Ito ay imposibleng gawain dahil ako higit sa lahat, bilang isang mapag-isa at may walang disiplinang pag-uugali. Kinainisan ko ang gabay ng aking ina at ang kaniyang mapagpunyaging disiplina. Bilang isang kabataan, ako ay naging mahirap pasunudin - isang tunay na rebelde!
Aking di tinanggap ang sa aking inang masidhing pagyakap sa mga Hudyong paniniwala at tradisyon, minamaigi ko pang pagtawanan ang mga hipokritong madasaling mga gawi. Hindi ako nag-aral ng trabaho na maglalagak sa akin sa paulit ulit na gawain. Pinili ko na makihalo sa lahat at maraming mas mahihirap na uri, nakipag-inuman sa kanila, nakipagkilala sa mga mababaha ang lipad, masayang nakipagkwentuhan, nakipagtalo, tumawa at butong walang pakinabang. Kung kailangan ko ng pera, nagpupunta ako sa tumana sa isa o dalawang araw o kumukuha ako ng trabaho na nagpapasweldo sa akin nang sapat lamang para kumain at uminom at saka magbigay sa akin ng saya na aking hinahanap.

Sa aking lahat na mga pagkukulang bilang isang tao, ang aking walang ingat, madali, tamad na gawi, ang aking sariling kagustuhan at determinasyong nakasentro sa ego na mag-isip ng aking sariling mga ideya na walang pakundangan sa kung ano ang sasabihin ng iba sa akin. Sa kabila noon ay malalim ang pagmamahal at kalinga ko sa tao**. Malalim ang aking pagkamadamdamin. Sa inyong pangkasalukuyang porma ng pananalita, tatawagin ninyo ako na 'sobrang reaktibo,' 'sobrang emosyonal.' Ako ay may mainit, maawain at mapandamang puso. Ako ay lubhang nagdaramdam dahil sa pagkakaroon ng mga sakit, pagdurusa at kahirapan. Ako ay masugid na tagasuporta sa mga kung tawagin ninyo ay mga 'talunan.' Maaari ninyong sabihin na ako ay 'tao ng mga tao.' Namuhay akong malapit na kasama nila, sa ispirito ng pakikihalubilo; pinakinggan ko ang kanilang mga dalamhati, inunawa at inaruga.**

Mahalaga na maunawaan ang tunay na mga simula at ang aking katangian sa panahon ng aking murang kabataan dahil ang mga ito ang mga tinik na nagtulak at humimok sa akin tungo sa Pagkakristo.

Ang labis kong kinasuklaman at nilabanan ay ang kapighatian – karamdaman at karalitaan – na nakita ko sa aking kapaligiran.

Ito ay nagpagalit sa akin - at ako ay naging apektado, maingay sa galit na makita ang mga tao na nakadamit ng basahan, payat at gutom, maysakit, lumpo, ngunit walang awang pinagmamalupitan ng mga pinuno ng mga Hudyo habang ipinapapasan sa kanila ang mga walang kuwentang tradisyonal na batas at mga ritwal.Tinatakot sila ng parusa ng Yehobah kung di sila susunod. Idineklara ko sa mga gustong makinig na ang mga abang taong ito ay may sapat nang pasanin at hindi na kailangang durugin pa ng mga walang saysay na panuntunang sumisikil ng kaluguran. Ano pa ang saysay ng buhay kung hindi tayo isinilang upang maging masaya?

Hindi ko pinaniwalaan ang 'pantay' na 'Diyos' batay sa mga tradisyong Hudyo. Ang propesiya sa Bibliya ng babala ng Yehobah, 'paghuhukom at galit' laban sa mga tao, ay nakapagpagalit sa akin. Ang mga tao ay tao ano pa man, na gumagawa ng kung anong bagay anuman ang udyok ng kanilang likas na pagkatao. Sila ay isinilang na makasalanan - bakit sila huhusgahan at kokondenahin sa mga buhay ng pagdurusa at karalitaan dahil lamang sa di pagsunod sa Sampung Utos? Nasaan ang saysay sa mga pangungusap na ito?

Para sa akin, itong paniniwalang ito ng mga Hudyo ay naglalarawan ng walang lohiko at mabangis na "Diyos," at gusto kong walang maging kinalaman sa "Kaniya." Sa aking pananaw na kung mayroon ngang gayong 'supremong lalang,' nangangahulugan na ang tao ay itinakda sa walang katapusang kapighatian. Ang kapayakan at kalayaan na nakita ko sa mga burol, sa mga kapatagan, sa mga lawa at mga bundok, ay nagpanariwa ng aking pinakapanloob na ispirito at nagpatahimik sa aking nagngangalit na reklamo laban sa Diyos ng mga Hudyo.

Dahil dito, hindi ko pinaniwalaan ang salita na sinubukang ituro ng mga matatandang Hudyo sa akin. Ngunit noong ako ay dalawampu at limang taon, bagong linya ng pagtatanong ang kumuha ng pagmamay-ari ng aking isipan. Habang mas madalas akong naglalakad na nag-iisa sa mga burol, ang aking pagiging rebelde ay unti-unting napalitan ng lahat ng nakakukonsumong paghahangad upang malaman at maunawaan ang katotohanang likas na **IYON** na tiyak na nagbigay ng inspirasyon at buhay sa pamamagitan ng paglikha.

Pinag-aralan ko ang aking istilo ng pamumuhay at nakita ko ang pagdurusa ng aking ina at ng marami pang mga tao dahil sa aking mga ginagawa. Kahit na ako ay may malalim na pagkaawa sa mga mahihina at sa mga pagdurusa, ang aking pagiging rebelde ay nagtulak sa akin sa maraming walang pag-iisip at makasariling pag-uugali sa pakikitungo ko sa aking pamilya. Ang aking di hayag na pagmamahal sa kanila ngayon ay sumidhi at nakita ko ang aking sarili na rebelde na rin laban sa aking mga nakaraang pag-uugali.

Narinig ko ang usapan tungkol kay Huwan Bautista at ang mga ginagawa niya sa mga Hudyo, na pumupunta

sa kaniya upang pakinggan ang kaniyang mga salita kahit pa galing sa Herusalem. Nagdesisyon ako na bisitahin siya upang mabinyagan. Sa aking paglalakad tungo sa Ilog Hordan, naramdaman ko ang kagaanan at ang paghahangad na mabinyagan at magsimula ng bagong buhay.

Alam ko na sa kabila ng aking walang disiplinang pagkaemosyonal, ako naman ay isinilang na may matalas na talino at biyaya para sa pag-unawa, at pagkuha ng atensiyon sa debate na aking ginamit nang pasadya at may pagkanegatibo, na nag-udyok sa mga tao para sa walang disiplinang mga pagtatalo. Itinapon ko ang aking mga talento sa pamamagitan ng buhay na pansariling kagustuhan, pagsasayang ng oras at kalayawan. Bunga nito, sinira ko ang respeto ng iba sa akin, at wala na rin akong respeto sa aking sarili. Sa kauna-unahang pagkakataon, natagpuan ko ito na di ko na kayang tanggapin. Dumating sa akin ang punto, na sa hinaharap, kailangan kong gamitin ang aking mga likas na mga biyaya sa mas mainam na paggagamitan. Sa halip na mag-ingay lamang, siguro ako ay makasusumpong ng paraan upang pagaanin ang dalahin ng mga taong lubha kong kinaawaan. Hanggang sa mga oras na yaon, ay kakaunti ang pakinabang sa akin ng bawat isa.

ANG PAGBIBINYAG SA AKIN

Noong lumusong ako sa tubig sa Ilog Hordan upang binyagan ni Huwan, wala akong inasahang mararamdaman na mas mainam sa kagaanan na napasaakin, para sa minsan, ang pagkuha ko sa positibong hakbang upang baguhin ang aking pag-uugali. Inasahan ko na makaramdam ng bagong determinasyon na umuwi sa aming tahanan at sorpresahin ang aking ina at mga kapit-bahay sa pamamagitan ng aking mabait na pakikitungo sa kanila.

Kung ano ang tunay na nangyari sa akin pagkatapos na mabinyagan ako ni Huwan ay karanasan na sa kabuuan ay kakaiba sa lahat ng aking napag-isipang posible.

Naramdaman ko ang malaking alon ng may di pangkaraniwang lakas na pumasok sa aking katawan. Ako nga ay literal na namangha dahil dito. Sa pag-ahon ko galing sa ilog, naramdaman ko na ang aking sarili ay nasa mataas na kamalayan sa isang hindi pangkaraniwang paraan. Ang malaking daloy ng kaligayahan ay nagtaas sa akin sa estado ng ekstasi. Ako ay napuno ng kaligayahan at alam ko ang dakilang Liwanag.

Nagpatumpik-tumpik ako, umalis ako papalayo sa ilog, at lumakad nang lumakad na hindi ko alam kung saan ako pupunta. Nagpatuloy ako na hindi inaalintana, papunta pala sa disyerto.

Bigyan ng pansin! **ANG AKING ANIM NA LINGGO SA DISYERTO** ay oras ng pangkalahatang panloob na paglilinis ng aking pantaong kamalayan. Ang mga lumang pag-uugali, paniniwala at paghuhusga ay natunaw.

Ang oras ay dumating na para sa akin upang ibahagi sa mga makatatanggap na tao, lahat ng aking naramdaman, 'nakita,' napagtanto at naunawaan.

(Upang matulungan ang tao na maalis ang mga matatandang may pagkaimahinasyong larawan ng nasa Bibliyang 'supremong lalang,' aking iiwasan na banggitin ang salitang 'Diyos' sa salitang iyon at gagamit ng terminolohiya na nilikha upang palawakin ang inyong isipan nang sa gayon ay mayakap ninyo kung ano 'ang talagang' lagpas sa lahat ng makalupang anyo, kulay, tunog, emosyon at pagkakaunawa.

Ang mga terminolohiyang ito ay lalong magiging makahulugan kung magsisikap kayo sa meditasyon at panalangin.)

ANO ANG NARAMDAMAN KO SA DISYERTO

Ako ay tumaas sa pangloob na kaliwanagan at naramdaman ko ang kasiglahan at kahanga-hangang pagiging buhay na may kapangyarihan. Ako ay puno ng ekstasi at ligaya at alam ko na lagpas sa lahat ng mga pag-aagam-agam na ANG KAPANGYARIHANG ITO ay ang tunay na Maylikha, kung alin lahat ng mga nilikha ay nabigyan ng kanilang pagiging nilikha.

Itong maluwalhating panloob na kaayusan, kapayapaan at pakiramdam ng perpektong kaganapan, na hindi na nangangailangan ng iba pa upang idagdag sa magandang sandali na iyon, ay ang tunay na likas ng Katotohanan – ang Kapangyarihang Mapanlikha – na nagbibigay ng Buhay sa nilalang at pagiging naririto.

Ano ang nakita, natanto, naunawaan ko sa disyerto.

Ako ay tumaas sa iba pang dimensiyon ng alam na pananaw, na nagdulot sa akin upang makita ang KATOTOHANAN tungkol sa buhay at pagiging naririto. Nakita kong nagniningning at may kaliwanagan kung ano ang tunay at kung ano ang mali sa pag-iisip ng tao.

Napagtanto ko na itong 'Mapanlikhang Kapangyarihan' na nararanasan ko ay walang limitasyon, walang wakas, panglahat, nagpupuno ng lahat ng lugar lampas pa sa himpapawid, mga karagatan, mundo at lahat ng mga nabubuhay. Nakita ko ITO ay KAPANGYARIHAN NG ISIPAN.

ITO ang MAPANLIKHANG KAPANGYARIHAN NG ISIP.

Walang punto kung saan na itong BANAL NA MAPANLIKHANG KAPANGYARIHAN NG ISIP ay hindi iyon.

Natanto ko na ang pag-iisip ng tao ay iginuhit mula sa BANAL NA MAPANLIKHANG ISIP ngunit liwanag lamang ng kandila sa araw.

May mga oras, ang aking pantaong pangtingin ay ispiritwal na naitaas, na nakikita ko nang lagusan ang mga bato, ang lupa, buhangin. Ang mga ito ay lumabas lamang na 'liwanag ng mga maliliit na partikulo'

Napagtanto ko na wala talagang solido.

Kung ako ay may panahon na nagdududa na ito ay maaaring gayon, ang mga pagbabago sa penomena ay tumitigil na upang matuloy at sa dakong huli ay natuklasan ko:

ang aking mga iniisip, kapag malakas kong sinasamahan ng DETERMINASYON
ay nakapagpapabago sa mga 'liwanag ng mga partikulo'
(tinatawag ngayon ng siyensiya na mga partikulong kargado ng elektrisidad)
at samakatuwid ay nakapagpapabago
sa hitsura ng bato o kung ano mang aking pinag-aaralan.

Dito sa puntong ito ay napatunayan ko ang makapangyarihang epekto ng DETERMINASYON o walang maliw na PANINIWALA na mayroon sa kapaligiran kung sasabihin ang utos o kahit na ang paniniwala.

Ang nakasusorpresa pa ay ang pagkabukas ng isip, 'kamalayang pang-kosmos,' pagkakapangyari ng lahat ng aking namasdan ay ang tunay na **'Mapanlikhang Kapangyarihan ng Banal na Isip sa kaniyang sarili** na nakita sa pamamagitan ng 'liwanag ng mga maliliit na partikulo.'

Hindi lamang ito, ang kaniyang **anyo** ay maaari ring lubusang maapektuhan ng gawain ng pantaong pag-iisip.

Natanto ko na wala talagang solido sa sanlibutan, lahat na ating nakikita ay manipesto na iba't ibang 'antas ng kamalayan' na siyang nagdidetermina ng nilalaman at ng anyo ng mga 'liwanag ng mga partikulo.'

Samakatuwid, lahat ng panlabas na anyo ay pagpapahayag ng panloob na kamalayan.

Ang BUHAY at KAMALAYAN, ay aking napagtanto na iisa at pareho.
Ito ay imposible na sabihin 'Ito ay BUHAY at Iyan ay KAMALAYAN.'

Ang Kamalayan ay Buhay, at ang Buhay ay Kamalayan at ang mga ito ay **Mapanlikhang Kapangyarihan *ng parehong* BANAL NA PANGKALAHATANG ISIPAN'** lagpas pa, sa loob at sa likod ng sanlibutan.

Natanto ko na ang tao ay naglagay ng pinakamataas na kahalagahan sa **pagkaindibidwal at anyo.** Hindi nila mapagnilay ang isip at talino na gumagawa sa kahit na anong epektibong paraan liban sa pamamagitan ng midyum ng pormang pang-indibidwal. Dahil dito, binuo ng mga Hudyo sa kanilang isipan ang imahen ng malaking supremong lalang, na may lahat ng mga katangian, positibo at negatibo ng sa tao. Kaya ito ay posible para sa mga propeta na maniwala at magsalita tungkol sa galit ng Yehobah, banta ng pagpaparusa, pagkakaroon ng mga sakit at peste bunga ng mga kalikuan ng tao. Ngunit ang mga mental na imaheng ito ay aking natanto na mga mito. Walang mga ganito.
Aking ipinalagay na sa alinmang dimensyon ng pagiging naririto, ito ay ang ISIP - ang pinakikitang talino - ang pinaka sa lahat ng mahalagang salik na may kinalaman sa paglikha at sa tao at kaniyang sarili. Samakatuwid, ang Henesis ay kailangang muling sulatin.

Bago ang paglalang - ay **ang PANGKALAHATANG ISIP - Mapanlikhang Kapangyarihan at nasa nilalang sa kaniyang sarili.**

Dahil 'nakita' nang maliwanag, lagpas sa lahat ng mga di pagkakatugma na ang **Mapanlikhang Kapangyarihan ng PANGKALAHATANG ISIPAN** ay nasa lahat ng dako, ay nasa walang limitasyon ng himpapawid at aktibo sa loob ng mga nasa mundong anyo, ako ay paloob na sinugo upang tingnan ang mga nasa paligid ko at ang nakita ko ay mga graba at bato lamang. Kapagdaka ay biglang ipinakita sa akin ang larawan ng magandang lupain kung saan ay lumalago ang lahat ng mga nalalalang na halaman, mabababa at matataas na puno, kahit na mga ibon na nagpapalipat-lipat sa mga puno, at ang mga hayop ay nanginginain sa damuhan.
Ang panonood ng pangitaing ito na may paghanga, 'nakita' ko na ang mga halaman at mga puno, bawat isa sa mga ito - at oo, kahit mga ibon at mga hayop, sa katotohanan ay binubuo ng daan-daang komunidad ng walang limitasyong maliliit na lalang (ang tawag ng inyong modernong siyensiya ay 'selyula') nagtatrabahong walang humpay, sa isang lubusang maayos na ispirito ng pagkakaisa, upang mabuo ang mga substansya at marami pang mga organo ng panloob na sistema at ang panlabas na kaanyuan ng kumpletung buhay na lalang.
Aking pinagnilayan ang kahanga-hangang gawaing ito sa mahabang oras, kahit na ang oras ay wala nang gaanong halaga sa akin. Habang inuusisa at pinag-aaralan ko, naisip ko Sino ang dapat ay nakahula na sa loob ng mga panlabas na pantakip na buhok, balahibo, balat, ay mayroong gayong gawain sa loob ng mga maliliit na komunidad ng lalang, nagtatrabaho sama- sama upang magbigay ng buhay, anyo, nutrisyon, kagalingan, proteksiyon, lakas sa katawan ng maraming iba't ibang uri? Ito ay ang may katalinuhang naisakatuparang GAWAIN na nakakuha ng aking pansin.
Samakatuwid, **ang GAWAIN,** aking natanto ay mahalagang bahagi ng **Mapanlikhang Kapangyarihang Gawain** mula sa pinakamaliit na 'lalang' (selyula) ng mga buhay na sistema hanggang sa pinakamaslinang

na lalang sa sanlibutan – ang tao rin sa kaniyang sarili. Sa mga sistema ng lahat ng mga may buhay, lahat ng mga gawain ay nasa ilalim ng paggabay, sa huli ng **Banal na Mapanlikhang Kapangyarihan,** kung kanino ang mga plano at mga disenyo ng paglikha. Nakita ko na ang mga plano at disenyo sa katotohanan, ay mga 'anyo ng kamalayan' at maaaring tawaging MGA SALITA, dahil ang bawat SALITA a*y nagpapahiwatig ng espesyal na 'anyo ng kamalayan.'*

Dahil ang orihinal na SALITA sa **'Mapanlikhang Kapangyarihang Kamalayan'** ay naipahihiwatig sa nakikitang mundo. Ang SALITA, at samakatuwid ang **'Modelo ng Kamalayan'** ay nananatili sa *BANAL NA MAPANLIKHANG ISIPAN* na patuloy na nagdadala patungo sa kaniyang sarili. 'Nakita' ko kapag daka, na lahat ng bagay sa sanlibutan ay 'nabubuhay, kumikibo at may kaniyang pagiging lalang' sa **Mapanlikhang Kapangyarihan ng PANGKALAHATANG ISIPAN** na walang limitasyon at panghabang buhay at ang nag-iisang *Katotohanan* sa likod ng mga pahiwatig ng pang- indibidwal na anyo.

Ako ay napuno ng pagpupuri na lahat ng bagay dito sa mundo ay bunga at nasa loob nitong pinaka **Mapanlikhang Kapangyarihan ng Banal na Isipan.** Nasorpresa ako sa lahat ng mga sekretong gawaing ito na patuloy na laging nangyayari sa lahat ng mga may buhay, kasama na ang katawan ng mga tao, at humanga ako kung paano na ang mga kagaya ng walang limitasyong maliliit na yunit ay nagtatrabaho nang may talino batay sa takdang mga plano upang makamit na walang mali ang mga pinlanong anyo- puno, sanga, dahon, bulaklak, prutas, mga insekto, mga ibon, mga hayop at katawan ng mga tao.

Aking natanto, na mas maliwanag pa na ang **Mapanlikhang Kapangyarihan** ay ang tunay na **Pinanggagalingan ng lahat ng matalinong gawain sa sanlibutan.**

Kung ang tao ay mayroong katalinuhan, ito ay dahil lamang sa nakuha niya ito mula sa **'Pangkalahatang Pinagmumulan ng lahat ng Lalang.'**

Dagdag pa, ipinakita sa akin na ang **Banal na Mapanlikhang Kapangyarihan** ay laging gumagawa batay sa tiyak na pundamental at hustong prinsipyo ng paggawa.

Ipinakita sa akin:

Dahil ang mga tao ay may maliwanag na katangian at maayos na pagkakabigay kahulugang 'likas' sa kanilang pansariling presentasyon sa mundo sa pangkalahatan, kaya nga ang MAPANLIKHANG KAPANGYARIHAN ay nagtataglay ng maliwanag na ibig sabihin ng 'Likas' – taglay na mga katangian – na maaaring maliwanag na makilala sa paraan na ang mga may buhay, mga halaman, mga hayop, mga ibon, mga tao ay nilalang at pinananatili.

Nakita ko na ang mga 'prinsipyong ito at mga katangian,' na maliwanag na namamasdan sa proseso ng paglalang ay itinalaga, hindi nagbabagong MGA BATAS na namamahala sa lahat ng pagiging naririto.

Ang MGA BATAS na ito ay talagang bahagi ng buhay na di tinatanong pa. Ang mga ito ay di nagbabago at palagian - ngunit wala sanang mga batas na gaya ng mga ito kung walang **Mapanlikhang Matalinong Kapangyarihan** na nagpapakita ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng sanlibutan. Itong mga 'prinsipyo' ng paglalang, ang mga katangian ng Mapanlikhang Kapangyarihan sa Kaniyang Sarili ay ang mga sumusunod: (Isinasalin ko ito sa inyong pangkasalukuyan dahil ang mga prinsipyong ito ay walang hanggan.)

1. Ang 'Likas' ng 'Mapanlikhang Kapangyarihan ay PAGLAGO.

Lahat na may buhay ay lumalago.

ANG PAGLAGO ay pangkalahatang katangian, ay hindi nagbabagong prinsipyo ng pagiging naririto.

2. Ang 'Likas' ng Mapanlikhang Kapangyarihan ay NUTRISYON at PAGKAIN.

Ang Nutrisyon at Pagkain ay normal at kahangahangang proseso na inayos sa loob ng mga katawan na mamamasdan sa lahat na piniling ikonsidera ang mga ito. Ang nutrisyon ay ipinagkaloob sa lahat ng mga may buhay batay sa kanilang indibidwal na kagustuhan at ang pagkain ay tinutunaw upang magpanatili ng kalusugan at kaayusan. Kapag isinilang ang mga sanggol, ang gatas ay kaagad na nasa mga ina, handa at naghihintay para sa mga bagong silang. Ito rin ay mahiwagang prinsipyo ng pagiging naririto na walang makapagtatanggi.

Walang agham ang makapagpapaliwanag kung bakit ang tulad na gawain na nangyayari dahil sa masuwerteng pagkakataon sa loob ng sistema na sumisiguro sa pananatili ng mga uri, ay dapat na nanggaling sa lalang. Ang tunay na gawain sa kaniyang sarili ay maaaring maunawaan ngunit hindi ang 'bakit' at ang pangunahing motibo ng gawain.

3. Ang 'Likas' ng Mapanlikhang Kapangyarihan ay PAGGALING.

Ang Paggaling ay natural na katangian ng pagiging naririto at maaaring sabihin na likas na 'Proseso Upang Maging Perpekto,' na nagaganap upang ang kaayusan ng indibidwal ay maisiguro ngunit walang makapagpaliwanag kung ano ang nag-uudyok sa gawain ng pagpapagaling.

4. Ang 'likas' ng 'Mapanlikhang Kapangyarihan' ay PROTEKSIYON.

Ang Proteksiyon ay mahalagang katangian ng Mapanlikhang Kapangyarihan at ng lahat ng kaniyang mukhang 'mahiwagang' gawain sa mundo ay nakatugma tungo sa proteksiyon. (Sa ngayon, ang inyong mga aklat sa medisina ay naglalarawan ng mga iba't ibang mapag-ingat na sistema sa inyong katawan ngunit noong ako ay nasa disyerto ay 'nakita' ko ang katangian ng Proteksiyon na taglay ng Matalinong Mapanlikhang Kapangyarihan sa mga sumusunod na paraan.)

Habang ang mga halaman, mga ibon, at mga hayop ay ipinakita sa akin para sa inspiradong obserbasyon, nakita ko kung paano ang bawat 'pangangailangan ng proteksiyon' sa mga katawan ay buong pagmamahal na ibinigay, na may malaking pansin sa detalye.

5. Ang katangiang ito ng 'Proteksiyon' ay kasama ng iba pang mga daynamik na pagkakakilanlan ng KATUPARAN NG PANGANGAILANGAN.

Ito ay ginawang maliwanag kagaya ng pagkakaroon ng buhok, suson ng balat at mga balahibo upang protektahan ang balat ng mga may buhay na nilalang para magbigay ng init sa lamig at kanlong sa init. Nakita ko na ang mapinong duluhan ng importante at sensitibong mga daliri sa kamay at paa ay lahat mayroong nararapat na proteksiyon ng pangalmot at kuko.

Ang pilik mata ay nagpuprotekta sa mata mula sa pawis, ang talukap ng mata ay nagpuprotekta laban sa alikabok at pagkasira. Natanto ko na iyong mga hayop na nakaaakit ng mga langaw ay biniyayaan ng buntot na magpapaalis sa mga iyon.

Anong masaya at maligayang uri ng pag-ibig at pagkalinga ang namamalas dito sa mga maliliit na pisikal na kalidad na ito na sa tingin ay maliit at walang halaga ngunit mayroon palang silbi upang magbigay ng ginhawa sa lahat ng may buhay. Itong mga pisikal na luho, na idinagdag sa pangunahing pisikal na disenyo ay maliwanag na produkto ng Katalinuhan na sinadya sa nilikha para maging maginhawa at masaya- ligtas sa pag-aalala na kailangang maranasan ng tao at halimaw kung ang mga 'maluhong aytem' ay hindi naibigay sa kanila!

Kahit ang likas na pinaggagamitan ay matalinong at maginhawang dinisenyo bilang pantawag ng pasasalamat. Bawat bagay ay maayos na nakalagay sa pangmasid. Gaano kapinagpala, gaano kasuwerte ang tao na isilang sa buhay na kahangahangang nabiyayaan! Muli ang aking mga papuri ay pumailanlang at ako ay nataas sa panloob na ginintuang liwanag ng kaligayahang may pagkamangha-dahil ngayon ay 'nakita' ko na dagdag sa kalayaan sa pag-aalala, ang mga may buhay ay sinadyang magpahayag ng sobrang mapagmahal na **LIKAS** ng **Mapanlikhang Kapangyarihan.** Dahil dito sila ay mayroong mga kumikibong sangkap: braso, kamay, binti, paa, daliri sa paa at kamay upang sila ay makakilos, tumakbo, lumundag, at sumayaw, upang maipahayag nila ang kanilang natatagong saloobin at nararamdaman. Nadama ko rin na kung ang tao ay gugustuhing lumipad at magpalago ng pakpak at maniwala kasama ng kanilang puso na kaya nila, kalaunan ay magsisimula na may lumago na karagdagan upang sila nga ay makalipad.
Dito sa puntong ito ng pagkakaunawa ng **Likas** ng **Mapanlikhang Kapangyarihan** ay narating ko ang kumpletung kamalayan ng **PAG-IBIG** na gumagabay sa **MGA GAWAIN** ng **Pangkalahatang Matalinong Mapanlikhang Kapangyarihan .**

Habang pinag-iisipan ko ang **PAG-IBIG** na ito, natanto ko na ang 'ina' ng nilikha ay nagpapalusog, nangangalaga, nagpupuno sa mga pangangailangan at sumusubok na itaas ang paggaling ng mga anak ito ay gawain ng **Pag-ibig.**

6. Ang sadyang katangian ng MAPAGMAHAL MATALINO MAPANLIKHANG KAPANGYARIHAN na nagbigay sa nilalang ng kaniyang indibidwal na anyo at 'pagiging' ay ang GAWAIN.

Ito ay gumagawa para sa atin, sa atin at sa *pamamagitan* natin.
Ang 'gawain' na ito ay laging udyok ng PAG-IBIG.

Ang kosmikong pahayag ay nagpuno sa akin ng kaligayahan at paghanga. Anong kahangahangang mundo tayo nabubuhay! Ito ang punto ng aking desisyon tungo sa pagtaas sa kaliwanagan at ang aking pangkalahatang pananaw sa **KATOTOHANAN** tungkol sa **SIMULA ng LAHAT NG LALANG.**
'Nakita' ko na ang katunayan ng pisikal na katawan na binubuo ng maraming mga komunidad ng magkakaparehong 'walang limitasyong maliliit na lalang' na gumagawa sa ispirito ng pagtutulungan at kaayusan upang makabuo ng maraming bahagi ng katawan- laman, buto, dugo hanggang sa mga mata at buhok.
Ang pagkakaiba lamang sa pagitan ng mga komunidad na ito ay sa **uri ng trabaho na hinihingi** ng kanilang parehong layunin. Tiyak na ang **BANAL NA PINTIG** ay nasa likod ng lahat ng matalino at may layuning gawain sa katawan, ay parehong inspirasyon at pundasyon ng sariling pagpapasya ng tao kung sila ay magtrabaho na may pakikiisa para makahantong sa pinaghandaang layunin? Kinuha nila ang katalinuhan at layunin galing sa **Mapanlikhang Kapangyarihan, ngunit gaano kaiba ang pag-uugali ng tao kung nakikitungo sa makalupang paggawa o kahit na anong pangkomon na proyekto dahil sa ito ay kailangang kinakikitaan ng argumento at di pagkakaayos.**
Ako ay nadala sa pagkakatanto na ang **WALANG LIMITASYON NA KAPANGYARIHAN** ng **Matalinong Pagkamalikhain** ay laging aktibo sa nilalang, na nagpapanatili ng kaayusan, pagkakaisa, pagkakaunawaan, pang-araw-araw na produktibidad, na hindi mapapantayan ng tao, kahit saan, at kahit anong oras.

7. PAGKABUHAY ay natural na katangian ng **'Mapanlikhang Kapangyarihan.'** Sa lahat ng kaso, ang pinaka kahangahangang probisyon ay ibinigay sa lahat ng nabubuhay upang lumago, gumaling sa karamdaman at sugat, kumain upang maging malusog ang katawan at magsilang ng kanilang sariling uri upang masiguro ang pananatili nila dito sa mundo. Ito ang kaisa - isang katotohanan na lubusang nakatitiyak ang tao at **ang Kaniyang** gawain ay hindi nagbabago taon-taon. Ang araw, buwan, mga bituin ay lahat nananatili sa kanilang kinalalagyan sa buong milenya at ito ay pinahahalagahan na ang mga ito ay may kaniya kaniyang sariling daan ng pagkilos- ang penomena na lahat ay bahagi ng pangkalahatang plano para sa pagkabuhay ng nilalang.

Kung ito ay gayon, paano na walang pagkabuhay ang walang hanggang apoy ng: Mapagmahal Matalinong Mapanlikhang Kapangyarihan na natatago sa lahat ng mga lalang sa bawat uri dito sa sanlibutan? Samakatuwid, ang mundong ito ay anino at imahen ng mga natatagong mundo ng Mapagmahal Matalinong Mapanlikhang Kapangyarihan lagpas sa dimensiyong ito. Ang Katotohanan ng kabuuan ng paglalang ay lagpas pa sa nakikitang mundo.

8. Ang taglay na katangian ng Mapagmahal Matalinong Mapanlikhang Kapangyarihan ay RITMO. Nakita ko na mayroong RITMO na kumikilos sa mundo.

Lahat ng bagay ay alinsunod sa panahon na nagbibigay ng namumulaklak at mabilis na pagtubo ng buhay, ang panahon ng paglago patungo sa pagkahinog at pag-aani, at ang produksiyon ng mga binhi na nagsisiguro sa pananatili ng buhay ng halaman. Pagkatapos ay mayroong dahan dahang pagkamatay at panahon ng pahinga sa tagyelo. Ngunit walang nilalang at buhay na hinayaang mag-ugat sa mundo. Ang araw at buwan ay naghahayag ng mga katangiang ito sa sanlibutan. Itong ritmong ito ay makikita sa mga babae ng mga may buhay.

Samakatuwid, lahat ng bagay sa pagkalalang ay may takdang panahon para lumabas at mag-ani. Sumusunod din dito na ang tao sa kaniyang sarili ay nakatakda sa alon ng paglago at tagumpay gayundin sa alon ng walang paggalaw.

9. Ang taglay na katangian ng Mapagmahal Matalino Mapanlikhang Kapangyarihan ay BATAS at KAAYUSAN.

Ang hindi nagbabagong kaayusan at maaasahang makikita sa nilalang, kahit ang pamamalakad sa mga maliliit na lalang (selyula) sa katawan, ay nakamamangha at malayong lumalagpas sa anumang pantaong pinagkakaabalahan. Samakatuwid, ang buong sanlibutan ay gumagana sa ilalim ng sistema ng perpektong BATAS at KAAYUSAN.

Natanto ko sa pataas nang pataas na bahagdan ng ispiritwal na kaluwalhatian na ang 'mapanlikhang kapangyarihan' ay nagpapakita ng matalinong pagkamaylayunin at mapagmahal na pag-alala sa lahat ng may buhay. Nabatid ko na ang buhay ay hindi parang bagay na malabo o walang porma kundi matalinong mapagmahal mapanlikhang kapangyarihan na aking tunay na nararamdaman sa aking sarili bilang malaking pagkakataas ng estado ng pagiging lalang, pananaw, kinang, ekstasi, ligaya, pag-ibig. Alam ko sa sarili ko na ako ay kaisa nito - napupuno nito - at ako ay kaisa ng bawat bagay sa paligid ko at kaisa ng himpapawid at mga bituin.

At - ang pinaka kahangahanga at maluwalhati sa lahat - ang pinaka **'Likas' at 'Tungkulin' ng 'Ama - Mapanlikhang Kapangyarihan'** ay gumawa upang lumikha ng ligaya, ganda, at kagaanan upang masiguro ang pagiging ganap ng sangkatauhan, gumawa sa sangkatauhan upang magbigay ng panloob na saya,

kalusugan at kagaanan at upang gumawa sa pamamagitan ng tao, nagbibigay ng inspirasyon na may bagong pagkakapangyari at kaunawaan.

Ang kahangahangang mga tanawin ng maluwalhating pagkamalikhain ay pumasok sa isipan. Kapag tayo ay naging tunay na 'kaisa' busilak na lagusan at instrumento ng **'Matalinong Mapanlikhang Kapangyarihan,'** tayo ay dahan dahang tataas sa ating kamalayan hanggang tayo ay tunay na nakapagpapahayag sa pamamagitan ng ating mga isipan at puso ng tunay na **LIKAS** ng **Pangkalahatang Mapanlikhang Kapangyarihan.** Pagkatapos ang 'buhay sa mundo' ay tunay na magiging 'estado ng langit' sa lahat ng oras at papasok tayo sa estado ng walang katapusang buhay!

Ito ang siguradong tunay na dahilan sa likod ng pagkalalang, inisip ko. At dumating ito sa akin na may bugso ng galak at mapagmahal na ligaya, na ito ang layunin kung bakit ang tao ay uminog at nalikha!

Ngunit - kahit sa kasalukuyan, kahit na ang tao ay hindi perpekto ang kaniyang pag-uugali, tiyak na walang imposible para sa kaniya sa hinaharap, dahil sa kabila ng kaniyang hindi tamang ginagawa, siya ay kaisa ng "Mapanlikhang Kapangyarihan" at ang 'Mapanlikhang Kapangyarihan' ay nasa kaniya, nagbibigay ng buhay, paa at kamay, at lahat ng kailangan niya.

Lahat ng mga kaganapang ito ay nag-angat sa akin sa taas ng walang hanggang kaligayahan, mataas na ispirito, at ekstasi, kaya ay halos hindi ko na makayanan. Naramdaman ko na ang aking katawan ay tila natutunaw ng Kapangyarihan na nasa akin. Ako ay nasinagan ng **LIWANAG** at nakita ko **ITO** nakapalibot lahat sa akin na nagbigay liwanag sa tagpong iyon sa disyerto.

Umawit ang puso ko ng papuri. Gaano kamanghamangha at maganda ang Mapagmahal Mapanlikhang Kapangyarihan na gumawa sa, sa pamamagitan at para sa atin, na walang tigil!

Anong HIWAGA ng pagkalalang!

Umiyak ako nang malakas:

'IKAW ang **PINAGMULAN ng lahat ng LALANG** , parehong tagalikha at saka nakikita sa loob at sa pamamagitan ng nilikha: wala sa buong sanlibutan na malayo o hiwalay sa walang wakas, walang hangganan walang limitasyong **BANAL NA BUHAY, Mapanlikhang Kapangyarihang Kamalayan-** na ikaw nga- paano ito ay posible na ang tao ay makasalanan – at bakit ang mga tao ay dumaranas ng karamdaman, pighati at karukhaan? Sabihin mo, o **mapagmahal na Ama Mapanlikhang Kapangyarihan** , dahil ako ay masyadong nabibigatan sa mga pasakit ng kanilang miserableng buhay."

Pagkatapos ipinakita sa akin ang katotohanan ng 'makamundong kalagayan' ng lahat ng may buhay.

Naramdaman ko ang lubhang kagalakan dahil, sa wakas kaya kong maunawaan kung paano ang mapagmahal na **Banal na 'Mapanlikhang Kapangyarihan'** ay papayagang ang kaniyang nilalang ay magdanas ng mga dalamhati.

Pinakita sa akin na ang bawat nabubuhay sa pagkalikha ay kailangang nagniningning na malusog, inaaruga, pinapakain, pinuprotektahan, ginagamot, pinananatili sa kapayapaan at kasaganaan, nabubuhay sa loob ng isang maayos na pamayanan ng mga 'lalang' na nagpapaabot lamang ng pag-ibig sa bawat isa.

(Subalit, sa oras ng paglalang, dalawang PANGUNAHING PINTIG ang nabubuo, na nagsisiguro sa pagkaindibidwal, at ang mga ito ang siyang kumukontrol sa kamalayan ng tao.

Ang mga PINTIG na ito ay ipinaliwanag sa akin nang detalyado ngunit ang karunungang ito ay nakareserba para sa mga susunod na Liham kung kailan mas mauunawaan ninyo ito.)

Ipinakita sa akin ang mga sumusunod na maliwanag na pangitain.

Una sa lahat, nakita ko ang bagong silang na sanggol bilang 'liwanag,' ang buhay-anyo ng 'Mapanlikhang Kapangyarihan.'

Habang ang sanggol ay lumalaki tungo sa kabataan, pagkatapos pagiging binata, nakita ko ang walang dungis na **LIWANAG** ng **Mapanlikhang Kapangyarihan** ay unti unting dumidilim at pagkatapos ay lumalabo kasabay niya, sa pamamagitan ng pagkabalot ng mga kadena at lubid.

Tinanong ko kung ano ang ibig sabihin ng pangitain at pumasok sa aking isipan ay ang maliwanag na pagkaunawa na maaaring ipahayag sa mga sumusunod na mga salita:

Mula pagsilang hanggang kamatayan, pinaniniwalaan at pinipilit ng mga tao na ang kanilang limang pandamdam sa pagtingin, pandinig, pangdama, pang-amoy at panlasa, ay tumpak na panag-uri sa 'katotohanan' ng kanilang mga sarili at ang sanlibutan na nakapaligid sa kanila. Samakatuwid, dahil kumukuha ang kanilang isipan ng kapangyarihan direkta mula sa Banal 'Mapanlikhang Kapangyarihan', ito ay nangyayari sa kanila *batay sa kanilang paniniwala*.

Bawat lubid ay kumakatawan sa kinagawiang kaisipan ng isang tao, mga tugon sa mga tao at mga pangyayari, mga paghusga, mga galit, mga panlalaban, pag-aalala, dalamhati, lahat ay naghihila sa kaniya pababa at nagpapatay sa Liwanag na galing sa kaniyang panloob na pangitain na mula sa 'Mapanlikhang Kapangyarihan.' Kaya pumapasok siya sa kadiliman bagaman at hindi niya iyon nababatid. Siya ay naniniwala na siya ay lumalaki at nagiging hinog sa paraan ng mundo na makatutulong sa kaniya na - na humayo at maging 'mabuti' - maging matagumpay - ang layunin ng marami sa mga tao sa lupa.

Sa totoo lamang, habang nagiging hinog siya sa mga paraan sa mundo, ay lalo namang bumibigat ang kaniyang kadena at lubid na nagkukulong sa kaniya sa loob ng mahigpit na pagkakahawak niya sa kambal na PINTIG ng 'Pagkakasama-Pagkakahiwalay.'

Dagdag pa, bawat kadena ay minolde galing sa makasarili at mapandayang pagnanasa, ganid, agresyon, marahas at pagsasamantala. Ang mga kadena ay nakabitin sa palibot niya at dalahin ng kaluluwa, na siyang 'mapanlikha kamalayan kapangyarihan' sa kaibuturan niya. Ang kadena at ang lubid ay nagbibigkis sa kaniya nang mahigpit habang lumilipas ang taon hanggang at hindi niya napapag-alaman kung ano ang ginagawa niya sa kaniyang sarili at matapat na pagsisihan ang bawat kadena at lubid at gumawa ng pagbabayad sa iba na kaniyang nasaktan.

Sa pangitaing ito natutunan ko ang pinakamahalagang aspekto ng pagiging naririto. Ang tao sa kaniyang sarili ay isinilang na may kakayahan na gawin ang buhay na maganda para sa kaniyang sarili ngunit, siya sa kaniyang sarili sa pagpapanatili ng kaniyang makasariling pagnanasa at galit ay lumilikha ng kulungan ng dalamhati para sa kaniyang sarili na walang pagtakas hanggang dumating ang oras na mapagtanto niya ang **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO.**

Lahat ng problema na masaklap sa pagiging naririto ay dahil sa mga paraan ng pag-iisip ng tao sa kaniyang sarili!

Tanging ang mga 'anyo ng kamalayan' ng mga tao, ang kanilang iniisip, mga salita, mga nararamdaman, mga ginagawa ang lumilikha ng makapal na hadlang sa pagitan ng kanilang kamalayan at ang pangkalahatang Mapanlikhang Kamalayan na sumusuot sa sanlibutan sa bawat dahon, puno, insekto, ibon, halaman at tao.

Ipinakita rin sa akin ang MGA BATAS NG PAGIGING NARIRITO na pumipigil sa kakayanang pantao na lumikha ng mga bagong pangyayari at kapaligiran, relasyon, tagumpay o pagkabigo, kasaganaan o karalitaan.

Anuman ang lubhang **PINANINIWALAAN** ng tao para sa kaniyang sarili, mabuti o masama, iyon ay magkakatotoo sa kaniya.

Anuman ang **KINATATAKUTAN** ng tao na gagawin sa kaniya ng iba, iyon ang gagawin nila.

Anuman ang **INAASAHAN** ng tao na gagawin sa kaniya ng iba, kailangang gawin muna niya sa kanila, dahil siya ang lumilikha ng 'modelo ng kamalayan' na magbabalik sa kaniya upang pagpalain siya dahil binigyan din niya ng pagpapala ang iba.

Anuman ang sakit na **LUBHANG KINATATAKUTAN** ng tao, siya ay magiging biktima nito dahil nilikha niya ang 'modelo ng kamalayan ng pinakamaliit na bagay na ayaw niyang maranasan.

Anuman ang ipadala ng tao mula sa kaniyang puso at isipan- ay magbabalik sa kaniya sa takdang panahon sa anumang anyo, ngunit tandaan na ang magkakatulad ay nanganganak ng katulad. Ang mga pag-iisip na may malakas na emosyon ay mga 'kamalayang punla' na natanim sa sariling orbit ng kamalayan ng tao. Ang mga ito ay lalago, na magdadala ng parehong ani sa kaniyang ginawa.

Ito ang mga prutas ng malayang kagustuhan.

Walang daan na makatatakas ang tao sa kaniyang iniisip, sinasabi o ginagawa - dahil siya ay isinilang ng Banal na Mapanlikhang Kamalayan makapangyarihan at kaparehong mapanlikha sa kaniyang pag-iisip.

Iyong mga nag-aasam ng mabuti para sa kanilang mga sarili ay kailangang mauna na magbigay sa iba. Hayaan na ang kanilang pagiging naririto ay maging pagpapala sa iba.

Kapag ang mga taong iyon ay nabubuhay na may katiwasayan kasama ng lahat ng iba pa,
sila ay perpektong tumatalima
sa pangkalahatang mapanlikhang kamalayan kapangyarihan

at sila ay dinala sa agos na 'likas' ng Ama, kung alin ay paglago, proteksiyon, pagkain (pisikal, mental, ispiritwal) paggaling, katuparan ng pangangailangan**,** sa loob ng sistema ng batas at kaayusan.

Paano ko ilalarawan sa inyo ang aking pangloob na kinang, ang aking lagpasang kaliwanagan at kislap ng ligaya at makapangyarihang pakiramdam ng pag-ibig na bumubusog at nagpupuno sa aking buong pagiging lalang at sa kanilang lakas hanggang sa ako ay umiyak dahil sa sikip sa loob ng aking isip at puso. Ito ay napakamakapangyarihan na parang tutunawin nito ang anyo ng buo kong katawan. Sa aking pagkatanggap ng mga supremo at mataas na pagkaunawa ng Katotohanan, ang ating Pinagmulan ng Pagiging, at ang tunay na likas sa paglikha sa kaniyang sarili- at ng tao, ako ay nataas sa ispirito at ang aking katawan ay naging magaan gaya ng hangin.

Ng oras na yaon, noong ako ay nakataas sa **Banal na Mapanlikhang Kapangyarihan Sa Kaniyang Sarili,** ako ay tunay na halos 'Banal na Tao' sa aking sarili, nararanasan ang mas mataas na antas ng **'Likas'** ng **Ama - Mapanlikhang Kapangyarihan** sa akin at nararamdaman ang Kaniyang sariling bugso at mapag-arugang pakikitungo sa lahat ng sangkatauhan. Kaya, kaya kong sabihin nang may katotohanan: **"Ako lamang ang nakakikilala at nakakita sa Ama.**

Sa sandaling iyon, gaano ko hinangad na magturo, manggamot, magbigay kagaanan, magtaas sa ispirito, magpakain, at alisin ang mga pasakit at pighati ng mga tao.

Hinangad kong palayain sila sa kanilang takot sa mito ng 'mapaghiganting diyos'!

Noong magbalik ako upang sabihin sa kanila ang katotohanan, paano ko bibigyang diin ang **'katotohanan'** ng **'Ama Mapanlikhang Kapangyarihan' - PERPEKTONG PAG-IBIG** - na nagbibigay sa kanilang lahat na pangangailangan. Ang kanilang dapat lamang gawin ay 'Humingi, hanapin, kumatok' at ang kanilang mga pangangailangan - kung ano mang uri - ay ipagkakaloob sa kanila.

Anong pagkasaya ko na sabihin sa kanila ang 'magandang balita' na ang 'pagkatubos sa mga pagdurusa' ay

abot kamay nila kung kanila lamang gagawin ang mga kinakailangang mga hakbang upang linisin ang kanilang mga isipan at puso sa KAMBAL NA PINTIG ng nahayag na 'pagiging.'

Ito ay payak lamang, aking iniisip ang kailangan lamang ay pag-unawa at pagpipigil sa sarili.

(Ako ay bumaba na patungo sa inyong baybrasyon upang magbalik-tanaw sa aking tunay na mental na kalagayan sa panahon na ako ay nasa disyerto. Ito ay tutulong sa inyong pansariling pagkaunawa na di masusukat kung susubukan ninyong pumasok sa 'antas ng aking kamalayan' noong oras na iyon.Maraming mga bagay, kagaya ng aking mga gawain ng pagpapagaling at 'paglakad sa ibabaw ng tubig' ay magiging maliwanag sa inyo. Ang mga ito ay makikita na mga likas na bunga ng aking bagong pagkaunawa sa **'Ama - Mapanlikhang Kapangyarihan.'**
Kung babasahin ninyo ang mga aklat nina Mateyo at Markus, ang kanilang mga tala ay magkakaroon ng bagong kahulugan sa inyo**.)**

Upang magbalik sa aking mga huling oras ng kaliwanagan, doon, ako ay nasa disyerto, nagtataglay ng maliwanag na pagkakaunawa na ang tao sa kaniyang sarili (sa pamamagitan ng walang sala sa kaniyang sarili) ang gumagawa ng hadlang para sa pagsunod sa **'Ama - Mapanlikhang Kapangyarihan,'** at ngayon ay hangad kong magmadali sa pagbalik at magturo, magpagaling, magpagaan, magtuyo ng luha para doon sa lubos kong kinaaawaan.
Ngunit, ako ay atubili na lisanin itong 'sagradong' lugar na ito kung saan ako ay naliwanagan at nabago ang ispirito.
Sa kabilang banda ay kahangahangang hinaharap ang naghihintay sa akin!
Ako ay maglalakad sa lahat ng mga siyudad, bayan, mga pamayanan at sasabihin sa bawat isa na makakasalubong ko- ang MABUTING BALITA! 'Ang Kaharian ng Langit' ang lugar na iyon kung saan ang mga karamdaman ay mapaparam at lahat ng pangangailangan na ipinagkaloob ay nasa kanilang sarili! Dahil alam ko na ang 'Ama' at ako ay 'iisa,' ngayon na ang aking isip ay nilinis na sa matatandang mga pag-iisip at mga hakahaka, ako ay tuwirang magpapagaling sa kanilang mga sakit at karamdaman. Tuturuan ko sila kung paano maibsan ang kanilang karalitaan.

Kapag ang **AMANG KAMALAYAN** sa akin ay nagsimulang dumilim, at ako ay dahan dahang bumalik sa pantaong kamalayan, nababatid ko ang pagkagutom at saka pagbalik ng aking pantaong kalagayan at pag-iisip.
Ang aking reaksiyon sa aking anim na linggong karanasan ay nagsisimulang magbago. Ang aking kadalasang pantaong pagkakaalam na 'ako' at ang aking mga kagustuhan, ang pumapasok sa aking kaisipan.'
'Bakit, ang pinakakahanga-hanga at kumpletung hindi inaasahang bagay ay nangyari sa akin! Ako ay nagalak. 'Ipinagkaloob sa akin ang karunungang lagpas pa sa kung ano ang di pa naibibigay sa kahit na sinong tao.'
Sobrang galak ko sa pagkapangyari dahil sa wakas ay ang aking mga pagdududa at pagkarebelde laban sa mapaghiganteng 'diyos' ng tradisyonal na Ortodoks na mga Hudyo ay nabigyan ng katarungan. Ako ay tama pagkatapos ng lahat!
Sino ang mag-aakala na ang isip ng tao ay napakamapanlikha, na ang malakas na hawak sa iniisip o kagustuhan ay magkakatotoo sa nakikitang dimensiyon? Natanto ko na si Moyses ay mayroon din sigurong

alam tungkol dito, dahil may nagawa siyang mga di pangkaraniwang bagay noon kung kailan ang mga Israelita ay nasa masidhing pangangailangan.

Siya ay naging pinuno at binago niya ang pamumuhay ng mga Israelita na sa nakalipas ay mga alipin sa Ehipto.

Ako ay maaaring bumalik ngayon upang palayain ang aking mga tao sa mga matitinding kontrol ng kanilang sariling mga Guro.

Ang aking pagkagutom ngayon ay lalong tumindi. Nangyari sa akin na kaya kong gawing tinapay ang bato upang matugunan ang aking paghahangad sa pagkain dahil naalala ko na ang **'Ama - Mapanlikhang Kapangyarihan'** ay gumawa sa pamamagitan ng aking isip at samakatuwid, lahat sa sanlibutan ay susunod sa akin.

Ako ay nasa puntong magsasabi ng 'salita' na magbabago ng bato para maging tinapay ngunit mayroong biglang pumigil sa akin.

Malakas na dumating sa akin na ang **'Ama Mapanlikhang Kamalayan'** ay perpektong proteksyon, pagkain, katuparan ng mga pangangailangan, at kaya ang gutom ay mapapawi, kung hihingi ako sa 'Ama' ng tulong.

Napatunayan ko na kung ang maliit na 'ako,' ang taong 'ako,' sa aking pangangailangan, ay gumamit ng 'Mapanlikhang kapangyarihan' para sa pansariling mga dahilan, ako ay nagtatayo ng hadlang sa pagitan ng **'Ama Mapanlikhang Kamalayan'** at ng aking sarili, at lahat ng bagay na aking natutunan ay maaaring alisin sa akin.

Ito ay tumakot sa akin, at kaagad na humingi ako sa '**Ama - Mapanlikhang Kapangyarihan** ' ng bagong lakas upang makabalik muli ako sa tahanan sa Nasaret. **Humingi rin ako ng panlunas sa gutom sa anyo na tama para sa akin.**

Kaagad ay napawi ang gutom at naramdaman ko ang silakbo ng daloy ng enerhiya sa buo kong katawan.

Kaya napatunayan ko na lahat ng aking nakita, narinig at naunawaan ay **'katotohanan'** at hindi mga walang saysay na kathang isip na sumilang dahil sa oras ko sa disyerto na, walang kain at nag-iisa.

Ang aking bagong lakas ang nakatulong sa akin upang mapabilis ko ang paglalakad sa mga magagaspang na daan palabas ng disyerto. Sa aking pag-uwi, nakasalubong ko ang isang taong nakadamit nang maayos, isang matamis at nakaaakit na katangian.

Binati niya ako nang maalab, nagpapahiwatig ng kaniyang pag-alala sa pagkakakita sa aking magaspang, hindi maayos na hitsura at kawalang kondisyon. Masaya niya akong iniupo sa isang bato at ibinahagi sa akin ang mainam na pagkain at tinapay. Nagtaka ako kung bakit naroon siya sa liblib na lugar at saan siya galing.

Bilang sagot sa aking tanong, ngumiti lamang siya at mukhang di nagtaka noong sabihin ko na galing ako sa disyerto sa maraming araw at nawalan na ako ng bilang sa oras. Ipinaliwanag ko kung paano ako naliwanagan saka ang tunay na likas ng **Lumikha ng mundo** at ipinakita ang likas na **Batas ng Pagiging naririto**. Ngumiti lamang siya at tumango.

'Babalik ako sa aking mga tao upang ituro sa kanila ang lahat ng aking natutunan. Sinabi ko nang may galak. 'Bakit kaya ko na pagalingin sila at palayain sila sa bawat sakit at hapis?'

Ang estranghero ay malungkot na sumagot. 'Mangangailangan ito ng maraming milenyo.'

Nasa punto ako na gusto kong sabihin sa kaniya ang kawalan niya ng paniniwala nang mamalayan ko na wala na siya.

Nalaman ko noon na ang Banal na sugo ay dumating upang pakanin ako ng mainam na tinapay at **pagkain** -

at buong pagkaawa na nagbigay sa akin ng babala na hindi ko magagawa ang aking misyon nang ganoong kasimple sa kabila ng aking pananabik. Ako ay nanghina sa kaniyang mga salitang may pagbababala. Ang aking pananabik ay nanghina. Ang daan papunta sa unang pamayanan na aking tatahakin ay mistulang walang katapusan. Gaano ang pagbabago ng pag-iisip ng tao ay nakapagbabago ng pakiramdam!

Dumating sa akin na aking lalong mapatunayan ang katotohanan ng lahat na ipinakita sa akin sa pamamagitan ng paglundag sa ibabaw ng mga tabihan ng mga matatarik na lugar na makapagpapaikli sa aking paglalakbay. Noong gagawin ko na iyon ay dumating sa akin na may pagpwersa na ang aking susubukang 'patunayan,' ang aking oras ng kaliwanagan ay totoo. Kung kailangan ko ng gayong pruweba, ay nasa antas ako ng pag-aalinlangan at maaaring kitilin ko ang aking sarili, bukod pa, ipinakita rin sa akin na ano at ano pa man ay maaari kong itaas ang aking mga iniisip tungo sa **'AMA - MAPANLIKHANG KAMALAYAN'** at humingi ng solusyon sa bawat problema. Napakabilis na nakalimutan ko ang **Katotohanan!**

Kaya ako ay nanalangin, mataimtim na humingi ng kapatawaran sa pagiging mahina para ilagay ang sarili ko sa mga pantasya at hanapin ang sarili kong paraan sa paggawa ng mga bagay.

Muli, ang sagot ay dumating na may panibagong kalakasan at ang malaking katiyakan ng paa habang may pagmamadaling binabagtas ko ang mabakong lupa. Napansin ko rin na natatahak ko ang mga mahahabang distansiya nang may kabilisan na tila lumabas na ako sa normal na pagtaya ng oras, at ako ay nasa mas magaang dimensiyon kung saan ang pantaong karanasan ay iniangat na mas mataas kaysa sa kaniyang mabigat na antas ng pagsuko sa nakauupos na pagkonsumo ng enerhiya. Ang paglalakad ay napakadali, ito ngayon ay nakapagpapalakas. Ako ay lumundag sa galak dahil natagpuan ko ang susi sa 'mas maunlad na buhay'!

Saglit pagkatapos, ang pakiramdam ko ay napakaalwan, ang aking isip ay nagsimulang maglakbay at naisip ko ang tungkol sa pagkakatagpo ko sa estranghero at ang kabaitan na ipinakita niya sa akin. Ngunit natandaan ko rin ang kaniyang babala at muli ang aking matandang likas ay muli na namang namayani at naramdaman ko na naman ang masidhing pagkarebelde na dapat sinabi niya sa akin kung paano ang aking gawain ay dapat na magpatuloy. Nagdesisyon ako na hindi niya alam ang aking hinaharap at isinaisang tabi na lamang ang kaniyang babala.

'Bakit,' naisip ko na sa karunungan ko ay kaya kong gawin ang mga bagay na wala pang tao ang nakagawa sa mga lumipas na panahon. Sa halip na magdusa sa mahirap na buhay, maaari akong magsimulang mag-ipon ng kayamanan na may kadalian, humikayat ng mga tagasunod saan man ako pumunta at ibahagi sa kanila ang aking kaalaman para mas mapagaan nila ang kanilang mga buhay. Maaari kong alisin ang mga sakit at pagdurusa.

Sa pagninilay ko sa maraming mga lugar na madali kong mapupuntahan, naramdaman ko ang sarili kong lumulutang sa ibabaw ng lupa at tumataas hanggang sa marating ko ang pinakamataas na tuktok ng matarik na bundok na tumatanaw sa pamayanan na nasa ibaba.

Doon, ito ay nakalatag sa harapan ko. Naramdaman ko na ang aking pagkasabik ay muling nagbalik. Bakit, ito ay napakapayak upang tipunin ang mga tao at ibahagi sa kanila ang aking kaalaman. Ako ay magiging makapangyarihan, magiging tanyag bilang taong nagligtas sa mga tao sa kanilang mga karamdaman at mga pasanin. Makukuha ko ang kanilang paghanga at respeto at hindi na matatandaan na isang dating tambay na walang saysay.

Sa isang biglang hudyat, lahat na itinuro sa akin kamakailan lamang, mga ilang oras ang nakararaan, ay bumalik muli sa aking isipan na may masidhing pwersa at kaliwanagan.

Hindi ba itinuro sa akin na ang tanging daan para ako ay umunlad ay lisanin ang aking sariling kagustuhan at humingi sa 'AMA' ng tulong sa lahat ng aking ginagawa?

Pagkatapos ay naalala ko na ang nilalang ay may kaniyang espesyal na layunin para maisakatuparan. Ang pang indibidwal na proseso ay nakalikha ng 'hila at tulak,' ng 'bigay at tanggap' sa pantaong pag-uugali. Kahit na ang mga katangiang ito ay nagdulot sa mga tao ng matinding lungkot sa kanilang buhay, hindi baga ito ay ang lungkot na nagtulak sa kanila na humanap ng mas mainam na ***buhay*** para makatagpo ng tunay na kaligayahan? Napagtanto ko na ang mga pasakit na dala ng tao ay mayroong kanilang lugar sa pantaong guhit ng pagiging naririto.

Tama ba sa akin na magdala ng pribelehiyong impormasyon sa mga tao para pawalang bisa ang epekto ng 'proseso ng pagkaindibidwal'?

Napag-alaman ko na ako ay nag-iisip mula sa 'panggitnang punto' ng aking pagkaindibidwal, ang 'ego' at ito ay ang bugso ng ego na naglalagay ng hadlang sa pagitan ng tao at ng **'Ama - Mapanlikhang Kamalayan.'** Kaya, ang aking 'Panggitnang punto ng pantaong pagnanasa' ay dapat talunin kung gusto kong mamuhay na may perpektong pakikipagkasundo sa aking **'Ama'** bilang aking matapat na balak. At kaya, nagpatuloy ako, nag-iisip kung ano ang mga naghihintay sa akin at kung paano ko mapagtatagumpayan ang mga pintig na namamahala sa aking pagkatao para manatiling nasa daloy ng 'Amang Kamalayan' na mula dito ay kukuha ako ng inspirasyon, gabay, at mga sagot sa mga problema, ng aking pagkain sa araw-araw, kalusugan sa araw-araw, proteksyon araw-araw. Sa katunayan, nabatid ko na habang ako ay nananatiling nasa pang-araw-araw na 'Daloy ng Amang Kamalayan,' walang nakasasakit na lalapit sa akin at lahat ng aking kailangan ay makakamtan. At mas mahalaga:

ang 'Amang Kamalayan' na gumagawa sa pamamagitan ko ay gagawa ng anumang kailangan para sa tao na nasa matinding pangangailangan sa kagalingan at kaginhawahan.

Sa lahat ng oras, dapat kong malampasan ang aking pagiging rebelde laban sa mga masisidhing reyalidad ng pagiging naririto at makinig sa 'panloob na tinig' at tumalima sa 'Mas mataas na Kalooban ng Ama.' Itong 'Mas mataas na Kalooban' ay 'Perpektong Pag-ibig na nakatuon sa pangkabuuang pagtataguyod ng aking pinakamataas na kabutihan. Ito ay sobrang kahangalan, nabatid ko, na magpatuloy sa daan ng 'pansariling kagustuhan' na nagdikta sa aking pag-uugali sa panahon na iyon.

Ito ay pagkatapos, ng ako ay nakakuha ng inspirasyon na magsalita sa mga tao nang patalinhaga. Iyong mga handa na tumanggap ng karunungan ay dapat umunawa at gamitin ito sa mabuti.

Ngunit, ang kinalabasan, kahit na ang aking mga alagad ay hindi rin nila maalis sa kanilang mga sarili nang may kasapatan ang mga Hudyong doktrina upang maunawaan nila ang prinsipyo ng kamalayan o ang **Gawain ng Banal 'Mapanlikhang Kapangyarihan'** na nasa mga nilikha. (Hanggang ngayon, ito ay nananatiling hiwaga sa lahat liban sa mga naliwanagan sa ispirito.)

Kahit na ang mga ispiritwal na salita ng kaliwanagan ay hindi kaagad, lubusang mauunawaan ng isipan ng tao, samakatuwid ang **Mga Liham** na ito ay dapat basahin na dahan dahan na may kalakip na meditasyon at pananalangin upang maunawaan nang tama.

Tandaan, hanggang kayo ay maging isang **'bata'** - (pag-aalis ng mga walang saysay na walang kaayusang paniniwala, mga paghusga, mga pag-insulto, mga ambisyon at bugso ng ego), na may isipan na puno ng hiwaga at tunay na paniniwala, hindi ninyo matatarok ang mga nasa pahinang ito na ginugusto.

Para maging 'bata,' kailangang gawin ninyo ang inyong makakaya upang ilabas ang lahat ng mga mental na pagkakakondisyon.

Kung kayo ay nagdurusa sa mental, emosyonal, pisikal, ito ay dahil lamang sa ang mga pinaniniwalaan ninyo

ay hindi nakatulong sa inyo, hindi nito naiangat ang inyong pagiging lalang.
Ito ay panahon na upang suriin ang inyong **'PAG-IISIP.'** Masaya ba kayo rito?
Maaari kayong mamili, sa pagpili ninyo, maaari ninyong tawagan ang **'Ama**' na tulungan kayo na magkaroon ng pagbabago, at tiyak na ang tulong ay ibibigay sa inyo - kung hindi kayo nagdadalawang-isip.

Kaya kinukumbinsi ko kayo na ipagpatuloy ang pagbabasa at pag-unawa sa mga pahinang ito. Gusto kong bigyang diin sa inyo ang kalakasan ng inyong pag-iisip- ang kabuuan ng lahat ng inyong kamalayan at ang subkonsyus na palatuntunan.
Ito ay mahalaga na maunawaan ninyo na wala sa mga pantaong pag-iisip na ito ay nagmula sa ispiritwal na dimensiyon.
Sa kabuuan ito ay makalupa at maaaring puno ng mga mitikong haka-haka, mga paghusga, at mga maling pagkakaunawa, mga insulto, nakalibing na alaala ng nakaraang pasakit, at kinagawiang paraan ng pakikitungo sa mga taas at baba ng buhay. Ang inyong pantaong pag-iisip (kasama na riyan ang mga panrelihiyong haka-haka o paniniwala) ang humuhubog sa mundo, sa inyong mga relasyon, mga karanasan, mga tagumpay, mga pagkabigo, kaligayahan at kadalamhatian. Ito rin ang sanhi ng inyong mga karamdaman, sakit at mga aksidente. Walang nangyari na dahil sa pagkakataon. Lahat ay hinabi ng panloob na hibla ng inyong pansariling kamalayan- pag-iisip, mga inaasahan, mga paniniwala sa buhay, kapalaran, "Diyos." Nabubuhay kayo sa mundo na kayo ang sariling gumawa. Ito ang dahilan na ang mga batang pinalaki sa parehong kapaligiran ay naging magkakaiba. Bawat isa ay may kaniya kaniyang indibidwal na pag-iisip na nabuo alinsunod sa mga minanang karakter na katangian.
Kung, mula sa pagsilang, ay wala kayong lumalagong Pag-iisip, kayo ay parang rebulto na walang muwang, walang pakiramdam, sagot at isip. Dahil sa pagkabakante, iirapan ninyo ang mundo at habang baka mayroong malaking gawain na nakapalibot sa inyo, walang papasok sa inyong kamalayan, dahil wala kayong reaksiyon. Walang magpapasaya sa inyo o magpapahirap sa inyo kahit na sumabog pa ang bomba sa malapit sa inyo.
Kung walang pag-iisip, wala kayong buhay, walang paglago, walang masama, walang mabuti. Ang URI ng inyong pag-iisip ang gumuguhit ng kalidad ng inyong buhay. Ito ang kaunaunahang Katotohanan ng Pagiging naririto na gusto kong mabatid ninyo at maunawaang lubos.
Dagdag pa, habang nabubuhay kayo, dala dala ninyo ang inyong pag-iisip saan man kayo pumunta. Walang pagtakas, at sa paglipas ng araw ito ay patuloy na lilikha ng uri ng inyong pagiging naririto na naranasan ninyo sa mga nakalipas na panahon. Maraming tao na sa buong buhay nila ay naniwala na sila ay hindi masuwerte. Iniisip nila na ang ibang tao ay malamig, hindi mabait, masama sa kanila, at gumawa ng kanilang buhay na lubhang hindi masaya.
Naniniwala sila na ang 'ibang mga tao' ay umaaway sa kanila at palagiang gumagawa ng mga pagpapahirap habang sila naman ay tiyakang walang kinalaman sa anumang probokasyon.
Sa kabilang banda, 'ang ibang tao' ay hindi masisisi. Ito ay ang pansariling pag-iisip ang humihila papunta sa kanila ng mga negatibong kalagayan.
Maraming mga tao ang nahihiyang lumalayo sa mga mungkahi na sila ang nag-iisang responsable sa kanilang mga kasawiang palad. Ito ay mas mahirap para sa mga tao upang harapin ang kanilang mga pagkukulang kaysa doon sa mga tao na mayroong pangloob na kalakasan at tiwala sa sarili na tingnan ang kanilang mga sarili nang walang kinikilingan at pantay.
Ang mataimtim na panalangin ay kumukuha ng 'Ama-Mapanlikhang Kamalayan' papunta sa isipan, matahimik, patago, ay nililinis nito ang kamalayang pantao ng isang naghahanap sa lahat ng mga bagay na

hindi na siya komportable. Ito ay, kailangan, ang marahang proseso ng panloob na paglilinis at paglago.

MGA MODELO NG EMOSYON

Ang inyong mga modelo ng emosyon ay maaaring nakasisira sa inyong pangkalahatang kaginhawaan gaya ng inyong pag-iisip.

Ang inyong pag-iisip sampo ng inyong mga modelo ng emosyon ay ang inyong mga mapanlikhang kagamitan.

Ang mga ito samasama ay lumilikha ng mga kinakailangang balangkas para sa inyong mga pag-aari sa hinaharap, mga pangyayari at kaganapan.

Itong mga MAPANLIKHANG KAGAMITAN ay gumagawa sa inyong buhay sa gustuhin ninyo o hindi.

Ito ay mas malayong mahirap na madiskubre ang inyong malalim sa pagkakabaong mga emosyonal na gawi maging konsyus o subkonsyus kaysa makilala ang inyong mental na pagkakondisyon.

Ang mga tao ay maaaring nalulukuban ng mga negatibong emosyonal na modelo at medyo hindi masyadong nalalaman ang mga iyon, dahil sila ay nababalutan ng mga emosyon sa bawat sandali na nagmumula sa araw araw nilang paulit-ulit na gawain.

Upang matuklasan ninyo kung ano talaga ang inyong mga emosyonal na modelo, tanungin ninyo ang inyong sarili ng mga katanungan kasabay ng mga sumusunod na linya, at maging buong tapat sa inyong sarili.

Upang subukan na magtago sa katotohanan ng inyong mga emosyonal na modelo ay upang dayain ninyo lamang ang inyong sarili at hawakan ang inyong sarili pabalik kaysa pagtungo sa ikatutupad ng masayang estado ng pagiging naririto na talagang itinakda para ikaligaya.

Paano ninyo talaga nararamdaman ang tungkol sa inyong BUHAY? Gusto ko na sulatan ninyo ang inyong sarili ng isang maawaing liham, na nagsasabi sa inyo nang tumpak sa kung ano talaga ang nararamdaman ninyo habang sinasagot ninyo ang mga sumusunod na katanungan:

Kayo ba ay masaya sa pagiging buhay o mas gusto ninyo na makitil na lamang ang inyong buhay? Kung ang inyong makatotohanang sagot ay ang nasa huli, mayroon kayong negatibong pag-uugali tungkol sa pagiging naririto at kayo ay nakikidigma sa inyong sarili sa mas malalim na baitang.

Alam ninyo talaga, na kailangan ninyong ipagpatuloy ang inyong pang-araw-araw na buhay datapwat sa inyong pinakamalalim na antas ay gusto ninyong tumigil na. Ang panloob na digmaan ang humahadlang sa inyo para mahila ang lahat na dapat ninyong maranasan na may positibong emosyonal na modelo.

Paano ninyo talaga nararamdaman ang tungkol sa inyong mga kamag-anak? Mayroon bang mga nakabaon na galit na ayaw ninyong tanggapin o hindi pa ninyo natatanto na nariyan?

Paano ninyo nararamdaman ang tungkol sa inyong hanapbuhay, mga kapwa manggagawa, mga libangan, ibang lahi, at iba pa?

Isulat ninyo ang lahat ng inyong natuklasan tungkol sa inyong sarili at ikulong ninyo papalayo sa isang ligtas na lugar.

Ang gawaing ito na ginawa ninyo para sa inyong sarili ay para sa inyo - para lamang sa inyong ikabubuti. Hindi ninyo ito ginawa upang maging mabuti kayong tao o para maging karapat dapat kayo sa “Diyos” o makuha ninyo ang pagsang-ayon ng mga tao. Ginawa ninyo ang gawaing ito upang alisin ang mga panloob na hadlang sa inyong paglagong ispiritwal at pangmatagalang kaligayahan.

Kung nagpasya kayo na baguhin ang sarili ninyo sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga Liham na ito araw araw, hinihimok ko kayo na ilagay ang inyong may petsang sulat sa isang ligtas na lugar. Basahin ninyo muli pagkatapos ng isang taon at magalak sa mga malalaking pagbabago na makikita ninyo na nangyari sa inyong pag-iisip. Makikita rin ninyo na mayroong mga pagbabago sa mga

kaganapan.

Tandaan na ang panalangin at meditasyon na nakapokus sa inyong Maylikha ay maghahatid sa inyo ng bagong kalakasan at mga pangitain na magdadala ng mga pagbabago sa inyong mga nararamdaman at sa kapaligiran.

Kapag nananalangin- Huwag ipokus sa mga problema- laging-hingin ang tamang solusyon. Hayaang ang inyong Maylikha na magdala ng tamang mga lunas na hindi kayang isipin ng inyong pantaong isipan.

Halimbawa, huwag ninyong sabihin sa inyong Mapanlikhang 'Ama' kung gaano kayo nahihirapan. Ang Kapangyarihang inyong tinatanggap ay iukol agad sa inyong kalagayan (kahit na ang inyong kamalayan ay maaaring napakabigat para maramdaman) at magpasalamat dahil sa inyong mabilis na paggaling at paniwalaan ito.

Kapag 'nagpapasalamat' kayo, tinatanggap, pinapahalagahan, pinapaniwalan, itinatanim sa inyong kamalayan ang katotohanan na ang inyong panalangin ngayon ay nasa 'Pag-ibig ng Amang Kamalayan' at pinuproseso para sa nakikitang kapahayagan sa takdang paraan at tamang oras. Noong nasa Palestina ako ay lagi akong nagpapasalamat para sa mga gawain bago pa man matupad.

Huwag manalangin at pagkatapos ay lumabas at magsabi sa tao kung gaano kayo nahihirapan, o kung gaano kasama ang personal o pambansang kalagayan. Kung hiningi niyo sa Amang Maylikha na bigyan ng solusyon ang inyong mga problema, pananalapi o hindi maayos na kalusugan, ito ay insulto sa Amang Maylikha na patuloy na dalahin sa Kaniya ang mga nakaraang negatibong sitwasyon. Kaagad ninyong inaalis ang gawain ng Amang Lumikha.

Kung, pagkatapos manalangin at ang inyong isipan, ang mga matatandang kalagayan ay hindi pa rin maging mga nakaraang negatibong sitwasyon, manalangin kayong muli hanggang maalis ninyo sa inyong mga isipan at tunay na maniwala na ang lahat ay pinangangalagaan nang may kabanalan, sa sandali na iyon. Magbalik paulit ulit sa pagbibigay ng pasasalamat sa lahat ng mga biyayang inyong hinihingi. Ang mga ito ay may katiyakang mangyayari.

Mayroong maraming libong mga tao sa inyong mundo ngayon ay laging umaasa sa Pankalahatang Amang Maylikha upang punan ang kanilang bawat pangangailangan at sumasaksi sa maraming biyaya sa kanilang buhay.

Alisin ang takot, wala itong maitutulong sa inyo. Ngayon, ituon sa pangkalahatan 'Ama' Maylikha- bilang **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** , pagkabuo, paglago, pag-unlad, nutrisyon, muling pagbibigay buhay, paggamot, katuparan ng bawat pangangailangan, **PROTEKSYON**, lahat sa loob ng sistema ng **ISPIRITWAL NA BATAS AT KAAYUSAN.**

Tantuin, ang lahat ng mga kahangahangang gawaing ito ay mapanlikha, may layunin at maayos.

Mayroon kayo talaga na **MASTER NA ISIPAN** sa likuran ninyo, ng inyong pamilya at kalagayan sa buhay. **MAGTIWALA KAYO DITO.**

Huwag ninyong hayaan na ang inyong pag-iisip ay sumira sa Banal na Mapanlikhang Operasyon!

Tandaan, higit sa lahat, na **Ako, ang Kristo**, ay gumagawa lamang ng mga tinatawag na hiwaga dahil batid ko na ang 'Kaharian ng Diyos' ay nasa akin at lagi akong maaaring sumandig sa aking **Maylikhang 'Ama'** para gawin ang trabaho at sa pamamagitan ko.

Tandaan na mayroon kayong indibidwal na kamalayan dahil kinuha ninyo galing sa **Mapanlikhang 'Ama' Kamalayan.**

Kung ang inyong personal na kamalayan ay kumpletung nalinis sa mga negatibo, matutuklasan ninyo na

kayo rin, ay dinalisay na lagusan ng Mapanlikhang 'Ama' Kamalayan. Kayo ay magiging masayang pinagmumulan ng paglago, nutrisyon, paggamot, pangangalaga, proteksiyon, katuparan ng mga pangangailangan sa sistema ng mabuting batas at kaayusan ng organisasyon sa lahat ng darating sa inyong lugar na ginagalawan. Itong makapangyarihang impluwensiya ay maipaaabot sa pamamagitan ng inyong isipan tungo sa inyong pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, sakahan at mga hayop at pananim.
Kahit na ang elektrisidad ay dumaan sa inyong mga kamay ay makasisindi ng ilawan sa laboratoryo, kaya ang inyong liwanag ng **PUWERSA NG BUHAY** ay makababuti sa lahat ng nasa inyong kapaligiran at impluwensiya.

Ito ang layunin sa likod ng paglalang. Kayo ay upang magpahayag ng **Pangkalahatang Mapanlikhang Kamalayan** sa pamamagitan ng inyong puso at isipan, ako ang **KRISTO**, ay dumating na ngayon upang ipakita sa inyo kung paano ito gawin.

Una sa lahat, pakikonsidera ang aking 'antas ng kamalayan' noong ako ay magsagawa ng mga tinatawag na himala.
Hindi ako nagdasal ng mga inihandang panalangin. Basta ko na lamang hiningi sa **Mapanlikhang Ama** na nagliliwanag sa pamamagitan ng aking sariling kamalayan, kung anuman ang kailangan:
Aking lubos na nabatid at nakita ang **Ama Mapanlikhang Kamalayan** ay daynamikong Pwersa na kumikilos at nahahayag sa pamamagitan ng nakikitang mundo bilang:
Pagiging malikhain, matalinong disenyo, paglago, nutrisyon at pagkain, proteksiyon, pagpapagaling, pagpapanibagong lakas, katuparan ng bawat pangangailangan - lahat ay nasa sistema ng batas at kaayusan.
Nabatid ko na ang **'Mapanlikhang Ama Kamalayan'** ay lumiliwanag sa **lahat ng kaniyang Likas** sa pamamagitan ng aking kamalayan upang pumasok sa kamalayan noong mga humihingi ng kagalingan mula sa karamdaman at buong tapat na naniniwala na matatanggap ito. Nalaman ko rin na kung wala silang 'paniniwala at paghahangad na gumaling,' itong uring ito ng negatibong kamalayan ay hindi maiimpluwensiyahan ng daloy ng ***LIKAS ng 'Ama Kamalayan'*** kaya, walang paggaling na mangyayari.
Akin ding napag-alaman na lahat ng paggagamot na ginawa ng **Mapanlikhang Ama Kamalayan** ay tunay na **Pag-ibig na ginawang nakikita** sa lupa.
Natanto ko rin na lahat ng gawain na naisakatuparan ng **Mapanlikhang Ama Kamalayan** sa nakikitang mundo ay **pag-ibig** na ipinahayag at nagbigay ng pasasalamat.
Nalaman ko na mula sa **Pangkalahatang Kamalayan** ay dumating ang lahat ng mga substansya ng sanlibutan at nagpasalamat.
Nabatid ko na ang **'Ama Mapanlikhang Kamalayan'** ay ang **'gumagawa'** at **Ito** ay walang hanggan, walang katapusan, at wala, wala liban sa isipan ng tao na maaaring magpahinto dito sa kaniyang paggawa.

Samakatuwid, inalis ko sa aking isipan ang anumang damdamin at mga pag-iisip ng tao, at alam ko na ako ay isang ganap na daluyan ng **'pag-ibig ng Ama'** at alam ko na ang perpektong kalooban ng **'Pag-ibig ng Ama'** ay mangyayari sa taong nangangailangan ng paggaling.
Ngunit bigyang pansin ito: Alam ko rin na anuman ang nasa kamalayan ng tao na nagdulot ng kaniyang pagkapilay, o pagkalumpo o kalagayang may sakit ay binura sa kaniyang katawan sa sandaling iyon. Ang tanong ay: ang kaniya bang normal na 'kamalayan' ay magiging dahilan ng pagpapanumbalik ng kalagayang inalis sa kaniyang katawan sa paraang banal?

Kaya sabi ko sa taong nakatanggap ng paggaling: 'humayo kayo at huwag na muling magkasala.'
Gusto kong malaman ninyo at paniwalaan nang buo ninyong puso na ang antas ng aking kamalayan noong ako ay narito sa lupa, na isinalarawan ng mga talata sa itaas, ay ang antas ng kamalayan na inyo ring dapat na hangarin buong isipan at puso .
Ang aking mga karanasan ng kaliwanagan sa disyerto ay tumulong sa akin para makamit ko ang **KAMALAYAN NG KRISTO** sa malawak na hangganan habang nasa lupa. Ngunit maaari ninyong sundan ang aking mga yapak kung gusto ninyo na gawin at ako ay siguradong nasa tabi ninyo sa inyong paglalakbay. Mararamdaan ninyo ang aking presensiya kung kayo ay lubos na sensitibo upang gawin iyon. Ngunit kung sa mga oras, na wala kayong maramdaman, huwag kayong manghina, dahil sa pagtalima ninyo sa gawain ng pagbabago ng inyong kamalayan, kayo ay may buong katiyakan na makakamit ninyo ang **KAMALAYAN NG KRISTO** at mababatid ko ang lahat ng mga nangyayari sa inyo.
ALAMIN na ang inyong layunin dito sa lupa ay upang tumaas kayo sa ispiritwal na kamalayan hanggang mapagtagumpayan ninyo ang lahat ng mga pantao na sa kasalukuyan ay humahatak sa inyo pabalik, hangang, sa pangkatapusan, kayo rin, ay makakontrol ng mga elemento at maging master.

Alamin din na kung ang **pangmundong kamalayan** ay buong nakatugma sa **'Ama Mapanlikhang Kamalayan,'** lahat ng bagay na humahadlang sa perpektong kaayusan ng pagkalalang ng tao ay maglalaho. Wala ng lamok na nagdadala ng malarya, mga peste na sumisira sa mga pananim, malulubhang kalagayan ng klima, mga impeksiyon, mga bayrus, at lahat ng iba pa na sa kasalukuyan ay nagdudulot ng problema sa mga nabubuhay. Kayo ay mabubuhay sa balabal ng pangkalahatang proteksiyon.
Kapag ang inyong pansariling kamalayan ay ganap na tumutugma at maayos na nakabagay sa **Pag-ibig ng Ama** - kayo din ay mapuprotektahan ng Banal at magiging daluyan ng: Mapanlikhang disenyo, paglago, nutrisyon at pagkain, proteksiyon, paggaling, pagpapanibagong lakas, katuparan ng mga pangangailangan, batas at kaayusan.
Ang **PAG-IBIG NG AMA** ay gagawa sa inyong mga isipan, puso, katawan at sa inyong mga pakikisalamuha. Ito ay gagawa sa lahat ng kung kanino ninyo sinugo ang kaniyang kapangyarihan.

Ito ay buong pagmamahal na hinahangad ng Kristo na ang mga LIHAM na ito ay mabilis na mailimbag at maipamahagi sa mga tao na naghahanap ng Katotohanan. Kung sisipi mula sa mga LIHAM, pakibanggit nang maliwanag ang pinagmulan:

CHRIST'S LETTERS, www.christsway.co.za, (Book Title: CHRIST RETURNS – SPEAKS HIS TRUTH)
MGA LIHAM NG KRIST ,www.daanngkristo.com
(Titulo ng Aklat: Ang Kristo ay Nagbabalik-Naghahayag ng Kaniyang Katotohanan)

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 2

(Ang Liham na ito ay dapat na pagbulay-bulayan sa halip na basahin lamang.)

Ako ang ***KRISTO.***

Habang ako ay gumagawa mula sa pinakamataas na dimensiyon ng ***BANAL NA MAPANLIKHANG KAMALAYAN*****,** ang aking impluwensiya ay pumapalibot sa inyong mundo.

Sa pananalitang metaporikal, ako ay kasinglayo sa 'kamalayan' mula sa inyong mundo gaya ng inyong araw ay malayo mula sa lupa. Ngunit kung tatawag kayo sa akin nang may katapatan, ako ay malapit sa inyo kung kinakailangan upang tulungan kayo.

Mayroong marami na hindi matatanggap ang **MGA LIHAM** na ito. Ang mga taong iyon ay hindi pa handa para sa mga ito.

Mayroong susubok na salangin ang pagkakaroon ng mga ito, dahil ang mga turo nito ay nagbabanta sa kanilang kabuhayan at relihiyon. Hindi sila magtatagumpay. Ang **MGA LIHAM** na ito ay mapatatatag ng pagsalungat.

Mayroon na tatanggapin ang **MGA LIHAM** na ito na may galak, dahil sa kanilang mga kaluluwa ay batid nila na lagpas pa sa mga relihiyon sa mundo ay ang **KATOTOHANAN - ang KATUNAYAN** ng pagiging naririto. Ito ang mga tao na magtatagumpay at sa pangkatapusan ay magliligtas sa mundo mula sa pansariling-pagkawasak.

Akin ngayong tatalakayin ang aking 'talambuhay' kung saan ko iniwan sa aking nakaraang **LIHAM.**
Ang layunin ko sa pagbibigay sa inyo ng mga detalye ng aking buhay sa pagpasok ko sa pampublikong pamumuhay bilang guro at manggagamot ay upang dalahin sa inyo nang buhay ang aking gawi at asal noong aking kabataan, ang mga pangyayari sa pagkakamit ko ng aking pansariling antas ng ispiritwalisadong pagkatao.
Ito ay mahalaga na inyong mailagay sa paningin kung ano ang Palestina noong ako ay narito sa lupa at maliwanag na nakita ang panloob na di pagkakatugma na nakanti ng aking mga turo sa mga tao na nadoktrinahan ng mga Hudyong paniniwala at tradisyonal na mga ritwal.
Ang mga di pagkakatugmang ito ay dahil sa kawalang kakayahan ng mga manunulat na itala nang may katumpakan ang lahat ng aking sinubukang ituro sa kanila. Sa mga aklat ay kalimitang may banggit sa aking mga talinhaga na naglalarawan ng katunayan ng Kaharian ng Kalangitan o Kaharian ng Diyos, alinmang kataga ang ginamit ng mga manunulat ngunit **wala kahit saan man na sinubukan na abutin ang mga salita sa kanilang sarili, saliksikin ang mga pigura ng pananalita, o hanguin ang ispiritwal na kahulugan ng Kaharian ng Diyos o ang Kaharian ng Kalangitan.**

Habang nagsasalita ako ng aking mga totoong pangaral na ibinigay sa mga tao, kayo ay, sa liwanag ng aking mga karanasan sa disyerto at ang inyong kaalaman tungkol sa mga pangsiyentipikong tala, ay makaunawa, sa wakas, ng mumunti sa kung ano ang sinubukan kong ituro noong panahong iyon.

Dahil ako ay sa malaking antas ay hindi matagumpay, kailangan na subukan muli na gawin ito, sa simula ng panahong ito, itong milenyong ito, **dahil ito ay aking pribelehiyo, pinakamataas na karunungang ispiritwal at pananaw na ang susunod na panahon ay maitayo at malinang.**

Ito ay - at ay - mahalaga para sa isang Guro gaya ko at mga iba pa na naging lubhang sensitibo at sa mental at emosyonal na antas ay buo ang debosyon upang hanapin ang **Katotohanan ng Pagiging naririto,** upang pumarito sa lupa, upang **BUMUO NG MGA SALITA** na magsasalarawan para sa mga tao sa lupa, na nakakulong sa mga salita, kung ano ang mayroon sa **MAPANLIKHANG PANGKALAHATANG DIMENSIYON** sa isang hindi nalikhang antas. Kung hindi dahil sa mga inspiradong Guro, ang mga tao sa lupa ay nananatili pa ring mangmang sa lahat ng kung ano ang mayroon lagpas sa lupa- **handa para maka-ugnayan, para personal na maranasan at matanto upang isulong ang panghinaharap na ebolusyong ispiritwal.**

Hindi lamang ito - ang Bibliya ay sinasabi na pinakamalawakang binabasang aklat sa mundo. Sa pangkasalukuyang anyo nito ay natupad ang mga layunin nito.

Ang Bagong Tipan, sa anyo nito, sa mga bagahe ng mga maling interpretasyon ay sagabal sa pang-ispiritwal na ebolusyon. Ito ay panahon na ngayon upang kumilos papunta sa bagong dimensiyon ng mistikal na pananaw at pagkaunawa.

Dahil hindi posible sa akin, na bumaba muli sa katawang pantao upang mangusap sa mundo, at ako ay nasa ibang mga dimensiyon kung saan ako nagpapastol, sinanay ko ang isang sensitibong kaluluwa upang tumanggap at magsulat. Ito ang pinakamalapit na kaya kong gawin upang personal na mangusap sa inyo. Umaasa ako na inyong makuha at matanggap ito.

Anuman ang maykamalian ay pinawi na. Kayo ay makasisiguro rito.

Ang mga kaganapan at mga pagpapagaling na may kinalaman sa mga sumusunod na pahina ay hindi mahalaga. Ang mga ito ay nangyari ngunit ibinibigay lamang upang maunawaan ninyo ang kanilang tunay na kahalagahang ispiritwal.

Nais ko, na habang binabasa ninyo ay pakitingnan ang kalagayan noong dalawang libong taon na ang nakaraan at ang inyong pangkasalukuyang pamumuhay at mga panahon. Gusto ko na ipalagay ninyo na ang persona ni 'Hesus' bilang isang 'simbolo' ng kung ano ang sa kahulihan ay makakamtan ng bawat tao na handa at nagnanais na maging tagapagtatag na kasapi ng 'kaharian ng kalangitan' sa lupa.

Bagaman at ang mga tao sa inyong pangkasalukuyang mundo ay ang tinatawag ninyong makabago, malaking-ulo sa kanilang modernong 'karunungan at pag-aaral,' bihasa sa pangkasalukuyang pag-uugali, at sa bagong mga pamamaraan sa pakikisalamuha sa iba, sa pangkaraniwan, ang mga tao noong mga panahong nakaraan ay katulad ng inyong mga sarili.

Sila ay kontrolado at sa pangkalahatan ay buyo ng kanilang KAMBAL NA PINTIG.

Pagkakabuklod-Paghihiwalay

Mga Pagnanais-Mga Pag-ayaw

na kagaya ninyo rin.

Sila ay nagmahal, nagalit, naging kritiko, nagkondena, nagmura at nagtsismis, napuno ng ambisyon upang maangat tungo sa tuktok ng lipunan, inalispusta ang mga bigo sa buhay, pakubling 'nakitulog sa paligid' gaya ng tawag ninyo, at humusga sa mga kakaiba sa anumang paraan kaysa kanilang mga sarili.

Upang tulungan kayo na lubusang maunawaan at upang makapasok kayo sa panahon ko sa lupa, ang aking 'kamalayan ay bumaba dito sa inyong antas ng panglupang pagiging naririto upang maranasang muli ang 'persona' ni 'Hesus' at ang mga emosyon at mga kaganapan na ako ay may kinalaman.

****

Noong lisanin ko ang disyerto at tahakin ko ang daan patungo sa aking nayon ng Nasaret, ako ay puno ng ligaya, sobrang napakasaya sa karununган na may kabanalang nahayag sa akin sa disyerto. Ipinokus ko nang lubusan ang aking mga iniisip sa lahat ng **aking natutunan** at kapag ang aking mga iniisip ay sumisinsay sa aking mga dating negatibong anyo ng pag-iisip, kaagad akong dumudulog sa **'Ama'** para sa inspirasyon at determinasyon upang mapagtagumpayan ang mga iyon. Sa paraang ito, bumalik ako palagian, sa **Liwanag ng pagkakaalam at pagkakaunawa.**

May mga tao na nakatingin sa akin na may pagtatanong, nakikita ang aking ligaya at pati na ang aking madumi at hindi maayos na hitsura. Kung ako ay masaya dahil sa nakainom, sila ay nagtatanong? Ang iba ay nakatingin sa akin na may pagkagalit. Sa halip na magalit ako tulad noong mga nakaraan, naalala ko na ako ay pinagpala ng mga pangitain at karununган na di nila masimulan na mapag-isipan. Pinagpala ko sila at ipinanalangin na ang kanilang pangloob na paningin ay kagaya ring mabuksan at ipinagpatuloy kong tahakin ang landas nang may kapayapaan patungo sa aking tahanan.

May mga taga nayon naman na nakita na may pagmamalasakit ang aking kaawa awang kalagayan kaya nagmamadaling pumunta sa kanilang mga bahay upang kumuha ng tinapay at kahit alak upang makatulong sa akin sa aking paglalakbay. Mayroon laging nag-alok ng silungan sa gabi. Ang '**Amang Buhay'** ay totoong nagkaloob sa akin ng aking mga pangangailangan at nagbigay sa akin ng proteksiyon kung kinakailangan.

Sa lahat ng mga oras na ito, wala akong sinabi kahit na isang salita tungkol sa mga linggo ko sa disyerto. Naramdaman ko na ang panahon ay hindi pa hinog.

Sa kalaunan, narating ko ang aking tahanang bayang, Nasaret at ang mga tao ay tahasang nangutya habang tinuturo ang aking maruming katawan at malabasahang kasuotan.

'Marumi tamad walang hanapbuhay' ang mga uri ng salita na pinukol sa akin.

Ako ay pumunta sa pintuan ng aking ina na may pakiramdam ng pagkatakot, dahil alam ko na siya ay mas mabibigla kaysa sa kaniyang mga kapitbahay kapag nakita niya ako na nakatayo sa harapan niya: payat, ang mga buto ay nakikitang nakauslit sa balat, lubog ang mga mata at ang mga pisngi ay kupis, ang mukha ay sunog na maitim, at ang mga labi ay may lintog dahil sa araw, at ang balbas ay lumago ng mahaba at nakakalat na walang kaayusan. Ang aking mga kasuotan! Siya ay magagalit kapag nakita niya ang aking mga damit - ang mga orihinal na kulay nito ay lubusang pinaitim ng alikabok sa disyerto at ang damit ay punit at nanlilimahid.

Umakyat ako sa hagdanan at inihanda ang aking sarili upang batahin ang galit ng aking ina. Noong kumatok ako, ang aking kapatid na babae ang tumungo sa pintuan. Tiningnan niya ako, bukas ang bibig, nanlalaki ang mga mata at natakot, pagkatapos ay pinagbagsakan ako ng pinto sa aking mukha. Narinig ko ang kaniyang pagtakbo papunta sa likod ng bahay, sumisigaw:

'Inay, parito dalian ninyo, mayroong matandang lalaking marumi sa may pintuan.'

Naririnig ko na ang aking ina ay bumubulong bulong sa kaniyang sarili na may pagkayamot, nagmamadali papunta sa pintuan. Binuksan niya ito nang bigla, tumayo siya, napatigil sa pagkabigla. Ngumiti ako ngunit sa isang sandali, tiningnan niya ako pataas at pababa na may sumisidhing takot dahil kaniyang natanto na ang nakapangingilabot na nilalang na ito ay totoong ang kaniyang mahirap disiplinahing anak na lalaki, na si Hesus.

Iniabot ko ang aking kamay sa kaniya, habang sinasabi:

'Alam kong labis ang idinulot ko sa inyong sakit ngunit maaari bagang tulungan ninyo ako?'

Kaagad, ang kaniyang pahiwatig ay nagbago at pinapasok ako, isinarado niya ang pinto.

'Dalian mo' sabi niya sa aking takot na kapatid na babae. 'Itigil mo ang ingay na iyan at magpakulo ka ng tubig. Ang iyong kapatid ay mamamatay na sa gutom. Wala ng halaga kung ano man ang gulo na kinasadlakan niya, siya ay pag-aari natin. Kailangan na siya ay kalingain.

Marahan, ay tinulungan niya ako na maghubad ng aking mga damit at iniyuko niya ako sa isang malaking sisidlan ng tubig at pinunasan niya para maging malinis. Hinugasan niya at pinutulan ang aking buhok at balbas, at banayad na tinakpan ng panggamot na salbe ang mga sugat sa aking katawan at mga labi. Wala ni isa sa amin ang bumasag ng katahimikan.

Ninamnam ko ang pagmamahal na ipinamalas niya sa akin at sinubukan na ipakita sa kaniya ang aking pasasalamat sa pamamagitan ng mas banayad at maselan na pakikitungo.

Pagkatapos na tulungan niya ako na magsuot ng malinis na damit, iniupo niya ako sa matipid na pagkain ng tinapay, gatas at pulot.

May pag-aatubili, binigyan niya ako ng alak, upang makapagpalakas sa akin, ngunit ito ay halata na inisip niya na alak ang dahilan ng aking nakabibiglang kalagayan.

Pagkatapos inihatid niya ako sa tulugan at nilagyan ng kumot. Natulog ako ng maraming oras at gumising na sariwa sa isang umaga, maningning na sikat ng araw ang nakikita sa bintana.

Ako ngayon ay nag-aasam na makipag-usap sa aking ina, upang sabihin sa kaniya na ako ay talagang Tagapagligtas ngunit hindi ang uri na inisip ng mga Hudyo. Aking maililigtas ang mga tao mula sa mga masasamang bunga ng kanilang 'mga kasalanan.' Akin silang matutulungan na makasumpong ng kalusugan, kasaganahan, katuparan ng kanilang mga pangangailangan, dahil ako ngayon ay makapagtuturo sa kanila nang eksakto kung paano ang mundo ay ginawa.

Habang sinubukan kong sabihin sa kaniya, nagsimula siya sa pamamagitan ng pagiging lubhang galak at may kaluguran. Siya ay lumundag at ginustong magmadali papalabas upang sabihin sa mga kapit bahay na ang kaniyang anak na lalaki ay totoong ang Mesiyas- maririnig nila ngayon kung gaano kabuti siya ngayon nagsalita - at siya ay nag-ayuno sa disyerto!

Ngunit pinigil ko siya sa paggawa nito. Sinabi ko na hindi ko pa nasasabi sa kaniya kung ano ang nahayag sa akin. Ang isa sa pinakamahalagang bagay na nalaman ko ay ang ortodoks na mga Hudyo ay lubusang mali sa kanilang paniniwala sa mapaghiganteng 'diyos.' Walang bagay na gayon.

Ito ay tumakot at nakasakit sa kaniya at malakas siyang nagwika "Paano pamamahalaan ng Yehobah ang mundo upang gawin tayong mabubuti at makinig sa kaniyang mga propeta, kung hindi Niya tayo pinarurusahan? Ikaw baga ngayon ay malaki na na magsasabi sa mga Matataas na Pari ng kanilang sariling gawain na ibinigay sa kanila mula pa noong panahon ni Moyses? Magdadala ka pa baga ng higit na kahihiyan sa bahay na ito?'

Siya ay nagsimulang umiyak, nagsasabi nang may galit: 'Hindi ka pa rin nagbago. Nagbago ka lamang ng iyong sinasabi. Wala kang dinala sa akin kundi pighati. Paano ko mapaniniwalaan na ikaw ay magiging Mesiyas? Magpapasimuno ka lamang sa mga tao tungo sa mas malaking pasakit kaysa noong una, sa iyong kakaibang mga ideya.'

Narinig ng mga kapatid kong lalaki na siya ay tumataghoy at dumating silang tumatakbo, nagnanais na ilabas ako sa bahay. Dahil hindi ko gusto ng gulo, nag-alok ako na umalis nang may kapayapaan.

Kung ganito ang aking ina ay tumugon, ako ay nakasisiguro na ang bawat isa pa ay tutugon din sa kagayang paraan sa kung ano ang gusto kong sabihin sa kanila. Natanto ko na kailangan ko ng tahimik na oras ng lubusang pahinga at katahimikan upang kolektahin ang lahat ng aking mga iniisip at mga karanasan na sama sama. Kailangan ko na manalangin para sa inspiradong gabay kung paano pinakamabuti na makikitungo sa mga Hudyo kasama ng aking mensahe ng 'mabuting balita.' Ako ay tiyak na ang **'Amang Buhay' ay kakatagpo sa aking pangangailangan**, at makasusumpong ako ng tamang matutuluyan kahit saan. Ang aking ina, kahit galit sa aking tila 'may katigasan ng ulong pag-uugali,' ay, bagaman, nababahala sa kaniyang nararamdamang pagmamahal at pagkaawa sa aking payat na kalagayan. Hindi niya tinanggap ang lahat ng aking ipinakita na tumindig para sa - pagiging rebelde, pag-insulto sa relihiyong Hudyo, dominanteng pag-uugali tungo sa mga may kapangyarihan, ang aking sariling kagustuhan at pagkaarogante, ngunit mahal pa rin niya ako at may malalim na pagkatakot na ako sa katapusan ay hahantong sa mas malaking gulo na higit pa sa aking napag-isipan na maaari.

Pinagsabihan niya ang aking mga kapatid na lalaki, sinabi sa kanila na itigil na ang kanilang mga maiingay na pagtatalo at tumungo sa akin. 'Maaari kang manatili rito hanggang ikaw ay mas mabuti na.' Sinabi niya. 'Maaari na habang naririto ka, ay makapagsasabi ako ng mga may kabuluhan sa iyo. Masasabi ko sa iyo ngayon, kapag lumabas ka sa mga lansangan at magsimulang mangusap katulad ng ginawa mo sa akin - magtatapos ka sa mas masamang kalagayan higit pa man. Ang mababuting tao ay dudura at magtatapon ng kanilang mga nabubulok na basura sa iyo. Ikaw ay kahihiyan sa iyong pamilya.'

Kaya, sa kabila ng kaniyang galit, tumawa ako at nagpasalamat at hinalikan ko siya nang may kainitan. Nagagalak, nanatili ako sa kaniya, alam na may kaliwanagan na sa ilalim ng kaniyang galit, siya pa rin ay may kalalimang nag-aalala para sa akin. Pinakain niya ako nang maayos at ipinaggawa ng mga bagong damit. Pinahalagahan ko lahat ng ginawa niya tungo sa ikabubuti ng aking hitsura, dahil alam ko na upang malayang makakilos sa pagitan ng mayaman at mahirap, ako ay dapat katanggap tanggap na nadadamitan ng mga disenteng kasuotan.

May mga panahon, mayroong mga pagkukulang sa pagkain sa aming tahanan. Kumukuha ako ng kapangyarihan ng aking **'Ama,'** aking pinunan sila na walang anumang sinasabi. Ni hindi maging siya. Alam ko na malungkot siyang nagtaka kung, sa lahat ng aking mga masasamang kinagawian, ay akin ngayong idinagdag ang pagnanakaw.

Pagkatapos nahuli niya ako sa aking bagong lutong tinapay sa aking mga kamay at alam niya na hindi ako lumabas ng bahay upang bumili nito at ni hindi ang lutuan ay ginamit ng araw na iyon.

Wala siyang sinabi ngunit nagbigay siya sa akin ng matagal na nag-iisip na pagtitig. Nakita ko na ang kaniyang pag-uugali ay nagbago noong oras na iyon. Hindi na siya sigurado sa kaniyang pundasyon. Nagsimula na rin niyang tanungin ang kaniyang sariling mga pag-uugali tungo sa akin at pati na ang katotohanan ng aking mga pangungusap:

'Ano kaya ang talagang nangyari sa kaniya sa disyerto? Paano siya nakagawa ng tinapay na walang apoy, harina at pampaalsa? Anong ibig sabihin nito? *Siya* nga baga ang Mesiyas?'

Pagkatapos nahiwa ng aking kapatid na lalaki ang kaniyang kamay. Siya ay nasa matinding sakit kung magkanana. Hinayaan niya na ilagay ko ang aking mga kamay sa kaniyang sugat at tahimik na nanalangin. Nakita ko na naramdaman niya ang **'Kapangyarihan'** ay dumaloy sa kaniyang kamay dahil tumingin siya sa akin nang kakaiba.

'Ang sakit ay nawala na' maikling sambit niya. Siya ay may pagkairita habang naglalakad na papalayo, at alam ko na habang siyang ay nasalo upang maging ligtas sa sakit, hindi niya ako nagustuhan na natulungan ko siya. Naramdaman ko ang kaniyang pagseselos.

Napaso ang kamay ng aking kapatid na babae at isa pang kapatid na lalaki ay malimit na dumaing ng masamang mga sakit ng ulo. Napagaling ko silang pareho.

Ang mga kapatid kong lalaki at babae ay nagsimulang magbiro tungkol sa aking ' salamangkang mga kapangyarihan.' Itinanong nila kung anong 'demonyo' ang maaari kong gawin sa kanila kapag pinagalit nila ako. Ang tensiyon sa loob ng tahanan ay lumalim at naramdaman ko ang kalungkutan para sa aking ina na naghangad para sa kapayapaan sa loob ng bahay.

Ngunit nakita niya ang mga pagbabago sa aking asal at gumaan ang pagkalungkot. Ako ay mas naging matahimik, hayagang napigilan ang tila mga pagsabog, nagrenda sa aking lakas, nakasupil sa kawalan ng pasensiya, hindi na nakikipagtalo. Ako ay naging mas mapangalaga, nakinig sa kaniyang may pagkababaeng pagmamaktol, tinulungan siya sa bahay sa pamamagitan ng pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan at naglakad sa mga burol sa malalayong sakahan upang maghanap ng mga prutas at gulay na kailangan niya.

Minahal ko siya nang may paggiliw at may pagkaawa na ang isang ina ay dapat mahalin.

Isang araw, nagkaroon siya ng lakas ng loob na tanungin ako: 'Sinasabi mo pa rin baga na ang Yehobah ay isang mito?'

"Sinabi ni Hob na kapag inalis ng Yehobah ang kaniyang hininga, lahat ng laman ay guguhong sama sama. Iyan ang 'Yehobah' na **aking pinaniniwalaan at nakita."**

'Walang isa na nakakita sa Yehobah!' Sinabi niya nang may katatagan.

'Nakita ko **IYON Alin ang nagdala ng lahat ng bagay sa pagiging.'** Matahimik akong tumugon. 'Tinatawag ko **ITONG** ang **'Ama'** dahil **ITO** ay **PERPEKTONG PAG-IBIG; PAG-IBIG** na mas perpekto pa kaysa sa pag-ibig ng ina,' dagdag ko at ngumiti sa kaniya. **ITO** ay gumagawa sa loob, sa pamamagitan at para sa lahat ng nilikha **NITO**. Ito ay ang **'Ama'** sa akin na nagdala sa inyo ng mga bagay na kailangan ninyo sa loob ng bahay at nagpagaling sa aking mga kapatid na lalaki at babae nang mabilis.'

Nakita ko na nagsimula siyang makaunawa ng kaunti sa aking sinabi.

"Ano ang sa 'kasalanan'?" tanong niya.

'Walang kasalanan gaya ng ating pagkakaunawa dito. Tayo ay isinilang upang umasal gaya ng ginagawa natin. Kailangan natin na humanap ng paraan upang mapagtagumpayan ang ating mga pantaong mga iniisip at mga pakiramdam dahil ang mga ito ang naghihiwalay sa atin mula sa proteksiyon ng 'Ama' at nagdadala sa atin ng ating mga sakit at dalamhati. Kapag natutunan na natin kung paano mapagtagumpayan ang 'sarili' tayo ay papasok sa Kaharian ng Kalangitan.'

Ang aking ina ay matahimik na umalis papalayo, halatang pinagbubulayan ang aking sinabi sa kaniya ngunit hindi na siya galit. Alam ko na pinag-iisipan niya ang tungkol sa aking mga pangungusap at napagtanto na ang mga ito ang magdadala tungo sa kaniyang kaligtasan at pagiging bantog sa mundo pataas baba. Kung wala ang kaniyang paniniwala sa Yehobah na nananakot ng paghihiganti kung ang tao ay walang disiplina, mararamdaman niya ang pagkaligaw at kawalan ng katiyakan. Siya ay magtataka paano ang mundo ay mapamamahalaan kung ito ay lubusang iiwanan sa mga tao upang pigilan ang mga masasamang ginagawa ng kanilang mga sarili at mga iba pa. Kahit mga hari at mga gobernador ay hindi matuwid sa kanilang mga ginagawa. Kung wala ang Yehobah para pamunuan at parusahan ang mga makakasalanan saan ito magwawakas?

Habang muling nagbabalik ang aking lakas, pinag-aralan ko nang masigasig ang mga Kasulatan upang maharap ko ang mga Pariseyo at Eskriba nang may kompiyansa. Ito ay kailangan din na malaman ko kung ano ang nasulat tungkol sa Mesiyas dahil kombinsido ako na ako ay 'siya' na siyang sinabi ng mga propeta.

Ako ay talagang makasasagip- magliligtas-sa mga tao mula sa mga dalamhati, karamdaman at karalitaan, maging upang ibalik sa kanila ang kalusugan at kasaganaan sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila ng katotohanan tungkol sa Kaharian ng Kalangitan at ang **Katunayan** ng **'Ama.'**

Noong naramdaman ko na ako ay may kasapatan sa pagiging handa upang lumabas at magturo at manggamot, upang suyuin ang aking ina, ako ay sumang-ayon na pumunta, isang Sabbat, sa sinagoga sa Nasaret at magsalita sa konggregasyon.

Bilang kinagawian, tumayo ako, at iniabot sa akin ang Isayas upang basahin. Pinili ko ang talata na nagpupropesiya na ang Mesiyas ay darating upang palayain ang mga Hudyo sa lahat ng uri ng pagkagapos.

"Ang Ispirito ng Panginoon ay nasa akin, dahil ako ay pinili niya upang mangaral
ng mabuting balita sa mga dukha,
Ipinadala niya ako upang ihayag ang kalayaan sa mga bilanggo
at pagbabalik ng paningin sa bulag.
Upang ilagay sa kalayaan, silang mga inapi,
upang ihayag ang katanggap tanggap na taon ng Panginoon."

Pagkatapos ako ay umupo na nagsasabing: 'Ngayon, nakita ninyo ang propesiya na ito ay natupad sa akin.' Mayroong pagkabigla at paghanga sa mga mukha ng mga tao ngunit nagpatuloy ako sa pagsasalita, dahil alam ko na ang **'Ama'** ay magsasabi sa akin ng kung ano ang dapat kong sabihin. Ang mga salita ay namutawi na walang pagpipigil.

Nangusap ako tungkol sa aking karanasan sa disyerto at iniugnay ang aking pangitain tungkol sa sanggol na lumalaki tungo sa pagiging lalaki, lahat habang, lahat ay walang kamuwang muwang, na nagbabalot sa palibot ng kaniyang sarili ng mga lubid at mga kadena, kaya nabubulag at nagkukulong sa kaniyang sarili sa panloob na kadiliman **at nagsasara sa kaniyang sarili mula sa Diyos.**

Ipinaliwanag ko na sa paggawa nito, iniladlad nila ang kanilang mga sarili sa kalupitan mula sa mga mananakop, pang-aalipin, karalitaan at karamdaman.

'Dahil ang Diyos ay LIWANAG' sabi ko. 'At ang LIWANAG, ay substansya ng lahat ng mga nakikitang mga bagay. **At ang LIWANAG ay PAG-IBIG na gumagawa sa lahat ng mga bagay para sa tao upang maging maligaya.'**

'Lahat ng mga pagpapala ng kasaganaan at kalusugan ay malayang ibinigay sa kaniya, siyang nagmahal sa Diyos sa isipan, puso at kaluluwa at namuhay nang ganap na naaayon sa mga Batas ng Diyos.'

Noong matapos ako, mayroong kumpletung katahimikan sa loob ng sinagoga. Naramdaman ko na ang konggregasyon ay nakaranas ng isang bagay na kakaiba at makapangyarihan at naangat sa mas mataas na antas ng pag-iisip at gustong walang gumambala sa lumalagpas na kakalmahan ng sandaling iyon.

Pagkatapos ay ang mga bulung bulungan ay nagsimula sa kanilang mga sarili. Sila ay nagtanong kung sino ako! Ang iba ay sumang-ayon na ako ay ang katauhan ni Hesus, na ang pamilya ay kilala sa nayon, ngunit ang iba ay di matanggap ito, dahil nagsalita ako bilang isang may awtoridad.

Sa hindi inaasahang pangyayari, naramdaman ko na ang aking lumang mga reaksiyon sa mga relihiyosong mga tao ay bumabalik. Alam ko na ako ay minaliit nila noon at kaya inasahan ko ang pagtanggi nila. Lumihis ako pabalik sa aking matandang mapaghamong mga gawi at lubusang nagpagalit sa kanila. Dahil sa aking sariling pantaong mga reaksiyon, nag-imbita ako ng unos. At unos ang muntik ko ng nakuha.

Ang mga mas batang lalaki, na hinimok ng mga matatanda, ay nagmamadaling nagtungo sa akin at hinila ako tungo sa pinakamataas na matarik na tuktok upang ihagis ako papunta sa aking kamatayan ngunit nanalangin ako sa **'Ama'** para sa kaligtasan. Bigla, ito ay tila nabulabog sila na may kahirapan sa pagkaalam

ng kanilang ginagawa, at tinungo ang bawat isa, ako ay nakapuslit mula sa kanilang kalagitnaan at tumakas. Ito ay hindi pangkaraniwan. Tila hindi nila napansin ang aking pag-alis.
May kasamaang naalog ng aking karanasan, nagawa kong magpadala ng mensahe sa aking ina, nagsasabi na ako ay aalis sa Nasaret sa lalong madaling panahon at magtutungo sa Kapernum, isang magiliw na bayan malapit sa dagat ng Galileya.
Noong una, inisip ko na sumama sa mga matatandang kakilala ngunit aking naramdaman, sa paraang intwitibo, ito ay hindi ang tamang bagay upang gawin. Kaya, sa lahat ng daan pababa at sa pagpasok sa bayan, ako ay nanalangin para sa gabay ng **'Ama'** at tulungan ako na makatagpo ng matutuluyan. Wala akong pera at hindi ako mamamalimos.
Habang naglalakad ako sa lansangan, isang babae na nasa kalagitnaan ng edad ay dumating tungo sa akin, may mabigat na dalang mga basket na nasa kaniyang mga braso. Ang kaniyang hitsura ay malumbay. Tila ba siya ay umiyak. Sa isang pintig, pinatigil ko siya at nagtanong kung saan ako makatatagpo ng matutuluyan. Sumagot siya nang maikli, na sa pangkaraniwan ay mag-aalok siya sa akin ng tulugan ngunit mayroon siyang anak na lalaking may malubhang sakit sa kanilang tahanan. Idinagdag pa niya na siya ay bumili ng mga panlaang pagkain upang ipakain sa mga 'mang-aaliw' na nagtipon na upang magluksa kapag namatay ang kaniyang anak na lalaki.
Nahapis ang puso ko para sa kaniya ngunit nagalak din. Tuwiran, inihatid ako sa isang tao na makatutulong sa akin.
Inihayag ko ang aking simpatiya at nag-alok upang magdala ng kaniyang mga basket tungo sa kaniyang bahay.
Pinagmasdan niya ako sa isang sandali, nagtatanong kung sino ako, ngunit mukhang kontento sa aking hitsura at asal. Sa daan, sinabi ko na siguro ay matutulungan ko ang kaniyang anak na lalaki.
'Ikaw baga ay manggagamot?' tanong niya.
Sumagot ako na wala akong nakamit na pagsasanay pangmedikal ngunit matutulungan ko siya.
Sa pagdatal sa kaniyang bahay, malaki, at maayos na gawa sa bato, nagpapahiwatig ng katatayuan sa lipunan at kasaganaan, sinamahan niya ako tungo sa kaniyang asawa, umuusal. 'Itong mamang ito ay nagsasabi na matutulungan niya ang ating anak na lalaki.'
Tumango siyang mapanglaw ngunit walang sinabi. Ang babae, si Miryam, ay pinauna ako na nagsasabing ang asawa niya ay balisa at galit na galit.

'Ang bata ay ang aming nag-iisang anak na lalaki sa gitna ng maraming mga anak na babae at sinisisi niya ang Diyos sa pagbibigay sa bata ng sakit.' Tumangis si Miryam. 'Kung siya ay nagsasalita ng kagaya nito laban sa Diyos, ano pang ibang mga gulo ang idudulot sa amin, aking pagtatanong?'
'Maaliw ka,' sabi ko. 'Saglit, ang iyong anak ay magiging maayos na muli.'
Siya ay mukhang may pag-aalinlangan ngunit inihatid ako sa silid kung saan ang batang lalaki ay nakaratay. Ito ay mainit at nakauupos ng hininga, at puno ng mga mapapanglaw, maiingay na mga 'nakikiramay.' Tinanong ko ang ina upang bakantihin ang silid ngunit ang mga bisita ay umayaw. Gusto nilang makita kung ano ang gagawin at umalis lamang nang may pag-aatubili noong tawagin ni Miryam ang kaniyang asawa upang mangusap sa kanila. Narinig ko sila na nakikipagtalo sa ama sa sunod na kuwarto.
Ano ang naisip niya na magagawa ng lalaking ito, kung ang mga doktor nga ay hindi nakatulong sa bata? Ang ama ay pumasok sa silid upang siya mismo ang makakita.
Ang kaniyang anak na lalaki ay may kaputlaang ikasasawi at may mataas na lagnat. Ang ina ay

nagpaliwanag na hindi niya malulon pababa ang kaniyang pagkain at nagkaroon ng pagtatae. Siya ay ganyan sa maraming araw at nawalan ng maraming timbang, sinabi ng doktor na wala ng magagawa pa sa kaniya. Siya ay malamang na mamamatay.

Ipinatong ko ang aking mga kamay sa ulo ng batang lalaki at nanalangin, **nalalaman at tahimik na nagbibigay ng taos pusong pasasalamat** na ang **'Amang BUHAY'** ay dadaloy pababa sa pamamagitan ng aking mga kamay at papunta sa kaniyang katawan. Kaya ang gawain ng pagpapagaling ay natupad. Naramdaman ko ang sobrang init at ang makapintig baybrasyon sa aking mga kamay, at ang **Kapangyarihan** ay nabuhos tungo sa kaniyang mahinang katawan. Ako ay napuno ng may kagalakang pasasalamat. Gaano kadakila, gaano kahanga hanga ang **'Amang Buhay'** kapag hinayaan upang gawin ang natural na gawain ng pagpapagaling **Nito**!

Ang kaniyang ama at ina, nakatinging nag-aalala, at nagtatanong kung ano ang mangyayari sunod, ay naghawak kamay at masugid na nanood. Habang nakita nila na ang kulay ng kanilang anak na lalaki ay dahan dahang nagbago mula sa puti hanggang sa mas malusog na kinang, sila ay malakas na nagwika na may paghanga at kagalakan. Pagkatapos ng mga ilang sandali, ang batang lalaki ay tumingala sa akin, nagsasabi nang may kaningningan: 'Salamat po. Ako ay maayos na ngayon. Ako ay nagugutom at gusto ng ano mang makakain.'

Ang kaniyang ina ay tumawa nang may kaligayahan at hinawakan siya nang malapitan, ngunit nakatingin pa ring may takot.

'Hindi kita mabibigyan ng pagkain anak. Ang doktor ay magagalit.'

Siya ay binabalaan na gutumin niya sa lahat liban sa tubig. Ngumiti ako at nagwika: 'Magaling na siya. Maaari mo siyang bigyan ng tinapay at alak, at malulunok niya iyon pababa.'

Ang ama, si Sedekya, ay humanga nang may kagalakan at pasasalamat. Pagkatapos na yakapin ang kaniyang pinakamamahal na anak na lalaki, tinungo niya ako at pinisil ang aking mga kamay nang maykainitan. Ipinagpatuloy niya ang pagtapik sa aking balikat ngunit umiiling iling ang kaniyang ulo, hindi makapagsalita dahil sa mga luha na tumutulo pababa sa kaniyang mga pisngi.

Noong muling mas lubos na makapanumbalik ang kaniyang maayos na anyo, pumunta na siya tungo sa sala at nagsabi sa mga tao doon: 'Ang aking anak na lalaki, halos patay na, ay napanumbalik sa kabuuan ng buhay muli!'

Ang kaniyang mga salita ay kinatagpo ng lubhang pagtawag sa pagdiriwang, pagkasaya, hindi mapaniwalaan, pagtatanong, tawanan at mga pagbati. Ang ina ng batang lalaki ay nakatayo doon, ang kaniyang mukha ay napapalamutian ng mga ngiti.

Pagkatapos noon ay wala ng tanong para sa pangangailangan ng matutuluyan. Noong sabihin ni Sedekya sa mga namanghang mga 'mang-aaliw' na ang batang lalaki ay magaling na at ang talbata, sa kaniyang sarili ay lumabas sa pintuan na nakangiti at humingi muli ng pagkain, ang mga 'nakikiramay,' isa at lahat, ay nagtipon sa palibot ko at nag-imbita sa akin tungo sa kanilang mga tahanan. Subalit, mas pinili ko na manatili kasama ng ama ng batang lalaki, na ngayon ay nagsabi na mayroon siyang mga katanungan na gusto niyang itanong sa akin; umasa siya na masasagot ko ang mga iyon.

Pagkatapos na ang pagkain at ang alak ay mailagay na sa mesa at bawat isa ay naimbitahan upang kainin ang kanilang handa, si Sedekya ay umupo at nagpukol ng kaniyang unang tanong.

Sabi niya: 'Nakagawa ka ng bagay na walang pari o manggagamot ang makagagawa. Ang pagpapagaling ay galing lamang sa Diyos.

Kahit ikaw ay estranghero, aking pinapananaw na galing ka mula Sa Diyos.'

'Oo,' sabi ko. At ang mga tao ay nagbulungan, nang may pagtataka.

'Itong sakit na ito na dumapo sa aking anak na lalaki. Ito baga ay parusa sa kung anuman na nagawa kong mali sa nakalipas? At paano ako ay makagagawa ng nakalulungkot na kasalanan na ang Diyos ay magnanais na kuhanin ang kaisa isa kong anak na lalaki mula sa akin?'

Marami ang mga tao na tumango noong marinig nila ang mga salitang ito.

'Nagtanong ka ng katanungan na pinakagusto kong sagutin, Sedekya. Ang Diyos ay nagbibigay sa atin ng **BUHAY at pagiging**. Hindi niya ipupuslit ang mga ito papalayo kagaya ng pagpupuslit ng tao sa mga kayamanan mula sa ibang tao dahil sa siya ay nagalit sa kaniya. Ito ang paraan na inaasal ng tao. Hindi ng Diyos. At ang Diyos ay hindi nakalagay sa trono sa mga bahagi ng himpapawid kagaya ng mga pantaong mga hari na nakaupo sa mga trono at namamahala sa kanilang mga tao. Ito ay pantaong paraan, at pantaong paniniwala, hindi katotohanan. Ang daan ng Diyos ay malayong lagpas pa sa anumang bagay na ang pantaong isipan ay makalilikha o mapananaginipan. Ako ay nag-iisang 'nakakita' **'Iyong nagdala sa atin tungo sa pagiging'** at alam ko na **ITO** ay hindi ang uri ng 'Diyos' na itinuro ng mga Rabbi. Nakita ko na **ITO** ay **'Perpektong Pag-ibig**' at para sa dahilang ito mas gugustuhin ko na magsalita ng ang **'Ama,'** dahil nakita ko na **Ito ay gumagawa** sa loob ng bawat nabubuhay na bagay, nagpapanatili sa kanila sa mabuting estado ng kalusugan kagaya ng pantaong ama ay nagtatrabaho upang panatilihin na ang kaniyang mga anak ay maayos na napapakain, nararamitan at napuprotektahan sa loob ng kanlungan sa isang tahanan. Akin **Itong** 'nakita' sa loob ng bawat bagay sa mundo.

'Paano iyan mangyayari?' tanong na may pagdududa ng isang lalaki.

'Ito ay hindi maaari para sa indibidwal na 'lalang' ng kahit na anong uri upang mapa sa lahat ng dako minsan lamang. Ngunit ang hangin ay nasa lahat ng dako kahit hindi natin nakikita ito. Bagaman, alam natin, at hindi nag-aalinlangan, na ito ay napaka totoo at napaka importante sa ating pagiging naririto. Kung walang hangin at hindi tayo makalanghap nito, tayo ay mamamatay. Ang pagkilos ng hangin, na tinatawag nating ihip ng hangin, hindi natin nakikita ngunit namamasdan sa paghampas sa mga dahon, at nagtataboy ng mga ulap pahalang sa himpapawid, kaya alam natin na ang hangin ay nasa palibot at nasa itaas natin at malakas. At ngayon ay magtatanong ako sa inyo, ano ang pinakatunay at mahalagang bahagi ng tao - ang kaniyang katawan o ang kaniyang isipan?'

Ang ilan ay sumagot na ito ay ang katawan, kung hindi ay wala siyang puwang sa lupa, hindi makapagtatrabaho, hindi rin mamamasdan, hindi rin makikilala. Ang iba naman ay nagsabi na ang minuni nila ito ay ang kaniyang isipan na mas importante kaysa kaniyang katawan.

At ako ay sumagot: 'Ang kaniyang isipan ang pinakamahalaga sa lahat ng parte niya dahil kung walang isipan, hindi niya mapagagana ang kaniyang katawan. Hindi siya kakain, iinom, matutulog, kikilos, magpaplano o mabubuhay. Bagaman, ating hindi nakikita ang isipan. Alam lamang natin na tayo ay mayroong isipan dahil sa mga pag-iisip na nalilikha at dahil ang mga pag-iisip ang humuhugis sa mga uri ng pagkilos sa ating mga buhay. Naniniwala tayo na ang isipan ay nagtatrabaho sa pamamagitan ng utak. Oo, ito nga ang gumagawa. Paano ang utak, isinilang ng laman, ay nakalilikha ng mga pag-iisip, mga damdamin, mga ideya, mga plano? At ngayon ito ay dapat maliwanag na sa inyo na ito ay kung paano ang **'Ama'** ay nasa loob ng lahat ng mga bagay; **Ito** ay ang naggigiyang **'isipan'** sa likod ng pantaong isipan, na gumagawa ng **Kaniyang** dakilang mga gawain sa loob ng bawat bagay. Alam natin na ito ay gayon, dahil nakikita natin ang mga hiwaga na dinadala nitong patungkol. Ating nakikita ang paglaki ng mga bata, ating nakikita ang mga pagkain na kanilang kinakain ay may kahiwagaan na nabago tungo sa ibang substansya na

nagpapalusog at gumagawa upang sila ay lumaki. Paano ito nangyayari, tayo ay hindi makapagsimula upang malaman o kahit na isipin. Kahit na alam natin, hindi pa rin natin malalaman kung ano ang naglagay ng kagayang mahalagang proseso ng buhay upang gumawa sa mga nabubuhay na mga katawan ng lahat ng mga uri. Tingnan kung gaano kahanga hanga, ang mga katawan ng bawat mga uri ay hinugis at nilikha nang may paglalayon, may paghahayag upang mapagpanibagong anyo ang uri ng pagkain na kanilang kinakain, tungo sa sustansya upang bumuhay ng buto, dugo at laman.

'Ngayon pinakita mo sa amin ang mga bagay na ito, nakikita namin na ang mga ito ay tunay na kahanga hanga.' Ang isang batang lalaki ay bumulalas. 'Sila nga! Sila nga! Ating nakikita ang murang mga katawan na dumadaan sa kanilang maraming mga baitang ng pag-unlad, at nakikita natin ang kanilang mga isipan na umaagapay sa kanilang pisikal na pagkalinang hanggang ang mga binata at mga dalaga ay magsimulang humanap ng kanilang esposo at maging magulang din sila. Pagkatapos ang dakilang gawain ng pagbuo ay naisakatuparan at ang paglago ng binhi sa loob ng sinapupunan ay magpatuloy, hanggang ito ay dumating bilang isang ganap na sanggol. Isipin! Sino ang nagtatakda ng lahat ng ito na matatag, maayos na paglaki sa mga babae, saan galing ang mga plano na namamahala sa tamang paglaki ng ulo, katawan, at mga kasu-kasuan at ay hindi nagbabago mula sa isang babae hanggang sa isa pa, at mula sa isang uri tungo sa isa pa? Sino ang nagdedesisyon ng eksaktong sandali kung kailan magsisimula ang pagsisilang- ang pisikal na paraan kung alin ang sanggol ay mailalabas mula sa sinapupunan, ang pagkakahanda ng gatas para sa bata? Isipin - ito baga ay ang ina? Hindi, ito ay hindi ang ina, siya lamang ay saksi sa lahat ng mga nagaganap sa kaniya mula sa sandali na ang kaniyang asawa ay nasa kaniya at nagtanim ng kaniyang punla upang makibuklod sa nasa kaniya. Ginagawa baga ng Diyos ang mga bagay na ito mula sa malayo? Ang kaniya bagang mga pag-iisip ay umaabot sa bawat lalaki o babae at nagpapasya kung kailan ang mga bagay na ito ay mangyayari?

Hindi, lahat ng gawain ay natupad dahil sa **'Mapanlikhang Kapangyarihan ng Isipan,'** ang **'May pagkamatalinong Mapagmahal na Buhay'** na nasa loob ng bawat mga nabubuhay na bagay. Nakikita natin ang pagmamahal ng mga magulang sa kanilang mga musmos, kahit sila ay ibon, hayop at tao. Saan nanggagaling ang pag-ibig na ito? Ito ay iginuhit mula sa **'Mapanlikhang Kapangyarihan ng Isipan' - Perpektong Pag-ibig -** ng **'Ama'** na nasa atin. Ito ay dahil ang **'Ama'** ang gumagawa sa loob ng mga halaman, mga puno, mga ibon, mga hayop at tao sa kaniyang sarili, kaya tayo ay narito ngayon, nabubuhay, humihinga, kumakain, natutulog, mayroong mga anak, tumatanda at pagkatapos ay namamatay upang pumunta sa mga mas masayang lugar. Lahat ng mga ito ay Gawain ng **'Ama'** na aktibo sa atin. Paano ninyo posibleng itatwa ang katotohanan ng lahat ng aking sinabi ngayong gabi? Ngayon, nakita ninyo ang isang papatay nang kabataan na pinapanag-uli sa kaganapan ng buhay muli sa loob lamang ng maigsing panahon- ito baga ay ako na nakapagpagaling sa kaniya? Hindi kailan man. Sa aking ganang sarili wala akong magagawa. Ito ay ang **BUHAY** na ang **'Ama'** na aktibo sa loob ng mga bagay, na dumating nang may buong pwersa upang kumpunihin ang maysakit na katawan at papanag-uliin sa kaganapan ng kalusugan muli dahil pinaniwalaan ko na **Ito** ay mangyayari at hindi nag-alinlangan.'

Mayroong mga buntong hininga ng pagkakontento sa loob ng kwarto. Bagong liwanag, bagong hangarin, kahit bagong kabanayadan ay napinta sa kanilang mga mukha.

'Bakit nga, ang tao ay nagdaranas ng may kapighatian?' tanong ni Miryam.

Dahil kapag ang tao ay isinilang, kapag ang **BUHAY** ay kumuha ng anyo sa loob ng punla, **ITO** ay kumukuha ng pagkatao na naghihiwalay **DITO** mula sa bawat indibidwal sa mundo. Para gawin **Itong** nag-iisa, isang nag-iisang anyo, hindi nakabuklod sa iba, solo, pribado, ang pansariling persona **NITO, ITO ay nagiging**

simuno sa - ay nakukontrol ng dalawang may pagkadakilang malakas na mga pintig sa kaniyang panlupang likas, upang magpanatili sa mga bagay na lubhang ninanais niya at upang huwag tanggapin at itulak papalayo ang lahat na ayaw niya. Itong dalawang pinaka basikong mga pintig sa tao ang nagiging basehan ng bawat isang bagay na ginagawa niya sa buong buhay niya, at ang may pangkalahatang kagagawan sa gulo na dinadala ng tao sa kaniyang sarili. Kahit ang **'Ama' ay aktibo sa loob ng tao, ITO** ay walang *pagiging tao* sa loob **Nito.**

Samakatwid, ang 'Ama' ay walang hinahawakan, walang itinatatwa, walang kinukondena, at hindi kahit na nakakikita ng 'maling ginagawa.' Lahat ng ginagawa ng tao na tinatawag ng tao na'kasalanan' ay dito lamang sa mundong ito at pinaparusahan lamang sa loob ng mundong ito-dahil ito ay Batas ng Panlupang Pagiging naririto, katulad ng alam ninyo, na kung ano ang itinanim ninyo ay siya ninyo ring aanihin bilang kagayang ani. Dahil siya ay gumuguhit ng BUHAY at ISIPAN mula sa 'Ama,' ang tao sa kaniyang sarili ay mapanlikha sa pag-iisip, mga salita at mga gawa. Anuman ang kaniyang iniisip, sinasalita, ginagawa, at pinaniniwalaan, ay magbabalik sa kaniya sa kagayang anyo, mga ilang oras pagkatapos. Walang parusang galing sa 'Ama' - anuman ang mga pasakit na dumating sa mga tao ay kanilang sariling kagagawan sa pangkalahatan.'

Ang mga tao ay nagbulungan na ito ay bagong katuruan lahat sama sama, at bagaman ito ay nakagawa ng mas malaking saysay kaysa sa kung ano ang itinuro sa kanila noon.

Maraming mga tinig ang nag-udyok sa akin na magsabi pa ako ng marami.

"Sinasabi ko sa inyo, sa akin ay nakita ninyo ang BUHAY ay aktibo bilang pagpapagaling; sundan ninyo ako at maririnig ninyo ang DAAN na dapat ninyong lakaran upang makatagpo ng kaligayahan; sa aking mga salita ay matatagpuan ninyo ang KATOTOHANAN ng Pagiging naririto na hindi pa naipahahayag ng kahit na sinong tao.

Ito ay sinabi na ang Mesiyas ay magsasalita ng mga sekreto na natatago mula sa simula ng paglalang. Sinasabi ko sa inyo nang may katunayan, ang mga sekretong ito ay maririnig ninyo mula sa akin. Kung makikinig kayo nang maingat at maintindihan ninyo ang kahulugan, at isagawa ang kanilang katotohanan, at manatili sa kanilang mga batas, kayo ay gagawing bago at papasok kayo sa Kaharian ng Kalangitan."

Pagkatapos kong magsalita, ang mga tao ay tahimik sumandali at pagkatapos ay mayroong pag-asam ng masiglang pag-uusap ngunit tumayo si Sedekya at nagwika na oras na para sa sambahayan na magpahinga. Ang kaniyang anak na lalaki ay kailangang matulog at ang kaniyang asawa at mga anak na babae rin, ay pagod pagkatapos ng kanilang pagtangis.

Ito ay inayos na, na sa kinabukasan, ako ay bababa sa pantalan at ang mga may sakit na mga tao ay dadalhin sa akin. Kaya, ako ay nakapaglunsad ng aking misyon at lahat ng bagay ay mabilis na naisaayos para sa akin sa pinaka posibleng paraan. Tila baga kung hindi ako nakapagpagaling, ay walang paghahangad at walang pagtanggap sa lahat ng sasabihin ko sa kanila. Ang pagpapagaling ay nagpakita ng katotohanan ng kung ano ang gusto kong ituro at ang aking mga aral ay magpapaliwanag ng mga dahilan kung bakit ako ay nakapagdala sa kanila ng pagpapagaling mula sa **'Ama.'**

Noong nagising ako kinabukasan, naramdaman ko nang may kagalakan ang pagiging buhay na may mga pag-asam sa mga mahihiwagang bagay na darating.

Pagkatapos kong mag-agahan, ako ay naghanda na kasama ni Sedekya patungo sa pantalan ng bayan, ang aking puso ay kumikislap sa pagmamahal sa bawat isa na aking dinaanan. Maiinit ko silang binati, sinasabi sa kanila na mayroon akong 'mabuting balita' para sa mga gustong makinig nito.

Noong marating ko ang pampang, natagpuan ko ang mga lalaki, mga babae at mga bata na nakaupo sa lupa, na naghihintay sa aking pagdatal. Ang ilan ay nagtaas ng kanilang mga kamay sa akin na may pagsusumamo. Ang mga ito ay mukhang malubha ang sakit, ang ilan ay lumpo, marami ay batbat ng mga sugat.

Ang aking puso ay nasaktan pa rin ng kanilang nakaaawang kalagayan ngunit ngayon ako ay makapagsasaya din dahil batid ko na ito ay hindi **'Kalooban ng Ama'** na sila ay maging tulad nito. Sa kabuuan ay ang kasalungat! Ang **'Ama'** ay sa **Sarili nito** ay lahat pagpapagaling, lahat kalusugan, lahat kaakmaan. Napatunayan ko ito kagabi at sa aking tahanan. Aking itinaas na ako ay magkaroon ng kakayahan na ipakita ang kahanga hangang katotohanan sa mga tao na ngayon ay natitipon sa paligid ko. Isang malungkot matandang mukha ang nakakuha ng aking pansin. Siya ay kulubot at payat at baluktot. Pumunta ako sa kaniya at nakaluhod sa tabi niya, aking ipinatong ang aking mga kamay sa kaniyang ulo at dagling naramdaman ko ang daloy ng **'Kapangyarihan ng Ama'** sa aking mga kamay, kumikilos papunta sa kaniyang ulo hanggang ang kaniyang buong katawan ay nanginig kasama ng **Puwersa ng Buhay** na nagbibigay ng lakas sa kaniyang mga kasu-kasuan.

Ang mga tao, na nanonood nito ay nagulat at humanga kung ano ang gagawin ko sa kaniya, ngunit ang iba ay nagpatahimik sa kanilang mga hindi pagsang-ayon. Dahan dahan, ang kaniyang mga binti ay nagsimulang maunat, humaba, tumuwid; ang kaniyang mukha ay naging buhay nang may kagalakan sa pagpapanumbalik ng lakas. Tinulungan ko siyang tumayo, pagkatapos ay tumindig siyang taas noo sa kaniyang sarili. Siya ay nag-umapaw sa kasiyahan; nagsimula siyang tumangis pagkatapos ay tumawa at sumayaw, tumatawag sa mga tao:'Purihin ang Diyos,' sabi niya, 'Purihin ang Diyos' at ang ibang nakatayo ay sumambit ng koro. Sila ay may kalaliman na napakilos ng kanilang nakita.

Ang bugso ng tao na natutulak papunta sa akin ay marami, si Sedekya ay nagsilbi upang kontrolin sila. Sa maayos na paraan, tinulungan ng iba pang mga masusugid na manonood, ginabayan niya ang mga may sakit papunta sa akin, para matingnan ko sila batay sa kanilang pinakamalalim na pangangailangan.

Sa huli, nakararamdam ng pagod, ang aking tagatanggap ay nag-anyaya sa akin pabalik sa kaniyang bahay upang kumain. Pinauwi niya iyong mga hindi ko nagamot dahil sa kawalan ng oras. Tiniyak niya sa kanila na ako ay magbabalik sa sunod na araw.

Ito ay isang gabi ng pagdiriwang - maraming mga dapat pag-usapan - maraming dapat ipagdiwang- maraming dapat ituro - maraming dapat matutunan - lahat ito ay may katiyakang 'mabuting balita,' ang mga tao ay sumang-ayon. Alam ko na sa nakararami, Ako ay tinanggap na nagsasalita ng tunay kung ano ang 'nakita' ko sa disyerto.

At kaya nagpatuloy ito sa maraming mga araw. Ang mga tao mula sa malayo at malawak ay pumunta upang makita ako. Si Sedekya at ang kaniyang mga ibang kaibigan ay tumulong sa akin upang makontrol ang bugso ng mga tao upang makapanggamot ako at makapagturo. Ang mga tao ay nakinig nang may kagalakan. Sila ay nagsalita sa kanilang mga sarili tungkol sa **'Ama'** at may pagnanasa upang matuto pang higit tungkol sa mga 'lubid at kadena' na naggagapos sa mga tao sa pighati.

Ang dagsa ng mga tao ay naging marami, napag-isipan ko na kailangan kong humanap ng aking sariling mga katulong kung kanino ako ay makaaasa para tumulong sa akin. Ito ay panahon na para kay Sedekya na bumalik na upang pamahalaan ang kaniyang negosyo sa katad na kaniyang napapabayaan na.

Umalis ako papunta sa mga burol upang manalangin tungkol sa pagpili ng mga 'disipulo.' Noong ang pagpapasya ay dumating sa akin na ako ay gagabayan kung sino ang pipiliin, nagbalik ako sa Kapernum. Naramdaman ko ang malakas na pagkiling upang bumaba sa bukana ng tubig upang makipag-usap sa mga

lalaki na nakita kong nakikinig nang may intensiyon sa aking mga aral.
Kung iiwanan nila ang mga lambat pangisda upang sumama sa akin, ay nanatili upang makita. Ngunit noong tawagin ko sila, si Simon, si Andro, si Santiyago at si Huwan, lumapit sila kaagad, masaya upang tumulong sa aking gawain ng pagpapagaling at pagtuturo. Ang iba ay sumama rin sa akin noong aking sinimulan ang aking gawain sa mga tao.
Iniwan ko ang aking tagatanggap, ang bahay ni Sedekya na may mainit na mga pagtitiyak na maaari akong bumalik sa kahit anong oras.

Kaya ito nga na aking sinimulan ang aking misyon bilang guro at manggagamot naglalakbay kung saan kailangan sa mga bayan at mga nayon. Bago maghandang papalabas, aking tinipon ang mga batang mga lalaki na pumayag at nagnais na tumulong sa akin. Sila ay makikinig sa aking mga aral at mahihiwagaan sa marami pang gusto kong sabihin. Ito ay mahalaga na aking unahing ipaliwanag ang nasa likod ng lahat na nahayag sa akin sa disyerto.
Sinabi ko sa kanila na sa kabila ng aking dating tamad na paraan ng pamumuhay, ako lagi ay may taos na pagkaawa para sa mga tao. Ito ay ang aking pagkaawa na naglayo sa akin mula sa 'Diyos' na itinuro ng mga Rabbi. Noong nagsalita ako ng aking lubusang pagtatwa sa nagpaparusang Yehobah, nakita ko ang pag-aalinlangan at pagkabigla sa kanilang mga mukha.
Sa maikukonsiderang haba, aking ipinaliwanag na aking tinanong paano ito ay posible na magsalita ng 'mabuting' Diyos, kung mayroong maraming mga paghihirap na pinapasan ng mga inosenteng mga bata. Sa aking pagsalita, nakita ko na ang kanilang mga mukha ay dahan dahang kumalma. Ipinagpatuloy kong sabihin ang aking nakaraang mga pag-aalinlangan at galit hanggang sa nakita ko ang kanilang mga kapahayagan ay nagbago tungo doon sa pagtanggap at pagkatapos ay buong pagsang-ayon. Aking nadiskubre na nailagay ko sa kanila ang kanilang sariling mga pagdududa at mga tanong, na sa nakaraan ay wala silang tapang na ilagay sa mga pananalita.
Habang kami ay nag-uusap nang sama-sama, aking nararamdaman ang kanilang kagaanan na sila ay hindi na nag-iisa sa kanilang patagong paglaban sa mga turo ng rabbi.
Sinabi ko sa kanila na dumating ang oras na ako ay nagsimula upang matanto nang may mas kaliwanagan na ako ay nagsayang ng aking buhay. Gusto kong magbago at naramdaman kong may kalakasan na ako ay dapat pumunta kay Huwan Bautista bilang panimulang punto, na para bagang, sa pagpapanimula ng bagong paraan ng pamumuhay.
Aking isinalarawan kung ano ang nangyari noong bautismuhan at ang aking anim na lingo sa disyerto. Aking ipinaliwanag na ang lahat ng aking mga nakaraang mga pag-iisip at mga paniniwala, mga pag-uugali, pagiging arogante, pagkarebelde ay dahan dahang nalinis mula sa aking kamalayan habang ako ay dumadaan sa mga malalalim na mga kapahayagan at mga pangitain na ipinapakita sa akin ang '**Katunayan'** akin ngayong tinatawag na **'Ama.'** Aking ipinaliwanag ang **likas ng Ama** at ang **'Banal na Likas'** ay siyang bumubuo ng **'Banal na Kalooban.'** Aking sinabi sa kanila na ito ay ang tao sa kaniyang sarili, kung sino, sa pamamagitan ng maling pag-iisip at maling asal, ay nagsasarado sa kaniyang sarili mula sa **'Ama'** na nasa loob niya, at ang tao ay nag-iisa, sa pamamagitan ng una ay pagsisisi at pagkatapos ay mental/emosyonal na paglilinis, ay makatatagpo ng kaniyang sariling daan pabalik sa buong pagkaniig sa **'Ama.' Kapag ito ay naisakatuparan, ang buong Likas ng 'Ama' ay mapakakawalan sa isipan ng tao, sa puso, sa katawan, sa kaluluwa at sa kaniyang buhay kapaligiran at mga karanasan. Kapag nangyari ito, ang ganyang tao ay papasok sa Kaharian ng Kalangitan na pinamumunuan ng 'Ama' at saka, ang Kaharian ng**

Kalangitan ay maitatayo sa loob ng kamalayan ng tao. Siya ay makapagkakamit ng layunin sa likod ng kaniyang pagiging naririto.

Habang nagsalita ako sa aking mga disipulo, aking nakita ang kanilang mga tugon na nababanaagan sa kanilang mga mukha. Lahat ng mga pag-aalinlangan ay napawi, mayroon na ngayong liwanag ng bukang liwayway ng pagkaunawa at galak. Ang mga batang lalaking ito ay naging nananabik na mga naniniwala at nagsabi: "Ito ay talagang mabuting balita!"

Datapwat, pagkatapos ng kanilang unang pagtanggap sa lahat ng aking sinabi, mayroong mga oras na sila ay nagtatanong kung ang lahat ng aking mga tinuran ay totoo. Aking naunawaan ito. Upang maging handa na alisin sa kanilang mga sarili ang imahen ng 'Yehobah' na may kalalimang nakatatak sa kanilang mga isipan ay nangailangan ng malaking bahagi ng katapangan.

Mayroong mga oras na nag-usap sila sila at nagtanong kung sino ang taong ito na umaako ng kagayang mga hiwaga? Ipagpalagay na dumating ang mga ito kasama ko at ito ay naging ako nga ay totoong sugo mula kay Satanas? Ano ngayon? Sila ay parurusahan nang mahigpit ng Yehobah.

Maraming mawawala sa kanila- ang kanilang tayo sa lipunan bilang matatalino, masisipag na kabataang lalaki, ang kanilang reputasyon bilang mga mangangalakal at manlililok, ang pagkawala ng kanilang kita, at ang pinakamalaking sagabal sa lahat, ang maaaring galit at pagtatakwil ng kanilang mga pamilya. Ano ang matatanggap nilang kapalit?

Sinabi ko sa kanila na hindi ako makapangangako ng anumang makalupang pabuya para sa kanilang tulong sa pagbabahagi ng 'aklat ng mabuting balita.' Wala akong pag-aalinlangan na saan man kami pumunta ay pagkakalooban kami ng pagkain at silungan at maayos kaming tatanggapin ng mga tao. Ako ay makapangangako lamang sa kanila ng **Katotohanan** na **alam ng 'Ama' ang kanilang pangangailangan at pupunan ang mga ito at pananatilihin silang malusog. Akin ring maipangangako sa kanila na kapag tumungo sila sa 'Ama' at nagtiwala sa 'Ama' lahat ng hakbang sa daan, sila ay magiging masaya sa paraang hindi sila naging masaya noon. Kanilang mararanasan ang Kaharian ng Kalangitan sa kanilang mga sarili hanggang sa isa isang tabi nila ang tawag ng 'sarili' at maglingkod sa ibang mga tao. Kanilang masasaksihan ang mga pagpapagaling, at ang mga ito ay magpapataas ng kanilang pananalig at magbibigay sa kanila ng tapang upang malampasan ang anumang mga hindi kaaya aya sa paglalakbay.**

At ito kung paano namin sinimulan ang aming misyon sa pagpapalaganap ng 'MABUTING BALITA' ng 'AKLAT NG KAHARIAN.'

Sinugo ko ang mga kabataang lalaking ito na mauna sa akin sa mga bayan na aming bibisitahin. Sa pagpasok nila dito, sinabi nila sa mga tao na magtipon upang makinig ng 'Mabuting Balita ng Kaharian ng Kalangitan.' Ang mga tao ay humanga at gustong mas maraming malaman ngunit ang mga disipulo ay naghimok sa kanila na sunduin ang kanilang mga kaibigan at mga kamag-anak at pasasabihan sila tungkol dito 'kapag dumating si Hesus,' at magkakaroon ng pagpapagaling sa kanilang mga maysakit na tao. May pagkagalak, marami ang tumakbo upang tumulong na magpalaganap ng 'mabuting balita' at kinalaunan sila ay nagkatipon sama sama sa isang malaking dagsa ng mga tao.

Ako, na naging may kalaliman at may pagkaapektadong nagrebelde laban sa mga malulungkot na mga relihiyosong sermon na nagbabanta ng kalupitan, mga parusa at pagkondena sa mga makasalanan, ngayon ay naglakad nang may galak upang katagpuin ang mga dagsang ito ng tao. Ako ay may 'mabuting balita' upang ibahagi sa kanila upang papagningningin ang kanilang araw, at

pagpapagaling sa mga karamdaman at mga dalahin upang pasayahin ang kanilang mga buhay.

Kaya, noon, ako ay kumilos sa gitna ng mga tao na may pagdaramot at kawalan, na ang kanilang kabutihan at ang kanilang pagbibigay ay sinuklian lamang ng maliit na pasasalamat, ako ay dumating ngayon na may kasaganaan ng nagbibigay buhay na mga posibilidad para sa lahat na handa upang makinig sa aking mga salita at kumilos upang pag-ibayuhin ang kaniyang kalagayan sa buhay.

Gusto ko sa kung sino ang nagbabasa ng mga pahinang ito, na lubusang maunawaan ang aking posisyon noong panahon na iyon, ang aking estado ng kamalayan pagkatapos ng aking iluminasyon sa disyerto at ang persona na aking ipinakilala sa aking mga kababayan bilang si 'Hesus.' Mayroong maraming mga pagpapalagay na akin ngayong ibibigay sa inyo ang katotohanan.

Ako ay isinilang na magkaroon, kung magkaeded, pinong pangangatawan, malakas na parang agilang katangian, kapansin pansing talino at ang pagmamahal sa panggagaya at pagtawa - ngunit, gaya ng marami sa inyo ngayon, hindi ko kinalinga ang aking panlupang mga talento. Sa oras ng pagpunta ko sa disyerto, ang aking mukha at mga pag-uugali ay iyong matatawag ninyong 'mababang grado' mula sa kung ano dapat. Habang sinimulan kong pag-aralan at naging rebelde laban sa kung ano ako naging, ang aking talino ay nagdusa din mula sa hindi tamang paggamit, palagiang nasadlak sa mga pakikipagtalo at mga di pagkakasundo tungkol sa relihiyon at pagbibigay kasiyahan sa walang paggalang na pananalita. Aking pinatawa ang mga tao. Ako ay nagustuhan ng mga lalaki at babaeng nakahalubilo ko, ngunit may katiyakan na hindi iginalang. Kaya ang pagkagulat ng mga nakakikilala sa akin noong mangusap ako sa loob ng sinagoga sa Nasaret.

Habang inalagaan ako ng aking ina upang bumalik sa mabuting kalusugan, ginamit ko nang may kapangyarihan ang karunungan at kaliwanagan na ibinigay sa akin sa disyerto. Ito ang nagpanag-uli sa akin tungo sa pagkatao na dapat sa akin.

Noong simulan ko ang aking misyon, alam kong lubusan na ako lamang ang nag-iisang mayroong supremong karunungan ng mga sekreto ng paglikha at pagiging naririto sa kaniyang sarili. Samakatuwid, kaya kong sabihin nang may ganap na kompiyansa, "Walang isa na 'nakakita' sa Ama liban sa akin."

Alam ko na ang lahat na pinaniwalaan ng mga tao sa buong puso nila ay mali- hindi tunay.

Batid ko na ako ay espesyal na hinubog at dinisenyo ng 'Ama' para sa misyong ito. Ako ay pinagpala ng buong kasaganaan sa pisikal na lakas, tatag ng pananalita at kakayahan upang gumawa ng mga makahulugang mga talinhaga, upang aking maipasa ang mensahe nang may katagumpayan at sa anyo na hindi makakalimutan.

Liban sa aking maayos na naunawaan sa aking mga kapwa tao mula sa mahabang pakikisalamuha sa kanila na nalaman ko ang kanilang pinaka inaasahan, ang kanilang pinakawalang pag-asang kinatatakutan; nalaman ko kung ano ang nakapagpatawa sa kanila at nag-udyok sa kanila sa panggagaya at pang-iinsulto ng mayaman at mapagpa importante; at alam ko rin kung gaano kalalim, maraming mga bata at matanda, ay nagdusa nang tahimik at may katapangan. Batid ko at naranasan ang malalim na pagkaawa para sa mga tao na nabubuhay sa takot- o nagpapasan ng pasalitang latigo ng mga Pariseyo, at yumuko sa mga batas ng pagbubuwis ng mga Romano. Alam ko paano ang kanilang dangal ng Hudyong ispirito ay nagalusan ng sumasakop na Hentil kung kanino sila ay napwersa na parangalan ng kanilang mga labi at kamay at tuhod na pagsaludo, bagaman at kanilang hindi iginagalang sa likod ng saradong mga pinto. Aking batid at ganap na naunawaan ang pamumuhay at pag-iisip ng mga tao. Akin ding naisip noon ang kanilang mga iniisip, naramdaman ang kanilang mga sugat, naranasan ang kanilang uri ng pag-aalala sa mga panahon ng pagkukulang, naramdamang walang kapangyarihan sa hawak ng pamamahala ng mga Romano.

Akin ngayong alam na wala sa mga pagdurusang ito ay talagang kailangan. Alam gaya ng ginawa ko, ang *Katunayan* ng pagiging naririto, ang *Katunayan ng Pangkalahatang 'Diyos*,' aking may kaliwanagang napapananaw ang kahambugan ng mga Hudyo na nasa awtoridad, na nagpapadala ng mga pabigat sa paraan ng pamumuhay ng mga tao na sa kabuuan ay may kamalian at may direktang pagkontra sa *Katotohanan ng Pagiging lalang*. Ang kalagayan ay may kalalimang nagpagalit sa akin.

Samakatuwid, alam ko na ako ay perpektong hinubog at pinatalas para maging dinalisay na instrumento ng Banal na Gawain sa Palestina- udyok ng aking pagkagusto sa KATOTOHANAN at bugso ng aking pagkaawa sa aking mga kapwa taong lalang. Kaya tinawag ko ang aking sarili na 'Anak ng tao' dahil alam ko nang may kahustuhan kung ano ang mayroon ang tao laban sa kanilang pang-araw araw na pamumuhay.
Dagdag pa, ako ay may perpektong kompiyansa na matutupad ko ang aking mga layunin ng pagdadala ng Katotohanan sa mga tao at kaya magiging kasangkapan sa pagbabago ng kalidad ng kanilang mga buhay. Sa dahilang iyon, kahit na alam ko sa simula ng aking misyon na mayroong kaparusahan na pagbabayaran para sa lahat ng aking mga pinanukala na gawin- ibaba ang kilalang Hudyong mundo nang patiwarik at ang nasa loob ay ilabas- ako ay handang humarap dito, daanan ito, hindi maaaring takasan ito, dahil minahal ko ang mga tao ng PAG-IBIG ng 'Ama' na dumadaloy sa aking puso at pagiging. Dahil ang 'Amang' PAG-IBIG ay ang saysay ng PAGBIBIGAY - ibinibigay ang Sarili nito sa nakikitang lalang at namamasdang pagiging naririto at lumalago, nagpuprotekta, nagpapalusog, nanggagamot, at nagsasakatuparan ng lahat ng mga pangangailangan ng lahat ng mga nilalang na ginawang nakikita.

Aking alam na ako ay ang regalo ng 'Ama' para sa kaligtasan ng mga tao, para sa mundo,

HINDI

gaya ng ipinalagay at itinuro nila sa nakalipas na mga siglo na pagliligtas mula sa mga kaparusahan

dulot ng galit na Diyos sa mga 'makasalanan'

KUNDI

upang iligtas ang mga tao mula sa pang-araw-araw na pag-uulit ng parehong mga kamalian sa maling pag-iisip, maling pag-iisip <u>na lumikha ng kanilang mga kamalasan, karalitaan, karamdaman at pighati.</u>

Dahil minahal ko ang lahi ng tao nang may kalaliman, ako ay handang magturo at manggamot na may pagsalungat sa mga paring Hudyo. Ako ay handang mamatay sa krus para sa kung ano ang aking tunay na 'nakita' sa disyerto, batid pati ng aking puso, at kailangang ibahagi hanggang sa huling patak ng aking kakayahan upang gawin iyon.

****

ITO ANG KATOTOHANAN SA LIKOD NG AKING PAGKAKAPAKO SA KRUS AT ANG LAHAT NG IBA PA NA NARINIG NINYO AY GAWA NG TAONG HAKA-HAKA NA GALING SA HUDYONG KINAGAWIANG SINUNOG NA MGA HANDOG SA TEMPLO.

****

Ako ay ang regalo mula sa 'Ama' para sa tao upang tulungan sila na malampasan ang kanilang kamangmangan sa mga Batas ng Pagiging naririto, at hanapin ang totoong Daan ng Buhay na hahantong sa ligaya, kasaganaan at perpektong kaganapan ng Kaharian ng Kalangitan.

Ito ang mga palagay, mga ninanais, mga intensiyon at mga layunin at ang mga iniisip na aking dinala sa aking isipan at puso. Ito ay ang makalupang mental-emosyonal na istruktura na nagdaramit sa aking

ispiritwal na kamalayan na natatago sa loob ng ulo at pigura ni 'Hesus.'

Ito ay ang aking ispiritwal na kamalayan na naipaabot tungo sa nasa taas na mga anyo ng pag-iisip at pakiramdam na nagsugo sa akin na lumabas sa loob ng tatlong taong paglalakbay upang dalahin sa mga tao, ano ang aking buong pinaniwalaan, ang huling pagsagip mula sa kanilang sariling bulag na pag-iisip at pakiramdam na lumilikha ng kanilang sariling magulong mga buhay. Aking tunay na pinaniwalaan na kung maipakikita lamang sa mga tao ang mga ibinigay sa akin upang maunawaan, kanilang matatanto ang kanilang mga nakaraang mga kasamaan at gagawin ang lahat ng makakaya upang baguhin ang kanilang pag-iisip at ilagay ang paa tungo sa Daan ng Buhay na hahantong sa Kaharian ng Kalangitan. Sa kahihinatnan nito, ako ay handang magbigay ng aking buhay.

Dahil sa mga maling interpretasyon na nalagay sa aking misyon ng mga Hudyong guro, ang aking tunay na mensahe ay nabaluktot na labas sa pagkakakilala at ang layunin ng mga Liham na ito ay upang dalahin sa mga tao sa Bagong Panahong ito, ang katotohanan ng kung ano talaga ang aking sinalita sa dagsa ng mga tao sa Palestina.

Kaya, sa pagbabalik sa aking muling pagbibilang ng mga araw na iyon, hayaan ninyo na dalahin ko kayo pabalik sa espesyal na araw na nagbigay ng bunga sa aking mga tagapakinig at gumawa ng pangmatagalang impresyon sa mga isipan ng aking mga disipulo.

Kaya, para sa akin din, ito ay partikular na makahulugang araw.

Kinuha ko ang pagkakataon na lumayo mula sa bigat ng pangangailangan ng mga tao, upang pumunta sa mga burol upang manalangin at magmeditasyon upang mapanibagong kargahan ang aking ispiritwal na mga baterya sa pamamagitan ng malalim, malakas at mas makapangyarihang pagkaka-ugnay sa **'Ama'** na nasa akin. Ang pagkaka-ugnay na ito ay may kabilisang napalabo sa aking kamalayan kapag ako ay abala sa gitna ng dagsa ng tao na ako ay napagod. Sa pagdating ko sa kweba noong ako ay nasa lugar na iyon, aking hinila ang paleta na natatago sa ilalim ng bato at humiga upang matulog. Sa halip na matulog, bagaman, ay naramdaman ko ang kaagad na daloy ng **Banal na Buhay**, ang **'Ama',** at ang kapaguran ay napawi dahil ang aking katawan ay nakargahan ng **Kapangyarihan** na siyang **Mapanlikhang Pinanggagalingan ng Lahat ng Lalang**.

Ako ay nataas sa kamalayan tungo sa ginintuang Liwanag, at sa aking paglalakbay paitaas sa loob ng Liwanag, Ito ay biglang nagbago tungo sa pinakapurong puti at nalaman ko na, sa kamalayan, ako ngayon ay nasa bukana ng Pagkakatimbang na Pangmatagalan, Pangkalahatan, ang Walang wakas na dimensiyon na lagpas sa lahat ng likha ng pantaong isipan.

Napagmasdan ko ang LIWANAG ngunit wala DITO, ni di ITO may pagkamakapangyarihan na nasa akin, dahil ito ay ang 'Diyos' na dimensiyon ng kawalan, ang walang anyo ng Pangkalahatang Pagkakatimbang. Ngunit ITO ay nakipagtalastasan sa akin ang nagpuno sa akin ng kaniyang kumikinang na PAG-IBIG. Ito ay nakaukit sa akin, ngunit muli, na ITO ay ang 'Lumilikhang-Nagpeperpektong-Nanggagamot na Proseso'

PAG-IBIG

na namamahala sa lahat ng pagiging naririto.

Alam ko na saan man na mayroong pagkukulang, mayroong katuparan sa katapusan, kahit ang tubig ay umaagos upang pumuno sa lawa.

Kung saan may pighati, mayroong ligaya dahil ito ay ang LIKAS ng Pangkalahatan upang kumilos tungo sa kahit na anong nabubuhay na bagay na nasa pangangailangan, upang magdala ng katuparan at ligaya.

Batid ko na kung saan walang paglago, ang mga pangyayari ay daratal upang maitaguyod ang paglago.
Alam ko na kung saan mayroong pandamdam ng pagkabigo, ang mga hamon ay ibibigay upang mag-udyok sa mga tao tungo sa tagumpay at tiwala sa sarili.

'Nakita' ko na itong GAWA NG PAG-IBIG ay palagian na pinasimulan ng 'Ama' sa mga buhay ng mga taong may sobrang pasanin, ay maaaring hindi mamalayan bilang 'regalo ng PAG-IBIG sa mga tagatanggap. Sila ay maaaring lungo sa kanilang pighati, pakiramdam ng kabiguan, ang kanilang paniniwala na walang mabuti ang darating sa kanilang daan, sila ay di magtatagumpay upang makita ang alin mang bagay sa kanilang mga buhay na lagpas sa kanilang pansariling mga paniniwala at mga pakiramdam! Kaya, sila ay mananatiling nakaugat sa kanilang sariling nilikhang impiyerno.
Walang pangangailangan na maramdaman ang paghingi ng tawad para sa kaninuman. Ang tangi lamang kailangan ay ang maawaing puso at determinasyon na magdala ng Katotohanan upang magpagaling sa kanilang pagkawalang muwang.

Ang pinakamalaking regalo na maibibigay ng isa sa iba ay ang kaliwanagan sa pagkawalang muwang sa pagiging naririto at ang kaniyang kosmikong mga batas, dahil ang KATOTOHANAN ay:
Bawat isang kaluluwa ay yakap sa loob ng PANGKALAHATAN at ang antas ng PANGKALAHATANG PUMAPASOK sa pamamagitan ng 'Ama' GAWA NG PAG-IBIG sa kanilang mga buhay ay nakabatay sa pangkabuuan ng pang-indibidwal na kakayahang tumanggap.
Natanto ko na ang kung ano ang kailangan ng mga tao upang marinig na may pagkamadalian ay kung ano ang kasasabi lamang sa akin.
Kinailangan nilang 'makita' at may kabuuang matanto na ang *intensiyon* at ang *layunin* at ang *potensiyal* ng PAG-IBIG, ay siyang pinaka substansya ng kanilang pagiging lalang. Dahil sa di paniniwala nila, maaari nilang maisa isangtabi ang 'Amang' GAWA NG PAG-IBIG bilang mas 'nagbubugso ng sakit na mga paghamon' at kaya nga naglalatag sa kanilang kabiguan magpakailan man.
Akin ngayong nakita, na mas maliwanag, na ako ay pinadala upang gisingin ang mga tao sa lahat ng mga posibilidad para sa pansariling paglinang, kasaganahan at pagkakamit ng ligaya at saya, ngunit ito ay nasa kanila upang gumising at samantalahin ang kung ano ang nahahandog sa kanila.
Natatandaan ko na ang pagkakataas na ito ay tumagal ng buong gabi, at sa umaga **Ako ay bumangon na nakararamdam ng pagiging buhay** na di gaya noon. Ang aking mensahe ay niliwanag. Nakita ko, na may mas kaliwanagan, ang **Katunayan** ng **'Ama'** at alam ko na ako ay makalalabas noong araw na iyon upang makatagpo ang mga dagsa ng tao at ilipat sa kanila, ang kapangyarihan at ang buhay na ipinakita sa akin. Sa aking pagbaba mula sa kweba, dumating ako sa malaking bato na natatanaw ang matarik na gilid. Noong ako ay umupo, namalas ko pababa ang bayan na bibisitahin namin ng araw na iyon.
Naramdaman ko ang 'Prosesong Nagpeperpekto' - ang 'Gumagawa ng Buong' Pintig - **ang 'Ama'** sumusulak sa pamamagitan ko at aking hinangad na ibahagi **Ito** sa iba bago ang mga problema ng pang-araw araw na pamumuhay ay makasipsip **Nito**, at **Ito** ay mawalan ng kaniyang kapangyarihan at pwersang nagtutulak sa loob ng pantaong kamalayan.
Ang aking mga disipulo ay sumama sa akin sa maikling panahon pagkatapos. Sa pagpasok sa bayan, sila ay nagwika sa mga tao at nag-abiso sa mga natitipong kapal ng tao upang tumungo sa pababang lugar

na lampas sa mga lugar panirahan.

Nakatayo sa ibabaw ng malaking bato sa kanilang kalagitnaan, ako ay nagsimulang magsalita.

Nakita ko na ang pagkagusto at ang ligaya - ang paglulunggati, paghahangad, at ang paniniwala ay lahat na kusang nabuhos sa mga salita na sinabi ko sa kanila.

'Kayo ay sugatang natutulak pababa at nag-aalala. Ang inyong mga trabaho ay dumami nang mas mabigat habang kayo ay tumatanda, ang inyong mga sikmura ay malimit na walang laman, ang inyong mga damit ay nagugulanit, pinapagalit kayo ng mga tao, at nararamdaman ninyo na walang katapusan ang inyong mga pasakit at kabigatan ng ispirito.

Ngunit hindi ito ang katotohanan tungkol sa inyong pagiging naririto. Ang inyong mga buhay ay itinalaga na kakaiba. Kung inyo lamang makikita na lampas sa inyong nararamdaman - kung inyo lamang maitataas ang inyong mga isipan para makagawa ng pakikipag-ugnay sa **'Ama**' na nasa inyo, inyong **'makikita'** at **malalaman** kung ano dapat ang inyong estado ng pagiging naririto. Inyong malalaman na kayo ay nilikha upang maging masaya sa kasaganaan, proteksiyon, mabuting kalusugan at kaligayahan.

'Ngunit dahil, araw-araw kayo ay nabubuhay na may takot sa 'mabuti at masama' at **naniniwala** at **umaasa** sa mga ito na higit pa sa inyong paniniwala na ang **'Ama'** ay masaganang **BUHAY** at **PAG-IBIG** na nasa loob ninyo, nagbibigay sa inyo ng lahat ng mga bagay na kinakailangan para sa kalusugan at kabutihan, ito ay ang inyong pinakakinatatakutang 'mabuti at masama' na mga karanasan na nahahatak ninyo sa inyong mga buhay at mga katawan. Ang inyong mga paniniwala sa 'mabuti at masama' ay nagpapalabo- TUMATALUKBONG- sa lahat ng inihanda ng **'Ama'** para sa inyo kung kayo lamang ay maniniwala sa '**Amang PAG-IBIG!'**

'Inyong hinuhusgahan ang inyong mga ngayon at umaasa sa inyong mga bukas ng kung ano ang inyong naranasan sa nakaraan. Samakatuwid, ay mga sakit ng inyong mga kahapon na patuloy na nauulit sa hinaharap.

Kayo ay nabilanggo ng inyong mga ala ala at ng inyong walang pagbabagong paniniwala na ang nakaraan ay dapat na bumalik muli at muli upang magpabigat at sumugat sa inyo.

'Hindi ninyo kailangan na pagalingin ang inyong mga katawan o subukan na gawing mas mabuti ang inyong mga buhay, kailangan ninyo na pagalingin ang inyong mga paniniwala!

'Aking sinabi sa inyo na walang solido sa ilalim ng araw.

'Kung inyong mapagagaling ang inyong mga paniniwala, dalahin ang inyong mga paniniwala na sumasang-ayon sa **'Amang' tunay na intensiyon** para sa inyo, ang mga maling paniniwala na namamahala sa inyong mga katawan at mga buhay, ay matutunaw na parang mga hamog sa araw.

'Ang inyong bawat mga pangyayari ay kaagad na babalik tungo sa **Banal na Intensiyon** na nasa likod ng lahat ng nilika.

'Matatagpuan ninyo na sa bawat mga paghihirap, sa bawat pagkukulang sa lahat ng uri, mayroon lagi na paraan upang 'wakasan ang paghihirap, mayroon laging pagpupuno ng inyong basket upang katagpuin ang inyong kailangan.

'Ano baga sa palagay ninyo ang nangyayari kapag ang may sakit ay pumunta sa akin at ipinatong ko ang aking mga kamay sa kanila?

Akin bagang iniisip ang tungkol sa sakit, ako baga ay nagtatanong kung ang tao ay mapagagaling, ako baga ay takot na ang **'Ama'** ay maaaring natutulog o nasa malayo na ako ay di maririnig?

'Hindi, kung ang mga ito ang aking mga walang paniniwalang pag-iisip, walang pagpapagaling.

Kapag lumapit sa akin ang tao para sa pagpapagaling, ako ay kaagad na nagagalak dahil **alam** ko na ang

Kapangyarihan na siyang **'Ama'** ay nasa akin, handa at naghihintay upang magpagaling sa oras na hingin ko. Nagpapasalamat ako dahil **alam** ko na ang **'Kalooban ng Ama'** ay **kalusugan** at hindi karamdaman. Samakatuwid, ako ay nananalangin na ang **'Kalooban ng Ama'** ay siyang mangyari sa may sakit. **Kapag inalis ko ang paniniwala sa sakit mula sa katawan ng may sakit na tao at ALAM na ang 'Kalooban ng Ama' ang kalusugan ay dumadaloy tungo sa kaniyang sistema, gaya din sa hitsura- ang hitsura – ng karamdaman ay nagbabago tungo sa katunayan ng 'Amang Kalusugan' at ang katawan ay nagiging buong muli.**

Ang karamdaman ay hindi higit sa pagbaba ng kalakasan- ang kabawasan ng BUHAY - *sa apektadong bahagi.* Panag-uliin ang 'Amang Buhay' tungo sa tunay na Hangarin at Plano ng inyong sistema at ang pangkabuuang sistema ay gagawa gaya ng nararapat.

Kayo ay nasabihan na ang Diyos ay nagpapadala ng mga sakit, mga peste, gutom, pagkawasak ng mga bansa kapag hindi nila sinunod ang kaniyang mga batas, kayo ay nasabihan na ang inyong mga sarili ay pinaparusahan ng galit na Diyos para sa inyong mga kasalanang nagawa. **Ano ang parusa *kundi masamang–gawa* na nagbabalat kayo sa ilalim ng kabutihan. Aking** sinasabi sa inyo na ang kasamaan ay hindi nagmumula sa Diyos. Paano ang Diyos ay magiging dalawang bahagi- mabuti at masama?

Ito ay nasa inyong mga isipan lamang na nabubuo ninyo ang mabuti at masama, sa inyong mga puso lamang inyong naiisip at nararamdaman ito. Ang mga pag-iisip at pakiramdam na ito ay walang kinalaman sa tunay na Diyos na siyang **'Ama'** sa loob ninyo, nagdadala sa inyo ng bawat mabuting bagay kapag inyong pinaniniwalaan na ito nga ay ito.

'Ito ay ang paniniwala ninyo sa mabuti at masama, at ang mabuti at masama sa inyong mga puso, ang nagdadala sa inyo ng karamdaman.

Sa katunayan, kayo ay nabubuhay sa loob ng Kaharian ng Kalangitan, at ang Kaharian ng Kalangitan ay nasa inyo at kayo ay pinamamahalaan ng **'Ama,'** ngunit dahil kayo ay naniniwala sa mga parusang mula sa Diyos, naniniwala na ang mga sakripisyo lamang sa Templo ang magliligtas sa inyo, naniniwala na kayo ay tagapagmana ng sakit, karalitaan, dalamhati, kayo ang lumilikha sa inyong mga isipan, ng mga bagay na ayaw ninyo.

'Huwag manlumo- magalak at maging masaya at **alamin** na ang mga nakararanas ng pagkukulang, malayo mula sa pagpaparusa at pag-iwan ng Diyos, kahit pa sila ay nagkasala, ay tunay na pinagpala.

'Ang tao na wala ay mayaman sa **Kapangyarihan** ng **'Ama'** kung kaniyang susundin **Ito,** pagtitiwalaan **Ito,** at mabubuhay sa loob **Nito.**

'Kapag ang inyong mga tiyan ay puno, at ang inyong mga katawan ay nakaaalam ng kaalwanan, at ang inyong mga isipan at mga puso ay maginhawa, wala kayong madalian at pangkasalukuyang pangangailangan sa **'Ama'** upang maging aktibo sa inyo para magpuno sa inyong mga pangangailangan. Kayo ay naniniwala sa inyong sariling mga pag-iisip at sa inyong mga kamay ay natutugunan ninyo ang inyong pansariling mga pangangailangan nang may kadalian, kaya kapag kayo ay nagsalita ng 'Diyos' kayo ay makapagsasalita lamang ng kung ano ang inyong narinig na sinabi ng iba kayo, sa inyong mga sarili ay walang direktang karanasan sa 'Diyos.'

'Ikonsidera ang mayaman. Sila ay nakalubog, nakagapos, nakalugmok sa kanilang mga pansariling kayamanan. Sila ay gumigising sa umaga at pumupunta sa kanilang pang-araw araw na negosyo, walang nalalaman tungkol sa **Kapangyarihan ng 'Ama'** na nasa kanila. Ang iniisip nila ay ang mga magpapadagdag ng kanilang mga kayamanan, ang mga pag-iisip na magpapasigla sa'sarili,' sila ay nagpapadala ng mga utos na nagiging dalahin para doon sa naglilingkod sa kanila, ipinapamuhay nila ang kanilang mga buhay batay sa

kanilang sariling pagpili. Kaya, dahil kinukuha lamang nila ang kanilang limitadong buhay mula sa kanilang sariling limitadong pantaong pag-iisip na nanggagaling sa kanilang pangkatawang mga isipan at mga puso, sila ay nagkakasakit at nakararanas ng maraming mga pighati kagaya ng tao na walang pag-aari. Hindi nila natatanto na sila lamang ay kalahating buhay dahil sila ay hindi nakakonekta sa **PINAGMUMULAN NG BUHAY**, ang **'Ama'** na nasa kanila. 'Ni hindi nila 'nakikita' na ang maraming mga mabubuti na dumating sa kanilang mga buhay ay hindi sa kanilang sariling kagagawan kundi ay **GAWA NG PAG-IBIG** ng **'Ama'** na natatago sa loob nila.

'Ang mga pinunong pangrelihiyon ay nasa kaalwanan sa kanilang pansariling kaginhawaan sa posisyon ng kapangyarihan. Wala silang pangangailangan ng anuman na lagpas sa kanilang pansariling pisikal na kakontentuhan. Dahil wala silang personal na karunungan sa Diyos, kailangan nilang magbasa, mula sa kanilang mga Banal na Kasulatan, ang mga salita ng mga banal na tao na nawika libong taon na ang lumipas, at sabihin sa mga tao ang iniisip nila ay kahulugan ng mga salita.

'Ngunit lahat ng kanilang sinasabi ay nakuha mula sa kanilang maliit na mga isipan na nakakulong sa kaginhawaan ng kanilang mga buhay, nakalubog sa mga inaasahan ng kung ano ang kanilang kakainin at iinumin at kung anong kasuotan ang isusuot nila upang mapahanga nila ang mga tao. Wala silang alam sa inspirasyon na nagbigay pagsilang sa mga salita na winika ng mga propeta noong mga dantaong lumipas. Ni hindi rin nila alam kung ang mga salitang iyon ay totoong kailangan ninyong marinig sa sandaling ito, dahil ang mga panahon ay nagbago na.

'Paniwalaan ninyo ako, ang mga mayayaman at mga pinuno ng relihiyon ay malakas sa panlupang mga bagay at ayaw na matinag mula sa mga ipinapalagay nila na tiyak at walang katapusan sa kanilang mga tradisyon at mga paggunita. Ang anumang pagkakaiba ay makaka-alog sa mga pundasyon ng kanilang mga paniniwala at samakatuwid sa kanilang mga buhay, at kaya ay nagtayo sila ng mga mental na pangdepensa laban sa pagdaloy ng **Kapangyarihan** ng **'Ama.'** Sila rin, ay nagkakasakit, at sila sa kanilang pansariling daan, alam nila ang pighati kagaya ninyo na walang panglupang mga kaginhawaan.

'Walang pagkakaiba sa pagitan ninyo na mayroong kakaunti sa buhay at iyong mga mayroon nitong lahat, dahil ang mayaman at mahirap ay magkatulad na nagkakasakit, lumilikha ng kaaway, natatagpuan ang kanilang mga sarili na nag-iisa.

'Ngunit, ang potensiyal para sa inyo na magkaroon ng higit pa sa mga relihiyoso at mayayaman ay maaaring umasa upang makakuha ng higit sa kalusugan, kaligayahan, mabuting pakikisalamuha, katuparan sa inyong napiling daan ng buhay, ay malaki. At kapag itong lahat ay nakamtan, inyong **malalaman na ang mga oportunidad, ang kakayahan, ang inspirasyon** ay lahat galing sa **'Ama' na nasa loob**, dahil **malalaman** ninyo, na hindi ninyo magagawa ang mga bagay na iyon kung hindi ninyo hiniling sa **'Ama'** na nasa inyo upang tulungan kayo na magamit ang lahat ninyong mga talento, upang malagyan ng saganang mga pagkain ang inyong mga sisidlan, at mga damit sa inyong likod at kaligayahan at mabuting buhay para sa inyong mga anak.

'Lahat ng mga bagay na ito ay **gagawin** ng **'Ama'** para sa inyo, kung kayo lamang ay hihingi-at maniniwala-at aalamin-at tatandaan sa lahat ng oras- na ito ay **'Likas ng Ama'** upang lumikha at magbigay na may kasaganaan para sa lahat ng nilikha **Nito.**

'Kagaya ng hindi ninyo pagkakaitan ang inyong mga anak ng mga bagay na kailangan nila, kagaya ng inyong **'Ama'** ay hindi magkakait sa inyo ng inyong pangangailangan para sa masayang buhay. Kung kayo ay dukha, ito ay dahil hindi pa ninyo lubusang nauunawaan ang **likas** ng **'Ama';** ni hindi ninyo naunawaan na

kailangang gumawa kayo **kasama** ng 'Ama' upang matugunan ang inyong pansariling mga pangangailangan. Inyong kaagad hawakan ang **banal na pagkakataon** na nahahayag sa inyo upang humayo kayo paunahan.

'Kung maipakikita ko lamang sa inyo at magawa kong makita at **paniwalaan** ninyo na kung magluksa kayo, ang inyong kalungkutan ay batid ng **'Ama.'** Sa pagdating ng panahon, ang inyong kalungkutan ay mapapalitan ng ligaya, kung inyo lamang tutunguhin ang **'Ama'** at panunoodin ang gawain ng '**Amang Pag-ibig'** na kumikilos sa inyo. Kayo ay makatatagpo ng kaginhawaan lagpas pa sa anuman na inisip ninyong posible.

'Anong pagkapinagpala ninyo kapag kayo ay nagugutom at kapag kayo ay nauuhaw, dahil ang inyong mga pangangailangan ay batid ng **'Ama.'** Maikling panahon ang mga pangangailangan na iyon ay matutugunan kapag tumigil kayo sa pag-aalinlangan at magsimulang manalangin sa **'Ama'** at humingi-maniwala na inyong matatanggap.'

'Paano ninyo mapaniniwalaan na upang kumain at maayos na madamitan ay kailangan ninyo munang pumunta sa Templo at maghandog ng mga sinunog na mga sakripisyo ng sa **'Amang'** sariling mga may buhay na nilalang upang magbayad sa inyong mga pagkakasala? Hindi ninyo baga makita na ang mga nabubuhay na inyong sinunog ay nilikha rin upang maging masaya sa kanilang buhay kagaya ng nilikha kayo upang maging maligaya rin sa inyong buhay? Sila ay nilikha para maging pagpapala at pinagpala sa lupang ito kagaya na kayo rin ay isinilang para maging parehong pagpapala at pinagpala, dahil ito ay **likas** ng **'Amang Pag-ibig'** na nahayag sa nilikha **Nito**.

'**Kung matatandaan ninyo na 'ano ang tunay ninyong pinaniniwalaan'** ***ay siya ninyong makukuha*****, hindi baga ninyo nakikita na itong Hudyong paniniwala sa loob ng Templo sa mga sakripisyo ng mga nabubuhay ay walang dadalhin sa inyo kundi pighati?**

'Maniwala kayo sa parusa at parusa ang makukuha ninyo. Maniwala kayo sa patayan at pagkawasak bilang daan upang maabot ang Diyos, at iyan ang inyong mararanasan - pagpatay at pagkawasak. Kung kayo ay nagugutom at nauuhaw, ito ay dahil lumalayo kayo mula sa **'Ama'** na nasa inyo.

'Sa pagbigay halaga sa inyong puno ng takot na pag-iisip, mga pag-aalala at mga pakiramdam ng kawalang pag-asa, **kayo** ay lumilikha ng mga kondisyon na gusto ninyong baguhin. Kayo ang gumagawa ng mga masasamang bagay na ito sa inyong mga sarili.'

'Kaya, mas lalong pinagpala kayo kung kayo ay nagugutom at nauuhaw para sa kabutihan at para sa pakikipag-ugnay sa **'Ama'** na nasa inyo, dahil pagkatapos kayo ay may katiyakang mapupunan ng isang daang beses higit pa.'

'Pinagpala kayo kung kayo ay inatake at pinagnakawan dahil makikita ninyo ang 'Diyos-sa-pagkilos' kapag kayo ay nakatayong matatag na may perpektong pagtitiwala at makita ang kaganapan ng pagkakaligtas.'

'Mapalad kayo na nakulong sa di pagkakasundo, ngunit nakakalinga ninyo pa rin ang inyong kapwa at maging tagagawa ng kapayapaan. Dala ninyo ang pag-ibig sa inyong puso na siyang sa **'Ama'** at kayo ay tunay na anak ng **'Ama.'**

'Mapalad kayo na may kalalimang pinagkamalian ng iba ngunit kayang magpatawad at magpakita ng pagkaawa, pumipigil na maghanap ng katarungan o paraan para kasuhan siya. Inilalagay ninyo ang inyong sarili na direktang nasa saliw ng pag-ibig na 'Diyos-aktibo-sa inyo at kagaya kayo rin ay maliligtas sa mga oras ng gulo.

'**Pinakapinagpala sa lahat ay ang dalisay ang puso, dahil ang mga katulad nila ay inalis sa kanilang**

mga sarili ang lahat ng galit, pagkainis, paghihiganti, walang kabaitan, pagseselos, katigasan ng puso- at nakatayo sa harap ng mundo bilang Pag-ibig-na-ginawang-nakikita. Malalaman nila ang *Katunayan* na tinatawag na 'Diyos' at malalaman nila na ang *Katunayan* ay ang 'Ama' na nasa kanila. Paano ko kayo matutulungan na makita ang dakilang katotohanang ito? Paano ko kayo matutulungan na makita ang katunayan ng Kaharian ng Kalangitan, ang Kaharian ng Diyos?

'Hindi ninyo kailangan na tumingin paitaas sa himpapawid dahil hindi doon ninyo makikita ang gawain ng **'Ama'** na mas maliwanag na magpapalakas sa inyong pananalig. Ito ay kung saan ang mga tao, sa paglipas ng mga dantaon, ay nakagawa ng malaking pagkakamali sa pagtungo sa kanilang mga panaginip, sa kanilang mga imahinasyon, at paglikha para sa kanilang mga sarili ng Yehobah na wala naman. Hindi ninyo matatagpuan ang **'Ama'** sa mga lugar sa mga kalangitan na nasa itaas ninyo. Ang **'Ama'** ay wala sa espesyal na lugar kundi sa lahat ng dako sa palibot ninyo at sa lahat ng bagay.'

'Makikita ninyo ang sa **'Amang'** dakilang mga gawa. Tingnan ninyo sa paligid ninyo ang mga lumalagong mga bagay, ang trigo, ang damo, ang mga bulaklak, ang mga puno at mga ibon, at sa lahat ng mga nabubuhay na bagay, makikita ninyo ang misteryosong at kahanga hangang gawain ng 'Ama' na aktibong hindi tumitigil. Ito ay dito na ang 'Ama' ay perpektong may kontrol. Makikita ninyo na mayroong perpektong batas at kaayusan, paglago, paglinang, at sa pangkatapusan ay pag-ani upang pagpalain ang parehong tao at halimaw at mga ibon.'

'Ikonsidera ang paraan na ang tao pagkatapos na magbungkal ng lupa, ay maghahasik ng mga buto sa lupa at tatakipan ito. Kaniyang titipunin ang kaniyang mga kagamitan at uuwi na sa tahanan, kontento na sa katapusan, kung may sapat na ulan, mayroong sapat na pagkain upang pakanin ang kaniyang mga anak. Sa maraming mga araw, siya ay matutulog at gigising at walang marami pa na gagawin sa kaniyang mga tanim, ngunit kapag binisita niya ang mga ito, ay makikita niya ang mga usbong na berde na tumutulak sa lupa. Pagkatapos, siya ay magbabalik at makikita na ang mga paglago ng mga tangkay at mga dahon, at pagkatapos uli ay makikita niya ang pagkakabuo ng mga uhay, at pagkatapos sa isang araw ay makikita niya na ang mga buto ay matataba at kulay ginto na at handa na para anihin. Pansamantala, lahat ng mga paglagong ito ay nangyari na walang tulong galing sa kaniya. Ang trigo ay lumago sa kahanga hangang paraan na hindi niya maipaliwanag. Ito baga ay salamangka? **Hindi, ito ay gawain ng 'Ama,' ang Kapangyarihan, Mapagmahal na Katalinuhan** sa buong daigdig, na nagbibigay ng inspirasyon sa gawain at humihinga sa pamamagitan nito; ito ay ang gawain ng **'Ama' na siyang MATALINONG BUHAY NG DAIGDIG.'**

'Kapag pumasok kayo sa Kaharian ng Diyos, mayroon kayong magandang pakiramdam. Ramdam ninyo ay masaya at maligaya. Maiisip ninyo baga kapag ang isang babae ay naiwala niya ang kaniyang pera at nagtatanong kung paano niya pakakanin ang kaniyang mga anak? Ang babaeng ito sa bahay ay magiging luhaan at magwawalis nang maigi sa bahay na walang bahid man lamang ng alikabok - pagkatapos - nakatago sa madilim na sulok ay makikita niya ang pinahahalagahang piraso ng pilak at kaagad na matutuyo ang kaniyang mga luha, siya ay magsisimulang ngumiti at makaramdam ng pagiging buhay at masaya na siya ay lalabas ng kaniyang bahay upang tawagin ang mga kapitbahay para magdiwang. Kung saan inisip niya na naiwala niya ang lahat, siya ngayon ay mayaman pagkatapos ng lahat.'

'Kaya ito ay kapag natagpuan ninyo ang Kaharian ng Kalangitan - ang Kaharian ng Diyos. Sa halip na luha at mga pagkatakot at gutom at sakit, natagpuan ninyo ang kapayapaan, kaligayahan, kasaganaan, at kalusugan ng Kaharian ng Diyos. Hindi na ninyo mararanasan ang anumang uri ng pagkukulang muli.'

'Ang Kaharian ng Diyos ay maitutulad sa napakayamang tao na nagtitinda ng perlas. Sa buong buhay niya, hinangad niya na makatagpo ng espesyal na perlas na hihigit pa sa iba, ito ay walang bahid ng dungis at perpekto at siya ay kahihilian ng bawat magtitinda. Isang araw, natagpuan niya ang gayong perlas, maganda na hindi maiisip, perpekto higit sa lahat pa. Ipinagbili niya ang lahat na kaniyang pag-aari, iniwan niya ang lahat na kaniyang naipon, upang bilihin ang perlas na ito at masaya lagpas pa sa lahat ng panaginip.'

'Ano ang ibig sabihin nito? Ang kahulugan ay ang lahat ng mga bagay na kaniyang pinahalagahan sa kaniyang buhay noong una - ang kaniyang sagana sa kagamitang tahanan, ang kaniyang mga pag-aari, ang kaniyang paraan ng pamumuhay, saganang pagkain at inumin, masaya niyang isinuko ang lahat ng mga ito upang makuha ang kayamanan na lagpas pa sa presyo - ***ang karunungan*** na maghahantong sa kaniya sa **Kaharian ng Diyos** ***kung saan ang kaligayahan ay estado ng isip na hindi nahihipo ng panlabas na mundo sa lahat ng kaniyang pangangalaga at mga pag-aalala.'***

Ang Kaharian ng Diyos ay nasa inyo, papasok kayo sa 'Kaharian ng Diyos' kung natanto ninyo nang lubusan na ang 'Ama' ay aktibo sa lahat ng oras sa inyo. Ito ay estado ng pag-iisip, ng pagpapalagay at pagkakaunawa na ang Katunayan ay nasa likod at nasa lahat ng mga bagay na namamasdan, ay ang 'Ama' at ay maganda at perpekto at ang lahat ng mga bagay na salungat sa kariktan, sa saliw, sa kalusugan at sa kasaganaan ay mga nilikha ng sa taong maling pag-iisip.

Paano ako ay tumangis para sa inyo na nagdurusa, ngunit hindi ninyo kailangan na magdusa kung pakikinggan ninyo ang sinasabi ko sa inyo. Ngunit kailangan ko kayong babalaan na ang Daan na hahantong tungo sa Kaharian ng Kalangitan ay mahirap na sundin dahil ito ay nangangahulugan ng - una- kailangan ninyong harapin muna ang inyong 'sarili.'

'Bakit ito ay ang 'sarili' na kailangan ninyong harapin? ***Dahil sa inyong pagnanais na protektahan at itaguyod ang inyong pansariling kabutihan ay dumarating ang inyong makasariling mga pag-iisip, mga salita at mga gawain.'***

'Maaaring itanong ninyo' Bakit kailangan ko na mag-alaala tungkol sa mga ito?' Kung ang sinasabi mo ay tunay, na walang parusa, na ang 'Diyos' ay di nakakikita sa aming mga kasamaan, pagkatapos bakit kailangan naming maging mapagmatyag tungkol sa aming paraan ng pag-uugali?'

'Maraming mga bagay dito na dapat matutunan na may kahirapan akong malaman kung saan magsisimula. '**Tulad ng ipinaliwanag ko kumukuha kayo ng BUHAY mula sa 'Ama,' samakatuwid, kumukuha kayo ng inyong kakayahan upang mag-isip at magmahal mula sa 'Ama.' Kahit na ang 'Amang Katalinuhan' ay mapanlikha, gaya rin ng inyong kamalayan ay mapanlikha. Sa inyong mga isip at mga puso ay sa katunayan ay hinuhubog ninyo ang mga plano ng inyong sariling mga buhay at mga karanasan.**

'At anong uri ng mga buhay ang pinaplano ninyo at binubuo sa inyong mga isip? Kung niyamot o sinaktan kayo ng iba, lumalaban kayo sa ibang paraan o sa iba pa, naniniwala kayo na kapag ang inyong mata ay kinuha, kailangang hangarin din ang mata ng kalaban bilang kapalit. Pinaniniwalaan ninyo na sinuman ang pumatay ay kailangan ding patayin bilang kaparusahan at kabayaran, naniniwala kayo na sinuman ang nagnakaw sa inyo ay kailangang magbayad ng presyo, na kung sino man ang kumuha sa inyong asawa, ay kailangang batuhin kasama ng inyong asawa. Naniniwala kayo sa pagbunot ng kabayaran sa bawat masamang bagay na dumarating sa inyong buhay. Dahil ito ay pantaong likas na manakit sa iba, at kayo ay tinuruan na lumaban, ang inyong mga buhay ay pagpapatuloy ng mga awayan, awayan sa tahanan sa gitna ng mga asawang lalaki, kabiyak na babae, mga anak, at mga kapitbahay, at mga pampublikong mga pinuno at sa pagitan ng mga bansa. Ang inyong **'Ama'** ay walang kinalaman dito sa digmaang ito sa inyong mga

buhay, ngunit alam ang pag-aalala sa inyong mga isip at mga katawan na nagmumula sa mga digmaang ito ngunit walang magawa- walang makapagpapagaan ng inyong mga pasakit - hanggang kayo sa inyong mga sarili ang magpahinto ng digmaan. 'Kayo sa inyong mga sarili ay dapat na tumigil sa labanan at mamuhay sa kapayapaan sa inyong pamilya, mga kahanggan, mga nagbibigay ng trabaho, mga pampublikong pinuno at iba pang mga bansa.'

'Iyan lamang pagkatapos, na maaaring mangyari ang 'Amang' GAWA NG PAG-IBIG sa inyong mga isip, mga puso, mga katawan at mga buhay.

'Iyan lamang pagkatapos na makikilala ninyo at makikita ang Gawa ng Pag-ibig na natupad sa inyo - at para sa inyo dahil ng 'Ama.'

'Tandaan din ang dakilang BATAS 'INAANI NINYO NANG EKSAKTO GAYA NG INYONG ITINANIM'

'Hindi kayo makakukuha ng igos mula sa dawag, o ubas mula sa matinik na mga puno, o mag-ani ng trigo mula sa mga damo. Pag-isipan ninyo ito at unawain ang talinhagang ito dahil ito ay mahalaga sa inyo - hindi lamang ngayon - kundi sa paglipas ng inyong mga araw at mga taon na darating, kahit tungo sa walang wakas.'

'Kaya kung gusto ninyong baguhin ang inyong mga buhay, baguhin ninyo ang inyong mga pag-iisip.
Baguhin ninyo ang inyong mga salitang nanggagaling sa mga pag-iisip na iyon.
Baguhin ninyo ang mga gawain ninyo na nanggagaling sa mga pag-iisip na iyon.

'Kung ano ang nasa inyong mga isip ang lilikha ng lahat ng inyong mga karanasan, inyong mga karamdaman, karalitaan, kawalan ng kaligayahan at dalamhati.'

Sumigaw sa akin ang isang lalaki: ' Sabihin mo sa amin, Guro, paano kami mananatiling mapayapa sa aming mga kahanggan kung sila sa kanilang mga sarili ay ayaw magbigay sa amin ng kapayapaan?'

Ako ay sumagot sa kaniya, na nakangiti: 'Kapag ang inyong kapitbahay ay pumunta sa inyo at nagsasabi na siya ay maglalakbay ng mga ilang distansyang kalayo at ayaw na umalis na nag-iisa at nagtanong sa inyo kung makakasama kayo sa kaniya, ano ang gagawin ninyo?'

Ang lalaki ay tumawa. 'Kung ang aking kapitbahay ay maglalayo sa akin sa aking ginagawa, ako ay hindi matutuwa. Sasabihin ko sa kaniya na humanap ng iba na sasama sa kaniya dahil ako ay abala.'

'At paano mararamdaman iyon ng iyong kapitbahay?' aking itinanong.

Ang lalaki ay nagkibit balikat. 'Hindi ko alam.'

'At sa sunod na oras na kailanganin mo siya na gumawa ng pabor sa iyo, paano siya tutugon sa iyong pagtatanong?'

Ang lalaki ay hindi na tumatawa. Hindi na siya tumugon.

Ang isa pang lalaki ay nagsabi: 'Siya ay manunumpa sa kaniya at magsasabi sa kaniya na pumunta sa kahit saan upang humingi ng tulong.'

Sinabi ko sa mga tao: Siya ay sumagot nang tama. At paano siya ngayon makararamdam? Aking ipinukol sa lalaki na naunang nagsalita, nakangiti sa kaniya.

Isang babae ang sumigaw nang malakas pa sa tawanan. 'Siya ay magsasabi sa bawat isa na makasalubong niya na mayroon siyang maramot at maykapighatiang kapitbahay. Maaaring gustuhin niya na sa ibang mga paraan ay saktan siya.

Mayroong mga sigawan ng pagsang-ayon at ako ay tumango: 'Oo, kaniyang makakalimutan na siya ay minsang tinanong ng kaniyang kapitbahay upang maglakad ng isa o dalawang milya at tumanggi siya. Hindi niya makikita ang BATAS ng PAG-AANI at PAGTATANIM na gumagawa sa kaniyang buhay. Siya ang

nagtakda ng pagkilos noong siya ay tumanggi na maglakad ng isang milya kasama ng kaniyang kapitbahay at ngayon ay inaani na niya ang kaniyang mga asal at mga gawa. Anong gamit na magalit siya kung siya mismo ang lumikha ng kalagayan sa kaniyang sarili.

Ang mga tao ay tumawa at tumango at nagwika sa isa't isa. Hindi noon pa man sila ay nakarinig ng ganoong karunungan ng pantaong pag-uugali. Dito ay ang sa pangkabuuan ay bagong katuruan.

Winika ko sa kanila: 'Akin kayong pinapayuhan, kung ang inyong kapitbahay ay lumapit sa inyo para maglakad ng isang milya kasama nila o iba pa na makapagpapaalwan sa kaniya at makapagpapasaya, una ay isipin ang tungkol sa kung ano ang gusto ninyong gawin niya sa inyo kung kayo din ay may pangangailangan? Paano ninyo gusto na tumugon siya sa inyong pakiusap?'

Bulungan ang namutawi sa kapal ng mga tao at aking nakita na kanilang naunawaan ang aking sinabi sa kanila.

'Sa totoo lamang, kapag ang inyong kapitbahay ay nakiusap sa inyo na sumama sa kaniya ng isang milya, gawin ninyo ito na may kasiyahan, madaling pakikipagkasundo at maging handa na magpatuloy na gawing dalawang milya kung kinakailangan. Kapag tumanggi kayo sa mga tao, hindi ninyo nalalaman ito, ngunit hinihigpitan ninyo ang inyong mga isip at mga katawan na handa para protektahan ang sarili mula sa pagiging pwersahan sa anumang ayaw ninyong gawin. Hinihigpitan ninyo ang inyong mga isip at mga katawan at ang **'Ama'** ay nahihigpitan din at hindi makatupad ng **GAWA NG PAG-IBIG Nito** na nasa inyo, at mula sa paghihigpit na ito ay dumarating ang karamdaman.

'Muli, maaaring makasalubong ninyo ang iba na may matinding pangangailangan, na malamig at malungkot. Maaaring hingin niya ang inyong balabal. Huwag kayong dumaan lamang sa kaniya at tumitig sa kaniya.' Ang ibang mga tao ay tumawa. Alam nila na ito ang kanilang gagawin. 'Hindi, ibigay ninyo sa kaniya ang inyong balabal, at kapag siya ay talagang giniginaw, ibigay din ninyo sa kaniya ang inyong kayo. Umalis kayo na nagagalak.

Nagagalak? Pagtatanong ng isang boses na hindi naniniwala.

Tumawa ako at nagsalita: 'Oo, aking kaibigan - nagagalak! Una, dahil mayroon kayong balabal at kayo para ibigay, at pagkatapos ay nagagalak dahil natanto ninyo ngayon na kayo sa sarili ninyo ay nagkukulang sa balabal at kayo, ang inyong **'Ama'** na nasa inyo ay sa maikling panahon ay magbabalik sa inyo ng inyong balabal at kayo sa iba pang nakamamanghang paraan. Kung, bagaman, at naibigay ninyo sa kaniya ang inyong balabal at kayo at pagkatapos ay nagpatuloy ng paglalakad, naghihimutok sa inyong sarili- 'Ngayon bakit ko ginawa iyon? Ako ay hangal. Ngayon ako ay giginawin sa halip na siya, at ang mga tao ay tatawa sa akin dahil ibinigay ko ang aking balabal at kayo at ngayon ay walang natira sa akin at ano ang sasabihin ng aking asawa kapag ako ay dumating sa aming tahanan?

Ang mga tao ay tumatango at tumatawa, nagagalak sa larawan ng lalaki na nagbigay ng kaniyang balabal at kayo at pagkatapos ay naalala kung ano ang masama na ginawa niya sa kaniyang sarili. Alam ko na malimit, ay tiniis nila ang kanilang mga sarili upang tumulong sa iba- at pagkatapos ay pagsisisihan ang kanilang pagkamatulungin.

Ako ay naghintay ng sandali at pagkatapos ay sumigaw sa malakas na tinig upang makuha ang kanilang buong pansin: 'Ngunit hindi baga sinabi ko sa inyo na AANIHIN ninyo gaya ng inyong ITINANIM? Hindi baga maliwanag na sinabi ko sa inyo na ang inyong mga pag-iisip, mga salita, mga gawa ang lumilikha ng inyong mga panghinaharap na mga pangyayari? Kaya ano ang gusto ninyong itanim upang anihin pagkatapos na maibigay ninyo ang inyong balabal at kayo sa estranghero? Gusto baga ninyo na ang inyong mga regalo ay muling maibalik sa inyo o gusto ninyong walang

balabal at kayo sa mahabang panahon dahil iyan ang mangyayari sa inyo kapag nagpatuloy kayo sa inyong daan, nagagalit at masama ang loob dahil ibinigay ninyo ang inyong balabal at kayo. Ang inyong mga salita at mga gawa ay masiselyado, magiging matigas na parang bato, ang karalitaan na dinala ninyo sa inyong mga sarili sa pamamagitan ng pagbibigay ng inyong balabal at kayo.'

Ang mga tao ay hindi na nakangiti at tumatawa, sila ay napakatahimik at masugid na nakikinig.

Tandaan, una ay gumawa kayo sa iba gaya ng gusto ninyong gawin nila sa inyo, pagkatapos magkakaroon ng kapayapaan at pagkakontento sa inyong mga isip at mga puso at ang **'Ama'** ay makagagawa ng **GAWA NG PAG-IBIG Nito** na nasa inyong mga katawan, mga isip at mga puso. Magbigay at magbigay nang may kasaganaan, at magalak na mayroon kayong mga regalo upang ibigay sa mga nangangailangan, dahil habang kayo ay nagbibigay ay gayon din na ang inyong mga regalo ay ibinabalik muli sa inyo sa paraan na mas kailangan ninyo. Magbigay nang may masayang puso, magbigay na may pananalig at karunungan na saan man at may pagkukulang sa inyong mga buhay, gayon din na ang **'Ama'** ay tutupad sa **GAWA NG PAG-IBIG Nito** na may kasaganaan sa inyo - at para sa inyo.

Huwag kayong gagawa ng anuman na may mabigat na puso dahil ang mabigat na puso ay siya ninyong patuloy na makakamtan.

Magbigay kayo ng bawat bagay na may nagagalak na ispirito, na ang bawat bagay sa inyong buhay ay magdala sa inyo ng kaligayahan lamang at ispiritwal na mga pagkaunawa.'

Ang isang lalaki ay nagkomento: 'Ito ay labag sa likas ng tao. Ito ay likas na maging mapag-usisa tungkol sa hinaharap.

Ang mga damit ay mahal, ang pagkain ay hindi madaling dumarating. Ang buhay ay palagiang pakikipagtunggali.

Ako ay sumagot sa kaniya sa malakas na tinig dahil siya ay nagsasalita lamang ng alam ko ay iniisip ng karamihan sa mga nakikinig.

'Ngunit hindi ninyo alam na may katiyakan na ang bukas ay kayo ay makikipagtunggali upang mabuhay. Hindi ninyo alam na bukas ay wala na kayong magandang trabaho, o iba pang bagay na darating sa inyong landas. Hindi ninyo alam ito-ngunit kayo ay gumagawa nang sigurado para sa inyong sarili na maaaring wala ng magandang trabaho o mga iba pang kahangahangang pagkakataon sa inyong buhay- dahil kayo ay lumilikha ng mga pangyayari sa inyong mga bukas.'

Siya ay galit. 'Ako ay? Paano ko gagawin iyon?'

'Hindi baga kasasabi ko lamang sa inyo? Humarap ako sa mga tao na tumatawa. 'Sabihin ninyo sa akin, paano ang lalaki na ito, sa itaas sa unahan, sa pulang kayo, ay lumikha ng kaniyang mga bukas?'

Ang kapal ng tao ay tahimik, pagkatapos ang isang napakabatang lalaki, si Markus, ay sumigaw sa akin: 'Alam ko. Sinabi niya na siya ay maghihirap upang bumili ng pagkain at mga damit. Sinabi ninyo sa amin na kung ano ang aming iniisip at sinasalita ay siya naming makakamtan.'

'Tumpak,' sabi ko. 'Ikaw ay napakatalinong bata. Iyong naunawaan. Mag-ingat ka na hindi ka makalikha para sa iyong sarili ng mga bagay na ayaw mo. At ako ay magiging masaya para sa iyo na maging aking disipulo kung ikaw ay mas may edad na at ang iyong mga magulang ay papayag.

Ang ibang mga tao ay tumawa - ngunit ang iba ay hindi. Nakita ko na hindi sila naniwala sa isang salita na tinuran ko.

"Hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Kalangitan sa pagiging mapag-alala. Kung kayo ay may kabigatan sa araw na ito, bakit magmamaktol tungkol dito? Ito baga ay makapagpaparamdam nang mas maayos sa inyo kung kayo ay magrereklamo, ang inyo bagang pag-iyak ay makapagpapaliwanag sa inyong araw? At

kapag kayo ay balisa tungkol sa inyong mga bukas, ginagawa ninyo ang inyong mga bukas na mabigat at masalimuot kahit na bago ninyo pa man makuha ang mga ito. Bakit ninyo gagawin ito? Anong mabuti ang gagawin ng mga ito sa inyo? Kailan ang pag-aalala ay nakapagdulot ng anuman sa inyo? Maaari ninyo rin na subukan na gawin ang inyong sarili na mas matangkad sa pamamagitan ng pag-aalala na kayo ay maigsi."
Hindi, huwag kayong manahan sa mga bagay na wala kayo. Manahan kayo sa mga bagay na **maaaring maging inyo** kung kayo ay tutungo sa **'Ama'** na nasa inyo at hingin sa perpektong pananalig, naniniwala na inyong matatangap- at sasabihin ko sa inyo na walang takot ng pagsalungat, na inyong matatanggap. Ngunit dapat na humingi kayo nang maayos- na naniniwala. Wala kayong matatanggap kapag kayo ay humingi ngunit kasabay noon ay nagtatanong kung kayo ay narinig o kung ang **'Ama'** ay **makararamdam** na tulad ng pagbibigay ng inyong gusto. Ito ay pantaong paraan ng pagbibigay, ngunit hindi ng **'Ama'** na nagbibigay nang may kasaganaan at nagpupuno sa inyong mga kailangan.
'Ang **'Ama'** ay laging nagbubuhos ng regalo **Nito** sa inyo, mga regalo ng pagkain na masagana, mga kasuotan, bahay, mga kaibigan, kung kayo sa sarili ninyo ay may malinis na puso at isip, at kung kayo ay laging umaasa sa **'Ama'** bilang inyong suporta sa bawat sandali.'
'Kung kayo ay nanalangin at walang natanggap, huwag para sa isang sandali, na mag-isip na walang **'Ama'** o ang **'Ama'**ay hindi nakikinig sa inyo, sa halip, kailangan ninyong tanungin ang mga sarili ninyo kung **ano ang nasa inyo** na humahadlang sa **'Amang' GAWA NG PAG-IBIG** para matupad sa inyo at para sa inyo.
'Kapag pumunta kayo sa altar upang manalangin o mag-alay ng regalo, at sa landas papunta doon ay naalala ninyo na nakipag-away kayo sa iba, lumiko kayo pabalik at pumunta sa taong iyon at makipagkasundo sa kaniya. Pagkatapos, kapag dumulog kayo sa **'Ama'** sa pamamagitan ng panalangin, **kayo ay may malinis at dalisay na isip**, at kayo ay maririnig ng **'Ama'** at ang **'Ama'** ay makatutugon, nagbibigay sa inyo ng lahat ng inyong pangangailangan, sa kapayapaan at katahimikan ng inyong pagiging lalang.
'Kung hindi pa rin kayo makapaniwala na ang **'Ama'** ay nangangalaga para sa kaniyang nilikha, tumingin kayo sa inyo sa ningning ng mga bulaklak sa parang, gaano kagaganda ng mga ito! Ikonsidera ang mga maniningning na pag-iisip na pumunta sa kanilang disenyo, sa kanilang kagandahan! Saan ninyo matatagpuan ang mga kulay na nakikita ninyo sa mga petal nito? Sa lahat ng kaniyang karunungan, si Solomon sa kaniyang sarili ay hindi nagkaroon ng kagayang magagandang kasuotan na magawa para sa kaniyang sarili. Tingnan ang paraan ng mga bulaklak na nakahahalina sa mga pukyutan at ang mga pukyutan ay tumutulong upang magdala ng mga buto sa susunod na panahon, para gawin ang inyong mundo na maganda at magbigay sa inyo ng pagkain. Bakit hindi ninyo mapaniwalaan at ilagak sa **'Ama'** kung ang mundo na nasa palibot ninyo ay planado, dinisenyo at pinangalagaan sa kagayang kahangahangang paraan?'

'Ngunit alalahanin - itong mga nabubuhay na halaman at mga puno, di tulad ng tao, ay hindi nagrereklamo tungkol sa kanilang lugar, at nakikita ang kanilang mga sarili na nagugutom at hubad, at kaya hindi ng mga ito 'napawawalang bisa' ang gawain ng **'Ama'** sa mga ito.'
Ito ay kayo sa inyong patuloy na pagrereklamo at pagsasalita tungkol sa kung ano ang nagkukulang sa inyo, ang inyong pang-aapi sa bawat isa, ang inyong pagpupumilit sa parusa, ang inyong mga kritisismo at pagtutungayaw, na lumilikha ng inyong kakulangan- at ng inyong mga karamdaman- palagi, araw-araw.
Sinabi ko ang lahat ng mga bagay na ito sa inyo upang maghanda kayo, mga may sakit, para sa pagpapagaling. Hindi kayo mapapagaling hanggang maniwala kayo sampo ng inyong mga puso na ang

paggaling ay mangyayari. Tandaan na ang karamdaman ng katawan ay nanggagaling mula sa sakit na nasa isipan, gaya ng inyong mainit na ulo, mga insulto, mga galit at mga pagkayamot.

'Ang Amang Pag-ibig' ay ang pinagmumulan ng lahat ng kalusugan, samakatuwid ay lahat ng mga pag-iisip at pakiramdam na salungat sa '**Amang Pag-ibig'** ay nagdadala ng karamdaman.

'Gaya ng lahat ng inyong mga kasamaan at karamdaman ay nagsisimula sa isipan - **gayon din ang inyong kabutihan.'**

Kalingain ninyo ang inyong kapitbahay kagaya ng sa inyong sarili.

'Pagpalain ang inyong kapitbahay kung nagkaroon kayo ng pagtatalo, ipagdasal siya kung masungit siya sa inyo, tulungan siya sa anumang paraan sa lahat ng oras, kahit na hindi niya iharap ang mukha niya sa inyo, dahil pagkatapos ay gumagawa kayo ng mabuti sa inyong isip at mga pagninilay, at mabuti ang aanihin ng inyong mga pagtatanim. Hindi lamang ito - inyong dinadala ang inyong isip sa saliw at tono ng **'Ama'** na nasa inyo, na '**Perpektong Pag-ibig.' Sa ilalim ng mga kondisyong ito, ang 'Ama' ay makagagawa ng perpektong GAWA NG PAG-IBIG Nito sa inyo.'**

Noong matapos na ako sa pagsasalita, ang mga tao ay nagdala sa akin ng kanilang maysakit at batay sa kanilang pananalig sila ay napagaling.

****

Ang **LIHAM 3** ay higit na magsasalarawan ng mga **turo ng Kristo** at magpapaliwanag ng mga pangyayari na hahantong sa Kaniyang pagkakapako sa krus at kamatayan. Kaniyang isinasalarawan sa nakatutusok na detalye, ang Kaniyang huling Hapunan kasama ng kaniyang mga alagad noong matagpuan niya ang kaniyang sarili na nag-iisa sa ispirito dahil ang Kaniyang mga disipulo, hanggang sa huli ay umiwas na paniwalaan na siya ay mapapako sa krus. Paulit-ulit, Siya ay hindi naunawaan, at Kaniyang nalamang muli kung gaano kaliit na nagawa Niyang magturo sa bawat isa sa loob ng Kaniyang tatlong taong **gawain ng pagmimisyon**. Siya ay maligayang aalis!

Ito ay buong pagmamahal na hinahangad ng Kristo na ang mga LIHAM na ito ay mabilis na mailimbag at maipamahagi sa mga tao na naghahanap ng Katotohanan. Kung sisipi mula sa mga LIHAM, pakibanggit nang maliwanag ang pinagmulan:

CHRIST'S LETTERS, www.christsway.co.za, (Book Title: CHRIST RETURNS – SPEAKS HIS TRUTH)
MGA LIHAM NG KRISTO,www.daanngkristo.com
(Titulo ng Aklat: Ang Kristo ay Nagbabalik Naghahayag ng Kaniyang Katotohanan)

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 3

Dahil ang mga Liham na ito ay nagdadala sa inyo tungo sa ispiritwal-mental na dimensiyon na lumalagpas sa pantaong antas ng mga gawain at mga alalahanin, ang mga ito ay pinakamainam na matatarok kung pangungunahan muna ng oras ng katahimikan at pagiging relaks. Pakalmahin ang inyong mga isip, kung maaari, patungo sa estado ng panloob na katahimikan ng pag-iisip. Ito ay dito lamang sa may lubusang mapagtanggap na estado na ang mga Liham na ito ay papasok sa inyong pantaong pag-iisip kalakip ang kanilang katunayan.

Ang aking WALANG HANGGANANG SELESTIYAL NA PAG-IBIG ay nag-uudyok sa akin na magbalik muli at muli upang lumiham sa tao, kalakip ang hangarin na, sa katapusan, na mas marami pa sa inyo ay handa upang tanggapin ito, ay magkakaroon ng karunungan na magdudulot sa inyo upang malampasan ang inyong pagkatao at mapabuklod tungo sa 'Amang Kamalayan' - ang tunay na 'Kamalayan ng Pag-ibig' na nababatid na ang lahat ng mga bagay ay sagana at marikit.

Gaya ng sinabi ko noon at gustong ulitin, ang aking pangkabuuang misyon sa lupa ay udyok ng PAG-IBIG at ay nakagiya LAMANG sa pagtuturo ng Katotohanan ng Pagiging naririto, dahil kung wala ang karunungang ito, ay walang pag-asa ng pagkaligtas mula sa mga pasakit na ang tao ay isinilang para magpasan.

Alam ko na ang pangungusap na ito ay magdadala ng sobrang kalungkutan sa mga matatapat at masusugid na tagasunod ng relihiyong Kristiyanismo, at para doon sa mga nagsentro ng kanilang pananampalataya sa persona ni 'Hesus.' Ngunit sasabihin ko sa inyo nang may katunayan; upang mapagtagumpayan ang pag-aalis ng pagkatao sa inyong mga sarili na nagpapahinto sa inyong pabalik mula sa buong kaganapan ng PANGKALAHATANG KATOTOHANAN, at ang pagkaunawa ng tunay na likas ng *'pantaong-ispiritwal' na kalagayan* na tinawag kong 'Kaharian ng Diyos,' *kailangan ninyong lumayo mula sa mga matatandang dogma ng 'kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ng tupa,' ang Trinidad, at iba pang mga paniniwala, at dumating na may pagkaperpektong bukas na tumatanggap na mga isipan sa KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO.*

Walang iba pang kaligtasan na posible. Hindi kayo maililigtas ng 'Diyos,' dahil, sa kamangmangan sa mga katunayan ng pagiging naririto, ang tao ay patuloy na gumagawa ng kaparehong patungo sa mundong mga pagkakamali hanggang sa huli ng panahon, *kaya lumilikha ng kaniyang sariling karamdaman at pighati.*

Dagdag pa, anuman ang pinaniniwalaan ng tao tungkol sa 'kaligtasan mula sa mga kasalanan,' ito ay pantaong kamalian, dahil ang Batas ng Dahilan at Dulot ay hindi matantya at bahagi ng mahalagang kabuuan - sadyang-likas na katangian ng pagiging naririto. Hindi ninyo mapaghihiwalay ang mga kinahinatnan mula sa dahilan, ni hindi ninyo mabubura ang dahilan at pagkatapos ay mayroon pa ring mga epekto. Sa lahat ng antas ng Pagiging lalang, ito ay Katotohanan.

Kayo ngayon ay maaaring may kasapatang nakapaglinang sa inyong pag-iisip para matanggap ang mga sumusunod na batayang katotohanan tungkol sa inyong makalupang pagiging naririto.

Ang Batas ng 'Dahilan at Epekto,' 'Pag-aani at Paghahasik' ay ang nakikitang epekto ng kung ano ang tinatawag ninyong 'elektromagnetismo' at walang isa na may karunungan sa siyensiya ay mag-aasam na ang

'Diyos' ay isasa isang tabi ang mga batas ng elektromagnetismo, kung alin ay ang 'gawaing-pagbubuklod-paghihiwalay.'

Ang 'Gawaing-Pagbubuklod-Paghihiwalay' o ang 'Pagkilos-Paghatak-Pag-atras' ay batayang MGA PINTIG ng PAGIGING NARIRITO at ay PANTAONG KAMALAYAN sa sarili nito, na siyang nagdala ng inyong namamasdang mga anyo sa buhay, at ay ang mga 'instrumento' o 'mga kagamitan' lamang ng paglikha. Ang mga ito ang responsable sa pagkakabuo ng substansya o ng 'bagay' at saka para sa paglinang ng pang-indibidwal na mga anyo at sa katapusan ay ang personalidad sa sarili nito sa lahat ng mga nabubuhay na mga lalang.

Dahil ang mga Batas na ito ay pundamental sa inyong pang-indibidwal na pagiging naririto, ito ay hindi maaari na isa isang tabi ang mga ito. Kaya, hindi ninyo maipagwawalang bahala ang mga problema na sadya sa inyong pansariling pagiging naririto at maniwala na ang 'Diyos' ay magliligtas sa inyo mula sa mga iyon. Ang inyong tanging pag-asa sa huling pagtakas, ang paghakbang papalayo sa gilingan ng pantaong karanasan, ay upang kilalanin at pahalagahan ang mga ito at pagkatapos ay gumawa sa bawat minuto upang malampasan ang mga ito at sa katapusan ay maging kaisa nito, sa kadalisayan ng isip, puso at gawa, at maging 'isa' sa Pangkalahatang Kamalayan ng Pag-ibig - ang 'Ama' na gumagawa ng GAWA NG PAG-IBIG.

Sa kagayang panahon, habang kayo ay lumalago sa pagkaka-alam ng katunayang LIKAS ng 'Ama' na nasa inyo at lumalampas sa inyo, sa paligid ninyo' kayo ay darating na mayroong hindi nagbabagong pananalig na, sa bawat pangyayari, ay makakukuha kayo ng inspirasyon, kapangyarihan, at pagkakataas na diretso mula sa 'Ama' na nasa inyo at sa paligid ninyo.

Inyong MALALAMAN na ito ay totoong ang 'Ama' na nagsusuporta at gumagabay sa inyo tungo sa Kaharian ng 'Amang Kamalayang Pag-ibig.'

Ito ay magiging may kasaganaang maliwanag sa inyo na habang ang 'Ama' ay pangkalahatan, Ito ay pang-indibidwal din para sa *inyo.* Alam Nito kayo, ay alam ang inyong iniisip at ang inyong mga suliranin. Sa loob ng 'Amang Kamalayang Pag-ibig' ay ang perpektong mga solusyon na naghihintay ng inyong pagkilala. Kapag inyong nakilala na ang mga ito, kayo ay mapapakawalan mula sa sakit kung kayo ay maging malambot at may kagustuhang makinig.

Hanggang kayo ay may pagnanais na makinig, kayo ay hindi mapupuno ng 'Amang Kamalayang Pag-ibig.' Magsasabi ako sa inyo ng isang talinhaga. Isipin na ang isang bata ay umiiyak at nagpapapadyak dahil gusto niya ng sorbetes.

Buong oras, siya ay gumagawa ng ganitong ingay, ang kaniyang ama ay naghihintay nang may katiyagaan sa may pintuan ng kaniyang silid upang ipakita sa kaniya na nagdala siya para sa kaniya ng sorbetes at *prutas.*

Maaari ninyong isipin na ang talinhagang ito ay hindi magkakatotoo, ngunit ito ay tunay. Ang mga ina ay nakaaalala sa mga oras na ang mga bata ay hindi maalo tungkol sa mga bagay, ayaw makinig sa kung ano ang sinusubukang pilit na sabihin sa kanila, at ngunit ang ina ay may solusyon na naghihintay para sa kanila sa oras na sila ay tumigil sa paggawa ng ingay at tuyuin ang kanilang mga luha.

Nakikita ko ang dalahin ng mga tao at ang kanilang pag-iyak at pagtangis at ang aking awa ay walang hangganan.

Kayo ay dininig ngunit sa loob ng inyong konteksto ng inyong pangkasalukuyang kamalayan, mayroong kagyat na magagawa ako para sa inyo. Hindi ko mapapasok ang mga lubid at mga kadena ng inyong mga taon ng kawalang muwang na pag-iisip at paggawa.

Nakikita ko ang sakit na laganap sa loob ng mga simbahan, sa mga paglilingkod at mga pulpito sa pamamagitan ng mga ignoranteng mga sermon. Nakikita ko ang mga bansa at ang kanilang mga tao na nagsisikap upang mapagtagumpayan ang mga kahirapan na nagmumula sa kanilang mga tradisyonal na pagpapahalaga, kultura, at mga paniniwalang panrelihiyon. Nakikita ko ang mga limitasyon sa kanilang pang-araw- araw na pamumuhay, ang pagkukulang sa katuparan ng kanilang mga pangangailangan at mga layunin, at ang paghihirap na nagmumula sa kanilang mga relasyon na iba't ibang uri.

Ang kolektibong kamalayan na nanggagaling mula sa mundo ay ang masamang lagay ng mga pagkatakot, insulto, mga pagkagalit, emosyonal na kaguluhan ng marubdob na mga pagnanasa, paghihiganti at pagkaupos, napagtahi tahi kasama ng awa, determinasyon upang iangat ang kamalayan ng mundo, dedikasyon sa paghahanap ng walang kondisyong pag-ibig ng mga nakatanggap ng inspirasyon at antas ng kaliwanagan.

Ako ay dumarating na malapit sa mga tao na tumatawag sa akin at gumagawa kasama nila upang mapagaan ang kanilang mga paghihirap, ngunit ang kanilang paraan ng pag-iisip at mga paniniwala ay may kalakasan na nakalilok sa kanilang mga utak, kaya ang aking Katotohanan ay hindi makaabot at makapagdala ng bagong karunungan sa kanilang mga isipan. Maraming mga tao ang nakarinig, bagaman at may kaigsian at hindi perpekto, ngunit nagkulang sa tapang upang tanggapin ang bagong mga ideya at magsalita. **Dagdag pa ang oras ay hindi naging tama upang maabot sa pamamagitan ng mga hadlang sa pantaong kamalayan upang magturo sa inyo.**

Ngunit ngayon ang oras ay tama na. Kayo ay nakakilos na tungo sa bagong dispensasyon ng may baybrasyong mga alon na magdudulot sa inyo upang mas maalwang tumaas mula sa pagiging materyal sa nakaraang panahon. Ito ay maaaring tumunog ng kakaibang pangungusap, ngunit mayroong pangkalahatang imbak ng karunungan tungkol sa mga enerhiya na hindi ninyo pa nasisimulang unawain. Sa panahong ito, walang panlupang isip na may kakayahan sa pag-unawa. ***Ito ay posible lamang para sa inyo na 'isipin' ang pagkakasunud sunod ng enerhiya, na hindi naman ang katotohanan.***

Ito ay makatutulong sa inyo, samakatuwid, kung matatanggap ninyo ang aking mga pangungusap, nagtitiwala sa mga ito, dahil ang mga iyon ay tunay. Kayo ay kumikilos tungo sa bagong mga alon ng baybrasyon na patungkol sa mga 'pantaong kamalayan' na makapagpapakilos sa inyong paunahan tungo sa ispiritwal-mental na paglinang na isinalarawan ko sa Liham 1.

Dahil ako ay suminsay, akin ngayong kailangang ulitin: Hindi na kayo makatatakas sa pinaka pundamental na **Mga Batas ng Pagiging Naririto** tungkol sa inyong mga pag-iisip at pakiramdam - paghahasik at pag-aani, ng higit sa maaari na kayo ay tumakas sa mga batas ng elekromagnetismo sa inyong materyal na mundo, dahil ang elektromagnetismo ay ang PINTIG na lumilikha ng Batas ng paghahasik at pag-aani na kagaya ng elektromagnetismo na lumilikha ng anyo sa loob ng pundamental na lugar ng pang enerhiyang mga partikulo.

Samakatuwid ito ay hindi maaari na magpatuloy na maniwala sa mga pang Kristiyanong dogma at subukin din na sumunod sa mga Liham na ito dahil ang dogma, na nag-uugnay sa 'kaligtasan dahil sa aking kamatayan sa krus,' ang Trinidad, ang pisikal na pagkabuhay mula sa kamatayan, at ang paggamit ng insenso at mga inihandang mga anyo ng panalangin, ay may kamalian at ang mga katunayan na ngayon ay

inihayag sa inyo sa mga Liham na ito ay Katotohanan. Ang dogma at mga pangsakramentong palamuti ay, ang inyong sasabihing 'paglalayo lamang ng atensiyon sa tunay na isyu,' upang makakuha ng inyong pansin at pagsanib ngunit nakapagpapalabo sa Katotohanan ng aking mga turo.

Kaya nga, ang mga Liham na ito ay dapat sulatin.

Ang tangi lamang paraan na ako ay makaabot sa inyong mundo sa pangkasalukuyang panahon ay kung pumustura upang pumasok sa bagong isipan/emosyonal na dispensasyon, ay ang paggamit ng tumatanggap, masunurin at inalisan ng programang isipan upang matanggap ang tagubilin at gawin ang manu manong gawain para sa akin.

Ang mga Liham na ito ay naghahandog ng tunay na kaparaanan lamang kung alin ay ang mga tao ay makatatagpo ng landas tungo sa ispiritwal na dimensiyon na kung alin ang lahat na pantaong pagkakamali ay kumukupas nang papalayo at tanging pag-ibig lamang ang nananatili.

Anuman na iba pa na maaaring sabihin ay may pagkapurong pantaong pangangatwiran at dahilan - at ang mga ito ay hindi KATOTOHANAN.

Ang mga tao ay naghahanap ng bagong mga paraan upang masolusyonan ang matatandang mga problema, partikular sa Amerika, ngunit hanggang sa kanilang maintindihan ang tunay na likas ng BUHAY, ang ego, at ang mga Batas ng Pagiging Naririto, sila ay makapagpapalakas lamang ng paghila ng 'ego' at ang kanilang sakit ay magpapatuloy.

Tandaan, habang itinatala ko para sa inyo sa mga sumusunod na pahina, ang payak na Katotohanan na winika ko dalawang milenya na ang lumipas, ang Katotohanang ito ay nananatiling palagian at hindi nagbabago.

Kaya ay, ito ay maaari lamang upang mapalalim ang inyong pagkakaunawa sa Katotohanan, hindi upang baguhin ito.

Natanto baga ninyo pagkabasa ng naunang dalawang **mga Liham,** na lahat ng aking winika sa mga tao ng Palestina ay ang tuwirang resulta ng aking pagkaunawa sa ***'katunayan ng pagiging naririto'*** sa disyerto - **na walang solido?**

Natatandaan baga ninyo na, sa aking lumalampas na estado, sa pagtingin ko sa mga bato, buhangin, mga bundok, tubig na nasa ilalim ko sa Dagat na Patay, lahat ay lumitaw na **'sinag ng mga partikulo'?**

Ang bato, buhangin, mga bundok, tubig, ay nagkakaiba mula sa isa at isa, sa pagkakaiba lamang sa antas ng kalakasan ng 'sinag ng mga partikulo' at ng maliwanag na kapal ng mga partikulo sa loob ng sinag.

Walang iba pang paraan na maisasalarawan ko ang aking nakita noong nasa lupa upang maiparating ang mga katunayan tungkol sa totoong substansya ng 'bagay' at ang nakikitang solidong pundasyon at pagkakagawa ng inyong mundo.

Sa modernong pananalita, ay inyong maaaring tawagin na 'sinag ng mga partikulo,' ay baybrasyon ng mga partikulo.

Maaari din na inyong pagsamahin ang dalawang kataga at isalarawan ang pinaka pundamental na nakikitang 'katunayan,' bilang ang **'sinag ng mga partikulo.'** Ito ang nagpapaabot ng pandamdam sa 'kinang ng liwanag' na nakita kong ang mga partikulo ay sumasayaw.

Habang nasabi na ang lahat ng mga nauna bilang panimula sa aking mga nasabi tungkol sa mga gawain ko

sa Palestina, hayaan ninyo na dalahin ko kayo sa isa pang araw, dalawang libong taon na ang lumipas, noong ang araw ay sumikat, at ang himpapawid ay maliwanag, maliwanag na asul, at nagsimula akong umakyat sa mga burol kasama ng aking mga alagad, sa kagustuhan na magpahinga, magnilay nilay at manalangin.

Ngunit ito ay hindi gayon. Inisip naming tumakas, ngunit sa kabila ng aming pagsasabi sa mga tao ng aming mga hangarin, kami ay unang sinundan ng iilan na pagkatapos ay sumigaw sa mga iba pa na kami ay pupunta sa mga burol.

Kahit na nakiusap kami sa kanila na bumalik na sa kanilang mga tahanan, ang ilan sa bandang huli ay dumami tungo sa malaking pagtitipon ng mga tao na sumusunod sa aming hulihan. Sila ay mapagpumilit na ako ay dapat magsalita sa kanila.

Kayo ay magtatanong kung bakit sila ay lubhang naghahangad na makinig sa akin.

Sa paraang intwitibo, alam nila na ako ay nangungusap ng mga salita ng BUHAY sa kanila.

Lagi, aking ipinamalas sa kanila ang gawain ng ‘Ama’ na nasa paligid nila at ito ang nagbigay sa kanila ng pag-asa at tumulong sa kanila upang makita ang mundo na may bagong konsepto.

Nangusap ako sa kanila ng PAG-IBIG at naramdaman nila ang kagaanan.

Ito ay kung bakit masasabi ko sa kanila, sa pagkakaalam na kanilang mauunawaan at sasang-ayon sa akin:

‘Pumunta kayo sa akin, kayo na napapagod at nabibigatan at bibigyan ko kayo ng kapahingahan. Ang aking pamatok ay magaan at ang aking pasanin ay maalwan.’

Batid nila na noong sabihin ko ang mga salitang ito, na kadalasan kong ginawa, aking pinaghahambing ang mga alituntunin at mga batas ng mga pinunong Hudyo kumpara sa Katotohanan na aking inihahayag sa mga tao.

Kaya ito ay, noong ako ay hanapin ng mga tao upang magturo sa kanila, anong magagawa ko kundi ang maupo sa bato sa itaas nila – at magturo.

Ako ay determinado na, kung sila ay pumunta nang ganitong kalayo upang mapakinggan ako, makaririnig sila ng bagay na kanilang matatandaan at maaaring masabi sa kanilang buong buhay.

Batid ko na sa kabila ng lahat na aking sinabi sa kanila tungkol sa **‘Ama’ at ‘Amang Pag-ibig.’** sila ay nagdadalawang isip pa rin sa di pagtanggap ng ‘Diyos.’ Kahit na sinubukan kong tulungan sila upang maunawaan na ang

‘Ama’ na aking sinasabi, ay hindi ang personang ‘Diyos’ na kanilang sinamba, buo ang pagkakaalam ko na sila ay nagugulumihanan. Kahit na sinabi ko sa kanila nang paulit ulit na ang **‘Ama’** ay nasa kanila, sila pa rin ay nag-alala na sila ay makatatanggap ng parusa mula sa itaas dahil sa paniniwala sa aking mga salita.

Ano ang itututuro ko sa kanila ng araw na iyon, tinanong ko ang ‘Ama’? Pagkatapos ay napansin ko ang mga kambing at tupa na nanginginain sa gilid ng burol sa ilalim ng mapagmatyag na pangangalaga ng kanilang pastol at ang aking mensahe noong araw na iyon ay pumasok sa aking isipan. Tumayo ako at sumigaw upang ang aking tinig ay makaabot hanggang sa kahulihan ng kapal ng mga tao:

‘Nakikita ninyo ang mga tupang ito at mga kambing na nanginginain sa mga burol. Ang tupa ay nasa isang lugar at ang mga kambing ay nasa iba pa.’

‘Ikonsidera ang tupa. Ang mga ito ay matiyaga at hindi agresibo tungo sa iba kahit na matulak nang gitgitan sa sulok ng kanilang kural. Ang mga ito ay tahimik na nanginginain, hindi inuokupa ang lugar na hindi para sa mga ito, iniiwan ang pastulan na masinsing pinangainan ngunit hindi wasak, hinahayaan ang damo na muling makasuloy pagkatapos na ang mga ito ay dumaan dito. Ang pinakamahalaga, ang mga ito ay nakikinig sa tinig ng kanilang pastol. Samakatuwid, siya ay nangangalaga sa mga ito. Ginigiyahan niya ang mga ito tungo

sa pinakamainam na pastulan at siya ay natutulog na kasama ng mga ito sa gabi upang hindi ang mga ito manganib o atakihin ng mga aso o magnanakaw.'

'Tingnan ninyo ang mga kambing, paano ang mga ito ay nagpapatikad at naglululukso sa ibabaw ng mga bato at naglalagay sa mga ito tungo sa hindi maganda o mapanganib na mga lugar? Sinisira ng mga ito ang mga dawag at ang supang ng mga kahoy. Ang mga ito ay maninira. Kung hindi lamang dahil sa gamit para sa tao, ay walang lugar para sa mga ito maliban na igapos buong araw o dalahin sa disyerto.'

'Nakatanaw ako sa inyo sa baba ko, at alam ko na mayroon sa inyo na maraming tupa - at, mayroon ding marami sa inyo ang mga kambing.'

Mayroong mga ilang galit na mga bulung-bulungan ngunit, sa kabuuan, ang mga tao ay may kabutihang likas na nakipag umpugan ng mga siko at nakipagbiruan sa isa at isa, habang itinuturo ang mga 'kambing' at tumatawa at tumatango.

Ito ay mabuti na makita silang tumatawa at ako ay nagpatuloy;

'Maaari ninyong masabing mga tupa dahil sa kanilang mga tahanan, ang paraan kung paano nila pakitunguhan ang kanilang mga kapitbahay, at ang paraan na sila ay itinuturing ng lahat sa kanilang pamayanan. Maaari ninyo ring sabihing mga kambing – sila kaya ay magkakaroon ng maraming mga kaibigan?'

Mayroong malakas na ungol mula sa kapal ng tao: 'Hindi!' na sinundan ng marami pang halakhakan.

'Sumusunod baga ang pastol sa hulihan ng mga kambing at nangangalaga para sa mga ito – o kailangan ng mga ito na tingnan ang mga sarili at umuwi sa tahanan na ang mga ito lamang para gatasan sa gabi?'

Muli ang dagsa ng mga tao ay tumawa at sumigaw sa iba at ibang mga tugon, may mga napaka nakabibighani at may katalinuhan.

'At kaya ito ay nasa inyo kayo na mga tupa at para doon sa inyo na mga kambing – kayo ay protektado ng 'Ama' kung kayo ay tupa, at kayo ay hindi napangangalagaan ng **'Ama'** kung kayo ay mga kambing, dahil kayo ay may katigasan ng ulo na sumusunod sa inyong mga ninanasa sa araw araw at maaaring mag-iwan ng bunga ng pagkasira sa hulihan ninyo. Sabihin ninyo sa akin - *maaari baga na ang* **'Ama**' ay makapagprotekta sa mga tao na mga kambing?'

Ang mga tao ay matahimik ngunit nakikinig na may konsentrasyon.

'Sasabihin ninyo baga pagkatapos, na ang **'Ama'** ay galit sa mga kambing at hindi puprotektahan ang mga ito, o sa halip ay sasabihin ninyo na gaya ng ang pastol ay nangangalaga para sa kaniyang tupa at mangangalaga rin para sa mga kambing kung papayagan ng mga ito, ang **'Ama'** ay nagmamahal sa tupa at mga kambing nang pantay ngunit ay walang kapangyarihan upang pangalagaan nang pantay dahil sa mga natural na mga *pag-uugali* ng mga kambing?'

'Gayon din, ikonsidera ang mga gawi sa pagkain ng tupa at ng mga kambing. Ang tupa ay kontento na upang kumain ng damo *lamang, para sa kung alin ang sikmura nito ay perpektong dinisenyo, ngunit ang kambing ay kakainin ang anumang madaanan, na walang paggalang kung ano man ang para sa pagkakabuo nito.* Kaya ito ay para sa mga tao na walang pakundangan para sa kung ano ang ipakakain nila sa kanilang mga isipan, dahil wala silang tiyak na nilulunggati o maliwanag na layunin. Tulad ng mga kambing, hindi nila napapansin kung ang kanilang mental na pagkain ay nakasisira o ay magdadala sa kanila sa direksiyon na hindi nila dapat tunguhin sa kanilang pang-araw araw na pamumuhay o kung ito ay maghahantong sa kanila sa masamang mito o mapanganib na mga kamalian.

Sila ay pauli-uli, namumulot ng mga mental na katulad ng mga dawag, mga lumang sapatos, mga hibla ng damit, mga tulis, mga dahon, mga damo, dahil nagkukulang sila sa mabuting katuwiran.'

Isang lalaki ang tumawag sa akin: 'Master, ano kung ang isang tao na tupa, ay makagawa ng pagkakamali, at nakapaglagay sa kaniyang sarili sa gulo, siya baga pagkatapos ay iiwanan ng **'Ama'**?

Tinanong ko siya ng isang tanong bilang paraan ng pagsagot sa kaniya: 'Ano baga ang ginagawa ng pastol kapag ang isa niyang tupa ay mahulog sa hukay, o madapa sa balisbis na matarik, o masilo ng mga dawag? Sasabihin ko sa inyo. Iiwanan ng pastol ang kaniyang kawan at mabilis na maghahanap sa nawawalang tupa at hindi aalis hanggang hindi niya nadadala ito sa kaligtasan. Kaya gaya din ito sa **'Ama'** - walang isang tupa na makaiiwas sa paggawa ng mali sa isa o iba pang paraan, ngunit makasisiguro na ang **'Ama' ay kaagad na tumutugon sa iyak nito at sasaklolohan ito. At kapag ang kambing ay magsimulang umasal na katulad ng tupa at sumunod sa tinig ng pastol, pagkatapos ito din ay darating na nasa ilalim ng proteksiyon ng pastol at pangangalagaan na kagaya ng pagkalinga sa tupa.'**

'Kaya ito ay sa inyo at ang **Kaharian ng Kalangitan - ang Kaharian ng Diyos.'**

Maraming mga boses ang tumawag, nagtatanong sa akin upang sabihin sa kanila ang ibig ipakahulugan ko sa **'Kaharian ng Diyos.'**

'Ang sinasabi ko sa inyo ay hindi katulad ng anumang bagay na di pa ninyo narinig mula sa propeta sa anumang kapanahunan.

'Huwag ninyong subukan na unawain ang sinasabi ko sa pamamagitan ng pag-iisip ng kung ano ang sinabi sa inyo ng inyong mga Guro. Sila ay mag-uulit lamang mula sa mga kasulatan at walang personal na karununga ng Kaharian ng Diyos o Kalangitan.

Ang 'Diyos' ay hindi nakasilid sa loob ng isang lugar kundi ay nasa lahat ng lugar na kagaya ng mga kalangitan at hangin ay nasa itaas ninyo.

'Ang Banal na Salita ay nagwika ng katunayan noong sabihin nito "Sa Diyos kayo ay nabubuhay, kumikilos at mayroon ng inyong pagiging."

Dahil ang Kaharian ng Diyos ay nasa itaas, nasa paligid ninyo at nasa loob ninyo rin - at makapapasok kayo sa Kaharian ng Diyos.'

Ang mga tao ay sumigaw nang may kawalang katiyagaan: 'Ngunit ano ito?'

'Ito ay ang estado ng isipan at puso na buong nalulukuban ng 'Diyos' – ang inyong 'Ama.' Kapag kayo ay narito sa antas na ito, ang 'Ama' ay ang pinuno ng inyong katawan at naggigiya sa lahat ng inyong ginagawa at sa lahat ng inyong buhay.'

May mga tao na nagbulung bulong. 'Paano iyan maaaring mangyari?'

Maaari na maging bakante ang sarili – ng pansariling mga pagnanasa, masasamang kalooban, mga galit, mga pagseselos, katakawan, paghihiganti na tanging ang 'Diyos' lamang ang may kontrol sa inyong isipan at puso.'

'Anong mangyayari pagkatapos?' tanong ng isang babae.

'Pagkatapos ay papasok kayo sa 'Antas ng Pagiging lalang' na 'ginigiya ng Diyos.' Ito ay sama samang maganda at maluwalhati. Ito ay pag-ibig, ito ay pagbibigay, ito ay pangangalaga para sa ibang mga tao gaya ng pangangalaga ninyo sa inyong sarili, ito ay hindi nanghuhusga dahil tinatanggap ninyo ang ibang mga tao eksaktong kung sino sila, nalalaman na sila rin ay mga anak ng 'Diyos' at kapantay na nasa pagkalinga ng 'Ama.' Ito ay kaligayahang hindi masukat, lagpas sa pagsasalarawan, ito ay galak sa kagandahan ng mundo, ito ay buhay na hindi limitado at malakas na enerhiya, ito ay kalusugan at ito ay ang katuparan ng inyong bawat pangangailangan bago pa man ninyo malaman iyon na kayo ay may gayong pangangailangan.'

'Bakit hindi sinabi sa amin ng mga Rabbi ang mga bagay na ito? Maraming mga boses ang

nagreklamo.

'Dahil ako lamang na nag-iisa ang nakakita sa 'Ama,' akong nag-iisa ay nalalaman kung paano ang mundo ay ginawa at ang mga batas ng pagiging naririto. At dahil nalalaman ko ang lahat ng mga bagay na ito, kayo ay kailangan lamang na lumapit sa akin at magtanong at ihahayag ko ang lahat na nabigay sa akin. Sinasabi ko sa inyo nang may katunayan - habang marami sa inyo ang maniwala - at makaunawa - at maghanap upang ilagay ang aking mga salita sa pang-araw araw na pagtupad - ay maliligtas sa mga paghihirap na hinaharap ng tao. Nagdurusa kayo dahil hindi ninyo nauunawaan kung paano kayo nalikha, at ang mga totoong layunin bakit kayo ay isinilang.

Kayo ay isinilang upang maging mga anak at tagapagmana ng 'Ama,' kayo ay isinilang upang maging masaya sa lahat ng nasa 'Ama' at lahat na maaari Nitong ibigay. Ngunit tumatalikod kayo sa lahat ng kaluwalhatian ng kaharian at sumusubok na hanapin ang kalayawan sa panlupang mga bagay. Habang ginagawa ninyo ito ay hindi ninyo matatagpuan ang Kaharian ng Diyos ni hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Kalangitan.'

'Paano kami papasok sa Kaharian?'

Aking nasabi na sa inyo. Papasok kayo sa **Kaharian ng Kalangitan** kung kayo ay magsisi sa lahat ng nasa inyong puso at isipan. Kapag dinala ninyo ang inyong diyablo sa 'Ama' at humingi ng kapatawaran at manalangin para sa kalakasan upang malinis ang inyong masamang mga iniisip, mga salita at mga gawa, at sa kahuli hulihan ay inalis ninyo ang mga ito, pagkatapos kayo ay makasisiguro na kayo ay makatatagpo ng **Kaharian ng Kalangitan**. Kapag naisakatuparan ninyo ito, matatagpuan ninyo na ang inyong mga asal tungo sa iba ay nagbabago, dahil ang **'Ama'** ay magsasagawa ng **Gawa ng Pag-ibig** Nito na nasa inyo. Kayo ay maliligtas sa mga kadena at lubid ng masamang mga pagnanasa at gawain na sa nakalipas ay naggapos sa inyo at ginawa kayong bihag sa mundo. Higit pa rito, matatagpuan ninyo na ang **'Ama'** ay nakatutugon sa inyong bawat pangangailangan.

Ang isang babae ay sumigaw: 'Mayroon akong pangangailangan ngayon, Master, ako ay nagugutom'

Ang mga tao ay tumawa ngunit pagkatapos ay maraming mga tinig ang nagsama sama, nagsasabi: 'Kami ay kasama ninyo sa maraming mga oras, pinapaglakad ninyo kami bago kayo nagpaunlak upang magturo sa amin. Ipinakita namin sa inyo na kami ay mabuting tupa. Hindi ninyo baga kami tutulungan at bubusugin ang aming pagkagutom.'

Aking nabatid na sila ay nagpahayag ng katotohanan at naramdaman ko ang malalim na pagkaawa para sa kanila. Sila ay sumunod sa akin hindi lamang para sa pagpapagaling kundi inasam nila na malaman ang **Katotohanan** na gaya ng ibinigay sa akin ng **'Ama.**' Sinabi ko sa kanila na ang **'Ama'** ay kakatagpo sa kanilang mga pangangailangan. Ito ay pagkakataon upang ipamalas sa kanila ang kapangyarihan ng pananalig at ang **Kapangyarihan** na iyon ay 'Diyos.' Aking patutunayan sa kanila na walang imposible kung kayo ay tunay na nananalig na kagaya ng aking pinaniwalaan at inisip.

Tinawag ko papunta sa akin ang aking mga alagad at sinabi sa kanila na humanap kung mayroong sinuman na may pagkain.

Natagpuan nila ang isang batang lalaki na may mga tinapay at mga isda at dinala ang mga iyon sa akin.

Lumayo ako mula sa kapal ng mga tao at tahimik na nagnilay sa mga tinapay at mga isda, **nababatid** na ang mga ito ay **Kapangyarihan ng Isipan ng 'Diyos,'** ang substansya ng lahat ng 'bagay,' na ginawang namamasdan.

Aking **alam** na ang **Kapangyarihan ng Isipan ng 'Diyos**' ay walang limitasyon at may kapangyarihang aktibo sa aking kamalayan.

Alam ko na ang likas ng **'Ama'** ay ang katuparan ng pangangailangan.
Sa pagkabasbas ko sa pagkain, naramdaman ko ang **KAPANGYARIHAN** ay may kabuuang dumaloy sa pamamagitan ng aking isip, katawan at mga kamay at aking **batid** na ang pagkagutom ng mga tao ay matutugunan. Hindi ko alam kung paano ito mangyayari, alam ko lamang na ito ay mangyayari.
Pagkatapos ay kinuha ko ang mga basket ng pagkain at sinabi sa aking mga alagad upang ipamahagi, **nakararamdam** nang may katiyakan na ang bawat isa ay magkakaroon ng maraming pagkain gaya ng kailangan nila.
Habang ito ay piniraso at ipinasa papalibot, gayon din na dumami ito hanggang sa ang lahat ay nakakain at nabusog. Mayroon pang maraming mga basket ng mga natira.

Sa paraang ito ay, naipakita ko na:
< ang 'bagay,' - anuman ang namamasdan sa daigdig - ay **isip/kamalayan na ginawang nakikita sa pamamagitan ng baybrasyon ng mga 'atomo'** (alin ay tinatawag ng siyensiya na mga partikulo).
< ang mga pagbabago sa 'baybrasyon ng mga atomo', samakatuwid ay mga pagbabago sa 'bagay' ay nangyayari bilang resulta ng may kapangyarihang paggiya, dinisiplina, nakatutok na pagkilos/imahinasyon sa **isip/kamalayang enerhiya.**
< ***kung ang isa ay gumagawa nang may kadalisayang mula sa 'kamalayang pag-ibig' upang makamit ang mabuti para sa iba, ang tangi lamang mga limitasyon sa 'Amang Gawa ng Pag-ibig' na nasa mundo, AY ANG MGA LIMITASYON NA INILAGAY NG ISIPAN NG TAO SA GAWAING IYON.***
< ***ang mga gayang pagbabago sa 'bagay' ay maaari lamang mangyari kung ang kamalayan ng 'tao' ay may pagkaperpektong nasa saliw at kaisa ng 'Amang Pangkalahatang Kamalayan.'***
Bagaman at nagkaroon ng paghanga sa gitna ng mga tao at ng aking mga alagad, noong ang mga tao ay pinakain sa paraang ito, **walang isa man sa kanila ang nakaunawa** paano ang kagayang bagay ay nakamtan.
Kanila lamang napagkuru kuro na ito ay ang pinakadakilang milagro na kanilang nakita. Ito rin ang nagpatunay sa kanilang paniniwala na ako ang Anak ng Diyos.

Sa isa pang araw, ako ay nakaupo sa ilalim ng puno sa labas ng Betesda, napalibutan ng mga tao na nagdala ng kanilang mga maysakit upang mapagaling. Gaya ng palagian, sila ay nahiwagaan sa pagkabalik ng buhay at kalusugan sa mga taong ito at nagtanong kung paano ang mga kagayang hiwaga ay mangyayari.
Muli, sinubukan kong ipaunawa sa kanila ang **Kapangyarihan ng Pananalig.**
Sa mga kasulatan, ito ay itinala na sinabi ko na kung ang tao ay may pananalig na kasing laki ng buto ng mustasa siya ay makapagpapakibo ng mga bundok.

Ang pangungusap na ito ay maling interpretasyon ng kung ano ang tunay na sinabi ko at naghahayag ito kung gaano kaliit na ang aking mga alagad at mga manunulat ay nakaunawa sa aking mga aral noong kami ay narito sa lupa.
Kung ang isang tao ay magkakaroon ng 'pananalig' na ang laki ay ang buto ng mustasa - ano ang ibig sabihin niyon? Paano ninyo masusukat ang pananalig sa kagayang paraan?
Ang pananalig ay pananalig.
Ito ay ang 'kapangyarihan ng lubos na paniniwala' na nasa isipan, lumulukob sa isipan at hindi

malilimitahan sa 'sukat.'
Ang pananalig, na nanggagaling mula sa inyong pangangailangan upang maniwala sa anuman, dahil ang kagayang paniniwala ay makatutugon sa inyong mga layunin sa ibang mga paraan, ay maaaring maging makapangyarihan at malakas, ngunit hindi maaari na ito ay matantya sa 'laki'!
Ang paniniwala ay mas malakas. Ang paniniwala ay ang anak ng sabi sabi at lohiko. Dahil nakarinig kayo ng isang bagay at naging kombinsido na ang narinig ninyo o ang nabasa ay totoo, kaya ay lumilikha ng malalim na paniniwala sa kung ano ang inyong narinig. Naniniwala kayo na ito ay totoo. Kayo ay naniniwala sa kabuuan, kumpletung paraan na humahamon sa pagsalungat.
Ako ay palagiang nagsabi sa mga tao: 'Maniwala na inyong matatanggap – at inyong matatanggap.'

Ngunit, alam ko na sa panahon, na ito ay halos hindi maaari para sa mga tao upang magkaroon ng pananalig na makapagdudulot ng mga milagro upang mangyari, dahil kahit na gaano na ipaliwanag ko ang Katotohanan sa kanila, sila pa rin ay mananatiling walang lubusang *pagkakaalam* na nabigay sa akin sa disyerto.
Ngunit ngayon, habang aking iniuugnay, sa maliit na sukat, ang kwento ng aking paglalakbay sa lupa sa Palestina, ito ay may paghahangad na kayo, aking mambabasa, ay magsimula upang magpalagay at umunawa sa karunungan na nabigay sa akin sa panahon ng aking kaliwanagan.
Ang hangarin ko ay upang magbigay sa inyo ng **karunungan**. Ang sabi sabi ay kung kayo ay nasabihan ng isang bagay ngunit hindi ninyo tunay na mapatutuhanan na ito ay totoo. **Ang karunungan ay kung kayo ay nasabihan ng isang bagay - o nakabasa ng isang bagay - at dahil sa ang inyong narinig o nabasa ngayon ay umaayon nang may lohiko at katotohanan sa lahat ng mga kaugnay na bahagi ng karunungan na nasa inyong isipan na, at inyong *maiintindihan at mapaniniwalaan* ito sa isang reyalistiko at lohikal na paraan, ang bagong impormasyon ay nagiging karunungan. <u>ALAM ninyo na kung anong 'alam' ninyo ngayon ay TOTOO.</u>**
Kayo ay may pandamdam ng pagkakombinsido.
Hanggang sa oras na ito, ang marami sa inyo ay may pananalig kay 'Hesukristo' ngunit kayo ay naging katulad ng di pangkaraniwang maagang nahinog na mga bata. Ang inyong pananalig ay naging bulag sa ibang mga bahagdan at tumatanggap, ngunit nahahaluan pa rin ng mga pag-aalinlangan. Samakatuwid, anuman ang kailangan ninyo na matupad para sa inyo, kayo ay sumandig kay 'Hesus' para sa gawain upang maisakatuparan. Kaya, sa katunayan, karamihan sa kung ano ang inyong pinaniniwalaan ay nakuha ninyong tuwiran mula kay 'Hesus' ay ang inyong sariling 'paniniwala kay Hesus' na naging namamasdan sa anyo ng mga bagay na hiniling.
Habang itong gaya ng batang 'pananalig' ay napakahalaga sa inyong kagalingan, iyong mga may kakayahan na kumilos sa ispiritwal na daan tungo sa pagiging ganap, ay kailangang ngayon na abutin ang mas malalim na antas ng tunay na **karunungan** ng kaugnayan sa pamamagitan ng isip at 'bagay.' Kung wala ang pundasyong ito, ang mga tao ay magpapatuloy upang makipagbuno sa mga relihiyosong mito at makukulong sa pighati ng pantaong kalagayan.
Noong ako ay nasa lupa, nangusap ako ng **Katotohanan** sa mga tao, ngunit ito ay patuloy na hindi tamang nabigyan ng kahulugan. Ang tunay na sinabi ko tungkol sa pananalig ay ito:
'Nakikita ninyo ang malaking punong kahoy na ito. Ito ay lumaki mula sa pinakamaliit na butong naiisip. Tingnan ang malaking puno at ang mga sanga at ang balat. **Lahat ng dambuhalang paglago ay nanggaling sa maliit na buto.**

'Paano ang gayong bagay ay mangyayari? Saan galing ang lahat ng sanga sa punong kahoy at ang balat na bumabalot dito! Hindi baga ito ay kagayang milagro ng mga hiwagang ginagawa ko para sa inyo, araw araw? Hindi baga ang paglago ng punong kahoy ay kagaya ng gawain ng **'Ama'** bilang pagpapagaling na nangyayari sa maysakit na tao?'

'Tinatanong ko kayo - ano ang buto? Maaari baga na sabihin ninyo sa akin? Hindi – hindi ninyo kaya. Ngunit sasabihin ko sa inyo.

'Ito ay ang maliit na lalang ng 'kamalayang karunungan.' Ito ay ang 'kamalayang karunungan' ng kung ano ito ay magiging. Ito ay bahagi ng 'kamalayan' na nakuha mula sa 'Banal na Mapanlikhang Kamalayan.'

'Ito ay bahagi ng kapangyarihan ng isip na nakuha mula sa 'Amang Kapangyarihan ng Isip. . .' alin, kung itinanim sa lupa at madilig ng ulan, ay magsisimulang magdamit sa sarili nito sa nakikitang 'bagay' ng kung alin ito ay nagtataglay ng karunungan, malalim sa sarili nito. Ang karunungan na ito ay tunay, ito ay matatag, ito ay malakas at hindi nagbabago. Itong sariling karunungan ay nakapaloob sa buto, ay ang pananalig sa 'kamalayan.'

'Lahat ng mga uri ng buhay ay nagmula dito sa isang tulis ng sariling karunungan – ang 'pananalig sa kamalayan.' Itong 'pananalig sa kamalayan' ay siyang naghihiwalay sa walang buhay na lupa at mga bato mula sa mga nabubuhay at lumalago sa ibabaw ng lupa. Kung walang 'pananalig sa kamalayan' o 'karunungan ng pagkakakilanlan' ay walang paglago. Ang kamalayan sa lupa at mga bato ay nananatiling 'kamalayan' sa walang pagkibong anyo.

'Samakatuwid, kung kayo ay makapapaniwala sa kung ano ang hinihingi ninyo,
na may kapangyarihan na gaya ng buto ng mustasa na alam ang pagkakakilanlan nito,
inyong magagawa ang anumang bagay na gusto ninyong gawin.

'Kung madadala ninyo sa inyong isipan, ang buto – ang ganap na plano ng inyong taos pusong mga layunin, at alamin lagpas sa lahat ng pag-aalinlangan, na ito ay lalago at magbubunga ng ganap, inyong makikita na ang kahanga hangang butong ito ay kukuha ng buhay sa sarili nito na sa pangkasalukuyan ay mangyayari sa inyong buhay.'

'At inyong may kasiguruhan na mapaiibo ang mga bundok sa inyong mga buhay - iyong mga bundok na nakatayong pahalang sa inyong daan at humahadlang sa inyo upang makamtan ang lahat na gusto ninyo... mga bundok na, sa mga oras ng kawalang ingat at masamang pag-iisip ay nalikha ng inyong mga sarili.'

'Kung inyong naunawaan lamang ang paglikha at ang pagiging naririto, kayo ay makapamumuhay nang may kabuuang kalayaan, walang limitasyong mga katuparan at lampasang kaligayahan.

'Hanapin upang makaunawa at inyong matatagpuan utay utay, ang pagkaunawa ay darating sa inyo.

'Kumatok sa pinto ng pangkalahatan na nagbibigay ng daan tungo sa 'Diyos' - ang 'Pangkalahatang Amang Kamalayan' at sa katapusan, ay matatagpuan ninyo ang pinto na bumubukas, at makapapasok kayo sa mga sekreto ng mundo.

'Maniwala lamang kayo at inyong matatanggap.'

Akin din silang pinaalalahanan sa lahat ng mga oras:

Iyon lamang mayroong dalisay na mga isipan at mga puso ang makagagawa ng mga makakapangyarihang bagay.

Ang mga masasama ay mananagana pang sumandali, gaya ng mga hari at mga nanunugod na mga

sandatahan at iba pang mga natatagong kawalang pagkakapantay sa kanilang mga isipan; sila ay pinahintulutan na gumawa ng kanilang trabaho sumandali, dahil ang tiyak na mabuti ay magmumula din sa masama, ngunit sa katapusan sila ay mabibigo at ang kanilang mga pangalan ay minumura ng buong mundo.

'Samakatuwid, hanggang marami sa inyo ang magtatagumpay, pag-aralan ninyo ang inyong mga motibasyon. Ang mga pagnanasa na sumilang ng dahil sa pansariling paghahangad ng kayamanan o kaginhawaan ay sa katapusan ay magwawakas sa pagkabigo, karamdaman at kamatayan.'

At sinasabi ko sa inyo kung sino ang bumabasa ng mga salitang ito – huwag hayaan na sinuman ay magtatwa ng Katotohanan na sinasabi ko hanggang sa sila rin ay, makalakad sa Daan ng Pagtatakwil sa Sarili na aking nilakad sa lupa at inabot ang katulad na pakikipag-isa sa 'Ama' at ang mga taas ng di mapagtatalunang karunungan at pagkaunawa na kagaya ng aking naangkin. Kapag inyong nakamtan ang lahat ng mga ito, wala na kayong pagnanais na itatwa ang katotohanan na ipinapangusap ko sa inyo ngunit hindi na ninyo mapipigilan ang inyong mga sarili na umanib sa 'akin' sa pagtuturo sa inyong mga kapwa tao. Hanggang sa oras na iyon, manatili kayo sa inyong kapayapaan, at huwag hayaan na malaman ninuman ang inyong kamangmangan.

Gaano kalimit, sa buong mundo, ang mga tao ay masayang yumayakap sa aking mga turo bilang may kataasang moral at ang may pinakaperpektong binuong mga alituntunin tungo sa mabuting asal at pang-araw- araw na pamumuhay. Datapwat, kanilang idinadagdag, may kabilisan, na ang mga kwento ng mga hiwaga ay kailangang huwag bigyan ng halaga dahil ang mga kagayang mga hindi tipikal sa likas na mga batas ng pangkalahatan ay hindi posible.

Ang uring ito ng pag-iisip ay nagtatayo ng mga hadlang sa panghinaharap ng pagkalinang sa ispiritwal-pangsiyentipikong pag-unlad na ang pantaong isipan ay may kakayahan.

Sa katunayan, hindi ako pumarito sa lupa upang magpakilala ng bagong relihiyon o mas mataas na kodigong moral kaysa sa ibinigay ni Moyses sa Sampung mga Kautusan. Ang aking layunin ay upang magdala ng bagong pananaw sa 'Diyos' bilang manlilikha at ang pagkaunawa sa pagiging naririto. Mula sa karununggang iyon ay darating ang bagong paraan ng buhay.

Ang wastong asal tungo sa aking misyon sa lupa, dito sa ikatlong milenyo, ay upang bigyang pansin na ang 'mga hiwaga' na aking ginawa ay lagpas pa sa mga kakayahan ng pangkaraniwang tao sa panahon ngayon. Subalit, ang gayang mga mirakulo ay mga halimbawa ng kung ano ang makakamtan sa panghinaharap kung ang mga isipan ng mga tao ay may kapunuang naiimpluwensiyahan ng tunay na karunungan ng pagiging naririto at saka, ay sa pamamagitan ng paniniwala, meditasyon at mga panalangin, ay may kabuuang nakasaliw at napasok ng 'Pangkalahatang Buhay/Pag-ibig na Kamalayan.'

Totoo baga na ako ay **'lumakad sa ibabaw ng tubig'** noong ang aking mga disipulo ay sumakay sa bangka upang bagtasin ang lawa?

Kung nabasa ninyo ang tala sa bibliya tungkol sa kaganapang ito, inyong matatanto na iniwanan ako ng aking mga alagad. Hinangad ko ang pagkakataon na pumakawala mula sa lahat ng pantaong ugnayan, magpahinga sa mga burol, at muling pumasok sa malalim na meditasyon upang hayaan ang aking kamalayan na maging kaisa ng pangkalahatang dimensiyon ng 'Diyos na Kamalayan.'

Habang narito sa ispiritwal na estado na lumalagpas sa pantaong kamalayan, lahat ng pagkakaalam

sa mga pisikal ay naglaho at may kagalakang nataas ako sa Pangkalahatang Daloy ng Buhay at batid na ang PANGKALAHATANG BUHAY ay lahat, ANG BUHAY ay ang katunayan ng aking pagiging lalang, at lahat ng iba pa ay panandaliang pagbabago ng mga hitsura ng PANGKALAHATANG BUHAY na nagawang nakikitang ALAM KO, naramdaman ko, ako *ay BUHAY*, at habang ako ay kumilos lagpas sa makalupang kamalayan tungo sa pangkalahatang BUHAY KAMALAYAN, ang mga batas na namamahala sa aking pisikal na pagiging lalang ay nalagpasan at hindi na tumugma sa laman at dugo ng aking pantaong katawan.

Hinangad ko na kumilos tungkol dito sa bagong lagpasang estado, at natagpuan ko ang aking sarili na lumulutang papalabas mula sa aking kweba. Aking nakikita ang aking mga alagad sa lawa at batid ko na sila ay nasa panganib. Walang kahirap hirap, ako ay lumutang pababa sa itaas ng burol patungo sa pampang at habang sinimulan kong manumbalik na makaugnay sa aking normal na pantaong mga alalahanin - sa kasong ito, ang aking mga alagad - natagpuan ko ang aking sarili na dumarating upang mamahinga sa ibabaw ng tubig. Datapwat, ako pa rin ay nasa kalagayan kung saan napag-alaman ko nang may kaganapan na ako, ang Aking sarili, ay BUHAY na indibidwalisado, at samakatuwid, ang aking katawan ay puno ng BUHAY KAPANGYARIHAN na nagpatuloy upang pagaanin at magpanibago ng atomikong istruktura ng aking pisikal na kalagayan.

Kailangan ninyong maunawaan na ang pakikinig at pag-iisip sa pantaong kalagayan ng kamalayan - at ang pagtaas tungo sa <u>LAGPASANG KATUPARAN ng PANGKALAHATANG BUHAY,</u> kung ang personal na kamalayan ay hindi nakuha mula sa pangkatawang kondisyon at may kabuuang nakaugnay sa 'Pangkalahatang Amang Kamalayan,' ay pag-aari ng dalawang magkaibang mga dimensiyon ng pagiging lalang.

Ang pantaong kamalayan ay makatatanggap ng inspirasyon mula sa **'Pangkalahatang Amang Kamalayan'** ngunit ang inspirasyon na natanggap ay humahalo sa pantaong kalagayan at ay kalimitang nabibigyan ng maling interpretasyon batay sa naipong kaalaman na ganap nang kumukontrol sa utak at samakatuwid sa mental na mga proseso. Sa hindi inaasahang pangyayari, ang inspirasyon na inyong natanggap ay **kontaminado na at nabaluktot** na ng inyong pangkasalukuyang maykatatagang pinaninindigang paniniwala.

Kung saan ang **LAGPASANG PANANAW at ESTADO NG KATUPARAN ay lumilitaw mula, nanggagaling mula sa pisikal na kalagayan. Ang utak ay hindi na siyang may kontrol. Ito ay wala ng impluwensiya sa estado ng Lagpasang Pananaw na siyang Katotohanan.**

Ito ay hindi na kontrolado o apektado ng pantaong paniniwala.

Ito ay nasa estado ng 'Ano baga Talaga' sa likod ng nakikitang manipestasyon at pagiging naririto, sa halip na sa pantaong dimensiyon ng ' Ano baga ang Pinaniniwalaan sa Pagiging naririto.'

Ito ay nasa Lagpasang Estado ng Kamalayan na ang 'mga hiwaga' ay normal na gawa ng Pangkalahatang Batas.

Bago ako magpatuloy sa talang ito tungkol sa aking buhay dito sa lupa, gusto kong muling bigyan ng diin na lahat dito sa sansinukob ay partikular at indibidwalisadong ESTADO NG KAMALAYAN na ginawang nakikita.

Kinailangan ko na bumaba mula sa aking pangkasalukuyang **ESTADO NG KAMALAYAN ng PANGKALAHATANG PAG-IBIG, upang maranasan muli ang aking buhay dito sa lupa na nananatiling may katatagang nakaukit sa enerhiya ng kamalayan ng mundo, mula pa sa panahon ng pagkakalikha**

nito.

Kailangan ninyong maunawaan na noong lisanin ko ang aking katawan sa Palestina, iniwan ko ang lahat na nauukol sa buhay na iyon sa likod ko.

Natupad ko na ang aking misyon. Samakatuwid, noong ako ay namatay sa krus, ako ay napalaya na, ako ay nataas tungo sa maluwalhating **LIWANAG** upang makisalo sa **LIWANAG**, upang ***maging*** ang **LIWANAG,** at magalak sa **LIWANAG** na siyang **Pangkalahatang Pag-ibig, Buhay, Kagandahan, Harmoniya, Ligaya at Kaluguran. KUMIKILOS SA PAGITAN NG IBA'T IBANG MGA ANTAS NG 'KAMALAYAN'** ay hindi madali o kaaya ayang gawain. Ito lamang ay dahil sa ang aking misyon sa lupa ay hindi natapos noong ako ay namatay sa Palestina, kaya ako ngayon ay nagbabalik upang tulungan kayo na maghanda upang pumasok sa bagong kapanahunan, isang bagong antas ng indibidwalisadong pagiging naririto sa lupa.

Makakukuha kayo ng mga pagkaunawa sa kung ano ang ibig ipakahulugan ko sa 'walang kaalwanan sa gawaing ito' kung matatandaan ninyo ang mga oras na inyong nauungkat ang mga malalalim na kalungkutan sa inyong buhay at matagpuan ninyo ang inyong sarili na tumutugong may halos kagayang bahagdan ng tensiyon at emosyonal na kapaguran na kagaya ng kalungkutan kung kailan ay totoong naganap.

Ang pagbabalik tanaw sa mga nakaraang paghihirap at kalungkutan ay makapagpapaiyak sa inyo. Mararamdaman ninyo ang pagbabalik ng orihinal na depresyon at galit habang inyong muling isinasabuhay ang oras na iyon sa inyong imahinasyon. Maaaring gustuhin ninyo na pumakawala mula sa mga tao dahil ang inyong 'kamalayan' ngayon ay bumaba mula sa inyong nakaraang estado ng saya, matahimik na pagkakatimbang, upang maranasan, ngunit muli, ang 'bumabang baybrasyon ng kamalayan at mga anyo ng kamalayan' na inyong nilikha sa oras ng inyong pagdurusa.

Ang pagbabago ng mga pakiramdam ay nagpapahiwatig ng pagbabago ng inyong enerhiya ng kamalayan. Ang pagtaas ng inyong mga baybrasyon ng kamalayan ay nagbibigay sa inyo ng pisikal, emosyonal at mental na pag-angat, na nagpapasaya sa inyo. Ang pagbaba ng inyong mga enerhiya ng kamalayan ay nagpapababa sa pagtatrabaho ng inyong pangkalahatang sistema at mararamdaman ninyo ang pag -atake ng depresyon- o sa pinakamaliit na maaari, ang pagbaba mula sa nakaraang mataas na kakontentuhan na inyong ikinagagalak.

Aking isinasalarawan para sa inyo **ang katunayan ng pagiging naririto.**

Ang inyong pangkalahatang sansinukob ay nagpapakita ng magkakaibang elektromagnetikong alon ng baybrasyon ng kamalayan ng mga partikulo ng enerhiya. Habang ang mga elektromagnetikong alon ay kumikilos pataas at pababa mula sa isang antas tungo sa iba, **ay kagaya rin na ang nakikita at pisikal na mga istruktura ay nahahayag sa magkakaibang mga antas ng enerhiya at mayroong pagbabago sa mental na mga katangian at mga emosyon at hitsura.**

Upang bumaba mula sa aking estado ng kamalayan upang muling pumasok sa mga kalagayan ng aking buhay sa lupa, ay udyok lamang ng aking *pag-ibig sa tao.*

Sa dalawang libong taon, ang mga 'Kristiyano' ay muling nagsasabuhay ng sugat ng aking pagkakapako. Ang ibang mga tao ay nakaranas ng istigma na wala naman kundi histirikal at nakalalasong emosyonal na tugon sa kung ano ang pinaniniwalaan nila na aking dinanas. Ang mga tao ay kumilos sa kanilang mga sarili sa emosyonal na tono na kagaya ng pagkaligalig habang iniisip ang galit sa aking paghihirap bago ang aking kamatayan. Ang kanilang emosyonal na pasasalamat sa kung ano ang aking naranasan ay nagpapadala sa kanila sa estado ng pisikal na paghihirap. Ito ay nasusulat sa inyong Biyernes santo, at ako ay dumating lalo at higit upang mangusap sa inyo tungkol sa aking pagkakapako at upang sabihin sa inyo na kailangan na ninyong iwanan ang lahat ng mga drama na may kinalaman sa pag-alala sa araw na ito. Ako ay namatay- at

iyon ay, para sa akin, isang ekstraordinaryong pagkakalaya.

Ito ay oras na upang ang mga tao ay gumising na mula sa kanilang mahaba, mahabang panaginip at pumunta upang unawain ang pagiging naririto na kagaya talaga nito- at ang katotohanan tungkol sa aking pagkakapako, na natatago pa rin hanggang sa oras na ito.
Sa mga araw ng Biyernes santo, taon-taon sa mga siglo, inyong nalikha ang kontaminadong masaklap na 'kamalayan ng estado ng pagiging lalang' sa buong mundo na kagayang malayong natanggal mula sa ispiritwal na dimensiyon ng **PANGKALAHATANG MAPANLIKHANG KAMALAYAN** na kagayang ang impiyerno ay natanggal mula sa langit.
Ngayon na aking pinili na isabuhay muli ang aking buhay sa lupa sa persona ni 'Hesus' sa pamamagitan ng isipan ng isa na tumatanggap ng aking mga salita, upang tulungan ang mundo na kumilos patungo sa bagong antas ng ispiritwal/mental na pagkakalinang, aking hinihingi sa mga makatatanggap ng aking mga salita, na abandunahin na ang pagsasagawa sa pag-alala sa aking kamatayan at ang pisikal na 'pag talikod sa sarili' sa panahon ng inyong pag-aayuno kung kuwaresma upang gunitain ang aking apatnapung araw sa disyerto. Gaya ng kailangan ninyong malaman mula sa pagsasalaysay na ito, ang aking panahon sa disyerto ay isa sa may lubhang kaligayahan at pagiging pinagpala ng ispirito.

Maraming mga kaganapan ng may malaking ispiritwal na kahalagahan ang nangyari bago ang aking kamatayan na mainam na mga halimbawa ng dakilang **Mga Batas Kosmiko** na nasa pagkilos sa inyong dimensiyon ng pagiging naririto. Ako ngayon ay nagbibigay sa inyo ng maiksing tala ng mga mahahalagang pangyayaring iyon dahil ito ay ang aking layunin na papagliwanagin ang inyong mga isipan na may kabuuan- upang bigyan kayo ng karunungan na lagpas pa sa anumang karunungan na hindi pa natatanggap ng ibang tao sa inyong daigdig.

Noong sinimulan kong ihanda ang aking mga alagad para sa aking nalalapit na kamatayan, ito ay talagang mahirap na trabaho. Sila ay may kakapusang makatatanggap ng kanilang pagkabigla at sobrang pagkagulat. Ang kaisipan ng aking pagkakapako bilang isang ordinaryong kriminal ay nakapagtataboy na hindi maipaliwanag ng mga salita at **ni hindi rin nila gusto na mawala ako sa kanilang kalagitnaan.** Tinawag ko sila upang sundan ako at talikuran nila ang kanilang mga pamumuhay na naging banayad na masagana. Iniwan nila ang kanilang mga pamilya at mga tahanan upang muling itayo ang kanilang mga pamumuhay sa paligid ko at ng aking gawain. Sila ay taas noo sa aking paglago sa mga bayan. Sila ay may kagustuhang makaugnayan ko at makilala bilang aking mga disipulo sa kabila ng pagtatatwa at masidhing paglilibak ng kanilang mga pinunong panrelihiyon. Dagdag pa, minahal nila ako at iginalang, parehong dahil sa aking pagsasabuhay ng aking mga turo at ang paraan na aking may kaawaang pinagaling ang maraming mga tao at dinalhan ko sila ng kaginhawahan sa kanilang hindi masayang pamumuhay. Sila ay tunay na naniwala na ako ay Anak ng Diyos. Paano ang **Anak ng Diyos** ay magtatapos sa krus, tinanong nila ang isa't isa. Ang kanilang takot ay dumami sa bawat tanong. Ito ay hindi mapag-isipan. Nakaramdam sila ng masidhing kawalan na nagbubukas sa harapan nila- isang kawalan sa kanilang mga buhay at isang malaking hukay sa lupa na kanilang nilalakaran at malawakang paglaganap ng kabuwayan at kawalan ng layunin sa kanilang mga sarili. **Ang sinabi ko sa kanila tungkol sa napipinto kong pagkakapako ay hindi nila sinubukang**

pag-isipan. Ang kagayang pangyayari ay makasisira sa lahat ng pinaniwalaan nila sampo ng kanilang mga puso.

Bilang bunga, ang aking mga disipulo ay maingay at mabilis na tumanggi sa aking sinubukang sabihin sa kanila at paulit ulit na isinalaysay na ang kagayang bagay ay hindi mangyayari. Noong aking matatag na pinanindigan sa may katigasan nilang pagtanggi, sila sa katapusan ay napilitang manahimik sa kanilang mga argumento at ***papalabas*** na natanggap na ang kagayang bagay ay maaaring mangyari. Sinabi ko sa kanila na pagkatapos ng aking kamatayan, makikita nila muli ako at inasahan ko sila na ipagpatuloy ang gawain na aking sinimulan.

Ang sakit at pakikipagtalo ko na nakapukaw sa aking mga alagad ay nakaapekto din sa akin, nang may kalaliman. Ito ay hindi madali upang pumunta sa Herusalem kung saan ang aking kapalaran ay naghihintay sa akin. Higit sa anumang bagay, ako ay nagtanong paano ko masusukat ang ganito kalaking pagsubok sa aking katatagan. Malalampasan ko baga ang pisikal na kondisyon at pumasok ako sa **Pangkalahatang Amang Kamalayan** at manatili doon hanggang ako ay mamatay? May mga oras, ako ay may kalalimang natakot sa parusa ngunit sinubukan kong huwag ihayag ito sa aking mga disipulo.

Samakatuwid, sinimulan ko ang aking huling paglalakbay patungo sa Herusalem na may makapangyarihang magkahalong mga pakiramdam. Sa isang banda, ako ay nag-aalala sa pagpapapagaling at pagsasalita at pagtuturo sa mga tao na nakinig na may mga bukas na mga bibig at walang lubos na pagkakaunawa sa bawat bagay na aking sinubukang sabihin sa kanila.

Naisip ko na ang aking karunungan ay makapagpapalaya sa mga tao mula sa kanilang pighati at ang pinakamaliit, ay magkaroon ng ugnayan sa **'Ama'** at makakuha ng pahimakas ng **'kaharian ng kalangitan.**' Wala pang ebidensiya ng kagayang ispiritwal na pagkagising kahit na sa aking mga disipulo.

Ang aking di pagkakamit ng aking kagustuhan at pakiramdam ng pagkabigo ay nakagawa sa akin na maging maligaya na magpatuloy mula sa buhay sa lupa tungo sa maluwalhating pagiging naririto na batid ko ay naghihintay sa akin pagkatapos ng aking kamatayan.

Sa kagayang panahon, ako ay nagtanong paano ko dadalahin ang sakit ng pagkakapako sa krus.

Sa kabuuuan ng aking misyon, ako ay nabuhay sa humigit kumulang na palagiang mapayapa- may kalimitang natataas- na estado ng isip, na ang aking mga iniisip ay nakapokus sa 'Ama Mapagmahal na Kamalayan,' ang may akda ng lahat ng lalang, nalalaman na ako ay kailangan lamang na humingi at ano man ang aking hingin ay mabilisang makikita ang sarili nito.

Akin bagang mapapanatili ang aking tamang disposisyon kung dalhin sa harap ng konseho, na hahantong sa aking pagkakapako sa krus, na sa pagkakapako ay ang aking bigat ay nakabitin mula sa aking mga kamay? Dahil ako ngayon ay nagbigay daan sa pagdududa at mga pagkatakot, ang normal na antas ng aking alon ng kamalayan ay bumaba. Ang mga ito ay nagbababa sa akin tungo sa alon ng panlupang lagay ng kamalayan. Ako ay naging biktima muli ng aking lumang agresyon, na nag-udyok sa akin tungo sa walang kadahilanang mga gawa na hindi ko sana napag-isipan nang mas-maaga nang ako ay nasa aking dating antas ng total na harmoniya sa **'Amang Pag-ibig na Kamalayan.'** Ang aking mga pagdududa at mga gulo ay nangyari sa aking buhay bilang pantaong mga emosyon at mga pintig na kumontra sa **Kosmikong Batas ng Pag-ibig.** Una, mayroong yugto ng puno ng igos. Ako ay gutom at pumunta sa puno na hindi umaasa na makatatagpo ng bunga dahil hindi tamang panahon para sa mga igos. Noong ang aking paghahanap ay 'walang bunga', sinumpa ko ang puno ng igos. Dalawampu at apat na oras pagkatapos, ito ay natuyo hanggang sa mga ugat nito.

Ito ay isang nakatatakot na karanasan. Ito ay ang unang beses na ang aking mga salita ay nagdulot

ng masama sa isang bagay.

Bagaman, ito ay maliwanag na nagpakita, para sa aking mga alagad, ang kapangyarihan ng ISIP para sa mabuti o masama. Ito ay nagpakita sa kanila na ang tao na mas malago sa ispiritwal, ay lalong lumalaki ang bisa ng kaniyang mga salita sa kapaligiran.

Aking kinuha ang pagkakataon na ihayag sa aking mga alagad na ako ay gumawi nang walang pag-iingat na kagaya ng pangkaraniwang lalaki o babae *na- noong may mataas na mga paghahangad- ay hindi nakuha ang kanilang ginugusto.*

Sila ay karaniwang tumutugon na may galit, mga luha, pagngangalit, at maging maaanghang na mga salita na maaari o hindi na magbunga ng uri ng 'masamang-pagnanais' o pagsumpa sa tao na tumanggi sa gustuhin ng kanilang puso. Kanila ngayong nakita kung ano ang nagawa ng pagsumpa ko sa puno ng igos.

Kanila ngayon na dapat maunawaan na habang ang malakas na paniniwala ay magdadala ng anuman na kanilang ginugusto o iniisip, sila rin ay dapat na palagiang nakababatid ng kanilang pansariling mental-emosyonal na kalagayan. *Sila ay hindi dapat magkimkim ng galit laban sa iba kundi mabilis na magpatawad, kung hindi sila ay makasisira nang lalo doon sa kanilang kinagagalitan... na ang sira ay magbabalik sa kanila, sa tamang panahon, bilang ani sa kanilang itinanim.*

Dagdag pa, gaya ng itinanim ay siya ring aanihin. Batid ko na ang ginawa ko sa puno ng igos ay hindi maiiwasan na bumalik sa akin sa isang anyo o iba pa.

Isinama ko ang aking mga disipulo sa templo. Maraming mga taon na rin mula noong ako ay pumunta doon, at alam ko na ang aking pagbisita ay magsisilbi upang ipaanyo ang mga kaganapan na maghahantong sa aking pagkakapako sa krus. May mga tao na nakakilala sa akin at bilang tugon sa kanilang mga pakiusap, ako ay nagsimulang magturo sa kanila. Maraming mga tao ang nagtipon at nagpalibot sa mga magpapahiram ng pera na nagsimulang magreklamo. Ang kanilang mga sigaw at malalakas na daing ay sumira sa aking takbo ng kaisipan habang ako ay nagtuturo.

Biglang ang aking galit ay nakanti. Dito ang mga tao ay masugid na nakapalibot sa akin, naghahangad na makinig ng mga salita ng BUHAY na sa darating na panahon ay hindi ko na maipahahayag sa kanila, at dito itong mga magpapahiram na ito ng pera na nabubuhay sa pagbebenta ng kanilang mga alagang hayop para sa mga sakripisyo na wala namang nakukuhang anumang maganda ang mga tao. Ang mga lalaking ito ay nagdadala lamang sa mga tao tungo sa utang at dalamhati. Naramdaman ko ang silakbo ng dugo ko sa aking ulo at aking itinumba ang mga mesa, ikinalat ang kanilang mga salapi, at aking itinaboy ang mga lalaking pera ang laman ng puso papalabas ng templo.

Ngayon ay nagkaroon ng masidhing kagulo ng sigawan at malakas na iyakan. May mga tao na nagmamadaling pumulot ng pera. Ang mga magpapahiram ng pera ay tumawag ng mga sumpa sa aking ulo, inaakusahan ako bilang demonyo, bilang isa na gumagawa ng mga gawain ni Belsebub at libo pang mga demonyo. Ang mga pari at mga pariseyo at lahat ng mga tao na nagtayo ng malaking tindahan ng mga sakripisyo sa templo, ay tumatakbong dumating samasama upang malaman ang dahilan ng ingay at pagkakalito.

Pagkarinig ng kwento ng mga magpapahiram ng pera, sila ay galit sa aking ginawa, marubdob nilang kinondena ako at mga pagkagalit upang makuha ang atensiyon ng mga pari, bawat isa ay may mas malakas na protesta kaysa kaniyang kapit bahay upang ipakita ang kanilang katatakutan sa kung ano ang aking ginawa. Ang gayong bagay ay hindi pa nakita sa templo noon.

Kahit na iyong mga sa nakaraan ay nakinig sa akin ngayon ay nadisturbo sa aking katigasan at nagtanong

kung anong uri ako ng tao.

Sila ay nakatayong magkakalapit samasama, nanunood ng mga kaganapan, noong sila ay makita at tunguhin ng mga pari at mga pariseyo na pumilit sa kanila na ako ay sumubok na sirain ang kung ano ang kanilang pinaniwalaan, nangaral ng maling 'Diyos' na sa pangkalahatan ay hindi katulad ng anuman na kanilang narinig na sa sinagoga. Ang mga pari ay nagpasa ng kanilang sariling galit sa mga tao at kinumbinsi sila na ang aking kasalanan ay makahahawa sa kanila kung sila ay magpumilit na makinig sa aking kaululan. Dahan dahan, ang mga tao ay napilit na ako ay masamang impluwensiya at kailangang alisin bago ako makasira sa katahimikan ng bansa at makapagdala ng galit ng gobernador na romano sa buong bansa ng Palestina.

Ang aking mga alagad ay nahiya sa kung ano ang aking ginawa, tahimik na umalis sa tagpo at nagtago sa mga makikipot na daanan sa may malapit sa templo. Noong bumalik sila sa akin pagkatapos, kanilang maliwanag na ipinakita na sila ay may sugat na nasubukan din ng aking mga ginawa. Sila ay nagtanong kung aking iniwan ang aking mga pandamdam, nabaliw, nagpropesiya ng aking kamatayan at pagkatapos ay gumawa ng mga bagay na maaaring siyang maging dahilan nito.

Ito ay noong oras na si Hudas, na hindi ganap na inalis ang kaniyang hudyong mga paniniwala, ay nagsimulang magduda kung ako nga ang Mesiyas. Tatlong taon ako na nagturo sa mga tao at walang pagbaba ng pamamalakad ng mga Romano. Tatlong taon at ang mga tao ay hindi naging malapit sa kaligayahan na aking ipinangako sa kanila. At ngayon ay tila ako ay magiging tagagulo ng kapayapaan-nagdadala ng galit ng Roma sa kanilang mga ulo.

Narinig niya na ang Hudyong mataas na pari ay gustong lipulin ako kaya inialok niya ang kaniyang mga serbisyo upang kilanlin ang aking katauhan kung kinakailangang gawin iyon.

Noong oras na para sa akin na kumain ng huling hapunan kasama ng aking mga alagad, aking inihanda na kami ay kumain na lahat ay magkakasama sa isang malaking silid kainan. Alam ko na ito ay ang huling beses na ako ay kakain dito sa lupa. Ayaw ko nang bumalik nang may kalaliman sa kamalayan noong gabing iyon.

Nakaramdam ako ng ***masidhing*** kalungkutan na iiwanan ko ang aking mga alagad na naglingkod sa akin nang maayos. Sa aking kalungkutan ay dumating ang pagbabalik ng aking mga takot at mga gulo. Ako ay may mga sandali ng malalim na emosyonal na pagkaawa sa sarili. Naramdaman ko na walang nakaunawa sa lahat na aking sinubukang gawin para sa aking mga tao at ang sakripisyo na handa ako na gawin para sa kanila.

Si Huwan ay nagbigay ng detalyadong tala ng kwento ng mga Israelita noong huling gabi sa Ehipto bago sila tumakas tungo sa disyerto. Nagsalita siya ng tungkol sa tagubilin ni Moyses sa mga puno ng bawat pamilya upang pumatay ng tupang walang dungis, upang lutuin sa tiyak na paraan at ipinta ang dugo nito sa mga pintuan ng mga Israelita, dahil nang gabing iyon, ang mga anghel ay darating upang patayin ang lahat ng mga unang silang na mga bata ng mga taga Ehipto pati na ang kanilang mga alagang hayop. Sa matinding tuwa, naulit niya ang daing ng mga mga taga Ehipto noong magising sila at matagpuan ang duguang mga unang silang sa bawat tahanan. Walang naligtas.

Ito ay ang uri ng malagim na kwento na aking hindi tinanggap na may halaga para sa sinuman na naghahanap ng mas mataas na ispiritwal na katotohanan. Ako ay nagtanong kung gaano naunawaan ng aking mga alagad noong aking sinabi na ang kanilang **'Makalangit na Ama'** at ang kaniyang pagmamahal sa tao. Paano sila matutuwa sa pag-iisip na ang ' mga anghel' na pumapatay ng mga unang silang na Ehipsiyo gayong aking may kaliwanagang sinabi sa kanila na ang 'Diyos,' ang **'Ama'** ay **Pag-ibig.**

Ngunit ang mga Hudyo ay laging nag-iisip na ang pagbuhos ng dugo upang matubos sa kanilang mga kasalanan.

Kahit na si Abraham, ang nagtayo ng bansa ng Israelita, ay kombinsido na dalahin ang kaniyang nag-iisang anak sa disyerto at patayin at ihandog bilang sakripisyo sa Diyos. Isang pagano at nagrerebolusyong pag-iisip!

Naisip ko ang mga hayop na sakripisyo sa templo. Minamahal ang lahat ng mga ligaw na mga bagay ng pagkakalalang gaya ng ginawa ko, ang gawaing iyon ay isang lubha kong inaayawan. At ngayon ako ay isasalang na sa kamatayan dahil hinamon ko na magsalita ng katotohanan. At noong ikonsidera ko kung gaano kaliit ang aking nakamtan sa pagpapasa ng aking karunungan, ako ay nagtanong kung bakit ako ay ipinadala sa kagayang misyon!

Ako ay nakaramdam ng pansamantalang hangin ng pagkaalibadbad at galit na nagtahi tahi sa aking pangkaraniwang pakiramdam ng pag-ibig para sa mga taong ito.

Mayroong mga agam agam, ako ay nag-isip kung ano ang epektibong bagay upang maalala na aking maiiwan sa kanila, upang ibalik sa kanilang mga isipan ang lahat ng aking mga turo kung ako ay wala na sa piling nila. Kung kanilang mabilisang makakalimutan ang mga lahat ng itinuro ko tungkol sa '**Pag-ibig ng Ama'** at magsaya sa malagim na kwento ng Pista ng Tinapay na walang lebadura, habang ako ay naroon pa sa silid na iyon na kasama nila- gaano nila matatandaan na ako ay namatay bilang isang 'kriminal' sa krus, ang pinaka walang halagang kamatayan?

Pagkatapos ito ay dumating sa akin na dahil sila ay masyadong napakilos ng 'pagdanak ng dugo,' ako ay magbibigay sa kanila ng dugo upang maalala nila ako!

Sa mga matatalinhagang repleksiyong ito, aking itinaas ang tinapay, piniraso ito at ipinasa sa aking mga alagad at sinabi sa kanila na kainin ito. Inihalintulad ko ang pagkakapirapiraso ng tinapay sa panghinaharap na pagkakapirapiraso ng aking katawan at hiniling sa kanila na ulitin itong 'pagpipiraso ng tinapay at pamimigay' bilang paraan ng pag-alala sa sakripisyo ng aking katawan upang dalahin sa kanila ang KATOTOHANAN- ang Katotohanan tungkol sa Diyos at Katotohanan tungkol sa buhay, ang katotohanan tungkol sa Pag-ibig.

Habang natatanto nila na ako ay nasa kakaibang pag-iisip, sila ay tumigil sa pagkain, nakinig, pumiraso ng tinapay at kinain ito nang matahimik.

Kasunod nito, kinuha ko ang saro ng alak at ipinasa iyon, habang sinasabi na bawat isa sa kanila ay dapat uminom mula dito dahil, ito ay simbolo ng aking dugo na sa maikling panahon ay mababuhos dahil naghamon ako na dalahin ang **Katotohanan ng pagiging naririto** sa kanila.

Nakita ko na ang dulo ng aking tinig ay nakaabot sa ilan sa kanila. Kalmado, bawat isa ay lumagok at pagkatapos ay ipinasa sa kaniyang kalapit. Ngunit gaya ng dati, wala silang tinuran. Naramdaman nila na ako ay seryoso at hindi hahayaang magkaroon ng anumang argumento.

Pagkatapos sinabi ko sa kanila na isang tiyak na lalaki sa kanila ay magkakanulo sa akin.

(Sa pansarili, aking naunawaan ang kaniyang mga motibo at alam na siya ay kinakailangang bahagi ng panghinaharap ng pagkakasunud sunod ng mga pangyayari. Siya ay gumaganap lamang sa tungkulin na ang kaniyang likas ay nag-udyok sa kaniya na gawin ito. Alam ko na siya ay magdurusa nang lubha at naramdaman ko ang pagkaawa para sa kaniya. Ngunit ang mga pag-iisip na ito ay sinarili ko na lamang.)

Noong sambitin ko na isa sa kanila ay magkakanulo sa akin at sinabi kay Hudas na umalis at gawin nang mabilis ang kailangan niyang gawin, ang mga alagad ay dumating, nagtatanong kung ito na ang huling

hapunan nila kasama ako.

Ngayon ay may masidhing emosyonal na kaguluhan, mga pagtatanong, kahit na mga akusasyon na naghantong sa kanila sa patibong na iyon. Muli, nagtanong sila kung ano ang mangyayari sa kanilang buhay kung wala na ako. Itinanong nila kung ano ang magiging tayo nila sa lipunan kung ako ay mapapako sa krus. Sila ay magiging tampulan ng pag-alipusta, bulalas nila. Wala ng maniniwalang muli sa salita na binitiwan nila.

Malalim na nalungkot sa kanilang tugon na nakasentro sa kanilang sarili lamang tungkol sa aking mahirap na kalagayan, sinigurado ko sa kanila na hindi sila kailangang matakot para sa kanilang pansariling kaligtasan. Iiwanan nila ako at sila ay hindi magiging konektado sa pagpapako sa krus. Pagkatapos ng aking kamatayan, iminungkahi ko na sila ay maghiwa hiwalay at bumalik na sa Galileya.

Ito ay nakahipo nang malalim kay Pedro at siya ay tumugon, may karubduban na hindi niya ako iiwan- ngunit sa totoo lamang ginawa nga niya.

Lahat ng pagmamahal na naramdaman ko para sa aking mga kapwa tao, lahat ng aking mga hinangad upang makamtan para sa kanila, - sa oras na ito ng aking pansariling pangangailangan,- na blangko walang kaunawaan, kahit na paglaban. Ang kanila lamang naging alalahanin ay kung ano ang mangyayari sa kanila. Wala man lamang salita ng kabaitan, handog ng tulong, o galit para sa aking napipintong pagkakapako.

Gaano katigas ang pantaong puso, naisip ko. Gaano kadaming mga siglong walang kalakasan ang magdaraan bago ang tao ay kumilos lampas sa kanilang pansariling sakit at hapdi upang maramdaman ang mas maningning na pag-ibig at pagkaawa para sa mga kapus palad sa mas masamang sitwasyon kaysa sa kanilang mga sarili?

At kaya, bagaman at malalim na nabigo, o kaya ay nasaktan- ng kanilang makasariling mga tugon, akin pa rin silang naunawaan at sinubukan na magbigay ng tapang sa aking mga alagad upang harapin ang bukas at siguraduhin sa kanila na ako ay laging nasa kanila kahit na wala na ako sa kanilang mga paningin.

Ang gawain na aking sinimulan ay itataguyod mula sa buhay magpakailan man. Hindi ko sila iiwanang nag-iisa.

Malalaman nila at mararamdaman ang aking presensiya at ito ay magbibigay sa kanila ng kapanatagan.

Sinabi ko sa kanila na kumapit sila sa mga ala ala ng aking panahon na kasama sila. Nagbabala ako na mayroong marami na magpapatuloy ng karunungan na ibinigay ko sa kanila, ngunit mayroon na mga tagalabas na maghahanap upang dagdagan ng boses ng tradisyon at dahilan ang aking mga turo. Ang aking mga salita ay babaluktutin, na sa katapusan ay hindi na nila maihayag ang orihinal na Katotohanan na dinala ko dito sa mundo.

Noong sabihin ko ito sa kanila na ito ay mangyayari, sila ay nadisturbo at nagpanik. Ako ay nagaanan noong makita na ang aking mga turo ay hindi nawalan ng saysay pagkatapos ng lahat- hindi sila naging mga binging mga taynga. Nakiusap sila sa akin na magsabi pa ng higit, ngunit itinaas ko ang aking mga kamay at nagwika na iyon na lamang ang aking masasabi pa.

Sa puntong ito, naramdaman ko na nasabi ko na ang lahat na gusto kong sabihin habang nasa lupa, na ang aking salita sa mga tao ay natupad na. Lahat ng lubusan, ay may kalaliman na ginusto ko ay magpahinga sa katahimikan at humanap ng kapayapaan at kagaanan sa aking pakikipagniig sa **'Ama.'**

Nilisan namin ang silid hapunan at naglakad papunta sa Bundok ng Olibo ngunit ang lagay ng aking mga alagad ay panloob na pagtatalo, takot at pangamba. Karamihan sa kanila ay umalis na upang makapiling ang kanilang mga pamilya at mga kaibigan na nagdaraos ng kanilang sariling pista ng tinapay na walang lebadura.

Sa hardin, mayroong espesyal na tipak ng bato, kinurting kagaya ng maliit na kweba. Gusto kong magkanlong dito mula sa hangin. Kaya ako ay umupo at nagmeditasyon at nanalangin, naghahanap ng daan tungo sa nataas na harmoniya na aking ikinalugod sa nakaraan. Alam ko na kapag kumilos ako na nakatono sa 'Amang Pag-ibig,' ang aking mga takot ay mapapawi at ako ay mapapasa estado ng total at lubos na kapayapaang nagtitiwalang muli. Nang maramdaman ko ang Kapangyarihan ng Pag-ibig ay kumilos sa akin at pumuno sa aking pantaong kamalayan, gayon din na ang kalakasan upang mapagtagumpayan ko ang kung ano man ang mangyayari ay pumasok sa aking puso. Ako ay makapapanatili sa Pag-ibig at makapagbibigay ng Pag-ibig sa iba hanggang sa wakas.

At kaya ito nga.

Hindi ko na sinubukan pa na pumasok muli sa estado ng paglilitis at pagkakapako sa krus. Ito ay walang bunga.

Noong ako ay namatay sa krus at ang aking ispirito ay umalis mula sa aking sugatang katawan, ako ay nataas tungo sa di maisalarawan at maningning na **LIWANAG**. Ako ay nabalot sa init at kalinga ng **PAG-IBIG,** na hindi ko pa nararanasan noon. Ako ay nakaramdam ng bumabalot na papuri, isang makapangyarihang pagtiyak ng gawaing maayos na naisagawa, ng ekstasi sa pangkalahatang kalakasan upang magpatuloy ng gawain, at saya at lubos na kagalakan na malayong lampas pa sa anuman na nasa makalupang kalagayan na maaaring malaman. Kumilos ako sa bago at kahanga hangang magandang paraan ng buhay ngunit ako ay bumaba pa rin sa kamalayan upang manatiling may ugnayan sa mga tao na iniwan ko. Aking naipakita ang aking sarili sa mga tao na may kasapatan ang pagkasensitibo upang makita ako. Subalit, ang kwento ni Tomas na pinalagay na nagpasok ng mga daliri sa aking mga sugat ay walang katuturan.

Hindi alam ng aking mga alagad na ako ay may sekretong pakikipag-ayos kay Hosep ng Arematiya na kukuha ng aking katawan pagkatapos kong mamatay patungo sa kaniyang sariling hindi pa nagagamit na libingan, kung saan kaniya itong tutuparin batay sa kaugalian bago lumubog ang araw. Pagkatapos, noong dumilim na at ang Sabbat ay idinaos ng bawat isa sa Herusalem, sa tulong ng dalawang lubos na pinagkakatiwalaang lingkod, dadalahin niya ang aking katawan nang palihim sa gabi, at sa hindi nakikitang mga daan kung araw, tungo sa tabi ng bundok sa labas ng Nasaret, sa Galileya. Doon, sa tulong ng aking pamilya, kung sinunod niya ang aking mga tagubilin, kaniyang makikita ang isang maliit, natatagong yungib na nagbigay sa akin ng kanlong mula sa mga bagyo at tanggulan mula sa mga tao noong ako ay bata pa, na hindi masaya at rebelde, at salungat sa mundo. Nangako si Hosep na hanapin ang kweba mula sa mapa na ibinigay ko sa kaniya at iwanan ako doon pagkatapos ng dagdag na pag-eembalsamo. Kaniyang itatayo ang maliit na daanan upang lubusang matakpan ito mula sa mga nanghihimasok. Doon, ang katawan ko ay nakahimlay, malaya sa molestasyon.

Ito ay sinabi tungkol sa akin na ang 'aking katawan ay bumangon mula sa patay.' Anong walang katuturang naisip ng mga makalupang isipan na nasa kawalan upang maykabusugan lamang na maipaliwanag ang aking kamatayan bilang kriminal sa krus!

Anong pangangailangan ko sa makalupang katawan upang magpatuloy ng pagiging naririto sa sunod na dimensiyon?

Paano ang kagayang nakatatawang mito ay nagpatuloy kahit hanggang ngayong ika dalawampu at isang siglo? Ito ay naging sukatan ng kawalan ng pagkakaunawa ng mga 'Kristiyano' na may kabulagan nilang tinanggap ang dogma hanggang sa mga oras na ito.

Maingat na isipin ang tungkol dito. Pagkalaya ko mula sa panlupang katawan at pagkatapos ng aking karanasan ng ekstasi at maluwalhating lubhang kaligayahan ng pagtungo sa mas mataas na dimensiyon ng

PANGKALAHATANG KAMALAYAN, bakit ko kailangan na magbalik sa makalupang dimensiyon upang pumasok muli sa aking katawan? Anong silbi pa nito para sa akin sa inyong mundo o sa akin? Habang ang 'pisikal na substansya' ng aking katawan ay maaaring ispiritwalisado kung perpektong nakatono sa **'Amang Mapagmahal na Kamalayan**; noong ako ay nakatira pa sa lupa, hindi baga ang aking katawan ay dalahin at sagabal sa aking sunod na mga paglalakbay sa loob ng pinakamataas na ispiritwal na mga Kaharian?

Ang mga nakikitang mga bagay ay manipestasyon lamang ng tiyak na mga alon ng baybrasyon sa kamalayan na lumilikha ng 'SINAG NG MGA ATOMO O MGA PARTIKULO' na nagbibigay ng anyo ng solidong 'bagay.'

Bawat nakikitang substansya ay nagtataglay ng sarili nitong sadyang alon ng baybrasyon. Ang pagbabago sa bilis ng baybrasyon ay lumilikha ng pagbabago sa anyo ng 'bagay.' Habang ang mga enerhiya ng kamalayan ay nagbabago gayon din na ang mga anyo ng 'bagay' ay nagbabago.

Samakatuwid, ito ay posible sa akin na ipokus at ibaba ang aking mga alon ng kamalayan tungo sa punto kung saan ang aking anyo ay naging namamasdan ng pantaong mata. Ako ay nakababalik sa aking mga alagad at nakapagpapakita sa kanila. At ginawa ko ito. Minahal ko sila nang higit pa noon, at may utang ako sa kanilang higit na kalinga at suporta gaya ng kaya kong ibigay sa kanila pagkatapos ng aking kamatayan. Hindi lamang ito, ito ay kinailangan na idirekta ko ang aking sariling kapangyarihan sa kanilang mga isipan upang magbigay sa kanila ng impetus at tapang upang ipagpatuloy ang gawain na aking nasimulan.

Ngunit, gusto kong malaman ninyo na ang 'indibidwalisadong kamalayan' na tumaas sa alon ng baybrasyon tungo sa pinaka pintuan ng **Pangkalahatang Mapanlikhang Dimensiyon** ay nagiging **INDIBIDWALISADONG LIWANAG**, isang **INDIBIDWALISADONG KAMALAYAN** na hindi nangangailangan ng katawan upang maghayag at magalak sa lahat ng mga malilikha ng **MALUWALHATING KAMALAYAN** sa pinakamataas na **ISPIRITWAL NA MGA DIMENSIYON**. Ito ay isang supremo at puno ng ligayang estado ng pagiging lalang na wala ng mga pangangailangan, mga naisin, mga pintig na naranasan ng mga iba na hindi pa lubusang nakapundasyong mataas na lagpas at higit sa ego.

Habang nabubuhay dito sa lupa, ang inyong mga isipan ay nananatiling nakaangkla sa loob ng mga tiyak na mga sukatan ng mga alon ng baybrasyon, na nakakulong sa mga katawan na mayroong kanilang mga sariling pangangailangan. Kung ang inyong mga kamalayan ay totoong gustong maglakbay lampas pa sa mga panukatang ito, ang inyong panlupang sarili ay mawawala. Noong ako ay nakulong sa katawan, ako ay malawakang napatali din sa mga panukatang ito ng mga alon ng baybrasyon at kamalayan.

Dagdag pa, ang imahinasyon lamang ay makapaglalayag na hindi lalayo pa sa inyong mga nakaraang mga karanasan at samakatuwid kayo ay nakatali sa inyong nakaraan na inyong madadala sa inyong panghinaharap.

Ngunit,- paunti unti,- kayo ay magagabayan ng mga isipang sapat na sensitibo upang makatanggap ng mas mataas na mga dimensiyong ispiritwal at kaya makapagpakilos sa inyo nang lampas sa inyong pangkasalukuyang mga hangganan ng inyong kamalayan. Sila ang magtatala para sa inyo para doon sa mga kahangahangang mga karanasan at mga estado ng pagiging lalang lampas sa inyong pansarili, kung alin kayo sa inyong mga sarili ay makapaghahangad. Sa paraang ito, kayo ay susulong sa mga baitang o mga hakbang ng ispiritwal na pagkalinang.

Bawat hakbang ay magdadala sa inyo ng bagong pananaw ng kung ano ang makakamtan at mula sa pananaw na ito ay makalilikha kayo ng bagong layunin. Sa layuning ito na laging narito bago pa man kayo, kayo ay gagawa upang linisin ang inyong sarili sa mga nakakukontaminang impluwensiya ng 'dikit-igkas' na mga pintig ng inyong panlupang pagiging naririto. Sa bawat unti unting hakbang ay inyong malalampasan

ang inyong ego.

Kung lalampasan ninyo ang inyong ego at ito ay mamatay sa inyong kamalayan, kayo ngayon ay masaganang nabubuhay sa **'Amang Mapagmahal na Kamalayan'** at makatagpo ng katunayan ng kaharian ng kalangitan sa inyong mga buhay, sa inyong sarili at sa inyong kapaligiran.

Upang marating NINYO ang mga tugatog ng pag-ibig, ligaya, pagkakaisa, at ekstasi na naisabuhay ko, ginawa at kinamatayan sa Palestina at ako ay dumating sa inyo ngayon sa mga **Liham** na ito.

Huwag hayaan na ang aking gawain ay mawalan ng saysay sa pangalawang pagkakataong ito. Habang binabasa ninyo ang mga pahinang ito, hanapin, magmeditasyon at manalangin para sa inspirasyon, darating na mararamdaman ninyo ang tugon ng **'Ama'** at kapag kayo ay nakinig nang mataimtim araw- araw, ay inyong maririnig ang **Boses ng 'Ama.'**

Ang Tinig ay laging nasa inyo. Alisin ang mga balakid na nalikha ng pansariling kagustuhan. Buksan ang inyong mga sarili upang tanggapin ang kalakasan, kapangyarihan, inspirasyon at pag-ibig direkta mula sa **'Amang Pag-ibig na Kamalayan'**

Basahin at basahing muli ang mga **Sulat** na ito na sa katapusan ay maging laman ng inyong kamalayan. Sa pag-gawa ninyo nito, kayo ay maglalakbay tungo sa **LIWANAG,** at kayo ay magbibigay ng **LIWANAG** sa iba. Ang kagayang **LIWANAG** ay hindi lamang 'liwanag' na kagaya ng elektrisidad kundi ay ang pinaka likas ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** na inilarawan ko sa inyo sa aking **Liham 1.**

Samakatuwid, habang pinakikislap ninyo ang **LIWANAG**, kayo ay nagpapakinang ng walang kondisyong pag-ibig. Inyong itataguyod ang paglago at ispiritwal na paglinang ng bawat nabubuhay na lalang. Inyong nanaisin na magpalusog at kumalinga, kayo ay magtatrabaho upang itaguyod ang proteksiyon at paggagamot at edukasyon. Inyong hahangarin ang tumulong sa pagtatatag ng mapagmahal na batas at kaayusan kung alin ang lahat ay makapamumuhay nang mapayapa, matagumpay at masagana. **Kayo ay magiging nasa Kaharian ng Kalangitan.**

Sa kagayang panahon, wala na sanang mga ilusyon.

Habang ang mga hakbang ay kinuha na upang ipakilala ang mga **Liham** na ito sa mundo, mayroon din na eksaktong kagayang mga mapanlabang akusasyon, ang kagayang pagkondena, ang kagayang pagsalita ng Satanas, ang demonyo, na kagaya noon noong ako ay unang nagturo sa Palestina. Isapuso ninyo, manalangin para sa kagitingan. Sila na tatanggap nito hanggang wakas ay tataas mula sa komosyon at kaguluhan at magpapahinga sa kapayapaan at kaligayahan ng kaharian.

****

Ito ay buong pagmamahal na hinahangad ng Kristo na ang mga LIHAM na ito ay mabilis na mailimbag at maipamahagi sa mga tao na naghahanap ng Katotohanan. Kung sisipi mula sa mga LIHAM, pakibanggit nang maliwanag ang pinagmulan:

CHRIST'S LETTERS, www.christsway.co.za, (Book Title: CHRIST RETURNS – SPEAKS HIS TRUTH
MGA LIHAM NG KRISTO,www.daanngkristo.com

(Titulo ng Aklat: Ang Kristo ay Nagbabalik-Naghahayag ng Kaniyang Katotohanan

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 4

Ako, ang KRISTO, ay dumating- dahil sa aking pagmamahal sa inyo- upang gumawa ng buod ng lahat na aking naunawaan sa panahon ng aking kaliwanagan sa disyerto at sinubukan na ituro sa mga Hudyo sa Palestina dalawang libong taon na ang nakaraan. Ang ibang mga detalye ng aking panlupang pamumuhay ay nakaugnay sa mga **Liham 1,2 at 3.**

Kung inyong nabasa ang mga ito, malalaman ninyo na ito ay may napakataas na kahalagahan sa inyong pagkatao upang maunawaan na – habang ang aking mga tagasunod sa katapusan ay nakalikha ng relihiyon na tinawag nilang 'Kristiyanismo' na natatag sa mga ulat ng aking buhay at mga turo- hindi ko idinidikta ang mga **Liham** na ito upang magturo at magkompirma sa kung ano ang mga itinuro ng aking mga tagasunod. Ang 'Kristiyanismo' ay pormal na relihiyon na, **may kapuruhan** na para lamang tumugma, ay kumuha ng maraming mga paniniwala na salungat sa ispiritwal na Katotohanan ng ating **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG**.

Ano ang kinalaman ng 'pagbuhos ng dugo' sa PANGKALAHATANG ISPIRITO?

Gaya ng inyo ngayong kailangang matanto, ang aking turo mula sa pinakasimula ng aking misyon sa lupa sa Palestina, ay laging isinilang mula sa pinakamataas na ispiritwal na **Katotohanan ng Pagiging naririto**, na walang kinalaman sa pantaong mga konsepto at mga pangangatwiran na kagaya ng itinuro ng pantaong mga kaisipan.

Samakatuwid, aking inuulit nang may diin, habang ang aking persona sa lupa dalawang libong taon na ang lumipas ay iyong si **HESUS**, ang layunin ng aking presensiya, ang **PRESENSIYA NG KRISTO,**- na nakapaloob sa mga Liham na ito ay upang abutin ang sensitibo at inspiradong mga kaluluwa upang magturo sa kanila kung paano makukuha ang **Banal na Tulong** sa darating na katatakutan na ang mundo sa katapusan ay masasangkot. Para sa dahilang ito, ang aking makapangyarihang paghahangad upang sagipin ang mga makatatanggap sa akin ay nakristalisado sa porma ng **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO** na nakapaloob sa mga **Liham**. Alamin ninyo ito- sundin ito.

Aking kailangang ipaalam sa inyo- **at magbigay ng partikular na mensahe** - na ako ay dumating sa mga Hudyo sa Palestina pitumpung taon bago ang Herusalem ay nalugmok sa lupa.

Dumating ako sa mga Hudyo upang magbabala sa kanila na ang kanilang batas ng pag-uugali ay walang magiging halaga sa kanila kapag ang panghinaharap na kapighatian ay dumating sa kanila, na nagdadala sa kanilang papalabas tungo sa nakatatakot na mundo. Ito ay natala sa sulat na ako ay humagulhol sa kawalan ng pag-asa, tumangis dahil sa katunayan na akin sanang naipon ang mga tao na parang mga sisiw sa ilalim ng dibdib ng inahing manok, upang protektahan sila sa kanilang oras ng pagkawasak ngunit ang mga tao ay hindi sumunod sa akin. Sa halip, ang kanilang mga pinuno ng relihiyon ay naglagay sa akin sa kamatayan. Ngunit pagkatapos na magkalat ang mga Hudyo, noong ang kanilang Templo ay kuhanin sa kanila, natuto baga sila sa kanilang mga karanasan? Kanila bagang naitanong kung bakit ang kagayang kalamidad ay nangyari sa kanila? Hindi, sila ay nagpatuloy pa rin sa kanilang mga matatandang tradisyon at paniniwala sa kanilang pagiging mataas, kahit na paulit ulit, pinatutuhanan sa kanila ng mga pangyayari sa kasaysayan na sila ay puntirya din ng mga kalamidad na kagaya ng ibang mga tao. Sa pinaka oras na ito, kanilang pinili na hindi pansinin ang **MGA KATOTOHANAN ng PAGIGING NARIRITO na kagaya ng itinuro ko sa kanila sa**

Palestina, at ay nagdadala sa kanilang mga sarili ng katulad na mga kondisyon na kagaya ng sinunod sa aking makalupang pamumuhay sa Palestina.

Kahit saan sila tumira, ang kanilang makamateryal na mga kaugalian, ang kanilang **ulo** para sa **matang** mga tradisyon, ay gumuguhit patungo sa kanila ng pantaong pighati na ginawa nila para sa iba hanggang sa paglipas ng mga panahon dahil sa kanilang pagkaarogante at katakawan. Lahat na bagay na kanilang pinagdusahan, sila ang nagdala sa kanilang mga sarili.

Ito ay para din doon sa mga, sa pamamagitan ng pagtugma, ay nakialyado sa mga Hudyo dahil sa kanilang kapangyarihan sa gastusin sa loob ng pangmundong ranggo ng pananalapi at pangmundong mga merkado. Sino ang nagpapanatili na ang karamihan sa populasyon ng mundo ay nagugutom samantala ay mayroon namang sapat na pagkain na nakaimbak upang pakainin ang mga tao nang may kasapatan kung ang 'tubo bilang motibo para mabuhay' ay aabandunahin? Kung may kagustuhan, ang mga lider sa pananalapi ay makagagawa at makapagtataguyod ng mga plano upang ipamahagi ang mga sobrang produkto sa mga kapus palad. Kung gagawin nila ito, kanilang makikita na ang buong sansinukob ay tutugon na may mga biyaya, ang pambansang ekonomiya ay lalago at ang kapayapaan ay magiging kondisyon sa mundo.

Bago ito mangyari, **anuman ang nalikha na sa kamalayan at sa pamamagitan ng agresibong, mababang kalidad na mga gawa, BUONG-MUNDO,** ay kailangan munang maiguhit tungo sa materyalisadong pantaong karanasan- hindi bilang kaparusahan kundi ay likas na paggawa ng **MGA BATAS NG PAGIGING NARIRITO.**

Makasiguro na ang mga bansa na lumalaban sa 'demonyo' ng iba, ay lumalaban lamang sa mga bunga ng kanilang sariling 'mga buto ng kamalayan at mga gawa' noong mga nakalipas na panahon. Samakatuwid, ay 'mga kalupitan sa batang taktika,' ang brutal na atake ng makapangyarihan sa mahina, gaano man mukhang walang kompromiso ang mahina, ay magdadala lamang ng mas maraming mga oras ng gulo para sa mga malulupit. Kung saan sila ay nakaranas ng tundos ng karayom, sila ay nag-iipon sa kamalayan, ang panghinaharap na pagkasira na kanila ngayong ibinabagsak sa iba. Siguro ay kanilang madili na ang 'tundos karayom' mula sa mahina ay isang tawag ng tinik upang ialerto sila tungo sa kanilang pagkadausdos pababa tungo sa moral na pagkawasak.

Dahil ang kagayang mga tao ay palagiang sumusuway sa **MGA BATAS ng PAGIGING NARIRITO** at gumuguhit ng pagkawasak ng mga siyudad at sa mundo na walang katapat ang lakas, ito ay intensiyon ko sa **Liham** na ito hindi lamang upang magbuod sa lahat ng aking mga itinuro at ipinamuhay sa Palestina kundi ay upang baybayin nang may kaliwanagan ang mga nasa ilalim na mga kadahilanan ng inyong napipintong pangmundong krisis na hindi ko na nasabi noong huli akong dumating sa mga tao sa aking pahayag.

Ang mga LIHAM na ito ay nasulat na bago pa man ang pinakadelikadong oras sa inyong kasaysayan, at kung ang paghihirap ay kaharap na ninyo ngayon, kayo ay magtatanong kung bakit hindi ko kayo binabalaan nang mas maaga.

Ngunit, kailangan kong sabihin sa inyo, sa pamamagitan ng mga makatatanggap na mga isipan, ako ay sumubok na ialerto ang mundo sa nakalipas na dalawampu at limang taon, ngunit ni ang midya, ni ang bahay imprintahan ni ang telebisyon, ay handa upang makinig at magbigay ng pagkakataon upang magsalita sa inyo sa pamamagitan ng aking mga sugo.

Ang mga pulitiko ay nakaaabot sa inyo- ngunit Ako, ang Kristo, ay hindi makagawa niyon dahil sa katigasan ng inyong mga puso at ng inyong pagtanggi na matanggap na ako, ang nabubuhay na Kristo, ay *maka*bababalik sa oras na ito sa pamamagitan ng mga inalisan ng programa at mga masusugid na mga isipan upang babalaan ang mga nasyon sa kung ano ang kanilang nililikha para sa kanilang mga sarili sa hinaharap.

Ang mga simbahan, na nagpapalagay na naniniwala sa aking pagiging naririto, ay naging sa kanilang sarili nakatuon sa kanilang pantaong nilikhang mga tradisyong panrelihiyon na kagaya ng mga materyalista. Ngayon, sa ikalabing isang oras, kung kailan ang takot ay bumaba na sa mga tao, at sila ay handa na upang sundin ang aking mga salita, ang mga pintuan ay kailangang may kasiguruhang mabuksan o muli ang aking mga pagsisikap para sa sangkatauhan ay mawalan ng saysay.

Ako ay dumating upang sabihin na mayroon talagang paghihiwalay ng 'mga kambing' mula sa 'tupa' na kagaya ng naitala sa mga sulat sa Bibliya. Ang 'tupa' ay iyong mga kaluluwa na may kapayapaang makatanggap ng pinakamataas na ispiritwal na katotohanan na ididispensa sa lupa. Ang 'mga kambing' ay patungkol doon sa walang kakayahan upang makinig sa kaninuman o anumang bagay dahil sila ay naging sobrang rebelde ang ispirito at ay dala ng bugso ng ego.

Bakit sila ay paghihiwalayin sa oras na ito? Sila ay paghihiwalayin dahil sila na may kakayahang tumanggap ng katotohanan na nakalagay sa loob ng mga pahinang ito, at mabuhay na nasa mga tagubilin ng mga **Batas ng Pagiging naririto** ay makasusumpong na kahit ang sunod na panahon ng kasaysayan ng daigdig ay maging mapait talaga, sila ay magpapatuloy sa maikukumparang kapayapaan at proteksiyon, katuparan ng pangangailangan at pagkataas ng ispirito.

Ang mga 'kambing,' sa kasamaang palad, ay magdaranas ng lahat ng mga pwersa ng katatakutan ng kanilang taglay na rebeldeng kamalayan.

Ito ay HINDI isang parusa mula sa Sinuman sa Itaas – datapwat ay isang likas na paggawa mula sa Batas ng Pagiging naririto: ano ang inyong dala dala sa inyong mga isipan at mga puso sa katapusan ay makikita sa inyong katawan, buhay at kapaligiran. Kapag kayo ay lumaban at nagrebelde, ang buhay ay maghahandog ng paglaban sa inyo bilang katuparan ng inyong mga pagnanais.

Ako ay matagal nang tumaas sa pinakamataas na alon ng baybrasyon ng kamalayan sa Selestiyal na mga Kaharian at ako ay Banal na Kamalayan na indibidwalisado. Ang aking Kamalayan ay nakapalibot sa mundo sa sinumang tatawag sa akin.

Kaya kagaya ng lahat na mga dakilang mga Guro na nabuhay dito sa lupa, at naliwanagan at nakaalam sa KATUNAYAN ng PINAGMUMULAN ng lahat ng PAGIGING LALANG, at nagturo sa mga tao mula sa kanilang nataas na estado ng kaliwanagan.

Sila ay nataas sa ispiritwal na Kapangyarihan upang pasukin ang makapal na kulubong sa pantaong kamalayan at makaunawa ng kung ano ang tunay na nakalagay lampas pa sa mundo ng 'bagay'- na nakita nila, nang may kaliwanagan na mapahihintulutan tulad ng nakaraang mental na pagkakondisyon, ang basikong pagkakaisa ng nilalang, sa loob ng dimensiyon ng Pagkamalikhain.

Ang isa at ang lahat ay mayroon pagkatapos ng paglipat tungo sa sunod na dimensiyon ng pagiging naririto, ay tumakas sa gilingan ng inkarnasyon at kumilos tungo sa mas mataas na dimensiyon ng indibidwal na dalisay na ispiritwal na kamalayan tungo sa mga daanan ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN**. Sila ay naging indibidwalisadong **BANAL NA KAMALAYAN** na nagtataglay ng kapangyarihan at pagkaunawa sa **Banal na Kamalayan.**

Sila rin, ay nagbabahagi ng **KRISTONG KAMALAYAN** gaya ng sinabi ko sa naunang Liham. Kanilang pinagsamasama ang mga tugatog ng matalinong pag-ibig at ang mga taas ng mapagmahal na katalinuhan, pinagsasanib ang Kapangyarihan ng Kalooban at ang Kapangyarihan ng Layunin. Sila ay magkapantay na lalaki at babae sa kanilang mga kagustuhan. Sila ang mga perpektong paglalahad ng kalakasan at pagkalinga.

Sila ang mga ganap na HALIMBAWA ng kung ano ang lahat ng mga lalaki – at mga babae- ay kailangang magsikap upang kamtin.

Upang makamit ang kagayang kaganapan ng pagiging lalang, ang pantaong ispirito ay dapat isa isang tabi ang lahat ng mga paghahati hati at pakikipagkompetensiya. Sinuman ang inyong kinikilalang Propeta, kayo ay makasisiguro na siya ay BUHAY SA SARILI NITO at makapangyarihan sa loob ng Kapatiran ng lahat ng mga dakilang Guro. Bawat propeta, bawat guro ay nakaunawa sa parehong *KATUNAYAN* at nabuhay sa kagayang madasaling paraan upang makasiguro na s *iya sa katapusan ay makapagkamit ng layunin ng bawat tao- pagiging perpekto sa paraiso.*

Ito ay lubhang mahalaga na kailangan ninyong maunawaan ito at matanto na ang mga paghahati hati na ginagawa ninyo sa pagitan ng inyong mga Guro, dahil tayo ay lahat na pinag-isa ng ating karaniwang **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG.** Tayo ay **Kapatiran ng mga Lalang ng Buhay, bawat isa** ay nagpapakita sa pamamagitan ng ating pagkaindibidwal ng pinakamataas na **KATOTOHANAN** ng ating **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** .

Kami ay magkapareho sa kadalisayan, kapangyarihan, kagandahan, kaningningan ng ispirito at pag-ibig.

SAMAKATUWID, ang 'tupa' ng bawat relihiyosong grupo, - sila na may kaganapang nalinang sa ispiritwal na pagkaunawa ng pundamental na pagkakaisa ng inyong PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG,-- ay kailangang may kabilisan na hanaping makipagkaisa sa magkapantay na kapatiran sa inyong mga bayan at mga bansa at lumabas at makipagbigkis sa inyong mga kapatid sa ispirito sa buong mundo, hindi iniinda anuman ang lahat na nangyayari sa panlabas na mundo. Inyong dapat na malampasan ang lahat ng mga panrelihiyong pagkakaiba, Kristiyano, Muslim, tagasunod ng Supismo, Hudyo, Israelita, Palestino, Hindu, Budista, at iba pa at ipalagay ang inyong mga sarili na lahat ay magkakapantay sa loob ng ligtas na kandungan ng Pangkalahatang Pag-ibig at Pangkalahatang Matalinong Proteksiyon- mapayapa sa inyong mga sarili, sa bawat isa at doon sa mga determinado na makipaglaban hanggang sa katapusan.

DITO LAMANG SA PARAANG ITO ANG INYONG PLANETA AY MAKARARAOS SA KAGULUHAN NA NASA HINAHARAP NINYO.

Ako ay bumalik din para sa lahat na hindi Muslim ni Kristiyano, hindi Budista ni Hindu. Ako ay dumating para doon sa nagnanais sa mahabang panahon, upang malaman ang ***Katunayan*** sa likod ng lahat ng pagiging naririto.

Sinabi ko sa inyo na ako ay dumating- sa persona ni Hesus- sa mga Hudyo sa Palestina. Akin rin sanang nasabi na ako ay dumating para sa mga Arabo sa persona ni Muhammad, dahil si Muhammad at ako ay mula sa iisang ispirito.

Upang hatiin kami sa 'persona' na nagtataglay ng magkaibang mga pangalan- **HESUS at MUHAMMAD, o MUHAMMAD at HESUS** ay katulad ng pagbibigay sa kambal ng magkaibang mga pangalan dahil ang isa ay nagtuturo ng literatura at ang isa ay nagtuturo ng matematika.

Kami ay parehong **KRISTONG KAMALAYAN,** parehong indibidwalisasyon **ng BANAL NA KAMALAYAN.** Noong nasa lupa, kami ay parehong nagsalita ng Diyos ng Pag-ibig at Pagkaawa batay sa paraan na ang sangkatauhan ay nagpahintulot sa amin na makaunawa sa aming mga inspiradong karunungang mula sa Diyos.

Inyong dapat na ilagay sa isipan ninyo na kami ay parehong mga taong lalang na may kalalimang nakondisyon ng aming mga tradisyonal na mga paniniwala na namana mula sa paglipas ng mga panahon. Samakatuwid, ang aming mga inspirasyon ay dumating sa amin sa pamamagitan ng mga isipan na nalulukuban na ng mga ibang ideya.

Gaya ng nasabi ko na sa inyo sa nakalipas, ang inspirasyon hanggang hindi nakadirekta sa malinis, inalisan ng programang isipan, ay laging kukuha ng kulay ng paniniwala na nanggaling mula sa pagkondisyon noong murang kabataan. Ang rasyonal na isipan na siyang umaarangkada kapag ang daloy ng inspirasyon ay tumitigil, ay nagsisimulang magpaliwanag ng bagong karunungan at pagkaunawa sa mga termino ng kung ano ang natanggap na ng pantaong isipan.

Ngunit, gaya ng nasabi ko na sa inyo, ako ay dating rebelde sa halos mula pasimula ng aking buhay at hindi matanggap ang mga Hudyong mga paniniwala. Ako ay malinis, masigasig na nakatatanggap, bukas ang isipang sisidlan tungo sa kung alin ang **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO** ay maaaring ibuhos sa disyerto, na nakapagpakita sa akin **nang may kaliwanagan** ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN.**

Ngayon ang aming mga pananaw ay nasa pinakamataas na pagkakaayos - kami ay isang ISIP, isang BUHAY, isang PAG-IBIG, na umaabot nang pantay sa Muslim at Hudyo at Kristiyano, Budista at lahat ng mga tao, walang Diyos o walang pinaniniwalaan. Ang amin lamang tanging motibo sa pagtawag sa kanila ay upang dalahin sa kanila ang inspiradong nakapagpapabago ng pusong kaunawaan na makatutulong sa kanila na makilala ang kanilang mahalagang pundamental na kapatiran sa ispirito, himukin sila na mag-isip ng mga bagong ideya, makipaghalubilo sa bawat isa nang mapayapa na may kapatawaran sa kanilang mga puso, at pagkatapos nito ay mabuhay nang may kaibahan, na kukukuha ng LIWANAG mula sa **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG,**

Kami ay parehong nagsasalita ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN sa inyo na nabubuhay sa pangkasalukuyang panahon ng siyensiya dahil kayo ay nakapaglakbay nang malayo tungo sa siyentipikong pagkaunawa at ngayon ay maaari nang makatanggap sa kung ano ang sasabihin namin.

Magkasamang sasabihin namin sa isang tinig - tumalima, makinig: KAMI, - at kayo sa lupa, ay lahat iisa sa pinakaugat ng ating pagiging lalang.

Anuman ang pagsira na ibinibigay ninyo sa iba, inyo ring ibinibigay sa inyong mga sarili.

AKO-KAMI- ay kailangang liwanagin na **KAMI** ay dumating sa lahat ng mga tao na may mabuting pakiramdam, mabuting kalooban at mabuting puso, na di iniinda ang kanilang pangkasalukuyang lahi at panrelihiyong mga paniniwala. **KAMI ay yumayakap, nagmamahal, humihila sa inyong lahat patungo sa aming kamalayang nagbabalot ng proteksiyon at kaligtasan.**

Kami ay nakababatid ng inyong mga problema sa lupa sa panahong pangkasalukuyan.

AMING alam ang dantaong –katanda na di pagkakasundo sa pagitan ng Hudyong paniniwala at Islam.

Ngunit ang sigalot na ito ay walang kinalaman sa AMIN. Ang inyong pag-aaway ay nag-iiwan sa aming di nagbabago. Bakit guguluhin ang inyong sariling kabutihan, ang inyong sariling hinaharap na kasayahan sa pamamagitan ng pakikipag-away tungkol sa ilang mga konsepto na walang katuturan at samakatuwid ay walang halaga? Sa katunayan, kayo ay nakakapit sa inyong piniling relihiyon dahil, sa kaibuturan ng inyong puso, kayo lahat ay umaabot tungo sa **PINAGMUMULAN NG INYONG PAGIGING LALANG,** bagaman at tinatawag ninyo ang **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** sa iba't ibang mga pangalan.

Kami ay parehong nakaaalam sa mga pagsisikap ng bawat indibidwal na Hudyo upang mamuhay ng 'magandang buhay' at mga indibidwal ng Islam upang tunay na igalang at pahalagahan ang Allah sa buong maghapon, na ipinapalagay na ang lahat ng kanilang ginagawa at nakakamtan ay sa kaniyang kapangyarihan na gumagawa para sa kanila, at ang mga Kristiyano na nakalubog sa kanilang mga paniniwala sa Kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ni Hesus- kayo ay lahat na nagpupursigi upang makamtan ang 'kabutihan' ngunit hindi magagawa iyon habang kayo ay nananatiling nahahati ng inyong mga paniniwala.

Kapag ang kalituhan ng pangkasalukuyang pangmundong kamalayan ng pinagsasaluhang may agresyon ay tuluyang natapos- ang araw ay may katiyakang darating na ang Muslim, Hudyo, Kristiyano, Budista at Hindu ay magtitipon na magkakasama, iwawaksi ang kanilang mga pagkakaiba sa panrelihiyong mga paniniwala at makikihalubilo bilang isang mga tao, upang magbigay pasasalamat sa **BANAL NA KAMALAYAN** mula sa kung sa **ALIN** na nakuha nila ang kanilang pagiging lalang, at mula sa kung sa **ALIN** ay darating ang panghinaharap na walang hanggang mga pagpapala ng maganda, inspirado at mapagkalingang mga pamumuhay.

Sama sama inyong itatayong muli sa lumang mga pundasyon at magsasabi: 'Hayaang ang kagayang bagay ay hindi na mangyari sa pagitan ng mga tao muli dahil ngayon ay alam namin na ang mga ugat ng aming pagiging naririto, kami ay tunay na iisa. Kung pagdusahin ko kayo, ako rin ay nababawasan sa **Banal na Buhay,** at ang aking sariling paghihirap ay susunod. **KAMI,** at ang **KAPATIRAN** sa loob ng **KRISTONG KAMALAYAN** ay lubos na nakaaalam tungkol sa mga Budista at mga Hindu, mga tagasunod ng Tao, ang mga ekspertong ispiritwal sa Pilipinas, at lahat ng iba pang sekta at panrelihiyong disiplina sa bawat bansa, kung alin ay naglalayon na abutin at mahipo, kahit pansamantala, ang pagkakapantay ng kanilang **PANGKALAHATANG PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG.**

Kami ay nakaaalam ng LAHAT. KAYO ay lahat na nakapaloob sa aming Pangkalahatang Pag-ibig, Pagkaawa at Pangangalaga. KAYO ay lahat na importante sa amin, maging anuman ang inyong mga paniniwala, dahil kayo ay lahat ay IISA sa pinakaugat ng inyong pagiging lalang- ang inyong mga kaluluwa ay pinag-isa sa Banal na Kamalayan.

Isa at LAHAT, kayo ay pinagbuklod at iisa sa inyong baitang ng kaluluwa sa loob ng inyong PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG.

Kung kayo ay sasalo ng patak ng ulan sa inyong palad, inyo bagang masasabi na dahil ang munting patak na iyon ng ulan ay bumagsak sa INYONG kamay, at dahil ito ay hiwalay mula sa ulan na pumapatak sa lupa, ay ang maliit na patak ay kakaiba sa 'pagiging,' sa komposisyong kemikal, at kalidad ng kadalisayan o lakas mula sa iba pang natitirang ulan na sa kasalukuyan ay pumapatak sa paligid ninyo?

Maaari ninyo na hipuin ang inyong maliit na patak ng ulan sa pamamagitan ng berdeng kulay, at gawin itong luntian, ngunit maaari ninyo bagang sabihin na ang berdeng patak ng ulan ay sa kabuuan ay kakaiba sa mga natitira pang ulan na bumubuhos sa panahon ding iyon?

Kayo na may mabuting pakiramdam, mabuting kalooban, at mabuting puso, tapat at totoo, ay makatutugon - hindi, ang ulan ay hindi kakaiba. Ito ay may kaeksaktuhang kagaya sa kalidad at pagiging ulan na katulad ng natitirang buhos ng ulan; ang tangi lamang pinagkaibahan ay ang berde, o pula o asul na kulay na idinagdag. Samakatuwid, ito ay naging isang bagay na higit pa sa ulan na pumapatak sa palibot natin, ngunit ang maliit na patak ng ulan sa palad ng aking kamay ay **may *pagkabasikong*** katulad ng ulan.

Bawat isa sa inyo, maging sino man kayo, anuman ang kulay ng balat mayroon kayo, anumang uri ng buhok ang nagpapaganda sa ulo ninyo at nagpuprotekta dito mula sa araw, ang hugis ng inyong ulo o katawan, ang wika na inyong sinasalita, ang mga ideya na inyong iniisip, ang uri ng mga salita na inyong ginagamit, ang mga kilos at gawa na inyong isinasakatuparan bilang resulta ng inyong mga paniniwala at mga iniisip- anuman ang MGA PAGKAKAIBA ng inyong PISIKAL AT PANTAONG KAMALAYAN, - kayo ay LAHAT, may kaeksaktuhan na katulad ng bawat isa, na may kagayang kalidad, isinilang ng parehong **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG**, mayroong parehong potensiyal sa walang hangganan, may kaparehong ispiritwal na mga kakayahan sa kawalang hangganan sa bawat pinagbabasehan. Ang tangi lamang pagkakaiba sa pagitan ng bawat isa sa inyo, Muslim na Arabo, Rusong Hudyo, Amerikanong Kristiyano, Tibetang Budista, Bombay na Hindu, ay mga pandagdag na nagpalobo sa bawat isa sa inyo bilang resulta ng inyong pagmamana na galing sa inyong mga magulang at lahi, kapaligiran, paghuhubog ng pamilya, pinagkukunan ng pamilya mahirap o mayaman, edukasyon at mga oportunidad sa buhay.

NGUNIT- ang mga ito ay LAHAT na mga pang-ibabaw lamang. Ang mga ito ay mga pandagdag na nagmamaskara sa inyong ***Katunayan*** na inyong tinatawag na ang kaluluwa ninyo na kahit na ang kulay ay makapagtatakip din ng katotohanan tungkol sa patak ng tubig sa palad ng inyong kamay. Ang inyong kaluluwa ay nanggagaling na direkta mula sa **Banal na Kamalayan** at nananatili ang sarili nito, busilak at dalisay, at kaisa ng **Banal na Kamalayan** kasama ng lahat ng iba pang mga kaluluwa, sa kabila ng lahat ng mga pandagdag na nakapagbalot at nakapagpahina dito mula sa pagsilang.

Kailangan ninyo na malaman na ang bawat isa ay isinilang na may kakaibang **pantaong** mga kapasidad upang gamitin ang mga pandagdag na ikinarga sa kanila sa pagkasilang. Ang mga pantaong kakayahan upang gamitin ng bawat isang kaluluwa ay nakadepende sa ispiritwal na paglago na nagawa nito sa mga nakalipas na buhay.

Mayroong mga tao na umakyat papalabas mula sa malalim na hukay ng mga di kanais nais, kalungkutan at kabiguan at nakakamit ng mataas na mga posisyon ng pagtitiwala at respeto, nakapagbigay ng sobrang impluwensiya tungo sa iba- at mayroong mga tao na nahulog mula sa nakahihilong mga taas ng benepisyo, kayamanan, oportunidad, at mga talento, tungo sa itim na mga butas ng kabiguan at kalungkutan, pagdudroga, pagpatay, pagsasamantalang sekswal at kung ano pa.

Gayun pa man, para sa lahat na ang bawat isa sa inyo ang gumawa- o hindi gumawa- ng inyong mga oportunidad o ang inyong kawalan ng mga iyon, kayo pa rin lahat ay nananatiling sa pundamental at basikong parehong 'pagiging kayo' at potensiyal. Kayo ay LAHAT na may kakayahang tumaas, paunti unti, mula sa kung anumang ispiritwal na baitang ng kamalayan kayo sa pangkasalukuyan ay nakaokupa tungo sa mga taas ng **BANAL NA KAMALAYAN** na nasa loob ng mga Selestiyal na mga Kaharian.

Habang tinatanggap ninyo ang mga **Liham** na ito bilang ang **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO** at magsaliksik, araw- araw, upang ipamuhay ang mga tagubilin na magdadala sa inyo tungo sa harmoniya at pakikipagniig sa **NAGBIGAY SA INYO NG PAGIGING LALANG** - kayo ay may kasiguruhan na kikilos patungo at makakamtan ang pinakamataas na ispiritwal na mga layunin na inihanda ninyo para sa inyong sarili sa pangkasalukuyang panahong ito.

Kayo ay lahat makatatayo sa puntong kung saan ninyo buong natatanggap ang **KATOTOHANAN,** gumawa upang linisin ang inyong personal na kamalayan nang sa gayon ay makamit ang **BANAL NA KAMALAYAN** at maging mga indibidwal na napupuno nito- at nagniningning- ang **Kapangyarihan ng Banal na Kamalayan** sa inyong malapit na mga kapaligiran at sa katapusan ay sa buong mundo.

KAYO ay LAHAT mahalaga sa loob ng inyong malapit na kapaligiran.

Ang magulang na nakararamdam na ang lahat na nagawa para sa pamilya ay hindi pinahahalagahan, ay nakararamdam na siya ay hindi makagawa ng pagbabago sa buhay pamilya, ay hindi napakinggan, nirespeto, minahal, siya na nakararamdam na sa labas ng tahanan o sa lugar na pinagtatrabahuhan ay wala siyang bunga at hindi hahanapin, ay nagkukulang sa pagkaunawa. Ang kagayang tao, maging lalaki, babae, ama, ina, kaibigan, trabahador, tagabigay ng trabaho, lahat ay gumagawa ng pagbabago sa kanilang kapaligiran. Kung sila ay aalisin dito, mayroong magiging butas sa istruktura ng kapaligiran, mayroong magiging kawalan, at ito ay mangangailangan ng panahon para ang puwang na iyon ay mapunan sa pagdating ng sino man at sa pamamagitan ng bagong mga gawain ng mga naiwan.
Ang puwang ay naiwan ng pinakamalaking Kapangyarihan at Tinig, Tagagawa ng mabuti, o ang pinakamababang manggagawa na nagwawalis sa sahig o daanan sa hardin. Bawat isa ay nakatira sa espesyal na lugar sa buong kapaligiran. Bawat isa ay nagdadala ng kaniyang sariling talento, kanilang sariling karakter, kanilang sariling paraan ng paggawa ng mga bagay, ang kanilang sariling dating sa mga tao na nakakausap nila, sa lugar kung saan sila nakatira o nagtatrabaho. Sila ay mahalaga sa kanilang sariling pugad.

Walang isa na makapag- aalis sa tao ng kaniyang kahalagahan, maliban sa tao sa kaniyang sarili sa pamamagitan ng kaniyang pagtanggi sa kaniyang halaga.

Maging ipinanganak man ang isang tao na may kapansanan- siya pa rin ay may kaniyang kakaniyahang lugar ng kahalagahan sa pamilya, sa kapaligiran. Minsan, siya ay umuokupa ng mas malaking posiyon ng kahalagahan kaysa kung siya ay isinilang na buo at perpekto. Ang kaniyang mga nakamtan ay nakagigising ng paghanga at respeto.
Ang impluwensiya na nagagawa nila sa kapaligiran ay nakasalalay sa pangkalahatan sa kanilang kalooban na maging ganoon, ang kanilang kagustuhang kumilos, ang kanilang pagnanasa na magpasinag ng mabuting kalooban, ang kanilang paghahangad na gawin ang pinaka sa kanilang mga pagkakataon, ang kanilang paghahangad na maging espesyal para sa mga tao sa pamamagitan ng pagpaparamdam sa ibang mga tao na ang mga ito ay mas maigi ang pakiramdam kaysa sa kanila bago ang pakikipagniig ay nangyari. Lahat ng kondisyon ay umuusbong mula sa KALOOBAN na isinasagawa sa lahat ng oras.
Ang iba ay isinilang na may pambihirang kapangyarihan ng kalooban, ang iba ay kakaunti, ngunit sa sandali na ang tao ay may kabuuang makaunawa na ang lahat ng **KAPANGYARIHAN NG KALOOBAN** ay nakukuha mula sa **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** at ang **KAPANGYARIHAN NG KALOOBAN** ay maaaring maitaas sa pamamagitan ng pagtawag sa **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** ng isa para sa mataas na kapangyarihan ng kalooban, kaya ang tao ay magsisimula na maunawaan na ang kapangyarihan ng kalooban ay hindi limitado pagkatapos ng lahat. Ito ay maaaring kuhanin, batay sa taas at lakas ng pananampalataya ng isa, mula sa **PANGKALAHATANG KAMALAYAN**.

Ang bawat isa sa bawat kasarian, bawat lahi, bansa, relihiyon, bawat antas ng mga pinagkukunan at kita mula sa mahirap hanggang hari, ay may pagkakaparehong mahalaga sa sandali ng NGAYON, sa sandali ng katapusan ng araw.

Ang tunay na mga pagkakaiba ay lilitaw lamang mula sa kung ano ang *ibinibigay* ng isang tao sa kaniyang sarili sa sandaling ito, sa sunod na sandali, at sa natitira pa sa araw na iyon.

Ang hari o ang punong ministro ay maaaring matandaan dahil sa kaniyang kabaitan, ang mga benepisyo na dinala niya sa kaniyang bansa o para sa mga hirap na ipinapasan niya sa mga tao. May pagkakatulad, ang isang tao na isinilang sa isang mahirap na pamilya, na maaaring hindi nalinang ang kaniyang mga abilidad sa anumang mataas na antas, **ngunit ibinigay ang kaniyang lahat na serbisyo sa kaniyang kapaligiran,** sa pangkatapusan ay igagalang ng kaniyang angkan at mga kaibigan- at sa sunod na buhay ay mag-aani ng kaniyang itinanim na kagaya ng sa hari o punong ministro.

Ang kagayang tao ay nakapag-ambag ng 'buhay' sa kaniyang kapaligiran, dahil ang likas ng pwersa ng buhay ay walang kondisyong pag-ibig at serbisyo, gawain at harmoniya, pagbibigay anuman ang kinakailangan para sa katuparan ng mga kailangan ng iba .

Kung sa bawat araw, ang inyong pwersa ng buhay ay nagugugol sa pagbibigay lamang ng tasa ng tsaa sa mga taong may sakit, ay hayaan ang pwersa ng buhay na iyon na gugulin sa pinakamataas na anyo nito: habang ang maalab na kagustuhan upang lumakad patungo sa mga pasyente na mayroong magiliw na ngiti, at mag-abot ng tsaa na may kabaitan, may kabutihan ng kalooban, at ang pagnanais para sa paggaling ng tao.

Sa paraang iyon, ang tagapagbigay ng tsaa ay magiging nagniningning na midyum ng pagpapagaling at pagpapataas.

Pag limit na ang tagapagbigay ng tsaa ay tumatawag nang matahimik sa daloy ng **Banal na Kamalayan** patungo sa kaniyang kamalayan, ay paglaki at pagka mas nakapapasok ang kaniyang nagniningning na pwersa ng buhay sa pasyente. Ang may sakit ay maaaring hindi batid ang nangyayari, ngunit ang silid ng maysakit na inaasikaso ng kagayang tagapagbigay ng tsaa o tagapag-alaga, ay mas mabilis na gagaling kaysa doon sa tumatanggap ng tsaa mula sa nagbibigay sa kanila na walang kinang man lamang ng pagkilala, walang salita, walang mabait na laman ng isip.

Hindi, bawat trabaho, bawat sandali, ay maaaring maging sagrado at maganda, nagniningning sa daloy ng **Banal na Kamalayan** pwersa ng buhay, nagtataas, naggagamot sa sarili at sa iba, kung ang tao ay uunawa na siya ay kanal ng **Banal na Kamalayan** na sa sarili nito ay panggagamot, lahat na proteksiyon, lahat na katuparan ng bawat pangangailangan ng tao.

Ang isang tao, kahit na iyong naglilinis ng mga sahig at nag-aalis ng laman ng mga arinola, na nagtataglay ng kagayang kaunawaan ay maaaring makapasok sa silid at maging pinakaimportante – siguro, ang nag-iisang- tagapaghatid ng mabuti sa anim na taong nagdadala ng arinola. Ang ganyang tao ay makapag-iiwan ng pamana na may dagdag na lakas sa bawat pasyente. **Bawat isang tao na makauunawa na mula sa kanilang mga mata ay sumisinag ang malakas na pwersa ng buhay para doon sa kung kanino nila idinirekta ang paningin, ay makaaalam na ang kanilang ningning, ang nakapapasok na tingin, ang nakangiting sulyap ay nakatulong sa kung sino ang nakatanggap nito.**

Para sa bawat bagay na tayo - oo, kayo at **AKO, ang KRISTO,** isipin at gawin ay isang gawain ng kamalayan- at ang kamalayan ay pwersa ng buhay. Sa aktibidad ng ating mga isipan, ang inyo at **akin,** ating hinuhubog ang ating kamalayan, ang ating buhay-pwersa tungo sa iba't ibang mga porma na magpapala o susumpa sa kapaligiran.

Ang tangi lamang pagkakaiba sa pagitan ninyo at ni Muhammad at ng aking sarili, kilalang bilang Hesus sa lupa, ay ang uri ng iniisip at pakiramdam na si Muhammad at ako ay nagpapasinag sa iba pa. Kami ay parehong nagpapasinag ng enerhiyang nagbibigay ng buhay na kamalayan sa mundo.

Ano ang pinasisinag ninyo sa inyong mundo?

Tandaan muli, paano, noong oras ng lubhang pighati noong aking panahon sa Palestina, aking sinumpa ang puno ng igos, at ito ay natuyo hanggang sa mga ugat nito. Hindi pa nagtatagal pagkatapos ako rin ay lubusang sinumpa ng mga sundalong Romano at mga Hudyong pari din. Ako rin, ay naupos hanggang sa aking mga ugat bago ako namatay sa krus. Mag-ingat kayo sa inyong ibinibigay sa iba, maging tiyak na gusto ninyo rin na tanggapin ang katulad.

Ang isang baso ng tubig na ibinigay sa kaninuman na may pag-ibig ay makapagpapala at makapagpapataas sa taong iyon o, kung ibigay na may masamang pakiramdam ay makapagpapaliit at makaaaba sa tumatanggap- mas mahina at mas malungkot.

Anong bahagi ang inyong ginagampanan sa inyong kapaligiran? Kayo baga ay pinahahalagahan at kinikilala para sa pag-ibig at kabutihan ng loob na inyong ibinabahagi sa sandali na inyong iyapak ang inyong paa sa lugar na pinagtatrabahuhan? Nakakuha baga kayo ng pananaw sa kung ano ang tunay na importante sa buhay?

Kayo baga ay naghanda para sa sarili ninyo ng ispiritwal na plano, isang ispiritwal na layunin upang makamtan bago kayo tumungo sa susunod na magandang dimensiyon.

Kayo baga ay may kahustuhang madalisay at handa sa walang kondisyong pag-ibig upang kumilos tungo sa mas mataas na baitang ng ispiritwal na kamalayan.

o ang inyong mga layunin baga ay nananatili pa ring iyong nasa inyong makalupang dimensiyon?

Tanungin ninyo ang inyong sarili: Anong bahagi ang talagang gusto ninyong gampanan sa inyong kapaligiran? Ano ang inyong ispiritwal na destinasyon?

Kagayang may pagkamahalaga- ano ang inyong mga gawi tungo sa ibang mga tao- superyoridad at eksklusibo- o ang pagkakaalam na ang karamihan sa mga tao ay gumagawa ng pinakamabuti na kaya nila anuman ang tinataglay nilang talento?

Upang marating ang inyong ganap na potensiyal ay inyong dapat na maunawaan na wala sa posisyon ni sa kayamanan ang makapaglilimita sa kapangyarihan ninyo na magagampanan sa mundo. Ang inyo lamang mga limitasyon ay ang inyong mga gawi at mga iniisip na sumusulpot mula sa inyong mga asal.

Ang buhay-pwersa na sumisinag mula sa isipan ng hari, punong ministro, heneral, o- mababang tagasilbi o sundalo, ay may pagkakaparehong makapangyarihan at produktibo na mabuti sa kapaligiran, hanggang ang bawat isa ay nagdidisiplina ng kaniyang iniisip upang maging kasaliw ng mga ispiritwal na alon ng walang kondisyong pag-ibig at Banal na Kamalayan. Dagdag pa, ang gayong iniisip ay pumapasok at nakapagpapadagdag sa pangmundong kamalayang pwersa sa sarili nito. Bawat tao na nagdadagdag ng kaniyang ispiritwal na pag-iisip sa pangmundong ispiritwal na iniisip ay nakapagpapalakas dito.

Ang tangi lamang salik na nakapagdidetermina ng antas ng pagkakaloob ng buhay-o-sakit na mga pagkiling ay sa baitang ng pagkakapangyari at ispiritwal na pagkaunawa na ang tao ay nakakuha mula sa **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG.**

Samakatuwid, ang tao na may kasayahang nag-aalis ng pakikipagkapwa ay tumatanggi na may mabuting puso at pagpapala sa lahat ng kaniyang makatagpo, ay maliwanag na sinag na kumukutitap sa kaniyang maliit na mundo, at ang paghahangad ng salapi, masama ang ugaling tao na may kayamanan at substansya na lumalabas mula sa kaniyang mansiyon tungo sa kaniyang opisina, ay isang languyan ng karimlan na mararamdamang may pagkanegatibo ng mga lumalapit sa kaniya.

Maging anuman ang inyong ginagawa, ano ang inyong tinataglay, ang posisyon na inyong hinahawakan sa buhay, ay walang hangganan sa inyong potensiyal na paglago para sa kabutihan.Walang hangganan sa potensiyal na kinang at kaluwalhatian ng inyong pagiging lalang. Ang inyo lamang limitasyon ay ang dami ng oras at enerhiya, na kayo ay handa upang gugulin sa pagmemeditasyon sa inyong **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** at pagbubukas ng inyong pantaong kamalayan upang pumasok patungo **DITO** at tangapin **ITO** patungo sa inyong isipan.

Samakatuwid, mga relihiyosong pinuno, igalang ninyo ang inyong konggregasyon, dahil hindi ninyo alam kung ano ang ispiritwal na kaunawaan at paglago na nangyayari sa mga isipan ng mga tila napaka mapagpakumbaba at walang sinasabi sa lipunan.

Mga pinuno ng relihiyon, itigil ang inyong kritisismo sa iba pang mga relihiyon dahil hindi ninyo alam ang mga taas ng ispiritwal na karunungan, kaunawaan at kaliwanagan na ang mga tagasunod ay nakapagkamit.

Mga pinuno ng relihiyon, unawain na kayo, ang inyong mga sarili, ay kagayang ispiritwal na nalinang lamang katulad ng inyong pansariling pananaw sa **Katunayan**.

Kung wala kayong pananaw sa kung ano ang nasa lagpas sa talukbong ng inyong materyal na mundo- maaaring kayo ay relihiyoso, ngunit wala kayong ispiritwal na kamalayan.

Ito ay ang totoong nararapat, ang tunay na lunggatiin, ang pinakamataas na layunin- upang makaunawa at makaranas ng *Katunayan* sa likod at sa loob ng mga bagay na nagbibigay sa mga ito ng kanilang indibidwal na pagiging lalang.

Maaari ninyong tawagin na ang Katunayan- Diyos, Allah,Yehobah, Walang hanggang Katalinuhan, Banal na Isip o Banal na Kamalayan o ang Tao. Lahat ng mga pangalan na ito ay nangangahulugan ng PINAGMUMULAN ng inyong PAGIGING LALANG- ang inyong MAPANLIK ANG MGA PINANGGALINGAN.

MAAARI NA WALA NA KAYONG MAS MATAAS NA LUNGGATIIN LIBAN DITO- upang maunawaan at maranasan ang *Katunayan* sa likod at sa loob ng lahat ng mga bagay, pagbibigay, pagpapanatili at pagtataguyod sa lahat ng indibidwal na lalang.

Ito ang layunin na inihayag sa inyo ng bawat naliwanagang Guro na pumunta dito sa lupa.

Sila lahat ay nagbahagi ng parehong pananaw, parehong pagkakapangyari at pagkaunawa. Ang mga Gurong iyon ay tiningala na may mataas na pagrespeto, ngunit iilan sa kanilang mga tagasunod ang nakaunawa sa kung ano ang itinuro sa kanila. Bawat isang tao ay naglagay ng kaniyang sariling interpretasyon sa mga salita ng Guro. Ang interpretasyon ng bawat isang tao ay umusbong mula sa kaniyang personal na mga kondisyon at may kinikilingan.

Sa inyong personal na mga pamumuhay, tandaan sa lahat ng pagkakataon, na ang inyong mga iniisip, mga salita, mga gawa, ay wala lamang impluwensiya sa inyong panghinaharap na buhay, kundi pati na rin ay nakaaapekto sa mga tao na nakasasalamuha ninyo sa anumang sandali.

Ano ang inyo, tagabigay ng trabaho o trabahador, ay sa personal na kakayahan ay naiaambag sa tagumpay ng operasyon ng negosyo kung saan ay kinikita ninyo ang inyong pang-araw araw na tinapay -maging ito ay pagawaan, sakahan, shop o pangpropesyonal na opisina? Ano ang ibinibigay ninyo sa inyong mga empleyado o katrabaho sa kabutihan at kagandahan ng pakiramdam, ano ang ginagawa ninyo sa buong gusali?

'Para sa gusali'? magtatanong kayo nang may pagkagulat.

Ngunit inuulit ko- ano ang inyong ginagawa sa inyong gusali, sa inyong mga sasakyan, sa inyong buong takbo ng negosyo? Bawat bagay, tipak ng bato, marmol, bakal, bubog, papel, metal, goma, makina at gasolina, ay napapasok ng kamalayan na inyong inilalabas habang tinutupad ninyo ang inyong pang-araw araw na gawain. Ito ang dahilan kung bakit ang ilang mga tao ay nag-iiwan ng tatak ng pagkasira sa likod nila dahil sila ay masama ang timpla, mairitahin, mapamansin, mapanirang kamalayan at ang iba ay nakapagpapanatili ng kanilang mga pag-aari na buo pa at mukhang bago sa paglipas ng mga taon dahil kanilang pinahahalagahan at inaalala araw araw.

Lahat ng bagay sa inyong lupa ay enerhiya ng kamalayan na nagawang namamasdan- maging ito ay sa anyo ng 'solido' walang buhay na bagay o nabubuhay na plasma. Sa inyong mga iniisip, inyong pinakakain o sinisira ang anuman na nasa inyong kapaligiran.

Ano ang inyong ginagawa sa inyong pamilya, sa tahanan, at sa kapaligiran?

Kayo baga ay nagmamaktol, nagmamaliit, mapanira sa inyong iniisip tungo sa inyong gawain at ibang mga tao? Maging sigurado, kayo ay nag-iiwan ng tatak ng mapanirang kamalayan sa likod ninyo na makapagpapaguho sa lahat na mapasok nito at maimpluwensiyahan.

Kapag nagpokus kayo sa hangarin na magmahal, tumanggap, magtrabaho nang may kaligayahan sa inyong puso, kahit saan kayo pumunta kayo ay nagbubuhos ng kamalayan ng kalakasan, pagpapala at paglago.

Noong ako ay nasa lupa sa Palestina, ako ay nakikitungo sa mga Hudyong Ortodoks na naniwala at nagtaguyod ng mga batas ng pag-uugali na mahigpit na nagkulong sa kalupitan, ang kanilang mga tradisyonal na mga batas na sumisikil, nakapagpapalungkot, nagkukulong at katawa tawa. Dinala ko sa mga taong ito ang bagong pananaw ng panloob na **'Ama'** na parehong lumalagpas sa kanilang mga sarili- at nasa lahat ding lugar- laging alam ang kanilang mga pangangailangan, at ang kagayang pangkalahatang pag-ibig na sila ay makapagtitiwala na ito ay laging ang **'Amang Kalooban'** upang tugunan ang mga pangangailangan na iyon.

Sinabi ko sa mga tao na tumingin sa paligid nila, tumingin sa mga liblib na lugar, sa mga gilid ng bundok kung saan ang mga tupa at mga kambing ay nanginain na may kapayapaan, sa mga lawa na puno ng isda, at sa mga ibon na lumilipad sa kalawakan at nagpapahinga sa mga puno, at ang mga bulaklak na marilag na nadadamitan ng maraming mga kulay. Sinabi ko sa kanila: 'Tingnan ninyo- unawain ang inyong nakikita. Nakikita ninyo ang mundo kung saan bawat bagay ay may kaniyang mga pangangailangan, at bawat bagay ay natupad ang mga pangangailangang iyon. Paano kayo magdadalawang isip kung nakikita ninyo na ang mga tupa ay nabubuhay sa damo lamang? Ano ang nilalaman ng damo at napakakain nito ang balat, buto, dugo at laman at nagsisilang ng batang tupa? Hindi ninyo baga nasasaksihan ang kahanga hangang suplay? Tingnan ang mga pangangailangan ng mga ibon paano nakapagtataka na ang mga ito ay pinagkakalooban. Ang mga ito ay may mga silungan sa mga puno at mga buto para sa kalakasan. Para sa mga tao na may pangangailangan sa pabahay, pagkain at mga damit, ang 'Ama' ay nagbigay sa kanila ng buong mundo na dito magmumula ang pagpuno sa kanilang mga pangangailangan.

Si **Muhammad,** pagkatapos ng kaliwanagan ay nakaunawa ng parehong panloob na pangkalahatang Ispirito, parehong naroon at aktibo sa lahat ng mga bagay. **Kami- si Muhammad at Ako** ay nangusap sa aming mga kababayan ng parehong inspiradong **Katotohanan** at nagtanong sa kanila ng parehong uri ng mga tanong. 'Ang kagaya bagang nakaaalam ng lahat na **'Ama'- Allah-Banal na Kamalayan** ay hindi rin nakaaalam ng inyong matinding mga pangangailangan- ang inyong mga pangangailangan sa pag-ibig, kalusugan, at kasaganaan? Paano ninyo pagdududahan ito? Magkaroon lamang kayo ng pananalig, at ang inyong mga pangangailangan ay isusuplay batay sa inyong paniniwala.'

Ito ay ang inyong **kawalan ng paniniwala** na kumukuha ng enerhiya mula sa likas na daloy ng **'Ama'-'Allah.'**

Pag-ibig' sa inyong mga katawan, mga relasyon at mga buhay.

Malimit dahil sa kalungkutan, noong nasa lupa sa katauhan ni Hesus, aking malakas na sinabi: 'Iyon bagang kung aking sabihin sa inyo at ipamalas sa inyo at gawin upang **makita** ninyo paano ito na ang **'Ama'** ay nakababatid ng inyong mga pangangailangan. Iyon bagang kung aking ipakita sa inyo kung paano ninyo, ang inyong mga sarili, ay nagdadagdag sa paggawa ng inyong sariling mga bukas, at ang mga bukas ng lahat ng nakapaligid sa inyo. Kung akin lamang matulungan kayo na maipakita sa inyo na inyong tunay na inaani ang inyong itinanim! Kung inyo lamang makikita ang **katotohanan ng pagiging naririto** na kagaya ng nakita ko noon sa disyerto sa Palestina. Inyong malalaman pagkatapos na ang inyong mga pag-iisip at mga gawa ay lumalago sa antas at kalakasan, araw- araw, at kumukuha ng panlabas na anyo na eksaktong kagaya ng mga buto ng mga halaman na napatanim sa lupa at lumalago, patuloy na lumalago ang panlabas na anyo ng mga sanga, mga dahon at prutas, habang lumilipas ang araw.

'Gaano ko kagusto na ipakita sa inyo kung gaano kayo kahalaga sa bawat segundo ng isang araw, sa kabuuan ng inyong tahanan, inyong trabaho at inyong bansa.

Hangad ko na matulungan kayo na makita na ang inyong mga iniisip ay ang pinanggagalingan ng inyong mabuti at masama. Ang mga ito ang pinakapundasyon ng inyong mabuti at masama. Kung demonyo ang lumapit sa inyo, huwag ninyong tingnan ang kapitbahay ninyo upang makita kung saan nanggaling ang demonyong iyon- tingnan ninyo ang inyong sariling mga puso at tingnan kung kailan kayo ay huling may sigalot sa kaninuman, may pagkamapanira- sa pamamagitan ng pagsasalita ng masasama, pagpapalsipika ng katotohanan, pagtanggi, kritisismo. Iyon ang pinakasandali ng pagsilang ng inyong pangkasalukuyang pighati!

'Kayo ay nasabihan na kailangan ninyong dukitin ang mata mula sa sinuman na kumuha ng inyong mata ngunit sinasabi ko sa inyo na ito ay kahangalan. Kung ang inyong mata ay nakuha mula sa kinalalagyan nito, at kayo rin ay kumuha ng mata ng inyong katunggali, maaaring makita ninyo ang inyong sarili pagkatapos na walang kamay o binti. Mas mainam na manahimik na lamang, itaas ang inyong isipan at puso tungo sa 'Ama'-'Allah'-Banal Na Kamalayan at manalangin para sa tulong at pagpapagaling at proteksiyon mula sa anumang mas malaking kalamidad!

'At manalangin din para sa inyong katunggali dahil anumang masamang pakiramdam mayroon kayo tungo sa kaniya, ay makakukuha lamang ng mas maraming sakit at kaguluhan tungo sa inyong sarili. Patawarin siya, ipanalangin siya, at inyong madadala sa pagiging lalang, mga pagpapala para sa inyong sarili. Hindi dahil sa inyong ' nasuyo' ang **'Ama'-Allah**- at 'nakagawa ng tamang bagay,'- kundi dahil ang inyong kamalayan ay hihila sa mga pagpapala tungo sa inyong karanasan. Kayo ay talagang magpapala sa inyong sarili habang nagdarasal kayo para sa pagpapala sa iba pa. Ngunit huwag hayaan na ito ang maging inyong motibo, kung hindi ang mga pagpapala ay nakulayan ng inyong pansariling interes.

'Lagi, sa anumang sitwasyon kung kayo ay nanganganib,- tumigil, tumayo, dumulog at tumawag sa **'Ama'-Banal na Kamalayan** para sa tulong- at masdan ang pagkaligtas. Ito ay may katiyakang darating.

Sinasabi ko sa inyo lampas sa lahat ng takot ng pagkasalungat na kung ang sinuman sa inyo ay mamumuhay sa proteksiyon ng **'Ama'-Allah-Banal na Kamalayan** sa pamamagitan ng pagpapasinag ng mabuting kalooban at pag-ibig sa bawat isa sa inyong buhay at bansa, at kahit na sa mga tinatawag ninyong kaaway, kayo ay hindi maaatake, hindi ninyo malalaman ang kalungkutan, hindi kayo magiging simuno sa anumang pantaong sakit at mga kamalasan na ginawa ng pantaong kamalayan.

'Kayo ay mapapasaloob sa balot ng **Liwanag at Pag-ibig; ang Banal na Kamalayan** ay dadaloy tungo sa inyong isipan, sa inyong katawan at inyong buhay.Ang mga tao ay maaaring magkasakit sa paligid ninyo, naitumba ng atake, o 'nalulunod' sa gulo ng pagkatakot, ngunit kayo ay lalakad sa kaparehong daan na gising dahil walang isa man na may pinakamaliit na **pantaong** kapangyarihan na laban sa **KAPANGYARIHAN-** ang **PINAGMUMULAN** ng inyong **PAGIGING LALANG**- na nagbigay sa inyo ng inyong pagiging lalang at buhay sa lupa.

'Walang sinuman ang makahahamon na tanggihan ang pangungusap na ito, dahil wala sa gustong magtanggi dito, ay nakarating sa antas ng ispiritwal na kamalayan kung saan ang kagayang proteksiyon ay normal na kaganapan. Samakatuwid paano nila maitatanggi ang pangungusap na ito?'

At ako ay nagsasalita ng katulad na **katotohanan** doon sa mga nakaabot sa antas ng ispiritwal na kamalayan na nakauunawa sa pagiging unibersal ng **'Ama'-'Allah'-Banal na KAMALAYAN,'** at ang masaganang pag-ibig **Nito** na sumisinag sa lahat at bawat isa. Ang gayang mga ispiritwal na eksperto ay nagsisikap na mamuhay sa loob nito, at magpakinang ng pag-ibig na ito,- at may kagalakan na magpatotoo na ito ay ang katotohanan na aking inihayag. Kanilang mararanasan ang mahiwagang proteksiyon at katuparan ng pangangailangan at alam na sila ay makapagrerelaks sa 'araw' ng **'Ama'-'Allah'-Banal na Kamalayan** mabuting kalooban at pag-ibig**.** Sila ay magiging masaya rin upang tanggapin na ang **BANAL na Kamalayan** na tinatawag sa iba pang pangalan-Diyos,Yahweh,ang Ganap, Walang Hanggan, Allah ay laging nananatiling ang pangkalahatang magkakasamang nanunuot na **Banal na Kamalayan** sa kabila ng magkakaibang terminolohiyang ginagamit ng maraming mga bansa. Makakamtan nila ang gayong antas ng ispiritwal na pagkakaalam kung kaya nilang maunawaan na sa likod ng bawat kulay, wika, mga paniniwala, mga gawa ng kung anumang uri, lahat ng tao- lahat ng nilalang sa kanilang sarili- ay iisa sa pinaka ugat ng kanilang pagiging lalang. Ang tao at ang langgam ay nagsasalo sa parehong mga pinagmulan sa loob ng pagkakapantay ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN**.

ITO AY TUNAY NA KALAYAAN. Ang nag-iisang kalayaan.

Hanggang sa kayo ay handa upang maunawaan at matanggap na ang inyong **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** na nasa inyo, at nasa itaas at palibot ninyo, maaaring talagang dumaloy tungo sa inyong isipan at katawan na MAYPAGKA DIREKTA BILANG TUGON SA PANALANGIN, kayo ay magiging simuno sa lahat ng mga karamdaman ng panlupang at pantaong kamalayan.

Kapag nagnakaw kayo, mawawalan din kayo ng mga bagay. Kapag nakipag-away kayo, at sumugat, pumilay at pumatay, kayo rin ay pipilayin, susugatan o papatayin sa katawan at ispirito. Kapag nagsimula kayo ng giyera, ito ay isang mahaba at mapait na pakikipagtunggali. Lahat ng bagay na masama na inyong pinagdurusahan, kayo ang naging orihinal na dahilan nito.

Ang inyo ay ang kakayahan na pumili ng daan na gusto ninyo sa buhay sa hinaharap. Pumipili kayo ng daan na inyong ipamumuhay sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong kamalayan mula sa panlalaban tungo sa pag-ibig at pagtanggap sa bawat isa nang pantay.

Kung iisipin ninyo ang sira at pasakit na inyong gustong iparanas sa iba , ang inyong pag-iisip ay makararating sa inyong kaaway at makapagpapahina sa kanilang kalakasan batay sa bigat ng inyong intensiyon.

Huwag ninyong isipin na ang inyong iniisip ay natunaw na at **ay** wala na. Ito ay nakahimlay sa kalakasan ng elektromagnetismo, na humuhubog ng anyo hanggang sa ito ay bumalik sa inyo at makasakit din sa inyo.

Makagagawa kayo ng maraming mga sira sa inyong pag-iisip at pakiramdam. Pagsira sa iba at pagsira sa inyong sarili. Samakatuwid, maging maingat,- ang mga kagamitan ng inyong pagkamalikhain,- oo nga, at sa bawat oras ay tunguhin ang '**Ama'-Allah-Banal na Kamalayan,** at humingi ng saklolo mula sa anumang naisip na salungat sa tunay na walang kondisyong pag-ibig.

Batay sa kapangyarihan ng inyong panalangin at matapat na paniniwala na itinataas ninyo ang inyong isipan sa **Banal na Kamalayan**, ang inyong mga iniisip ay makukubabawan ng bagong buhay at pag-ibig.

Ano ang Aming - ang Kapatiran ng Liwanag- ang mga Naliwanagan- sa KRISTONG KAMALAYAN- masasabi sa inyo ngayon ay may lubos na kahalagahan sa mundo sa pangkalahatan. Kami ay nangungusap na magkakapantay- sa mga Kristiyano, Hudyo, Muslim, Hindu, Budista at sa lahat ng relihiyon, at lahat ng lahi ng mundo.

Kami ay nagsasalita sa lahat- dahil ang bawat isa sa mundo ay nangangailangan ng katuruang ito upang gawing posible para sa inyo na makakilos tungo sa mas mataas na baitang ng ispiritwal na pagkakaalam. Ang inyong personal at sekswal na mga relasyon sa pagitan ng mga lalaki at mga babae ay malayong mas may importansiya sa inyong pangkabuuang kaayusan kaysa sa inyo ngayong naiisip.

Aming hinaharap ang mga relasyong ito sa haba ng mga susunod na mga pahina, dahil lamang ito ay ganap na kinakailangan- mahalaga- para sa inyo mga lalaki at mga babae upang gumising tungo sa basikong katunayan ng inyong lalaki o babaeng pagkaindibidwal- at pagkakakilanlan- at tunay na pinanggagalingan ng mga pagkakaiba ng kasarian.

Kailangan ninyong lubusang maunawaan ang tunay na mga pinagmumulan ng inyong mga lalaki at babaeng mga katawan at mga katangian.

Ito ay hindi lamang basta mga katawan na nilikha na may magkakaibang mga pisikal na mga ari at paraan ng sekswal na pagpapahayag upang makalikha ng mga bata. Ang mga ito ay kumukuha ng mga pinanggagalingan ng kanilang pagkalalaki o pagkababae mula sa pinaka **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG- mula sa loob ng pagkakapantay ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN.**

Aking sinasabi sa inyo ito bago ninyo basahin ang **Liham 5** para mapag-aralan ninyo ang **Liham** na iyon na nasa isip ninyo kung ano ang inihahayag ko sa inyo ngayon tungkol sa sekswalidad.

Samakatuwid, kung ang sekswalidad ng isang lalaki at babae ay hindi nagamit na ayon sa **Banal na Kamalayang Paghahangad** na nahayag sa orihinal na gawa ng pagkamalikhain sa oras ng 'Big Bang,' ito ay maliwanag na bagaman at ang sekswalidad ay makalilikha ng mga bata, ito ay hindi magdadala sa mga lalaki at mga babae ng pagkakaisa ng pagiging lalang at personal na katuparan at kaligayahan na ito ay ipinakahulugang magdala. Sa totoo lamang, ang kasalungat ay tunay; sa katapusan ang sekswal na akto sa sarili nito ay maghahatid ng pagkabigo at kawalan ng interes, pagkatapos na ang anumang 'pag-ibig' na sa nakalipas ay naramdaman ng magkapareha, ay mawalang papalayo.

Sa karunungan at pagkaunawa, ang mga lalaki at babaeng nakapundasyong may pagkaispiritwal ay gagawa ng bawat hakbang upang lampasan ang kanilang pangkasalukuyang estado ng kamalayan patungkol sa lalaki-babaeng relasyon ng anumang uri, anuman maaari ang mga relasyong iyon, sekswal o kung hindi man. Sila ay magsisikap na ihayag sa loob ng kanilang mga isipan at mga puso ang mga layunin kung bakit sila ay nilikha sa iba't ibang mga anyo. Sila ay makauunawa ng mga pinagmulan ng kanilang mga magkakaibang natatanging mga pintig, mga disposisyon, at mga paraan ng paghahayag ng sarili at pahahalagahan ang mga ito. **Kanilang gagamitin ang mga pagkakaiba upang mapagbuti ang kaayusan ng bawat isa.** Ang kompetisyon ay mawawala. Habang nangyayari ito, sila ay tutono tungo sa **Banal na Kamalayan** na mas may kaalwanan. Habang sumasaliw sila sa **Banal na Kamalayan** nang may mas kagaanan, sila ay aangat tungo sa mas mataas na antas ng ispiritwal na kamalayan.

Sa kasalukuyan ang pakikitungo ninyo sa inyong sekswalidad ay hadlang sa inyong pagtaas ng kamalayan.

Ito ay nag-uugat sa inyo sa inyong pagiging tao.

Ako-Kami- ay hindi makapagbibigay diin nang may kahustuhan na hindi pa ninyo nadidiskubre ang Katotohanan ng inyong pagiging naririto hanggang inyong lubusang maunawan at mahanap upang isakatuparan sa inyong pang-araw- araw na pamumuhay, sa inyong mga tahanan at lugar na pinagtatrabahuhan, ang inyong buong pagkaunawa sa tunay na ibig sabihin ng 'lalaki' at 'babae.'

Sinabihan kayo na hindi kayo dapat na mangalunya. Ngunit sinasabi ko sa inyo na kung naghahangad kayo sa asawa ng inyong kapitbahay, kayo ay gumagawa ng mga larawan ng inyong mga iniisip na makaaapekto sa pag-iisip ng asawa ng inyong kapitbahay. Siya ay magsisimula na mag-isip tungkol sa inyo sa kaparehong paraan- o makararamdam na hindi komportable sa pakikisama sa inyo, nararamdaman ang inyong sekswal na pangangailangan, at iiwasan kayo sa hinaharap.

Kung ano ang nasa isipan ninyo ay may kasiguraduhang darating sa inyong mundo. Kaya huwag ninyong gawing hangal ang sarili ninyo na kayo ay makapananaginip kung araw at mag-isip ng mga larawan na nakahahalina sa inyong sarili na walang masisira kahit na sino. Sa kadahilanang ito, ang inyong mga literaturang pornograpiya ay tunay na abusong kawalang paggalang sa inyong **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG-** ito ay sekswal na latigong naglalayon na magpapusok sa mga sekswal na panlasa, nailalabas sa pamamagitan ng mga makalamang mga isipan ng mga lalaki, mga di masabing pagdurusa at mga pighati ng mga katawan, mga isip, at mga emosyon ng kabataang babae. Kung ano ang inyong pinakalat at sa kasalukuyan ay ginagawa ay nakatulong na maghatid sa inyong 'sibilisasyon' sa kasalukuyang hangganan ng pagkasira nito. Makasiguro, ang araw ng pagsusuma ay darating para sa inyo na naglilimbag at nagpapakalat ng mga 'nakaimprintang karamdaman' at ito ay darating para doon sa mga gumagamit nito upang istimulahin ang kanilang mga sarili.

Kayo, sa Kanluraning mundo, ay nakapagtamo ng kawalan ng paggalang ng Silangan dahil sa inyong nabubulok na kahangalan. Hindi kayo makatatakas sa kung ano ang inihasik ninyo.

At kayo sa Silangan ay hindi makatatakas sa inyong kahangalan sa inyong matigas ang pusong mga asal tungo sa inyong mga kababaihan na nagsilang at nag-aruga sa inyong mga anak na lalaki at mga mamahaling mga anak na babae.

Mayroon sa inyo, na sa kamangmangan sa Katotohanan, para sa inyong makasariling mga layunin at pakinabang, ay gumawa ng insulto sa **Katotohanan** ni **Muhammad!**

Kayo na nagtataklob sa inyong mga babae ng mabibigat na mga kasuotan, inaalisan sila ng kalayaan ng pagkilos at sariwang hangin ni Allah habang sila ay nakikipagsapalaran sa ibang tao.

Sa anong uri ng tao ang inyong mga paniniwala at ang inyong walang katwiran, sa ego nakasentrong pag-uugali ay makahahalina? Doon lamang sa mga lalaki na walang kabaitang pakiramdam sa mga babae. Ito baga ay ang gayang mga tagasunod na nahila ng inyong Propetang si Muhammad noong siya ay narito sa lupa? Hindi, talaga, siya ay umapela lamang doon sa pinakamas maypagkaispiritwal ang isipang mga tao.

Anong uri ng imahen at larawan ng inyong Propeta ang inyong ipinadadala papalabas sa buong mundo?

Sasabihin ko sa inyo- ang sa lalaki na nabaliw at ang isipan ay okupado ng pagkamababang estado ng kasarian ng babae, na nagpapalagay na ang babae ay pag-aari ng lalaki na ikulong mula sa mundo.

Ang lalaki na hindi alam ang tunay na pangangailangan ng babae upang lumigaya, isang lalaki na makakalimutin sa mga pighati ng babae **na nakakulong, sa ilalim ng kontroladong kalagayan** .

Ang lalaking ito ay walang kinalaman anuman sa tunay na Muhammad, ang Propeta ng Islam.

Noong nasa lupa, kaniyang pinahalagahan at iginalang ang babaeng kasarian.

Ito ay mula sa babae ng mga angkan na nakuha ng lalaki ang paraaan upang kumilos paunahan sa kaniyang ispiritwal na paglalakbay tungo sa kaliwanagan. Utang ng lalaki sa mga babae ang marami at alam iyon. Bagaman at sila ay magkakaiba ang katawan, sila ay magkapantay sa ispirito.

Sa totoo lamang, ito ay hindi aksidente na siya ay pumunta sa lupa, mahirap at nasa kawalan, upang makatagpo ang dalaga na may lubos na dangal, materyal na yaman at ispiritwal na kaunawaan upang matulungan siya na maitaas sa ranggo ng Propeta noong siya ay akma na upang punan ito.

Iyon ang layunin sa likod ng pagdating ni Muhamad sa lupa- upang ibalik sa babae ang kaniyang tamang lugar- bilang pantay na kapareha ng dominanteng lalaki.

Pakikonsidera ito nang mabuti. Pagkatapos ng kaliwanagan, Ako, sa katauhan ni Hesus, ay hindi ikinasal dahil pinili ko itong gawin ngunit ito ay hindi nakasagabal sa aking pag-ibig para sa mga babae na nagserbisyo sa aking mga pangangailangan.

Ngunit si Muhammad, pagkatapos ng kaliwanagan ay'nakakilala' ng maraming mga babae at ang kaniyang ministeryo ay iyong isa na tinawag upang matutunan na mabuhay at makitungo sa mga babae nang pantay at may pag-ibig.

Kagayang upang tumugma lamang ang nag-udyok sa aking mga tagasunod para mag-ulat ng aking mga gawain at mga aral na pinili lamang upang itaguyod ang kanilang pansariling mga layunin, ay kagaya rin na ang pagkamakasarili ng mga tiyak na bulag sa ispiritong mga indibidwal na nagdulot sa kanila na baluktutin din ang mga orihinal na mga turo ni Muhammad sa mga maraming dagdag at mga interpretasyon na hindi hinangad ni Muhammad. Sa paraang iyon ay ang bawat dakilang **gawain ng ispiritwal na guro** ay natakpan ng mga maling impormasyon ng pantaong pag-iisip hanggang sa ang **Katotohanan** ay napalabo ng mga maling ideya na ang mga tao ay may kaseryosohang naihatid tungo sa pagkakaligaw at nadulutan pang magkasala dahil sa kamangmangan.

Dahil kayo at ang tiyak na iba pang mga relihiyon ay may kaigtingang kumapit sa paniniwala na si Adan at Eba ay nilikha upang mabuhay sa kaligayahan sa hardin ng Eden, ng pagkatukso kay Eba ng ahas, ang kaniyang pagbagsak mula sa grasya at ang kaniyang pagtukso kay Adan, ang tao ay nahimok upang maniwala na ang babae ay dakilang manunukso.

Ang inisip na mga pinagmulan ng tao ay hindi totoo. Ang mga ito ay mga haka haka lamang.

Ni hindi totoo na ang babae ay dakilang manunukso.

Para sa mga kapon, ang babae ay walang halina. Bakit ganito? Dahil ang nag-uudyok sa lalaki upang magsinungaling sa babae ay natanggal na. Samakatuwid, nasa kanino ang manunukso? Sa lalaki sa kaniyang sarili- at maaaring pisikal na alisin mula sa kaniya- o nasa babae na nananatili sa kaniyang sarili sa kabila ng lahat?

Ang lalaki ay ginawa nang hayagan upang magtanim ng punlay. **Samakatuwid, upang magtanim ng punlay ay dapat siya - saan man nakakikita siya ng pagkakataon.**

Ang babae ay ginawa upang tumanggap ng punlay. Sa mga nakalipas na mga taon, bago ang ikadalawampong siglo, ang mga babae ay hindi aktibo sa paraang sekswal hanggang akitin ng mga lalaki. Nasaan ngayon ang mga manunukso? Sa mga lalaki, ang mga mang-iistimula at mga mang-aakit o sa mga babae, ang inakit, ang inistimula?

Ang lalaki ay nagtatago mula sa kaniyang sariling likas na pagkalalaki sa ngalan ng kadalisayan at paglalagay ng responsibilidad para sa kaniyang pagbagsak sa mga babae. Ito baga ay sagradong gawain? Ito baga ay karapat dapat? Kailangan bagang magpatuloy ito?

KAMI ay nangungusap doon sa inyo na naghahayag na yumayakap sa paniniwalang Muslim at naniniwala na kayo ay 'walang sala' o ay may 'dalisay na isipan' dahil kayo ay tinalukbungan ninyo ang inyong mga babae ng mabibigat na mga damit upang protektahan ang mga sarili ninyo mula sa tukso at iwasan ang ibang mga lalaki na makita ang inyong 'mga pag-aari.' Gaano kalaki na kayo ay nailigaw ng inyong sariling mga makapangyarihang emosyon.

Sa pamamagitan ng pagiging protektado mula sa paggawa ng inyong pantaong mga pagnanasa, ang mga ito ay lumalala lamang hanggang ang mga ito ay pumakawala sa ilang nakalalasong, brutal na anyo.

Ako-Kami- ay nagsasabi sa mga lalaki at mga babae sa lahat ng dako- ang tunay na Kadalisayan ay makakamit lamang kung kayo ay napapaligiran ng bawat anyo ng tukso ngunit nananatiling hindi nahihipo ng pagnanasa, hindi napaiibo ng panlupang mga pakiramdam, walang mantsya ng panlupang mga pagnanasa, hindi nag-aasam at naghahangad ng ari-arian.

Ang Kadalisayan sa bawat porma nito ay lumalagpas sa lahat ng panlupang pisikal na mga gutom. Ang kadalisayan ay ang kakayahan na makita ang tukso kung ano ito- kagaslawan ng pag-iisip at pakiramdam na kinatitisudan ng mga pandamdam ng mga lalaki at mga babae tungo sa paggawa ng hindi malilinis na mga bagay. Ang tunay na malinis na tao ay naghahangad ng malinis at matapat lamang na kapaligiran na akma sa kaniyang natatanging pag-aasam para sa ispiritwal na pag-ibig at kagandahan ng sariling paghahayag sa bawat aspekto ng kaniyang buhay. Iyan ang tunay na Kadalisayan!

Bagaman, ang tunay na kadalisayan ay hindi makakamtan hanggang mayroong mga mahahabang mga taon ng tukso. Ito ay kinakailangang bahagi ng inyong ispiritwal na paglago; hanggang kayo ay sugatang natukso sa maraming oras, at sa katapusan ay dumating upang maunawaan na mayroong mas mataas na daan upang lakaran, ang daan ng pagtanggi sa sarili, at ng matapat na pag-alala at pangangalaga para sa mabuting babae, hindi ninyo makakamtan ang estado ng tunay na kadalisayan.

Kayo ay magiging alipin ng pagnanasa at magiging nasa palagiang kaguluhan ng panloob na pagtatalo.

Samakatuwid, huwag iwasan ang tukso sa pamamagitan ng pagtatalukbong sa mga babae at mamuhay sa artipisyal na mga kondisyon ng maling kadalisayan. Sa halip- mga lalaki at mga babae, alisin ninyo ang inyong mga kasuotan, igalang ang mga katawan ng bawat isa bilang ang panlabas na nakikitang mga magagandang anyo ng panloob na **BANAL NA KAMALAYAN** at **danasin** ang pagkalaya na maihahatid sa inyo ng tunay na ispiritwal na kadalisayan.

Makaranas ng malagim na tukso - at lampasan! Dalahin ang inyong gulo sa **Banal na Kamalayan** at hanapin ang **kapangyarihan Nito** upang matulungan kayo na malampasan ang inyong pisikal na pagnanasa, dahil sa paraang ito lamang matatagpuan ninyo ang kalayaan, ang kapayapaan ng isipan, na inyong basikong hinahanap. Kung, sa kasalukuyan, kayo ay naghahanap ng tulong at pagkalaya sa inyong pagnanasa sa pamamagitan ng pagbibigay daan dito, iyan ay hindi kalayaan o pagkaalpas. Ang katulad na pagnanasa ay magbabalik sa takdang panahon- at muli ay malalaman ninyo ang mas mainit na gulo. Kung muli ay magbigay daan kayo, muli ang gulo ay mas magiging mabigat, naghihintay ng inyong desisyon upang tumayong matatag sa kapangyarihan ng **Banal na Kamalayan** hanggang sa ang pagnanasa sa katapusan ay humupa sa pamamagitan ng pag-unawa sa sagradong kagandahan, ang **Katunayan** sa likod at sa loob ng lahat ng pisikal na anyo.

Ang pinakamataas na ispiritwalidad sa pagitan ng mga kasarian ay kung ang isang lalaki at isang babae ay magkasamang hubad at mapayapa sa bawat isa, sa estado ng pinaghahatiang paggalang sa kaluluwa, isip, puso at katawan.
Sa kagayang ispiritwalidad, lahat ng nararamdaman nila sa isa't isa ay pag-ibig at pagpapahalaga para sa kabutihan ng iba. Mula sa kagayang PAG-IBIG at maawaing mapinong PAG-AARUGA ay darating ang pagkakabuklod ng may kaligayahang lalang na naranasan ng ilan – at, kung may intensiyon, ay isang sanggol na may hindi maikumparang ganda ng katawan at isip ang malilikha.

Sa mga siglong darating, kung ang mga tao ay magsimula sa paglagong ispiritwal sa bawat antas ng kanilang pagiging tao, ang kagayang pag-ibig sa pagitan ng mga magkakapareha ay magiging normal- at ang uri ng makasariling seks, na naghahanap lamang ng pisikal na kabusugan, kagaya ng kinasasadlakan sa kasalukuyang panahon, ay ipalalagay na lubhang nakapagpapababa- na kagayang karumaldumal ng sekswal na pagsasamantala.

Sa kasalukuyan, ang pinakamataas na ispiritwal na daan upang sundin tungkol sa kasarian, ay kilalanin at sundin ang pananaw, na:
Ang mga lalaki at mga babae ay nilikha upang gumawa ng espesyal na mga gawain sa buhay na akma sa kanilang mga pundamental na likas.
Ang lalaki ang nagbibigay ng punlay sa babae. Kung wala ang mabuting kalooban at tulong ng babae, ang lalaki ay daratal sa katapusan ng kaniyang mga araw- walang anak- walang taong lalang upang magdala ng kaniyang pangalan.
Samakatuwid ang lalaki ay dapat magturing sa babae bilang buong kapantay ngunit isinilang upang magdala ng iba't ibang mga responsibilidad. Dapat niyang bigyan ang babae ng pinakamataas na respeto, at pag-ibig at pagmamahal- sa lahat ng oras- upang madala niya ang kaniyang mga dalahin nang may mas malaking kaalwanan, dahil ito ay ang babae ang nagbibigay ng nakikitang anyo sa kung ano ang unang nabuo sa isipan.
Kapag tinatanggap ng babae ang semilya na nakikipag-isa sa kaniyang itlog sa loob ng espasyo sa kaniyang katawan, isang mirakulo ay nabuo sa inyo, ang lalaki, ay walang ginawa upang mag-ambag, liban sa ang inyong semilya sa sandali ng ligaya- kung alin ay ang inyong gantimpala.
Inyo lamang maiaambag sa patuloy na kalusugan at normal na paglaki ng 'mirakulo' na inyong binigyan ng buhay sa loob ng katawan ng inyong kapareha, sa pamamagitan ng hindi nagkukulang, mapagmahal na pag-ibig para sa kaniyang kabutihan at kalusugan, at protektahan siya mula sa lahat ng mga emosyonal at panlabas na nakasasakit. Ito ang inyong panlalaking responsibilidad.
Sa paraang ito lamang kayo ay karapat dapat na manatili sa kaniyang tabi bilang ama ng kaniyang anak.
Kapag hindi ninyo kaya ito, wala kayong halaga bilang ama ng bata,- at walang halaga para sa inyong sarili bilang isang lalaki upang mahayag ang inyong ispiritwal na **'Banal na Kamalayang Ama'** na nasa inyong pisikal na buhay.
Ang lalaki na nang-aapi sa babaeng nagdadala ng kaniyang anak, na nakikitungo sa kaniya nang walang paggalang, na nagbibigay ng mga malulupit at brutal na mga salita at pisikal na pakikitungo ay sumisira sa pinakapundamental na **Batas ng Pagiging naririto** na ang lalaki at babae ay dapat na magkaisa sa pagkakapantay ng **Banal na Pagiging.**

Ang mga babae na nirespeto at minahal at inalagaan ay dapat na kapantay na rumespeto at magmahal at mag-alay ng kasariwaan ng ispirito at katawan sa kaniyang kapareha, inaalagaan ng lalaki ang kaniyang kakayahan sa pagbibigay ng kaniyang sarili para sa babae. Ang babae na hindi nagpapanatili sa kaniyang kapareha ng pangangalaga, kabaitan at pag-ibig, ay nag-aalis ng sa esposong ispirito ng pagkalalaki ng kagustuhang magsakripisyo sa harap ng mga paghihirap na nakahaharap niya sa panlabas na mundo.
Siya ay maghahanap ng kalinga mula sa ibang pinagmumulan- mga lalaki o mga babae- inom o droga- o sa pamamagitan ng pagbubukod ng kaniyang sarili sa loob ng kapamahayan, na walang silbi sa kapareha man o sa mga anak. Samakatuwid, ang mga lalaki at mga babae ay mayroong pantay na responsibilidad upang alalahanin ang isa't isa.
Kagayang ang **Lalaki** ay dapat matuto na maging daluyan, araw araw, ang **'Amang Aspekto'** ng **Banal na Kamalayan** tungo sa pamilya at trabaho, gayun din na ang **Babae** ay dapat matuto na ihayag ang **'Inang Aspekto' ng Banal na Kamalayan** sa kaniyang pang araw araw na buhay.
Iyong mga magtatatwa ng Katotohanang ito ay itatatwa sa pagpasok sa Selestiyal na mga Kaharian hanggang kanilang maitaas ang kanilang ispiritwal na pananaw, at buong pananalanging mabago ang kanilang mga asal. Tanging kung ang kanilang pananaw ay maiangat sa itaas ng panlupang pantaong pananaw ng 'lalaki at babae,' - at lagpas sa kanilang mga pagnanasa at bugso ng ego,- tungo sa *Katunayan* mula sa kung sa alin nila nakuha ang kanilang 'pagiging lalang,' ay makatatakas sila sa gulong ng inkarnasyon at makahanap ng pintuan patungo sa pangkatapusang Ligaya at Kaluwalhatian.

Kung, sa loob ng kultura, ang babae ay ipinalagay lamang na 'ari-arian,' isang bagay sa lalaking pagnanasa, at hindi itinuring bilang babae, na talagang kapantay ng lalaki, ang kagayang kultura ay hindi nakaunawa sa tunay na likas ng lalaki at ng tunay na likas ng babae.
Ang lalaki at ang babae ay dalawang magkapantay na kalahati ng iisang buo.
Kung walang asawa at nag-iisa ang lalaki ay nagpapakita lamang ng isang aspekto ng kaniyang **PINAGMULAN NG PAGIGING LALANG** at kung ang babae ay nabubuhay na nag-iisa at dalaga, siya rin ay nagpapakita lamang ng isang aspekto ng kaniyang **PINAGMULAN NG PAGIGING LALANG.**

Ang **BANAL NA PAGHAHANGAD** ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** ay upang ihayag ang sarili **NITONG** kabuuan sa pamamagitan ng paglikha na pinag-iisa isa, sa pisikal na anyo, upang maranasan ang pagkakaisa at kabuuan ng **BANAL NA KAMALAYAN** mula sa kung sa alin ay nakuha nila ang kanilang pagkaindibidwal.

Habang dumarating silang magkasama sa pag-ibig at pagkakaisa ng ispirito at katawan, kanilang madidiskubre ang kaligayahan at ekstasi ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN sa pagkakatimbang.
Ang buong prosesong ito ay maliwanag na nakasulat sa **mga Liham 5 at .**
Samakatuwid, ang kombinasyon ng pagkalalaki ng esposo at ang pagkababae ng esposa ay mahalaga upang makagawa ng 'buo' na ginuhit mula sa **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG**. Mula sa pagkakasamang ito ay nalikha ang buong sanggol.

Noong ako ay nasa disyerto sa Palestina, aking unang naunawaan na ang nagdudominang **likas** ng **PANGKALAHATANG KAMALAYANG Pagkamalikhain,** ang ating **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** ay **INTENSIYON.**

Ang Paghahangad upang makalikha, magplano at magdisenyo- at pagkatapos ay ipagpatuloy ang disenyong iyon sa pamamagitan ng pagpapalaki nito, pagpapakain, paggagamot, pagpuprotekta, at pagbibigay ng bawat pangangailangan nito sa disiplinadong paraan.

Parehong lalaki at babae ay lumago sa pisikal na anyo at kamalayan upang maranasan
ang INTENSIYON at ipahayag ito sa lahat ng mga paraan na maaari sa kanilang mga buhay. Ito ang kauna unahang gawain ng pagkamalikhain.
Kung walang PAGHAHANGAD ay wala ding PAGLIKHA.

Ang **PAGHAHANGAD** ay ang pinanggagalingan ng- ay nanunuot- ang kabuuan ng pagiging naririto.
Ang **PAGHAHANGAD** ay nagsasaad ng likas ng gawain- mapagmahal o mapanira.
Ang **lalaki** at **babae** ay pinag-isa-isa upang maranasan at makalikha ng **INTENSIYON** sa kanilang mga buhay. Ito ang kauna unahang pintig ng pagkamalikhain.
Ang **lalaki at babae** ay inindibidwalisado rin upang maranasan at makapaghayag ng **KAPANGYARIHAN ng KALOOBAN.**
Ang **KAPANGYARIHAN NG KALOOBAN** sa **LALAKI** ay pangunahing naranasan at nahayag bilang **Aktibidad**. Sa sinaunang mga anyo,- ang lalaki ay lumalabas tungo sa kapaligiran upang tupadin ang kaniyang intensiyon. Samakatuwid, isinusuot niya ang balabal ng pinuno at mananakop. Siya ay indibidwalisado upang mag-isip at magtrabaho upang matupad ang kaniyang mga layunin na walang dalahing mga emosyon.
Ang **KAPANGYARIHAN NG KALOOBAN** sa babae ay pangunahing napasigla at naranasan bilang **Pakiramdam**- ang **Pangangailangan upang Kalingain** ang **orihinal na Paghahangad** at dalahin ito, nang may buong layunin hangang sa kahustuhan - pagbunga- sa pamamagitan ng proseso ng pangangalaga, pagpapakain, pagpapadamit, pagkukumpuni, pagtuturo, pangangalaga.

Ang **LAYUNIN** ay may kabuuang naiiba sa **INTENSIYON** dahil ang **layunin** ay nagmumula sa mental na antas ng **intensiyon** at nagiging emosyonal na bugso, isang pagnanasa upang bumuo ng 'isang paraan upang makamtan ang nilulunggating dulo.'
Ang **'makapangyarihang INTENSIYON upang gumawa ng isang bagay' ay nagiging isang LAYUNIN sa likod ng ipinagpapatuloy na pagiging naririto.** Sa paraang ito, ang iniisip at nararamdaman ay ikinasal na upang tumupad ng gawa ng paglikha.
Ang **lalaki** ay palagiang nagpapaikot ikot na naghahanap ng mga bagong ideya, mga bagong paraan upang matugunan ang kaniyang mga intensyon upang magbigay sa kaniya ng layunin sa buhay.
Ang **mga intensiyon ng babae** ay 'layunin na binigyan ng persona,' sensitibo at panatag, handa upang gumawa ng mga sakripisyo para sa mga minamahal.
Samakatuwid, ang dalawang basikong mga **PINTIG** na nasa **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG- nahayag sa pisikal na anyo bilang lalaki at babae-** ay magkatuwang. Hindi mabubuhay ang isa kung wala ang isa. Pareho ay kinakailangan para sa pagpapatuloy ng paglikha.
Nang dahil sa kaniyang pagkalalaking pagpapahikap hikap, ang kaniyang bugso sa pamiminuno, ang lalaki ay kinonsidera ang sarili niya na mas nakatataas sa babae. Dahil ito sa ang babae ay nananatiling panatag, lumilikha ng kasiguruhan para sa lalaki. **Ngunit ang pagkababaeng bugso ay ang bugso ng walang kondisyong pag-ibig, ang bugso na karapat dapat sa pinakamataas na respeto at konsiderasyon upang mapaunlad at maisakatuparan niya ang kaniyang natatanging layunin sa loob ng kapamahayan na may mapayapang isipan at may galak.**

Ang tungkulin ng lalaki ay magbigay ng pisikal na kasiguruhan at materyal na mga paraan ng pagtataguyod para sa pamilya.

Ang ginagampanan ng babae ay magbigay ng emosyonal na kasiguruhan at emosyonal na mga paraan ng personal na katuparan at ligaya sa loob ng tahanan.

Sa nakalipas, sa Silangan at Kanluran, ang lalaki ay tumupad sa kaniyang papel ng pagkadominante sa loob ng tahanan, ginawa ang babae na tagasilbi at tagasunod sa kagustuhan ng lalaki. Sa paggawa nito, kaniyang nabaluktot at nasira ang mga enerhiya ng **Banal na Kamalayan** at pinadaloy ang mga iyon sa pamamagitan ng kaniyang isip at puso tungo sa baluktot na sibilisasyon.

Kaniya ring nasira ang kamalayan ng babae sa pamamagitan ng pagtatanim sa babae ng malalim na insulto sa kaniyang mas mababang papel na alam naman ng babae sa paraang intwitibo na hindi inaasahang danasin niya.

Samakatuwid, ang lalaki ang lumikha ng nagpababa at nang-aalipustang paraan ng buhay para sa kaniyang sarili at sa kapareha niya, na sa kabuuan ay salungat sa **LIKAS** ng kaniyang **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG.**

Sa katotohanan na ang babae ay kailangang gumampan sa kaniyang panlalaking bugso ng agresyon upang maipahayag ang kaniyang pagiging pantay, upang makamit ang respeto na dapat ibigay sa kaniya sa lipunan, ay nangangahulugan na ang inyong sibilisasyon ay naging talamak na hindi istabilisado at hindi malusog. Ang babae ay kumukuha ng papel ng lalaki dahil sa desperasyon ngunit sa paggawa nito ay, tinatalo niya ang intensiyon na nasa likod ng pagkalikha.

Ang lalaki at babae ay ganap nang naligaw sa kanilang landas. Sa mga hindi mauunlad na bansa, ang mga tao ay kalahating buhay lamang, sinusubukang solusyonan ang pagkakahati sa pagitan ng lalaki at babae sa pamamagitan ng kaswal na seks. Ang mga gulo sa yunit ng pamilya ay lumilikha ng siphayo, pighati at paghihiwalay, kahit na sila ay nakatira sa ilalim ng iisang bubong.

Sa ‘mauunlad’ na mga bansa, ang mga opisina tungkol sa may mga problemang mental ay puno ng mga hindi masasayang mga tao at mga kabataan na nagsasabi na hindi nila alam kung sino baga talaga sila o kung ano ang layunin nila sa buhay. Sila ay nagtatanong sa mga eksperto na hindi rin alam ang mga sagot.

Ito ay dapat na tandaan din, na bawat isang tao, lalaki o babae, ay may mga leksiyon na dapat matutunan sa buhay na matututunan lamang sa kasarian-at sa lahi- kung saan nila natatagpuan ang kanilang mga sarili. Samakatuwid, ang babae ay kailangang tumanggap ng kaniyang papel sa buhay bilang tagapagbigay ng emosyonal na pag-ibig at seguridad sa kaniyang esposo at mga anak, na may respeto sa sarili at dignidad at gampanan ito sa buong kaniyang makakaya. Kailangan niyang kilalanin na ang papel ng tagapagbigay ng emosyonal na kasiguruhan ay lubos na mahalaga sa lipunan. Siya ang nagbibigay ng ‘pangdikit’ ng pag-ibig at kaginhawahan na naghahawak sa mga pamilya, mga siyudad, mga bansang sama sama. Kung nauunawaan niya ang kaniyang tunay na lugar at mga layunin sa lipunan, ang maghanap upang magampanan at makamtan ang mga ito sa pinakamataas na paraan na posible, siya ay kumikilos nang maliksing paunahan sa daan tungo sa walang kondisyong pag-ibig at pinakamataas na mga pabuya sa personal na kakontentuhan at kaligayahan. Siya rin ay kikilos patungo sa mas mataas na antas ng kamalayan- siguro bilang isang lalaki sa kaniyang sunod na buhay, na magdadala ng dakilang mga benepisyo sa tao.

May pagkakatulad, ang mga nalinang sa ispiritwal na mga lalaki- kahit mga ispiritwal na guro- ay babalik sa buhay sa lupa upang matuto ng tunay na kababaang loob at ilagay ang kanilang lahat na matataas na mga prinsipyo ng pagiging naririto sa pang-araw araw na pagsasabuhay bilang isang mapagmahal na babae na isang ina na may katalinuhan at nangangalaga sa lahat ng mga nangangailangan sa kaniyang kayang ihandog. Nasaan na ngayon, ang hindi pagkakapantay?

Tanggalin ang mga kaliskis mula sa inyong limitadong paningin at talino at tingnan nang may maliwanag na pananaw na wala dapat hindi pagkakapantay- tanging pinagsasaluhan lamang na MGA INTENSIYON upang ipahayag ang lahat na inyong nakuha mula sa **Banal na Kamalayan** sa pinaka ispiritwal na paraan upang makapagkamit ng pinakamataas na kaligayahang posible sa lupa.

Sa mga darating na mga taon, kung ang lalaki at ang babae ay ispiritwal na nalinang, kung o kapag nahati sa **intensiyon**, sila ay magkasama na kukuha ng kanilang mga intensiyon sa **'AMA-INA-BANAL NA KAMALAYAN,'** nagtatanong: Ano ang dapat na likhain sa ating mga kalagayan? Ano ang ating pinakamainam na paraan paunahan?

Kapag sila ay tumanggap ng mga sagot, tatanggapin nila ang mga ito nang may mapagmahal na puso at pag-aaralan ang mga ito. Anuman ang mga pagkakaiba sa sagot ay igagalang at muli ay dadalahin sa **Banal na Kamalayan** na may kaparehong pakiusap hanggang marating nila ang tapat na kasunduan.

Magkasama, ang lalaki at babae ay magbabalik at hihingi ng **Banal na Kamalayan:** ' Paano namin pinakamainam na makakamtan ang aming mga layunin?' At muli, pag-aaralan nila ang kanilang mga sagot at magpapatuloy na nagtatanong hanggang sila sa katapusan ay makarating sa plano ng paggawa na nalikha, hindi sa pantaong utak lamang, kundi sa pinakamataas na dimensiyon ng pagkamalikhain- **BANAL NA KAMALAYAN.**

Ang pagtatrabaho nang magkasama sa paraang ito, sila sa katapusan ay makararanas ng 'ligaya' ng tunay na pagkakaisa ng kaluluwa, isip, puso at katawan.

Sa katapusan, ang lalaki ay hindi makapananatili nang may kaginhawahan na hindi rin nararanasan at naihahayag ang ilang pangbabaeng bugso. Kailangan niya ang emosyon upang makaisa ng kaniyang esposa, mga anak at iba pang mga relasyon- mga kasama sa paaralan at mga katrabaho, mga kabarkada at mga kaibigan. Kung walang mga maiinit na mga pakiramdam, siya ay magiging malamig na multo.

Kalimitan, kapag ang matandang kaluluwa, ng lalaki ay nagdala ng sobrang mainit at mapag-aruga mula sa mga nakaraang inkarnasyon bilang isang babae. Habang ispiritwal na lumalago ang lalaking ito, ay lalong nagiging pantay ang dalawang sekswal na mga pintig na nabalanse sa loob ng likas niya.

Ito rin ay nangyayari sa mga babae.

May pagkakapantay, ang babae ay hindi mabubuhay na maginhawa kung walang mga panlalaking mga bugso. Kung walang kakayahan para sa matalinong pagpaplano, ang kaniyang kapamahayan ay magiging lugar na magulo. Mayroon din na posibilidad na siya ay naging malakas na lalaking karakter sa kaniyang nakaraang inkarnasyon at ay hindi komportable sa pambabaeng papel ng pagsasakripisyo ng kaniyang sarili para sa iba. Ang kagayang tao ay kailangang humingi ng **Banal na Kamalayan** upang linawin ang kaniyang pananaw na makita niya na kung walang pag-ibig para sa sangkatauhan, ang pamiminuno ay isang mapanganib na gawain.

Kapag ang mga lalaki at mga babae ay nalalapit sa magkaparehong balanse ng lalaki at babaeng mga likas sa kanilang mga sarili, ang kanilang trabaho sa buhay ay lampasan ang kanilang sekswal na bugso sa pamamagitan ng pagkakamit ng walang kondisyong pag-ibig para sa lahat ng mga tao at idinidirekta ang bugsong ito tungo sa dalisay na pagkamalikhain- kagaya ng mga sining. Sa mga taong ito nalikha ang mga 'Master,' mga master ng kanilang mga sarili, mga master ng pagkamalikhain, mga master ng pantaong kamalayan, mga master ng 'bagay.'

Sa hindi inaasahang pangyayari, sa panahong pangkasalukuyan, ang inyong mga lalaki at mga babae na nalalapit na sa magkaparehong pagkabalanse ng 'lalaki/babaeng mga likas' sa loob ng kanilang iisang likas, ay walang posteng gumigiya sa kung ano dapat ang kanilang tunay na mga layunin. Naligaw sila sa kanilang daan at nakalikha ng maling lipunan sa kanilang mga sarili na ang ligaya at personal na kakontentuhan na kanilang hinahanap ay napawalang bisa ng kanilang kaabalahan sa mga pangkatawang mga gawain sa halip na mga ispiritwal na mga tagumpay. Sila ay mananatiling mga malulungkot na mga tao, punit sa mga di pagkakasundo, hanggang madiskubre ang katotohanan tungkol sa 'sino baga talaga sila.'

Sa pagsasalita tungkol sa pambabaeng papel sa buhay, ito ay dapat ding sabihin na marami sa inyong mga modernong kababaihan sa mga mauunlad na mga bansa, ay nakapagkamit ng mataas na antas ng panlalaking bugso sa nakalipas na isang daang taon.
Kailangan nilang piliin nang maingat ang kanilang mga alalahanin sa buhay. Hindi nila kailangan na maupo sa tahanan, walang pagkilos at nababalais, ngunit sila ay mas magiging mas masaya, mas kontentong mga tao kung gagamitin nila ang kanilang katalinuhan at mga kakayahan sa paglikha ng bagong mga paraan ng konstruktibong buhay para sa buong pamilya. Sa panahon ngayon, maaaring hindi nila alam kung paano gawin ito, ngunit ang meditasyon ay magguguhit sa kanilang mga isipan, ng mga kinakailangang inspirasyon sa pinakamainam na paraan upang gamitin ang kanilang mga kapangyarihan sa pamamahala at mga talento para sa kaligayahan ng lahat.
Ang mga lalaki na nakapaglinang ng malawak na kakayahan para sa pag-unawa sa mga kababaihan at kapwa mga lalaki, ay gayon din, na sa pamamagitan ng meditasyon na nasundan ng inspirasyon, ay makatatagpo ng mas mataas na mga paraan ng paghahayag ng kanilang kakayahan para sa pamamahala sa kanilang mga hanap buhay, na nagdadala ng kaligayahan sa iba .
Bakit **Ako-Kami**- ay nag-ukol sa paksa tungkol sa mga kasarian nang ganyang kalalim?
Ito ay talagang kinakailangan dahil ang labanan ng mga kasarian- parehong sa Silangan at Kanluran, ay lumilikha ng hindi malusog na mga kondisyon sa lupa. Ito ay nagpapalala ng agresyon at naninira bilang galit at malalim na kaguluhan.
Ang kalayaan sa seks ay nagdala sa mundo sa yugto ng krisis ng pagkawala sa pamamagitan ng pagkalat ng AIDS. Lahat ng mga bayrus ay nilikha sa loob ng mapanirang pwersang kamalayan.
Kailangan ninyong maunawaan na ang mga tao ay ang siyang gumawa ng kanilang sariling mga bayrus. Bawat bayrus ay isang mapanirang nababuhay na kamalayang pintig na ginawang nakikita. Tinatarget nito ang kung ano ang pintig ng mapanirang kamalayan na napuntirya sa sandali na ang bayrus ay nakakuha ng anyo.

Ako ay nakaunawa tungkol dito sa aspekto ng pagiging naririto noong ako ay nasa lupa sa persona ni Hesus. Ang mga Hudyo ay may mahigpit na tradisyon sa paghuhugas ng mga tasa bago uminom mula dito. Sinabi ko sa kanila nang may kaliwanagan na sila ay hindi dapat mag-alala tungkol sa kung ano ang pumapasok tungo sa kanilang mga bibig. Sila ay dapat na mag-ingat tungkol sa kung ano ang lumabas sa kanilang mga isipan at mga puso- pagkatapos ay lumabas sa pamamagitan ng kanilang mga bibig. Noong panahong iyon, ang siyensiya ay hindi pa nakatutuklas sa presensiya ng mga bayrus ngunit ito ay pinagkasunduan na ang sakit ay nanggagaling mula sa pagkain at pag-inom mula sa mga madudumingkagamitan. Ngunit alam ko na ang sakit na ito ay orihinal na lumabas mula sa mga isipan at mga puso ng mga walang pakundangang galit na tao. Pagkatapos nito, ito ay dumarami sa pamamagitan ng pagkakahati ng mga selyula ngunit dala dala nito sa loob ng kaniyang sarili, hanggang kailan man, ang pintig at kamalayan na sa pasimula ay nagdala nito sa pagiging lalang.

Ang AIDS ay hindi aksidente. Ito ay nagsimula sa mga pwersa ng kamalayan ng sobrang gratipikasyon sa sariling pagnanasa at mapanirang emosyonal na mga reaksiyon sa pagitan ng mga magkakapareha sa seks. Ang kimkim na poot at galit ay makapagtutulak sa tao tungo sa akto ng pagtatalik, na nag-iiwan ng latak ng sakit sa likod ng isipan, mga emosyon at katawan.

Dahil ang emosyonal na pagkakatono ay hindi laging nakapag-uudyok sa akto ng pagtatalik sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, sila ay may malubhang pagkabigo at kawalan ng paglaya at kakontentuhan.Kapag nangyari ito, ang sekswal na enerhiya ng lalaki ay nauupos. Ito ay kailangang papaglingasing muli ng mga larawan ng sekswal na perbersiyon.

Bilang resulta, ang pornograpiya ay naging ‘malaking negosyo sa maraming mga bansa . Ito ay sumasagot sa mga pintig ng katawan lamang. Mula sa pornograpiya ay dumating ang kawalan ng respeto sa mga babae, at ang mekanikal na hindi emosyonal na akto ng pagsisiping, kasama na ang may kabilisang pagdami ng panggagahasa at sekswal na pang-aabuso sa mga bata. Ang mga tao na nagbibigay daan sa napakasamang mga gawain ng imoral na kalupitan ay siguradong makapag-aani ng mga bunga maaaring sa buhay ngayon o sa susunod na inkarnasyon.

Samakatuwid, kung ang mga tagasunod ng Islam ay nagkukondena sa Kanluran dahil sa pabayang pag-uugali sa seks at perbersiyon, sila ay tumpak para maniwala na ito ay nagdadala ng hindi malusog na mga kondisyon sa lupa.

Ang mga hindi malulusog na kondisyong ito ay hindi pinadala ni ‘Allah’- kundi ay likas na bunga ng kanilang pagsira sa **MGA BATAS NG PAGIGING NARIRITO.**

May pagkakatulad, ang mga tagasunod ng Islam ay sumisira din sa **MGA BATAS ng PAGIGING NARIRITO** dahil sila, gaya ng mga Hudyo, ay nakakapit sa tradisyon ng mata sa mata at naniniwala na mayroong kagayang bagay tulad ng Banal na Digmaan. Walang bagay na katulad ng Banal na Digmaan- mayroon lamang na ***Katunayan*** ng **Banal na Pagpapatawad** at **Banal na Pakikipagkaisa**, nakikitungo sa inyong ‘kapatid,’ maging siya man ay inyong kaaway o kaibigan, nang may pag-ibig at pang-unawa.

Walang isa sa inyo ang makasisira sa MGA BATAS NG PAGIGING NARIRITO at umaasa na kayo ay makapapasok sa kaharian ng kalangitan o paraiso. Ang inyong pag-uugali ay walang lugar lagpas sa pagkasira sa kung ano ang dinadala ninyo sa kasalukuyan sa inyong mga sarili.

Iiwanan **NAMIN** kayo na may mga kaisipang ito na **kami** ay humihiling na inyong tatanggapin nang may kalaliman tungo sa inyong kamalayan at gamitin ang mga ito sa kabutihan sa inyong mga pang-araw na pamumuhay. Kami ay may kalakasang humihimok sa inyo na magsama sama, anuman ang mga paniniwalang panrelihiyon, sa mga maliliit na grupo upang gamitin ang mga **Liham** na ito bilang mga tagubilin para sa inyong pang-araw- araw na buhay. Tapyasin, kung kaya ninyo, ang inyong mga pagkakakondisyon, at dumulog sama sama na may tunay na kapakumbabaan, bilang mga tao na gustong makipagkasundo na kakaunti ang alam nila tungkol sa tunay na ispiritwalidad- ngunit ay may marubdob na pagnanais na matuto kung paano mapalalakas at maiispiritwalisado ang kanilang mga buhay.

Kagaya ng marami sa inyo ang nakaaalam, kayo ay pumapasok na sa bagong yugto ng inyong kasaysayan ng inyong mundo, sa panahon na ito ay mangyayari na hindi na ang malaking pagkakahati sa pagitan ng mayaman at mahirap.
Ang malaking pagkakahati ay sa **kamalayan**. Ang paghahati ay sa pagitan ng mga nakatagpo ng daan tungo sa mas mataas na ispiritwal na kamalayan at nagpapasinag ng pag-ibig at pagtanggap nang may pagkakapantay sa lahat- mga kaibigan at mga kaaway- at gagawin bilang kanilang layunin na magpasinag ng **Banal na Kamalayan** tungo sa bawat aspekto ng kanilang pang- araw- araw na mga pamumuhay- at iyong mga nananatili na nakakulong sa loob ng mga bugso ng ego, naghahanap ng pagdudomina sa mga mahihina. Maaaring lumabas na matagumpay sila pansamantala – ngunit sa katapusan sila ay matatalo at ang kanilang mga pagdurusa sa kanilang sarililing nilikhang kadiliman ay magiging mabigat.
Ang mga **Liham** na ito ay ang mga paraan sa inyong paglabas mula sa kadiliman tungo sa **LIWANAG.**

Kapag hinanap ninyo na itaas ang inyong mga alon ng baybrasyon ng ispiritwal na kamalayan sa pamamagitan ng pagpapasinag ng pag-ibig sa lahat na walang kondisyon, ay kagaya na tutungo kayo sa pamamagitan ng malumanay na PAGTAAS sa KAMALAYAN na may pagkadaynamikong makaaapekto sa inyong pisikal na kalusugan at inyong panlupang mga kondisyon.

Sa inyong mga masisigasig na tao ay hihimlay ang pagkakataas ng pangmundong kamalayan. Kayo ay makararaos sa napipintong gulo, malakas at puno ng layunin, at tutungo upang itayo ang iba pang uri ng pangmundong kamalayan. Inyong ipakikilala ang simula ng ispiritwal at teknikal at pang-ekonomiyang paglago at pangmundong kapayapaan para sa darating na mga siglo.

Ako, ang KRISTO, ay nangusap- KAMI- ang KAPATIRAN ng MGA MASTER- ay nagsasalita sa mga Kristiyano, mga Muslim, mga Budista, mga Hudyo, mga Hindu, mga tagasunod ng Supismo- at sa bawat pangrelihiyong grupo ng mundo. Kayo ay lahat na napalilibutan ng aming pag-ibig. Paniwalaan ninyo ito- dahil ito ay totoo.

.

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 5

AKO, **ang *KRISTO,*** *ay sumusulat ng* **LIHAM 5** na ito upang may kaliwanagan na bigyan ng kahulugan ang natatagong ***KATUNAYAN, na aking tutukuyin din bilang 'PANGKALAHATAN' at 'BANAL'*** upang matulungan kayo na mapalawig ninyo ang inyong mga isipan para maintindihan na habang kayo ay 'indibidwal,' ***IYONG NAGBIGAY SA INYO NG 'PAGIGING LALANG' AT 'PAGKAINDIBIDWAL' ay sa SARILI NITO ay Unibersal- Eternal- Walang hangganan- Nasa lahat ng dako na walang simula at wakas.***

Para sa kabutihan ng mga tao na pinili upang basahin ang **Liham 5** bago ang mas naunang mga **Liham** na naglalarawan ng aking buhay at tunay na mga aral sa lupa, ako ay maglalahad ng dagdag na salaysay na ang aking tunay na

'Hesus' KRISTONG sarili ay hindi dapat sa anumang paraan ay kalituhan sa 'Hesus' na naitala sa Bagong Tipan.

Magmula ng ang aking orihinal na mga turo, sa anyo ng apat na Ebanghelyo, ay naikalat sa buong mundo at lubhang hindi nabigyan ng tamang interpretasyon, ito ay aking hangad na magsimula ng pagtuturo ng **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO** sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng tunay na kahulugan ng aking orihinal na terminolohiya kagaya ng nabanggit sa mga Ebanghelyo. Ito ay kinakailangan upang alisin at sa katapusan ay pawiin mula sa kamalayan ng mga tao ang mga hindi tumpak na mga pagkakaunawa na nagpatuloy at nagturo ng mali sa mga henerasyon ng mga ispiritwal na nagsasaliksik simula sa aking buhay sa lupa.

Noong nasa lupa, upang isalarawan ang **Katunayan** sa likod at sa loob ng pagiging naririto, aking sinadyang inimbento ang salitang **'Ama'** kapag nagpapatungkol sa 'Diyos.' Ito ay ginawa para sa dalawang kadahilanan.

Una, kagaya ng aking ipinaliwanag sa **Liham 1**, noong natanggap ko ang kaliwanagan sa disyerto, ako ay nagkaroon ng kakayahang makita na ang mga konsepto na nagsasalarawan sa Manlilikha ng sansinukob kagaya ng 'inihayag' ng Hudyong mga propeta ay may kabuuang mali.

Pangalawa, ako ay nabigyan upang may kaliwanagan na malaman – at maunawaan nang ganap – ang tunay na likas ng Manlilikha at naunawaan ko na ito ay ang likas ng pagiging magulang, - ang pagtupad sa mga pangangailangan ng paglikha sa maliwanag, tiyak na mga paraan na kasing kahulugan ng sa ama-ina. Talagang, nakita ko na ang pagiging magulang na mga pintig na nasa lahat ng nabubuhay na mga nilikha ay diretsong nakuha mula sa Manlilikha, at ang pinagmulan ng lahat ng pag-ibig at pagiging magulang na mga pintig ay ang pinanggalingan din ng buhay at pagiging naririto.

Akin ding 'nakita' na ang paglikha ay **ang nakikitang manipestasyon ng Pangkalahatang Mapanlikhang mga Pintig ng Pagiging Lalang,** at samakatuwid ang tao ay mapapangalanang anak ng manlilikha,

Sa kadahilanang ito, ito ay banayad na likas para sa akin upang magsalita ng ang **'Ama'** kapag nagpapatungkol sa Manlilikha, dahil, sa akin, ito ay kung ano ang Manlilikha ay tunay talaga sa bawat paraan – lalung lalo na ang **'Ama-Ina'** subalit dahil isinaalang- alang ang sa Hudyong paggigiit na ang babae ay

humahawak ng mababang posisyon sa kanilang pang araw araw na mga buhay, ako ay nagpatungkol lamang sa **'Ama'** upang maiwasan ang Hudyong pagtutol at upang makuha ang kanilang pagtanggap sa bagong terminolohiya.

Akin ding inimbento ang terminolohiyang ang **'Ama'** upang matulungan ang mga Hudyo na matanto na ang kanilang konsepto ng Yehobah at ang katigasan ng Hudyong mga batas ay may kaganapang mali. Gayon din sa paggamit ng bagong terminolohiya – ang **'Ama' –** upang magsalarawan ng Manlilikha – **ang Mapanlikhang Pintig** – sa likod at sa loob ng pagiging naririto, ginawa ko itong maliwanag na nakapagdala ako ng magkasamang bagong aral na salungat sa tinanggap na paniniwala sa 'Diyos' na tumanggi sa tiyak na mga tao at nagpadala ng mga unos sa kanila bilang parusa.

Gusto ko na ganap ninyong maunawaan, na wala kahit saan man na ginawa itong maliwanag sa inyong Bagong Tipan na ako ay nagdala ng katuruan na may kabuuang salungat sa mga aral sa Matandang Tipan at samakatuwid ang Bagong Tipan bilang ang totoong tala ng aking buhay at mga turo ay hindi maaaring pagtiwalaan o tanggapin o paniwalaan.

Ang totoo at tumpak na tala ng aking pagkatao, naliwanagang likas, emosyonal na mga asal at mga turo sa sarili nito, ay makagagawang may kasaganaang maliwanag na ang matandang Hudyong mga anyo ng relihiyon at ang aking naliwanagang mga aral ay diyametrikulong magkasalungat sa bawat paraan.

Ang Hudyong relihiyon ay isa sa sobrang may pagkamateryal na mga konsepto. Mayroong may katiyakan na mga sinulat mula sa kung sa alin ang mga Hudyong ispiritwal na naliwanagan ay kumuha, at nagpapatuloy upang kumuha, ng mistikong pananaw sa ating **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG.**

Ang mga ito ay kailangang lubhang parangalan at igalang para sa kanilang lampasang mga estado ng pag-iisip.

Subalit kapag naabot ng mga propeta ang pangkaraniwang lalaki at babae, ang kanilang mga sinulat ay naglipat ng kakaibang kumukontrol na mensahe na may kapuruhang pantao at mali. Walang pagsupil para sa 'mabuti' o 'masama' ang nangyayari mula sa 'Diyos na nasa itaas.' Kung mayroon sana, ang mundo ay wala sa kagayang nakatatakot na estado ng kaguluhan at pighati.

Ako ay nagdala ng bagong aral na eksklusibong itinuon upang gawin ang mga tao na nakababatid ng **'pagiging unibersal at pag-ibig – ang naninirahang likas – kagaya rin ng lagpasang likas ng… 'IYONG'… ALING NAGDALA SA LAHAT NG PAGLIKHA TUNGO SA NAKIKITANG MANIPESTASYON.**

Ito ay ang aking layunin na gawin itong ganap na maliwanag upang mabigyan ng kakayahan ang mga naghahanap ng Katotohanan na alisin sa kanilang mga sarili ang anumang latak ng paniniwala na ako ay isa lamang propeta sa mahabang linya ng mga Hudyong propeta; na ako ay nagpatuloy ng pangangaral ng kanilang mga paksa tungkol sa makapangyarihang Yehobah na nagtataglay ng walang katiyakang mga pakiramdam tungo sa kaniyang sariling nilikha.

Ang pagkatakot sa Ortodoks na mga Hudyo ay ang nagpanatili sa aking mga alagad na nasa linya ng kung ano ang kanilang pinagpasyahan na sasabihin nila sa publiko tungkol sa akin. Kailangan ninyong tandaan na upang makakuha ng bagong Hudyong mga pag-anib tungo sa Kristiyanismo, sila ay takot na tanggalin ang Lumang Tipan dahil ito ay ang nagbuklod sa mga Hudyo sa mga dantaon; kaya, kanila lamang kinuha at idinagdag mula sa aking mga aral ang anumang naaayon sa matandang relihiyosong mga paniniwala. Ang aking pinagmulang angkan ay inilista upang muling siguruhin sa mga Hudyo na ako ay galing sa angkan ni Haring Dabid. Bakit sila ay mag-aalala tungkol dito kung hindi gusto nila na gawin itong maliwanag na ako ay Hudyo sa matandang talaan ng angkan at samakatuwid ay maaaring maging kandidato

para sa pagiging Mesiyas?

Kung kanilang lubos na naunawaan ang kung ano ang gusto kong gawin sa pagdating dito sa lupa – upang makaalpas papalayo mula sa nakaraan at ilatag ang mga pundasyon para sa sama samang bagong panghinaharap na pagkakaunawaan at gawain – sila sana ay nakagawa ng mga karapat dapat na pagsisikap upang gawing tiyak na ang mga tao ay makaunawa sa tunay na mga layunin na nagtulak sa akin tungo sa araw ng aking kamatayan .

Ngunit hindi nila ito ginawa. Pinalabo nilang higit ang aking sinubukang ituro.

Ang matatag ang pusong tagasunod ko, si Stepen, ay hindi gaanong takot na magsalita ng tungkol sa aking tunay na mga aral, bagaman ang mga ito ay nahabi na rin, ngunit kahit na, siya ay binato tungo sa kamatayan.

Inyong kailangang maintindihan na ang buhay para sa aking mga alagad ay hindi madali at ito ay maliit na hiwaga na ang aking tunay na mga aral ay natakipan ng tradisyonal na pag-iisip upang gawin itong mas katanggap tanggap sa publiko.

Kahit na magkaroon ng mahigpit na mga debate kapag aking sinasabi na ang 'Kristiyanismo' ay naghahayag lamang ng tala ng ilan sa aking mga salaysay at mga pagpapagaling na hindi masyadong salungat sa Hudyong turo. Ito ay relihiyon na inimbento ng aking mga naunang mga alagad at ni Pawlo, pagkatapos ng kaniyang inagurasyon sa Antiyoka, upang mapanatili ang mga Hudyo na magkakasama hanggang maaari at upang dalahin ang mga kaanib na hentil sa grupo. Upang umakma lamang pagkatapos ang naging aspekto ng kristiyanong pag-iisip.

Ito ang katotohanan ng aking buhay at kamatayan sa lupa. Ang mga pagtatalo ay mangyayari dahil ang mga tao ay nakahawak sa pinahalagahang mga paniniwala at isinusuko lamang ang mga ito kasama ng sakit na naranasan ng mga nawalan ng kanilang pinakamamahal na mga ari arian. Sa kabila nito, mahal na kagaya ng mga paniniwala na maaari sa mga tao – ang mga ito ay mga **paniniwala** lamang.

Ang mga ito ay hindi ang tiyak na pundasyon kung sa alin itatayo ang bagong mga buhay.

Ngayon na ako ay nagbabalik sa inyo sa pamamagitan ng midyum ng mga **Liham** na ito, ako ay muling gumagawa ng bawat pagsisikap na maaari – ***sa loob ng mga pamantayan ng inyong pantaong mga pananaw –*** upang isalarawan para sa inyo ang ***Katunayan –*** ang inyong ***Pinagmumulan ng Pagiging Lalang – na nagpasimula sa sansinukob at sa pagiging naririto sa sarili nito.***

May kahustuhang kagaya dalawang libong taon na ang nakaraan, ***ako ngayon ay dumating sa pamamagitan ng midyum ng mga*** **Liham** ***na ito upang ilatag ang pundasyon para sa panghinaharap na ispiritwal na ebolusyon sa susunod na milenyo. Ang inyong ispiritwal na paglago ay mangyayari lamang mula sa inyong mas malalim na mga pananaw at pang-unawa sa likas ng pagiging naririto at sa….*** **'IYON'….ALING NAGDALA SA INYO TUNGO SA PAGIGING LALANG.**

Kung ano ang inyong may kaliwanagang ***nauunawaan*** ay lumilikha ng mga kalagayan kung sa alin kayo ay nabubuhay.

Sapagkat hindi ninyo naunawaan ang inyong ispiritwal na mga pinanggalingan, ang tao ay patuloy na nasasangkot sa mga digmaan at nagdulot sa panlupang mga kalagayan na parehong nakapagpapababa sa pantaong kamalayan at ay pinagmumulan ng pantaong pagdurusa sa lahat ng uri.

Dahil dito, ako ay **NAGPAPADALA – NAGPAPASINAG – NG BUONG KAPANGYARIHAN NG AKING PAGKA KRISTONG KAMALAYAN** upang magdala ng **KATOTOHANAN ng PAGIGING NARIRITO** sa inyo sa uri ng makabagong nauunawaang terminolohiya upang mabigyan kayo ng kakayahan na makapagbuo ng bagong kamalayan at pagkakasabuhay **'ng Katotohanan na kagaya ng ito talaga ay'** - sa halip na magpahintulot sa inyo upang magpatuloy na sumusuporta sa mga maling paniniwalang iyon na itinuro sa inyo, o dinala sa inyo sa pamamagitan ng tradisyon.

Sa paggamit at pagkaunawa, ang terminolohiya ay darating upang gisingin sa inyo ang katulad – **o higit pa** – paggalang at pag-ibig at ispiritwal na pananaw na kagaya ng naramdaman ninyo noon kapag gumagamit ng salitang 'Diyos.' Kargado ng unibersal na kahulugan ang mas angkop na terminolohiya sa katapusan ay magpupuno sa inyo ng ispiritwal na kapangyarihan kung inyong gagamitin at pagmumuni muniin ang ibig sabihin ng mga salita.

Ako ay narito upang magsabi sa inyo na kapag nalinis ninyo ang inyong kamalayan sa maraming pantaong mga iniisip at mga pakiramdam tungkol sa bugso ng ego, at magtiyaga sa pagmemeditasyon at ang pagtataas ng inyong kamalayan tungo sa **Unibersal**, kayo ay magsisimulang makaramdam ng ispiritwal na kapangyarihan na pumapasok sa inyong isip at sa katapusan ay sa buo ninyong katawan.

Samakatuwid, ang aking mga aral ay **eksklusibong** naglayon sa pagtulong sa inyo upang buksan ninyo ang inyong kamalayan tungo sa kabaguhan ng buhay, kalakasan at ispiritwal na kapangyarihan na inyong lisanin na ang inyong lumang paraan ng limitado at hindi kontentong pamumuhay at makatagpo ng bagong pinagmumulan ng panloob na galak at katuparan ng inyong bawat pangangailangan.

Isipin ang tungkol sa salaysay na ito. Hindi ako nagdala sa inyo ng anumang ' mga dapat' o mga hindi dapat' o nakabibigong mga pagbabawal na kayo, sa inyong mga sarili, ay ayaw ninyong ipataw sa inyong mga sarili. Ako ay may katiyakang dumating upang sabihin sa inyo kung paano ang inyong 'kamalayang mga anyo' ay mayroong buhay sa loob ng mga ito at sa huli ay makikita sa inyong mundo ngunit iniiwan ko sa inyong mabuting pandamdam upang pumili ng mga malulusog na iniisip, mapagmahal na mga gawain, at ng tamang daan na maghahatid tungo sa galak at katuparan kung inyong maunawaan ang tunay na likas ng paglikha.

Ako din ay dumating na may buong pwersa ng aking **Kristong Kapangyarihan** upang tulungan kayo na matanto na walang mga hadlang sa pagitan ninyo at…. **'IYON….ALING NAGDALA SA INYO TUNGO SA PAGIGING LALANG** – iyon lamang inyong mga nilikha sa mga sarili ninyo sa pamamagitan ng kawalan ng alam sa mga **Batas ng Pagiging naririto**.

Ako ay dumating upang tulungan kayo na alisin ang mga balakid sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng inyong pangkasalukuyang pagkaignorante at pagtuturo sa inyo kung paano bubuksan ang inyong kamalayan – ang inyong buong pagiging lalang – tungo sa daloy ng **IYONG ALING NAGDALA SA INYO TUNGO SA PAGIGING LALANG.**

Kaya, aking INUULIT: sa huling pagsusuri, ang aking mga aral ay **eksklusibong** naglayon sa pagtulong sa inyo upang buksan ang inyong kamalayan tungo sa kabaguhan ng buhay, kalakasan, at ispiritwal na kapangyarihan upang sa gayon ay inyong maabandona na sana ang inyong lumang paraan ng limitado at hindi kontentong pamumuhay at makatagpo ng bagong kadluan ng panloob na galak at katuparan ng inyong bawat pangangailangan. **Aking hangad para sa inyo ang Banal na Pagmamahal upang maabot ang supremong antas ng pagiging lalang bago kayo tumungo sa sunod na dimensiyon, na ang inyong pagdaan ay maging walang sakit at ang inyong paglipat ay isang marangal na lunggatiin.**

Ito ang tanging nag-uudyok na layunin sa likod ng mga **Liham.**

Ang nasa itaas na pangungusap ay mas nakahihimok at makapangyarihang muling pagbabanghay ng

salaysay na ginawa ko noong nasa lupa: 'Hanaping una ang Kaharian ng Kalangitan at lahat ng mga mabubuting bagay ay idadagdag sa inyo.'

Hindi ko ginawa ang pangungusap na ito upang akitin ang mga tao na maging 'mabuti.' Aking inihayag ang katunayan ng pagiging naririto.

Inyong dapat ding maintindihang ganap at may kaliwanagan – na …. **'IYON.'**... na inyong tinatawag na 'Diyos' at aking tinutukoy na '**PANGKALAHATAN,'** ay hindi nagtataglay ng *pantaong* mga katangian na pinapatungkol **DITO** ng maraming mga relihiyon.

Ang pantaong katangian ng galit, mga banta at parusa, bilang halimbawa, ay nauukol lamang sa pantaong kalagayan.

Muli, inuulit ko: AKO, ang **KRISTO**, ay bumaba upang idikta ang mga **Liham** na ito nang may katiyakan upang palayain ang mga isipan ng mga tao sa mga nakaraang 'pantaong salitang mga larawan' na inimbento ng mga propeta. Ito ay aking matatag na layunin na palitan ang mga iyon ng mga pagsasalarawan ng **KAPANGYARIHAN- ang PANGKALAHATANG KAMALAYAN** na totoong lumilikha, kumikilos sa loob at nagsusuporta sa nakikitang sansinukob at sa lahat ng ibang mga dimensiyon lampas pa sa inyong pangkasalukuyang pananaw at pagkaunawa.

Ako ay narito din upang sabihin sa inyo ang mga dagdag pang mga sansinukob o mga dimensiyon, na mababuksan at magiging napapasok ng inyong kamalayan kapag ang karununga na binalangkas sa mga **Liham** na ito ay nakuha at naging ang pinaka hibla ng inyong indibidwalisadong kamalayan.

Sa bandang wakas, ang kamatayan ay darating upang mangahulugan ng masayang paglipat mula sa limitadong dimensiyon ng pagiging naririto tungo sa mas maningning at mas makapangyarihang isa pa. Inyong malalaman na kapag kayo ay may kahustuhang ispiritwal na nalinis at ang oras ay hinog na upang lumabas mula sa kapsula ng inyong katawan, kayo ay aalis, nakahinga nang maluwag upang maging malaya sa pisikal na mga pagtatakda upang pumasok sa dimensiyon ng pagmamahal at maganda at kahanga hangang pagiging.

Inyong ipapalagay na ang kamatayan ay kung ano ito ay maaaring maging – tunay na para sa naliwanagang mga kaluluwa - ang maluwalhating paglipat – isang regalo ng mas dakilang buhay, mas may pagkamalikhain at ang karanasan ng ' kaligayahan ng pagiging' na hindi pa ninyo napanaginipan.

Akin ding gustong maging malinaw ito na marami, maraming mga tao ang naniniwala na sila ay makapamumuhay ng masagana at kontentong mga buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa daan daang iba't ibang mga guro ng 'positibong pag-iisip.' Ang pagbabago ng inyong kamalayan, sinasabi nila, ay magbabago ng inyong mga buhay. Ito ay tunay sa limitadong hangganan ngunit, para sa mga lumalago sa ispiritwal na mga nagsasaliksik, ang kagayang pagbabago ng kamalayan ay nag-iiwan pa rin ng katuyuan ng ispirito at ang paghahangad para sa higit pang bagay.

Iyong 'bagay na nagiging marami' na hinahangad ng kaluluwa ay ang tunay na pakikipag-ugnay at muling pakikipag-isa sa ***PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG*** nito. Habang maaaring kayo ay nakakuha ng tiyak na antas ng ispiritwal na paglago sa pamamagitan ng pagsunod sa daan ng pag-unawa lamang sa mabuti, ang makatotohanan at mapagmahal, kayo ay nananatiling lalang na kumikilos na nag-iisa sa inyong papunta sa lupang lugar, na hindi natutulungan ng **walang katapusang,walang hangganang Pangkalahatan.** Kapag naunawaan ninyo ang ***likas ng Unibersal*** at itungo ang inyong mga pag-iisip sa paggawa ng totoong pakikipag-ugnay Dito, kayo ay magsisimulang makatanto na kayo ay hindi na nag-iisa- kayo ay suportado ng ***Katunayan*** na sumusuporta sa sansinukob.

At kapag aking sinasabi: 'paggawa ng totoong pakikipag-ugnay Dito,' ang ipinapakahulugan ko ay

ang panalangin ng pagsamo para sa pakinabang na ito o iyong hindi paggawa ng tunay na pakiki-ugnay sa inyong PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG.

Ang inyong panalangin ay tiyak na natanggap tungo sa **Pinagmumulan ng Pagiging Lalang,** at ang sagot ay kalimitang natanggap nang may kabilisan at ang pangangailangan ay natutugunan, kagaya ng inyong hiningi. Subalit ang tunay na pakikipag-ugnay sa **Pinagmumulan ng Pagiging Lalang,** ay nararanasan kapag inyong may kasapatang nalinis ang inyong kamalayan sa maraming pantaong bugso ng ego at nakapaggugol ng panahon sa pagmemeditasyon at palagiang ***may emosyong makapangyarihang*** 'pag-abot' sa kamalayan sa inyong **Pinagmulan** naghahanap ng pakikipag-ugnay at muling pagpapanibago ng ispirito.

Ito ay ang tunay na layunin sa likod ng pagiging naririto. **Ang palagian at pinagsasaluhang** bigay at tanggap ng pakikipagtalastasan sa pagitan ng **Pinagmumulan ng lahat ng Pagiging Lalang** at ang paglikha.

Dito ako ay magpapaalala sa inyo na noong ako ay nabuhay sa lupa, ginawa ko na ganap na maliwanag sa araw- araw sa mga Hudyo na: 'sa aking sarili lamang wala akong magagawa.'
Aking palagian na binanggit na 'ito ay ang 'Ama' na gumagawa ng trabaho, hindi ako.
Ako ay dumating sa panahong ito upang mabigyan kayo ng kakayahan na makagawa ng paglipat mula sa papuntang lupang pantaong kamalayan tungo sa kaliwanagan kapag ang tao ay **nakaaalam** na siya sa bandang huli ay **nakaaalam** ng **Katotohanan ng Pagiging Lalang.**

Hindi mapagdududahan, ang may kalalimang relihiyosong mga tao, mahigpit na natatakan ng panrelihiyong dogma at teyolohiya, - Hudyo, Kristiyano, Muslim, Hindu o naaanib sa anumang panrelihiyong grupo, ay makatatagpo dito na mahirap – o maging masakit – sa una, upang tanggapin at gamitin sa mabuti ang mga **Liham** na ito – dahil: Ang nakondisyon at naprogramang isip ay parang konkreto. Ang pinahalagahang mga paniniwala, ginamit bilang anting anting, emosyonal na mga suporta at mga pagtanggap upang magbigay ng kalakasan sa mga panahon ng krisis, ay may pagkaemosyonal na naitatak sa subkonsyus, at karaniwang nagsasama sa mga ito ng takot sa 'di pagbibigay kaluguran sa Diyos' kapag nagninilay nilay na kumikilos tungo sa mas mataas na Katotohanan. Hanggang mayroong matapat na paghahangad upang malaman ang **KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG** sa halip na tradisyonal na mga paniniwala, ang pang-isip na mga modelong ito ay halos hindi posible na maalis sa isipan at mga emosyon at hinahadlangan ng mga ito ang ispiritwal na paglago.
Ako ay dumating nang hayagan upang tulungan iyong may mga kalooban na gawin ito, kumilos na lampas sa mga balakid na ito tungo sa kaliwanagan. Samakatuwid, kung nararamdaman ninyo sa paraang intwitibo na ang mga salita sa mga pahinang ito ay **KATOTOHANAN** at nararamdaman ninyo na nahihila kayo nito, magkaroon ng pagtitiwala na handa kayong magsimula sa ispiritwal na paglalakbay na binalangkas sa mga **Liham** na ito at ako ay narito upang magbigay sa inyo ng tapang upang ipagpatuloy ito hanggang marating ninyo ang inyong layunin – ang tunay na kaliwanagang ispiritwal, kabaguhan ng buhay, kalakasan ng kalooban at ang pagkakasumpong sa sinabi kong 'Kaharian ng Kalangitan.'

Araw- araw, ang matapat na pagmemeditasyon at panalangin ay makapaglilinis ng isip at dahan dahan ang **KATOTOHANAN at PAGKAKAUNAWA** ay makapagpapalit sa mga matatandang mito na dati ay mahal

ninyo.

Sa simula ng sumusunod na mga katuruan, ***Ako***, ang ***KRISTO***, ay dapat na magpaalala sa inyo na ang inyo ay hindi solidong sansinukob. Kagaya ng maaaring alam na ninyo, batay sa inyong mga siyentipiko, ang solidong 'bagay,' ang namamasdang substansya ng mundo, ay talagang binubuo ng mga enerhiyang partikulo.

Ang **KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG** ng inyong panlupang dimensiyon ay nakasalalay dito sa pundamental na katunayan ng paglikha.

Upang maunawaan ang aking mga aral tungkol sa Katotohanan ng Pagiging Lalang, ito ay kailangan na hawakan itong basikong 'tila kawalan' na nasa likod ng lahat ng inyong nalikhang mundo.

Ang karamihan sa inyo ay nakaaalam ng katunayang ito ng pagiging naririto sa paraang intelektwal, ngunit ito ay hindi pa rin kahit na may kalayuan na nasala sa pamamagitan ng inyong kamalayan upang magbigay sa inyo ng bagong pananaw ng tungkol sa mundo at sa pagiging naririto. Inyong ipinagpapatuloy kagaya ng ginawa ninyo dantaon na, nag-iisip na ang inyong mundo ay solido at ang mga kalagayan ng katawan at lahat ng iba pang mga panlabas na kaganapan ay lampas sa inyong pagkontrol. Naniniwala kayo na kayo ay biktima ng pagiging naririto. Sa halip, ang kabaligtaran ay ang totoo. At ang inyong pang-araw- araw na pamumuhay ay sumasalamin sa mga paniniwalang ito. Samakatuwid, ito ay ganap na kailangan para sa akin upang magbalik at tulungan kayo na kumilos tungo sa mas mataas na pananaw sa Katotohanan.

Kagaya ng sinabi ko sa **Liham 1, -** pagkatapos ng kaliwanagan sa disyerto, ako ay bumalik tungo sa aking mundo sa mga bayan at pamayanan ng Palestina at kaagad na nagsimula upang sumupil sa 'mga elemento ng bagay' kailan man na nakita ko ang pangangailangan para tulungan iyong pinagdamutan o naghihirap. Ako ay dumating upang ipakita sa inyo nang may kaeksaktuhan bakit ko nakayanang gawin ito.

Gaya ng aking inihayag sa inyo sa **Liham 1**, - sa panahon na aking tinanggap ang buong kaliwanagan sa disyerto, ipinakita sa akin na ang 'bagay' ay hindi talaga solido. Hindi nabigay sa akin upang maunawaan nang may kaeksaktuhan kung paano ang elektrikong mga partikulo na aking tinurang 'kinang ng mga atomo' ay kumuha ng anyo ng namamasdang 'bagay.' Alam ko lamang na ang mga 'partikulong' ito ay kumikilos sa mataas na mga alon ng bilis sa loob ng 'ISIPAN NG DIYOS' at ang 'ISIPAN NG DIYOS' ay samakatuwid ay pangkalahatan.

Aking nalaman na ang 'ISIPAN NG DIYOS ay parehong ang manlilikha* – at ang substansya *- ng lahat ng mga bagay na nasa paglikha sa sarili nito . Sa bagay na ito, ako ay ganap na nakatitiyak.

Akin ding 'nakita' nang may kaliwanagan na ang pantaong pag-iisip, kabag kargado ng pananalig at emosyon, ay lubhang nakaapekto sa prosesong ito ng pagkakapangyari ng namamasdang mga anyo.

Samakatuwid ang pantaong isipan ay makahahadlang – at nakahadlang sa tunay na hangarin ng 'ISIPAN NG DIYOS.'

Ito ay nakasasabik at nakapagpapataas na pagkakapangyari dahil ang mga mito na itinuro sa akin ng mga Hudyong rabbi ay may kaliwanagang mali at ay may kadaliang nawalis papalabas mula sa aking isip. Aking niyakap ang katotohanan na may kagalakan dahil ngayon ay alam ko na kung bakit ang mga tao ay nakaranas ng pighati at pagdurusa. Ito ay sumibol mula sa kanilang proseso ng pag-iisip.

Nabigay din sa akin upang 'makita' ang mga '***komunidad ng nabubuhay na mga partikulo'*** na pinangalanan ng siyensiya na mga 'selyula' na gumagawa sa loob ng bawat nabubuhay na bagay. Ako ay nakababatid ng **Banal na Harmoniya** na kumukontrol sa trabaho ng mga selyula, na abala sa pagbubuo at pagmamantini ng maraming mga bahagi ng pisikal na mga katawan ng lahat na nabubuhay na nilalang at

buhay ng halaman, malaki o maliit. Ito ay kung bakit ako ay may kalimitang kumuha mula sa mga liblib na lugar upang magbigay ng mga halimbawa ng pagkapresensiya at gawain ng 'ang **Ama'** na nasa loob ng pinakamaliit na buhay sa ilang - kagaya ng mga halaman at mga ibon.

Gaya ng aking may kaliwanagan nang ipinaliwanag sa mga **Liham 1-3,** aking tinawag ang 'DIYOS NA ISIPAN' na ang **'Ama'** dahil ako ay nabigyan ng kakayahang 'makita' – maunawaan – ang tunay na **likas** ng 'DIYOS NA ISIPAN' at ay determinado na noong ako ay bumalik sa mga tao ng Palestina upang magsalarawan ng mga kapahayagan na aking tinanggap, kanilang mauunawaan na ang kanilang mga paniniwala na ikinintal sa kanilang pinaka kamalayan sa pamamagitan ng mga rabbi ay may kabuuang mali.

Nakita ko na ang tunay na **likas ng 'DIYOS NA ISIPAN'** ay ang pinakamataas na anyo ng **Banal na Pag-ibig** at ito ay makikita palagian na aktibo sa loob ng bawat nabubuhay na bagay.

Gaya ng aking nabanggit sa itaas, mula sa karununganag ito, ako ay nagkaroon ng kakayahan na magsagawa ng mga 'hiwaga' at kumontrol sa mga elemento saan man angkop at kinakailangan.
Gaya na ako ay naghangad upang pasabugin ang mga mito na nag-aari sa mga isipan ng mga Hudyo sa Palestina, ay gayon din na gusto ko na ipakita sa inyo na ang maraming mga teyoriya na isinulong ng inyong mga siyentipiko ay naudyukan ng malakas na reaksiyon sa dogma ng simbahan at mga doktrina sa mga taong lumipas.
Upang maintindihan ang pangungusap na ito, inyong dapat na maunawaan na hanggang sa panahon ni Darwin, habang ang maraming Kristiyanong mga Simbahan ay nagdomina sa mga isipan ng populasyon, ito ay tinanggap nang pangkalahatan na ang sansinukob ay nalikha na may kaeksaktuhang kagaya ng nasa Henesis sa Bibliyang Matandang Tipan.
Noong ang mga tao ng siyensiya ay sumubok na ianunsiyo ang kanilang mga natuklasan at mga teyoriya, sila ay napwersang ipaliwanag ang kanilang bagong mga paniniwala sa presensiya ng malaking relihiyosong pagtutol. Bilang bunga, natagpuan nila itong kinakailangan na magtuon ng higit na pansin ang kanilang mental na enerhiya para patutuhanan na ang mga promulgasyon ng mga Propeta ay mali. Sa paggawa nito, ang kanilang pakay ay nagdulot sa kanila na maiwala ang kaliwanagan ng pangitain at sila din ay nadala ng bugso ng ego. Pagkatapos nito, **anumang intwitibong pananaw** na isinulong ng kapatiran ng siyensiya ay pinagtawanan at tinanggihan kaagad ng ibang mga siyentipiko. Dahil sa mental na klimang ito, ang pendyulum ng paghahanap para sa 'Katotohanan ay dumuyan lamang sa hindi nagbabagong paniniwala sa dahilan at lohiko, kaya nagkukulong sa pantaong talino sa materyalismo para sa mga kasagutan sa mga pinagmulan ng buhay at pagiging naririto.
Kaya, ito ay ganap na kinakailangan para sa akin na hindi panigan ang ibang 'pangsiyentipikong mga teyoriya' at ipakita ang mga ito na may kamalian na kagaya ng tinatawag na mga 'katotohanan' ng Kristiyanong Doktrina. Sa pagdating sa ilang mga 'teyoriyang' ito, ang siyentipiko at taong simbahan ay magkatulad na nalubog tungo sa mga dimensiyon ng hindi napatutuhanang walang saysay na mga palagay upang sagutin ang mga tanong na noon ay hindi masagot sa pamamagitan ng panlupang isip lamang.

Habang nasabi na sa inyo na ang substansya ng inyong materyal na mundo ay basikong elektrikong mga partikulo na inistimula sa antas ng bilis sa loob ng 'espasyo,' ang inyong siyensiya ay hindi makapagsabi sa inyo kung **'bakit'** ang gayang 'mga partikulo ng enerhiya' ay kumukuha ng kapal at anyo ng 'bagay' maliban

na magsabi ng mga pwersa ng pagkakasama na nangyayari upang lumikha ng mga elemento.

Hindi masabi ng siyensiya kung ano ang **'Nag-uudyok na Pwersa'** na gumuguhit sa mga partikulo tungo sa anyo ng mga elemento.

Ni hindi masabi ng siyensiya kung mula saan ang gayang mga partikulo ng enerhiya ay orihinal na nanggaling maliban sa pagsasabi na ang mga ito ay pinakawalan sa panahon ng Big Bang na kanilang pinaniniwalaan na nagbigay ng unang pwersa sa paglikha.
Bakit ang biglang 'Big Bang' – para sa ano? Ano ang nag-uudyok na Salik sa likod nito?

Ang siyensiya ay naghahayag ng tungkol sa elektromagnetismo ngunit hindi makapagsabi kung saan galing ang mga enerhiya na lumilitaw at nawawala. Saan ang mga ito pumupunta? Bakit ang mga ito ay bumabalik? Para sa pantaong pananaw, ito ay tila baga walang matalinong gawain na nasa loob o nasa likod ng paggawa nito.
Sinasabi ng siyensiya na ang elektromagnetismo ay ' basta na' – isang simpleng katunayan ng pagiging naririto – ngunit ito ay lumilikha ng may kataasang puno ng layunin at matalinong gawain sa anyo ng mga milyon ng mga bilyong mga substansya kung sa alin ay ang inyong sansinukob ay nagawa. Paano ito nangyayari?
Wala na ang elektromagnetismo ay nakapagdala tungo sa namamasdang pagiging lalang na ang pantaong isip ay makapagpapalagay na nagkukulang ng layunin o kahulugan.
Ang siyensiya ay nagbabale wala dito sa pinaka basiko at mahalagang antas ng paglikha. Kung walang sagot sa tanong na ito, sa kung **bakit** ang bawat bagay na nadala sa namamasdang manipestasyon sa pamamagitan ng gawain ng kambal na mga enerhiya ng elektromagnetismo ay hindi nagbabagong puno ng layunin, matagumpay at may dahilan, - walang ***anumang may halaga*** sa pagsasaliksik para sa inyong mga pinagmulan ang matutuklasan.
Hanggang ang siyensiya ay makapag-usisa at makatuklas sa ***'Katunayan'*** ng '**espasyo**' na ang elektrikong mga partikulo ng 'nakikitang lalang' ay suportado, ang siyensiya ay hanggang kailan pa man ay mananatiling nasa likod ng nakakandadong mga pinto ng materyalismo. Ito ay hahadlangan tungo sa walang katapusang Katotohanan at pangkalahatang karunungan at makukulong sa loob ng pagkagapos sa dahilan lamang – dahilan na nag-iisang produkto ng tiyak na gawain ng mga selyula ng utak.

Ito ay sa ***tunay na likas*** ng **ESPASYO** na hangad kong ipakilala sa inyo – ngunit bago dumako dito, kailangan ko munang dalahin ang maraming may kataasang nauukol na mga katanungan sa inyong pansin.

Sa paglipas ng mga kapanahunan, ang karamihan ng gawain na nalikha ng elektromagnetismo ay lumitaw sa isip, pangitain at pandamdam ng nabubuhay na mga nilalang bilang solido, hindi nababagong matibay. Mga bakal, kahoy, mga bato, mga nabubuhay na nilalang ay lahat na pinaniwalaan na binubuo ng solido, hindi nabubuhay o nabubuhay na 'bagay.' Sa kagayang paniniwala sa solidong sansinukob ito ay likas lamang na ang sinaunang mistikong mga propeta ay nakapagpalagay ng 'Makapangyarihang Indibidwal' na nagtataglay ng maraming mga kapangyarihan sa paglikha ng lahat ng solidong mga substansya ng sansinukob. Sa pagpapalagay sa kagayang 'Makapangyarihang Indibidwal,' ito ay likas lamang na sila ay magpananaw sa 'Malaharing' pigura ng pangkalahatang kontrol, nagtataglay ng mapagparusang katangian

kapag nasasalansan ng pag-uugali ng tao na lumikha sa magulong lipunan.
Walang mga sinaunang Propeta ni hindi ang siyensiya ngayon ay nakalapit tungo sa Katotohanan ng Pagiging naririto.
Pareho ay may kakumpletuhang naligaw sa katotohanan.

Ang siyensiya ay nagsasabi na ang buhay ay nagsimula noong sa ilang mga hindi maipaliwanag na paraan, ang **tamang** kombinasyon ng kemikong mga reaksiyon ay nakabuo ng molekulo na may kakayahan sa paggawa ng mga kopya ng sarili nito sa pamamagitan ng pag-uudyok ng dagdag pang mga reaksiyon ng kemika.
Ang kagayang paglalarawan ng malaki at umaapaw na walang kasimplihan at kapangyarihan ng **PWERSA ng BUHAY bilang nauunawaan dahil ito ay 'may kakayahan na iriplika ang sarili nito,'** ay nagpapakita ng basikong pagkasalat ng pangsiyensiyang pananaw at pag-iisip na nakalikha ng kagayang teyoriya!
Dagdag pa, ang mungkahi na ang kagayang kombinasyon ng 'hindi nabubuhay' na mga kemika ay makapagsasama sama sa tiyak na paraan – hindi inaasahan - upang lumikha ng kagayang nakasusorpresang resulta ng 'pagrereplika sa sarili' ay nananatiling hindi tinanong sa pamamagitan ng siyensiya.
Ito ay dahil ang may hangganang pantaong isip, kahit na may pagkasiyensiya, ay hindi makahaharap sa kagayang hindi pangkaraniwang kaganapan ng hindi sinimulang 'replikasyon sa sarili.' Ito ay lubhang nagmumungkahi ng may pagkamahikong kaganapan – ng mga ilang pakikialam mula sa hindi maisip na pinanggagalingan na ang mga tao ng siyensiya ay hindi sumubok na pag-isipan dahil sa takot na pagtawanan.
Itong mukhang tupang pagpayag ay ikinonsidera na mas makasiyensiya kaysa paglalabas ng mga 'inspiradong' mga teyoriya na naharangan sa pamamagitan ng materyalistikong mga batas na naitatag ng siyensiya para sa sarili nito. Itong sagabal sa panghinaharap na paglago ng siyensiya ay haharang sa siyensiya sa maayos na pag-iimbestiga sa dimensiyon ng isip at ispirito hanggang ang ilang mga naliwanagang siyentipiko ay lumaban sa tradisyon at maghamon upang tumawid sa hangganang linya sa pagitan ng 'nakikita' at 'hindi nakikita.'
Ang sinaunang mga Propeta, kung pakikitaan ng mga teyoriya ng pang molekulong sariling replikasyon ay hindi magkakaroon ng kahirapan sa kagayang 'mahikong kaganapan' at magsasabi na ang 'Diyos' ang gumawa ng mga kombinasyong kemika at nagpuno sa mga ito ng buhay. Iyon ay hindi rin ang tamang kapaliwanagan.
Ito ay ang matandang relihiyosong konsepto ng 'Diyos na nasa Itaas' 'lumilikha mula sa malayo' na siyang humahadlang sa tao ng siyensiya mula sa pagkilos paunahan tungo sa mas may ispiritwal na kabatirang mga pagdidili dili. Kaya, sa kabila ng sa siyensiyang tila kalayaan mula sa kapanahunan na ang edad na mga doktrina, ito pa rin ay kagayang mental na nakatali at hinadlangan ng mga takot sa sinaunang mga kaugalian na kagaya noong ikalabing siyam na dantaon. Ito ay nakikibagay sa katawa tawang mga teyoriya dahil hindi pa nito naunawaan ang ***Katunayan*** ng ***Ating Pinagmumulan ng Pagiging*** sa likod at sa loob ng mga nabubuhay na molekulo.

Ipinagpapatuloy ang kwento nito ng paglikha , ang siyensiya ay nagsasaad na pagkatapos ng 'sariling paggawa' ng nabubuhay na mga molekulo na may kakayahang magreplika sa mga sarili nito, ang mga ito ang 'bumuo ng kanilang mga sarili' tungo sa nabubuhay na selyula, (na maliit kaya hindi ito makita ng hubad

na mata), na naging ang pundasyon para sa lahat ng karamihang aspekto ng nabubuhay na mga organismo, kasama na ang mga halaman, mga insekto, mga reptilya, mga ibon, mga hayop at ang tao sa sarili nito. Samakatuwid, lahat ng nabubuhay na mga bagay ay mayroong parehong ninuno – ang unang nabubuhay na molekulo.

Hindi maipaliwanag ng siyensiya kung bakit ang sariling pagrereplika ng mga molekulo na napagsama ang mga sarili nito tungo sa isang nabubuhay na selyula. Ito ay nananatili pa ring misteryo sa siyensiya hanggang sa araw na ito.

Ang nabubuhay na selyula, na sinasabi sa inyo ng inyong siyensiya, ay may walang katapusang inuulit sa bilyon-bilyon-bilyong magkakaibang mga anyo. Ito ay ang pundasyon ng nakikitang sansinukob. Paano ito maaari? Anong **pintig** ang nagpapagana sa gayang replikasyon? Hindi masabi ng siyensiya. Nakapasok sa sarili nitong kabulagan, ito ay nakapaggumon sa mga tao pababa tungo sa may pagkamateryal na kabulagan na kasama nito.

At ngayon – ang unang nabubuhay na selyula ay nagtatamasa ng hindi nahahating pansin ng sinuman na may kaseryosohang naghahanap ng ispiritwal na dimensiyon at ang **'Pangunahing bukal ng Pagiging naririto'** – dahil ang unang nabubuhay na molekulo at ang unang nabubuhay na selyula ay ang pinaka unang ebidensiya ng ilang **matalinong aktibidad** na nasa loob ng 'bagay' – sa loob ng sansinukob.

Ang pinakapangunahing katangian na nagpapakita ng pandamdam at kahandaan ay ang tungkulin ng membran na bumabalot sa selyula, na nagbibigay dito ng proteksiyon at pagkaindibidwal. Pag-isipan itong 'mahiwagang' kaganapan.

Ang selyula ay kumukuhang papasok, mula sa kapaligiran, ng *pinili* lamang na pampalusog sa pamamagitan ng membran.

Hindi lamang na ang selyula ay kumakabig paloob ng *tamang* nutrisyon kundi – kapag nagamit ang nutrisyon, ang selyula ay maglalabas din ng dumi sa pamamagitan ng nalulusutang membran.

Inyong dapat na tanungin ang inyong sarili paano ang 'may kapuruhang pisikal' na membran ng selyula, hindi nakikita ng inyong mata, ay *'makakilala at makapili'* ng tamang pagkain upang pag-ibayuhin ang kalagayan nito at gumamit ng sapat na pang-unawa upang alisin sa sarili nito ang hindi kailangang nakalalasong bagay?

Hindi baga ninyo nakikita ang mataas na antas ng **pagka may layunin** sa loob ng gawaing ito at inyo bagang mapaniniwalaan na ang kagayang pagka may layunin ay hindi inaasahan?

At ay hindi ang **LAYUNIN** ang pinaka palatandaan ng **Katalinuhan?**

Hindi lamang ito, ang membran ng selyula ay nagpapatuloy upang gawin ang trabahong ito ng pagpili ng nutrisyon at pagtatapon ng dumi sa bilyun bilyong magkakaibang mga pangyayari at mga kondisyon na nauukol sa pagkabuhay sa loob ng magkakaibang mga angkan at magkakaibang mga kapaligiran. Hindi baga ito ay ebidensiya ng **PAGKA MAY LAYUNIN** na nakahayag sa loob ng bawat isang pagkilos ng bawat isang uri maging ito ay mga insekto, mga halaman, mga reptilya, mga ibon, mga hayop at mga tao?

Hindi ninyo baga maisalarawan ang sansinukob bilang ang palagian at hindi nagbabagong **PINTIG** ng **PAGKA MAY LAYUNIN** na ginawang nakikita sa loob ng dimensiyon ng namamasdang 'bagay'?

Ang ispirito baga ng **PAGKA MAY LAYUNIN** ay isang pisikal na elemento – o isang 'kamalayan'?

At kapag inyong matatanggap na ang **PAGKA MAY LAYUNIN** ay hindi maikakailang mapanlikhang pintig sa

likod ng **PAGIGING NARIRITO**, kaya kayo ay makakikilos tungo sa sunod na pananaw ng inyong sansinukob bilang nakikitang manipestasyon ng **'MATALINONG PAGTATANTYA ng dahilan at epekto'** na may kaliwanagang namamasdan sa nabubuhay na 'bagay.' Dahil – kung ang nabubuhay na selyula ay makapipili ng tamang nutrisyon **at ay nagtatalaga din para sa pag-aalis ng nakalalasong dumi** - itong simpleng aktibidad ay nagpapakita ng kaalaman ng pangangailangan para sa pagtunaw at nakikita rin ang resultang pamumuo ng nakalalasong dumi, - at ang pangangailangan na alisin ang kagayang dumi upang masiguro ang patuloy na kalusugan ng selyula. Hindi baga ito ay malinaw na indikasyon ng **MATALINONG PAGTANTYA ng 'Dahilan at Epekto'?**

Dagdag pa – ang Siyensiya ay nagsasabi na ang selyula ay nagtataglay ng 'nukleyus' na maitutulad sa utak ng tao dahil ito ay nagpapadala ng mga mensahe at ang pinakaimportanteng tungkulin nito ay ang imbakan ng impormasyon, ang 'aklatan' na naglalaman hindi lamang ng mga detalye na nauukol sa isang selyula kundi sa buong katawan kung saan ito ay nakatira!

Sa totoo lamang, sa pag-iimbestiga ng siyensiya, ito ay lumalabas na ang selyula sa sarili nito ay isang sistema ng mga kemikong mga 'mensahe' na isinagawa sa may layunin, matalino at nauunawaang paraan. Paano ito mangyayari kung ang mga ***pinagmulan*** ng mga molekulo ng selyula ay walang buhay na mga elemento ng kemika lamang? Inyo bagang malalabanan na sa likod ng bawat 'magdadala na may mensahe upang magbigay alam' ay mayroong matalinong pag-iisip o kamalayan? At tingnan gaano katama ang mga mensahe na nalipat mula sa selyula patungo sa selyula upang masiguro ang tumpak na replikasyon ng tiyak na mga uri milyong mga taon na?

Sa anong punto sa paglikha, ang 'kamalayan' ay kumibo tungo sa nabubuhay na organismo? At paano ang matalinong pag-iisip na nagtitimbang at nagpapasya ay dumating tungo sa lugar ng walang muwang na walang buhay na bagay?

Kung walang taglay na kamalayan, paano ang marami ng alam at nagbibigay alam na aktibidad ay nangyayari sa selyula na hindi nakikita ng nabubuhay na mata? Hindi baga ang kagayang gawain ay ***produkto*** ng ***kamalayan/pagkakaalam, nagpapatunay ng presensiya ng 'matalinong' buhay sa pinakamaliit na payak na katangian?***

Dagdag pa, ang isang nabubuhay na selyula, sa anyo ng bakterya, ay nakakikilos sa sarili nito at nabubuhay sa sarili nitong espesyal, may kalimitang nag-iistimulang buhay sa loob ng kapaligiran – o – kagaya ng bayrus na gumagawa ng nakamamatay na espesyal nitong gawain ng pag-atake sa tiyak na pinunpuntirya sa loob ng nabubuhay na organismo. Sa kabilang banda, ang selyula ay maaaring nakatimo sa loob ng isang organismo, na nagsasakatuparan ng may kataasang importanteng gawain nito ng pagbubuo at pagmamantini ng ilang bahagi ng organismo. Ang kagayang trabaho ay lumilikha ng 'nabubuhay na materyal' na eksaktong angkop – at *kinakailangan* – sa nabubuhay na bahagi ng katawan kung saan ito ay nagtatrabaho – maging ito ay parte ng pantaong katawan o ng buhay ng hayop, o halaman, - kagaya ng mga daliri sa paa ng tao at pali, o suson sa balat ng hayop at mga pangil, o mga kaliskis ng isda at mga balahibo ng mga ibon, o sanga ng puno at ang balat ng mga sanga, o ang mga petal at tangkay ng mga bulaklak, o sungot ng mga paru paro at ang kanilang mga maninipis na pakpak, ang reptilyang balat ng mga buwaya at kanilang ngipin, ang mga mata ng pusit at ang kanilang mga balat na nakapagpapalit ng kulay batay sa pangangailangan ng pagbabagong anyo. Ang bawat isa dito na may kakumpletuhang nagkakaiba at tila hindi magkakaugnay na pisikal na kaganapan ay nalikha ng indibidwal, espesyal na gawain ng mga bilyon at mga bilyong at mga bilyon ng magkakaparehong mga selyula.

Sa pagdidili dili sa laki ng sakop at pagkakaiba ng gawain na nagampanan ng simpleng nabubuhay na

selyula na hindi nakikita ng hubad na mata- kayo baga ay makapaniniwala sa mekanistikong sansinukob? Ito ay magiging posible na gawin, kung ang 'bagay' na nalikha ng kagayang mga selyula, ay walang lohiko, naghahandog ng hindi katanggap tanggap na layunin sa likod o dahilan para sa pagiging naririto nito - na walang personal na kamalayan.

Ngunit ito ay hindi ganoon. Itong mga *magkakatulad* na nabubuhay na mga selyula ay nagtatrabahong magkakasama sa harmoniya sa loob ng tao o halimaw, **upang gumawa ng atay** na mayroong maraming mga tungkulin sa loob ng katawan, **upang lumikha ng puno ng detalyeng komplikadong mata** na mayroong kaniyang sadyang mga layunin ng paglalagay sa lalang tungo sa direkta at matalinong paghipo sa kapaligiran nito, isinasama ang tulong ng utak, **o ng malakas na mga buto** nang hayagan at detalyadong dinisenyo sa pakikipagtulungan ng mga tendon at mga muskulo, upang makiisa sa iba sa kagayang maayos na mga paraan upang mabigyan ng kakayahang buo at pleksibleng pagkilos ng nilalang.

Dagdag pa, ang mga selyula ay hindi nanghihimasok sa gawain ng bawat isa.

Kapag lumilikha ng bato, hindi nito biglang ginagawa ang taynga.

Kapag lumilikha ng buhok, hindi nito biglang ilulunsad ang paggawa ng balat. Hindi, ang mga selyula ang lumilikha ng anit at ang pareho ding mga selyula ang lumilikha ng buhok. Ang pagkakaiba nga lamang sa pagitan ng balat at mga selyula ng buhok ay ang trabaho na ginagawa ng mga ito, sa bawat segundo, sa buong buhay. Bakit?

Ano ang 'Nag-uudyok at Salik na Nagbibigay ng Inspirasyon'? Aksidente?

Anong namamahalang **katalinuhan** ang nagtalaga ng buong proseso ng paglikha sa pagkilos mula sa pinaka pundamental na antas ng pagkakabuo ng simpleng mga elemento mula sa malayang elektrikong mga partikulo sa loob ng 'espasyo,'

ang pagsasama ng mga elemento upang bumuo ng mga kemika,

ang tamang kombinasyon ng tiyak na mga kemika upang bumuo ng nabubuhay na molekulo,

ang tamang pagkakabuklod ng nabubuhay na mga molekulo upang gumawa ng nabubuhay na selyula na makakukuha paloob ng nutrisyon,

magtapon ng dumi, bumuo batay sa malinaw na mga pamantayan, kumilos, at **magpanatili** dito

sa malaking istruktura ng paglikha nang palagian sa buong bilyong mga taon?

Hindi lamang ito, ngunit ano itong **'Pwersang Nag-uudyok'** na nagdisenyo at matagumpay na nalinang sa loob ng nabubuhay na mga sistema at mga nilalang, mga bilyon at mga bilyong iba't ibang mga paraan upang magpahinog sa mga binhi ng bawat uri – maging sa mga halaman, mga insekto, mga reptilya, mga ibon, mga hayop o mga tao, umiinog para sa bawat matalinong sistema ng paglalang na angkop sa pangklimang mga kalagayan, ang pagkakaroon ng kagubatan sa kapaligiran, upang masiguro ang pagkabuhay?

Hindi baga **ang PAGKABUHAY ay ebidensiya din ng matalinong puno ng layuning aktibidad?**

At habang naisakatuparan itong malaking tagumpay ng pagkamalikhain, hindi baga ninyo itatanong paano ito na ang bawat nabubuhay na mga uri ay mayroong kaniyang sariling pang-indibidwal na paraan ng pagpapalaki ng kanilang anak at pangangalaga dito hanggang sa posible hanggang sa ang musmos ay may kakayahan nang **MABUHAY** sa kaniyang sarili? Hindi baga ito ay **PAGMAMAHAL PARA SA PAGLIKHA** na aktibo sa pinakamataas na anyo nito?

Hindi kayo makapagpapatuloy mula dito sa pagsusuri ng kung ano ang pantaong katalinuhan ay makapagsasabi tungkol sa mga pinagmulan ng buhay at pagkamalikhain, na hindi mababanggit ang **'lahat ng mahalagang molekulong DNA**' – na sinabing ang nagdadala ng 'plano' para sa buong organismo –

halaman o sanggol. Dagdag pa, ang mga molekulong ito ng DNA ay nagbibigay ng mga tagubilin sa mga selyula, nagsasabi sa kanila na bumuo batay sa mga kromosom na idiniposito sa pamamagitan ng binhi.

Oo, talagang, sa tayo ng **Katalinuhan** – ang siyensiya ay nagbigay sa inyo ng **molekulong DNA** bilang inyong pinagmumulan ng pagiging naririto, ang inyong supremong pinuno, ang inyong direktor ng paglikha na ang materyalistiko, mga mahinang selyula, ang buong paglikha ay dapat dumipende para sa pagkabuhay nito. Tingnan ang maluwalhating **DNA – ang Diyos ng inyong paglikha!**

Mula saan ang mga selyulang DNA ay kumuha ng **matalinong naggagabay na mga kapangyarihan** nito**?** Ang siyensiya ay medyo busog na ngayon dahil nagawa nitong maipaliwanag nang may kakontentuhan kung bakit ang maraming mga grupo ng bawat uri ay nagrereplika sa kanilang mga sarili na may katumpakan at palagian. **Ang siyensiya ay gusto kayong papaniwalain na nabubuhay kayo sa may kapuruhang mekanistikong sansinukob; na ang penomena ng ebolusyon ay nanggagaling mula sa pagkakataon ng mga mutasyon at ang 'pagkabuhay ng pinakaangkop.'**

Kung pag-aaralan ninyo ang iba't ibang mga organismo ng paglikha, ang marami at magkakaibang mga aktibidad ng magkaka-ugnay na mga uri, kayo baga ay tunay na makapaniniwala sa kagayang hindi nararapat na materyalistikong konsepto?

Ito ay hindi lamang nagkataon na, ngayon, upang matuklasan ninyo ang malawak na **Katalinuhan** sa likod ng paggawa, kayo ay mayroong maraming mapanlikhang mga tao na pumalaot sa mahirap na paglalayag upang magsaliksik, magtukoy at kumuha ng larawan ng mga tirahan at gawi ng ligaw na mga nilalang at mga halaman. Kayo ay inaliw – at tinuruan – sa pamamagitan ng pista ng mga katunayan at mga larawan ng mga **kahangahanga** ng inyong sansinukob.

Sa aking panahon sa lupa, wala akong kagayang mga hiwaga upang maging batayan upang magturo sa mga Hudyo ng pangkalahatang **Katotohanan ng Pagiging naririto** . Mayroon lamang akong mga alagang hayop at mga ibon upang gamitin bilang mga halimbawa ng kahanga hangang pagiging mapanuklas at katalinuhan at ang **pagkakaalam** na nasisilayan sa bawat nabubuhay na bagay. Walang nasulat kahit saan sa mga ebanghelyo na ako ay nagpatungkol sa Mataas at Makapangyarihang Yehobah bilang Manlilikha na kagaya ng kinaugalian ng Hudyong mga pinuno.

Hindi, ako ay tumungo sa mga baryo,ang mga bulaklak at mga ibon at sinubukan na ipakita sa aking mga kababayan na sila ay napalilibutan ng kahanga hanga at mahiwagang paglikha. Dalawang libong taon ang nakalipas sa inyong dimensiyon, wala kami noon ng inyong modernong pangsiyensiyang mga pundasyon upang may katalinuhang makapagmatyag at maipaliwanag ang gawain ng kung ano ang tinuran kong ang **'Ama'** na nasa lahat ng lugar sa palibot nila.

Upang matuklasan ang inyong tunay na **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** , hinihingi ko na kayo ay mag-ipon ng mga hindi maisip at hindi maipaliwanag na di kapayakan at pagka iba't iba ng may layuning gawain na pangkaraniwang nakikita sa mga pengwin at mga baboy.

Maaari bagang iriplika ng pantaong isip ang anuman sa pinaka basiko ng mga gawain na nasa loob – sabihin na natin- ang sistema sa pagtunaw ng pagkain, na mabilis na tumatawag sa mga kailangang mga ensaym at hormon na kailangan sa pagtunaw.

Paano mahamon ang limitadong isip, na walang kakayahan sa pagkaunawang may kaliwanagan sa tunay na mapanlikhang proseso na pinamamahalaan ng kaakibat na karunungan, ay magpalagay upang maglahad nang maliwanag, lumalaban sa pagkontra, - na nauunawaan nito ang tunay na mga pinagmulan ng paglikha at ang mga pwersa kung saan kumuha ng anyo ang paglikha?

Anong kaarogantihan! Ang mga taong ito ay makapag-iisip lamang batay sa kung ano ang nakikita ng

kanilang mata.

Aking nakikita ang pangkasalukuyang pangsiyensiyang pagkawalang muwang na mayroong pagkaawa, antas ng pagtataka, at ang malaking sa lahat ay nagkukonsumong paghahangad upang tundusin ang kanilang dangal. Dahil, hanggang may isa na makapasok sa kanilang pangsariling kakontentuhan at posiyon ng walang kamalian, ang tunay na pagsasanib ng Walang katapusang Katotohanan at pantaong siyentipikong karunungan ay hindi mangyayari. Ngunit ito *dapat ay mangyari* kung hindi ang pantaong ispiritwal na ebolusyon ay mananatili na nakahinto.

Ang pang siyensiyang isip ay lubos na puno ng 'may hangganang' ginawang mga kwento sa aklat, tinanggap na mga pormula at mga pagpapantay, at ang pangangailangan para sa pagsang-ayon ng kanilang mga kasamahan, upang pahintulutan ang mistikal na pagpasok ng Mas Mataas na mga Katalinuhan.

Sa ganang akin, hinihiling ko sa mga mambabasa ng mga **Liham** na ito, na bumuo ng mga samahan upang humamon sa Siyensiya at magtanong 'sa anong punto sa ebolusyon ng 'materyal' na mundo' ay ang **KAMALAYAN** ay unang nauunawaan?

Aking inuulit at pinahahalagahan ang aking sinasabi: Tanungin ang siyentipiko kung saang punto ng ebolusyon ng mundo ang 'kamalayan' ay unang nauunawaan. Sa nabubuhay na selyula? Kung sa nabubuhay na selyula, tanungin kung ito ay nauunawaan sa nabubuhay na mga molekulo na pinagsama upang gumawa ng selyula at bumalot sa sarili nito sa kagayang may katalinuhang dinisenyong membran, na nagpapahintulot sa pagpasok ng piniling pagkain at paglalabas ng nakalalasong dumi? Paano nito nakikilala ang nakalalasong dumi? At kapag ito ay tatanggapin na ang kamalayan ay maaaring naroon sa nabubuhay na mga molekulo, hindi baga ninyo itatanong kung ang kemikong mga katangian na naging ang nabubuhay na molekulo ay maaaring sa sarili ng mga ito ay nagtaglay ng 'kamalayan' na sa katapusan ay nag-utos at nagpasigla sa mga ito tungo sa nagbibigay ng buhay na kombinasyon upang gumawa ng molekulo? At habang bumalik na nang gayong kalayo tungo sa mga pinagmulan ng pagiging naririto – ang kemikong mga katangian – kayo ay dapat na magtanong pa rin bakit ang 'kamalayan' ay magiging ang nabubuhay lamang na presensiya sa loob ng mga kemika – bakit hindi sa loob ng mga elemento kung alin ang pagkaindibidwal ay unang nangyari, at kung sa mga elemento bakit ito ay ikakaila na ang 'kamalayan' ang nagpapagana sa elektrikong mga partikulo upang bumuo ng mga elemento? Ito baga ay makatwiran na ikaila ang kagayang posibilidad?

At sa pagkakaabot sa kagayang posibilidad, hindi baga kayo mas lalayo pa at magtatanong mula saan galing ang elektromagnetismo? **Ano ang 'katunayan' ng elektrisidad na higit pa sa mga hibla ng mahigpit na liwanag na ngayon ay isinalarawan ng siyensiya bilang mga photon at elektron?**

At ano ang 'katunayan' ng magnetismo na higit pa sa dalawang tuping mga enerhiya ng 'pagsasama at paghihiwalay' – enerhiyang mga pintig na nagdala ng kapanatagan at kaayusan tungo sa kaguluhan?

Tanungin ang siyensiya: "Mula saan galing ang elektromagnetismo na responsable para sa pinaka basikong mga hakbang sa paglikha ng magkasunod at may kaayusang sansinukob na may hindi mapag-isipang di pangkaraniwan at kaibahan?

Akin ngayong susubukang ilagay sa inyong mga salita **IYONG ALIN** na lampas sa lahat ng mga salita at kasalukuyan ay lampas sa lahat ng 'indibidwalisadong panlupang pagkakaunawa.' Samakatuwid, ang talino, kahit na ito ay tumutulong sa utak upang umunawa, sa paraang intelektwal, ang ispiritwal na mga katunayan na inilalagay ko sa harap ninyo, ito ay lumilikha din ng hadlang tungo sa tunay na ispiritwal na pananaw at

karanasan.

Dahil dito, ipalagay na ang sumusunod na mga batayan para sa ***PANGKATAPUSANG PANGKALAHATANG DIMENSIYON*** bilang ang tanging mga pamantayan - mga ideya, 'aninong kamalayang mga anyo' n***g KATUNAYAN*** sa likod at sa loob ng inyong sansinukob. ((Kuhanin ang bawat IDEYA- isa isa – sa pagmemeditasyon))

Kung ano ang akin ngayong ipaliliwanag ay ganap na nasa loob at ang KAMALAYAN na walang mga pamantayan at mga hangganan. Kung kayo ay may kaganapang *ispiritwal* na nalinang upang sundan ako doon, lampas sa mga salita, kayo ay magsisimulang makaunawa sa *'paraang ispiritwal'* ng lahat na aking sinusubukang sabihin sa inyo. Ang mga salita ay gagabay sa inyo tungo – at pagkatapos ay magbubukas sa bagong mga 'tanawin ng pagiging' para sa inyo.

Magtiyaga! Ang **LIWANAG** ay dahan dahang, maaaring sa paraang hindi maunawaan, ay pumasok sa inyong isipan at kayo ay magkaroon ng maliit na mga pagsabog ng pahimakas.

Marami ang nakaranas ng maliit na 'pagsabog ng pahimakas,' maikling panahon na naramdaman ang paghipo ng 'Banal na Kamalayan' at pagkatapos, nahihirapang humamon na magpatuloy upang maniwala sa kagayang lampasang sandali ng pagkakaalam, ay nagsimula na magtanong, mag-alinlangan at sa bandang huli ay iwaksi ang maliit na daloy ng 'Banal na Kamalayan.' Mag-ingat na hindi ninyo gawin ito. Ang hindi paniniwala ay magdadala sa inyo pabalik, huhuli sa inyo sa materyal na dimensiyon ng pagiging naririto na higit pa sa inyong malalaman.

Anuman ang nabigay sa inyo at inyong nakakayang tanggapin – humawak kayo dito nang maigting at huwag mag-alinlangan.

Ang pagdududa ay sumisira sa banayad na paglago dahil ito ay lumilikha ng sarili nitong 'kamalayang mga anyo' na magsusupil at maging mag-aalis ng pahimakas na inyo nang nakamit noon.

***Samakatuwid, ang inyong pagpili ng iniisip, -* paniniwala o kawalan ng paniniwala *, pag-aalinlangan o pananalig, ang siyang bumubuo o sumisira ng inyong paglago sa inyong paghahanap ng* KATOTOHANAN.**

Anumang pagtanggi ay bumubura mula sa inyong kamalayan ng progreso na nagawa na noong nakalipas. At saka, pag taas na kayo ay umaangat sa ispiritwal na katotohanan, ay pag mas nagiging makapangyarihan ang inyong mga iniisip.

Kaya, lumikha at manangan sa inyong pansariling ispiritwal na pwersa at hayaan na walang iba ang manghimasok at pababain ang pwersang iyon. Humawak nang maigting sa inyong dating mga pananaw. Sa oras ng pag-aalinlangan, maglakbay kasama ng mga positibong iniisip, gumagamit ng mga nakapagpapaliwanag na mga pagkompirma, kumakapit sa mas naunang may inspirasyong paggabay kapag ang inyong kamalayang mga alon ng baybrasyon ay mas mataas. Sa pamamagitan ng paggamit ng kapangyarihan ng inyong kalooban, pagpili ng mga pagkompirma na naglalaman ng 'ginintuang mga tumpok' ng ispiritwal na Katotohanan, magbalik dito sa mas mataas na antas ng kamalayan muli at muli. Huwag, dahil sa mental na katamaran, ay buong sumuko sa paghupa at daloy ng ispiritwal na kamalayang mga enerhiya at maging ispiritwal na 'naninimbang.'

Hindi ko mabibigyan ng diin ang panganib na ito ng paghadlang sa sarili nang may sapat na kalakasan. Maging aktibong nakababatid nito.

Kung mayroon kayong nalalamang anuman sa mga tala ng aking buhay sa Palestina, inyong matatandaan na, ako din, ay nagdusa ng penomena ng paghupa at agos ng ispiritwal na kamalayan at natagpuan na ito ay

kinakailangan na pumunta ako sa mga burol upang manalangin at magmeditasyon at muling magpanibago sa aking ispiritwal na kalakasan.

Kaya, unawain ang inyong mga panahon ng 'tagtuyot,' ngunit huwag bibigay sa mga ito sa pamamagitan ng paghahangad sa paraang hindi aktibo sa hindi karapat dapat na pagbabago sa inyong mga pag-uugali at mental/emosyonal na mga modelo. Habang kayo ay may konsiyensiyang kumukuha mula sa inyong **Pinagmumulan ng Pagiging** para sa bagong lakas at ang pagtaas ng inyong kamalayang mga alon, ay kagaya din na ang mga negatibong mga panahong ito ay lubhang mapabababa sa lakas at haba.

Inuulit ko, sa lahat ng mga panahon mag-ingat paano ninyo ginagamit ang inyong mga isipan! Hayaang ang inyong mental na aktibidad ay laging nagtatayo na ito ay makapagdagdag sa inyong pansariling ispiritwal na paglago sa halip na palagiang hadlang dito.

****

Habang nasabi na ang lahat ng nasa itaas at nagpatuloy upang idikta ang nalalabi sa **Liham, ang tagapagtala ng aking mga salita,** ay nagsimulang magtanong sa maaaring pampublikong pagtanggap sa **Liham** na ito, dahil ito ay tila sa kaniya ay lubhang pragmatiko upang makakuha ng pansin ng tao na nasanay sa paglalarawan ng ilang kahanga hangang Kapangyarihan o Lalang o 'Lubusang Iba' na nagbigay silang sa sansinukob.

Talaga, ako ay gumawa ng maraming mga pagsisikap upang isalarawan ang kalakihan ng Kapangyarihan mula sa kung sa alin ang lahat ng mga bagay ay dumating subalit kagaya ng aking nasabi na, ito ay hindi maaari para sa akin na maglarawan sa pantaong mga terminolohiya ng ***Katunayan*** ng **PINAGMUMULAN ng inyong PAGIGING LALANG.**

Iyong nalinang na mga kaluluwa sa paraang ispiritwal na magaang napasok ng Banal na Kamalayan ay nag-uulat na ang karanasan ay ganap na maganda at maluwalhati at buong hindi malilimutan, - subalit hindi pa rin lubos na maisalarawan sa pantaong mga terminolohiya. Itong mistikong karanasang ito ay posible kapag ang mga alon ng baybrasyon ng isip ay nataas na at ang buong kamalayan ay napasok ng mga sinag ng Banal na Kamalayan. Ito ay ang kalagayan na kinasasangkutan ng mga 'pakiramdam' na higit pa sa talino at mga selyula ng utak.

Sa kasong ito, kung saan ako ay dapat na *magpasok* sa isipan at mga selyula ng utak ng aking tagapagtala ng pagsasalarawan ng ***Katunayan*** ng inyong **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** at siya ay dapat na magpaliwanag sa mga salita, Ako ay kailangan na mag-ingat na hindi makialam nang buong pwersa sa mga alon ng mga baybrasyon ng kamalayan sa kung alin ang mga selyula ng utak ng aking tagapagtala ay gumagawa. Mayroong mga panahon na ito ay mapanganib upang magpatuloy nang mas malayo pa at ako ay nagpahinto sa paggana ng kaniyang kompyuter upang maputol ang ugnayan.

Bago kayo magsimula upang mag-aral, magmeditasyon at unawain ang sumusunod na mga pahina, gusto ko na gawing ito ay maliwanag sa lahat na bumabasa ng mga Liham na ito na ang aking layunin sa pagdating sa pamamagitan ng mga ito ay una at pinaka ay upang alisin ang mga mito na pumalibot sa aking pantaong persona at mga turo. Ito ay aking hangarin na ang relihiyosong dogma at mga doktrina sa bandang huli ay mamatay sa likas na kamatayan, sa buong mundo, - na kagayang kumpletu ang kamatayan gaya ng hayop na mga sakripisyo sa Templo ni Solomon.

Pangalawa, ako rin ay dumating upang tulungan ang mga simbahan na pakawalan na ang kanilang mga patungkol sa 'Diyos' at 'kasalanan.' Walang totoong ispiritwal na paglago ang maaari hanggang ang pagsisimula ng maliwanag na pagkakapangyari na ang bawat tao ay responsable para sa paraan na ang kaniyang buhay ay umiinog.

Pangatlo, ako ay dumating upang alisin mula sa inyong mga isipan ang mga larawan ng 'Makapangyarihang Diyos' na kahangahanga at maningning at hindi limitado aktibong kapangyarihan, na nagpapabuya sa mga matutuwid at nagpaparusa sa mga 'masasama.' Ang mga paniniwalang ito ay ganap na mali- bagaman at nang- aaliw.

Pang-apat, aking ipinapaliwanag ang Katotohanan ng Pagiging Lalang para sa inyo, upang sa bandang huli ay maalis ang lumang konsepto ng 'Diyos' na nakaupo sa itaas saan man sa langit na Siya ay sinasabi na lumikha ng mundo at lahat na narito sa may kaikliang panahon.

Panglima, ako ay dumating nang hayagan upang tulungan ang siyensiya na lagyan ng tulay ang gulpo sa pagitan ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN at ang paglitaw ng mga elektrikong partikulo. Kung wala ang tulay na ito sa pagitan ng Hindi nakikitang Ispiritwal na Dimensiyon at ang Nakikitang mundo ng 'bagay, ang siyensiya ay mananatiling nakaugat sa mga matatandang ideya at mga konsepto sa halip na kumilos paunahan tungo sa bagong mga dimensiyon ng ispiritwal/siyentipikong pananaliksik para sa ikabubuti ng tao.

Ako din ay dumating upang ipakita sa inyo ang TUNAY NA LIKAS ng…. ***'IYONG'….ALING NAGDALA SA INYO TUNGO SA PAGIGING LALANG*** **– nagbigay sa inyo ng** ***INDIBIDWALIDAD. Dahil, kung wala ang karununganag ito, na maghahayag sa inyo ng 'likas' ng inyong 'dalawahang, ngunit buong magka-ugnay na pagiging,' Ispirito at katawan, kayo din ay mananatiling nakaugat sa parehong antas ng kamalayan na kagaya ng sa inyo sa sandaling ito.***

Gusto kong gawin itong maliwanag na nahahayag na:

'Wala na nanggaling mula sa Wala.'

Ito ay bantog na kasabihan sa inyo, at isang ganap na totoo.

Ngunit, mayroong walang katapusan, walang hangganan, palagiang PUNDASYON ng PAGKA PAGIGING LALANG – at ITO ay Aking ihahayag sa inyo.

Hindi kayo 'nalikha' – kayo ay kumuha ng inyong 'pagiging lalang' mula **DITO.**

Maliwanag, hindi kayo maaaring nanggaling mula sa isang bagay na ganap na iba sa inyong pansariling kamalayan. Ako ay humihiling sa aking tagapagtala upang pumili ng mga ordinaryong nauunawaang mga halimbawa:

Hindi kayo makakukuha ng pangpuno para sa minasang harina mula sa malaking sisidlan ng sirup at matuklasan na ang mga ito ay maliliit na hiniwang karne.

Hindi kayo makapagpipiga ng sitrus at makagawa ng luyang serbesa mula sa katas.

Hindi ninyo mapupunan ng hangin ang lobo, paputukin ito at matagpuan itong tumatagas na haleya.

Ang mga nasa itaas na mga halimbawa na pinili ng aking tagapagtala ay mga halimbawa ng lohiko.

Gusto kong maunawaan ninyo na ang inyong buong sansinukob ay manipestasyon ng lohiko at palagiang lohikal na mga epekto na nanggagaling mula sa kaugnay na dahilan.

Ang inyong sansinukob ay DAHILAN at EPEKTO na ginawang nakikita.

Ito ay ang hindi nagbabagong prinsipyo ng pagiging naririto. Kung mayroong mga pagkakataon ng mga pagkakaiba kagaya ng paranormal na mga karanasan o biglang mga paggaling, ang pangkaraniwang tao ay mapapasigaw sa pagkabigla at ang siyensiya ay tumututol upang maniwala na ang kagayang bagay ay maaaring mangyari. Habang ang aking pagpapaliwanag ay lumalalim, inyong sa dakong huli ay mauunawaan paano ang kagayang mga pagkakaiba ay nangyayari- sa paraang lohikal at sa kadahilanan. Sa ibang mga salita, ang mga pagkakaibang ito ay nangyayari batay sa likas na mga batas ispiritwal at laging naglilingkod sa kinakailangang layunin. Wala kahit

saan na mayroong kawalan ng pag-iisip sa paglikha – kahit na ang langgam o ang lamok maliban na ang isip ng nilalang ay isinilang na may depekto o ay nasira.

Samakatuwid ito ay maliwanag, kayo ay nabubuhay at kumikilos sa pisikal na sansinukob na naghahayag ng pinakamataas na antas ng katalinuhan at pagkamaylayuning aktibidad sa loob ng paglikha ng 'bagay' sa sarili nito, sa pisikal na mga katawan ng lahat ng indibidwal na mga nilalang mula sa mga halaman hanggang sa mga tao. Sa hindi inaasahang pangyayari, itong mataas na antas na ito ng

KATALINUHAN at PAGKA MAY LAYUNING PANGANGALAGA ay kakaunti lamang sa kamalayan na nahahayag sa pamamagitan ng **nalikhang mga lalang sa sarili nito mula sa mga halaman hanggang sa mga tao.**

Sa ibang mga salita, ang MGA KATAWAN kung sa alin ay tinutupad ninyo ang inyong mga pamumuhay, sa kung sa alin ay nag-iisip kayo at dumarama at gumagawa ng anumang dumating sa isip, mamasdan sa pisikal na mga bahagi ng katawan nito at nagtatrabahong mga parte ng napakataas na kaayusan ng katalinuhan at mapagmahal na layunin kaysa sa ginagawa ng inyong pantaong kamalayan.

Ang pantaong mga naisin ay kalimitang nababalot ng mga problema ng pansariling pang-araw- araw na pagkabuhay, kaligayahan ng mga kaaliwan, at emosyonal/pisikal na kakontentuhan.

Upang makamtan ang mga layuning ito, ang karamihan ng mga tao ay gumagamit lamang ng mga bagay na ginawa mula sa 'bagay.' Kahit na ang mga isipan ng mga siyentipiko ay hindi ganap na makapagsabi sa natatagong mga sekreto ng panlupang pagiging naririto at sa kabila ng lahat ng pangsiyensiyang kahusayan ay kagayang nakasubsob sa nagbabagong mga kapalaran ng pagiging naririto na kagaya noong walang pinag-aralan.

Samakatuwid ito ay isang lohikal na konklusyon na ***'IYON'*** mula sa kung alin ay ***nakuha*** ninyo ang inyong pisikal na pagiging lalang, ay isang **KALAKIHAN, - hindi lamang sa sukat, kundi sa KALAKIHAN ng KAPANGYARIHAN NG KALOOBAN: ang PAGHAHANGAD para sa pagpapahayag ng sarili at pagkamalikhain.**

Ilagay ninyo sa inyong paningin pansumandali, - ang laki ng materyal na sansinukob, ang A AW at ang init nito, ang Buwan, ang mundong planeta at solar na sistema, ang mga galaksi ng mga tala, at ang katunayan na ang lahat ng nakikitang materyal ay lubusang buong dumidepende at ay nakasalalay din sa pagkilos ng mga grupo ng planeta at ay apektado din ng Pangkalahatang mga Batas ng palagiang tungkulin at pagkilos.

Itong malaking sansinukob ay mayroong mga pinagmulan nito na nasa loob– at ay iginuhit mula sa - ang **PUNDASYON ng inyong PAGIGING LALANG –** at ang kabuuan ng **PWERSA ng BUHAY/ENERHIYA** sa sansinukob ay nakuha rin mula sa katulad na **PUNDASYON ng PAGIGING LALANG.**

Kaya, huwag madismaya, kung, sa aking pagsisikap upang suriin para sa inyo ang **ISPIRITWAL NA MGA BAHAGI ng INYONG PINAGMULAN NG PAGIGING LALANG,** inyong matagpuan na nauunawaan ninyo kung ano ang mga komponenteng ito, sa pinaka, napaka, napaka limitadong hangganan, na nagtataglay ng parehong ispiritwal na mga bahagi ng kamalayan ng inyong sarili.

Inyong nakuha ang lahat ng kung sino kayo – sa ispiritwal, sa paraang mental, sa emosyonal, sa pisikal na paraan, mula sa inyong **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG.**

Bago ko ipaliwanag sa inyo kung paano ito mangyayari, gusto ko na kuhanin ninyo ang ilang tiyak na mga hakbang upang tulungan ang inyong mga isipan na makakuha ng kalakihan ng…. **'IYONG'….**mula sa kung alin ay inyong nakuha ang inyong pagiging lalang.

Pagkatapos na mabasa ninyo ang sunod na mga pahina hanggang sa huli ng aking **Liham,** kuhanin ang

bawat isang talata nang isahan tungo sa meditasyon at biswalisasyon, dahil dito lamang sa paraang ito ang mga 'salita' ay magsisimula sa pagkakapangyari at kukuha ng ***ispiritwal na katunayan*** sa **tunay na kahulugan** ng mga ito.

LAHAT(ispiritwal,hindi nakikita/nakikita/inisip) ay KAMALAYAN/PAGKAKAALAM
Ang pangunahing komprehensibong likas ng KAMALAYAN ay PAGKAKAALAM.
Ito ay hindi maaari na magkaroon ng kamalayan na hindi nagtataglay ng pagkakaalam.
Lahat ng inyong nakikita, lahat ng inyong nahihipo, naririnig, nararamdaman, nalalaman ay KAMALAYAN/PAGKAKAALAM
na ginawang namamasdan

Wala dito sa sansinukob na <u>hindi</u> KAMALAYAN na ginawang <u>namamasdan.</u>

Ang KAMALAYAN/PAGKAKAALAM ay walang hangganan at walang katapusan

Mayroong DALAWANG DIMENSIYON ng KAMALAYAN na parehong *lampas at nasa loob* ng inyong sariling panlupang dimensiyon ng pagiging naririto – ang dimensiyon ng mabigat na'bagay','solidong anyo.'

Ang KATAPUSANG *PANGKALAHATANG* DIMENSIYON ng KAMALAYAN/PAGKAKAALAM
ay hindi lubusan o tunay na malalaman ng indibidwalisadong ispirito.
ITO AY HINDI MAPAPASOK. ITO AY NASA PAGKAKAPANTAY
ITO ay ang *TANGING PINANGGAGALINGAN* ng lahat *ng KAPANGYARIHAN, KARUNUNGAN, PAG-IBIG, KATALINUHAN.:*

Ang PANGKALAHATANG DIMENSIYON ng KAMALAYAN/PAGKAKAALAM sa pagkakapantay
ay isang estado ng KATAHIMIKAN at KABANAYADAN
mula sa kung sa alin nagmumula ang tunog, kulay, indibidwalisadong anyo, at lahat ng nakikitang pagkamalikhain sa loob ng
namamasdang sansinukob.

Mula sa *KATAPUSANG PANGKALAHATANG DIMENSIYON ng KAMALAYAN/PAGKAKAALAM*
sa pagkakapantay
ay dumating ang lahat ng paglikha – ang lahat ng maraming hindi nakikitang mga dimensiyon ng pagiging naririto bumababa ayon sa pagkakasunud sunod ng ispiritwalidad mula sa pinaka mga lagusan ng *PANGKALAHATANG DIMENSIYON*
pababa sa pinaka pinag-iisipang mga alon ng baybrasyon ng walang buhay na panlupang mga substansya at lampas tungo sa hindi masabing mga katatakutan ng kamalayang mga perbersyon at laban sa Katotohanan.

Itong KATAPUSANG PANGKALAHATANG DIMENSIYON ng KAMALAYAN/PAGKAKAALAM
ay wala lamang sa espasyo
ITO *ay* LAHAT ESPASYO

ITO **ay hindi maditektahan sa bawat lugar. Para doon sa mga nag-iisip sa mga terminolohiya ng mga atomo - inyong masasabi** ***ITO***

ay **ang ESPASYO sa atomo – kaya,** ***ITO*** **ay 'nasa katahimikan at pagkakapantay' sa loob ng 'espasyo' ng lahat ng mga elemento at 'bagay.'**

Ang LIKAS ***ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN ay:***

HANGARIN na hindi aktibo at nasa pagkakapantay

Samakatuwid, Pangkalahatang Kamalayan ay walang hangganan, walang katapusan, walang limitasyon, walang duluhan, estado ng

MAKAPANGYARIHANG HANGARIN – busilak, dalisay, maganda.

Itong HANGARIN ay upang

IPAHAYAG ang LIKAS Nito.

PANGKALAHATANG KAMALAYANG LIKAS

HANGARIN

ay ang KALAHATAN ng KALOOBAN at LAYUNIN

laging nakasusi sa 'pagyakap'

Ang Pangkalahatang Kagustuhan ay: upang lumabas at lumikha.

Ang Pangkalahatang Layunin ay: upang magbigay ng indibidwal na anyo sa paglikha at maranasan ito.

Sa loob ng ***KATAPUSANG PANGKALAHATANG DIMENSIYON NG KAMALAYAN/PAGKAKAALAM HANGARIN***

PANGKALAHATANG KAGUSTUHAN ay nasa antas ng pinagsasaluhang pagkontrol – na may

PANGKALAHATANG LAYUNIN

parehong nasa perpektong pagkakapantay

sa loob ng KATAHIMIKAN AT KABANAYADAN

PANGKALAHATANG KAGUSTUHAN ay PANGKALAHATANG KATALINUHAN

PANGKALAHATANG LAYUNIN ay PANGKALAHATANG PAG-IBIG

na unibersal sa pagkakapantay – na nasa pinagsasaluhang pagkontrol

mula sa kung sa ***ALIN*** **lahat ng namamasdan at hindi nakikita at pantaong mga pintig ay kumuha ng anyo.**

Kung inyong matatanggap ang kabuuan ng PANGKALAHATANG KATUNAYAN tungo sa inyong sarili, kayo ay magiging

hiwalay sa pamamagitan ng nakapagpapasabog na kapangyarihan NITO at natunaw tungo sa walang anyong kamalayan/pagkakaalam

ITO ay kagayang malayong lumalampas sa indibidwal na pagiging tao na kagaya ng init at liwanag ng inyong araw

ay mga bilyong beses na mas makapangyarihan kaysa liwanag ng inyong mga alitaptap na umaandap andap sa kadiliman

…….

Noong ako ay nasa lupa, ako ay gumawa ng pagkakaiba ng 'Ang inyong Ama sa Kalangitan' at 'Ang inyong Ama na nasa inyo.'

Noong mangusap ako ng tungkol sa

'Inyong AMA sa Kalangitan'

aking ibig sabihin

PANGKALAHATANG KATALINUHAN

Dahil sa Hudyong asal sa mga babae, ako lamang ay nagpatungkol dito sa **aspekto** ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN.**

Ngayon, para sa inyo na nakababatid ng pagkakapantay ng mga kasarian, Ako ay nagsasalita ng:

'AMA-INANG-KAMALAYAN'

sa pagkakapantay

sa loob ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN/PAGKAKAALAM kung saan

ang 'Amang Kamalayan – ay – Pangkalahatang Katalinuhan'

ang 'Inang Kamalayan – ay – Pangkalahatang Pag-ibig

ang KAGAMITAN ng 'Amang Kamalayan' mapanlikhang enerhiya - elektrisidad

ay nasa estado ng pinagsasaluhang pagkontrol – nasa pagkakapantay sa

MGA KAGAMITAN ng 'Inang Kamalayan' mapanlikhang enerhiya *- magnetismo*

Dahil ang 'AMA-INANG' mga kagamitan:elektromagnetismo ay nasa pagkakapantay sa PANGKALAHATANG KAMALAYAN

***ITO* ay hindi madidetektahan ng mga siyentipiko sa loob ng ESPASYO gaano man na suriin nila ang**

espasyo

Ang PINTIG: '*Amang Kamalayang KALOOBAN' *ay MATALINONG AKTIBIDAD

na nasa pagkakapantay sa

Ang* PINTIG: 'Inang Kamalayang' LAYUNIN *na NANGANGALAGA para SA PAGKABUHAY

'AMA-INANG KAMALAYAN'

ay makapangyarihang walang personang PWERSA – subalit ITO ay personal para sa inyo kahit pa bago kayo ay maghanap upang gumawa

ng pakikipag-ugnay DITO

Habang kayo ay ispiritwal na nalilinang, inyong mararamdaman ITO – dahil ITO ay ang KATUNAYAN ng PAGIGING LALANG

<u>ITO ay nasa lahat ng lugar at nasa bawat bagay</u>

<u>AMANG KAMALAYAN ay</u>

<u>ang MATALINONG PAG-IBIG na nagbibigay ng matalinong enerhiya at pwersa sa mundo ng kompleks na mga anyo – nahahayag sa pisikal bilang elektrisidad</u>

Ang INANG LAYUNIN ay
ang MAPAGMAHAL NA KATALINUHAN na nagbibigay ng layunin at pintig para sa pagkabuhay ng indibidwalisadong kompleks na mga anyo – na nahayag bilang magnetismo – pagsasama at pag-igkas.

Ito ang mga PANGKALAHATANG PANGUNAHING MGA PINTIG ng LAHAT NG PAGIGING LALANG ng
UNIBERSAL NA KAMALAYAN
ang inyong PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG – KATALINUHAN - PAGMAMAHAL
Ito ay ang **ESTADO NG PAGIGING LALANG** bago ang paglikha.
KAMALAYAN/PAGKAKAALAM sa loob ng ESTADO NG PAGKAKAPANTAY.

Gusto kong kumilos muli kayo tungo sa panloob na estado ng konsyus na pagkakapantay, na ang lahat na iniisip ay banayad at ang inyong isip ay nakahimlay sa katahimikan. Kayo ay nasa panloob na pagkontrol, ang inyong isip at mga emosyon ay hindi na hati sa gawain at pakiramdam. Makararamdam kayo ng pamumuo ng kapangyarihan sa inyo, kalakasan, kapayapaan, at kakontentuhan. Ito, ay nahayag sa inyo, sa indibidwal na anyo, ay ang **ANTAS ng PAGIGING LALANG** kung sa alin nagmula ang paglikha.
Gusto kong mapansin ninyo na ang pagkakapantay ay imposible sa sandali na ang iniisip ay maipakilala. **Gusto ko na MAUNAWAAN ninyo na ang *PANGKALAHATANG DIMENSIYON ay ang DIMENSIYON* ng hindi nabuong mga PINTIG. Hindi ito naglalaman ng disenyo ng paglikha *. Ito ay nasa estado ng HINDI NAHATING ANYO.***

Ang pagkakapantay – ang pagkontrol sa pagitan ng magkatunggaling mga **PINTIG – ‘ na kumilos’** at **nanatiling magkabigkis’** ay lumilikha ng **walang hanggang pag-inog ng sa sarili nalagay na enerhiya.** Ang **SA SARILI NALAGAY NA ENERHIYA ng PINAGSASALUHANG PAGKONTROL** ay lampas sa kapangyarihan ng pagkaindibidwal kahit na upang isipin.
Kagaya ng sinabi ko sa inyo noon, kapag ang pagkaindibidwal ay may kakayahang pumasok sa **PANGKALAHATANG DIMENSIYON ng PINAGSASALUHANG KONTROLADONG mga PINTIG** ng ‘Pagkilos at Pagsasama’ – ang pagkaindibidwal ay kaagad na matutunaw at magbabalik sa pagkakapantay ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN**. Pagbulay bulayan ang hindi mapag-isipang kalakihan ng Kapangyarihan na nakapaloob sa **PINAGSASALUHANG PAGKONTROL** ng **KAMBAL NA MGA PINTIG sa PANGKALAHATANG KAMALAYAN** na mga pangunahin.

KAMALAYAN/PAGKAKAALAM
HANGARIN
KAGUSTUHAN>>><<<LAYUNIN
KATALINUHAN PAG-IBIG
pinagsama bilang
Matalinong Pag-ibig at Mapagmahal na Katalinuhan
Mga Pintig ng: Pagkilos Pagsasama-Paghihiwalay
ELEKTRISIDAD…….. sa pagkakapantay……..MAGNETISMO

Ang nasa itaas ay nagsasalarawan ng *WALANG LIMITASYONG PANGKALAHATANG DIMENSIYON* bago ang BIG BANG!

Alam ninyo na ang ***Ama-Ina Mapanlikhang Proseso at mga kagamitan ng pisikal na paglikha*** ay lahat na nasa estado ng ***pagkakapantay*** sa loob ng ***Pangkalahatang Dimensiyon,*** ngunit ngayon ang **pagkakapantay** ay kailangang sumabog upang magdala ng

INDIBIDWAL NA ANYO

Alam ninyo din, na dahil ang **Walang hanggang Walang katapusang MGA PINTIG** ay nakapaloob sa estado ng **pinagsasaluhang pagkontrol**, ang mga **PINTIG** na ito ay may hindi mapag-isipang lakas ng enerhiya – laban sa kung alin ang inyong atomikong enerhiya ay nakapaloob sa paghahati ng atomo ay isa lamang 'kutson,' isang napakaliit na iktad lamang at walang kahalagahan.

Gusto ko na lubos ninyong maunawaan ang lahat ng mga nabanggit, dahil ang inyong pagkaintindi sa kung ano ang nangyari sa panahon ng Big Bang ay magbibigay sa inyo ng sulyap sa kung ano talaga ang nangyari sa oras ng **paghihiwalay ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN** upang magpahintulot sa paglikha ng indibidwal na anyo upang mangyari.

ANG PANGKALAHATANG KAMALAYAN AY NAHATI !
KAGUSTUHAN AT LAYUNIN
'Amang' KATALINUHAN at 'Inang' KUMAKALINGANG PAG-IBIG'
ay sumabog upang magtrabahong may awtonomiya at may pakikipagtulungan din.
Ang kanilang partikular na mga 'kagamitan' ay
Elektrisidad at Magnetismo

Mula sa pagsabog ng PAGKAKAPANTAY ay dumating ang
MARUBDOB NA HANGARIN ng PAGHAHAYAG NG SARILI

'Ang Pangkalahatang Pagkakaalam ng PAGIGING LALANG' – ay naging
ang Pintig ng indibidwalisadong 'Akong' kaalaman na nangangailangan ng sariling pagpapahayag
BUHAY at 'Kaakuhan' ay magkasingkahulugan sa dimensiyon ng 'bagay'

Ang mga ito ang naging kamalayan ng 'bagay'

Ano ang kamalayan ng **BUHAY?**

Ito ay **Amang-Katalinuhan**	**At**	**Inang-Pagmamahal**
Pintig ng Pagkilos		**Pintig ng Layunin-kumakalinga-pagkabuhay**
Nakita bilang Elektrisidad		Nakita bilang Magnetismo

sa **Bagay**

Inyo bagang masisimulan na isipin ang pagsabog ng **KAMALAYAN!** ng **PAGKAKAALAM!**

Upang tulungan kayo na mailagay sa paningin nang hati hati ang kung ano ang nangyari sa sandali ng Big Bang, subukin na alalahanin ang sandali kapag kayo din ay nakaranas ng pagsabog sa inyong kamalayan. Ito ay nagaganap kapag inyong inilagay ang inyong buong 'pagiging lalang' sa pagkakamit ng ilang napakahalagang layunin.

Ay magsisimula na sa inyong mga plano, sa antas ng masidhing paghihintay, - ang ilang mahahalagang

pangyayari o ang hindi sensitibong tao ay humahadlang sa inyo sa pagkakamit ng inyong 'taos pusong' mga layunin. Paano ninyo iyon mararamdaman?

Ang inyong **konsentrasyon** ay mahahati at kayo ay sasabog. Heto na naman, kailangan kong tawagin ang aking tagapagtala upang mag-isip ng mga halimbawa ng aking ibig ipakahulugan sa pantaong terminolohiya, para sa **'pinakamaliit na panlupang kamalayan'** ay naguhit mula sa **PANGKALAHATANG KAMALAYAN.** Kayo ay nasa paliparan, masaya at handang lumipad para sa hindi inaasahang bakasyon sa ibang bansa. Sa pagdating ninyo sa mesang tanggapan ng opisina ng Kawanihan ng Paglalakbay, nalaman ninyo na walang mga dokumento o mga tiket, at walang tala ng anumang reserbasyon para sa paglalakbay o lugar na titigilan sa oras ng bakasyon **kahit na nabayadan na ninyo ang mga iyon sa pamamagitan ng kredit kard** . Ano ang inyong mararamdaman?

Kayo ay nakadamit ng napakamamahaling kasuotan, nakikipag-inuman at nakikipagkainan sa mahahalagang mga tagatangkilik, **at ay makakukuha na ng malaking kontrata na naghahalaga ng mga milyon.** Ang tagapagsilbi ay nakahulog ng mainit na kaserola sa inyong ulo. Ano ang inyong mararamdaman?

Kayo ay namili at dumating sa paradahan ng kotse na matagpuan na ang mga gulong at pintuan ng inyong sasakyan ay naalis na – **sa gayong oras ng kaliwanagan ng araw!**

Dahil sa awa, binuksan ninyo ang inyong pitaka upang magbigay sa lumpong pulubi ng lahat ng inyong pilak, ngunit ang taong ito ay tumayo, at buong pwersang kinuha ang inyong pitaka at tumatakbong parang atleta. Ano ang inyong mararamdaman?

Sa lahat ng mga halimbawang ito ay magkakaroon kayo ng malakas na **kamalayang kahandaan** sa pinaka unahan ng inyong isip. Ang inyong ulo ay mapupuno ng plano upang lumabas at gumawa ng isang bagay upang makamtan ang tiyak na layunin – na mapayapa. **Ang inyong paghahangad ay mapasasanib sa inyong layunin** – samakatuwid sa pagkakapantay – ngunit bigyan ng pansin na magkakaroon ng lumalaking tensiyon sa paghihintay habang lumalapit kayo sa inyong ginugusto. Paglaki ng tensiyon – ay paglaki ng pagsabog.

Kayo ay, sa totoo lamang, ay magiging nasa parehong antas kagaya ng

PANGKALAHATANG KAMALAYAN/PAGKAKAALAM

HANGARIN

'Amang' KATALINUHAN na nasa pagkakapantay sa **'Inang' LAYUNIN**

upang magbigay ng pagiging lalang at anyo sa plano na ginusto ninyong likhain.

Pagkatapos ng pagsabog – inyo bagang maiisip ang kasunod na mental/emosyonal na kaguluhan, ang walang kakayahang mag-isip nang matuwid, ang mga iniisip na darating, isa pagkatapos ng isa, naghahangad ng pagpapahayag – wala sa mga ito na may saysay o may lohiko?

Subukin na unawain na KAYO – sa indibidwalisadong porma – ay ang mikrokosmo ng makrokosmo. Kayo ay ang **ulo ng karayom** na nagpapahayag ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN/PAGKAKAALAM** maging sa pagkakapantay kung kayo ay nagmemeditasyon sa kabanayadan ng inyong pag-iisip, - o ay kasing aktibo ng kamalayan, kapag kayo ay nag-iisip at nakararamdam, nagpaplano at lumilikha.

Samakatuwid, kung inyong maiuugnay ang inyong maliit na kamalayan ng pagsabog sa pagsabog ng 'mga kalangitan,' kayo ay makakukuha ng munting ideya ng kasunod na kaguluhan parehong – **pansamantala** – sa loob ng **PANGKALAHATANG DIMENSIYON** – at sa haba ng panahon sa loob ng bagong nalikhang sakop ng dimensiyon ng 'bagay' na nananatiling nasa kawalang anyong estado nito.

Kaya, marami sa inyo ay kailangang buong muling ayusin ang inyong pag-iisip tungkol sa paglikha.

Ito ay nagsimula bilang kondisyon ng ganap na kaguluhan. Ang PANGKALAHATANG MGA PINTIG ay

nahati. Walang mga disenyo upang mag-utos o sumupil sa simula ng pagkaindibidwal. Ang MGA PINTIG ay wala pa ring anumang 'konsyus na anyo' o direksiyon. Ang mga ito ay **LIKAS NA MGA PINTIG** upang gumawa ng tiyak na nakikilalang agarang mga tungkulin sa **KAMALAYAN** ngunit ang mga ito ay hindi may katalinuhang dinirekta tungo sa tiyak na pagkilos o pagsasama sa pamamagitan ng mas mataas na **Nagdidirektang Pwersa.** Ang mga ito ay nasa kanilang sarili. Hiwalay at naligaw na mga **PINTIG** ng **KAMALAYAN/PAGKAKAALAM** na may kakayahan upang tumanggap ng mga impresyon, - ngunit – walang mga impresyon upang tanggapin liban sa mga panloob na kaguluhan ng 'pagkilos na aktibidad' ng elektrisidad at ang 'pagsasama-paghihiwalay' ng magnetismo.

At ang KAMALAYANG KAGULUHAN ay namasdan sa loob ng paglikha bilang gulo ng mga partikulo.

Sa loob ng sakop ng kaguluhan ng elektrikong mga partikulo, bagaman, mayroong sobrang pagsakay na kamalayan ng **'Kaakuhan.'**

Gaano man ang kaguluhan, ang **'Kaakuhan'** ay dumating sa pamamagitan ng **'Amang' hangarin upang kumilos, upang kumontrol, upang lumikha.**

Ang 'Kaakuhan' ay kumuha ng pangunahing anyo sa positibong karga ng elektrikong enerhiya.

Ito ang naging dominanteng 'Akong' pwersa bilang proton na kasama ang panlabas nitong elektrikong may kargang negatibo- kung saan ang 'Inang' Layunin ng pagsasama ay nabigyan ng buhay sa mga kalagayang iyon ng pagtatagpo ng elektrikong may kargang positibo at elektrikong may kargang negatibo.

'Kinuha ng mga ito ang isa't isa' kagaya ng masasabi ninuman tungkol sa nalinang na lalaki at babae sa nabubuhay na mga uri – at nagsanib.

Ang 'Inang' Layunin ng pag-igkas ay nabigyan din ng buhay noong ang dalawang positibo o dalawang negatibong mga karga ng elektriko ay nagtagpo at tumugon nang pasalungat – siya ay pumasok at nagtulak sa mga ito na maghiwalay – kagaya ng kaniyang nalinang na babaeng inang katapat na magpapahiwalay sa dalawang walang kaayusang maykataasang nakakargahang mga malulupit na papasok sa pakikipag-away.

Ito lamang ang anyo ng kamalayan pagkakaalam na nasa loob ng kaguluhan para sa mahabang panahon- dahil ang oras ay walang halaga sa loob ng dimensiyon ng bagay sa sarili nito. **Ang oras ay nagkakaroon lamang ng halaga kapag mayroong napipintong konsyus na pagkakaalam sa pagitan ng mga kargang elektriko na nagreresulta sa pagsasanib o paghihiwalay, ang pagpapatuloy ng pagkakatapat at mga kaganapan na nangyayari at mga layunin na dapat matupad.**

Kung hindi, ang oras ay walang halaga.

Ang paglikha ay produkto ng **PANGUNAHING MGA PINTIG** na nagtatrabahong isahan at magkasama – na gumagawa ng impresyon sa isa't isa, kumakatagpo sa kaakibat na mga pangangailangan na nakatatak sa loob ng kamalayan – ang mga pangangailangan na ito bilang, sa simula upang pataasin at maranasan ang sariling kapahayagan na maghahatid tungo sa higit pang paghihiwalay pagkatapos, - upang ilagay muli ang pandamdam ng panloob na kasiguruhan at kapanatagan, - upang maging makabuklod muli sa harmoniya ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN.** Mula sa nagsusulong na pwersang ito para sa muling magkabigkis na harmoniya ng pagiging lalang, ay dumating ang lalaki-babaeng bugso para sa muling pagsasama upang muling mahuli ang kaligayahan na nakabaon sa kaluluwang kamalayan.

Makagagawa kayo ng paghahambing sa nabanggit na talata sa pamamagitan ng gawi ng mga ama na umaalis upang maghanap buhay sa umaga at magbabalik, na may pag-asa, sa kalinga at muling pakikipagbuklod sa pamilya kung gabi kung saan muli siyang kukuha ng kalakasan upang pumalaot

na naman sa sunod na umaga at makipagtunggali sa mundo.
Samakatuwid ang proseso ng paglikha
ng PANGKALAHATANG SARILING KAPAHAYAGAN
ay gumugol ng mga bilyong mga taon upang maisakatuparan.

Pagkatapos ng Big Bang, ang ***Ama-Inang Mapanlikhang Proseso*** ay nahati sa dalawang magkakaibang mga enerhiya, patuloy na nagtatrabaho na magkalayo at magkasama, nakatayong nag-iisa ngunit may pinagsasaluhang nasupil upang gumawa na magkasama habang mayroong indibidwal na mga katangian o mga 'likas' – at magkakaibang mga tungkulin.. Samakatuwid, ang bigat ng trabaho ng mga ito ay magkakaiba ngunit hindi mahahati.

Alam na ninyo, at sa paraan ng pagmemeditasyon, ay may kaganapan nang naunawaan ang 'likas' ng ' **Ama'** at ang 'likas' ng **'Ina'** sa loob ng **pagkakapantay** ng **Pangkalahatang Dimensiyon.**

Madalian, ang 'likas' ng **'Ama'** ay maging aktibo, mapanlikha, at gumawa ng gawain ng pagkamalikhain. Ito rin ay ang 'Kaakuhan' ng indibidwalisadong pagiging naririto. Ang bawat bagay na nabubuhay mula sa hinlulumbo hanggang sa hipopotamo ay mayroong malakas na pandamdam ng 'Kaakuhan at ang pangangailangan na ingatan ang 'Kaakuhang' iyon.

Ang 'likas' ng **'Ina'** ay upang magbigay ng anyo sa elektrikong kamalayang 'plano' na sinimulan ng **'Amang Katalinuhan'** sa pamamagitan ng pagbibigkis magkasama ng elektrikong mga partikulo.

Ang **'Ama'** at **'Inang' kamalayan – ang PANGUNAHING MGA PINTIG –** ay parehong nasa pagkakapantay, - at ay ang **LIKAS ng PANGKALAHATANG DIMENSIYON** at bilang bunga habang nililikha ng mga ito ang **indibidwal na anyo, ipinagpapatuloy ng mga ito ang gawain** ng **LIKAS** ng **PANGKALAHATANG DIMENSIYON** kung alin ay: ***Paglago – Pagkakaloob ng Nutrisyon- Pampalusog-Pagpapagaling – Pag-iingat – Katuparan ng Pangangailangan sa loob ng palagiang sistema ng Batas at Kaayusan……PAGKABUHAY.***

Ang **'Ama'** at **'Inang' Kamalayang mga enerhiya** ay mga **PINTIG** na parehong nakukontrol sa loob ng **PANGKALAHATANG DIMENSIYON** at kapag ang mga ito ay napakawalan mula sa **pagkakapantay** ang mga ito ay may kapangyarihang gumagawa ng gawain ng paglikha. At saka, ikonsidera ang dami ng kanilang gawain sa loob ng paglikha sa buong mundo. Ang 'Ama/Inang' mga pintig ay nag-uudyok sa bawat antas ng paglikha mula sa pagkakabuo ng mga elemento, ang nabubuhay na molekulo at ang selyula – hanggang sa kahanga hangang Elepante. Ang mga ito ay gumagawa ring natural na kaakibat sa mga magulang upang mag-udyok sa kanila na magsama, bumuo, magdala at magpalaki ng kanilang sanggol.

Ang ibang mga ama ay lumiliban pagkatapos ng pagsilang ng kanilang mga supling maging ang mga ito ay: mga itlog, mga tuta o mga tao. Ito ay ang mga ama na ang pandamdam sa **'Kaakuhan'** ay mas malaki kaysa sa kanilang natatanging pagiging amang mga likas.

Ito ay sa puntong ito na kayo ay dapat na ganap na makaalam sa ibig sabihin ng PINTIG.

Maaari ninyong isipin na ito ay parang napakamalabo na porma ng pagkamalikhain', ngunit kung pagbubulay bulayan ninyo pansumandali, kayo sa bandang huli ay makaaalam na walang tao, o hayop o insekto o kahit na halaman, ang gumagawa ng anumang aktibidad sa loob ng materyal na dimensiyon na walang pangloob na 'kamalayan' pwersa– kung alin ay ang **'pintig.'** Ito ay maaari na lumingon upang harapin ang araw, upang tumakbo, upang kumain, upang magtrabaho, upang matulog, upang mamili, upang magkaroon ng sanggol. Lagi – ang 'pintig' – ay sumusunod sa gawain – kahit na ang pagkurap ng talukap ng mata.

Dagdag pa, walang pintig na nag-uudyok ng anumang gawain na hindi dinirekta ng layunin:
Ang mga halaman ay gumagamit sa mga bulaklak at mga dahon upang makasagap ng mga sinag ng araw para sa paglaki; ang tao ay tumatakbo upang maging malusog; kumakain upang mabusog; nagtatrabaho upang magkaroon ng sweldo, natutulog upang makatakas sa mga tensiyon at makapagkargang muli ng enerhiya; nagpupunta sa mga pamilihan upang bumili ng pagkain – lahat ay nakatuon upang mabuhay at sa personal na kaginhawahan.

Samakatuwid, ang mga **PINTIG** ay mga **KATUNAYAN** na nasa likod at nasa lahat ng paglikha.

Kung ang lahat ng mga bagay ay ibabalik sa orihinal na porma nito na elektrikong mga partikulo, ang **Pangkalahatang mga Pintig** ay mananatili na buo at sa bandang huli ay magbibigay ng anyo sa iba pang paglikha. Ang mga **PINTIG** ay pang kailan pa man. Ngunit, ang elektrikong mga partikulo na nasa nabubuhay na 'bagay' ay narito ngayon at mawawala bukas – subalit ang kaluluwa ay nagpapatuloy.
Kayo ay **nag-iisip** sa pamamagitan ng elektrikong mga pintig sa inyong utak. Kayo ay **nakararamdam** ng magnetikong mga pintig sa inyong sistemang nerbyos.
Kung walang 'magnetikong pagbubuklod' sa inyong sistema, kayo ay magiging lahat na 'alis-alis' at walang 'alamin-alamin'
Ngayon na ang sandali upang dalahin kayo pabalik sa aking mga karanasan sa disyerto na isinalarawan sa **Liham 1.**
Inyong maaaring matandaan na noong ako ay pumunta sa ilog Hordan upang bautismuhan ni Huwan, ako noon ay rebelde, ang aking mukha ay nilagay na salungat sa turo ng mga Hudyo, na nagsabi na ang Yehobah ay nagparusa sa mga tao dahil sa kanilang mga kasalanan.
Sa paraang intwitibo, naramdaman ko na ito ay mali at malupit na konsepto at tinanggihan ko ito.
Pagkatapos na naipakita sa akin ang Katotohanan tungkol sa paglikha, hindi ko maintindihan kung bakit ang ***Perpektong Kamalayan*** ay hindi lumikha ng perpektong mga nilalang na ***ginawang nasa imahen ng kanilang Manlilikhang Matalinong Pag-ibig.***
Tinanong ko ang Manlilikha – **Pangkalahatang Kamalayan** – kung bakit ang tao ay nakaranas ng sobrang mga pagdurusa at kasamaan.
Ipinakita sa akin pagkatapos nang napakaliwanag na ang lahat ng mga problema na naranasan ng tao ay nagmula sa **'panggitnang punto'** ng sarili, (tinatawag ito ngayon ng siyensiya na 'ego').
Ito ay namamasdan sa sarili nito sa 'personalidad'
bilang ang **'NAGSUSULONG NA PANGANGAILANGAN** upang idepensa ang sarili mula sa kritisismo o emosyonal/pisikal na atake
at ang katulad na **'NAGSUSULONG NA PANGANGAILANGAN** upang itulak sa isang tabi ang ibang mga tao, upang maunang makarating sa paligsahan ng buhay.
Ito din ay naghayag sa sarili nito sa 'pagkatao'
bilang ang **NAGSUSULONG NA PANGANGAILANGAN** upang kuhanin ang lahat ng pinakamainam para sa sarili, sa kabila ng pagsalungat ng iba at ang katulad na **'NAGSUSULONG NA PANGANGAILANGAN** upang hawakan ang mga personal na mga ari arian, maging mga kamag-anak, mga kaibigan, materyal na mga bagay o mga nakamtan, sa kabila ng anumang pagsalungat.
Nagawa din sa akin na maunawaan na kung wala ang **DALAWANG** mga pundamental, walang katapusan, hindi nagbabagong mga **'pintig ng mapanlikhang pagiging lalang' ay walang paglikha.**

Ito ay ang sekreto ng paglikha – at ang sekreto ng pagiging naririto at ng 'indibidwal na pagiging lalang'

Sa pamamagitan ng paggawang magkakasama bilang isang kupunan, sa paraang hiwalay ngunit hindi mapaghihiwalay, sa nakikitang mundo, itong mga **kambal na mga pintig** ay ang naging sanhi na ang ***substansya ng 'bagay' sa sarili nito*** ay nalikha mula sa **PANGKALAHATANG KAMALAYAN.'**
Ang isang **pintig ng pagkamalikhain ay:** ang **'Kaakuhan'** ng **AKTIBIDAD.**
Itong **pintig ng aktibidad ay unibersal at mula sa isa lamang pinanggagalingan.**
Ang 'Aktibidad ay ang pagkilos sa KAMALAYAN, at ang KAMALAYAN sa pagkilos.
Ang ibang **mapanlikhang pintig** ay nagtataglay (sa pananalitang may pigura) ng **dalawang mukha** na nakatingin sa magkasalungat na direksiyon. Ang mga ito ay:

PAGBUBUKLOD - PAGHIHIWALAY
Hinihila papunta>>>>>>>>>>sa sarili<<<<<<<<<<Itinutulak papalayo
kung hindi ay tinatawag din bilang

PAGKAKAPIT – PAG-IGKAS
Kumapit>>>>>>>>>>>>> tungo- ANG SARILI – mula<<<<<<<<<<<< Umigkas
sa loob **ng KAMALAYAN**

Ang mga ito LAMANG ang paraan na ang panlupang pagiging naririto ay nakamtan.

Ang buong sansinukob ay manipestasyon ng 'Mapanlikhang Kapangyarihan' na aktibo sa loob ng mga Kambal
na mga Pintig ng PISIKAL na PAGIGING LALANG – na lumilikha ng 'bagay' at indibidwal na anyo.
Ito ay ang isa sa mga pundamental na 'sekreto' ng sansinukob.

Nakita ko na ang 'sentro' ng **'Personalidad'** o **'ego'** kagaya ng ito ngayon ay tinatawag, ay nalikha
'TAGAPAGBANTAY ng PERSONALIDAD'
at ay hindi masusupil na nakatatak sa **magnetikong pintig** upang matiyak
ang PAGIGING PRIBADO at PAGKABUHAY
Para sa proteksiyon ng sa indibidwal na **'Kaakuhan'**
Ito ay nakamtan sa pamamagitan ng paggamit ng **dalawang mukha ng pangalawang Pintig ng Pagiging Lalang**

PAGBIBIGKIS-PAGHIHIWALAY upang siguraduhin ang pagkaindibidwal.

Ang **mukha** ng **PAGBUBUKLOD** ay pumupwersa, kumukuha, humahatak, humihingi, humihila, bumibili, humahawak, dumidikit, kumakapit sa tao at mga ari arian na ginugusto nito. Ang **PINTIG** na ito ay lumilikha ng ilusyon ng kasiguruhan sa pagiging magkabuklod at mga pag-aari. Ito ay **'sandata' ng 'INANG KAMALAYAN'** na nagbibigay ng inspirasyon sa pagtatayo ng mga pamilya, mga pamayanan at mga bansa. Ito ay maaaring produktibo sa kagandahan, kaligayahan, harmoniya at pagmamahal. Ito din ay maaaring

magpabagsak ng mga buhay at makasira ng mga komunidad kung ito ay dala ng 'bugso ng Ego.'
Ang **mukha** ng **PAGTANGGI** ay umiigkas, nagsasa isang tabi, nagtutulak papalayo, umiiwas, bawat bagay – mga tao, mga hayop, mga ari arian na hindi nito gusto. Kaya ang **PINTIG ng PAGTANGGI** ay lumilikha ng ilusyon ng pagkapribado at kasiguruhan.
Ito ay ang **PINTIG** na humihimok ng mga hidwaan sa mga pamilya, mga relasyon, mga pamayanan at mga bansa. Ito ay nararapat na nakatuon upang magligtas ng mga buhay, magsiguro ng proteksiyon at pagkapribado ngunit ay nakasisirang pwersa kapag dala ng 'Ego.'

Kung wala ang mga **KAMBAL NA MGA PINTIG NG PAGIGING LALANG,** lahat ng mga bagay ay mananatiling magpakailan man na nakasanib sa isa't isa sa loob ng walang hangganang kawalan ng oras ng **'PANGKALAHATANG MAPANLIKHANG KAPANGYARIHAN na nasa pagkakapantay.**
Kung wala ang mga **KAMBAL NA PINTIG** NA ITO, ay walang palitan ng **'pagbibigay at pagtanggap' at 'paghila at pagtulak'** na kailangan sa paglikha ng mga milyon ng personal na mga karanasan mula sa kung sa alin ang 'personalidad' ay lumalago at nalilinang.
Samakatuwid, ang problema ng 'personalidad' at ang'bugso ng ego' ay naranasan ng lahat na nabubuhay na mga bagay at ng tao ay hindi mababago, hindi maiiwasang katunayan ng paglikha. Anuman na iba pang pagpapaliwanag ay puro mito.

Aking nakita na ang sinasabi ng mga tao na **'KASALANAN'** ay direktang resulta ng palitan ng **Pagbubuklod-Paghihiwalay na mga pintig** na nasa loob ng pantaong likas.
Ang **Pagbubuklod-Paghihiwalay na mga Pintig** ay bumuo sa emosyonal/mental na maskara na isinuot ng lahat ng nalikhang indibidwal na mga nilalang, kasama na riyan ang mga ibon at mga hayop. Inyong nakikita ang mga **pintig** na ito na gumagawa sa loob ng lahat ng likas – kahit na sa loob ng buhay ng halaman.
Ang **Pagbubuklod-Paghihiwalay na mga Pintig** ay nagdirekta/nagdidirekta sa pag-uugali tungo sa pagkabuhay ng lahat ng mga nilalang sa paglikha.
Walang makatatakas sa **Pagbubuklod-Paghihiwalay na mga Pintig.**
Itong mga Kambal na mga Pintig ay ang pansamantalang pinagmumulan ng lahat ng 'makamundong' kaginhawahan, kaluguran, 'kaligayahan' – at saka ang pinanggagalingan ng lahat ng karamdaman, pighati at kawalan sa mundo.
Subalit, idinagdag sa mga ito, - lumalampas, natatangi at tumatagos sa lahat ng nakaraan/ at ang

BUHAY – isinilang ng PAGSABOG ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN

ay ang pinaka pundasyon at pinagmumulan ng panlupang kamalayan -
kaya, kahit na ang **'Ama-Inang' Kamalayan** ay mapanlika -
ay gayon din na ang sa taong **PAG-IISIP** ay mapanlikha
dahil ang pantaong 'iniisip at pakiramdam' ay parehong ang pagsasanay at ang pagsasama ng
kambal na mga sandata ng 'Ama-Inang' Kamalayan
Samakatuwid, ang mga **Pintig** na ito **ng Pagbubuklod-Paghihiwalay** sa indibidwal na personalidad ay nagiging
may kataasang mapanlikha din dahil tinutukoy ng mga ito – at **ginagawang namamasdan** – ang 'kamalayang mga anyo' ng
'mga bagay na ninasa' at 'mga bagay na tinanggihan.'
Ito ay ang pangalawang pundamental na 'sekreto' ng sansinukob.

Nakita ko na ang **"KASALANAN'** ay **artipisyal na konsepto** na may kadaliang binalangkas ng mga tao upang magsalarawan ng anumang pantaong aktibidad na nakapagdudulot ng sakit sa iba. Dahil sa likas na pagkakabuo nila ng 'pangangamkam' mula sa ibang tao, at ang walang galang na pagtanggi sa mga ito, para makuha nila ang ginugusto nila mula sa buhay, ito ay hindi maiiwasan na ang lahat ng mga tao ay, minsan ay nakapagdudulot sa iba pang mga tao ng ilang mga porma ng kaguluhan at pagdurusa. Itong pantaong pagkiling upang manakit sa iba ay sa walang paraan ay nakapagdulot ng 'kawalang kaluguran' sa **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** (Diyos) **–** kagaya ng pinanigan ng mga Hudyo at 'Kristiyanong' relihiyon.

Ang tao lamang ang nakaunawa ng kahulugan ng salitang **'kasalanan'** dahil tanging ang tao lamang at lahat ng 'paglikha na sangkot ang tao,' ay laging makaaalam ng sakit, kawalan at kapighatian dulot ng dalawang pundamental na mga **PINTIG ng PAGKAINDIBIDWAL – Pagbubuklod-Paghihiwalay** na aktibo sa loob ng pantaong 'personalidad.'

Ang sa taong kaakibat na pintig upang mangalaga sa kaniyang sariling pagkaindibidwal ay nakagawa sa kaniya na maglagay ng mga alituntunin at mga batas para sa pantaong lipunan. Ang **'Unibersal na Mapanlikhang Kapangyarihan' – PAGMAMAHAL- ay ganap na walang kinalaman sa paglalagay ng pantaong mga pagtatakda, mga limitasyon, mga batas at paghusga.**

Nakita ko din na:

Ang **'Ama-Inang-Mapanlikhang Kapangyarihan' – BUHAY – ay patuloy na dumaloy sa buong sansinukob at ay ang buhay sa aking isip na gumagamit ng kambal na mga pintig ng pag-iisip at pakiramdam.**

Kaya anumang makapangyarihang 'hindi perpektong pag-iisip at pakiramdam' ay makadidisturbo at makapagbabago sa
'modelo ng KAMALAYAN' ng nalikhang mga bagay

Sa kabilang banda:

Ang aking 'pag-iisip' kapag lubos na nalinis sa kambal na mga pintig ng 'ego' – at ay ganap na nakatatanggap ng
'Ama-Inang Mapanlikhang Kapangyarihan' **KATALINUHAN/PAG-IBIG** ***ay muling magpapakilala sa kalagayan ng***
'PERPEKTONG MATALINONG PAG-IBIG

Samakatuwid, isang kondisyon na dati ay nagawang hindi perpekto bilang resulta ng hindi perpektong pag-iisip na
maibabalik tungo sa kalagayan ng 'pagiging buo' muli
sa pamamagitan ng pagbabago sa egong mga gawi at pag-iisip tungo doon sa WALANG KONDISYONG PAG-IBIG.
Ang aking isipan ay naging 'kagamitan' ng buong mapanlikhang proseso na nagmumula sa UNIBERSAL.

Ngayon na **alam** ko na na ito ay gayon, **batid** ito sa ***paraang ispiritwal, intelektwal, emosyonal,*** aking natanto na ako ay dapat na kumuha ng mga hakbang upang pagtagumpayan ang **KAMBAL NA MGA PINTIG** ng **EGO** na dati ay namamahala sa aking isip, nang sa gayon ay makapagpahintulot sa ***BANAL NA KATUNAYAN*** ng buong sakop sa pamamagitan ng aking isip at utak.

Ito ay kung bakit mayroong paghihirap sa pagitan ng aking pantaong matatag na Ego at ang aking **'Ama-Inang- Kamalayan** sa panahon ng napakaingay na mga tukso na naranasan ko sa katapusan ng aking kaliwanagan sa disyerto. **Si Satanas ay walang kinalaman sa hilahan na nangyari sa loob ng aking kamalayan.**

Ang digmaan ay nangyari sa pagitan ng

KAMBAL NA MGA PINTIG NG PAGKAINDIBIDWAL – Pagbubuklod-Paghihiwalay

at ang ***BANAL NA KATUNAYAN*** na nagawa ang ***SARILI NITO*** na makilala ko bilang

MATALINONG PAGMAMAHAL-BUHAY

lampasan, maging sa akin at kung alin ay dahan dahang magpapatakbo sa aking **pagkaindibidwal** tungo sa mas higit pang hangganan kung aking maipagpatuloy ang pagmemeditasyon at malinis ang aking kamalayan sa makasariling mga pintig.

Ang nabanggit ay ang pagsasalarawan ng makapangyarihang karunungan na kasama kong nagbalik sa Nasaret.

Samakatuwid, ang aking pisikal na oras ng paggaling na naisagawa kasama ng aking ina habang pinangalagaan niya akong magpanumbalik sa kalusugan ay oras din ng panalangin at meditasyon, mula sa alin aking nakuha ang inspirasyon at kalakasan upang may pagkakaalam at may konsiyensiyang **maisabuhay** ang ***LIKAS*** ng ***BANAL*** o ang ***PANGKALAHATANG KATUNAYAN.***

Kagaya ng alam ninyo, ang ***LIKAS*** ng ***BANAL*** o ***'PANGKALAHATANG KATUNAYAN' ay BUHAY.***

Kapag ***ITO*** ay aktibo sa paglikha – o maaari din nating sabihin na – sa loob ng 'pagkaindibidwal' **ng** paglikha, ***ITO*** **ay lumalago, nagpapalusog, nagbibigay ng nutrisyon, sumusuloy muli, nagpapagaling, nangangalaga, nagsisiguro sa pagkabuhay, pumupuno sa pangangailangan ng bawat bagay na nalikha, - lahat sa loob ng sistema ng perpektong harmoniya, pagtutulungan at batas at kaayusan. Ito ay ang 'likas' ng BUHAY. Lahat ng gawain nito sa paglikha ay ginawa batay sa PANGKALAHATANG LIKAS – ang pagtataguyod ng pinakamataas na kabutihan ng lahat ng nabubuhay na mga bagay.**

Kung mauunawaan ninyo ang mga salitang ito, inyong matatanto kung bakit ako ay nagbalik mula sa disyerto – isang lalaki na puno ng galak, na may bagong pagkakaalam sa kagandahan ng mundo, ang pakiramdam ng ganap na pagtitiwala, at ang PAGKAKAALAM na ito ay maaari na makontrol ang hitsura ng 'bagay'…

Inyong mararamdaman sa akin, ang aking sariling kagalakan na ako ngayon ay makapaghahandog na sa mga Hudyo ng maluwalhating balita na ang 'Kaharian ng Kalangitan' ay nasa kanilang kalagitnaan. Ang lahat ng dapat lamang nilang gawin ay 'hanapin' ito sa pamamagitan ng aking tulong, at ang kanilang buhay ay magbabago magpakailan pa man.

Iiwan ko kayo na may kaparehong karunungan na kung, may buong pananalanging nagamit at ganap na naunawaan, ay magpapabago sa takbo ng inyong buhay.

Habang kayo ay nagbabasa, ang inyong kamalayan ay maiaangat at habang naghahanap kayo ng inspirasyon – ito ay darating sa inyo.

Ako ay naghahangad para sa inyo na umunawa, magnais, lumago at makapagkamit. Magrelaks sa aking **LIWANAG** dahil habang kayo ay nagbabasa, nagmumuni, nagmemeditasyon, at nananalangin, kayo ay nakakukuha sa aking **KRISTONG KAMALAYAN** na magiging mas lalong maliwanag sa inyo, habang lumalago kayo dito sa **Banal na Karunungan.**

Ang aking pag-ibig at paniniwala sa inyong lumalagong karunungan ay bumabalot sa inyo.

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 6

Ang mga Liham na ito ay nagkakaloob ng karunungang ang mga tao sa paglipas ng mga kapanahunan ay naghangad upang malaman ngunit ay hindi natanggap dahil ang kanilang pangmundong karunungan sa siyensiya ay hindi pa sapat upang makatulong sa kanila na makaunawa. Kaya ito ay kagaya noong ako ay nasa Palestina sa katauhan ni 'Hesus,' na muli at muli ay nagpaliwanag ng KATOTOHANAN NG PANGKALAHATANG PAGIGING NARIRITO sa maraming mga paraan, ngunit walang nakaunawa.

Kagaya ng karamihan sa inyo ay dapat na makatanto: HINDI ako dumating sa inyo sa panahong ito upang magdala ng bagong relihiyon, ng mas mainam na batas ng pag-uugali, o ng bagong 'Diyos' upang sambahin. Ni hindi, kagaya ng inyong mga dalubhasa sa metapisika, na nangangaral ako ng 'positibong pag-iisip.' Ang inyong pantaong nalikhang 'positibong pag-iisip,' na nagmamagnet tungo sa inyong pantaong mga pangangailangan at mga pagnanasa, at ang mga paraan upang makamtan ang inyong mga ambisyon, ay nagpapalakas lamang ng inyong bugso ng ego.

Lahat ng mga bagay na maganda at masagana ay mamamasdan sa inyo at sa inyong buhay kung mauunawaan ninyo na: ang buong sansinukob ay lagpasang **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** na nagawang nakikita kung **ITO** ay kukuha ng materyal na anyo mula sa aktibidad ng ego.

Ang inyong tunay na layunin sa inyong paglalakbay na ispiritwal, ay upang lumaya sa pagkakagapos sa ego at makagawa ng mas maraming **dalisay** na pakikipagniig sa **BANAL NA KAMALAYAN. Ito ay ang inyong pangkatapusang kapalaran upang kilalanin ang pagiging nasa lahat ng lugar NITO parehong sa loob ng inyong sarili at sa buong pang-araw araw ninyong mga gawain.**

Ang inyong pinakamataas na layuning ispiritwal ay upang dumating tungo sa may pagkaispiritwal na nataas na sandali kung sa katapusan ay matanto ninyo na ang inyong pantaong isip at ang mga pagnanasa nito ay limitado lamang, - at samakatuwid, ay hindi makapagdadala sa inyo ng kaligayahan at kakontentuhan na inyong mararanasan kung ibababa ninyo ang inyong pagiging tao at dumulog sa BANAL NA KAMALAYAN na humihingi *LAMANG* ng Mas Mataas na Daan, mas Masaganang Buhay, at ang tunay na ispiritwal na LAYUNIN na kayo lamang ang makapagkakamit sa inyong panlupang estado.

Subalit, upang matulungan kayo na maabot ang mataas na puntong ito ng pagkaunawa, ako ngayon ay mas magbibigay liwanag sa mga pinagmumulan at gawain ng EGO.

Habang pinag-iisipan ko ang inyong mundo, nakikita ko ang dimensiyon na sa pangkasalukuyan ay kontrolado ng PWERSA NG EGO.

Bawat masamang bagay sa INYONG PANGKASALUKUYANG NABUBULOK NA LIPUNAN sa inyong malawak na walang kaluluwang mga siyudad, ay nagmumula sa Pwersa ng Ego. Ito ay ang pinanggagalingan ng bawat kasamaan, pagsisinungaling, perbersiyong aktibidad sa kasalukuyan na nangyayari sa inyong planeta. Ito ang kumukontrol sa midya, sa inyong telebisyon, sa inyong mga

pamilya, mga bansa. Ito ang lumilikha ng mga digmaan sa buong mundo. Ito ang gumagawa ng mabahong lason ng mababang mga enerhiyang kamalayan na nauunawaan ng Mas mataas na mga Ispiritwal na Nilalang- ngunit masyadong nakatatakot upang pag-isipan.

Kung ang pangkasalukuyan ninyong kamalayan ay napapasok ng pag-ibig sa mga ari-arian at ang walang kakayahan na magbahagi sa iba, gumagawa ng mga daan at mga paraan para maging mayaman na kinakasangkapan ang iba, nagnanakaw, hindi ninyo ginagawa nang maayos ang inyong gawain o magbigay ng mabuting pagpapahalaga sa pera, naninira, nagtutungayaw, magaling mamuna, masakit magbiro, panghuhusga, pagtatakwil, pang-aaba, pagkikimkim ng galit, kawalan ng pasensiya, poot, pagkainggit, agresyon, nakasasakit na mga udyok, pagnanakaw, mga pagsisinungaling, doble at likong pakikipagtransaksiyon, paninirang puri - kayo ay dala ng ego. Ang inyong ego ang may kontrol at mahirap para sa inyo ang makalampas sa nakalalasong egong kamalayan upang Makita ang *Katunayan.*

Dahil dito, **AKO** ay dumating sa pamamagitan ng midyum ng mga **Liham** na ito upang tulungan kayong maunawaan nang may kaeksaktuhan kung ano ang naggagapos sa inyo pababa sa inyong pangkasalukuyang mga kondisyon, ang katatakutan na hindi mawari ng pantaong pag-iisip noong nakaraang dantaon.

Akin ngayong ipaliliwanag nang may mas kalubusan ang

EGO

SA ORAS NG PAGKABUO SA INYO, sa oras ng pagsisiping, habang ang kamalayan ng inyong ama ay tumaas, dumaan sa kaniyang buto sa likod, na tumaas patungo sa kaniyang ulo, at ang tensiyon ay umakyat tungo sa rurok ng kaligayahan nito, ang kamalayan ng inyong ama ay maikling nakahipo sa **BANAL NA KAMALAYAN** na lumilikha ng mabilis na diklap, isang maliit na pagsabog, na naranasan niya bilang orgasmo at pagkatapos nito ay ang pagkakapasok ng

BANAL NA KAMALAYAN
na nakapaloob sa kaniyang semilya
upang magbigay ng buhay sa itlog ng ina.

Ang sandali ng pagkakaniig sa babae at ang pagsabog ng tensiyon sa lalaki sa oras ng orgasmo, ay nagsasabuhay muli ng oras ng Big Bang, noong ang PAGKAKAISA ng 'Ama-Inang-Kamalayan' ay sumabog tungo sa magkahiwalay na mga enerhiya at ang unang elektrikong mga partikulo at hindi pinlanong 'bagay' ay nakalikha ng anyo. Ang 'Amang Kamalayan' ang nagbigay ng enerhiya ng 'aktibidad at pwersa,' at ang 'Inang Kamalayan' ang nagkaloob ng 'pagdidikit' upang magbigay ng anyo at substansya sa mga partikulong elektrikal.

Ito ang PANGUNAHING mga PINTIG na nagbibigay ng buhay at anyo sa lalaki at babae.

Gusto ko na maunawaan ninyo na ang paglikha ay hindi paglikha ng 'bagay' na napapasukan ng kamalayan.

Ang paglikha ay ang nakikitang anyo ng **ORIHINAL NA MGA PINTIG** na nakuha at napagsamasama sa indibidwal na mga hugis at mga lalang na lahat ay ***nagpapahayag*** ng iba't ibang aspekto at mga kombinasyon ng **ORIHINAL NA MGA PINTIG** sa di mabilang na mga paraan. Samakatuwid, ang **ORIHINAL NA MGA PINTIG** ay ***Katunayan*** na ang inyong mga mata, mga taynga, pang-amoy, panghipo, ay nagsasabi

sa inyo ng mga solidong 'bagay' ngunit sa totoo lamang ay mga **PINTIG NG KAMALAYAN** na indibidwalisado upang maranasan, intelektwal na maunawaan at emosyonal na mapahalagahan.

Sa oras ng pagbubuo noong ang semilya ay sumama sa itlog at ang pagniniig ay nangyari, ang **kamalayan** ng lalaking mga kromosom ay dumikit sa **kamalayan** ng babaeng mga kromosom. Ito ay pisikal na pag-iisa ng sa inyong amang sariling **kamalayan ng semilya** at ng sa inyong inang sariling **kamalayan ng itlog** na nabigyan ng kapangyarihan ng **Banal.** Kaya, ang lalaki at babaeng **kamalayan** ng mga kromosom ay nagdadala ng tatak ng namamanang DNA mula sa parehong magulang. Ang sandali ng pisikal na pag-iisa ng semilya at itlog ay nangyayari sa dalawang baitang ng pagkamalikhain.

Ang **pagkakapasok ng BANAL NA KAMALAYAN ay naging ang inyong kaluluwa** na kumatawan sa loob ng inyong **pantaong kamalayan** ng pag-iisa ng semilya at itlog. Ang pagkapisikal ay nalikha, nabigyan ng kapangyarihan ng **'Ama-Inang-Buhay Kamalayan'** na kontrolado ng **aktibidad** at **pagsasama** ng **buhay** na mga selyula, na lumilikha ng dahan dahang paglago at pagkalinang ng inyong pisikal na katawan- na siya talagang **kamalayan** na ginawang nakikita sa bawat baitang ng inyong pagiging lalang- at wala ng iba.

Ang inyong kaluluwa ay nanatili bilang hindi nalalabag na 'apoy' (metaporikal) ng **'Ama- Inang BUHAY** na malalim na napahalo sa pisikal na mga bugso ng:

AKTIBIDAD-PAGSASAMA/PAGHIHIWALAY

Ito ang naging inyong panlupang indibidwalidad at personalidad

Isinama sa loob ng lagpasang **MGA PINTIG NG BUHAY ng 'Banal na Ama-Inang Kamalayan,'** ang mga **pintig** na ito ng kamalayan ngayon ang kumuha ng proseso ng inyong pisikal na kamalayan ng pagkalikha at naging ang pwersang nagsusususulong sa likod ng inyong personalidad. Magkakasama, ang **'Gawain-Pagsasama'** na ginawa upang makabuo ng buhay na selyula sa pamamagitan ng buhay na selyula batay sa mga katangian ng kamalayan na nakapaloob sa kamalayang mga molekulo ng DNA. Parehong ang personalidad at ang katawan ay produkto ng mga pantaong pintig na ito ng 'Gawaing-Pagsasama/Paghihiwalay.' Habang ang **PANGKALAHATANG KAMALAYAN a**y nananatiling pang kailan pa man sa loob ng pagkakapantay sa **espasyo,** at samakatuwid, ay hindi nadiditektahan- sa pareho ding **espasyong** iyon, sa **mga alon ng baybrasyon,** ang pangunahing mga pintig ng 'Gawaing-Pagsasama/Paghihiwalay na kumikilos magkasama sa nakikitang dimensiyon na lumilitaw sa inyong mga pandamdam sa anyo ng elektromagnetismo.

Parehong ang **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** at ang inyong **kaluluwa** ay nananatiling hindi nadidisturbo sa loob ng katahimikan at katiningan ng pagkakapantay sa espasyo. Ang pantaong kamalayang pagkamalikhain ay nangyayari sa loob ng espasyo at oras at iba't ibang mga alon ng baybrasyon ng materyalisadong kamalayan.

Samakatuwid, kayo ay kumukuha ng nabubuhay na anyo at nagpapatuloy na mabuhay sa loob ng dalawang dimensiyon. Ang isang dimensiyon ay hindi nakikita, ang **BANAL NA KAMALAYAN**- at ang isa ay ang nakikitang dimensiyon na lahat ay nararamdaman o nauunawaan ng nabubuhay na tao hanggang ang ispiritwal na paglago ay magtaas sa pantaong kamalayan ng mga alon ng baybrasyon nito tungo sa ispiritwal na dimensiyon at ang sinag ng pagkaunawa ay pumasok sa panlupang kamalayan nito. Habang ang prosesong ito ng dahan dahang kaliwanagan ay nagpapatuloy, ang nataas na pantaong kamalayan pagkatapos ay gumagawang **gising** sa parehong **Hindi nakikita** at sa nakikitang dimensiyon.

Pag taas ng mga alon ng baybrasyon ng indibidwalisadong kamalayan, ay pagtaas at pagiging mas perpekto

ng mga anyo na nalikha sa isipan - pag baba ng mga alon ng baybrasyon, pag lalong hiwalay mula sa **Pangkalahatang Kaperpektuhan ng Pag-ibig** ang mga porma na nalikha sa indibidwalisadong isip na buong nalukuban ng bugso ng ego.

Ang **EGO** ay kumukontrol sa lumalaking sanggol mula sa oras ng pagkakasama ng semilya at itlog. Ang bagong maliit na lalang ay nagiging 'Ako' kaagad na nakararamdam ng pagkakontento o hindi sa loob ng sinapupunan depende sa pandamdam nito ng ginhawa o walang kaginhawahan at kung ano ang nangyayari sa ina.

Noong kayo ay isinilang, ang inyong mga natatanging pintig upang mabuhay na nakatatak na may malalim na pangunahing kaalaman ng 'nalikhang pagiging' na nakahimlay sa bawat nabubuhay na selyula ng inyong katawan, nag-udyok sa inyo upang huminga, at maging nakaaalam sa emosyonal na kawalan at pagkakababa sa inyong pagkakahiwalay mula sa kaginhawahan ng kinalalagakang sinapupunan, na noon ay naramdaman bilang pisikal na kawalan at pangangailangan para sa pisikal na pangangalaga.

Kaya ay ang inyong iyak ng ego ay isinilang.

Noong kayo ay umiyak ay nabigyan kayo ng pagkalinga ng ina na may kalalimang nakakontento- parehong sa pisikal at emosyonal. Noong ang mga pangangailangan ninyo ay lubos na nakatagpo, kayo ay babalik muli sa estado ng pagkakapanatag na nasa pagtulog.

Kung nagising kayo sa inyong pagkakapanatag, nakaramdam kayo ng walang kasiguruhan (ang kapanatagan ay nahati ngayon sa mental at emosyonal na pagkakaalam), natandaan ninyo na ang ina at gatas ang lumikha ng katuparan ng nangangailangang kawalang kasiguruhan, at kaya muli, kayo ay umiyak.

Ang inyong mga pangangailangan ay nakamtan.

Kaya ang inyong **bugso ng ego** ay lumago.

Minsan, umiyak kayo at ito ay pantaong batas na ito ay hindi pa oras ng pagpapakain at kayo ay iniwan upang umiyak pansamantala. Ito ang lumikha ng pagkakaalam na ang mga pangangailangan ay hindi laging nakakamtan kaagad at kailangan ninyong makibagay. Alin man na piliin ninyo ang magalit o umiyak nang mas malakas - o magtapos tungo sa pagtanggap. Ang inyong pagkapili ng reaksiyon ay dumipende sa mga katangian ng **'bugso ng ego'** na nakatatak sa inyong kamalayan sa pagkasilang.

Wala kahit na alin sa mga porma ng bugso ng ego ay dapat kondenahin o husgahan. Ang mga ito ay ang natural na resulta ng **Mapanlikhang Salik** ng **Ego** na nagsisiguro sa **PAGKAINDIBIDWAL**.

Gaya ng aking ipinaliwanag sa aking nakaraang **Liham,** ang **EGO** ay ang:

TAGAPANGALAGA ng PAGKAINDIBIDWAL

Kung wala kayo nitong kaakibat na pintig upang 'umiyak' para sa kung ano ang gusto ninyo para sumaya o tanggihan ang nagpapalungkot sa inyo, kayo ay nasa limbo ng kawalan.

Kung hindi kayo tumakbo papalayo sa panganib o hindi tumawag ng saklolo noong nasa kagipitan, maaaring kayo ay mamatay.

Kung hindi kayo umiyak- 'humingi' ng pagkain – noong kayo ay isilang, kayo sana ay nagutom.

Kung hindi ninyo tinanggap ang gatas ng ina at hinagpos siya nang may kainitan, kayo ay hindi sana nakalikha ng malapit na mapagmahal na bigkis sa kaniya.

Kung walang **BUGSO NG EGO** ay walang paglikha, walang indibidwalidad, walang katuparan ng pangangailangan, walang proteksiyon, walang kainitan ng pagtugon at walang pantaong pagmamahal.

Kung wala ang **BUGSO NG EGO** ay walang depensa sa sarili, walang pansariling proteksiyon, walang

pagkakaligtas.

Ngunit, ang **BUGSO NG EGO**- ang **pangunahing ang 'AKO' ng isang indibidwal,** ay nakatatak lamang sa pangangailangan para sa **PANSARILING KAKONTENTUHAN** at **PAGKABUHAY.**

Sa kabataan, ang 'Ako' ng ego ay pinamahalaan ng mga gusto at mga hindi gusto, ng mga naisin at mga pag-ayaw sa mga hindi kinakailangan at sa pamamagitan ng mga kinagawian na nalikha ng palagiang pag-uulit ng mga pakiramdam. Ang masamang mga kinagawian sa anyo ng di katanggap tanggap na mga tugon ng ego para sa personal na mga karanasan at ang kapaligiran na nabuo at ang mga ito, ay nagbunga na maitatak sa hindi konsyus - o subkonsyus na isipan - at manatiling natatago. Datapwat, ang mga ito ay sumasabog tungo sa nauulit na mga anyo ng pag-uugali kapag ang 'memorya' ng nakaraang mga pangyayari at mga paraan ng pag-uugali ay sa hindi konsyus na paraan ay nakapagdadala sa mga ito tungo sa isipan.

Ngayon, ang subkonsyus na isipan at ang konsyus na isip ay nagsisimula na gumawa na magkasama upang malinang ang personalidad. Ang karamihan sa pag-uugali ay nagiging 'nakondisyong pag-aasal' at napakahirap na baliin. Kapag ang tao ay hindi konsyus na naprograma ng malakas na sa sarili nakasentrong egong mga gawi ng pag-iisip at pag-aasal, - at nakatatagpo dito na mahirap upang mabuhay kasama ng iba na may harmoniya, - ang taong iyon ay pupunta sa isang sikolohista para sa tulong upang masolusyonan ang mga kaguluhan ng mental at emosyonal na mga problema.

Hanggang sa ang aking **Katotohanan ng Pagiging naririto** ay lubos na maunawaan at ang nagbibigay ng buhay na mga prinsipyo ay maging palagiang gabay ng mga gawi ng pag-iisip at mga tugon sa mga karanasan ng buhay, ang sakit at pagdurusa na nagmumula sa ignoranteng indulhensiya ng mga bugso ng ego ay mananatili.

Ang simbahan ay naglalarawan ng pantaong paghihirap na ito bilang 'tukso ni Satanas.' Walang gayong bagay. Ito ay likas na proseso na dulot ng **hindi kontroladong reaksiyon sa buhay** na pinalalakas ng **Bugso ng Ego, na ang tangi lamang layunin ay magdala ng indibidwal na kaligayahan at kakontentuhan, katuparan ng pangangailangan- o – pagiging pribado, kalayaan, kasiguruhan, kapayapaan…. Lahat ay nakatuon sa PAGKABUHAY.**

Kailangan na maunawaan na walang masama sa bugso ng ego. **Ito ay kinakailangang kagamitan sa paglikha.** Ito ay ang indibidwal sa kaniyang sarili na nagdadala ng mga di pagkakatimbang sa buhay sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa bugso ng ego na buong kumontrol sa kaniyang personalidad na walang pag-iisip o konsiderasyon para sa ibang tao.

Ito rin, ay hindi dapat husgahan o punahin, dahil ang tao na nalulukuban ng bugso ng ego ay hindi alam ang ibang paraan upang mag-isip o gumawa sa loob ng panlupang dimensiyon.

Ang bata ay walang alam tungkol sa pagkontrol sa sarili liban sa itinuro ng mga magulang at mga guro sa paaralan.

Samakatuwid, ang mga kamalian na nagagawa nito sa pagtugon sa buhay at sa mga taas at baba nito, ay matatanggap lamang sa mabuting ispirito ng mga magulang at mga guro, dahil ang bata ay walang pagkaunawa sa kung ano ang nagpapakibo sa kaniya.

Kung mayroon siyang gusto- NINANAIS niya kaagad at nagtatanong kung bakit hindi niya dapat itong makuha. Walang iba pa sa kaniyang isipan liban dito. Nakikita niya ang bagay na gusto niya- gusto niya ito.

Ito ay malupit na magsabi sa bata nang magaspang, 'Hindi, hindi ito magiging iyo', ang kaniyang buong

sistema ay nainsulto at nasaktan. Simula sa pinakamurang kabataan, ang proseso ng pagsasanay ay kailangang naunahan ng lohiko at muling pagsiguro - binibigyan ng diin ang kaniyang karapatan upang makaramdam ng kasiguruhan sa kaniyang kapaligiran. **Ang kaniyang pakiramdam ng kasiguruhan ay dapat na malinang sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng tamang paraan upang ihayag ang kaniyang mga naisin. PAG-IBIG - at hindi pagkainis o galit, kailangang pumili ng mga salita na magpapaliwanag sa bata kung bakit hindi siya maaaring magkamit ng gusto niya.** Ang bata ay makikinig sa mensahe kung ibinigay na may pag-ibig. Kung ihatid na may galit, ito ay makakakanti sa kaniyang pinakamalalim na mga bugso ng ego at magsisimula na kumuha ng anyo bilang masamang kalooban - lantad o natatago o ay ang pakiramdam ng malalim na nakabaong pagkabigo na nakalalason sa ego, nagpapababa sa likas na saysay ng panloob na kahalagahan ng bata. Ang bata ay nangangailangan na magtaglay ng ganitong pakiramdam ng personal na kahalagahan at hindi kailangang ilubog o sirain.

Ito ay nangangailangan na ang mga magulang at mga guro ay magtukoy, nang may kaliwanagan, na ang ibang tao sa mundo ay mayroon ding kanilang mga pangangailangan, kanilang mga karapatan para sa kanilang mga inaari, ang kanilang pagnanais para sa kapayapaan at kaligayahan. Walang isa man, ni maging ang bata- o ang matanda – ay may karapatan na mang-isturbo sa ibang tao para lamang makamit ang kaniyang pansariling kabusugan!

Kung ang isa pang murang gulang ay nakasakit sa bata at nakapagpaiyak sa kaniya, ito ay natural lamang para sa bugso ng ego na magnais na gumanti - siya ay programado na ipagtanggol ang kaniyang sarili laban sa ibang bata.

Ito ay tumatawag para sa mga magulang at mga guro na ituro na ang 'paglaban,' pagganti sa gulo, ay **nakapagpapalubha** lamang, nagdadala ng mas maraming sakit sa bawat bata, at para sa dahilang ito, ang 'paglaban' ay sa kabuuan ay walang halaga.

Mas mainam na **TUMAWA** at umalis na papalayo. At sa halip na hayaan na ang pagkairita at sakit sa isipan ay magpatuloy, mas maigi na dalahin ang problema sa **BANAL NA KAMALAYAN sa pamamagitan ng panalangin** at hingin na ang sakit ay maalis mula sa kamalayan, at humanap ng paraan ng pakikipagkasundo.

Ang bata ay kailangang turuan na umunawa na siya at ang iba pang bata ay parehong mga kabataan na isinilang ng **Banal na Sandali.** Kung ang bata ay ispiritwal na nakatatanggap at makagagawa ng paraang ito ng pagkilala ng kaniyang ispiritwal na relasyon sa iba pang mga bata at lahat ng mga nabubuhay na mga bagay, at ang mga 'karapatan ng iba ay kapantay ng sa kaniyang sarili,' na maging gawi, siya ay mabibibigyan ng pinakadakilang ispiritwal na regalo na posible. Sa paraang iyon, ay ang bugso ng ego ay mapahihina ng praktikal na pang-araw araw na paggamit ng may inspirasyong pag-ibig, habang ang panggitnang 'kaakuhan' ng bata ay mananatiling malakas at may pagtitiwala sa sarili.

Ang bata ay dapat na maturuan ng mga pakinabang sa pagtawa na aking isasalarawan at ipaliliwanag sa susunod na **Liham.**

Samakatuwid, ang sanay at puno ng kaisipang **turo** ay lubusang kailangan upang mapagana ang bata tungo sa pagpapahalaga sa mga karapatan ng ibang mga tao- **KAPANTAY NG SA KANILANG SARILING MGA KARAPATAN.**

Ito ay ang ispiritwal na batas na kailangang magdomina sa tahanan at silid –aralan. Anumang ibang batas upang humusga sa mga pangyayari ay mali at nagkukulang sa pagiging balanse.

Ang pinakamainam na turo ay sasandig- hindi sa kalooban ng guro, 'na dahil sa **AKO** ang nagsasabing'

asal,- kundi ay sa sistematikong pag-uugnay sa bawat pangyayari tungo sa 'kapatirang pagmamahal' at pantay na mga karapatan ng iba.

Sa katulad na panahon, ang bata ay hindi dapat madoktrinahan ng 'sakripisyo sa sarili' dahil ang uring ito ng **pangangalaga ay dapat na kagustuhan at isinilang lamang mula sa pang-indibidwal na ispiritwal na mga pananaw at mga layunin.**

Ang pagsasakripisyo sa sarili ay isinilang ng ispiritwal na kaliwanagan, ng mas mataas na daan upang tahakin, ng pagtanggi sa maliit na sarili upang alisin ang egong mga hadlang na sumasagabal sa pagkatono sa pagkaunibersal ng **Banal na Kamalayan**. Ang tunay na naliwanagang Sakripisyo sa sarili ay nagdadala ng ispiritwal na kamalayan tungo sa mga tugatog ng kaligayahan. Walang pakiramdam ng pagkawala sa anumang anyo.

Upang mas maisalarawan ang katunayan ng **kaluluwa** at ng **ego,** gusto ko na pagdaupin ninyo ang inyong mga kamay, ang mga daliri ay magkakatuon at ang mga braso ay magkakasama, na nag-iiwan ng espasyo sa pagitan ng inyong magkakadaop na mga kamay.

Ang inyong mga kamay ay nagrerepresenta ng **pantaong kamalayang baluti** ng isang tao - ang ego.

Ang **ESPASYO** ay may katumpakang kumakatawan sa **KALULUWA** na isinilang ng **'Ama-Inang-Kamalayang-Buhay'** sa sandali ng inyong pagkakabuo. Habang sa pantaong mga pandamdam ito ay lumalabas na 'kawalan,' ito ay sa katunayan, ay **sanga** ng **KALAHATAN AT KABUUAN ng BANAL NA KAMALAYAN** kung saan lahat ng mga nilikhang mga bagay ay nakakuha ng anyo. **Ang inyong mga kamay na may espasyo sa pagitan ay kumakatawan sa 'AKO.'**

Ang inyong kanan at kaliwang mga kamay ay nagrirepresenta ng dalawang mabisang mga pwersa ng magnetikong bugso ng ego. Ang mga ito ang kumakatawan sa mga pwersa ng 'pagsasama-paghihiwalay,' ngunit sa kaparehong panahon, ay may katumpakan, ang mga ito ay ang pisikal na representasyon ng pisikal na mga enerhiya na kilala sa siyensiya bilang magnetismo- 'Pagsasama at Paghihiwalay.'

Ikilo ninyo pabalik ang inyong kanang kamay mula sa isa at tingnan na ginagamit ninyo ang kanang kamay na ito ' upang makuha ang gusto ninyo mula sa buhay.' Ito ay kumakatawan din sa kung ano ang nauunawaan ng inyong pantaong kamalayan bilang ang 'paghawak' na asal sa buhay.

Bigyan ninyo ng panahon ang pagsasanay na ito at may kabuuang unawain na ang inyong kanang kamay ay kumakatawan sa magnetikong hila, ang pagsasama, ang pagkakabit, ang bigat na nakikita sa lahat ng likas. Ito ang pinagmumulan ng lahat ng 'pagkagusto' at 'pagnanasa.' Ito ay ang **magnetikong pintig** na laging nakadirekta upang kuhanin ang anumang kailangan o pinakananasa at kaaya aya sa buhay. Itong **magnetikong pintig** na ito na may **'intensiyong ispiritwal'** na dapat ituon tungo sa mapanlikhang mga layunin. Pagtutubo, paghahawak, pagtatayo, pagkakamit.

Kung walang mga ibang tao o mga nabubuhay na bagay sa mundo, ang magnetikong pintig ay maaaring buong nakaimpluwensiya sa personalidad at walang masamang nangyari.

Ito lamang ay kung 'ang ibang tao' o mga nabubuhay na mga nilalang o ang ibang mga tao at mga ari-arian ng iba ay mabigyan ng pansin, na ang hindi kontroladong **magnetikong pintig upang humila, kumuha,magtali, maghawak, mag-ari'** ay maging sakit ng personalidad, kung ito ay hindi pantay ang pagkakatimbang sa mga pangangailangan ng lahat ng iba pang nabubuhay na mga bagay.

Ibalik ninyo ang inyong kamay sa orihinal na tayo nito-nakadaop sa kaliwang kamay.

Ngayon hilahin pabalik ang inyong kaliwang kamay at tingnan na ang kamay na ito ay nagrirepresenta sa 'magnetikong pintig' upang umigkas, magtulak papalayo, mamalo, o magtanggol sa inyong sarili mula sa anumang hindi pinahihintulutang panghihimasok sa inyong ari-arian o mga tinataglay o anumang atake sa

inyong pag-uugali, pamilya o hanapbuhay. Itong kaliwang kamay na ito ay kumakatawan sa **'magnetikong pintig ng pagtanggi'** na **'ispiritwal na hinangad'** upang masiguro ang inyong pagiging pribado at mailigtas ang inyong buhay. Ito ay lehitimong sandata kung ang inyong pisikal o emosyonal na pagkabuhay ay nakasalalay- laging nagbibigay sa inyo na matandaan na ang inyong bawat kilos ay elektromagnetiko/aktibidad ng pagsasama/paghihiwalay na disenyo ng kamalayan na tumatalbog pabalik at nangyayari sa katapusan sa anyo ng kagayang atake sa sarili.

Ang hindi kaaya aya ay maaaring pamumuna mula sa inyong magulang, guro, tagabigay ng trabaho, at ang mga salita ng pagdidepensa sa sarili na nagmula sa isipan at lumabas sa inyong bibig ay mga salita ng ego na buong naibigay para sa depensa sa sarili, na nagpapahayag ng magnetikong bugso ng pag-igkas at pagtanggi. At habang ang inyong mga salita ng egong pag-atake ay sumiklab sa galit na pananalita, ay gayon din na ang ego ng inyong kritiko ay katulad na nanganganib at ito rin ay tumataas sa kaniya bilang mga salita ng depensa sa sarili laban sa inyo. Ano man ang maaaring nagsimula sana bilang kinakailangan at kilos ng matanda ng 'pagsasabi ng mga kamalian at ang mas mainam na paraan upang gawin' ay kalimitang kaagad na nakikita sa **pamamagitan ng sa sarili nakasentrong sensitibong ego**, bilang personal na atake. Ano sana ang naging **sandali** ng paglago, ay naging **oras** ng hindi pagkakasundo, galit, maaaring mga luha, patuloy na kapaitan at malalim na pagkagalit sa isa't isa.

Sa kagayang mabilis na hindi inaasahang **hindi kinakailangang** mga paraan, ang di pagkakasundo ay nalilikha sa isipan, nahahayag sa mga salita - kahit na ang mga kilos, at lumalaganap sa pamamagitan ng kapaitan at pagkagalit.

Tandaan na bawat aktibidad ng isipan- ang mental na pag-iisip at ang emosyonal na mga reaksiyon ng paghatak at pag-igkas ay lahat na **kamalayang mga enerhiya ng pagkamalikhain.** Itong mga kamalayang mga enerhiya ay hindi lamang lumilikha ng hindi magandang tumatalbog na mga anyo, kundi lumilikha ng direksiyon ng karakter at nakaaapekto din sa mga relasyon sa pangkalahatan at sa kapaligiran… at nakapagbabawas ng buhay kalakasan ng katawan, na naghahatid diretso sa pakiramdam ng pisikal na sakit, impeksiyong dulot ng bayrus o matagalang karamdaman.

Ang mas mataas na daan, kung inaatake ng anumang uri, - ang daan na mayroon lamang mapanlikhang kahihinatnan,- ay tandaan na inyong kaagad na matatawag ang **BANAL NA KAMALAYAN** mula sa kung saan kayo ay makakukuha ng agad na proteksiyon sa anumang kaganapan. Ngunit ito lamang ay maaari kung kayo ay makakikilos na lampas sa **'magnetikong bugso ng ego ng panlalaban'** sa perpektong kasiguruhan na ang **BANAL NA KAMALAYAN** ay kumakatagpo sa inyong bawat pangangailangan.

Ngayon isauli ang inyong kaliwang kamay sa orihinal na posisyon nito kasama ang kanang kamay.

Unawain na sa pangkalahatan ng pagsasanay na ito, ang **ESPASYO** sa pagitan ng inyong mga kamay ay nanatiling **ESPASYO.**

Hindi ito nakasangkot sa anumang aktibidad ng mga kamay. At kaya ito ay gaya ng inyong **KALULUWA** kapag ang inyong **ego** ay abala sa paggawa, sa bawat segundo, lagi at kailanman ay alerto upang punan ang inyong mga pangangailangan at ipagtanggol kayo mula sa mga di kaaya aya. Ang **BANAL NA KAMALAYAN ng inyong KALULUWA** ay nananatiling natatago kahit na ito ay laging nasa inyo.

Noong ako ay nasa lupa, ako ay nangusap sa mga tao tungkol sa 'Kaharian ng Kalangitan.' Sinabi ko na ito ay nasa inyo. Kaya ito nga. Ito ay ang inyong kaluluwa. Ito ay ang kanlungan ng pagkakapantay ng **BANAL NA KAMALAYAN** na nagbigay sa inyo ng pagiging bilang lalaki at babae sa hinaharap.

Lubha kong hinangad na ikintal sa inyong mga isipan ang malawak na pananaw ng inyong **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** upang makapagpaunawa sa inyo ng kaunting mas may

kaliwanagan pa tungkol sa inyong mga simula, mula sa kung saan kayo nanggaling.

Kailangan din ninyong maunawaan sa lahat ng oras na kapag ako ay nangusap ng salita ng paglalarawan sa **IYONG ALIN AY TUNAY NA HINDI MALAMAN,** ako sa aking sarili, nakatayo sa pinakamataas, walang hangganang mga alon ng baybrasyon sa bawat tabihan ng **DAKILANG PANGKALAHATANG PAGKAKAPANTAY** mula sa kung saan lahat ng mga bagay ay nakakuha ng kanilang pagiging at kumuha ng kanilang anyo.

Kung magsalita ako ng tungkol sa bundok, ang larawan ay mapapapunta sa inyong isipan, ngunit hindi ninyo malalaman ang kalakihan ng mga istruktura nito, ang katigasan ng mga bato dito, ang mga look nito at ang mga tuktok at mga yungib, ang yelo na bumabalot dito sa lahat ng mga panahon, ang mga lagaslas ng tubig na umaagos tungo sa mga layun kapag ang kapal ng yelo ay natunaw. Para makakuha kayo ng sulyap sa pagkakahangahanga ng bundok, ako ay kailangang pumunta sa detalyadong pagsasalarawan ng bawat sulok at lagusan nito. Kahit na pagkatapos ng pinakadetalyadong **pasalitang** pagpapaliwanag, inyo lamang maiisip ang mental na mga larawan na maiguguhit. Hindi ninyo pa rin **MALALAMAN** ang bundok.

Kapag nagsalita ako ng tungkol sa bagyo, aking madadala sa isipan ninyo- ang mga punong kahoy ay natutumba sa lupa, humahapay dahil sa malakas na hangin, ang mga dingding ay nagpipirapiraso, ang mga pamakuan ng bubong ay nasisira, ang mga briks at mga bubong ay lumilipad,ang mga bintana ay nababasag, ang mga sasakyan ay nababaligtad, ang malalaking punongkahoy ay nabubuwal, ngunit hindi ninyo malalaman ang pwersa at ang ingay ng hangin na iyon, ang biglang pagkasira ng bumabagsak na inanluwagi, o ang gulo na naidudulot nito sa puso ng mga tao na magdaranas nito, hanggang sa maranasan ninyo ito sa inyong sarili. At kaya ay gayon din kapag sinubukan kong isalarawan sa inyo, **IYONG KUNG ALIN ANG NAGDALA NG LAHAT NG NILIKHA SA PAGIGING LALANG.** Inyo lamang mahuhulaan at hindi **MALALAMAN**.

Ito lamang ay pagkatapos na inyong maranasang lahat ang aking sinabi –para sa inyong sarili- na kayo ay magsisimula na makakuha ng ilang ideya ng kung ano ang sinusubukan kong sabihin sa inyo. Samakatuwid, huwag hayaan ang sinuman na bumabasa ng mga **Liham** ko na makipagtalo sa iba o itatwa ang katotohanan ng kung ano ang aking itinuturo sa inyo- o tanggihan ang aking mga salita- dahil sinasabi ko sa inyo nang may katunayan na hindi ninyo ganap na **malalaman** ang hindi ninyo naranasan.

Ito lamang ay iyong mga makasusunod sa akin sa pagtanggap at paniniwala tungo sa pang-araw- araw na meditasyon, ang paglilinis ng kamalayan, at walang humpay na panalangin para sa kaliwanagan, ang sa katapusan ay makakukuha ng palalim nang palalim na mga kinang - pagkatapos ay mga karanasan - ng kung ano ang paglikha sa **sarili nito** ay makapagpapahintulot sa- **Banal na Kamalayan.**

Inyong maaaring itanong kung ano ang kaibahan sa pagitan ng **Pangkalahatang Kamalayan at Banal na Kamalayan?**

Ang BANAL NA KAMALAYAN ay BANAL NA DIMENSIYON ng ESPASYO na walang sinuman ang makapapasok o mapahihintulutan, dahil ITO ay nakahimlay sa estado ng pagkakapantay at ay nilalaman ng sariling enerhiya.

Ang BANAL NA KAMALAYAN ay ang muling pagsasama ng orihinal na mga PINTIG sa loob ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN na napakawalan upang maging ang parehong *aktibidad at ang substansya* ng paglikha sa sandali ng BIG BANG.

Ang MGA PINTIG na ito ay nahati ng pagsabog at pagkatapos ay nagsama muli sa estado ng pinagsasaluhang pagkontrol. Ang mga ito ay sinadya upang gumawa ng walang katapusan sa nilikhang dimensiyon na maaaring hiwalay, na namamasdan bilang mga enerhiya, o magkasamang

kontrolado sa pagkakapantay. Ito lamang ay ang dimensiyon ng BANAL NA KAMALAYAN na mapapasok ng siyensiya.

Maaaring ang susunod na talata ay makapagsalaysay ng tungkol dito nang mas may kaliwanagan:

PANGKALAHATANG KAMALAYAN

kumakatawan sa

PANGKALAHATANG MGA PINTIG

PINTIG ng* ! *PINTIG ng:

Ang KAGUSTUHAN upang lumikha sa *pinagsasaluhang pagkontrol* na may LAYUNIN upang maranasan ang Sarili nito.

KATALINUHAN " " " " PAG-IBIG

***PINTIG* ng MATALINONG KAGUSTUHAN kapantay ng *PINTIG* ng MAPAGMAHAL NA MGA LAYUNIN**

Habang naibigay na sa inyo ang intelektwal na salitang pagsasalarawan ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN,** kayo ay hindi mas magiging malapit sa pagpapahalaga sa supremong pagkakahanga hanga at pagkadakila ng Kapangyarihan, ni hindi sa kagandahan, ligaya, harmoniya, ekstasi na nakapaloob sa kulay at tunog lampas sa inyong dimensiyon. Ito lamang ay tayo na nakapagtaas sa kamalayang mga alon ng baybrasyon sa pinaka lagusan o mga tabihan ng pagkakapantay ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** na nakararanas at nakapagpapasinag ng **kagalakan ng pansariling pagkakaalam ng tunay na potensiyal na hindi nagnanasa na punan ito - ang kahanga hangang kaligayahan ng personal na kakontentuhan na walang 'itinataas na daliri.'**

Ginagamit ko ang huling salita nang may pagkametaporikal, dahil, bagaman aking pinanatili ang aking pagkaindibidwal, Ako ay aktibo sa **kamalayan** lamang at ako ay, sa walang anumang paraan, sa pisikal ay hindi na at wala ng kinalaman mula ng aking ipagpatuloy ang ispiritwal na pagtaas sa ibang mga dimensiyon pagkatapos ng aking kamatayan sa krus.

Kayo ay magtataka paano ito magiging posible upang magkaroon ng kagayang malaking PANGKALAHATANG MGA PINTIG sa estado ng pagkakapantay. Ang mga ito ay nasa lagay ng pareho at pinagsasaluhang pagkontrol, ang pagsasama, nangangalagang PAG-IBIG humahawak na PINTIG, nagbubuklod sa mapanlikha, aktibong KAGUSTUHAN na nasusupil.

Akin lamang maipaliliwanag ang penomenang ito sa sumusunod na simpleng mga salita.

Kapag inilagay ninyo ang palad ng isang kamay sa ibabaw ng palad ng isa pa, na ang mga dulo ng daliri ng bawat kamay na nakahihipo sa braso ng isa pang kamay at pagkatapos ay subukang paghiwalayin ang mga ito ngunit panatilihin pa ring mahigpit na nakalapat sa isa't isa, kayo ay makakukuha ng ilang ideya ng ibig sabihin ng 'pagkakapantay' o 'parehong pagkontrol.'

Dagdag pa, kailangan ninyong maunawaan na bagaman at ang inyong mga kamay ay maliwanag na nagpapakita ng pisikal na penomena, ang mga ito ay pangkasalukuyang pinapamahalaan at nagpapahayag sa pamamagitan ng mga PINTIG na nagsisimula sa inyong utak. At saka, ang inyong utak ay maaaring ang tagapagdala ng pagpapahayag ng konsyus na mga ideya- mga pintig- ngunit sa totoo lamang, ang Pintig ay ang katunayan ng lahat ng pagkilos ng anumang uri- hindi ang pisikal na utak na instrumento lamang ng *kapahayagan* ng kagayang mga pintig.

Ibinigay ko lamang sa inyo ang intelektwal na tala ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN. Paano ko maisasalarawan para sa inyo ang natatagong kapangyarihan, ang pagka kahanga hanga ng

paggalang, ang kaligayahan, ang maningning na saya, ang estado ng kakontentuhan at kapayapaan at harmoniya ng Pagiging Lalang Nito?

Kahit na mapagmuni muni ninyo at maunawaan na mula sa KALAWAKAN ng KAMALAYAN na ang buong sansinukob ay nakakuha ng buhay at anyo, hindi kayo makauunawa ng higit pa sa elektron ng malaki, hindi masukat na *Masayang Katunayan* ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN.

Upang maunawaan nang ganap ang **likas ng paglikha:** ang mga dahilan kung bakit ang ego ay kumikilos gaya ng ginagawa nito, bakit ang nilikhang mga lalang ay nakararamdam ng mga bugso na nararamdaman ng mga ito, ito ay dapat na maunawaan na ang **LIKAS at KALIDAD ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN ay MANINGNING NA LIGAYA – KATUPARAN -KALIGAYAHAN.**

***ITO ANG AKING SINALITANG ANG 'KAHARIAN NG KALANGITAN AY NASA INYO' - NASA INYONG KALULUWA - NASA PINAKAMALALIM NA MGA ESPASYO NG INYONG PAG-IISIP, na siyang* namamagitan sa kaningningan ng inyong kaluluwa at sariling anino ng ego.**

Upang bumalik dito sa lagpasang estado ng maluwalhati, maganda, masaya, maharmoniyang pagiging lalang ay ang sa inyong kaluluwang pinakamalalim na hinahangad!

Ito ay ang nararanasang paghahangad, itong mula sa pagsilang ng hindi konsyus na muling pagsasama sama ng pagkakapantay at kapayapaan, saya at harmoniya, na sa pamamagitan ng isipan, ay nag-uudyok sa EGO na kumakatawan sa inyo upang magmanipula sa kapaligiran. Ang palagiang layunin nito ay upang ibalik sa inyong pinakapinanggagalingang orihinal na estado ng maluwalhating ekstasi na mula doon ninyo nakuha ang inyong kaluluwa, pagiging lalang at anyo.

Ngunit ang ego ay makapagdadala ng inyong ginustong saya at kagalakan, sa pamamagitan **lamang** ng dalawang magnetiko/emosyonal na 'Pagsasama-Paghihiwalay' na mga pintig- na materyalisadong mga pintig lamang upang magbigay sa inyo ng inyong pagkaindibidwal.

Samakatuwid, ang mula sa pagsilang na **paghahangad** upang muling sumama sa **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** ay nararanasan sa elektromagnetikong mga pamantayan ng pag-iisip at pakiramdam bilang ' Higit pa, higit pa, higit pa' sa kung ano ang nagbibigay sa inyo ng kaaya ayang pakiramdam noong nakaraan. Mas maraming mga kaibigan, mas maraming bahay, sasakyan, mga damit, at iba pa. Sa bawat oras na ang 'higit pa' ay nakamtan, mayroong maliit na kislap ng kakontentuhan, maaaring ang pagpapakita sa mga kapitbahay upang pataasin ang kaligayahan, (nakakukuha ng isa sa kanila, at isa pang maliit na kislap), at pagkatapos ay ang koleksiyon ng bagong bagay ay naglalaho, ang bagong pag-aari ay nagiging ordinaryo, ang mga pandamdam ay muling nakahimlay - sa pagkakapantay - ang mental na kapaguran ay dumaratal, ang mga paulit ulit na gawain ay nawawalan ng kinang at nakababagot. Upang magbigay ng buhay, ang ego ay naghahanap ng iba pang layunin upang makamtan para makapagbigay ng kaligayahan at kasiyahan. Kaya, ang buhay ay isang walang katapusang paghabol para sa personal na kakontentuhan ng maraming mga uri na nag-iiwan sa nabubuhay na kaluluwa na magutom, hindi makontento, naghahangad pa rin ng bagay na "Higit pa' - ngunit ano baga itong inaasam pa ng aking pinakamalalim na sarili? Nagtatanong kayo nang may pagkabigo.

Kapag ang tao ay nakarating sa pagkaunawa ng tunay na pinagmumulan ng kawalan at patuloy na panloob na pag-aasam para sa 'higit pa sa kung ano ang nakapagpaparamdam sa akin na mas mabuti kaysa noon' at magsisimulang magmeditasyon upang makipag-ugnay sa **'IYONG… ALING NAGDALA SA KANIYA TUNGO SA PAGIGING LALANG,** ang katiting ng **Banal na Pagkakapantay** ay sumasala sa pamamagitan

ng pantaong kamalayan. Ang kawalan ay magsisimulang humupa.

Kung talagang ang taong iyon ay nakasalo ng tunay na kinang ng **WALANG KATAPUSAN** at tunay na layunin sa buhay, ang paghahangad sa mas maraming mga ari arian sa katapusan ay papanaw sa likas na kamatayan. Ang pagnanasa para sa 'Higit pang' mga pag-aari ay dahan dahang mapapalitan ng tapat na pagpapahalaga sa kung ano ang mayroon na kayo at ang pandamdam ng palagiang kakontentuhan. Sa pamamagitan ng mga mahiwagang mga panghihimasok o gawain ng **BANAL NA KAMALAYAN** sa pang-araw- araw na buhay, ang pantaong kamalayan ay lubhang nataas at natututo na ang mga pang-araw- araw na pangangailangan ay nakakatagpo sa pinakamainam na paraan. Ang pananalig ay tumataas at ang saya ay nadagdagan.

Ito ay kung bakit sinabi ko sa inyo: Hindi ako dumating upang magturo sa inyo ng positibong pag-iisip upang madala ninyo sa inyong bilog ng impluwensiya ang mga bagay na gusto at kailangan ninyo. Ako ay dumating sa inyo nang hayagan upang gabayan kayo pabalik sa **Kaharian ng Kalangitan.**

Ngunit, ito ay hindi lamang sa bagay ng pagnanais ng mas maraming ari arian para sa inyong sarili na ang inyong kaluluwa ay nakatutok pababa sa inyong lihim na tirahang lugar. Ang ego ay gumagamit din ng magnetikong emosyonal na bugso upang 'umigkas - tumanggi' upang siguraduhin ang inyong pagkaindibidwal, pagkapribado, at kaligtasan. Ang pintig na ito ay kumukuha ng maraming mga anyo na dinisenyo upang magbigay sa inyo ng pakiramdam ng pagiging mataas, o ang pagiging elitista o ang pagpuprotekta sa inyo mula sa mga tao na itinuturing ninyong hindi karapat dapat, o may mas mababang katatayuan sa lipunan kaysa sa inyong sarili. Itong bugsong ito ng ego ay nangyayaring patuloy at inisip na perpektong katanggap tanggap kahit na ng mga simbahan. Ang katotohanan ay: kapag ang kaluluwa ay nagsisimula upang makakuha ng munting pagkontrol sa bugso ng ego, ito ay kakastigo sa pantaong personalidad dahil sa karamutan at pagiging eksklusibo nito. Ito ay mag-uudyok sa isipan tungo sa pagkupkop sa walang kondisyong pag-ibig at ang paniniwala sa pagiging unibersal at Pagiging -iisa ng lahat ng mga tao, maging sino man sila.

Maaaring, ngayon, ay inyong mas madaling mauunawaan kung paano at bakit ang pagkalikha ng inyong pagkaindibidwal sa pamamagitan ng midyum ng ego, na nakalikha ng malaking 'pisikal na mga pintig' na kapsula na nakalikha at bumalot sa inyong pantaong kamalayan - lumilikha ng inyong parehong pisikal na anyo at ng inyong pisikal na personalidad. Dahil ito ang namamahala sa inyong isipan at mga emosyon, mga iniisip at mga pakiramdam, ito ay humahadlang sa inyo mula sa pakikipag-ugnayan sa **PINAGMUMULAN ng inyong BUHAY** at ng inyong **KALULUWA.**

Ang **INYONG TUNAY NA LAYUNIN sa buhay** ay makakuha ng pagkasanay ng inyong ego sa pamamagitan ng pag-abot sa pag-iisip at nararamdaman tungo sa … **IYON…. KUNG ALIN NA NARARAMDAMAN NINYO AY NASA LIKOD NG PAGLIKHA** at palagiang humihiling para sa kaliwanagan.

Ito ay ang pinaka unang hakbang na dapat kuhanin ng tao tungo sa maluwalhating sandali kung siya ay makikipag-ugnay sa **BANAL** at pagkatapos ay kumilos paunahan sa pamamagitan ng patuloy na paglilinis ng bugso ng ego, sa muling pagpasok tungo sa 'makalangit na estado' mula sa kung saan ang inyong kaluluwa ay isinilang at kumuha ng pagkaindibidwal nito.

At paano itong PAGLIKHA ng PAGKAINDIBIDWAL ay nangyari?

Kagaya ng sinabi ko noon, ang **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** ay nakarating sa mataas na punto ng pinagsasaluhang pagkontrol at ang pagsabog ay nangyari na nakapaghiwalay sa:

****

PINTIG ng MAPANLIKHANG KAGUSTUHAN mula sa PINTIG ng MAPAGMAHAL na MGA LAYUNIN

na naghiwalay at naging aktibo sa nilikha bilang:

Amang Katalinuhan: Inang Pag-ibig

na nakita bilang

Elektrisidad: Magnetismo'Pagsasama-Paghihiwalay'

!

Buhay

!

Muling pinagsama sa pagkakapantay bilang

BANAL NA KAMALAYAN

!

B U H A Y

Samakatuwid, malayo sa pagiging solido at hindi maisip na 'bagay,' - sa katunayan- ang nakikitang mundo ay:

Isipan/aktibidad na gumagawa lagi sa pakikipagtulungan ng emosyonal/magnetikong Pagsasama-Paghihiwalay. Kilala rin sa tawag na 'Paghila-Pagbuklod.'

Amang Katalinuhan: pisikal na elektrisidad

at

Inang Pag-ibig: pisikal na magnetikong 'Pagbubuklod-Paghihiwalay

magkasama ay nakalikha ng sanggol- ang EGO

!

Itong PINTIG NG PAGKAINDIBIDWAL

ay isinilang at kumuha ng hindi nagbabago at palagiang anyo sa loob ng mga enerhiya ng paglikha upang masiguro na ang maraming mga pwersang elektrikal na nahayag bilang mga proton at mga elektron at ang natitirang 'grupo ng partikulo' na may kagalakang nadiskubre ng siyensiya, ay hindi dapat na mapakawalan na hindi nagambala tungo sa malayong 'walang pormang estado' kundi kailangang masupil at makontrol sa pamamagitan ng magnetikong 'pagbubuklod paghihiwalay na PINTIG ng Inang Pag-ibig upang magdala ng nakikitang anyo.

Ang siyensiya ay maaaring tumutol sa mga nabanggit na mga talata, dahil ito ay nasa malubhang mga paghihirap upang isalarawan ang maraming mga 'proseso ng pagsasama' sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang salita- mga terminolohiya para sa 'pagsasamang' mga enerhiya.

Malugod na tinatanggap ang siyensiya upang tawagin ang 'pagsasama o paghilang mga enerhiya' sa pamamagitan ng anumang terminolohiya na gusto nila, ngunit ang katotohanan ay nananatili na ang mga enerhiyang ito ay nakakuha ng anyo mula sa puno at pangunahing PINTIG ng INANG PAG-IBIG, na ang PANGUNAHING KAMALAYANG tungkulin ay upang magbigay ng anyo sa pagkaindibidwal.

Ang PINTIG ng sa 'Amang Matalinong Buhay' ay nagbibigay ng elektikal na pwersa sa nilikha.

Ang PINTIG ng 'Inang Mapagmahal na Pagkamaylayunin' ay nagbibigay ng 'pagbubuklod' upang makontrol ang elektrikal na pwersa at dalahin ito sa pagsupil sa loob ng pagkaindibidwal.

Ang PINTIG ng 'Inang Mapagmahal na Pagkamaylayunin' ay nagbibigay ng 'pag-igkas – paghihiwalay na pintig upang masiguro ang pagkabuhay ng pagkaindibidwal.

Iyan- ang proseso ng paglikha.

Ang siyensiya ay makalalapit lamang sa paglikha bilang tagamasid. Bagaman ang mga sugo nito ay mga tao at nakararanas ng buhay para sa sarili nila, ang pantaong isip ay nakapagmamasid lamang sa kung ano ang nalikha na. Hindi ito makapapasok tungo sa malapitang mga proseso ng paglikha na natatago sa loob ng 'bagay' at ang pinaka basikong mga lugar ng enerhiya.

Ang siyensiya ay hindi makapag turong diretso ng **NAG-UUDYOK NA SALIK EKES** na nagbibigay daan sa mga enerhiyang siyang kumukontrol sa paglikha ng indibidwal na anyo.

Ngunit ang masasabi ng siyensiya tungkol sa paglikha ay munting sandali sa inyo bilang isang indibidwal. Hindi mababago ng siyensiya ang inyong istilo ng pamumuhay, kalusugan, kapaligiran, personal na mga nararamdaman at mga nakamtan sa isang maliit na hindi tiyak ang dami at laki.

Ang kailangan ninyong malaman- at kung bakit ako ay dumating nang hayagan upang sabihin sa inyo - ay kung paano matakasan ang maramot na **bugso ng pag-aangkin at pagpuprotekta** na ibinigay sa inyo ng **EGO** upang masiguro ang inyong pagkaindibidwal at pagkabuhay at ang inyong natatanging paghahangad upang bumalik sa saya at kaligayahan mula sa kung saan ang lahat ng nilikha ay kumuha ng **BUHAY.**

Ito ay nagkakaloob sa inyo ng dahilan kung bakit ako ay orihinal na dumating sa lupa at *dumarating sa inyo sa panahong pangkasalukuyan* - upang gumawa ng bagay na walang siyentipiko ang makagagawa para sa inyo - upang tulungan ang inyong kaluluwa na lumitaw mula sa mga pagkakasadlak sa inyong bugso ng ego at pumalaot sa bagong programa ng 'pag-iisip-emosyonal na pamumuhay' na direktang maghahayag sa 'Ama-Inang-Kamalayang Buhay' na inilagak sa inyo at sa lahat ng sangkatauhan sa sandali ng pagkabuo.

Dahil ang ego sa sarili nito ay nagtataglay ng elektrikong pwersa ng Aktibidad-Pagkamalikhain at ang emosyonal na magnetikong mga pintig ng 'Pagbubuklod- Paghihiwalay,' anuman ang isinilang ng 'bugso ng ego' sa pamamagitan ng mga iniisip, mga pakiramdam at mga gawa, ay napalakas ng pisikal na elektro-magnetikong buhay na gagawa ng replikang mga porma ng buhay at sa katapusan ay mangyayari sa buhay ng manlilikha ng ego.

Ang nalikhang mga anyo ay hindi lamang mamamasdan sa katapusan bilang mga karanasan kundi ay makadidisturbo din sa paggana ng pisikal na mga proseso ng manlilikha ng mga ito at ay ang pinanggagalingan ng pisikal na mga walang kapanatagan o mga bayrus o karamdaman.

Samakatuwid, ito ay malaking dahilan para magdiwang kung ang kaluluwa ay makaalpas mula sa nagkukulong dito na pantaong kamalayan ng ego, dahil ang tumataas na ispiritwal na kamalayan ay lilikha ng maharmoniyang nagbibigay ng buhay na mga kondisyon na hawak nito sa kamalayan. Sa kabilang banda, ito ay dahilan ng dalamhati habang ang pantaong kamalayan ay nakalubog sa kontrol ng ego, nagdudulot ng mga pagkadismaya, mga pagsubok at mga pagdurusa sa parehong mga karanasan sa buhay at sa pisikal na kondisyon sa sarili nito.

Kaya, sinasabi ko sa inyo: Kung ayaw ninyo ng inyong mundo, mayroon kayo nito sa kapangyarihan ninyo na baguhin ang inyong 'mga kondisyon ng pagiging naririto,' saan man kayo naroon - kung kayo ay may paniniwala at palagiang kagustuhan na gawin ito.

Aking inuulit sa ibang anyo upang makuha ang inyong pansin:

Kung nagpapatuloy kayo sa inyo pangkasalukuyang antas ng pantaong pagkilos at pag-iisip, inyo lamang mararanasan ang inyong pangkasalukuyang antas ng pantaong pagiging naririto.

Kayo ay tutungong pababa upang magtrabaho nang mahirap para sa kakarampot na pamumuhay, nasasadlak sa maraming mga problema, kagaya ng kahirapan at masamang kalusugan, mga pagkasugapa,

hindi makakilos dahil sa nakapapagod na takot, at ang pagkakaharap sa masama ang intensiyong mga atake ng lahat ng uri.
Kayo ay mabibigatan ng mga pangkasalukuyang mga kondisyon hanggang inyong maunawaan kung paano baguhin ang mga iyon.
Ito ang inyong ginintuang pagkakataon na kuhanin ang kontrol ng inyong mga buhay na hindi kagaya noong nakaraan, sa pamamagitan ng pagkontrol sa inyong mga iniisip at mga emosyon- ang **inyong mga elektrikal at magnetikong mga pintig-** ang mga guhit ng inyong panghinaharap na mga karanasan.
Dahil - kayo ay parang manggagawa ng palayok na nagtataglay ng putik at araw araw ay naghuhubog ng mga palayok at mga kagamitan para sa inyong kapakinabangan.
Ang **KAMALAYAN** ay ang putik - ang substansya na kung sa alin ay ginagawa ninyo ang inyong mga buhay- at bawat kalagayan na nauukol dito. Kayo, ay nag-iisang, humuhubog sa inyong mga buhay tungo sa mga anyo na inyong nararanasan.
Dahil sa inyong mga iniisip, ay mababago ninyo ang inyong personal na hinaharap, kung inyo lamang susundin ang aking mga salita, unawain ang inyong tunay na mga pinagmulan, maniwala sa mga iyon at gamitin ang karunungang ito sa inyong pang-araw araw na gawain.
Maaapektuhan ninyo ang inyong kapaligiran, ang inyong mga tahanan, mga pamilya, hanapbuhay, ang mga tao na nakasasalamuha ninyo, at maging ang mga halaman, mga hayop, at ang klima.
Anuman ang mahigpit ninyong ikinikintal sa inyong isipan ay nangyayari.
Kaya, ito ay napakahalaga para sa inyong ispiritwal at inyong personal na pantaong paglago na lubusang unawain ang lahat na aking sinusubukang ituro sa inyo.
Huwag ninyong isipin na ang mga Liham na ito na nahahayag sa inyo ay mahirap unawain at pagkatapos ay kumilos kayo patungo sa mas maalwang paraan sa paghahanap ng kaligayahan.
Maniwala kayo sa akin- walang TUNAY at mas madaling paraan para sa inyo upang matagpuan ang pagkakapantay at kaligayahan na hinahanap ninyo - dahil ang aking mga salita ay naglalarawan ng PANGKALAHATANG KATOTOHANAN NG PAGIGING NA I ITO at ang BUHAY kung sa alin ay sa pangkasalukuyan ay itinatayo o sinisira ninyo ang inyong mga buhay.

Sa kagayang panahon - magtiwala kayo na hindi ninyo kayang malikha ang bagong mga kondisyon para sa sarili ninyo hanggang sa madiskubre ninyo ang BAKIT at PAANO na inyong nalilikha ang mga mapanira at negatibong mga kondisyon sa nakalipas.
Lahat ng bagay na inyo ngayong nararanasan, ay inyong nilikha at pinakilos sa pamamagitan ng mga nakaraang mga iniisip, mga salita, mga gawa sa nakalipas. Kaya huwag kayong magdamdam sa pangkasalukuyang nangyayari sa inyo, dahil kayo sa sarili ninyo ang gumawa ng anumang dahilan ng inyong pangkasalukuyang mga kalagayan.
Maging nakararamdam, samakatuwid, at basahin ang mga Liham na ito at mag-alay ng lahat ninyong lakas at kalooban na tuklasin ang mga paraan na ginamit ninyo (sa dating pagkawalang muwang) upang sirain ang buhay ninyo noong mga araw na lumipas na.
Pagkatapos ay kuhanin ang kinakailangang mga hakbang upang linisin ang inyong kamalayan.

Maaring itanong ninyo: Bakit ko lilinisin ang aking kamalayan?

Sinasabi ko sa inyo- hindi KAYO makapagtatanim ng isang linang ng mais na hindi muna gagamitin ang

araro upang linisin ang lupa, at pagkatapos ang kagamitan upang maging pino ang lupa at magsabog ng pampataba. Sa pagkawalang muwang, kayo ay makapagtatanim sa gitna ng mga naroong mga damo sa malaking tipak ng lupa at hindi na gumamit ng abono at ang inyong tinanim ay maging payat at hindi pantay. Kagaya rin ito kung magputik kayo sa inyong makalupang sa sarili nakasentrong mga iniisip at mamuhay nang lubos sa inyong sariling pantaong karunungan, kalakasan at kagustuhan. Kayo ay limitado sa bawat bagay na ginagawa ninyo. At, lahat sa di pagkakaalam, kayo ay lumilikha ng pinaka mga pangyayari na maglilimita sa ani ng inyong mga pinagkakaabalahan.

Sa sandali na maunawaan ninyo kung saan kayo ay tunay na nanggaling,

Hanapin ang Kapangyarihan sa kung sa alin ay makakukuha kayo upang maisakatuparan ang bawat isang bagay sa inyong buhay,

at kumuha ng madaliang mga hakbang upang alisin ang mga damo,

kaya nagpapadalisay sa lupa ng inyong kamalayan

kayo ay makakukuha ng KAPANGYA IHAN

na magpupuno at magpapayaman ng inyong pang-araw- araw na mga karanasan at mga gawain.

Inyong masasabi na ang **KAPANGYARIHAN** ay ang inyong abono ngunit ito ay magiging lubusang hindi akma at mali.

Ang abono ay bagay na kemikal na pagkain para sa halaman - samantalang ang **KAPANGYARIHAN** kung sa alin ay nakukuha ninyo sa pamamagitan ng pang- araw- araw na meditasyon, ay ang **BUHAY** na nagpapasigla sa inyong buong pagiging lalang, ang inyong buhay at kahit na ang inyong mga halaman, at ang mga briks ng inyong mga bahay at ang inyong mga kagamitan na mas malayong lampas pa sa inyong pangkasalukuyang paniniwala. Ang mga tao na nagbigay ng kanilang buong kapangyarihan ng kalooban upang ipamuhay ang Katotohanang ito, ay nakakikita sa hindi maitatangging bunga sa kanilang mga buhay at ang 'pagkakita' ay nagpapataas ng kanilang paniniwala at determinasyon. Kaya sila ay pumapasok sa bilog ng pagkapinagpala. Sila ay nagtataka na ang ibang mga tao ay makatatanggi sa katotohanang ito at pumipili na manatili sa labas ng ispiritwal at panlupang harmoniya sa kung alin ito ay posible upang mabuhay.

Kung kayo ay handa upang makinig at magmuni muni at magmeditasyon sa mga sumusunod na mga pahina***, kayo ay magsisimulang makaunawa sa kung ano ang natatago mula sa pasimula ng paglalang.***

ANG PAGLILINIS NG KAMALAYAN.

Habang ginagawa ang lahat ng bawat kinakailangang gawain ng mental/emosyonal na paglilinis, gamitin ang aking mga salita sa nakaraang mga pahina, naglalarawan **… IYON… KUNG ALIN ANG NAGDALA SA INYO AT LAHAT SA MUNDO TUNGO SA NAKIKITANG PAGIGING LALANG'** upang maitayo ang pagkakaalam at pagkaka-ugnay sa makapangyarihan **NITONG BANAL NA KAMALAYAN.** Mula sa pakikipag-ugnay na iyon ay darating ang inspirasyon at ang kalakasan upang matupad ang paglilinis nang mas may kabilisan. Habang ang paglilinis ay nangyayari, inyong mararanasan ang bagong natagpuang kaligayahan at katuparan sa bawat lugar ng inyong buhay.

Inyo ring matatanggap ang inspiradong mga tagubilin tungkol sa inyong pang-araw- araw na mga pamumuhay, maaaring sa oras ng pagmemeditasyon o kaya ay kagaya ng sinag ng liwanag sa inyong isipan kapag kayo ay nasa kapayapaan at nag-iisip ng mga ordinaryong bagay. Kung hindi ninyo pagdududahan o tatanggihan ang mga direksiyon kundi ay susundan ang mga iyon- nang may katapatan at may pag-iingat, --

kayo ay kukuha ng inyong unang mga hakbang upang maging - sa katapusan - ay dakila at matagumpay na magtatanim at mag-aani ng mapanlikhang mga ideya sa inyong kapaligiran. Lahat ng bagay na konektado sa inyo ay mamumulaklak, mamumunga at mananagana. Bawat bagay ay tutugon at magpapala sa inyo na may kabaguhan ng buhay.

Kung dinidisiplina ninyo ang inyong sarili sa pagmemeditasyon araw- araw na walang nagbabagong debosyon, kayo ay sa katapusan ay magsisimula na makaramdam ng tugon at daloy ng ***IYON KUNG ALIN AY NAGDALA SA INYO TUNGO SA PAGIGING LALANG,*** at ang mga salita na inyong ginagamit ay kukuha ng bagong kahulugan. Ang mga salita ay mapupuno ng ***PANGKALAHATANG BUHAY.***

Kayo ay mapupuno ng galak at magdiriwang nang may kasobrahan, dahil inyong **MALALAMAN** pagkatapos na ang kapangyarihan ay totoo at aktibo sa inyong isipan at buhay.

Kayo ay darating na umaasa nang mas may pagtitiwala sa kapangyarihan na nagsisimulang mamasdan sa inyong mga inaasikaso. ***Inyong gugustuhin na makuha ang iba tungo sa inyong estado ng pinagpalang harmoniya dahil ang ibang mga tao ay magiging nakaaalam Nito at magtatanong sa inyo tungkol Dito. Hindi lamang ito - kayo ay makararanas ng bagong uri ng kapatirang pag-ibig at magnanais na ibahagi ang kung ano ang nakapagpapasaya sa inyo, kasama ng iba pang mga tao.***

Hindi ko mabibigyang diin ang Katotohanang ito nang sapat, ito ay kailangan na magmeditasyon, dahil marami ang mga tao na inaayawan ang paghahanap at ang disiplina sa sarili sa araw- araw na pakikinig bago nila lubusang malinis ang kanilang kamalayan at dumating sa estado ng panloob na kadalisayan na kinakailangan upang makagawa ng perpektong pakikipag-ugnay sa **PANGKALAHATANG KAMALAYAN-ang Pinagmumulan ng inyong pagiging Lalang.**

Kapag kayo ay gumagawa ng pakikipag-ugnay - ang nakikitang mga hiwaga ay mangyayari! Ito ay ang pasimula ng **P**angkalahatang **K**apangyarihan na kumukuha ng anyo at hubog ng inyong kaluluwa, katawan, isip, puso at mga pangyayari.

Sinasabi ko sa inyo nang tunay - inyong maaaring pagtiwalaan ang mga salita ko nang walang reserbasyon- kung kayo ay magtitiyaga, darating ang sandali na inyong talagang mararamdaman ang pagkakaugnay, at malalaman ninyo na nagawa ninyo ang ugnayan.

Inyong narating pagkatapos ang pinakamahalagang oras sa inyong ispiritwal/pantaong paglago!

Sa ilang mga oras ay maraming mga kaluluwa ang nakararamdam na nataas at maligaya ngunit pagkatapos ang pang-araw- araw na mga inaatupag ay nanunuot sa kanilang mga isipan, at kanilang intelektwal na sinusuri ang karanasan. Ipinapaliwanag nila itong malayo sa pantaong mga terminolohiya.

Huwag ninyong gawin ito - dahil maiwawala ninyo ang kung ano ang naibigay na sa inyo!
Inyong lubhang mapatatagal ang inyong ispiritwal na paglago.

Kung babasahin ninyo ang mga salitang ito at natatakot na maniwala sa mga ito, o maniwala na ang mga ito ay kahangalan, o makaramdam na maiwawala ninyo ang dangal kung maniwala kayo sa mga ito – kayo ay gumagawa ng mapanlikhang anyo ng kamalayan na magpapawalang halaga sa anumang mapanlikhang tugon na maaaring orihinal na nasa inyo na tungkol sa Liham na ito.

Kaya sinasabi ko sa inyo - pahalagahan ang inyong mga sandali ng paniniwala, ipreserba ang inyong

espesyal na mga oras ng pakikipag-ugnay sa **… IYONG KUNG ALIN AY NAGDALA SA INYO TUNGO SA PAGIGING LALANG,** maniwala sa mga ito, at hawakan ang mga ito nang matatag sa inyong kamalayan at dahan dahan kayo ay kikilos paunahan tungo sa mga tugatog ng 'ispiritwal' na kamalayan – sa di pangkaraniwang pagkaunawa at ligaya.

Muli, ako ay nagsasabi, huwag ilagay ang mga Liham na ito sa isang tabi. Hindi ko mabibigyang diin nang may kasapatan ang inyong pangangailangan upang mag-isip tungkol sa mga ito, tandaan ang kung ano ay gustong sabihin ng mga ito. Kung hindi ninyo matandaan, balikan at basahing muli ang mga ito, at muli pa, at muli pa, hanggang ang mga ito ay tumungo sa inyong kamalayan.

Paglimit na nagmeditasyon kayo sa mga ito araw araw, ay gayon ding ang mga ito ay magiging maliwanag sa inyong isipan at darating upang magkaroon ng mas malaking kahulugan para sa inyo. Sa katapusan, inyong matatagpuan na ang mga ito ay parang pagkain at inumin, na nagtatayo ng inyong moral at determinasyon upang tulungang magbago ang inyong pangkasalukuyang mga kondisyon tungo sa mga harmoniya, malawakang paglago, kasaganaan at kapayapaan.

Ang di pangkaraniwang inspirasyon at saya ay magiging inyo kung dumating kayo sa pagkaunawa na ang kalakihan ng **'Iyong kung alin ay nagdala sa inyo sa pagiging Lalang'** ay maningning, nakagagalak na Kapangyarihan - lampas pa sa inyong pangkasalukuyang kakayahan upang mangarap at mag-isip - Ito ay Katunayan-

ITO ay ang **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG**- ang SIMULA ng bawat bagay na nakikita ninyo sa inyong likas na nabubuhay na mundo at sa maraming mga antas ng pagiging naririto lagpas pa sa pangkasalukuyang tinitirahan ninyo.

Kung kayo ay may kasaganahang tumatanggap ng **Banal na Kamalayan** sa inyong isipan, sa inyong sarili, sa bawat aspekto ng inyong pagiging naririto, kayo ay magsisimula na makakita ng malaking kaibahan, kayo ay magbabalik tanaw sa mga oras ng gulo at walang kasiyahan at makita na dahan dahang ang mga limitasyon sa inyong buhay ay nakapagbunga ng mas maraming pagkapinagpala. **Ito ay nagiging ang patuloy na proseso sa inyong buhay.**

Maging mabuti ang puso ninyo - Ito ay tunay na Ako, ang Kristo, ay umaabot sa INYO at sa mundo sa pamamagitan ng midyum ng mga Liham na ito.

Partikular kong gustong ikintal sa inyong mga isipan ang paraan na aking ginawang may intensiyong mga pangungusap sa nakaraang mga pahina upang iangat ang inyong mga iniisip sa mas mataas na baitang ng kamalayan, naglalahad ng mga pakinabang na makukuha mula sa paggawa upang itaas ang inyong kamalayan sa pamamagitan ng pag-aalis ng negatibong mga katangian na binangit sa **pahina 2.**

Gusto ko na maunawaan ninyo nang ganap na ako ay dumating lamang upang tulungan kayo na alisin sa sarili ninyo ang mga di katanggap tanggap na bugso ng egong mga iniisip at mga emosyon na sa pangkasalukuyan ay kumukontrol sa inyong isip. Ako rin ay naritong hayagan upang himukin at 'tulungan kayo' – oo. 'tulungan kayo' – na malinang sa inyong mga isip at puso ang lahat ng sa pag-ibig nakabaseng mga iniisip at mga emosyon na magdadala sa inyo tungo sa harmoniya sa Banal na Kamalayan. Ito ay ang aking pinaka madalian at mapagmahal na layunin upang magdala sa inyo papalabas mula sa malabong mga kanlong ng pagiging naririto na sa kasalukuyan ay tinitirahan ninyo – tungo sa 'sikat ng araw' ng ispiritwal na kaliwanagan na naghihintay sa inyo kung inyong mapagtagumpayan ang mga bugso ng ego, maging kaisa ng inyong kaluluwa at ang 'Ama-Ina-Buhay' at kumilos tungo sa saliw ng walang kondisyong pag-ibig para sa lahat.

Kaya, aking uulitin ang listahan ng negatibong mga katangian na nakasulat sa **pahina 2 .** Gusto ko na basahin ninyo ang mga iyon nang maingat at pagmasdan ang inyong sariling mga reaksiyon at mga nararamdaman **habang iniisa isa ninyo ang mga iyon nang marahan. Kritisismo, masakit magbiro, panghuhusga, pagtatakwil, pang-aaba, pagkikimkim ng galit, kawalan ng pasensiya, pagkagalit, pagkainggit, agresyon, nakasasakit na mga udyok, pagnanakaw, pagsisinungaling, doble at likong mga pakikipagtransaksiyon, paninirang puri-**

Paano ninyo sisimulan na alisin ang anuman sa mga iyon na alam ninyo ay bahagi ng inyong kamalayan? Huwag kayong masyadong maging mahiyain upang harapin ang mga iyon, dahil kayo ay mga taong lalang at isinilang na nasa ilalim ng impluwensiya ng mga katangiang ito ng ego. Kaya huwag kayong masyadong matakot o maging aba upang harapin ang mga iyon. Kuhanin ang unang hakbang na may lubos na katapatan - at isulat ang mga ito.

Ang pangalawang hakbang ay kuhanin ang pilas ng papel at humiga at ilagay ito sa inyong dibdib. Ipikit ang inyong mga mata at abutin sa pamamagitan ng isip ang **Banal na Katunayan - ang inyong pinagmumulan ng Pagiging lalang, na ngayon ay dapat ninyong matanto ay ang inyong Mapagmahal na Unang tagalikha – ang inyong tunay na 'Ispiritwal na Ama-Ina' – na nagpapasinag nang may kalayaan at patuloy at palagian- WALANG KONDISYONG NANGANGALAGANG PAGMAMAHAL.**

Magbigay ng panahon sa pagpapatahimik ng inyong isip hanggang inyong maramdaman na kayo ay kumikilos lampas sa inyong pansariling kamalayan.

Pagkatapos ay hingin, na may perpektong paniniwala, at umasa sa agarang kasagutan, dahil kayo ay kumikilos sa **kamalayan,** para sa tulong upang alisin, tunawin, malampasan ang mali at hindi kinakailangang **pagtangging mga bugso ng ego** sa lahat ng mga araw na darating.

Sa emosyonal na paraan, inyong nagagawang maliwanag sa inyong 'Ispiritwal na Ama' o 'Banal na Katunayan' - at samakatuwid sa inyong sarili - na wala na kayong gusto pa sa mga negatibong ito ng ego sa inyong kamalayan. Kayo ay humingi para sa inspirasyon at kalakasan upang gawin ang bawat pagsisikap na iwasan o tanggihan ang mga ito, mula sa araw na iyon hanggang sa hinaharap.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa daang ito ng paggawa, kayo ay lumilikha ng **BAGONG KAMALAYANG ANYO** na ngayon ay nagsisimulang pumasok at mamahala sa inyong pangkasalukuyang kamalayan.

ANG INYONG HANGARIN

ay ngayon ay naging ang inyong katunayan.

Ang dating negatibong mga katangian na nasulat sa inyong piraso ng papel at dinala sa inyong 'Ispiritwal na Ama' ay ngayon ay nasa limbo ng pagtanggi sa inyong kamalayan. Itong konsyus na pagtanggi ay paraan din ng pagkuha ng Banal na Kapangyarihan tungo sa inyong kamalayan upang tulungan kayong mapalakas ang pagreresolba at pag-alala upang itapon ang anumang mga pintig na maaaring sumabog mula sa tinalikurang mga katangian.

Samakatuwid, kagaya ng maaaring makita ninyo - ang pagsuko at ang meditasyon ay nakapagpakilos ng hindi nakikitang gawain sa kamalayan na kung alin kayo ay maaaring hindi nakababatid hanggang sa dakong huli ay magising kayo sa katotohanan na ang mga katangian ay naglaho na pala.

Aking may katapatang hinihimok kayo na dalahin ang papel ng mga katangian sa meditasyon sa maraming oras. Sa bawat oras na ginawa ninyo ito, gumuguhit kayo sa inyong sariling kamalayan, ng higit pang

pagpapapasok ng **'Ama-Ina-Kamalayang Buhay' kapangyarihan** tungo sa inyong layunin ng paglampas at pag-aalis sa inyong kamalayan ng hindi na kailangan pang mga anyo at mga pwersa.

Kapag ang mga ito ay natunaw na, hindi na ang mga ito guguhit pa sa inyong mga kaganapan ng negatibo at hindi masayang mga anino na nakapagpasakit sa inyo noon. Kayo ay maglalakbay sa mas mataas na landas tungo sa kalayaan.

Habang kayo ay umuunlad, kayo ay darating upang maunawaan ang mumunting mga kamalian ng kamalayan sa inyong isip at puso na hindi naging mukhang mali noon, at kapag ito ay nangyayari, kailangang isa isahin ninyo ang katulad na hakbang ng pagsusulat ng mga ito at pagdadala sa mga ito sa ganap na pananalig sa inyong **'Ispiritwal na Ama.'**

Ngayon, mayroon pang isang bagay na kailangan ninyong gawin upang makumpletu ang muling pagtatayong ito ng inyong kamalayan.

Sa halip na

kritisismo, masakit na pagbibiro, panghuhusga, pagtatakwil, pang-aaba, pagkikimkim ng galit, kawalan ng pasensiya, pagkagalit, pagkainggit, agresyon, nakasasakit na mga udyok, pagnanakaw, pagsisinungaling, doble at likong mga pakikipagtransaksiyon, paninirang puri-

kailangan ninyong isulat sa isang piraso ng papel- **sa ginintuang mga titik** kung maaari, upang magbigay sa inyo ng pandamdam ng kagandahan at kinang tungkol sa mga representasyon – ang ginintuang mga katangian ng **Banal na Kamalayan** sa kung alin ay gusto ninyo na kayo ay mapuno nito - at maipahayag - sa panghinaharap.

Para maging nasa perpektong saliw sa inyong **'Banal na Katunayan'-** ang inyong **'Ispiritwal na Ama,'** bawat representasyon ay nakapundasyon sa walang kondisyong pag-ibig at magtataguyod ng pinakamataas na kabutihan ng iba pa.

Dahil hindi na kayo maghahanap pa na ibaba ang iba upang maramdaman ninyo ang inyong sarili na mas higit at mas may pagtitiwala sa sarili. Ang inyong buong kamalayan ay ididirekta upang patatagin ang ibang mga tao at ayusin ang bawat bagay sa loob ng inyong lugar na ginagalawan. Inyong hahanapin na magpalusog, mangalaga, magturo, magprotekta, magpanatili, magbigay katuparan sa mga pangangailangan ng iba, at maghanap upang may pagmamahal na makapagpatupad ng kaayusan mula sa magulong hindi pinag-iisipang mga gawain.

Habang nasulat ang inyong mga **ginintuang mga lunggatiin** sa inyong piraso ng papel, muli ay humiga at dumulog sa inyong **'Banal na Katunayan'** at hingin na ang magagandang mga pintig- ang **likas** ng **Banal** ay dahan dahang bumalot sa inyong isip at puso at maging ang inyong pansariling kamalayan. Kapag nangyayari ito, ang inyong kaluluwa ay mapapatulad sa isang sisiw na tumutuka tuka, bumabasag sa itlog upang lumitaw tungo sa pagka kahanga hanga ng dakilang malaking mundo upang makasama ng inahing manok, na may katiyagaang naghihintay para sa sisiw nito upang muling makasama . Ito ay kung paano sa akin at sa lahat ng mga iba pang naging Kristong mga kaluluwa. Kami ay naghihintay at nagmamasid at tumutulong sa mga tao na naghahangad na makatagpo ng dahilan ng kanilang kawalan sa ispirito, silang mga naglalagay ng kanilang mga puso upang lampasan ang mga panlupang mga pinagkakaabalahan, iyong ang mga isipan ay naguguhit tungo sa mas mataas na mga layunin ng buhay, at nangangarap na dumating tungo sa perpektong pagkakatono ng kanilang sariling mga kaluluwa at kanilang **BANAL NA PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG.** Kami ay naghihintay na may pagmamahal sa mga manlalakbay sa ispiritwal na higit pa sa iniisip ng mga naglalakbay. Ito ay nangangahulugan na kami ay naghahangad na may pagmamahal sa mga nagbabasa ng **Liham** na ito.

Kung kayo ay muling nakabuklod ng inyong *Pinagmumulan ng Pagiging Lalang*, inyong makakamtan ang tunay na mga layunin sa lupa. Inyong matutupad ang inyong totoong misyon sa eternidad. At ngayon - hayaang ang inyong TOTOONG BUHAY ay magsimula! Inyong mapapasok ang Kaharian ng Kalangitan!

Hindi ko sasabihin sa inyo kung ano ang mga katangian na dapat ninyong isulat para sa inyong bagong kamalayan – ang mga ito ay dapat na manggaling sa inyong pangkasalukuyang mga pananaw sa pinaka mataas at pinakamainam. Muli pag-aralan ang **Banal na Likas ng Banal na Kamalayan** na aking naunawaan nang may kaliwanagan sa disyerto at isinalarawan para sa inyo sa **Liham 1.**

Hayaang ang **Banal na Likas** na ito ay maging ang inyong pansariling likas.

Gusto kong malaman ninyo na kapag kayo ay tumungo sa paglalakbay na ito na may tunay na katapatan, ako ay nasa tabi ninyo sa bawat kaganapan. Ito ay aking buong pagmamahal na hangarin na kayo ay dumating upang malaman na ako ay nasa inyo at ako ay nagpapadala ng aking suporta at kalakasan sa inyong pagsisikap na maging kaisa ng inyong ' **Banal na Katunayan.'**

ANG TUNGKOL SA 'KRISTIYANISMO.'

Ako ngayon ay mangungusap sa inyo tungkol sa mas ordinaryong mga pinagkakaabalahan at habang binabasa ninyo ang mga pahinang ito, gusto kong balik tanawin ninyo kung ano ang nangyayari sa inyong disposisyon o pakiramdam ng kaginhawahan.

Ito ay isang pagsasanay pa upang kilalanin ang kung ano ang nangyayari sa inyong kamalayan habang ang inyong mga iniisip ay nagbabago at kayo ay gumagamit ng bagong bungkos ng mga salita.

Pakibasa ng sunod na mga pahina nang maingat, maging kayo ay bukas na nagdedeklarang Kristiyano o hindi, kahit na kayo ay may kalakasang natukso upang lakdawan ang mga ito. Isulat ang inyong mga kasagutan, mga ideya, mga pakiramdam - lalung lalo na ang anumang nagbabagong mga pakiramdam ng pagkalungkot o pagkakaaya aya.

Pakitala ng bilang ng pahina kung kailan ang mga salita ay nagsimulang pagaanin ang inyong disposiyon at iangat kayo tungo sa mas mataas na dimensiyon ng kapayapaan at kaligayahan.

Ito ay isang pinakamahalagang pagsasanay, dahil, hanggang sa gawin ninyo ito, kayo ay magpapatuloy upang basahin ang tungkol sa 'kamalayan' magpakailan pa man, ngunit hindi makararating sa malalim na kaunawaan kung paano ito ay ang basikong enerhiya ng inyong pagiging naririto, ng 'bagay', ang inyong katawan at kapaligiran, ang mga pangyayari sa inyong buhay, ang inyong mga TAKBO NG ISIP at ang inyong ispiritwal na mga hangarin.

Hindi ninyo masisimulan na maunawaan ang KAMALAYAN ay ang kalahatan at bawat bagay sa inyong pagiging naririto at karanasan - hangang mapansin ninyo kung paano ang mga'ideya at mga opinyon' ay nakapagtataas o nakapagbababa ng mga alon ng baybrasyon ng inyong kamalayan.

Gusto kong maging alam ninyo ang mga salita na ginagamit ninyo sa inyong pang araw araw na mga buhay, ang kalidad ng buhay na nililikha ng mga ito para sa inyo, at ang epekto na ginagawa ng mga ito sa iba – maging pagtataas ng kanilang takbo ng isip tungo sa kapayapaan at saya o nag-iiwan sa kanila na malungkot at nasa kawalan.

Dagdag pa, ito ay ang aking matapat na hangarin na maabot iyong mga sa pangkasalukuyan ay mga tagasunod ng relihiyong Kristiyanismo at ay nakikipagtunggali sa nakaraan o pangkasalukuyang relihiyosong pagkakakondisyon, kaya nakikita itong mahirap upang pakawalan ang inyong mga pananaw mula sa dogma

nang sa gayon ay makakilos nang malaya sa loob ng mas mapinong mga alon ng baybrasyon ng mas mataas na ispiritwal na karunungan.

Kayo ay maaaring natatakot sa walang katapusang parusa kahit na kung inyong babasahin lamang ang mga pahinang ito - at sa kabilang banda ang mga ito ay may humihilang kapangyarihan para sa inyo at kayo ay sa paraang intwitibo ay nakararamdam na kayo ay nagbabasa ng tungkol sa **KATOTOHANAN ng PAGIGING NARIRITO** na hindi naituro sa inyo ng inyong mga ministro. Kayo ay nahahati ng inyong nag-uudyok na pangangailangan na malaman ang Katotohanan at ang inyong takot na hindi ninyo mabibigyan ng kaluguran ang 'Diyos' sa anumang anyo ng sa kasalukuyan ay pinapananaw ninyo tungkol sa 'Kaniya.'

AKO, ang KRISTO, ay lubos na nakababatid ng kalungkutan na naidudulot ng mga **Liham** na ito sa maraming matatapat na tao at hangad ko na malampasan ninyo ang inyong kabalisahan tungo sa perpektong kapayapaan ng isip at ligaya.

Dahil dito, ito ay lubos na kinakailangan na suriin muna ang inyong pangkasalukuyang mga paniniwala at ang mga pinagmulan ng mga doktrina ng simbahan bago magpatuloy na magturo sa inyo ng mas malalim na Katotohanan tungkol sa 'likas' ng **U**nibersal at ang likas ng tao sa kaniyang sarili.

Upang lubos na maunawaan ang mga pinagmulan ng Kristiyanong doktrina, kayo ay dapat maglakbay pabalik sa oras ng mga pasimula ng katuruang Hudyo at doon ay matatagpuan ang mga 'pagpapaliwanag' ng pantaong isip na naghirap upang bigyan ng kahulugan sa mga salita ang kung ano ang naramdamang intwitibo sa maaaring pinagmulan ng pagiging lalang.

Kayo na nahihirapan na palayain ang inyong mga sarili sa nakaraang mga mito at maling mga paniniwala, ay kailangan ngayong dumulog upang may kaliwanagang makaunawa para sa inyong mga sarili - at **maintindihan,** - ang pundamental na pagkakaiba sa pagitan ng 'paniniwala ng simbahan' at ang **KATOTOHANAN NG PAGIGING NARIRITO** na aking sinusubukang ipaliwanag sa inyo sa kasalukuyan. Hanggang may kaliwanagan na maunawaan ninyo ang 'pinagmulan at anyo ng inyong pangkasalukuyang mga paniniwala,' hindi ninyo maaalog ang inyong mga sarili nang may kakumpletuhan na malaya sa mga ilusyon ng inyong nakaraang pagkakakondisyon sa loob ng simbahan. Magkakaroon kayo ng 'paa sa parehong kampo' - isang mapanganib na posisyon na maging naroon. Itong antas na ito ng pag-iisip ay magdudulot ng malaking mental na gulo at magiging dahilan para sa inyo upang talikuran ang paghahanap at magbalik tungo sa luma, komportable, may pagkaemosyonal na kasiguruhang relihiyosong mga anyo na naghahatid sa inyo sa wala. Kaya mag-ingat at huwag hayaan ang inyong mga sarili na matakot sa mga banta ng di nakalulugod sa 'Diyos' at ang maaaring kaparusahan.

ANG MGA PINAGMUMULAN NG PANINIWALA SA ' SUPER NA INDIBIDWAL NA 'ULO NG DIYOS'

Kaya, tayo ay magsisimula sa pagsasalarawan sa mga pinagmulan ng paniniwala sa 'Diyos', isang pangalan na nagpakahulugan ng maraming iba't ibang mga bagay sa tao. Itong paniniwalang ito ay nagmula noong ang matatandang mga Hebreyo ay naglakad sa disyerto at nagtanong sa mga pinagmulan ng paglikha. Ito ay inisip na sa ilang mga paraan ang **PINAGMUMULAN NG PAGLIKHA** ay kailangang may katiyakang isang 'super na tao-diyos' hindi nakikita at malayong lagpasan sa lupa at sa uring tao. Ang ilang sinaunang mga propeta ay sa paraang mistiko ay nakababatid na ang **P**inagmulan ng **P**aglikha ay nanunoot at pangkasalukuyan – sa ibang paraan - sa buong paglikha at natagpuan din sa walang katapusang dimensiyon

ngunit ang mistikong ito ay hindi naging hayag sa pangkaraniwang isipan ng tao.

Inyo ring dapat na maunawaan na, sa kabila ng pangkasalukuyang 'tila baga katunayan' (sa inyong mga isipan) ng gayong 'Diyos' mula sa inyong mga pagbabasa ng Bibliya, walang isa man na nakasulyap sa gayong 'Super na tao-diyos' sa anumang anyo, maging anuman, liban, maaaring si Moyses na nagsabi na nakakita sa Kaniya na 'nasusunog na sanga' at naglarawan sa Kaniya bilang 'Ako ay Ako nga.'

Ang lahat na nalaman ng mga tao ay ang gayong super-taong 'diyos' ay nag-ugat mula sa pagbabasa ng makulay na mga pagsasalarawan sa 'Diyos' na ibinigay ng mga propeta sa panahon ng kanilang pansamantalang paglagi sa lupa. Ito ang tanda kung gaano may pagka ilusyon ang relihiyosong mga paniniwala na ang mga relihiyonista ay nagbabalik lamang sa mga sinauna para sa kanilang 'katotohanan' dahil hindi nila mapaniwalaan na ang 'Diyos' ay totoong tunay, walang katapusan at may kaparehuhang kakayahan upang magsalita sa mga tao sa inyong araw at kapanahunan.

Ang inyong mga ministro ay natatakot sa anumang mga paniniwala na hindi umaayon sa mga matatandang pinaniniwalaan. Hindi nila ikinukonsidera - o ay takot na bigyan ng daan - na maaaring ang ispiritwal na karunungan na nasa panlupang dimensiyon – ay ebolusyonaryo!

Gusto ko na 'tingnan' ninyo na ang 'hibla ng paniniwala', ang pagkakasama ng mga pagpapaliwanag at mga paniniwala ay napaghalo upang gumawa ng lambat ng mental/emosyonal na kasiguruhan na kung alin ay upang hulihin at ikulong ang mga isipan at mga puso ng mga tao. Ang lahat na naituro sa mga tao sa Kristiyanong paniniwala ay nakabase sa emosyon at nagmumula sa 'sabi sabi' na nag-ugat mula sa naunang mga tala ng aking buhay at kamatayan sa lupa. Sa kabila nito, ang mga ito ay pinaniwalaang may pagkapanatiko.

Ang mga Kristiyano ay tinuruan na: 'Ang Diyos ay Pag-ibig – at ang Diyos ay nakaaalam ng inyong kasalanan at nagpaparusa, nagdidisiplina, nagpapabuya sa mga gumagawa ng mabuti at nagpapadala ng mga kamalasan sa mga gumagawa ng masama.' Ito ay ang eksaktong paglalarawan ng pantaong gawain at kamalayan!

Ang mga Kristiyano ay tinuruan na **AKO, ang Kristo**, sa katauhan ni Hesus ay 'namatay para sa mga kasalanan ng mundo.'

Ako ay ang 'walang dungis na Tupa ng Diyos na isinakripisyo upang bayaran ang halaga para sa pagkakasala ng mga tao'! Ako ay gumawa ng supremong sakripisyo sa aking sarili upang maisakatuparan itong hindi pangkaraniwang paggawa ng katapangan sa 'pagbabayad ng kasalanan' hanggang sa paglipas ng mga panahon.

Ako ay muling pumasok sa aking katawan pagkatapos ng aking kamatayan sa pamamagitan ng pagkapako sa krus at nagpakita ng maraming beses **sa katawan** upang bigyan ng kaginhawahan at magturo sa mga nagluluksang mga alagad. Ako ay kumain pa sa panahon ng aking pagpapakita sa kanila.

Pagkatapos ng apatnapung araw, ako ay tumaas na wala sa paningin ng aking mga alagad, dala dala ang aking katawan pataas sa 'langit.'

Kagaya ng itinanong ko sa **Liham 3**- ano ang gagawin ko sa pantaong katawan sa 'langit' – sa buhay pagkatapos?

Dahil sinabi ko sa aking huling hapunan kasama ng aking mga disipulo na kailangan nilang tandaan ang aking huling pagkain kasama nila sa pamamagitan ng pagpipiraso ng tinapay at pagpapasa nito sa bawat isa sa kanila, at dapat na ang bawat isa ay uminom mula sa parehong saro ng alak, at tandaan na ang aking

katawan ay napako sa krus at ang aking dugo ay nabuhos upang magbigay sa kanila ng **katotohanan ng pagiging lalang,** itong pangyayaring ito ay binagong anyo tungo sa kakatwang paniniwala na sa malaking selebrasyon at seremonya sa altar, ang aking katawan ay inilipat sa tinapay na ang mga nangungumunyon ay dapat lumulon na may lahat na nararapat na paggalang.

Ang aking katawan! Anong mabuti ang aking 'katawan' – ispiritwalisado man o hindi - ay makagagawa para sa mga nangungumunyon?

Nakikita ninyo baga kung paano ang isip ay maaaring ikondisyon tungo sa pagtanggap ng mga walang lohiko at walang saysay na nagpapatuloy halos dalawang libong taon na dahil ito ay sinuportahan ng malaking ranggo ng pamamahala ng Papa, mga Kardinal na nakatira sa mga palasyo, malaking kayamanan, at itinaas sa panlupang malaking pagdiriwang at maseremonyang prestihiyosong mga kaganapan?

Gusto kong malaman ninyo ang katotohanan tungkol sa napakahalagang gabing iyon - ang tinatawag ninyong aking Huling Hapunan.

Bagaman masakit upang gawin iyon, para sa mas higit na kaliwanagan, aking dinala ang aking sarili pababa sa kamalayang mga alon ng baybrasyon na tama tungo sa konsyus na muling pagtatagni tagni ng aking mga iniisip at mga nararamdaman noong aking huling pagkain kasama ng aking mga alagad.

Kahit na isang malakas na tao, naliwanagan, at tiyak na mayroon akong kahahantungan na dapat kong matupad na hindi ko kayang iwasan- di ko gustong iwasan - ako din ay may kalalimang nalungkot habang sinimulan namin ang aming pagkain - ang pagkain ng Huling Hapunan. Ang aking mga alagad ay naging aking mga kaibigan at nanatili sa aking tabi sa panahon ng mga mahihirap na pangyayari. Ako ay malungkot na iiwanan sila at may takot para sa kanilang kapakanan.

Ano ang mangyayari sa kanila kung matagpuan nila ang kanilang mga sarili na nag-iisa na wala ang aking paggabay at proteksiyon. Sila ay umasa sa akin higit pa sa alam nila.

Naalala ko ang aking mga taon ng pagtuturo sa mga tao. Naramdaman ko ang malalim na pakiramdam ng pagkadalawa ng iniisip habang nagunita ko ang aking pagbabalik mula sa disyerto, - marumi at hindi napangalagaan ngunit sa literal na paraan ay napuno ng maligayang pag-alala para sa aking mga kababayan at lubhang nagalak na mailalagay ko na ang kanilang mga paa sa tamang daan, maitatanim sa kanilang mga isipan ang katotohanan tungkol sa pagiging naririto, maipakikita sa kanila kung paano malampasan ang kanilang mga takot, ang kanilang karamdaman, karalitaan, dalamhati. Ako ay magtatagumpay sa mundo!

Ngunit paano naging kakaibang nangyari ang lahat ng ito! Bukas ako ay ipapako sa krus!

Ito ay totoo, bagaman – Ako ay nakapagtamo ng maraming tagumpay. Ako ay nakapagmuni sa mga halimbawa ng pagpapagaling at ang sa taong maligayang pagtanggap sa 'Mapagmahal na Ama.' Aking nauunawaan kung bakit ang Mataas na Pari at ang Konseho ay nagalit sa akin. Sa halip na takot, parusa, at mga hayop na pangsakripisyo, aking nadala ang mga tao sa katunayan ng 'Amang Pag-ibig', na nagpatunay dito sa pamamagitan ng pagpapagaling ng mga malulubhang karamdaman. Aking ibinalik ang aking pansin sa aking mga alagad na nagsasalita sa bawat isa habang kumakain. Sila ay hindi pa rin nakaaalam ng hamon na hinaharap ko - ang aking pagkakapako sa krus. Kahit na paulit ulit ay binabalalaan ko sila, hindi nila tinanggap ang aking mga salita bilang totoo. Inisip nila na ako ay natakot sa Punong Pari at nagtaka kung bakit.

Aking inalis ang aking sarili mula sa mga nagbabantang mga sitwasyon noon.

Bilang kinaugalian sa Pista ng Tinapay na walang lebadura, sila ay nagsasalita tungkol sa mga kaganapan na pumapalibot sa pagtakas ng mga Israelita mula sa Ehipto. Si Huwan, na lubhang mapag-isip, ay nagbibigay sa kanila ng makulay na tala ni Moyses na tumatawag sa mga Israelita na magsamasama at nagsasabi sa kanila na, sa wakas, sila ay sa katapusan ay makaaalis na sa Ehipto at makatatakas mula sa buhay ng pagkaalipin tungo sa kalayaan sa disyerto! Dahil dito, sinugo ni Moyses ang puno ng bawat pamilya na pumatay ng walang dungis na tupa at kasama ng maraming mga halaman, ay ipinta ang dugo nito sa pintuan ng kanilang tirahan. Sinabi ni Moyses na ang mga anghel ay darating sa gabi at lilipad sa Ehipto papatay sa lahat na unang silang ng lahat ng taga Ehipto at alagang hayop, iiwanan lamang ang mga unang silang ng mga Israelita na maliligtas sa pamamagitan ng dugo sa kanilang mga pintuan.

Habang nakikinig ako sa kanila, at nakita ang kanilang mga ngiti at mga pagtango ng pagkilala sa 'kahanga hangang' ito na nangyayari, aking natanto na may kirot ng pagkabigo kung gaano kaliit ang tunay nilang naunawaan sa aking pagkakasalarawan ng 'Makalangit na Ama.' Narinig ko ang mga salita ni Huwan patungkol sa: Dugo, dugo,dugo, - dugo ng walang dungis na tupa, dugo sa mga pintuan, dugo ng mga anak at alagang hayop ng mga taga Ehipto. Gaya ng dati, ako ay nagtaka sa mga dantaong katandang mga Hudyong pagiging okupado ang isip tungkol sa dugo, at may kadalian na nagunita na si Abraham ay handa na isakripisyo ang kaniyang tanging anak na lalaki, ninanais na patayin at ihandog ito bilang sakripisyo dahil siya ay naniwala na sinabi sa kaniya ng Diyos na gawin iyon. Aking pagkatapos na naisip ang pang-araw- araw na mga pagsasakripisyo ng hayop sa Templo! Para sa akin, ang buong konsepto ng'pagbuhos ng dugo' bilang paraan ng pagbabayad ng 'kasalanan' ay ganap na sumpa.

Ngunit ako ay nanatiling tahimik at hindi nakipagtalo sa mga lalaki. Natanto ko na ang kanilang mga isip ay puno ng ganitong mga tradisyon, na kasing solido at tatag ng bato. Ito ang aming huling hapunan na magkakasama, ang aming huling pagkain na lahat sa iisang hapag kainan.

Parehong mahalaga para sa aking mga alagad dahil ang Pista ng tinapay na walang lebadura ay napakasagrado na pagdiriwang para sa kanilang Hudyong mga isipan at ito ay dapat kong tanggapin sa ispirito ng pag-ibig at pang-unawa.

Noong nakalipas, hindi ako nagdiwang ng Pista ng tinapay na walang lebadura dahil ang tradisyon ay nakapagpasakit sa akin. Mas minaigi ko pang tahimik na pumunta sa mga burol upang magmeditasyon, iniiwan ang aking mga disipulo upang kumain na kasama ang kanilang mga pamilya. Dahil sa aking nakaraang mga pag-uugali, hindi na sila nagtaka sa aking katahimikan noon.

Ngayon, ako ay kalahating nakahiga, kalahating nakaupo, hindi makapagrelaks na kagaya ng kalimitang ginagawa ko – balisa, pagod, may pagkamaawaing mainit tungo sa aking mga disipulo- bagaman kalahating naiirita sa kanila.

Ako ay nagtanong paano ako sa mga nalilitong ito, nahihilong mga tagasunod ay makapag-iiwan ng epektibong marka ng pag-ala ala, - mga ritwal upang ibalik sa kanilang nalalabuang mga isip ang lahat ng aking sinubukang ituro sa kanila. Gusto ko na kalugin sila papalabas sa kanilang pag-iisip tungkol sa dugo.

Habang nakikinig ako sa kanilang pagsasalita tungkol kay Moyses at sa kaniyang mga maraming mahiwagang mga aktibidad, dumating sa akin na kung sila ay masyadong okupado ng dugo - ay dugo din ang ibibigay ko sa kanila para matandaan nila ako.

Yumuko ako sa hapagkainan at dumampot ng tinapay at pinag pira piraso at nagsabi nang medyo

may hindi kapinuhan:' Ako ay katulad ng inyong Tupa sa inyong Pista: Pakipasa nito, kuhanin ang inyong kabahagi, kainin at gawin ito sa pag-alala sa akin na nagdala sa inyo ng tunay na KATOTOHANAN lamang na narinig ng mundo.

Hayaang ang tinapay na ito ay maging simbolo ng aking katawan na mapipiraso na sa krus.'

Sila ay tumigil sa pagsasalita at tumitig sa akin. 'Magpatuloy kayo, kain!' Sinabi ko sa kanila.

Kagaya ng sa panaginip, sila ay matahimik na kumuha ng tinapay at ipinasa palibot, ngumunguya ng kaunti nito.

Pagkatapos ay aking kinuha ang malaking saro ng alak at sinabi sa kanila na uminom mula dito at ipasa paikot.

' Ang alak na ito ay simbolo ng aking dugo. Ako ay dumating upang magbigay sa inyo ng KATOTOHANAN. Katotohanan tungkol sa Diyos - Katotohanan tungkol sa buhay. Ngunit ako ay tinanggihan. Ang aking dugo ay aagos para sa inyo.'

Muli, sa katahimikan, sila ay uminom mula sa saro at ipinasa sa kasunod. Ang kanilang mga mukha ay naging balisa ngunit wala silang sinabi. Ito ay maliwanag na lahat ay nakalog ng aking mga salita at hindi nagustuhan ang mga iyon.

Alam ko na si Hudas ay binigyan ng pera upang ituro ako sa mga sundalo ng Pinunong Pari kapag ang sandali ay tama na. Alam ko din, na ang gabi ng Pista ay ang gabi. Sinabi ko kay Hudas:

" Gawin mo nang mabilis at gawin mo kung ano ang dapat mong gawin.'

Tumingin sa akin si Hudas sa mahabang sandali at nakita ko ang sakit at kawalan ng desisyon sa kaniyang mga mata. Siya ay nagdadalawang isip ngunit ang aking oras ay dumating at gusto ko nang malampasan ito at maganap na.

'Pumunta ka na.' Sinabi ko nang mabagsik. Si Hudas ay tumayo at iniwan ang silid.

Ang mga alagad ay nagulat sa paraan kung paano ako ay nagsalita at nagtanong sa kung ano ito na gagawin niya.

'Siya ay pupunta sa Pinunong Pari upang sabihin sa kaniya kung saan ako matatagpuan. Sila ay magpapako sa akin sa krus – kagaya ng sinabi ko na sa inyo.'

Tiningnan ko ang iba't ibang mga kapahayagan sa kanilang mga mukha, pagdududa, pagkabigla, pagkatakot, may antas ng masakit na kawalan ng paniniwala. Pagkatapos ay nagkaroon ng paglabas ng puno ng galit na mga pagtatanong. Ano ang mangyayari sa kanila? Kanilang iniwan ang kanilang tahanan at pamilya para sa akin. Kanilang maiwawala ang buhay ng kalayaan at kasiguruhan kung ako ay mapapako sa krus na katulad ng isang pangkaraniwang kriminal.

Sinabi ko na ako ay iiwanan nila. Sila ay marubdob na tumanggi sa kagayang bagay – ngunit ginawa nila.

Ako ay lubhang pagod upang makipagtalo sa kanila, at ako ay naging malakas, nakasiguro sa karunungan na ang 'Ama' ay nasa loob ko - at nasa akin sa lahat ng oras, aking makakaya na patawarin sila sa kanilang kawalan ng katapatan.

At, sa katapusan ng lahat ng ito, ako ay mapakakawalan mula sa aking katawan at makatataas tungo sa mga dimensiyon ng Liwanag na malimit kong naramdaman ngunit hindi lubusang nakita sa aking panlupang paningin. Ito ay pag-iisip ng nagdadala sa akin ng malalim na ginhawa at isang masayang pandamdam ng pag-asa.

Kaya ako ay ngumiti sa kanila at nagsabi: 'Ito ay mabuti na ginawa ninyo kung ano ang sinabi ko sa pag-alala sa akin - at sa aking kamatayan na darating na. Ipagpatuloy ang pagpiraso sa tinapay at

uminom ng alak na magkakasama, tandaan na minahal ko kayo at mananatili sa inyo sa ispirito hanggang sa kayo ay sumama sa akin kung saan ako pupunta. Huwag kayong matatakot, kayo ay gagabayan, kayo ay bibigyan ng inspirasyon, kayo ay palalakasin, at kayo ay magsasalita nang may maliwanag, maliwanag na mga tinig.

Ang akin lamang babala ay ito. Sa hinaharap, marami sa aking mga itinuro ay makakalimutan ninyo. Marami sa aking mga sinabi sa inyo ay mabibigyan ng dahilang papalayo sa pamamagitan ng pantaong pag-iisip o nabaluktot ng pantaong mga mito.

Pagkatapos ay nagkaroon ng kaguluhan at ingay: 'Paano ito mangyayari?"

Ngumiti ako at itinaas ang aking mga kamay." Sinabi ko na sa inyo kung ano ang mangyayari sa malayong hinaharap.

Samantala, maging totoo sa lahat na itinuro ko sa inyo at huwag magduda sa anumang salita na winika ko."

Pagkatapos ito ay oras na para pumunta sa hardin ng Olibo, ang lugar kung saan ang mga sundalo ng Punong Pari ay maghahanap sa akin.

Ang aking mga alagad ay gusto pang magtanong ng maraming mga katanungan - ngunit ngayon ay narating ko na ang katapusan ng aking pananalita sa mga tao. Gusto ko na lamang na ihanda ang aking sarili sa ganap na katahimikan para sa aking kapalaran, kumikilos sa ispirito tungo sa estado ng siguro, palagiang pagtono at komunikasyon sa 'Ama.'

Kami ay naglakad patungo sa hardin at ako ay nagpahinga sa aking paboritong bato. Nakakanlungan mula sa ihip ng hangin, umupo ako at hinila ang aking balabal sa palibot ko. Habang ipinipikit ang aking mga mata, dahan dahan ay naramdaman ko ang aking sarili na kumikilos tungo sa mas higit na pangloob na kapanatagan ng ispirito at isang makapangyarihang katahimikan. Pagkatapos ang Kapangyarihan sa Sarili nito ay bumaba at natulak papasok sa akin at nag-ari sa aking isip at puso: Ito ay pumuno sa akin ng gayong supremong pag-ibig na alam ko na ako ay suportado at nananatili sa pag-ibig, at mapapanatili ang pag-ibig para sa lahat, anuman ang mangyari sa akin.

Iyon ang lahat na naganap ngayon na ang aking oras ay dumating na.

Iyon ang katotohanan sa likod ng pagpipiraso ng tinapay at pag-inom ng alak sa pag-alala sa akin, sa aking buhay at mga turo. At habang kayo, na bumabasa ng mga **Liham** na ito ay nakaaalam, lahat ng ibinigay sa akin ng 'Ama' upang malaman ang aking huling gabi sa lupa, ay dumating upang mangyari.

Dahil nagsalita ako ng 'Ama,' ang 'Anak' at ang 'Banal na Ispirito', ang simbahan ay nagpasya sa Konseho ng Nikaya na ako ay dapat na nagpapatungkol sa 'Tatlong Persona sa Iisa.' Bilang bunga, ang mga tao ay nagdasal sa 'Ama' upang humingi ng mga benepisyo, dumulog sa 'Banal na Ispirito' upang ispiritwal na tagubilinan sila at manalangin sa 'Anak' upang iligtas sila mula sa kanilang mga kasalanan.

Makapagsisimula baga kayo na 'makita' paano 'may pagkapanlupa at may pagkapantaong nabuo' ang mga paniniwalang ito?

Nakikita ninyo din baga paano ' may pagkaemosyonal na nakabase' ang mga ito?

Dahil sa emosyonalismo at ang pangako ng isang 'libreng paglalakbay tungo sa langit sa mga sakong ng Tagapagligtas,' ang mga paniniwala ay naging pantaong nabuong relihiyosong istruktura upang pahalagahan ang emperyo ng Simbahan sa loob ng panlupang mga emperyo – oma, Austriya, Espanya. Ang mga ito ang naging paumanhin para sa malawakang pagpaparusa, at pagpatay sa pamamagitan ng pagsusunog at pagbitay sa mga sumasalungat. Ang mga ito ang nagbigay ng inspirasyon ng digmaan sa pagitan ng mga

bansa.

Subalit ang 'ispiritwal na pananaw' at ang 'pagkamalikhain' na nagmumula sa ilang mga paniniwala ay nakapag- ambag ng marami sa pagiging naririto sa nakaraang dalawang milenyo.

Ang mga paniniwalang ito ay naging dahilan para sa pagpapatayo ng mga katedral at mga simbahan, mga monasteryo at mga kumbento, na nagbibigay sa mga tao ng matatag na layunin, ang kakayahan upang ipahayag ang kanilang makasining na mga kaloob at nagbigay ng trabaho para sa kakaunti ang talento. Ang mga paniniwala ay nakapagdirekta din sa kamalayan ng mga milyong mga tao tungo sa mas mataas na mga dimensiyon ng magandang pag-iisip at pag-ibig. Ang mga ito rin ang nagbigay ng pwersa sa likod ng mistiko at kaliwanagan kapag ang ispiritwal na mga kaluluwa ay dumating upang makita ang ***Katunayan*** na dating natatakpan ng mga paniniwala.

Habang ang mga ito ay nangyayari, ang mga paniniwala ay nakalikha din ng mga kondisyon para sa pagkakaroon ng mga ranggo ng relihiyosong superyoridad at hindi masukat na karangyaan at kayamanan. Ang mga ito ay pantaong nabuong at nalikhang mga istruktura ng mga 'pintig ng ego' at sa makatuwid, ay mula sa ispiritwal na pananaw– ay lubos na may kamalian.

Ang KATOTOHANAN tungkol sa 'KASALANAN.'

Ito ay dapat ding maunawaan na sa paglipas ng mga dantaon, ang mga tao ay nagpalagay na ang mga aspekto ng pantaong asal ay nakasama sa kabutihan ng iba. Kanilang nasaksihan ang pagpatay, pagkuha ng asawa ng iba at mga ari arian, na nagdudulot ng sobrang sakit at dalamhati sa pamayanan, nagpapahirap sa buhay at may mga oras, na hindi mapagpasensiyahan. Ito ay idinahilan na may katiyakan na ang asal na ito ay kabaligtaran ng kalooban ng sinasabi nilang 'Diyos.' Ibinigay nila sa asal na ito ang pangalang 'kasalanan' at tinuran itong 'demonyo.' Sa katapusan, ang kanilang mga propeta ay nagpaliwanag na ang kagayang hindi normal na asal ay dapat na manggaling mula sa 'demonyong' pwersa na labag sa 'Diyos' at tinawag nila itong 'Satanas.'.

Kanilang binantaan at pinarusahan ang bawat isa sa paniniwala na ang mga 'kasalanan' ay demonyo at ang kanilang 'Diyos' ay magpaparusa sa mga tao dahil sa kanilang mga maling ginagawa laban sa bawat isa. Itong asal na ito ay ginagawa pa rin hanggang sa araw na ito sa mga simbahan. Ang mga ministro ay sumusubok na kontrolin ang mga tao dahil sa takot.

ANG KONSEPTO NG 'KASALANAN' laban sa Yehobah, ang Walang hanggan at walang katapusang Dakilang Manlilikha, ay isang matalino at makapangyarihang paraan upang makontrol ang ibang mga tao! Ang mga paniniwala ng simbahan ay malatrahedyang panglilibak sa lahat ng aking sinubukang ituro sa mga tao sa Palestina.

Si Moyses ang unang nagpahalaga sa paniniwala sa 'kasalanan' at 'parusa' sa anyo ng Sampung Utos.

Sinabi ni Moyses na ang mga iyon ay ibinigay sa kaniya ng 'Diyos' at kung ang mga Israelita ay sisira sa mga iyon sila ay magdaranas ng kaparusahan – sa ilang mga kaso, ito ay nangahulugan ng kamatayan sa pamamagitan ng pagbato. Sila ay tinuruan na sa di pagsunod sa mga Batas, ang mga Israelita ay magkakasala laban sa kanilang 'Diyos.'

Ang eksaktong katotohanan ay, si Moyses ay nagpunta sa bundok upang manalangin para sa paraan kung paano masusupil ang mga mahihirap disiplinahing mga Israelita. Bilang sagot sa panalanging ito - ang Sampung Utos ay may inspirasyong nabigay sa kaniya upang matulungan siya sa kaniyang gawain sa pagdadala sa mga Israelita nang ligtas sa pamamagitan ng kanilang paglalakbay sa disyerto na may kakaunting kaguluhan.

Ang mga relihiyonista ay masaya na tumanggap at buong pusong naniniwala sa 'Diyos' na diumano ay nagtagubilin kay Moyses na magpatupad ng agresibong mga paraan at mga pagpatay kapag nananakop ng 'lupang pinangako.' Ang maganda at mayamang lupa ay walang pakundangang sinamsam mula sa mga masisipag na mga tao na pinatay nang maramihan. Ito ay pinalagay na tamang bagay upang gawin dahil ang 'Diyos' ay nangako sa kanila ng magandang lupa upang doon sila manirahan. Hangang sa araw na ito, ang mga relihiyonista ay naniniwala na dahil ang 'Diyos' ay nagsalita kay Moyses, ito ay dapat na ang 'Diyos' na nag-utos sa pagsunod sa pagdanak ng dugo. Mayroon pang maraming katulad na nakatatakot na mga pagsasalarawan ng digmaan at pagdanak ng dugo sa inyong Bibliya na ikinonsidera na pinapayagan - matuwid at tama – dahil ito ay pinaniwalaan na ang 'Diyos' ang nagtagubilin sa kanila na pumunta sa digmaan - laban sa mga Hentil.

Hindi baga ninyo nakikita sa kasaysayan ng mga Hudyo, ang walang humpay na **BUGSO NG EGO** na kahit na ang 'Diyos' ay ginamit upang pagpaumanhinan sila mula sa sisi? Sa sandali ng pansariling kaluguran, ito ay naging pinapahintulutan at **pantay at makatarungan** na hindi bigyang pansin ang Sampung Utos at magpahintulot sa maramihang pagpatay.

Naniwala sila na walang kasalanan ang nagawa dahil ang pagpatay ay binasbasan ng 'Diyos.' Anong klaseng 'Diyos '!

Hindi ninyo din baga maunawaan bakit ito ay kinailangan para sa akin na isilang sa Palestina upang mabuhay kasama ng mga Hudyo sa pagsisikap na tulungan sila na makita na ang kanilang mga tradisyonal na mga paniniwala at mga pagdiriwang ay lahat na kabaligtaran sa pinaka Likas ng **BANAL NA KAMALAYAN** na nagbigay nang may katunayan sa kanila ng pagiging lalang?

Simula noon, sa paglipas ng mga dantaon, ang mga tao ay nakipag- away sa konsepto ng 'kasalanan' at maraming tapat na mga tao ay tumangis tungkol sa paraan na hindi nila nabigyan ng kaluguran ang 'Diyos' at humingi sila ng kapatawaran. Sa nakalipas na panahon, kanilang isinakripisyo ang mga hayop na hindi na mabilang sa Templo sa Herusalem, upang makapagbigay lugod sa 'Diyos' at upang may pag-asang makatakas sa mga epekto ng kanilang pagkakasala. Simula noong panahong iyon, hindi na mabilang na mga aklat ang naisulat tungkol sa paksa, naghahayag ng dalamhati at pagkatakot sa kalagayan ng mga kaluluwa ng mga tao, naghahanap ng mga paraan upang mabago ang kanilang asal, nilalatigo ang kanilang mga sarili upang pagdusahin ang laman at gawin itong kabayaran para sa mga kamalian sa isip, mga salita at gawa, at marami sa mga aklat na ito ay pinalakpakan ng mga 'Kristiyano' sa buong Eyuropa at inilagak sa mga imbakan ng relihiyosong mga institusyon.Iginagapos nila ang mga tao sa kapanahunan na ang - tandang persona ni 'Hesus,' nangangaral sa 'kaligtasan ng tao mula sa kaparusahan para sa kaniyang mga kasalanan' sa pamamagitan ng aking kamatayan sa krus. Kagaya ng aking ipinaliwanag saan man, ang mga paniniwalang ito ay pisikal na hindi posible at labag sa mga katunayan ng paglikha. Walang kabayaran ang nakukuha para sa 'kasalanan' sa pamamagitan ng anumang superyor na 'Lalang.' Ito ay ganap na pantaong konsepto – at pagano. Lahat ng pagbuhos ng dugo anumang pagsasalarawan para sa layunin ng relihiyosong mga ritwal ay paganismo. Ang Kristiyanong simbahan ay naghandog sa mga tagasunod nito ng walang iba kundi ang mas 'niluwalhating' bersiyon ng paganismo.

Kapag ang tao ay gumagawa sa ibang mga tao ng kalungkutan sa anumang paraan, sila ang lumilikha ng kanilang panghinaharap na 'pagbalik.' Hindi bilang kaparusahan kundi ay 'kamalayang gawain ng paglikha. Samakatuwid, ito ay bagay na minamadali na ang mga paniniwalang ito sa 'kasalanan' at 'kaligtasan sa pamamagitan ng aking kamatayan sa krus' ay kailangang may kalakasang labanan- at palitan – ng ispiritwal na pagkakaunawa na ibinigay sa inyo sa mga **Liham** na ito.

Bago ko lisanin ang paksang ito tungkol sa relihiyosong mga doktrina, gusto kong gawing maliwanag na maraming mga ispiritwal na naghahanap sa loob ng Kristiyanong simbahan, sa paglipas ng mga kapanahunan, ay may kahustuhang nakapaglinis ng kanilang kamalayan upang maging may kalakasan na nakababatid ng **'Kapangyarihan**' na tinawag nilang 'Diyos' at dumating upang makilala nila na ang '**Pinagmumulan ng Pagiging Lalang'** ay hindi ang kagayang itinuro ng Simbahan: Subalit **kakaunti** lamang tao ang may kahustuhang ispiritwal na nalinang upang kumilos lampas pa sa mga pamantayan ng mga relihiyosong paniniwala upang maramdaman ang buong daloy ng 'Kapangyarihan' dahil ang karamihan sa mga tao ay nakabubuo lamang ng Katotohanan sa loob ng panlupang terminolohiya.

Ako, ang KRISTO, ay kailangang magsabi sa inyo na sa oras na ito, walang isa sa lahat ng mga 'santo' ay nakasulyap sa katunayan ng paglikha at ang katotohanan sa likod ng pantaong asal na kagaya nitong aking ipinapahayag sa inyo ngayon.

Ang oras ay may kasiguruhang dumating kung kailan kayo ngayon ay dapat sabihan ng katotohanan tungkol sa 'kasalanan' at pantaong asal at kung ano sa kasalukuyan ang ginagawa ng mga tao sa mundo at sa kanilang mga sarili. – kung inyong lubos na naabandona na ang kapanahunan na ang edad na mga mito ng relihiyosong doktrina at sa kasalukuyan ay nagnanais, nakatatanggap, at may kasayahang lubusang nagbubukas sa inyong mga puso tungo sa mga katunayan ng pagiging naririto. Kung kayo ay wala sa mga ito, ay walang ibig sabihin ang anumang sasabihin ko para sa inyo.

Maniwala kayo sa akin – hindi ninyo mapagsasama ang inyong matandang relihiyosong mga paniniwala sa **Katotohanan ng Pagiging naririto.** Kung susubukan ninyo na gawin iyon, kayo ay makasisiguro na hindi ninyo nakikita ang **Katotohanan** kundi ang inyo lamang pansariling pakikibagay sa kung ano ang inyong pinaniniwalaan na nakuha ninyo mula sa mga pahinang ito.

Kapag nagpatuloy kayo sa paghahanap ng Katotohanan ng Pagiging naririto ngunit nanatili sa hating estado ng paniniwala, kayo ay makapagpapatuloy ng paghahanap na may malaking halaga sa inyong mga sarili, punit ng kawalan ng desisyon, takot, at ang pagpapatuloy ng walang kakayahan upang makaunawa ng tunay na kahulugan ng bagong aral. Ang inyong lumalagong mga pananaw ay medyo mapalalabo ng 'mga mensahe' na nagmumula sa mga lumang pagkakondisyon ng inyong konsyus at sub konsyus na isipan. Hindi ninyo matatanto ang kalakihan ng gayong problema sa pangkasalukuyang panahon, ngunit ito ay malaking problema dahil ang inyong pangkasalukuyang malalalim na mga paniniwala ay ang inyong pangkasalukuyang katotohanan kung sa alin ay inyong binubuo ang inyong pang araw araw na mga buhay. Ang mga ito ang **inyong** katunayan. Ang inyong pananalig at may kalakasang hinahawakang mga paniniwala ay maaaring lubusang may pagka ilusyon ngunit kung kayo ay buong naniniwala sa mga ito sa inyong sub konsyus, ang mga ito ay magiging ganap na totoo para sa inyo. Gaano man maaari na nakatatawag ng inyong pansin ang anumang bagong mga ideya na kumakalaban sa inyong mga paniniwala, sa inyong kamalayan ay mahahati at magbibigay sa inyo ng malaking kawalan ng kapanatagan – o kahit galit sa inyo.

Tandaan – ang inyong kamalayan ay ang hibla mula sa kung saan ay ginagawa ninyo ang inyong mga buhay.

Itong hiblang ito ng kamalayan ay ang dahilan ng inyong bawat tugon sa bawat isang bagay na nangyayari sa inyong mental, emosyonal at pisikal na mga buhay. Ang **inyong** kamalayan ay ang **inyong** katunayan. Ang pangungusap na ito ay maihahayag sa dalawang paraan, parehong kung alin ay katotohanan ng pagiging naririto.

Ang **inyong** kamalayan ay lumilikha ng **inyong** katunayan, hindi alintana kung ano ang mga

pangkasalukuyang katunayan ng inyong panlupang buhay. Noong ang mga tao ay naniwala na ng mundo ay patag, sila ay natakot na magpursigi nang mas malayo sa ibabaw ng karagatan dahil baka ang barko ay mahulog sa tabihan. Ang mga tao na naniwala sa patag na mundo, ay nabuhay batay sa paniniwalang iyon. Noong si Galileyo ay nagsabi na ang mundo ay bilog, siya ay itinuring na heretiko ngunit ang kaniyang pagkakaalam sa 'pagkabilog ng mundo' ay nakatulong sa mga manlalayag upang muling tingnan nang bago ang mundo at pumalaot upang matuklasan kung ano ang mayroon sa ibang tabihan ng karagatan. Ito ay nangailangan ng pagbabago sa kanilang paniniwala para maging posible.

Kayo ay nasa kaparehong posisyon tungkol sa mga **Liham** na ito. Ang mga taong iyon na tumatanggi at nanlilibak sa mga ito ay katulad ng mga tao na naniwala sa patag na mundo at natakot sa pagkahulog sa tabihan kung sila ay maglayag nang napakalayo tungo sa kanluran o silangan ng kanilang alam na kapaligiran.Ang kanilang mga pananaw ay masyadong nalimitahan ng kanilang maling mga paniniwala.

Kaya gayon ang mga pananaw ng mga taong naniniwala na ang mundo ay solido, at lubhang limitado din. Araw- araw, sila ay nagrereklamo at nagdadalamhati tungkol sa mga kamalasan na nangyari sa mundo, naniniwala na walang pagtakas mula sa mga ito.

Ngunit ang mga tao na makahahawak at makatatanggap sa Katotohanan ng Kamalayan na aking sa pangkasalukuyan ay ibinibigay sa mundo, ay katulad noong mga nakaunawa na ang paglalayag sa mga karagatan ay walang limitasyon na maisasakatuparan sa lahat ng direksiyon, kung sila ay may kagustuhan na gawin ang kagayang paglalakbay.

Samakatuwid, ang inyong estado ng kamalayan ay ang pinakamahalagang konsiderasyon sa inyong buhay… hindi ang inyong mga pakikipagrelasyon o mga pag-aari o ang inyong posisyon sa buhay. Alagaan ang inyong kamalayan at ang pagkapinagpala sa lahat ng aspekto ng inyong buhay ay susunod.

Sa pamamagitan ng inyong kamalayan ay pinapakain ninyo ang inyong sarili ng panloob na pagmamahal at harmoniya, ligaya at kagandahan, kahit na sa mga likurang lansangan ng mahirap na lugar.

Sa kagayang kamalayan ay matatagpuan ninyo ang inyong sarili na naalis mula sa mga lansangan ng mahirap na lugar tungo sa kapaligiran na nagpapanatili sa inyo sa inyong panloob na sarili. Kaya ay lumalabas na kayo mula sa hindi magandang mga pangyayari.

Mula sa mga naunang talata, kayo ngayon ay dapat na makakita na kayo lamang ang lumilikha ng 'kalidad' ng inyong panloob na mundo, maging matagpuan ninyo ang inyong sarili na sa panlabas ay nakabilanggo o ay namamahala sa barkong pandigma! At inyong mapasisigla ang inyong mga kapaligiran sa pamamagitan ng pagpapasinag sa mga ito ng pwersa ng buhay na nagbibigay sigla sa inyong pag-iisip.

At muli, ang inyong **kamalayan** ay ang inyong katunayan, - hindi ang inyong asawa, mga anak, tahanan, hardin, mga pag-aari, mga kakayahan, lugar na pinaghahanapbuhayan, mga kaibigan. Kung anuman ang lugar na ang inyong mga tao at ang inyong mga ari arian ay nag-uokupa sa inyong kamalayan – mabuti o masama - itong 'lugar' na ito ay ang inyo lamang personal na pananaw sa mga ito. Ang 'katunayan' ng mga taong ito ay hindi tunay na batid ng sinuman. Walang isa man ay may pahintulot sa natatanging kabutihan na nakatago sa may kahayagang negatibong karakter. Sa kabilang banda, walang isa na makapagsususpetsa sa natatagong mga udyok at mga pagnanasa ng isang mistulang makataong nilalang.

Ang inyong panlabas na buhay ay naiimpluwensiyahan lamang ng inyong kamalayan. Ito ay hindi – at hindi kaya - na lumikha o makapagpasya sa inyong konsyus na mga katugunan. Kayo ay ang 'manlilikha' ng inyong mga tugon. Ang uri ng inyong nilikha ay nakadependeng may kabuuan sa inyong pinakamalalim na mga pananaw at mga paniniwala tungkol sa pagiging naririto.

Dagdag pa, kayo ay maaaring, sa anumang sandali, ay makapili upang dahan dahang maalis ang inyong nakaraang panloob na mundo upang makalikha ng mas maharmoniyang panloob na kaharian na may tumataas na pagmamahal, kalakasan, at ligaya, bagaman at ang inyong panlabas na mga 'bagay' – mga tao o mga ari arian ay nananatiling pareho. Ang ispiritwal na kapangyarihan ng 'hibla ng inyong kamalayan' ay mapasisinag papalabas at makukuha ng mga tao, mga halaman at mga briks at pukpukang bato sa inyong malapit na kinaroroonan. Magkakaroon ng tiyak na mga pagbabago at mga paglago sa lahat ng dumarating sa loob ng inyong bilog ng impluwensiya. Ito ay ang inyong kapalaran sa buhay na ito – o ang sa panghinaharap na mga buhay – upang makarating dito sa buo at kumpletung pagkakapangyari. Kapag ginawa ninyo, inyong ilalagay ang inyong mga paa sa daan ng pagmamaster sa sarili at pagkatapos ay dahan dahan na tumulak paunahan upang maging tunay na master ng inyong pantaong kamalayang mundo na pinanunuotan at tinutulungan ng **BANAL NA KAMALAYAN.**

Ako, ang KRISTO, **ay naghahandog ng sulat na ito sa inyo.** Inilagay ko kayo sa ganap na pag-aari sa mga mahahalagang katunayan ng paglikha na makagagawa sa inyo na malampasan ang ego – ang tagapagbantay ng inyong pagkaindibidwal – at upang ibalik tungo sa **Pagiging Unibersal ng Pagiging Lalang** mula sa kung saan kayo nanggaling. Mayroon kayo sa inyong mga kamay, na mga paraan kung paano kayo makakikilos tungo sa walang kondisyong **Pag-ibig, Galak at Personal na Kakontentuhan.**

Tandaan na sinabi ko na ako ay naghahangad para sa pag-unlad ng mga ispiritwal na manlalakbay. Habang kumikilos kayo patungo sa daan na aking inisa isa para sa inyo, mayroong mga oras na ang pagkompirma na ako ay talagang kasama ninyo sa inyong paglalakbay. Makikita ninyo ang mga ito – panatilihin ang inyong pananalig sa mga ito.

Sa lahat ng mga oras, aking itinataas kayo sa Banal na Pag-ibig dahil ako ay Banal na Pag-ibig sa gawa. Paniwalaan ito at humanap ng kapahingahan sa aking Kamalayan na bumabalot sa inyo.

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN
Panimula sa LIHAM 7

Tagapagtala: Mayroong hindi pangkaraniwang-mahiwagang-pangyayari na nakakabit sa sumusunod na **Liham.**
Noong ang **Liham 7** ay natapos na, ang tagapagtala ay may kaliwanagang nasabihan na gumamit ng talinhaga mula sa Mateyo 13:3 bilang pambungad na mga talata.

Saglit pagkatapos, ito ay dumating sa kaniya nang may kapangyarihan na magdagdag ng talata sa ikalawang pahina na may tatak na **.

Ang **Liham 7** ay naimprinta na. Noong pinagsasama sama at inaayos ang mga pahina siya ay nagulat-naalog - nang matagpuan na ang kalahati ng unang pahina ngayon ay nasulatan ng mga salitang:

Ako ang BUHAY, ang KATOTOHANAN, at ang DAAN

na hindi pa naisusulat sa kompyuter.

Ito ay lumabas na naging 'talababa' para sa pahina. Ngunit ang gayang 'talababa' ay maaari lamang naisulat sa pamamagitan ng paggamit ng tumpak at akmang Pamproseso ng Teksto na mga komand upang makagawa ng 'talababa.'
Dagdag pa, dalawa lamang linya ang kalimitang ginagamit para sa 'talababa.' Ang kalahating pahina ay hindi 'talababa'!

Gulat pa rin dahil sa pangyayari, ang tagapagtala ay naghanap ng bawat taladatos sa kompyuter upang makita kung sa anumang oras, ay nakagamit siya ng kagayang talibaba at nakalimutan ito – subalit walang nakita.

Isang mekaniko sa kompyuter ang tinawag, ipinakita sa kaniya ang nakasulat sa kompyuter at ang naimprinta na ngunit hindi nagkaroon ng kakayahan na maipaliwang kung paano ito ay nangyari. Hanggang ngayon, walang isa ay nakapagpaliwanag nito.

Para doon sa mga hindi nakaaalam nito, ang pangungusap na **Ako ang BUHAY, ang KATOTOHANAN, at ang DAAN,** ay ginawa ni **HESUKRISTO** noong nagsasalarawan ng kaniyang sarili sa panahon ng kaniyang misyon sa Palestina.

Ang teksto ay nabanggit na at naipaliwanag ng **Kristo** sa ika-9 na pahina ng **Liham 7,** ngunit ginamit niya ang mga salita sa kakaibang pagkakasunud sunod.

Kapag binasa ninyo ang mga talata na may nakamarkang ** sa ikalawang pahina na may pagtukoy sa 'TALABABA' sa unang pahina, ang mga ito ay hindi mapagdududahan na kukuha ng bagong kahulugan para sa inyo dahil ang mga ito ay may kaliwanagan na magkaugnay.
Una sa lahat ang mga salita sa talatang** ay may enerhiyang idinikta at isinulat sa kompyuter, at mga ilang sandali pagkatapos ay kaagad, ang **'talababa'** ay naidagdag sa unang pahina .

Isa na namang hiwaga! Paano ito na ang 'talababa' na ito ay hindi napansin sa oras ng pag-iimprinta?
Ang tagapagtala ay nabubuhay na nag-iisa. Walang sinuman ang nagkaroon ng pahintulot na gumamit sa kompyuter.

Ang tagapagtala ay nagpapakahulugan sa interbensiyong ito- at kontrabensiyon ng Pamproseso ng Teksto na mga programa, bilang ang **sa KRISTONG sariling personal na pirma… isang bagay na nagawa sana niya kung narito sa lupa.**

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 7

Muli, ito ay ***Ako, ang KRISTO, na dumating sa inyo sa pamamagitan ng Liham sa sinuman na makatatanggap ng aking mga salita.***

Ang sumusunod na talinhaga ay magagamit sa inyong makabagong kapanahunan na kagaya noong mga kapanahunan ng mga Hudyo, dalawang libo at isang mga taon na ang lumipas. Inihahandog ko ang katotohanan nito sa inyo na bumabasa ng mga Liham na ito.

'Ang magsasaka ay lumabas upang maghasik. At sa kaniyang paghasik, may mga buto na nahulog sa tabi ng daan at ang mga ibon ay dumating at tinuka ang mga iyon. Ang ibang mga binhi ay nabubo sa mabatong lugar, kung saan walang masyadong lupa, at kaagad na sumuloy, dahil wala ang mga ito sa ilalim ng lupa, ngunit noong sumikat ang araw ang mga ito ay natuyo; at napalis papalayo. Ang ibang mga buto ay nalaglag sa mga tinikan, at ang mga tinik ay lumago at uminis sa mga ito. Ang ibang mga binhi ay bumagsak sa matabang lupa at nagbunga, mga isang daang beses, may animnapu, may ilang tatlumpu. Siya na may mga taynga upang makinig, hayaan siyang makinig……..'

'Pakinggan pagkatapos ang kahulugan ng maghahasik.

Ako ang BUHAY, ang KATOTOHANAN, at ang DAAN

Kapag ang sinuman ay nakaririnig ng mensahe tungkol sa kaharian at hindi nauunawaan ito, ang masamang isa, (ang pagkasarili) ay nag-aalis papalayo ng kung ano ang naihasik sa kaniyang puso; ito ay ang kung ano ang napahasik sa baybay daan.

Iyong nahasik sa mabatong lupa, ito ay siya na nakaririnig ng mensahe at kaagad na tinatanggap ito nang may galak; bagaman at wala siyang ugat sa sarili niya, ngunit pinagsisikapan pansamantala, at kapag ang tribulasyon o mga persekusyon ay dumating kaugnay ng mensahe, kaagad na lumalayo siya. Sa nahasik sa mga tinikan, ito ay siya na nakikinig ng mensahe ngunit ang pagkaabala niya sa mundo at kaaliwan sa mga yaman ay umiinis sa mensahe at hindi nagbubunga. Para sa nahasik sa matabang lupa, ito ay siya na nakikinig at nakatatanggap ng mensahe at nauunawaan ito; siya ay talagang nagbubunga, at nag-aani, sa isang kaso isang daang beses, sa iba, animnapu, at iba pa ay tatlumpung beses.' Mateyo 13:3

Ang aking layunin sa pagbabahagi ng karunungang ito ng **Katotohanan ng Pagiging lalang sa inyo na nasa mga **Liham** na ito, ay upang magkaroon kayo ng kakayahan na lumago sa ispiritwal na pag-ibig at karunungan at magdala pasulong ng mga bunga at mga pagpapala ng kagayang ispiritwal na pagmamahal at karunungan sa inyong bawat sandali ng nalilinang na kamalayan. Hangad ko para sa inyo na maging **may kasaganahang** puno ng ligaya.

Samakatuwid, ating, magkasama, linangin tungo sa inyong pantaong lupa ng kamalayan, ilipat ito, alisin ang mga bato ng kabiguan, durugin ang mga tumpok ng hindi pagkakaunawa sa pamamagitan ng lumalalim na karunungan, bunutin ang mga damo ng inyong negatibong mental/emosyonal na mga gawi sa pamamagitan ng aking tulong, patabain ang inyong lupa ng kamalayan sa pamamagitan ng palagiang tumataas na paniniwala. Pagkatapos ay maghasik ng mas magandang mga binhi na isinilang ng inyong nalilinang na ispiritwal na mga pananaw at walang kondisyong pag-ibig. Ang aking galak ay ang inyong galak sa gawaing ito – at ang inyong ligaya ay idaragdag sa aking ligaya. Dito sa pagkakaisa ng layunin at nakamtan, kayo sa bandang huli ay makararamdam na kayo talaga ay sa aking ispirito at ang aking ispirito ay ibinubuhos sa inyo. Sa paraang ito, ating mararanasan ang kaisahan ng **IYON** mula sa alin ay ating nakuha ang ating pagkaindibidwal. Ang aking mga iniisip ay magiging ang mga iniisip ninyo na hindi nakulayan ng inyong dating egong-kamalayan.**

Aking naisalarawan ang proseso – ang daan - sa baybay kung sa alin kayo ay maglalakbay upang makamtan ang inyong supremo at perpektong mga hinahangad ng puso.

At kaya sinasabi ko sa inyo, kahit na ang **Liham** na ito ay maaaring mahirap na tanggapin sa una, at mangangailangan ng oras at pagsisikap upang lubusang maunawaan, ito ay malakas na dugtong sa pagitan ng inyong kamalayan at ng akin.

Sa aking lampasang estado, ako ay makagagawa ng higit kung tatawag kayo sa akin kaysa sa aking magagawa kung magbabalik ako sa lupa sa pisikal na katawan na ako ay makikita ninyo ng inyong mga mata at maririnig ako ng inyong mga taynga, ngunit ang inyong pagkaunawa sa **Katotohanan ng Pagiging Lalang** ay maaaring limitado.

Dito sa paraang ito ng pakikipag-ugnay sa inyong kamalayan, ako ay inyong matatanggap na diretso sa inyong isip at puso kapag ang mga pangunahing mga kondisyon para sa gayang pakikipag-ugnay ay nakamit.

Kaya aking sinasabi sa inyo nang tunay, pag dami ng oras at pagmemeditasyon na gugulin ninyo sa mga **Liham** na ito, ay pag lalong higit na ito ay magiging posible para sa inyo na makatanggap ng mas mataas na inspirasyon at tagubilin mula sa akin, sa personal na paraan, dahil sa bawat pagbabasa ng mga **Liham** na

ito, ay pag mas lalong higit na ang inyong mga alon ng kamalayan ay matataas tungo sa aking ispiritwal na mga alon ng kamalayan – at sa dakong huli tayo ay makararating sa tunay na tagpuan ng kamalayan. Pagkatapos – kasaganaan ang magiging bunga sa inyong buhay.

Upang ipaliwanag kung bakit ito ay ganito, – kailangan kong sabihin sa inyo na ang aking ***kamalayan*** ay bumababa sa maraming iba't ibang mga dimensiyon ng mga along baybrasyon ng kamalayan, upang katagpuin ang mga pangangailangan ng mga humihingi ng tulong at inspirasyon. Ang maraming iba't ibang mga dimensiyon ng kamalayan, ang aking ***kamalayan*** ay dumadaang lampasan, ay lahat na natatangi mula sa iba .

Bawat antas ng mga alon ng ***kamalayan*** ay **lumilikha at naghahayag bilang magkakaibang mga kalagayan ng pagiging naririto,** dahil ang pinakamataas at pinakamababang mga along baybrasyon ng kamalayan ay nagawa ng pinakamataas o pinakamababang ispiritwal/mental/emosyonal na mga gawi o mga anyo ng kamalayan. Sa mataas at mababang mga gawi, ang ibig kong ipakahulugan ay iyong mga pinakamalapit at pinakamalayo mula sa **Banal na Kamalayang Hangarin.**

Gaya ng alam ninyo, bawat alon ng baybrasyon ng mga tunog ay lumilikha ng sarili nitong natatangi at indibidwal na nota at tono. Sa katulad na paraan, ang kinagawiang mental/emosyonal na mga anyo ng iniisip ay lumilikha ng kanilang sariling mga alon ng baybrasyon sa kamalayan at ang mga ito ay bilang bunga, ay lumilikha ng panlabas na mga kalagayan kung sa alin ang kamalayang iyon ay naninirahan.

Pag mas mataas ang mga alon ng baybrasyon ng kamalayan, ay pag mas maganda, maharmoniya, masaya at matagumpay ang mga buhay ng mga naninirahan sa mga along iyon. Pag mas mababa ang mga alon, pag lalong magaspang, mapait, maasim at masalimuot ang mga buhay ng mga iyon na sumasaliw sa mga kagayang alon. Ang kanilang mga buhay ay namamarkahan ng mga kalamidad, kawalan, at pagiging brutal.

Pag taas ng alon ng baybrasyon ng kamalayan, pag higit na mapagmahal sa paraang ispiritwal at maganda ang mga iniisip, ang mapanlikhang imahinasyon, ang mga nararapat na layunin at kagandahan ng kulay at mga anyo ng buhay, dahil ang mga ito ay tumataas nang mas papalapit nang mas papalapit pa sa dimensiyon ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** kung saan ang mga alon ay naging mataas upang maging magkalebel at pumasok tungo sa makapangyarihang pagkakapantay- ang **LAHAT ng KAPANGYARIHAN ng PANGKALAHATANG KAMALAYAN-** ang **Pinagmumulan ng Lahat ng Lalang, -*PAG-IBIG.***

Para sa inyo, ang panlabas na mga kalagayan ay maaaring masilayan na iyong mga sa **katawan** tumitira ngunit ang katotohanan ay, ito ay ang ***kamalayan*** na namamalagi sa loob, nakararanas at tumutugon sa panlabas na mga kalagayan. Ang katawan ay sasakyan lamang na gumagawa sa pantaong kamalayan na namamasdan ng iba, at ang kalagayan ng sasakyan sa sarili nito ay isang manipestasyon ng antas ng ispiritwal/mental/emosyonal na kamalayan na tumitira dito.

Samakatuwid, kagaya ng sinabi ko noon, bilang tagamasid ng pang-indibidwal na pangangailangan at bilang tugon sa mga hiling para sa tulong, ang aking ***kamalayan*** ay bumababa sa pamamagitan ng maraming mga antas ng pagiging nariritong kamalayan upang maabot ang matapat na humihiling, para, upang magbigay ng mga sagot, kailangan ko munang tanggapin ang pangangailangan. At, kagaya ng sinabi ko sa pangalawang pahina, ang mga **Liham** na ito ay ang nagdudugtong, ang paraan ng inyong komunikasyon sa aking ***kamalayan*** upang mabigyan kayo ng kakayakan na sa paraang ispiritwal ay magpatuloy tungo, at gawing nakatatanggap –at pagkatapos ay may kalaliman na maunawaan at gamitin ang lahat ng karunungan na nais kong ibahagi sa inyo upang dalahin sa inyo ang hagdanan ng ispiritwal na kamalayan tungo sa katapusan nitong mga tugatog ng **KRISTONG KAMALAYAN.**

Dahil ako ay nasa malapit sa perpektong pagkakapantay sa aking sarili, ako ay may ispiritwal na kapangyarihan ng **PANGKALAHATANG KAMALAYAN** na malapit sa perpektong antas. Ako ay puno ng likas ng **Unibersal na Kamalayan.**

Samakatuwid, ang aking buong kamalayan – maging anuman ang sa ibang mga taong iniisip o mga salita, paniniwala o walang paniniwala, pagmamahal o galit, pagtanggap o pagtatakwil sa akin, ay nananatiling iyong dalisay na walang kondisyong ***PAG-IBIG***.

Hindi ito nag-aatubili o nagbabago. Ang aking mga asal ay palagiang iyong dalisay na PAGMAMAHAL, PANGANGALAGA at PAGKAAWA na aking nararanasan bilang isang malalim na paghahangad upang magtaas, magpagaling at magpasagana. Kaya, ito ay may kaperpektuhang posible para sa mga tao, kung may kasapatang sensitibo sa mga alon ng baybrasyon ng kamalayan, na maging nakaaalam sa aking presensiya, o ang pag-ibig, o dagdag na buhay pwersa, kapag ang mga ito ay nasa estado ng konsyus na paghahangad, paghahanap, pananalangin upang makilala ako nang mas higit o malinang sa paraang ispiritwal.

Habang nagsasalita ako ng tungkol sa mas mababang mga alon ng kamalayan na nagdudulot ng kaguluhan sa lupa, kayo ay magiging nakaaalam ng aking buong pagkaawang pagtanggap sa mga ito, dahil ang mga ito ay manipestasyon lamang ng sa taong masakit na pakikipagtunggali at pagdurusa habang sumusubok na hanapin ang kanilang daan tungo sa LIWANAG ng kanilang PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG. Ako ay darating sa mga tao- hindi para magkondena – kundi ay upang itaas at palakasin sila.

Aking pinasisinag ang aking ***Kristong Kamalayan*** tungo sa inyo sa pamamagitan ng pagtanggap at paghawak ng inyong pangalan at ispiritwal na anyo sa aking isip kapag kayo ay dumudulog para sa tulong. At batay sa inyong pagtanggap at kalayaan mula sa magnetikong 'pagsasama-paghihiwalay' na mga pintig, ang katiting ng Banal na Likas ng Pagiging Lalang ay nakukuha ng inyong pangkasalukuyang mga along baybrasyon ng kamalayan na pagkatapos ay nakararanas ng malakas na pakiramdam ng pagkakataas.

Kaya, ito ay dapat na maliwanag sa inyo na habang inaalisan ninyo ang inyong panlupang kamalayan ng emosyonal na pagkakagapos nito sa pamamagitan ng mental/emosyonal na pagtanggi sa mga gawi ng emosyonal na iniisip na inyong pinapananaw na labas sa harmoniya ng Banal na Pag-ibig, ay gayon din na magiging higit at higit kayong nakaaalam ng mas mataas na inspirasyon na pumapasok sa inyong isip- kahit na sa inyong solar pleksus – na nagbibigay sa inyo ng patnubay sa mga oras ng pangangailangan kapag kayo ay walang kakayahang makaunawa sa tamang hakbang sa paggawa o walang kakayahan na mapagliwanag ang inyong sarili mula sa emosyonal na may egong pag-iisip kapag tumutugon sa magulong sitwasyon. Sa pamamagitan ng aking tulong, kayo ay makatitira sa dalawang dimensiyon – iyong pisikal na mundo kung saan ang inyong katawan ay nakatira, na nagdadala sa inyo ng inyong mga karanasan – at iyong mas mataas na kinalalagyan ng Kristong Kamalayan na makapagbibigay sa inyo ng kakayahan na malampasan ang egong pag-iisip at magpasinag ng mga iniisip at mga pakiramdam tungo sa inyong mga sitwasyon mula sa estado ng pagiging lalang na aking pinangalanang ang 'Kaharian ng Kalangitan.'

Ako ay hindi nag-iisa sa gawaing ito. Maraming hindi na mabilang na pinaka may kataasan, lampasan, ispiritwal, marikit, mapagmahal-matalinong mga kaluluwa, na nagtataglay ng daanan tungo sa dimensiyon ng Kristong Kamalayan, gumagawa kasama ko upang tumulong sa mga tao. Bagaman kami ay nasa dimensiyon ng Kristong Kamalayan, kami ay lahat mga indibidwal. Hindi kami mga replika ng bawat isa. Kami lahat ay naghahayag ng Kristong Kamalayan sa iba't ibang maluwalhating mga paraan, - ang diin ng aming

mga gawain ay nakalagak sa magkakaibang mga aspekto ng pagkamalikhain. Kami ay mayroong makapangyarihang mga imahinasyon at may kakayahan na lumikha at magdala tungo sa nakikita, indibidwal na anyo sa loob ng aming sariling dimensiyon, ang mga bagay na iyon kung alin ay malayo sa inyong pangkasalukuyang pang-unawa.

Inyong maririnig na sa buong mundo, ang mga tao ay nakatatanggap ng inspirasyon, at ay nakaaalam ng Presensiya ng Kristo. Ang aking inspirasyon ay nagpasinag sa mundo sa panahong ito, ay natanggap ng iba't ibang mga likas at magkakaibang mga isipan. Dahil sa kanilang nakaraang mental na pagkakondisyon, ang inspirasyon ay maghahatid sa bawat tao sa magkaibang landas. Ang mga mensahe na nailalagay ko sa kanilang kamalayan ay magdadamit ng magkakaibang mga mukha. Sa ibang mga kaso, ang mga mensahe ay may kalakihang mababaluktot sa pamamagitan ng tagatanggap na bukas ang isip sa paraang paranormal ngunit ay nagtataglay ng ***ortodoks na isipan*** na nakakabit sa nalikhang panrelihiyong kinaugalian noong mga nakaraang mga panahon. Anumang mensahe ay mabibigyan ng interpretasyon batay sa mga paniniwala na kasalukuyan nang kumukontrol. Anumang mensahe na natanggap na makasasalungat sa natanggap na mga paniniwala ay madaliang maitutulak palabas mula sa isip at ang pag-aari ay maiuugnay kay Satanas. Para sa dahilang ito, ito ay posible lamang upang maabot ang isip na bukas at nagnanais para sa katotohanan sa halip na tradisyonal na turo. **Kayo ay makasisiguro, bagaman, na ang aking personal na mensahe ay laging makagigising sa mga tao tungo sa madaliang pangangailangan upang kumilos papalayo mula sa naghahadlang at maling mga prinsipyo ng lahat ng dogma at relihiyong ginawang institusyon. Ang mensahe ay magbubukas ng mga kanal ng kamalayan na maghahatid tungo sa paglago ng ispiritwal na pagkakaalam. Ito ay maghahatid sa tao tungo sa mas mataas pa at mas mataas na mga dimensiyon ng selestiyal na iniisip, bilang pagsalungat sa panlupa at makamateryal na mga konsepto. Ito ay magkakaloob ng mas masiglang pagpapahalaga sa *tunay* na *likas* ng inyong Pinagmumulan ng Pagiging lalang at ang sansinukob kung saan kayo ay nakatira sa kasalukuyan.**

Aking pinopropesiya, noong nasa lupa, na ang oras ay darating na ako ay magbabalik bilang 'mga sinag ng kidlat mula sa silangan papuntang kanluran pahalang sa himpapawid.' Ito ay grapikong pagsasalarawan ng daan na ako ay kasalukuyang gumagawa. Maaari, pagkatapos ng nabanggit na talata, ay inyong matatanggap na ang 'kidlat' ay suminag sa buong mundo sa kagayang anyo upang maabot iyong mga may kagustuhang umaasa para sa aking pagbabalik. **Ang aking Katotohanan ay naglayon upang itaas at paliwanagin ang mga isipan ng mga naghahanap upang gisingin ang mga tao sa maraming mga dahilan ng dalamhati at panghinaharap na pagkasira ng planeta. Hindi mabilang na mga 'matatandang kaluluwa' ay gumagawang walang pagdaramot sa mga daang iba't ibang mga paraan upang pagaanin ang paghihirap ng mga tao na nangangailangan, nag-aalay ng kanilang lahat na mga enerhiya, oras, panlupang kalagayan, tungo sa pagtataguyod ng pagmamahal sa kalikasan, mga hayop at ang kanilang mga kaginhawaan at proteksiyon, at ang panghinaharap na kalusugan ng planeta sa sarili nito. Bagaman ang mga magagandang kaluluwang ito ay hindi nababatid ang mga ito, wala sa mga pinagkakaabalahang ito ay nanggaling mula sa panlupang pantaong pag-iisip, na eksklusibong nakatuon tungo sa pansariling mga pangangailangan, kundi ay mula sa dimensiyon ng Kristong Kamalayan kung saan lahat ng nabubuhay na mga bagay ay nakikita bilang ang kapahayagan ng Pag-ibig/Katalinuhan ng Pinagmumulan ng Lahat ng Pagiging lalang.**

Sa **Liham** na ito ay gusto kong iiksplika nang may kaliwanagan na ako ay dumating sa pamamagitan ng midyum ng mga salitang ito **upang** tumulong sa **nakatatanggap** na mga tao sa lahat ng antas ng lipunan – manggagawa hanggang Heneral, karaniwang trabahador hanggang sa Presidente, upang gumawa nang lubusan mula sa puntong kinalalagyan ng **PAG-IBIG.**

Mayroong ispiritwal/pangsiyensiya na makamateryal na mga dahilan kung bakit ito ay ganap na kinakailangan na ang mga tao ay mag-alay ng lahat ng kanilang mental at emosyonal na mga enerhiya at mga pakiramdam sa pagdadala ng kanilang mga gawain at mga reaksiyon tungo sa perpektong pagkakatono at harmoniya kasama ng walang kondisyong **PAG-IBIG- BANAL NA KAMALAYAN.**

Upang manatili na nasa pang buong mundong estado ng kamalayan kagaya na ito ay nangyayari sa sandaling ito ay manatili sa palagiang pababang pagdausdos tungo sa hindi mabilang na mga karamdaman, mga disgrasya, mga kaguluhan at pinakamalalim na pagdurusa.

Ang mga lalaki at mga babae ay makapamumuhay sa dalawang mga dimensiyon ng pagiging naririto sa inyong mundo, maaaring eksklusibo mula sa antas ng mga pintig ng ego na ang mga kumukontrol na mga pwersa sa likod at sa loob ng lahat ng pang-araw araw na mga kaganapan na bumubuo sa pantaong pang araw araw na karanasan – o – sa paraang mental/emosyonal na nakasandig sa **Banal na Kamalayan** habang ang kanilang mga katawan ay nabubuhay pa sa panlupang dimensiyon.

Ang mga bunga ng egong kamalayan ay mga kaguluhan, mga pagkaantala, pangklimang mga hagupit at mga di pangkaraniwan, mga digmaan, mga abuso ng bawat uri, kahirapan, mga sakit, pagpaslang, pagnanakaw, pagsisinungaling, pandaraya, paninirang puri, pagsasabi ng masama sa kapwa kapag nakatalikod, mababang masamang mga iniisip, mga nagseselos na pag-iisip, galit na mga iniisip, masasamang mga katatawanan, panghuhusga, pamumuna, panunuya, pagtatakwil sa ibang mga tao at iba pa.

Itong mga alon ng kamalayan ay palaging nagdadala ng 'mga nasasalaming' mga pangyayari at nararamdamang mga reaksiyon na nagbigay silang sa mga ito, - at ay patuloy na naaapektuhan ng 'mga taas' at mga 'baba' ng pagkakatupad sa mga inaasahan at mga pagkabigo, dumuduyan sa pagitan ng kaligayahan at pighati.

Iyong mga, sa pamamagitan ng panalangin, meditasyon, at sariling disiplina at determinasyon, ay makakaya na linisin ang kanilang kamalayan ng ego at itaas ito sa pamamagitan ng pagbibigay katuturan at pagbibigay daan sa lalo pang may katapatang mapagmahal na mga iniisip tungo sa ibang mga indibidwal at sa mundo sa pangkalahatan, ay dahan dahan na tumataas ang kamalayan tungo sa baybrasyong mga alon ng dimensiyon ng **Banal na Kamalayan- ang Kaharian ng Kalangitan**, kung saan sila ay nakatira nang may kaginhawahan at ay panatag sa harmoniya kasama ng **Unibersal na mga Batas ng Pagiging naririto.**

Ang mga taong iyon ay naniniwala na anuman ang mga kaguluhan at mga panganib sa mundo sa paligid nila, sila ay napapakain, napapagaling, napuprotektahan, napapangalagaan at napapanatili sa perpektong kapayapaan ng isip - kung sila ay nananatili sa loob ng ispiritwal na mga alon ng baybrasyon.

Kapag hinayaan nila ang kanilang mga sarili na mahulog tungo sa makasariling mga pakikipag-away at anumang negatibong pantaong kondisyon na nagsasangkot sa anumang mga nauukol sa ego, ang kapayapaan ay kaagad na naglalaho at natatagpuan nila ang kanilang mga sarili na nakulong sa kamalayang mga alon ng baybrasyon na napakain ng kagayang kamalayang mga alon ng ibang mga tao sa kanilang kapaligiran.

Sila ay parang langaw na nahuli sa sapot ng gagamba at ang kasunod na away upang mapalaya ang mga iniisip mula sa mas mababang mga alon ng kamalayang baybrasyon ay maaaring nakapapagod at masakit.

Sa gayong mga panahon, ang palagiang meditasyon at panalangin, ang pagsamo para sa tulong kalakasan at gabay sa pagkakamit ng 'tamang emosyonal na mga asal' ay ang tanging mga paraan na ang ispiritwal na manlalakbay ay makatatagpo sa kaniyang daan pabalik mula sa nakapagkukulong na nababang mga dimensiyon ng enerhiya, tungo sa estado ng harmoniya kasama ng makalangit na kamalayang mga alon ng baybrasyon.

Maaari ninyong isipin na ang nabanggit ay may kahirapang unawain at hindi kinakailangan sa inyong pagsasaliksik para sa ispiritwal na paglago. Sa kabilang banda, itong pagkakaunawang ito sa likas ng inyong kamalayan ay lubos na mahalaga. Kung inyong matatagpuan ang inyong sarili na dumadausdos tungo sa nababang kamalayang mga alon ng baybrasyon at nakararanas ng kaguluhan sa pagitan ng kung ano ang inyong 'nararamdaman sa kasalukuyan' at kung ano ang alam ninyo *na dapat ninyong nararamdaman o gusto na maramdaman* – inyong mararanasan ang mas higit na kontrol kung inyong maunawaan na kayo ay nagdurusa dahil hinayaan ninyo ang inyong normal na ispiritwal na kamalayang mga alon ng baybrasyon na bumagsak. Tukuyin ang dahilan at dalahin ito sa **Banal na Kamalayan** para sa kalutasan ng pangloob na pagtatalo. Sa tamang oras, ang gabay sa wastong mga asal at mga desisyon upang mabigyan ng liwanag ang problema ay mabibigay sa inyo nang may kabilisan bilang tugon sa inyong panalangin.

Dagdag pa, habang itinataas ninyo ang inyong antas ng 'mga alon ng kamalayan,' inyong matatagpuan na kayo ay paloob na napalalakas sa ispirito at pwersa ng buhay – at ang kabaligtaran ay nangyayari kapag inyong natatagpuan ang inyong sarili na nakulong sa mas mababang kamalayang mga alon na maaaring sa pamamagitan ng personal na pagbaba tungo sa mas mababang mga alon ng pag-iisip o sa pamamagitan ng pagiging emosyonal na nakuha ng mga ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa negatibo at may egong personalidad. Kapag ito ay nangyayari, kayo ay makararanas ng pagkawala ng enerhiya. **Itong pagkawala ng enerhiya ay nagdudulot sa pagbaba ng pisikal na enerhiya sa inyong mga selyula ng katawan.** Samakatuwid, kung pinag-iisipan ang pagtungo sa ispiritwal na paglalakbay, inyong ilagay sa inyong paningin ang inyong sarili na kagaya ng isang manlalakbay na nakasakay sa tren papunta sa destinasyon na inyong gusto. Kung, sa paglalakbay, kayo ay lumapit sa bintana at tumanaw sa masaganang mga look o mga nakatutuwang mga siyudad na naghahandog ng mga ligaya ng maraming mga uri, at pumunta sa paglilimayon sa mga lansangan at mga daan na malayo sa paglalakbay na orihinal ninyong pinlano, matatagpuan ninyo na ito ay napakahirap upang magpatuloy sa orihinal na paglalakbay na iyon. Una sa lahat, kayo ay kailangang dumaan sa paglilinis ng mas mababang mga enerhiya ng kamalayan na nakuha ninyo sa panahon ng inyong mga ekskursiyon tungo sa ibang mga ginugusto. Ito ay maaaring maging matagal at kayo ay maaaring magdaan sa iba pang mga masasakit na mga karanasan upang magkaroon kayo ng kakayahan na malampasan ang kinakailangang paglilinis ng inyong kamalayan muli. Bawat bagay na ginagawa ninyo sa buhay, kayo ay maaaring kumikilos paunahan sa paraang ispiritwal, o kumikibo sa mga dimensiyon ng kamalayan na nakasisira sa inyong pagsasaliksik at mahabang paglalakbay tungo sa mas mataas na mga antas ng ispiritwal na kamalayan. Hindi ninyo matatakasan ang mga proseso ng kamalayan ni hindi mula sa di mabagong pagkilos ng mga **Batas ng Pagiging naririto.** Hindi ninyo mailalagay ang inyong buhay na nasa maayos habang kayo ay umiiwas na magkaroon ng maliit na bisyo na iniisip ninyo na walang magiging epekto dahil wala namang makaaalam. Anuman ang ginagawa ninyo ay isang pagkilos sa kamalayan at anuman ito- nagtataguyod man ng inyong kaayusan o salungat sa inyong pinakamataas na kabutihan – ay mayroong kagayang mga likas na bunga nito .

Bawat bagay sa inyong buhay ay kaugnay ng ilang ibang aktibidad sa kamalayan. Wala na hiwalay mula sa bawat bagay. Ang tao ay nag-iisip na ang kanilang ginagawa ngayon ay nakalagay sa isang sisidlan. Iniisip nila na ang 'ngayon' ay nagiging kahapon at ay nakalipas na, na ito ay walang maibubunga sa kanilang 'ngayon.' Ngunit – ay sa hindi inaasahan para sa kanila- matatagpuan nila ito na umuusbong sa kanilang karanasan bilang 'oras ng pag-aani' sa loob ng anim na buwan, sa isang taon o kahit na sampung taon pa na darating – kapag ang mga enerhiya ng kamalayan ay nakahila sa kung ano ang kinakailangan upang magdala sa nakikitang manipestasyon ng mga ito. Pagkatapos ang tao ay magtatanong – bakit ito ay

nangyari sa akin? Bakit ako?

Dapat ninyong maunawaan na kapag tumungo kayo sa ispiritwal na paglalakbay, inyong inilagay ang inyong paa sa landas na magtataas ng inyong mga alon ng kamalayan tungo sa mas mataas na mga baitang. Ang hindi pagiging maingat at hindi pagiging palagian ay maghahatid sa inyo tungo sa kalagayan ng pag-ugoy sa pagitan ng mga antas ng mga alon ng baybrasyon. Itong mga oras ng pagpapabagu bago ay puno ng emosyonal na sakit. Kapag dumuduyan kayo, ang orihinal na pwersa ng ispiritwal na enerhiya na sa nakaraan ay nagtaas ng inyong ispiritwal na paningin, ay naglalaho at sa katapusan ay nagrereklamo kayo na ito ay mahirap na bumalik muli sa panalangin at meditasyon. Ito ay mahirap na gumawa ng ugnayan sa **Banal na Kamalayan** na inyong nakayanang gawin noon bago kayo ay tumungo sa mga nakaliligayang ekskursiyon na naghantong sa inyo sa pagbaba ng inyong mga alon ng kamalayan. Sa daang ito, sa pamamagitan ng pagbibigay daan sa sobrang kapangyarihang mga pintig, ang buhay ninyo ay ginagawa ninyong mahirap para sa inyong sarili, kayo ay lumalakad sa mas mabatong landas.
Sa katulad na panahon, ang mga pintig na nasa kamalayan ay nagsasaad na ang tiyak na mga lawak ng inyong pantaong kamalayan ay nangangailangan ng pagpapapino. Ang mga pintig ay nagiging ang kinakailangang paraan upang magturo sa inyo ng mga mahahalagang leksiyon. Sa totoo lamang, walang isa na makakikilos sa makipot na landas patungo sa 'Kaharian ng Kalangitan' at manatili doon na walang pagkakaiba o pagbabago hanggang sa sila ay makaranas nang lubusan ng mga bunga ng kanilang natatagong mga pintig. Sa pamamagitan ng ganap na pagdanas sa lahat ng kanilang maaaring ihandog, ang mga tao sa bandang huli ay dumarating sa maliwanag na pagkakaunawa na sila ay bulaang mga nang-eengganyo – walang halaga ang sakit at maraming pagsisikap na nasangkot upang muling kuhaning pabalik sa ispiritwal na landas. Kapag ang may kalalimang nalikhang mga pintig ay nagamit at ang mga resulta ay natatak sa kamalayan lamang, ay maaari na ang may intensiyong mental at emosyonal na pili ay magagawa upang mamuhay sa mas mataas na ispiritwal na antas. Kung ang huling desisyong ito ay ginawang may pagpapasya at may pagkapositibo, ang naunang mga pintig pagkatapos ay mapapawi na mula sa kamalayan.

Ngunit ako ay kailangan na magsabi sa inyo na kapag kayo ay gumawa ng pagpili upang mamuhay sa mas mataas na antas ng ispiritwal, kayo ay hindi nangangahulugan na dumating na sa katapusan ng inyong mga problema. Sa pagkaignorante sa kung ano ang tunay at mali sa mas mataas na ispiritwalidad, inyong matatagpuan ang inyong sarili na nahahalina sa iba't ibang mga kulto na maghahantong sa inyong mas malayo tungo sa kalituhan na walang katapusan.

Ako, ang Kristo, ay dumating, sa pamamagitan ng midyum ng mga **Liham** na ito, upang ipakita sa inyo kung paano pumili ng pinakamataas na mga layunin sa inyong pantaong pagiging naririto at sa inyong **tunay na huling destinasyon** sa inyong panlupang 'sunud sunod' na paglalakbay.
Sa inyong ispiritwal na mga paghahanap, kayo ay parang mga tao na pinakikitaan ng maraming may kagandahang nakulayang mga pangpanlalakbay na mga parapernalya na naglalarawan ng mga kagalakan at mga karangyaan ng maraming mga eksotikong pambakasyong mga puntahan na kung saan ay maaari kayong magrelaks at muling magpanibago ng inyong kalakasan. Ang isang gurong ispiritwal ay humahawak sa panghalina sa isang paglalakbay na maghahatid tungo sa tiyak na layunin - ang pagbibigay ng solusyon sa ilang mental /emosyonal na problema, habang ang ibang guro naman ay naghahandog ng ibang layunin at ibang daan upang sundin. Bawat isa sa mga gurong ispiritwal na ito ay nag-aalok ng kagaanan sa mga uri

ng pantaong sakit at pagdurusa na sila sa kanilang mga sarili, ay nakaranas sa nakaraan at napagtagumpayan. Bawat isa sa bandang huli ay nakatagpo ng saklolo sa kanilang sariling may kakaniyahang paraan. **Walang pag-aalinlangan na silang lahat ay mayroong mga mahahalagang mensahe ng isang uri o iba pa upang ibahagi sa mga tao na nalilito dahil sa mga problema ng pamumuhay at hindi alam kung alin ang daan na tutunguhin para sa tulong at kagaanan sa kanilang mahirap na pagiging nariririto.**

Ngunit ako ay dumating mula sa pinakamataas na puntong pananaw ng ispiritwal, pangkalahatang pagiging nariito, sa pamamagitan ng midyum ng isang isip na may kaingatang nalinis at napuno ng ispiritwal na buhay at may dedikasyon sa gawain, upang magdala ng mensaheng ito sa mga tao na handang tumanggap nito.

Ako ay dumating sa inyo upang ipakita sa inyo kung sino talaga kayo sa pinakamalalim na kinalalagakan ng inyong pagiging indibidwal…….. at sino at ano kayo ay magiging.

Katulad na may kahalagahan, ako ay dumating upang ipakita sa inyo ang *paraan* sa kung sa alin ang paglipat mula sa pantaong kamalayan tungo sa mas mataas na mga dimensiyon ng ispiritwal na kamalayan ay makakamtan.

Noong ako ay nasa lupa, aking sinabi: 'Ako ang Katotohanan
Ang Daan
At ang Buhay'

At kaya nga **ako ay noon- at ay ngayon.**

Sa mga **Liham** na ito ako ay nagbibigay sa inyo ng Katotohanan.

Aking ipinapakita sa inyo ang Daan
Upang makamtan ang Masaganang Buhay.

Ito ay nagpapahina sa kaluluwa na mangailangan ng iba pang sugo bilang ispiritwal na 'saklay,' samakatuwid, upang umasa kahit na sa aking sarili ay dapat na kilalanin bilang pansamantalang panlunas. Para sa dahilang ito, aking ginagawa ang bawat pagsisikap sa pamamagitan ng aking tagapagtala, upang magkaroon kayo ng kakayahan na makaunawa na ang inyong tunay na suporta, palagian, **'*PINAGMUMULAN NG BUHAY AT PAGIGING LALANG'*** ay nakukuha nang direkta mula sa lahat-makapangyarihang dimensiyon ng **Pangkalahatang Kamalayan na nasa pagkakapantay*.***

Ako ay dumating sa INYO, - kayo na bumabasa ng **Liham** na ito, - upang tulungan KAYO na makatagpo ng **BUHAY na mas masagana** at ang aking tinuran, noong nasa lupa, ang **Kaharian ng Kalangitan.**

Ano ang ibig sabihin ng pangungusap na ito sa pantaong mga terminolohiya? Ano ang nais kong ipakahulugan noong sabihin kong ' **Buhay na mas masagana'?**

Ito ay mas madali sa akin upang magsalarawan ng aking kahulugan sa inyong mga sarili sa taong dalawang libo at isa kaysa kung ito ay baybayin nang may kaliwanagan sa mga tao noong isang Taon ng ating Panginoon, ngunit alam ko na para sa maraming mga tao na ang pangloob na ispiritwal na mga pananaw ay hindi pa nabubuksan, ang kung ano ang aking sasabihin ay magiging malapantasya.

Samakatuwid, upang matulungan kayong maunawaan – aking kailangang ipaalala sa inyo at hingin sa inyo na ganap na *unawain* – na kayo ay hindi mga katawan na nagtataglay ng kamalayan- kayo ay:

'Banal na Kamalayan na indibidwalisado sa magkakahiwalay na 'kamalayang mga lalang' at ginawang namamasdan sa inyong lupa sa pamamagitan ng mga partikulo ng elektrika na nakuha at nagbuklod sama sama sa mga elemento, upang mabigyan kayo ng nakikitang nabubuhay na anyo batay sa pundamental na pisikal na tularan.'

Upang maunawaan ang **Katunayan ng Pagiging naririto** at ang mga pinagmumulan ng inyong pagkapisikal, kayo ay dapat na gumawa ng pang araw araw na mga pagsisikap na alisin sa inyong mga sarili ang limitadong panlupang pananaw na natatanggap ng katawan ang 'pagiging nito' at ay nalikha at nalinang nang ganap – at lamang – ay batay sa hindi nagbabagong pisikal/pangsiyensiyang mga batas.

Sa lugar ng inyong lumang limitadong pantaong mga paniniwala, kayo ay dapat gumawa ng pang-araw araw na mga pagsisikap upang makalinang ng malakas, maliwanag na pagkaunawa na ang inyong 'pansariling katunayan' – ang inyong kaluluwa – ay nakuha nang direkta mula sa Lahat ng Katunayan- ang PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG.

Ang inyong pisikal na katawan ay kumukuha din ng Buhay mula sa Lahat na Katunayan sa sandali ng pagkakabuo, ngunit ito din ay may disposisyon sa panimulang dimensiyon ng 'baybrasyong mga alon ng kamalayan' mula sa kung sa alin ang inyong katawan ay nabuo. Ito ay kumpit at balot nang mas may kahigpitan habang ang mga taon ay lumilipas, sa pamamagitan ng magnetikong emosyonal na 'pagsasama-paghihiwalay' na mga pintig na kumukontrol sa pantaong kamalayan.

Ano ang ibig sabihin ko niyon?

Ang kung ano ang aking sasabihin sa inyo ay may malaking mga implikasyon para sa hinaharap ng tao, - iyon ay, kung iyong mga marami sa inyo na may kakayahang gumawa nito, ay gagawa ng bawat pagsisikap upang umunawa nito.

Sa totoo lamang sa paraan na tinitingnan ninyo ang mga Liham na ito ay magpapasya ng takbo ng inyong panghinaharap na mga pamumuhay. Ang mga ito ay magpapakahulugan sa inyo ng pagkakaiba sa pagitan ng pananatiling nakatigil sa inyong pangkasalukuyang pamantayan ng mga alon ng baybrasyon ng kamalayan o dahan dahang pagkilos paunahan ng inyong sarili tungo sa mas mataas na mga antas ng kamalayan at lumilikha ng mga anak na makikinabang mula sa pagsasakatuparan ng karunungan na aking ibibigay sa inyo.

Noong ako ay nasa lupa aking ginawa ang malimit na inuulit – ngunit hindi naunawaang – pangungusap:

Kung ano ang isinilang mula sa laman ay laman – at sa ispirito – ay ispirito.'

Ang ibig kong sabihin ay maraming mga tao ang may likas na ispiritwal na kakayahan upang magbalik sa orihinal na alon ng ispiritwal- emosyonal na kamalayan sa *kung sa alin sila ay nalikha* – at, sa mas huling mga taon, ay maaaring muling isilang, - kumuha ng bagong ispiritwal mental na pagkakaalam sa parehong ispiritwal na alon ng baybrasyon ng pagkabuo, at pagkatapos nito ay *mabuhay at malinang at gumawa mula dito*.

Ang orihinal na alon ng ispiritwal-emosyonal na kamalayan ng pagkabuo ay magiging ang plataporma para sa batang ispiritwal na paglalakbay.

Iyong nabuo lamang ng 'makalamang puno ng mga pagnanasa' ay makatatagpo dito na mahirap na maunawaan ang anumang 'katotohanan' lampas sa ebidensiya ng kanilang mga taynga, mga mata, pansalat at pang-amoy.

Kung pinag-aalinlanganan ninyo ang nabanggit, tumigil sandali at magmuni sa hindi nagbabagong prinsipyo ng pagiging naririto:

LAHAT SA PAGLIKHA ay KAMALAYAN na nagawang nakikita.

Bawat nabubuhay na bagay ay nag-iisip lamang at gumagawa mula sa antas ng ispiritwal o egong kamalayan sa kung saan sila nakatira.

Bago ang pagkabuo ay nangyayari, ang semilya ay napuno ng ganap na kamalayan ng lalaki, ang panghinaharap na ama, at ang itlog ay napuno ng ganap na kamalayan ng babae, ang panghinaharap na ina.

Sa oras ng pagsisiping, ang mga pagbabago ay nagaganap sa mental/emosyonal na kamalayan ng lalaki at babae. Sila ay maaaring makadarama ng lumalalim na pag-ibig, pagkalinga, at ang bugso na ipahayag ang kanilang paghahangad para sa mas higit na pagkakalapit at harmoniya ng ispirito – ito ay tunay na ispiritwal/pisikal na pagbubuklod. Sa kabilang banda, habang ang paghahangad nila para sa pagsasama ng isa't isa ay nagbabago tungo sa mas malakas na pagnanasa para sa pansariling kakontentuhan – ito ay nagiging gawain ng ego – na nag-aani lamang ng mga reaksiyon ng ego. Bagaman, anuman ang kalagayan ng kamalayan ng mga kasali sa akto ng pagsisiping, ang kanilang kamalayan ng pagnanasa upang makamtan ang sukdulang rurok, ay nagsisikap at nag-uudyok sa pisikal na mga ari upang kumilos sa ritmo na nakalilikha ng pangmental/pisikal na enerhiya na dahan dahan ay tumataas tungo sa utak, lumilikha ng pataas nang pataas na pwersa ng baybrasyon ng enerhiya upang maabot ang tugatog ng malapit sa diliryum at kaligayahan, pumuputok tungo sa pagsabog ng panandaliang ekstasi at maluwalhating katuparan, - at pagkatapos ay nasusundan ng paglaya at dahan dahang pagbaba tungo sa pantaong kamalayan muli.

Sa pinakasandali ng diliryum/kaligayahan, ang pantaong kamalayan ay tumataas upang mahipo ang **Banal na Pwersa ng Buhay** na nagpapaapoy sa semilya na nasa lalaki at sa itlog na nasa babae. Ang pagkabuo ay maaaring hindi maganap, at ang parehong semilya at itlog ay magbalik sa normal na pisikal na kamalayan.

Kapag ang pagkabuo ay nagaganap, ang semilya ay pumapasok sa itlog at ang mga ito ay nabubuklod sa pinakamataas na mga baybrasyon ng **Banal na Buhay,** sa ispiritwal at pisikal na pagsasanib. Sa magkabuklod na kamalayan, ang mga ito rin ay tumataas tungo sa kanilang sandali ng pagkakapantay at ligaya upang maging iisa pareho sa loob ng **Banal na Buhay** Sa sarili nito at ang pantaong ama/inang kamalayan.

Itong sandali ng ***'kamalayang pagsasanib'*** ay nangyayari sa loob ng pinakamataas na dimensiyon ng **Banal na Kamalayang Buhay** at ay ang sandali ng hindi mapag-isipang nakagagalak at tuwa, dahil ang dalawang elemento ng lalaki at babae ay muling nagsanib, nagsama at nagbuklod sa pagkakapantay upang maging iisa para makalikha ng sanggol. Itong sandaling ito ng pagsasama ay ang muling pagsasabuhay ng sa taong pagbabalik sa maluwalhati at hindi maihayag na ekstasi ng **Banal na Kamalayan ng Pangkalahatang Pagkakapantay.**

Kung ang pagtatalik ay udyok ng dalisay na nararamdaman ng pusong pag-ibig sa pagitan ng lalaki at babae, ang pagsasanib ng pantaong kamalayan ay tumataas, sa oras ng pagsisiping, tungo sa mas pataas nang pataas na mga antas ng 'mga along baybrasyon ng kamalayan' hanggang ang mga ito ay *mahuli* sa mga alon ng baybrasyon – ng Banal na Katalinuhan/Pag-ibig na Kamalayan. Ang kagayang sanggol, na nabuo sa kagayang mga kaganapan, ay isinilang ng ispirito.

Alam ng nagmamahalan kung kailan sila ay tunay na nagmamahal at pumupunta sa isa't isa sa dalisay na pagkalinga at pagmamahal dahil ang kagayang pagtatalik ay sandali ng pagkakaisa ng isipan, mga emosyon at katawan, at nananatili sa kanilang kamalayan pagkatapos, kaya nagdudulot na maging mahirap para sa kanila na lumayo sa isa't isa. Sila ay nakababatid ng lampasang kagandahan, ang muling pagpapanibago ng emosyonal na pagmamahal sa halip na kabusugan, at ang lahat na pumapalibot na harmoniya. Itong mga lalaki at mga babae ay napagsama ng **Banal na Kamalayan.**

Nakalulungkot, ang kanilang personal na ***EGONG KAMALAYAN*** ay maaaring sa bandang huli ay makabahid

sa pag-ibig na naramdaman nila sa isa't isa at dahan dahan ay mapapalitan nang may kalakihan, nag-iiwan sa kanila na magkahiwalay at nag-iisa, malungkot at sa paraang emosyonal/pisikal ay mahina, nagtatanong kung bakit ang kagayang maganda, nataas na estado ng pag-ibig ay mawawala at mamamatay.

Ang mga Liham na ito ay maaaring ang paraan ng kanilang pagtatagumpay sa bugso ng ego at ang muling pagtuklas sa kanilang nakaraang pag-ibig sa mas mataas at mas ispiritwal na antas. Sa alin mang kaso, ang lalaki at babae ay magiging mas ganap kaysa noon. Ito ay maaari o hindi na magdala sa kanila na magkasama sa bagong sekswal na pagkaakit na lumalampas sa lahat ng iba pa batay sa kanilang estado ng kamalayan- maging ito ay sa sarili nito ay nakalampas na sa pagnanasa sa pisikal na pagsasanib.
Ang pisikal na pagsasanib na naisakatuparan sa anumang ibang emosyon ay naghahatid sa kondisyon ng 'laman na pumapasok sa laman' at ay bagaman ay ang pagtanggap at pagbibigay ng panlupang- may kalimitang negatibo - mga along baybrasyon na lumilikha ng anak na may katulad na pag-iisip ng kagayang pakikipagsiping. Kahit na ang sanggol ay hindi nabuo, ang kagayang pakikipagtalik ay nakasasama sa parehong magkapareha, dahil mayroong pagpapalitan at pagkuha ng sa bawat isang kamalayang enerhiya patungo sa katawan, na kung sa alin ay, kung negatibo – malupit, o kritikal, ay maaaring nakasisira sa isa at isa. Tandaan na ang 'kamalayang enerhiya' ay ang kombinasyon ng **'Ama-Katalinuhan** at **Ina-Pagmamahal' na elektromagnetismo.**
Ang palitan ng enerhiya sa pagitan ng magkapareha sa seks ay kaparehong enerhiya mula sa alin ang mental/elektrikal at emosyonal/magnetikong mga dimensiyon ng katawan ay nabuo. Lahat ay kamalayan. Samakatuwid, kapag ang mga enerhiya ng kamalayan na nasa mga likido ng katawan at mental/emosyonal na mga asal at pag-iisip ay naipalit at nakuha, kayo ay bawat isa sa inyo ay nakaaapekto sa mental/emosyonal/pisikal na kalagayan ng kapareha.

Ang pakikipagtalik ay dapat, upang maging malusog at nagbibigay ng buhay, ay mangyari lamang na may tunay na sa puso nararamdamang pag-ibig, kung saan ay ang kabutihan ng minamahal ay mas mahalaga kaysa sa kabutihan ng mangingibig.

Hindi ito dapat na gamitin upang paghilumin ang emosyonal na mga di pagkakaunawaan o mga sugat.
Ang pakikipagtalik ay maaaring maligayang gawain na nagaganap pagkatapos na ang pagkakaiba ng opinyon at galit, kung saan ay nagkaroon ng matapat na pinagsasaluhang pagpapatawad at ang **buong** pagpapanumbalik ng – at muling ginawang bagong pag-ibig para sa isa't isa – ngunit *hindi* upang takpan ang mga sakit at magdulot ng maling pandamdam ng emosyonal na pagtanggap sa kapareha.
Walang pag-aalinlangan ang kagayang pagtatalik ay magbibigay sa kanila ng pansamantalang pakiramdam ng kaginhawahan at maikling kabutihan ng kalooban dahil ang kanilang mga enerhiya ng kamalayan ay maiaangat tungo sa mas mataas na baybrasyon ng mga alon- ngunit ito ay **PANSAMANTALANG KAGAANAN NG KANILANG PERSONAL NA KAMALAYAN LAMANG.**
Kapag ang magkapareha ay pumunta sa isa't isa na nagtataglay pa rin ng natatagong galit o kritikal na nakapagpapababang mga iniisip tungkol sa iba, iyong mga negatibong mga **anyo ng kamalayan** ay nalilipat tungo sa elektro-magnetikong mga dimensiyon ng kapareha at lumilikha ng pandamdam ng panloob na kaguluhan na kung alin ang kapareha ay hindi lubusang nakababatid. Gayunpaman, ang relasyon ay dahan dahang gumuguho na wala sa kahit na alin sa magkapareha ang ganap na nakaaalam na ito ay nangyayari.
Ito ay ang dahilan kung bakit ang pisikal na paghanga sa pagitan ng magkapareha ay nawawala at

namamatay. Ito ay nasira ng natatagong negatibong matinding mga iniisip at mga pakiramdam na unti unti, ay nakaaapekto sa bawat isa nang malalim sa bawat antas ng kanilang pagiging lalang.
Habang ang kanilang mga alon ng baybrasyon ay bumababa, nakikita nila ang kanilang mga sarili na nakukuha tungo sa mga iniisip at mga pakiramdam na kung alin dati ay nagsulong sa kanila tungo sa pakikipagtalo sa ibang mga tao at bilang bunga ang mga problema ay mauulit pagkatapos ng bawat araw. Kapag ang mag-asawa ay gumamit sa seks bilang remedyo – ito ay nagiging kabiguan at ang paglaya mula sa ilusyon ay pumapasok, na naghahatid sa pagkawala ng respeto at pag-ibig para sa isa't isa.
Kaya ito ay mahalaga para sa mga tao na maunawaan na ang mga pakikipag-away at mga pagtatalo na nanggagaling mula sa kanilang sariling mga bugso ng natatagong egong kamalayan na kung alin ay nakakukuha ng kontrol sa kanilang mapagmahal na mga pakiramdam – at ang mga bugso ng ego ay kailangan na gamutin muna bago ang mag-asawa ay makarating sa bagong antas ng pinagsasaluhang pagkakaunawaan, konsiderasyon at palagiang pag-ibig para sa isa't isa.
Hindi lamang ito, kundi ang kalagayan ng kamalayan ng bawat kapareha sa bandang huli ay makaaapekto sa kanilang kapaligiran, mga kalagayan ng pamumuhay at tagumpay o kawalan nito sa kanilang pang-araw araw na pamumuhay. Ito din ay nakaaapekto sa mga anak, lumilikha ng pamilya na may pinagsasaluhang kooperasyon, at malusog na mental/emosyonal na mga gawi – o ang sirang pamilya kung saan walang miyembro ay may tunay na simpatiya o pagtanggap ng iba.

Inyong maaaring sabihin na ang kalagayan ng matagumpay o walang kaayusang pamilya ay nanggaling lamang sa kanilang natatanging mga pag-uugali at ang paraan na kanilang ginagawa sa kanilang pang-araw araw na mga tungkulin. Ito ay may kaperpektuhang tunay na ang buhay pamilya ay ang produkto ng pag-uugali at pagganap, ngunit gusto ko na ikonsidera ninyo na ang walang kaayusang pamilya na nasisira, ang relasyon at sekswal na ugnayan ay natatapos, ang mga magulang ay naghihiwalay- at tumutungo sa ganap na bagong mga buhay dahil nakaya nila na palayain ang kanilang mga sarili mula sa hindi malusog o kritikal na kamalayan na kanilang nakukuha sa panahon ng pakikipagtalik. Kung may kalakasang sapat upang gawin ito, ang bawat kapareha ay nakatutuklas ng 'bagong sarili,' nakapagtatayo ng bagong kapaligiran at nagpapatuloy sa bagong tagumpay.
Subalit, iyong mga magkapareha na tunay na namumuhay sa pag-ibig sa isa't isa, isinasaalang alang ang sa bawat isang mga pangangailangan na magkasama, nagbibigay at kumukuha sa pantay na timbang, naghahandog ng emosyonal na suporta kung kinakailangan, o mapagmahal na paggabay (hindi payo) kung ito ay hinihingi, ay makatatagpo na ang pamila ay nakadikit na magkakasama sa pamamagitan ng pagkakuha ng sa bawat isang daynamikong mga enerhiya ng kamalayan.
Sa liwanag ng nakaraang mga talata, ito ngayon ay maaaring maunawaan na bago ang pakikipagtalik ay dapat na wala ng pandamdam ng galit, nakabaong poot, walang paggalang, pagmamaliit. Anumang kagayang mga pakiramdam ay kailangang ganap na maayos bago magpatuloy ang pakikipagseks. Sa isang relasyon kung saan ang pagpapaliwanagan at kalayaan sa pamamahayag ay tinatanggap bilang normal, bawat isang kapareha ay dapat na tumanggi sa akto ng sekswal na pag-ibig hanggang ang makapangyarihang pagsasanib ng pwersa ng nakatatanggap na pag-ibig ay naitayo, at ang kamalayan ng parehong magkapareha ay **nasa antas ng dalisay na pagkakapantay**.
Para sa sekswal na pagsasamantala- ito ay ang pinaka karumal dumal na gawain laban sa iba at kukuha para sa sarili nito ng kagayang mga bunga sa mga panahon sa hinaharap. Ito ay nagpapatuloy mula sa lubos na nadiliman at nabaluktot na egong kamalayan. Ang mga alon ng

baybrasyong kamalayan ng kagayang tao ay mababa at walang buhay na katulad na mapanira sa sarili.

Sa lumang mga panahon, ang lipunan ay patuloy na tinuruan at pinangaralan. Sa kanluraning mga bansa, ang Sampung mga Utos ay may katapatang inihayag bilang ang tunay na mga pundasyon ng sibilisido at makataong kultura, nagtuturo ng kontrol sa sarili at may kahandaang katanggap tanggap sa lahat ng mga relihiyon sa buong mundo.

Ngayon, sa paglakas ng egong kamalayan dahil sa impluwensiya ng indusriya ng pang-aaliw at midya, ang egong mga pagnanasa ay may kontrol.

Inyong dapat ding maunawaan- at tanggapin – na ang kamalayang mga enerhiya ay mga **enerhiya** na totoo at aktibo na kagaya ng mga enerhiya ng init at tunog. Kagaya na ang mga alon ng tunog ay nakapapasok sa tiyak na mga substansya, ay gayon din ang mga enerhiya ng kamalayan ng isang tao ay **nakaiimpeksiyon na kagaya ng bayrus** sa mga enerhiya ng kamalayan ng sa ibang isipan dahil sa kanilang brutal na mga kagustuhan. Ang mga enerhiyang ito ay maaaring hindi maipahayag sa eksaktong parehong paraan kagaya ng sekswal na mapagsamantala, ngunit makasiguro na ang nalipat na mga enerhiya ng kamalayan ay nagtatanim ng bagong ideya o bagong pakiramdam sa isang inosente. Ang inyong mga siyentipiko ay hindi pa handa na maniwala sa telepati, ngunit ang telepati ay katotohanan ng buhay, bagaman ang hindi maliwanag na konsyus na gawain ay maaaring sa sarili nakapokus upang hindi makilala na ang bagong mga pintig ay nagmula sa isip ng iba.

Hindi na ako magsasabi pa ng higit tungkol sa paksang ito, maliban sa magbabala sa mga nasa matataas na mga lugar ng simbahan, batas at pamahalaan na hindi nagagampanan ang kanilang mga tungkulin tungo sa mga tao sa matinding panahong ito. Sila sa bandang huli ay makauunawa sa kalakihan ng kanilang pagkukulang sa moral na pagtupad habang gumaganap sa kanilang panlupang mga obligasyon. Kanilang mararamdaman ang tatak ng mga buhay ng mga nasaktan at nasira dahil sa kanilang moral na kapabayaan, tumatalbog tungo sa kanilang sariling mga buhay. BAWAT gawain ay mayroong katulad nitong mga kinahihinatnan.

Maaari na inyo ngayong mauunawaan kung bakit ang pangkasalukuyang sekswal na layi sa mundo ay nagdudulot ng pinaka masalimuot na mga kalagayan sa buong mundo.

Para sa inyo upang ganap na maunawaan ang kung ano ang aking sinasabi, gusto ko na magsikap kayo na ILAGAY SA INYONG PANINGIN at UNAWAIN na ang Likas ng Banal na Kamalayan ng Pangkalahatang Pagkakapantay ay walang limitasyong Kapangyarihan, dahil ang pagkakapantay-harmoniya ay nagmumula sa pantay na pagpigil sa pagitan ng unibersal na mga pintig ng:

ang lalaki at babae,

katalinuhan at pag-ibig,

ang kagustuhan na maranasan at ang kagustuhan na manatiling masunurin,

ang paghahangad na maging aktibo at ang paghahangad na hawakan pabalik at panatilihin ang estado ng pamumuhay,

upang bumuo ng mga pagbubuklod at kapanatagan

Ang mga pangunahing **mga PINTIG ng Pagiging lalang**, kagaya ng aking ipinaliwanag sa **Liham 4**, ay mga **'Katunayan'** na nagbigay ng buhay, anyo, hugis, pagiging lalang sa lahat ng nakikitang mga bagay.

Ang dimensiyong ito ay antas ng kagandahan, galak, harmoniya, nakaliligayang ekstasi, paggalang,

katalinuhan, pagmamahal. Ito ay ang lahat na ang lupa ay makapagpapahiwatig – ngunit sa panukatan na lampas sa inyong
kahit na pinakamalayong pagkakaunawa.

Subukan na dalahin sa inyong kamalayan ang **ibig sabihin** ng dalawang nakaraang mga talata. Ang pag-unawa at paggawa ng **kahulugan** bilang pinaka inyo, ay magpapabago sa inyong buong perspektibo ng inyong Banal na mga pinagmulan at pagiging naririto sa sarili nito. Sa mga talata na tinukoy sa itaas, aking isinalarawan sa inyo- ang **likas at saysay ng BUHA**Y – na dumarating sa pagkilos sa loob ng semilya at itlog noong ang mga ito ay nagsama sa pagbibigay ng anyo sa sanggol.

Ito ay ang inyong katotohanan, ang inyong katunayan, ang inyong kaluluwa, inyong isip, inyong pinakamalalim na estado ng pagiging lalang.

Sa paraang inboluntaryo ay nakababatid kayo nito. Ang sanggol ay ang kumakatawan sa kaligayahan. Ang ligaya na ipinapahayag nito habang nalilinang ang kamalayan nito sa mga relasyon nito at kapaligiran, ay nagmumula sa malalim na balon ng Banal na BUHAY kung Alin ay nakapagpalaki dito sa pamamagitan ng selyula sa selyula, batay sa mga namamanang mga tagubilin, tungo sa pangkasalukuyang porma nito.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng kaluluwa at isip? Ako ngayon ay magpapaliwanag sa pagkakaiba na ang inyong mga panlupang mga sikolohista ay maaaring hindi sumang-ayon, ngunit bagaman, ito ay ang katotohanan. Ang Kaluluwa ay ang 'Banal na Apoy' – isang metapor na ginamit upang isalarawan ang **saysay ng Banal na Buhay** na naguhit tungo sa indibidwal na lalang sa sandali ng pagkabuo. Ang **PWERSA ng BUHAY** ay kumukuha ng personal na anyo at nagpapakawala sa enerhiya ng 'pwersang elektriko ng gawain' at ang magnetikong mga pintig ng 'pagbubuklod – paghihiwalay' upang tumungo sa kompleks na gawain ng pagbubuo ng katawan.

Samakatuwid, mayroon kayo, sa pinakapusod ng inyong pagiging lalang,

ang inyong kaluluwa- Banal na Katunayan

ito ay **Banal na Katalinuhan/Banal na Pagmamahal**

Kung alin ay ang makapangyarihang Banal na Pintig upang lumikha, lumago, magpalusog, mangalaga, magpagaling, magprotekta, kumatagpo sa bawat pangangailangan, sa loob ng sistema ng perpektong batas at kaayusan.

Ito ay ang **Katunayan** kung alin ay ang inyong **kaluluwa.**

Samakatuwid, kapag inyong napagtagumpayan ang egong mga pintig at nag-anyaya sa KALULUWA na maghari sa inyong mga iniisip at mga nararamdaman, kayo ay mapakikilos upang magpahayag ng lahat ng Banal na mga Pintig na naisalarawan sa itaas. Kayo ay mapupuno ng paghahangad na magtaguyod *lamang* ng pinakamataas na kabutihan ng lahat na nabubuhay na mga bagay at ang sansinukob sa sarili nito. Kayo ay magiging ang tunay na tagapagdala ng mensahe mula sa Banal na Kamalayan, na nagpapahayag ng lahat Nitong mga katangian ng Pagiging Lalang.

Hanggang sa oras ng muling pagbubuklod ng kaluluwa sa **Banal na Kamalayan**, ang isip ay umuokupa sa pinakamalalim na mga lalagyan ng inyong **pantaong kamalayan** at kumukuha ng pagkakaalam nito mula sa inyong kaluluwa. Ito ay ang natatanging kakaniyahang likas na nasa loob kung sa alin ay nalalaman ang tama mula sa mali.

Ang ego ay nalikha din sa sandali ng pagkabuo.

Habang lumalaki ang sanggol, ang ego ay nagsisimula upang magawa na ang sarili nito ay maramdaman. Ito ang pundasyon ng inyong pantaong kasarinlan na nagbibigay ng inyong pagkaindibidwal. **Ito ay ang enerhiya ng inyong pantaong kamalayan.**

Ito ang gumagawa sa inyo na kakaiba at natatangi mula sa bawat isa .

Upang mapanatili ang inyong pagkaindibidwal, ang ego ay dapat na mangalaga sa inyo mula sa panlabas na atake ng bawat uri at ito ay dapat na magbigay sa inyo ng kung ano ang inyong kailangan upang umunlad, managana, lumago, at maging masaya.

Ito ay naordinahan sa paraang Banal at hindi dapat na ituring na walang paggalang. Ang ego ay ang bumubuo sa 'lahat na mahalaga' at napaka kinakailangang nukleyus ng kamalayan ng paglikha, paglinang at paglago.

Ang ego ay eksklusibong pinamamahalaan ng elektrikong daloy ng gawain ng kamalayan- ang 'Sige-sigeng' pintig na nakikita sa **lahat** ng nabubuhay na mga bagay, kahit na sa mga halaman kung alin ay humaharap at nagpapakita ng dahon nito upang sumalo sa sinag ng araw sa pinakamainam na paraan. Ito ay ang pagkilos na nabuo sa 'sige-sige' na elektrikong dimensiyon at sa 'nagbubuklod - paghahangad' na emosyonal na dimensiyon ng kamalayan ng halaman upang mabigyan ng kakayahan ang halaman na lumago at masiyahan sa init ng araw. Ang ego sa bawat nabubuhay na bagay ay ang luklukan ng 'panlupang kamalayan' lamang. Sa walang ano mang paraan na ito ay makagagaya ng anumang hugis o anyo na ang **Banal na Katunayan** ay bumubuo sa kaluluwa. Ang bugso ng ego, ang bugso na eksklusibong nakadirekta sa pagkuha ng kung ano ang gusto nito upang gawin ang indibidwal na lalang na masaya at maprotektahan ito mula sa atake upang masiguro ang pagkabuhay, at ay makasugat sa ibang mga nilalang o mga uri upang makamtan ang mga layunin nito, na nauukol lamang sa panlupang dimensiyon. Itong pwersa ng ego ay aktibo sa loob ng bawat nabubuhay na bagay mula sa pinakamaliit na amiba hanggang sa pinakamakapangyarihang hari.

Maaari ninyong tawagin ang **Bugso ng Ego** na Tagapangalaga at Diktador ng nabubuhay na Sansinukob. **Ito ay sa puntong ito na ang karamihan sa mga tao sa inyong mundo ngayon ay naging nag-aalinlangan kapag nagmumuni muni sa posibilidad ng pagiging naririto ng 'Diyos.' Kanilang muling tiningnan ang mga gawain ng maraming mga uri na dala ng kanilang egong kamalayan, ang isa na kumakain sa iba upang mapanatili ang pamumuhay at ang mga taong ito ay nagpapasya na itong ' kalupitan' ay dapat na paggawa ng manlilikha.**

Paano pagkatapos na ang manlilikha ay maging 'Diyos ng Pag-ibig'?

Ito ay isa sa mga maling pagkakaunawa at mga paniniwala na gusto kong walising papalayo. Ito ay layunin ko na ang lahat ng mga tao ay dumating upang maunawaan na: ang buong sansinukob ay mayroon, sa basikong pusod nito at pundasyon sa lahat ng mga bagay, ang **Banal na Pwersa ng Buhay** na nagbibigay inspirasyon at humihinga sa pamamagitan ng lahat ng paglikha. **Ito** ay ang natatago ngunit ay makapangyarihang **Pagkakapantay** mula sa kung sa alin ang lahat ng mga bagay ay nakakuha ng pagiging lalang, anyo at hugis.

Ito ay ang 'espasyo' ng mga siyentipiko sa **kung sa alin** ay naisakatuparan ang 'Pagkilos at Pagsasama ng mga Partikulo ng lektrika.' **Ito** ay ang parehong hindi mapasok at palaging hindi malaman na 'lugar ng pagiging naririto' at ay ang natatago ding Pinagmumulan ng lahat ng substansya ng lahat ng bagay sa sansinukob.

Ang **Ego** ay ang **kasangkapan** ng **Banal na Pagkamalikhain** upang makalikha ng ***pagkaindibidwal*** mula

sa **KAISAHAN NG SARILI NITONG PAGIGING.**

Ano ngayon ang aking sasabihin ay mainit na tatanggihan ng inyong mga siyentipiko – gayunpaman, ako ngayon ay tutukoy sa mga kaluluwa noong 'makalupang' mga lalang na ang talino ay lubusang nalinang upang makipagdebate at magpasya sa takbo ng paggawa at, - kahit na sa hindi hustong pagkaunawa lamang, - ay tumutugon sa paraang intwitibo at may katalinuhan sa kung ano ang nangyayari sa kapaligiran. Ang mga lalang na ito ng lahat ng mas nalinang na mga uri ay henyo ng kanilang lahi. Huwag husgahan ang pangloob na paglago sa anumang mga angkan, pantao o iba pa, sa pamamagitan ng kanilang panlabas na pisikal na mga katawan. Lahat na nabubuhay na mga bagay ay indibidwalisado na mula sa katulad na **Banal na Buhay.**

May mga isip na nagkaroon ng kakayahan, sa pamamagitan ng tumataas na ispiritwalisadong mental/emosyonal na mga dimensiyon upang tuminging lampasan sa egong kamalayan at tumungo sa pangkapatirang, nagmamahal na mga gawain na nagpapatuloy lamang mula sa mga udyok ng kaluluwa na nakuha mula sa **Banal na Katunayan.** Samakatuwid, ang pinakadakilang respeto at konsiderasyon ay dapat na ibigay sa lahat na nabubuhay na mga bagay.

Kung saan ang mga uri ay nalinang tungo sa punto ng pagkatha ng maliwanag na mga ideya at pag-iisip at paglalagay sa mga ito tungo sa mga tunog at mga salita, - at ang ispiritwal na paglago ng isip ay makapapasok sa egong kamalayan – ang isip ay magsisimula upang magtanong:

'Ito baga ang lahat na mayroon sa buhay? Ano ang mga layunin ng ating buhay?' at iba pa.

Kapag nangyayari ito, ang kaluluwa ay nagsisimula upang itatak sa isip ang madaliang pangangailangan upang abutin ang Pinagmumulan ng Pagiging lalang nito, kung alin ay kusang alam nito na ito ay naririto at ito ay ang tunay na tahanan at lugar na pahingahan. Ang sa kaluluwang natatago ngunit patuloy na paghahangad na makasama muli ng Pinagmumulan ng Lalang nito ay ngayon ay mararamdaman ng isip. Kung mayroong mga tao na hindi nakaaabot dito sa mahalagang paglagong ito sa kanilang mga buhay, ito ay dahil ang kanilang egong mental/emosyonal na mga proseso ay malakas na nakaumang sa pagsasakatuparan ng katalinuhan at dahilan na kapag ang ibang mga tao ay nagpukol ng mga katanungan gaya ng: Paano ang buhay ay nagsimula? Mayroon bagang Diyos?

'Paano ang kagayang kahangahangang sansinukob ay nadisenyo at nalikha?,' ang ego ng hindi nagsasaliksik at hindi naniniwala ay konsyus lamang sa sarili nitong walang limitasyong kapangyarihan, at lumalabas upang pasinungalingan na mayroong anumang mas mataas na dimensiyon na kung sa alin ang mundo ay dapat na nakakuha ng anyo. Ito ay sumasalungat papalayo sa tinig ng kaluluwa na nahatid sa pamamagitan ng isip, at sa bawat pakikipagtalo ay nakapagpapabaon sa sarili nito nang mas maigting sa loob ng mga pananaw ng materyal at nakikitang mundo na kumakatawan lamang sa kanilang seguridad.

Kaya, ang kaluluwa ay nananatiling nakakulong sa loob ng egong mental/emosyonal elektriko/magnetikong mga kadena, at ang pantaong pag-iisip ay nananatiling kombinsido na walang kaluluwa- na ang panlupang dimensiyon ng pagigig naririto at ang pisikal na pwersa ng buhay ay mga katunayan lamang.

Kung ang sa kagayang mga isipan ng mga tao ay determinado na itakwil ang anumang mga bulong na may inspirasyon mula sa isip/kaluluwa, ang katawan ay nagdaranas ng mga simpleng sakit, mga pakikipagrelasyon ay napapagod at ang buhay ay sa pangkalahatan ay balisa; ang karamdaman ay maaaring sumunod. Ito ay dahil ang kagayang tao ay kumukuha lamang sa limitadong mga pinagmumulan ng enerhiya na nanggaling sa pagkain na isinubo nila sa kanilang mga bibig. Ang enerhiyang ito ay nagpapatuloy mula sa mga proseso ng kemika at hindi mula sa Pinagmumulan ng Buhay.

Habang kayo ay kumuha ng inyong buhay sa pasimula mula sa Banal na Katunayan at Ito ay nagbigay sa inyo ng Pagiging Lalang, kayo rin ay kumukuha ng inyong pisikal na lakas mula sa inyong pagkain at mga proseso ng pagtunaw na gumagawa ng mga ensaym upang tunawin ang pagkain tungo sa mas nagagamit na anyo na nagpapakain sa mga pisikal na selyula sa buo ninyong katawan at isip. Ito ay ang buhay ng katawan.

Maraming mga tao ang nabubuhay at namamatay na kumukuhang eksklusibo ng enerhiya mula sa kanilang mga pisikal na mga proseso.

Ang tipo at dami ng enerhiya na nakuha mula sa pisikal na mga proseso ay lubhang apektado ng mental/elektrikal at emosyonal/magnetikong mga dimensiyon ng nabubuhay na lalang.

Itong mga elektriko at magnetikong mga dimensiyon na pumapalibot sa bawat nabubuhay na bagay mula sa amiba hanggang sa elepante at sa tao, ay ang personal na **Pwersa ng Buhay** na mga sinag mula sa kaluluwa, na pinagsama sa personal na 'kamalayan-pagkakaalam na mga sinag ng sa lalang na mental/elektrikal na 'sige-sigeng' gawain at ang emosyonal/magnetikong 'pagsasama-paghihiwalay' na mga pintig nito. Itong mga elektrikal/magnetikong mga dimensiyon ay may kalalimang naaapektuhan ng lahat ng mga iniisip at nararamdaman na dumadaan sa pamamagitan ng mga isipan at mga emosyon ng lalang. Bunga nito, ang mga 'dimensiyon' ay may kalalimang nakaaapekto sa pisikal na mga proseso ng katawan sa sarili nito. Ang mga ito ay nagtataas o nagpapababa sa kalusugan ng katawan batay sa estado ng personal na kamalayan – maging ito ay nasa harmoniya ng Pwersa ng Buhay na mga sinag ng **Banal na Katalinuhan/Pag-ibig** o ay kasalungat ng mga ito dahil sa makasariling mga bugso ng ego.

Ang miserableng lalang ay nawawala at namamatay. Ang masayang lalang ay nananagana. Ito ay ang basikong katotohanan ng pagiging naririto.Sa huling pag-aanalisa, bawat nabubuhay na lalang ay nagpapakain sa sarili nitong panloob na estado ng kakontentuhan o kabiguan.

Inyong makikita ang katotohanan ng pangungusap na ito sa pisikal at kamalayang paglaki ng sanggol.

Ang kontentong, masayang bata ay nananagana, madaling tumawa, ay puno ng ligaya. Ang pakikipagniig sa mapagmahal na ina ay nagpapatatag sa batang kalagayan. Ang mapagmahal, kontentong mga sinag mula sa ina tungo sa bata ay nagpapakain sa mga sinag ng kamalayan ng mga maliliit, at bunga nito, ay nagbibigay ng lakas sa katawan ng bata.

Habang lumalaki ang bata, ang nalilinang na personalidad nito ay nagsisimulang magkulay sa mga sinag ng kaluluwa ng maningning o madilim na kamalayang pwersa na maaaring muling makapagpalakas sa kalusugan ng bata o magpahina dito.

Ang tao na may malakas na pandamdam sa isip ay nakakikita ng elektromagnetikong mga dimensiyon na nagiging malabo kapag ang indibidwal o hayop ay bumaba ang dimensiyon ng enerhiya bagaman at sa oras na iyon, wala sa indibidwal o hayop ang maaaring nagpapakita ng pisikal na karamdaman. Maaaring ito ay pagkatapos ng isang araw o gayon na lamang bago ang katawan sa sarili nito ay nagsisimula upang magpakita ng kamalayan ng pagbaba ng enerhiya sa mga anyo ng kapaguran o karamdaman.

Mayroon kayo sa lupa, mga tao na nakalikha ng kasangkapan upang magtala ng penomenang ito, at sa mga darating na mga taon, ito ay ang kikilalaning paraan ng pagsusuri at paggagamot sa mga darating na sakit.

Dagdag pa, habang ang teknolohiya ng ispiritwal-pangsiyensiyang kaalaman ay nalilinang, **ang eksaktong mental/emosyonal na estado na responsable para sa pisikal na pagbaba ay unang malalantad sa ilalim ng hipnosis at sa paraang elektroniko ay maitatala ang mga alon ng baybrasyon sa mga tabing. Ito ay masusundan ng elektronikong imbestigasyon na naglalarawan sa mga alon ng baybrasyon ng maraming bahagi ng katawan sa parehong mga tabing. Itong prosesong ito ay magsasangkot sa mga pagbabago ng kulay, dahil sa ang bawat hubog ng kamalayan ay unang namasdan sa parehong mga**

alon ng baybrasyon at kulay. Sa paghahalintulad sa mental/emosyonal na mga alon ng baybrasyon sa mga alon ng baybrasyon ng mga bahagi ng katawan, ang bahagi ng katawan na mababa ang enerhiya – kasama ng mental/emosyonal na dahilan ay matutukoy.
Hindi na tutungo pa ang mga manggagamot sa utak sa nakaraang mga karanasan, nag-iimbestiga, nagsusuri, lumilikha ng mga pahayag sa kung ano ang maaaring mga pinagmulan o mga sanhi ng mga mental/emosyonal/pisikal na mga karamdaman at pagkatapos ay nagbibigay ng pantaong pagpapaliwanag kung paano malalabanan ang mga ito.
Ang katotohanan ng ispiritwal na estado ng 'panloob na tao' ay may kalinawang mahahayag at maglalagay sa siguradong pundasyon para sa kinakailangang ispiritwal na tagubilin at ang may meditasyong, mental na gawain upang tupadin nang sa gayon ay makapagbigay sa kaniya ng kakayahan na muling magpanumbalik ng kalusugan, kalakasan, bagong mga pananaw at mga layunin – at ang lumalalim na kakayahan para sa walang kondisyong pag-ibig.

Sa paraang likas, ang mga gamot botika ay hindi na gagamitin pa upang itaas ang kamalayang mga sinag ng nagdurusa, dahil ang pagbaba ng **Banal na Buhay- kaluluwang enerhiya** ay responsable para sa sakit. Siya ay tuturuan kung paanong may intensiyon, sistematiko na maitaas ang mga alon ng baybrasyon ng apektadong bahagi ng katawan at kung paano harapin ang mga personal na mga kaganapan na nagdudulot sa sikolohikal na kawalan ng kapanatagan at pagbaba ng **kaluluwang enerhiya**. Ang pasyente ay lubusang tutulungan sa pamamagitan ng pagdaloy ng Banal na enerhiya mula sa mga kamay ng mga tunay na mga daluyan ng dalisay na buhay ispiritwal. Sa muling pagpapasiglang mga kaparaanan, ang bagong mga pananaw at pagkontrol sa mga bugso ng ego, ang pisikal na kondisyon ay may kabilisang malilinis sa loob ng mga araw- kung hindi man kaagad.
Gayunpaman, sa pagbabasa ng mga **Liham** na ito, kayo ay maaaring makapagsimula na impluwensiyahan ang inyong sariling paggaling. Pangunahin sa inyong sariling paggagamot ay ang mga alituntuning ito tungkol sa **Banal na Katunayan** na nagbibigay ng lakas sa inyong pagiging naririto, at ang tamang paraan upang tumono tungo **Dito** at kuhanin ang **Banal na Buhay** tungo sa proseso ng paggaling.
Kapag nagsimula kayo na kumuha ng **Buhay** ng **Banal na Katunayan** sa pamamagitan ng ispiritwal na pagsasaliksik, nagpupukol ng mga katanungan, nagmemeditasyon, nagbabasa at nananalangin, kayo ay nagsisimula na buksan ang inyong isip mula sa saradong egong kamalayang panlupang pananaginip; kayo ay gumuguhit tungo sa isipan at mga emosyon ng likas ng **Banal na Katunayan sa Sarili nito** . Ang lahat na dumadaan sa pamamagitan ng inyong isip at mga emosyon ay dumaan tungo sa elektromagnetikong mga dimensiyon na pumapalibot sa inyo. Itong mga ito ay nagdadagdag sa inyong kalakasan. Habang ang inyong elektromagnetikong mga dimensiyon ay napalakas sa pamamagitan ng kapangyarihan na nakuha ninyo mula sa **Banal na Katunayan**, ay kagaya din na ang kapangyarihan ay dumaan tungo sa inyong pisikal na katawan at bawat bahagi ng katawan ay nagiging mas malusog at anumang mga hindi maayos ang kalagayan ay dahan dahang maiwawasto. Ito ay mahalaga para sa inyo upang tandaan ang mga proseso ng pisikal/elektromagnetikong dimensiyon dahil ang karunungan ay parehong magbibigay ng inspirasyon at magbibigay lakas sa inyong pang-araw araw na meditasyon at pagtono sa **Banal na Katunayan.**
Kung ang inyong matapat na pagsasaliksik at meditasyon ay nakatuon patungo sa **KATUNAYAN ng PAGIGING LALANG** at hindi sa mga panlupang relihiyosong mga anyo ng paniniwala, o mababaw, may kamaliang 'ispiritwalidad' o anumang materyal na mga bagay na pinaniniwalaan ninyo na nagtataglay ng mga 'kapangyarihan,' inyong matatagpuan na, dahan dahan, ang inyong sariling likas ay nagbabago at kayo ay nagsisimula na makabatid ng pagiging iba at ang kanilang mga pangangailangan na hindi pa ninyo nagawa

noong nakalipas. Kayo ay nagiging mas maawain, maunawain, mapagmahal, madamayin at mahinahon. Sa totoo lamang, ang mga katangian ng kaluluwa ng **Banal na Buhay** ngayon ay nagsisimula na kumontrol sa inyong likas na mga pintig ng ego para sa satispaksiyon at pansariling depensa.

Aking gusto na babalaan kayo na kayo ngayon ay papasok na sa bago at mahirap na oras – ang kapanahunan ng di pagkakasundo sa pagitan ng bugso ng ego na sa kinagawian ay nagpilit na mapunan ang mga 'gusto' nito, maaaring isinasangkalan ang ibang mga tao, at ang isipan-kaluluwa na nagsisimula na upang maisabuhay na ang 'pag-ibig ay batas' at ang karapatan ng ibang mga tao ay dapat na tinimbang nang pantay sa mga karapatan ng sarili- ang ego. Kapag ang isipan ay nakakuha ng pahigit nang pahigit na **kaluluwa-Banal na Katunayan** tungo sa kamalayan nito, ang matandang bugso ng ego ay magsisimula na mapalaya ang pagkakahawak nito at ang panloob na pang- araw araw na kaguluhan ay magiging mas matindi.

Ang isipan-kaluluwa, na ngayon ay gumagawa sa pamamagitan ng isip at puso, ay nakatutuklas na ito ay nagtitimbang sa mga pangangailangan ng ibang mga tao laban sa bisa ng sarili nitong mga pangangailangan at ito ay natitimbang pababa at nag-aalala sa walang katapusang panloob na pakikipagtunggali sa pagtatanong sa sarili at paghuhusga sa sarili. Kapag ang isipan ay dumarating na sa puntong ito ng pananaw, ito ay nagbabadya na ang paghila ng pantaong kamalayan ay nagiging manipis tungo sa hangganang ang **kaluluwa** ngayon ay lumalapit at nagiging muling kaisa ng **Banal na Kamalayan.**

Ang **kaluluwa** ay kumikilala sa pamamagitan ng midyum ng isipan, na ito ay nagmamahal sa **BANAL** na **PAG-IBIG na Banal na Katunayan** na higit pa na minamahal nito ang anumang panlupa at naghahangad na ganap na makaisa nito ang **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** .

Ang isipan sa kahulihan ay nagsusuko sa mga bugso ng egong kamalayan tungo sa Banal na Katunayan at humihiling na ito ay makapagbigay ng kakayahan na isuko ang 'ego' – upang daanan ang kamatayan ng pagkasarili. Ito ay nangyayari kapag ang mga tao ay tunay na umaabot sa tuktok ng kanilang ispiritwal na buhay at sila ay karaniwang nangangailangan ng ispiritwal na master upang gumabay sa kanila dito. ***Itong 'kamatayan ng pagkasarili' ay hindi dapat na gawin bilang paraan ng pagkakamit sa mas higit na ispiritwal na pananaw. Ito ay sobrang mapanganib at hindi magtatagumpay sa pagkakamit ng mas higit na ispiritwal o panlupang buhay. Ito ay may kahigtan na mapanira sa isip at ego bago sumapit ang takdang panahon.***

Ito ay hahadlang sa buong proseso ng kaluluwa-isipan-egong pisikal na paglago.

Walang isa man na dapat na magpaunlak sa kagayang pag-iisip upang maging higit na nalinang sa ispiritwal na pananaw at katotohanan. Ang kagayang gawain ng 'kapangyarihan ng kalooban' ay magiging tumatalo sa sarili dahil ito ay isinilang nang lubos sa bugso ng ego para mas maging mahalaga sa paraang ispiritwal.

Kapag itong karanasang ito ng pagkasanay sa ego ay nangyari sa tamang panahon – sa tamang paraan – ang kaluluwa, sa pamamagitan ng midyum ng isip, ay malaya, sa malaking bahagdan, upang makaugnay na direkta ang **Banal na Katunayan** dahil ang nagpapatuloy na ingay ng egong kamalayan ay napatahimik na. Ang hatak ng mundo ay hindi na mabisa. Ang sa sarili nakasentrong ambisyon ay kumukupas; ang paghahangad para sa personal na mga ari arian ay nalulusaw na.

Ang kapayapaan ang naghahari sa isipan. Ang kaluluwa, ngayon ay nagsasalita nang maliwanag sa pamamagitan ng isip, naghahangad na itaas, magpalusog, magbahagi sa paglago ng ibang mga kaluluwa, magturo, magpaangat, at mangalaga na may pag-unawa at kapinuhan na walang anumang pagnanasa para

sa kabayaran o pansariling kaluguran.

Habang ang kaluluwa ay nakuha tungo sa mas malapit na ugnay at pagkatono sa **Banal na Katunayan**, ang panlupang layunin lamang nito ay upang ituring ang kapitbahay o ibang mga tao na may kaparehong uri ng pakikitungo at konsiderasyon na kailangan nito para sa sarili nito upang managana at maging kontento. Ang pagbibigay ay nagiging kasing alwan ng paghinga – sa bandang huli ito ay nagiging pribelehiyo upang gawin at maging kasama ng ibang mga tao para sa pagtataguyod ng kanilang pinakamataas na kabutihan. Ito ay **Banal na Pag-ibig** sa pagkilos.

Bagaman, walang paghusga sa Banal na Katunayan.

Ang layunin sa likod ng indibidwalisasyon ay upang mabigyan ng kakayahan ang **Banal na Katunayan sa Sarili nito** na maranasan ang sarili **Nitong Likas ng pagkamalikhain, galak at personal na katuparan**. Samakatuwid, noong ako ay nasa lupa, ako ay gumuhit ng mga linya sa pagitan ng pagbibigay at pagtanggap na may kaliwanagan noong sabihin ko: 'Gawin sa iba kung ano ang gusto ninyong gawin nila sa inyo.' Itong pangungusap na ito ay isang mapagmahal na babala na habang kayo ay naghahasik ay gayon din ang inyong aanihin. Ito rin ay pamantayan sa pag-uugali. Kapag gumagawa kayo sa iba ng kung ano ang gusto ninyong gawin sa inyong sarili, ay makasisiguro kayo na kayo ay kumikilos lamang mula sa puntong kinalalagyan ng pag-ibig. Kung ang ibang tao ay ayaw na gawin ang gusto ninyong gawin para sa inyo, - kayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng pagsubok at pagkakamali; kayo ay kumuha ng positibong hakbang sa pagtupad sa gawain ng tunay na pag-ibig at kapag ito ay tinanggihan, ay inyong binigyan ang inyong sarili ng pagkakataon na hanapin ang kung ano ang mas may higit na pahahalagahan sa hinaharap. Sa paraang ito ay lumalago kayo sa gawain ng pag-ibig. Akin ding sinabi: 'Mahalin ang inyong kapitbahay gaya ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili.' Ito ay nangangahulugan na kayo ay magkaroon ng pantay na pag-iintindi para sa kaginhawahan ng inyong kapitbahay na kagaya ng mayroon kayo para sa inyong sarili.

Ito rin ay nangangahulugan na anuman ang inyong nais para sa ibang mga tao ay magiging masaya rin kayo na naisin para sa inyo sa kagayang paraan.

Ang ibig sabihin nito ay kailangan ninyong isipin ang mga iniisip tungkol sa iba na kayo ay magiging masaya para sa kanila na isipin tungkol sa inyo!

Nangangahulugan ito na ang inyong buong kamalayan ay kailangan na nakatutok sa pangangalaga, pagkalinga sa iba, hindi alintana kung ano man ang maaaring nakasasakit na ginagawa nila laban sa inyo. Lahat ng mga taong lalang ay nabubuhay sa gubat ng pantaong mga pagnanasa, mga layunin, mga karupukan, mga kabiguan, galit at pagkadismaya. Mula dito sa nasira ng away na kamalayan ay dumating ang maraming mahina at maling nahusgahang mga tugon at mga gawain.

Samakatuwid, tingnan ang mahina, patawarin ang walang kabaitan, at hayaan itong magbalik sa kawalan mula sa kung sa alin ito ay nagmula. Ang tangi lamang **KATOTOHANAN** at **KATUNAYAN** sa inyong buhay ay ang **Banal na Kamalayan Katalinuhan/Pag-ibig.** Kumapit nang matibay dito sa pagkakapangyaring ito sa lahat ng mga oras.

Upang matagpuan ang **Kaharian ng Kalangitan**, **sa kung sa alin ang kaluluwa ay nasa harmoniya sa Banal na Katunayan,** kailangan na dumating ang oras sa inyong paglago kapag kayo ay hindi na naghahangad na makuha tungo sa panlupang mga pananaw at kamalayan ng tao tungo sa bawat isa. Inyong hinahangad na makawala nang lubusan at magpokus sa pagpapalaganap ng inyong pakikipag-ugnay sa **Banal na Katunayan** sa iba. Mag-ingat na hindi ninyo pinuwersa ang inyong ispiritwal na daan sa iba, hindi alintana maging sila man ay nasa ispiritwal na landas sa kanilang mga sarili o hindi.

Sa kagayang panahon, inyong dapat na ipreserba ang inyong katahimikan sa pamamagitan ng hindi

pagpapahintulot sa iba na magsamantala sa inyong kabutihang likas. Inyong dapat na may kaliwanagang iguhit ang inyong mga linya ng tama o mabuti – iwasan ang kadamutan ng iba na nanghihimasok sa inyong pagiging pribado na kung alin ay maaaring makasira sa inyong kapayapaan ng isip.

Upang masiguro ito, walang pangangailangan para sa inyong egong kamalayan na magpalagay ng pagdudomina muli. Inyong mababantayan ang inyong pagiging pribado nang may kapayapaan. Kayo ay nabigyan ng katalinuhan upang makapagkamit nitong kinakailangang layunin na may pinakamataas na antas ng **PAG-IBIG.** Tandaan na ang ispiritwal na bantayog ng kamalayang mga baybrasyon na nabuo mula sa inyong pakikipag-ugnay sa **Banal na Katunayan at ang inyong pang-araw araw na pamamaraan ng pag-iisip, pakiramdam at pamumuhay, ay kailangang sagrado** at inyong dapat na ingatan na hindi mahuli muli sa mababang mga baybrasyon ng sa ibang mga iniisip at mga reaksiyon.

Sa lahat ng mga oras, ang inyong pinakamataas na layunin sa mundo ay upang **itaguyod ang pinakamataas na panlupa at ispiritwal na KABUTIHAN ng bawat ibang nabubuhay na lalang – tao at mas mababa. Hindi sa pamamagitan ng pagbaba sa baybrasyong antas ng mga nasa pangangailangan kundi sa pamamagitan ng pag-abot at paghahandog ng karununggan na nagdala sa inyo tungo sa inyong sagradong lugar - ang inyong banal ng mga banal sa isipan, emosyon at mga kondisyon ng pamumuhay- kung mayroong kagustuhan na makinig at tumanggap. Kung hindi, panatilihin ang inyong kapayapaan.**

Ang simpatiya at kompasyon ay dapat na paghiwalayin. Ang pagkaawa ay maghihila sa inyong pababa at magsasangkot sa inyong ispiritwal na mga baybrasyon ng kamalayan sa pantaong antas ng baybrasyon. Ito ay maaari na makalikha ng mga di pagkakasundo kung saan kayo ay may katapatan na naghangad lamang upang magtaas at magpahilom. Iwasan ito dahil ito ay makapagpapababa sa inyong mga enerhiya at makatatalo sa inyong ispiritwal na mga layunin.

Ang dalisay na PAG-IBIG ay nag-uukol lamang sa pagpapaangat at ispiritwal na progreso, pagpapagaling at pagkakamit ng 'Kaharian ng Kalangitan.'

Ang Banal na PAG-IBIG ay mainit na maawaing pakiramdam- na pangunahing nakargahan ng paghahangad na makapagbigay ng kakayahan sa isang minamahal upang: lumago, lumikha, palusugin at magpalusog sa iba, upang magamot at upang gumamot sa iba, upang turuan at magturo sa iba, upang pangalagaan at mangalaga sa iba, upang katagpuin ang kaniyang mga pangangailangan at para sa kaniya upang punan ang mga pangangailangan ng iba, lahat sa loob ng maliwanag na sistema ng batas at kaayusan.

Ito ay ang BANAL NA PAG-IBIG/ BATAS na gumagawa.

Kapag ang inyong pinakamataas na layunin ay naging ang **Banal na Layunin na kumikilos**, ang ego, ang nukleyus ng inyong pagkaindibidwal, ngayon ay kontrolado ng inyong kaluluwa. Ang bugso ng ego ay nagiging ang tunay na tagapagtanggol at tunay na tagapangalaga ng inyong personal na kaginhawahan – ngunit ito ngayon ay gumagawa nang buo sa harmoniya kasama ang mga direktiba ng inyong kaluluwa na kumukuha ng likas nito mula sa **Banal na Katunayan.**

Inuulit ko – walang sentimiyento sa Banal na Katunayan, walang pag-aalis ng anumang mga hangganan na nagsisiguro ng batas at kaayusan, upang tumugma sa mga isinusugo ng egoistiko, walang mahinang 'pagpayag' at pagsuko sa katigasan ng iba.

Sa lahat ng mga oras, ito ay dapat na isilang sa isipan na ang LAHAT ng MGA TAO ay dapat na gumalang

sa bawat isa. Kailangan nilang irespeto ang mga karapatan ng iba sa pagiging pribado, kaligtasan, kapayapaan ng isipan at harmoniya. Kapag mayroong dumating na mga pagkakaiba, ang mga ito ay mahaharap, na may pinagsasaluhang respeto. Pag mas ispiritwal na nalinang kayo, pag mas higit na inyong igagalang ang pinakamataas at pinakamababa sa panlipunang mga katatayuan, pinahahalagahan sila na magkapantay – 'hindi sa paningin ng Diyos' kagaya ng gustong sabihin ng tao, kundi sa loob ng **inyong sariling ispiritwalisadong mga pananaw sa pundamental na pagkakapantay ng mga kaluluwa na nasa mga nilalang.**

Ang Paggalang at ang **BANAL NA PAG-IBIG** ay angkop na magkasama. Ang tunay na ***PAG-IBIG*** ay may kataasang puno ng respeto sa minamahal.

Kung saan mayroong paggalang sa pagitan ng dalawang tao, ito ay kadalasan na humahantong sa pinakamataas na anyo ng pag-ibig.

Kung inyong natagpuan ang **Liham** na ito na mahirap na tanggapin, tandaan na **ang pantaong isipan ay limitado sa pag-unawa nito sa mga dimensiyon na lampas sa panlupang sakop. Huwag hayaan na ang pangangatwiran ng ego ay makapagpatigil sa inyo pabalik mula sa paglalakbay ng inyong kaluluwa.**

Sa aking susunod na **Liham,** aking lilinangin ang paksa ng ***BANAL NA PA-IBIG*** at magpapalawig ng tungkol sa egong pagmamahal sa sarili na nagpapakita sa inyo nang may kaeksaktuhan kung paano ang magnetikong mga emosyon sa pangkasalukuyan ay kumukontrol sa inyong mga iniisip, mga pakiramdam at mga buhay. Aking babalangkasin ang mga hakbang kung paano ang mga ito ay mapagtatagumpayan at sa pangkatapusan ay matunaw mula sa inyong kamalayan.

Ang aking layunin ay upang gabayan kayo sa pagbaybay sa landas ng sariling pagkatuklas at ispiritwal na pagkalinang na kayo ay makapasok kaagad tungo sa **Liwanag** hindi lamang kung kayo ay dumaan tungo sa susunod na dimensiyon ng pagiging naririto kundi ay habang kayo din ay naririto sa lupa.

Sa sandaling ito kayo ay nabubuhay sa makulimlim na may pasaning pagiging naririto sa halip na konsyus na nabubuhay sa loob at pumapasok tungo sa **'Banal na Kamalayan**' at nagpapahintulot ***ITO*** upang lumusot at magpaligaya sa inyong pag-iisip at sa inyong mga karanasan sa buhay.

Alamin na ang aking Kristong Kamalayan ay nasa inyo palagi at kayo ay magkakaroon ng kaagad na pakikiugnay sa akin kung kayo ay tatawag. Hayaan na ito ay maging kaginhawahan sa inyo- ngunit hindi isang saklay. Ako ay ang inyong pintong daanan tungo sa inyong sariling kaliwanagan at ang inyong sariling pagtaas tungo sa Kristong Kamalayan sa sarili ninyo.

Ito ay ang aking pinakamamahal na paghahangad na ang mga LIHAM na ito ay mailimbag nang madalian at maipamahagi sa mga tao na naghahanap ng Katotohanan. Kung sisipi mula sa aking mga LIHAM, pakibanggit ng pinagmulan nang may lubos na kaliwanagan:

CHRIST'S LETTERS, www.christsway.co.za, (Book Title: CHRIST RETURNS – SPEAKS HIS TRUTH)
MGA LIHAM NG KRISTO,www.daanngkristo.com
(Titulo ng Aklat: Ang Kristo ay Nagbabalik Naghahayag ng Kaniyang Katotohanan)

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 8

Ako ay dumating sa inyo muli upang magsalita ng:

ANG TUNAY NA LIKAS NG PAGIGING NARIRITO

Ang KATOTOHANAN NG PAGIGING LALANG ay ito: KAYO na naniniwala lamang sa materyal na mundo, ay nabubuhay nang lubusan sa panlupa, limitadong mundo. Kayo ay nabubuhay sa loob ng dimensiyon ng manipestasyon ng inyong mga paniniwala.

Iyong ang ispiritwal na mga pananaw at pamumuhay ay naitaas sa mga alon ng mga baybrasyon upang makasama ng ispiritwal na mga alon ng baybrasyon ng ispiritwal na dimensiyon ay maaaring makaunawa na sila ay nabubuhay sa dalawang dimensiyon. Sila ay ganap na nakababatid sa katotohanang ito. At sila ay nabubuhay batay sa katotohanang ito, at nalilinang tungo sa mas mataas na mga alon ng pagiging lalang. Sila ay hindi na nakagapos sa pantaong paniniwala kundi ay nabubuhay sa loob ng pagsasakatuparan na sila ay nabubuhay sa loob ng kawalang hangganan na walang mga limitasyon. Pag mas mataas ang kanilang mga alon ng baybrasyong kamalayan, ay pag higit na nakababatid na sila ay nabubuhay sa loob ng kawalan ng hangganan at sila lamang sa kanilang mga sarili ang nagtatakda ng mga hangganan sa kung ano ang maaari nilang hangarin.

Iyong ang mga pananaw ay naitaas sa paraang ito habang nananatili pa sa kanilang mga katawan, ay nakakita na mayroon lamang isang dimensiyon ng napapanahong 'indibidwal na lalang' at ang dimensiyong ito ay **Banal na Kamalayang Gawain.'**

Sila ay maaari din na dumating upang ganap na maunawaan na mayroong higit pang dimensiyon ng **Pangkalahatang Kamalayan** sa kung sa alin ang Unibersal ay nakatira sa perpektong pagkakapantay at walang maaaring makapasok, dahil sa loob ng dimensiyong ito ay anumang pagkaindibidwal ay kaagad na makukuha tungo sa Pagkakaisa ng Pagiging lalang.

Kapag ang kaluluwa ay umaabot, sa pagkakaunawa at kaganapan, sa pinakamataas na antas ng mga alon ng mga baybrasyon ng kamalayan, - **Kristong Kamalayan** – ang kaluluwa ay maaaring tumingin pababa at muling pag-aralan ang mga antas ng mga baybrasyon na tumataas at bumababa sa sangkatauhan na nasa lupa at makaalam, na may pag-ibig at pagkaawa, na ang sangkatauhan ay nahuli sa mas mababang mga baybrasyon ng Banal na Kamalayan na natatago sa loob ng bugso ng Ego, na buong hindi nakababatid sa Katotohanan ng Pagiging lalang, ang sa kaluluwang tunay na pagkakakilanlan at ang panlupang katotohanan ng ego. Ni wala itong pinakakakaunting pagkakaalam sa kalakihan ng layunin na nasa likod ng pagiging naririto at ang sa pangkatapusang misyon na dapat nitong tunguhin.

Ang gawain ng bagong silang na kaluluwa ay upang maranasan, sa pamamagitan ng paraan ng kinalalagyan nito ang Isip, lahat na ang mga mas mababang mga alon ay mayroong ihahandog at lumalago bilang resulta ng mental/emosyonal na mga kaganapan at mga karanasan na nagmumula sa kanilang mga iniisip at mga pakiramdam. Ang kaluluwa ay dapat na matuto, sa pamamagitan ng pagsubok at pagkakamali, sa antas ng kamalayan na gumagawa dito na sobrang masaya o nabibigatan ng mga dalamhati at kalungkutan na nagpapasimula sa maraming pisikal na mga limitasyon.

Ang layunin ng buhay sa lupa ay hindi upang matuklasan ang paraan upang maranasan ang hindi nagbabagong saya at kaligayahan, bagaman ito ay kung ano ang hinahangad ng bawat kaluluwa. Ang kagayang kaligayahan at saya ay pipigil sa progreso ng kaluluwa tungo sa mas mataas na mga baybrasyon ng kamalayan.

Sa katapusan pagkatapos ng maraming mga oras ng buhay ng 'mga matataas' at 'mga mabababa' ng kaginhawahan at kalungkutan, ang isip ay magigising sa katotohanan ng pagiging lalang nito at makauunawa na mayroon ito sa loob ng sarili nito na potensiyal upang kumuha sa **Banal na Kamalayan** para sa pananaw, pagkaunawa at karunungan at upang itaas ang ispiritwal na mga baybrasyon ng kamalayan nito para doon sa kalusugan, kabutihan, proteksiyon, panloob na paglago, ispiritwal na nutrisyon at upang magpasinag sa iba ng likas ng **Banal na Kamalayan** .

Kagaya ng aking sinabi noon na ang **KAMALAYAN ay BUHAY at ang BUHAY ay KAMALAYAN. Kung saan mayroong BUHAY – ay mayroong KAMALAYAN. Kung saan mayroong KAMALAYAN ay mayroong BUHAY.**

BAWAT BAGAY na naririto ay binigyan ng kahulugan ng mga alon ng baybrasyon ng kamalayan. Ang Liwanag,Tunog, Kulay, lahat ng pisikal na penomena ng parehong nabubuhay at hindi nabubuhay. Kung inyong mababago ang mga alon ng baybrasyon ng anumang isang bagay, inyong nababago ang hitsura ng bagay na iyon- maging ito ay tunog,kulay, gas, likido, pisikal na mga bahagi ng katawan.

Kapag ang mga pisikal na bahagi ng katawan ay nagpapakita ng hindi maayos na kalusugan, ito ay dahil ang normal na mga alon ng mga baybrasyon ng pisikal na mga bahagi ng katawan ay nabawasan at ang BUHAY na nasa bahagi ng katawan ay bumaba.

Ang siyensiya ay nagpapahayag na ang sansinukob bilang 'bagay' na nagtataglay ng kamalayan ngunit ang katotohanan ay:

Ang sansinukob ay KAMALAYAN na kumuha ng hitsura ng 'bagay' bilang resulta ng pagbaba tungo sa mas mababang mga alon ng baybrasyon ng kamalayan.

Ito ay ang totoong katunayan ng pagiging naririto – wala ng iba.

Ang inyong pagiging naririto ay lahat na bagay ng alon ng mga baybrasyon. Pag mas mataas ang ispiritwal na mga pananaw at ang pagsuporta sa ispiritwal na iniisip, ay pag higit na mas mabilis ang personal na mga alon ng baybrasyon sa katawan, ang kalakasan ay naitataas at ang karamdaman sa bandang huli ay naglalaho.

Ang kapatirang pangsiyensiya ay naniniwala na kayo ay nabubuhay nang lubusan sa loob ng pantaong dimensiyon na bumubuo sa sistemang solar, at ang mga galaksi ng mga tala. Ang siyensiya ay naniniwala na ang pantaong talino ay ang pinakamataas na punto ng matalinong pag-uugnay sa anumang oras, na nalinang bilang tugon sa nagbabagong kapaligiran at pangklimang mga kondisyon at ay may kapuruhang produkto ng gawain ng utak. Ayon sa siyensiya, ang inyong mga emosyon ay may kabuuang totoo at may bisa at kung ano ang inyong iniisip at nararamdaman ay lampas sa lahat ng di pagsang-ayon, ang mga ito ay bumubuo lamang ng 'katunayan' ng pagiging naririto. Ang pagiging normal ay kinuwenta batay sa 'karaniwang' mga iniisip, mga gawain, at mga tugon sa kapaligiran. Ito ay pinalagay na pantaong 'katunayan.' Anumang mga talento na lumalampas sa 'karaniwang' kinalalabasan ng 'karaniwang' mga isip ay ikinonsidera na pagiging 'henyo' na nanggagaling mula sa hindi pangkaraniwang mental na mga kapangyarihan. Ang 'mababa sa karaniwan' na kinalabasan ay sinasabi na dahil sa retardasyon sanhi ng mga pisikal na kadahilanan- mga pagmamana, sakit sa pagkasilang, at iba pa. Ang siyensiya ay naniniwala

na ang pisikal na dimensiyon ay ang pasimula at ang katapusan ng pagiging naririto. Ang siyensiya ay nakahanda laban sa anumang posibilidad ng pansariling maling mga paniniwala na ito ay tatanggap bilang 'totoo' sa anumang penomena hanggang ito ay makukwenta, matatantya at mapatutunayan sa pamamagitan ng mga instrumento.

Kung inyong pag-iisipan ito nang maingat, kayo ay darating upang matanto na kung ano ang mahigpit na hinahawakan ng siyensiya bilang katunayan ay sa totoo lamang, ay paniniwala lamang na nalikha ng pagguhit ng mga konklusyon sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang limang mga pandamdam.

Kaya ito ay kagaya ng bawat ibang aspekto ng inyong pagiging naririto. Sa inyong panlupang dimensiyon, ang mga katunayan ay nangyayari segundo pagkatapos ng segundo ngunit sa sandali na ang mga ito ay naganap, ang mga ito ay naging memoryang mga paniniwala at ang mga ala ala ay hindi laging tumpak. Anuman ang mga pakiramdam at mga iniisip na mayroon kayo tungkol sa nakaraan ay hindi mga katunayan kundi mga punto ng pananaw, mga paniniwala, at ay, samakatuwid, ay hindi mga totoo- ni hindi ang ***Katunayan*** sa likod ng mga ito.

Ito ay nauukol sa bawat aspekto ng inyong pagiging naririto. Ang ***Katotohanan*** ay: kayo ay nabubuhay sa makamundong dimensiyon na binuong lubusan ng inyong mga paniniwala na nagmumula sa inyong mga tugon sa kung ano ang nangyari isang daan, isang libo o sampung libong taon na ang nakaraan.

Sa isang panahon, ang mga tao ay naniwala na ang mundo ay lapad. Samakatuwid, para sa kanila, sila ay nabuhay sa lapad na mundo at ay natakot na magsagwan sa mga dagat nang may kalayuan sa isang direksiyon, dahil sila ay nasa panganib na mahulog sa tabihan ng mundo. Para sa mga tao, ang apat na daang taong nakalipas, ang kanilang mundo ay lapad. Ngayon, sa karunungan, ang inyong mundo ay napupuntahan sa bawat direksiyon.

Ang mga tao, sa nakalipas, at sa pangkasalukuyang panahon din, ay nagdirekta sa kanilang mga buhay batay sa 'kwento ng matandang mga esposa,' ang kapangyarihan ng mga ninuno at ibang mga alamat. Sila ay naniwala sa mga iyon nang may diin, ang mga limitasyon na ipinataw ng mga paniniwalang ito ay naglimita sa mga kilos at mga gawain ng mga tao.

Ang pagsasayaw ay pinaniwalaan na puno ng kasalanan at masama ng tiyak na 'Kristiyanong' sekta para sa isang halimbawa. Samakatuwid, maraming mga tao na dapat sana ay nakakuha ng sobrang kaligayahan at paglaya mula sa kabalisahan kung nagsasayaw, ay puno ng kamalian na hindi pinagkalooban ng kaligayahang ito.

Ang relihiyon ay kasama sa ilalim ng katulad na kategorya. Ang mga paniniwala ay ang pinakasubstansya ng relihiyon. Ang mga ito ay naitatag sa kapanahunan na ang tandang mga pangyayari na wala naman kundi paniniwala. Ang mga paniniwala ay maaaring naging may kaugnayan sa pangkalahatang takbo ng pag-iisip noong mga panahong iyon, ngunit ang mga ito ay matagal nang naging hindi angkop sa palagiang nagbabagong mundo, datapwat, sila ay mahigpit na nakakapit dito at naging ang pokus ng pagsamba, mga pista, mga pagdiriwang, pagluluksa, - at mas mapanira- ang mga ito ang naging dahilan para sa mga lalaki na pumatay sa isa't isa at nagiging sanhi ng nakapangingilabot na pighati sa mga kababaihan at mga kabataan.

May tiyak na mga relihiyon na nagpapalagay na ang 'Diyos ay nasa lahat ng lugar at sa lahat ng bagay' ngunit ay positibong nagdedeklara sa paraan ng dogma, na walang isa ang nakaaalam sa 'isip ng Diyos,' o mga dahilan kung bakit ang mga tao ay pumapatay sa isa't isa – ito marahil ay nasa plano ng Diyos, sinasabi nila. Sa takbo ng isip na binuo ng konglomerasyon ng walang lohikong mga paniniwala, saan ang tao, sa

pangkasalukuyang panahong ito, ay makatatagpo ng anumang katiyakan ng kagandahan, ligaya, kalusugan, kabutihan, pag-ibig?

Ang relihiyosong mga ideya ay naghahandog ng 'Diyos' na ang 'kalooban' ay maaaring magdala ng buhay at paggaling o kamatayan at pagkawasak.

Sa kagayang mga paniniwala, walang katiyakan sa anumang bagay maliban sa walang katiyakan.

Ang sa kagayang paniniwala, anumang sakit o kapansanan ay mapapagpaumanhinan bilang 'Kalooban ng Diyos.' Ito ay ang inyong **MGA PANINIWALA** na kumukontrol sa lahat ninyong mga inaasahan sa kung ano ang ipagkakaloob ng buhay sa hinaharap.

Ang malusog na pagtanggi sa paniniwala, ang uri ng mentalidad na tumatanggap dito ay hindi nakaaalam ng likas ng 'Diyos' o maging kung mayroong anumang 'Diyos' talaga ngunit ay ganap na bukas sa pananalig na naibahagi ng kaliwanagan, ay mas katanggap tanggap sa panatikong mga paniniwala sa kalahating totoo o hindi totoo.

Gaano kabulag ang lahi ng tao sa pangkalahatan!

Ang mga tao ay parang mga bubuwit na nababuhay sa loob ng kanilang mga hukay, kombinsido na sila ay may kakayahan na 'magparami' sa kabuuan ng kanilang pagiging naririto sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga pandamdam sa pandinig, pang-amoy, napakalimitadong paningin at panghipo.

Kaya maaaring kayo ay magpababa sa eskala ng mga anyo ng buhay at makasaksi sa mga libong mga uri na namumuhay ng buhay na lubos na itinakda at limitado ng kanilang mga pandamdam. Ang kung ano ang maipapalagay nilang 'tunay' ay bumubuo ng kanilang personal na 'katunayan' ang kanilang tanging mundo.

Bawat antas ng pagiging naririto na naranasan ng maraming mga angkan ng nababuhay na mga bagay, ay may kakaniyahang taglay mula sa bawat iba na nasa loob ng panlupang dimensiyon. Ito ay nagsasama sa pantaong isip na literal na **napuno** ng relihiyosong mga doktrina at mga dogma at nakulong sa pangsiyensiyang mga teyorya at mga pormula ng matematika. Ang relihiyosong mga doktrina ay nabuo sa pamamagitan ng pantaong pangangatwiran sa pagsisikap na ipaliwanag ang mga aral ng mga ispiritwal na mga Master, na ang mga isipan ay kumilos nang lampas sa pantaong sakop ng talino tungo sa makalangit na mga dimensiyon ng inspiradong pananaw sa '***Unibersal na Katunayan.'***

Ang pangsiyensiyang mga konsepto ay bunga din ng pantaong mga pandamdam na nangangatwiran at nagbibigay ng mga pangalan sa mga penomena na nakita ng pantaong paningin sa panahon ng pag-eeksperimento.

Kapag, samakatuwid, ang pantaong talino ay nakapagpagpa-isangtabi sa kagayang limitadong mga paniniwala at tumaas tungo sa pakikipag-ugnay sa ***'Katunayan'*** na lampas sa 'pinakamataas na pantaong pagdadahilan, lohiko, at mga pangangatwiran' na tinawag na 'karunungan,' ang kagayang isip ay pumapasok sa mas mataas na mga dimensiyon ng ***'BUHAY-KAMALAYAN.'*** Ito ay napupuno ng **'unibersal na katotohanan'** na literal na lampas sa sakop ng 'normal' na pantaong pag-iisip upang magpalagay o makatanggap o makaunawa. Ang pantaong isip ay hindi makaunawa sa anumang karanasan na lampas sa elektromagnetikong mga pamantayan ng panlupang pagiging naririto at ang mga tungkulin ng utak – hanggang ang **Banal na Kamalayang** kaliwanagan ay pumapasok sa buong pantaong sistema ng pag-iisip, mga emosyon at subkonsyus- pagkatapos ay ang pundamental na pagkakaisa at harmoniya ay mahahayag.

Kapag magkakasamang lahat na ang bagong ispiritwal na mga pananaw ay naihahayag sa isipan na nadoktrinahan ng relihiyon, ang mga ito ay ipapalagay bilang mula kay 'Satanas' o ganap na kabaliwan o

imahinasyon. Ito ay likas dahil kapag ang mga emosyon ay sobrang nakanti at nahamon, kagayang nangyayari kung ang mga malalalim na paniniwala ay nakukontra, ang magnetikong emosyonal na **'pagsasama-paghihiwalay'** na mga pintig ng bugso ng ego ay kaagad na dumarating sa pagkilos. **Anumang akda o panukala na nagdudulot ng biglang mental na kawalan ng kaginhawahan, pagkadismaya o kaguluhan, ay tatanggihan kaagad at ang buong atake ng mga 'pruweba' ay iipunin mula sa mga paniniwala ng nakondisyong pag-iisip upang kampihan ang kagayang pagtanggi. Ngunit ang mga pruweba ay mga paniniwala lamang.**

Ito ay ang lubusang likas na mental-emosyonal na proseso sa loob ng may kapuruhang pantaong dimensiyon.

Kaya, kung itong **aking KATOTOHANAN** ay inihahandog sa mga ang mentalidad ay may katatagang nakapundasyon at nakondisyon sa pamamagitan ng takot o napalakas sa pamamagitan ng pantaong kalooban upang kumapit sa kagayang naprogramang mga paniniwala, ito ay likas lamang na ang **KATOTOHANAN** ay makaistimula sa mahirap disiplinahing mga emosyon at maging may pagkamalupit, maaaring sa paraang nakasasakit ay tumanggi.

Ang nabanggit ay ang pagsasalarawan sa normal na mental-emosyonal na gawain na nasa loob ng pantaong dimensiyon.

Ito ay hindi dapat na husgahan dahil sa ang nakondisyong isip ay nagawa upang makaramdam nang may kakumpletuhang kawalan ng kasiguruhan at 'lulutang lutang na walang direksiyon' o 'lahat ay nasa dagat' kapag nakonpronta nang may lubos na bagong konsepto . Itong pantaong mga kasabihan ay nagsasalarawan nang may kaeksaktuhan kung ano ang nangyayari kapag ang nadoktrinahang isip ay nahamon sa pamamagitan ng lubusang bagong pananaw sa kung ano ang dati ay hinawakan na naging pinakamamahal, na ligtas, na tama!

Kapag sa unang pagkakataon ay nagbabasa ng mga **LIHAM** na ito inyong matutukoy para sa inyong mga sarili kung saan kayo nakatayo sa paraang mental at emosyonal. Kayo baga ay napapahinto mula sa ispiritwal na paglago sa pamamagitan ng inyong katigasang paghawak sa pangkasalukuyang mga paniniwala? Kayo baga ay may kakayahan, pagkatapos ng tamang pag-iisip, upang matanto na ang lahat na kayo ay may katatagang nananangan **ay** - **paniniwala** lamang – walang katwirang paniniwala?

Ito ay ganap na mahalaga para sa inyong ispiritwal na paglago na kayo ay dapat, sa wakas, ay lubusang umunawa sa mga prinsipyo ng inyong pantaong pag-iisip at emosyonal na paggawa. Inyong iniisip na kayo ay, ngunit hindi ninyo nauunawaan itong lahat. Inyo lamang mauunawaan ito sa pamamagitan ng paglabas mula dito nang lubusan, nilalampasan ito, kumikilos tungo sa mas mataas na mga dimensiyon ng pananaw at karanasan- pumapasok tungo sa **KATOTOHANAN SA SARILI NITO.**

Tanging pagkatapos lamang na kayo ay nagsisimula upang magpalagay na kayo at ang bawat ibang mga tao sa mundo, ay nabuhay at nagdirekta ng inyong mga buhay na halos may kaganapan sa pamamagitan ng pantaong mga 'paniniwala' – hindi **KATOTOHANAN.**

Mayroong mga maraming tao na naniniwala nang buong puso na kapag sila ay nanalangin para sa tiyak na bagay o karanasan o ang pagkakaloob ng tamang paggabay sa tiyak na sitwasyon, sila ay tunay na makatatanggap sa tamang bagay, karanasan o paggabay na magpapalakas sa kanilang kabutihan.

Sila ay *naniniwala* na kapag (kung!) ang kanilang panalangin ay nasagot, sila ay buong pusong magagalak at kaagad na susunod sa gabay, hindi alintana ang pangkasalukuyang mga kalagayan,

dahil, nanggagaling sa Banal, ito ay maaari lamang na ang tamang sagot na nararapat sa kaligayahan.

Bagaman, kapag nahaharap sa pagdating ng pinakaaasam asam na bagay, o karanasan o paggabay- ang tagatanggap ng Banal na Grasya minsan ay nagiging balisa at di alam ang patutunguhan, walang kakayahan na matanggap na mayroong pagpasok ng Banal na Kamalayan na may kaeksaktuhang kagaya ng hiningi, na siya ay hindi nakaaalam kung paano ito harapin.

Kung ang mga isipan ay magulo kapag ang kanilang hiningi, ay sa totoong buhay ay nabigay sa kanila sa hindi inaasahang paraan – nasaan ang tunay na PANANAMPALATAYA at PANINIWALA kung alin sila ay nakatiyak na buong tinaglay nila sa kasaganahan? Hindi din baga ninyo nakikita na ang paniniwala, hindi ang Katotohanan- ay ang nag-orkestra sa buong simponikong pagkilos –hindi kasama, talaga, ang Banal na Kamalayang panghihimasok – ang sagot sa panalangin. Itong interbensiyong ito ay ang tanging 'katunayan' sa buong kaganapan- ang natitira ay paniniwala at pag-asa – mental na mga pag-eehersisyo na gumagamit ng nakaraang mga karanasan upang masukat ang pangkasalukuyan. Ang inyong tanging KATOTOHANAN ay ang Banal na Kamalayan na gagabay lamang tungo sa paglago at pagkaperpekto – kung inyong buong pagtitiwalaan ito na gumawa nang patuloy.

Huminto sandali dito at basahin at muling basahin ang nakaraang mga talata dahil ang kung ano ang nangyayari sa inyong kamalayan ay ang substansya ng inyong mga karanasan at mga buhay.

Kaya tanungin ang inyong mga sarili: kayo baga ay talagang NAGPAPANANAW-TUMATANTO-UMUUNAWA sa *Katunayan bilang ang pinagmumulan ng lahat ng karunungan at pagkamalikhain? O* kayo ay nagbabayad lamang ng serbisyo ng labi at mababaw na mental na pagkilala sa Banal na Kamalayan?

Kayo baga ay may kaganapan at kakumpletuhang namumuhay, minuto sa minuto, sa pagkaunawa na ang UNIBERSAL NA KAMALAYAN ay ang tanging Katunayan at Pinakamataas na Katalinuhan na gumagana sa loob ng paglikha? Kayo baga ay palagiang sumasandig sa supremong epektibong gabay Nito o kayo ay nag-iisip na kayo sa halip ay mamuhay sa pamamagitan ng inyong pansariling may hangganang kalooban at minsan ay naputikang emosyonal na mga pintig?

At, kapag kayo ay nabigyan ng tuwirang paggabay upang sundin ang tiyak na patutunguhan, ngunit ay tumigil na mag-isip kung ang paggabay baga ay maghahantong sa inyo sa kung saan ay iniisip ninyo na gusto ninyong pumunta, kayo baga ay buong nakasuko sa Pinakamataas na Matalinong Awtoridad- Banal na Kamalayan? Hindi baga ito ay ang indikasyon na ang inyong ego ay nasa kontrol pa rin?

Kahit na ang mga **LIHAM** na ito, kapag naipamahagi kagaya ng inaasahan, ay darating na mga 'paniniwala,' hindi ang dalisay na ispiritwal na pananaw tungkol sa **'ANO ANG' mula sa kung sa alin ang mga salitang ito ay dumating.**

Sa pamamagitan lamang ng pagdadala sa mga salitang ito tungo sa meditasyon pagkatapos ng paghiling para sa ispiritwal na iluminasyon, na ang ispiritwal na 'Katunayan' na nasa likod ng mga salita sa katapusan ay darating na katulad ng kislap ng liwanag tungo sa isipan.

Kapag ito ay nangyayari, inyong MALALAMAN na <u>nalalaman</u> ninyo.

Kayong mga nakalinang nang may kasapatan upang mabuhay sa dalawang dimensiyon, KAYO na ang mga isipan ay nakakikilos na lampas sa dimensiyon ng pantaong talino tungo sa mas mataas na dimensiyon ng ***<u>'Pangkalahatang Katunayan'</u>*** marahil ay makakasagupa ng maraming mga tao, sa panahon na darating, na

tatanggi sa mga LIHAM na ito bilang imahinasyon ngunit huwag madismaya.

Tandaan kung ano ang aking sinasabi sa inyo ngayon. KAYO ay mga nakatira sa dalawang dimensiyon at wala na makadadaan na lampas sa dimensiyon ng ' talino lamang' hanggang ang mga paunang kinakailangan para sa ispiritwal na kaliwanagan ay naisakatuparan. Ang mga ito ay ang tunay na *ispiritwal* na paggising na humahantong sa malalim na pananaw tungo sa mga gawain ng ego at pagkasarili… na nasundan ng pagsisisi….pagsisisi….pagsisisi. Ito lamang ang TANGING DAAN.

Para sa pagsisisi, bilang bunga, ay gigiya sa pagtatakwil sa magnetiko-emosyonal na dimensiyon ng 'pagtanggi-pagsasama' na sa mas makamandag na mga anyo nito, ay isinalarawan ng mga tao bilang 'kasalanan.'

Kapag ang tao ay pumapasok sa *ispiritwal na dimensiyon* at ay puno ng *'BUHAY' na mga katangian,* ang tao ay nagsisimula na makaunawa at sa bandang huli ay MALAMAN na ang pantaong bugso ng ego upang 'tumingin para sa sarili' sa totoo lamang ay siyang nagpapahinto sa KALULUWA mula sa patuloy na pagdaloy ng *BANAL NA BUHAY tungo sa isipan, puso, katawan, mga pakikipagrelasyon at pang-araw araw na mga karanasan.*

'Ang pagmamasid para sa inyong sarili ay pantao, panlupang karanasan.

Ang ganap, matapat, na pagsuko ng pagkasarili sa 'AMANG-BUHAY' ay nag-aalis ng balakid sa pagitan ng ispiritwal na dimensiyon at sa kaluluwa. Ang tao ay hindi na 'titingin para sa kaniyang sarili,' lahat ng ang BANAL na BUHAY ay, ngayon ay dumadaloy tungo sa indibidwal na katawan, isip, puso, mga karanasan at mga pakikipagrelasyon. Ang kagayang tao ay nabubuhay sa pamamagitan ng 'sariling likas' at sumusunod sa mga kutob na laging gumagawa nang may kaperpektuhan sa mahabang panahon.

Ang BANAL NA BUHAY AY LAGING NAROON UPANG MAKUHA, kailan man na ang tao ay nagsusuko sa sariling kalooban at tumungo RITO para sa bawat pangangailangan.

Inyong dapat na tandaan na ako ay nagpapatungkol sa oras kapag kayo ay **pumapasok sa pantaong dimensiyon ng talino** at kumikilos na lampas sa inyong pagsandig sa 'talino' at materyal na paraan upang makuha ang kung ano ang gusto ninyo mula sa buhay. Maraming mga tao ang nag-iisip na naabot nila ang lugar na ito ng ispiritwal na paglago ngunit ay nililinlang ang kanilang mga sarili.

Kapag ang tao ay nag-abandona sa lohiko – at **nalalaman** na lampas sa lahat ng pag-aalinlangan na ang paggabay ay maaaring ganap na maaasahan upang makamtan ang inspiradong mga layunin, ang inyong buhay ay nagbabago. Ang mga benepisyo ay dumadaloy patungo sa inyong karanasan kapag inyong lubusang nauunawaan na ang Banal na Kamalayan ay ang hindi nakikitang Katunayan – ang Kapangyarihan – na gumagawa sa likod ng panlabas na mga hitsura ng inyong buhay, na nagpapakilos sa 'matalinong pwersa ng enerhiya' upang magpakita ng inyong mga pangangailangan. Hindi ninyo kailangan na magtanggi sa mga paglitaw, magbuhos ng kapangyarihan ng iniisip tungo sa kondisyon na inyong hinahanapan ng kalutasan.

Ang lahat na dapat ninyong gawin ay magsuko sa sariling kalooban at MALAMAN na habang ang inyong limitadong talino ay sumusuko, ay gayon din ang ***Walang hangganang Katunayan*** ay kumikilos paloob upang suguin ang inyong buhay sa lahat na magkakasamang bagong daan, upang mapabutaw kayo papalayo mula sa lahat ng inyong mga suporta sa nakaraan, dalahin sa inyong isipan ang bagong paningin para sa bagong gawain, at maggiya sa inyo tungo sa bagong mga lugar ng aktibidad. Ngunit kapag

nangyayari ito, kayo ay dapat na maging handa upang 'hayaang umalis' nang may kakumpletuhan.
Inyong kailangang alpasan ang inyong paghawak sa mga kasiguruhan ng nakalipas at malaman na kahit ang mas malaking mga kasiguruhan ng iba't ibang likas ay naghihintay sa inyo habang sinusunod ninyo ang inyong inspirasyon.
Dahil ang antas na ito ng ispiritwal/pantaong pagiging naririto at maharmoniyang kabutihan ay nakasalalay sa kakayahan ng tao upang gumawa ng tunay na pakikipag-ugnay sa **Banal na Katunayan,** ito ay kinakailangan na magbalik muli at muli sa malalim na pag-aaral ng **Banal na Katunayan** sa Sarili **nito** at ang paraan kung sa alin ang bugso ng ego ay walang paghinto sa paggawa sa loob ng pantaong kamalayan na humahadlang sa intwitibong mga tagubilin ng **Banal na Buhay** sa loob ng isipan. Sa sandali nabubuhay kayo sa maaninong nabibigatang pagiging naririto sa halip na konsyus na nabubuhay sa loob at pumapasok tungo sa **'Banal na Kamalayan'** at nagpapahintulot **DITO** upang pumasok at magpasaya sa inyong pag-iisip at mga karanasan sa buhay. Kayo ay nananatiling nakakandado sa loob ng mental-emosyonal na balangkas ng elektromagnetikong mga pintig hanggang ilagay ninyo ang inyong kapangyarihan ng kalooban upang konsyus na matunaw ang substansya ng inyong pantaong nabuong mga paniniwala at dumating upang makita nang may kaliwanagan na ang inyong Katunayan ay ang **Banal na Kamalayan** – hindi ang inyong pamilya, o libro sa banko. Kapag narating ninyo ang pananaw na ito, kayo ay papasok sa **LIWANAG** – at ang **LIWANAG** ay susunod sa inyo.
Dahil sa kawalan ng kapanatagan at ang hilahan ng away sa pagitan ng nalilinang na kaluluwa at pantaong ego, (na humihingi na 'magmukhang mabuti' sa halip na **'MAGING MABUTI,'** at bagaman ay hindi makakaya na magdala ng iniisip na ito ay hindi perpekto), mayroong mga ilang tao na nakatatanggap ng inspirasyon at ipinapasa ito sa iba sa panahong ito, na magsasalita tungkol sa pangangailangan na dumaan sa panahon ng panloob na paglilinis. Ang modernong mga tao ay nakondisyon sa mabilisang serbisyo, mabilisang liwanag, mabilisang init, mabilisang pagkain, inumin, mga damit at pang-aaliw, at samakatuwid ay hindi nahahalina sa ***KATOTOHANAN*** na kinapapalooban ng sakripisyo sa sarili, sipag sa trabaho at lubos na dedikasyon sa layunin. Maliban sa kung alin, marami sa mga guro ay pinagkakakitaan ang mga gawaing ito at sila ay dapat na magpakita ng 'Katotohanan' na maipagbibili!

Kung ang inyong modernong mga guro ay nagsasalita ng tungkol sa landas sa pagkakamit sa pinakamataas na dimensiyon sa pamamagitan ng paglilipat ng personal na mental na iluminasyon, ito ay kakailanganin pa rin na sumailalim sa panloob na malubhang pagsusuri sa sarili at paglilinis ng pagsasama-paghihiwalay ng 'magnetikong mga emosyon.'
Kung kayo ay talagang nasa pataas na landas tungo sa pinakamataas na ispiritwal na mga dimensiyon, ang inyong daan ay magkakaroon ng katangian ng mga sandali ng maningning maliwanag na nakitang pangsariling pagsusuri at pansariling pagkaunawa, na nasusundan kalimitan ng pagkagalit sa sarili. Itong madilim at masakit na pakiramdam ay ang magnetikong emosyon sa kabaligtaran.
Kung saan noon, ang ego ay kumapit sa mahalagang paningin nito sa sarili nito bilang lalang na may pinakamalaki at mas malaki pa kaysa iba, ito ngayon ay nagsisimula upang makasulyap sa masakit na katotohanan na marahil ito ay hindi lamang banayad – kundi ay napaka hindi perpekto. Sino mang tao na nakararating dito sa ispiritwal na antas na ito ng paglago ay makatatagpo na sila ngayon ay naglalakbay sa landas tungo sa tunay na kababaan ng loob.
Damahin kapag inyong natagpuan na ito ay nangyayari sa inyo. Kayo ngayon ay nagtutulak papalayo sa mga nalalabi ng nakaraang maling mga paniniwala tungkol sa inyong sarili at sa inyong mailusyong pagkasarili.

Tandaan na ito ay ang inyong 'intensiyon' o 'motibasyon' o'pananalig' na nagbibigay ng mapanlikhang kapangyarihan upang gawin ang anumang gusto ninyong gawin.

Sa sandali na hangarin ninyo na kasama ng inyong puso upang salungatin ang inyong normal na layi ng inyong magnetikong emosyonal na mga gawi, inyong inilagay ang prosesong ito sa pagkilos. Kung may kaliwanagan ninyong inihahayag ang inyong mga layunin na gusto ninyong matupad at panatilihin ang mga ito sa unahan ng inyong paningin sa pamamagitan ng pagsusulat o sa inyong isipan, napaka may kaiklian inyong matutuklasan na ang mga ginustong mga pagbabago ay naganap sa inyong kamalayan. Kapag nangyayari ito, kayo ay makararamdam ng kagaanan sa ispirito at magkakaroon ng mga sandali ng purong ligaya. Kayo ay magpapatunay na ang **KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG** ay nagdadala sa 'nakakulong na mga puso' tungo sa perpektong kalayaan ng ispiritwal na pamumuhay.

Sa kagayang panahon, inyong dapat na maunawaan na ang inyong ego ay dapat,(dahil sa pangangailangan upang mabigyan kayo ng kakayahan na mabuhay), makapagpaniwala sa inyo na kayo ay may halaga sa inyong sarili at sa ibang mga tao. Anumang panlabas na seryosong paghamon tungkol sa halaga ng sarili ay may kataasang mapanira. Ang desperadong takot at panloob na pagbaba ng pagtitiwala ay maghahantong sa pananalig na kayo ay walang halaga sa mundo, at ang pagkitil sa sarili ay maaaring ang likas na bunga. Samakatuwid, ang inyong paglago ay dapat na dahan dahan.

Walang isa man ay dapat na umasa sa mga tao na maging buong nabago ng mga salita ng pagpapayo o mga oras ng inspirasyon. Ang paglago ay maaari lamang na mangyari nang dahan dahan, **isang pananaw sa isang oras.**

Ang tunay na ispiritwal na pananaw ay pupuno sa isipan ng tao na kasama ang bagong punto ng pananaw na makapagbibigay sa kaniya ng kakayahan na magsimula upang harapin ang tiyak na may kaugnayang mga kaganapan sa buhay nang may kaibahan. Itong pananaw na ito ay dapat na mamahala sa mga gawain ng tao hanggang ito ay may kabuuang makuha tungo sa kamalayan para sa hanggang kailan pa man at maging bahagi ng ebolusyon ng kaluluwa.

Bilang halimbawa, ang tao ay maaaring may ideya na siya ay magiging matagumpay sa buhay kung kaniyang palalakasin ang kaniyang kalooban na may kaagresibuhan para sa mga dumarating sa kaniyang bilog ng impluwensiya. Siya ay naniniwala na siya ay mas pakikinggan kung siya ay sumisigaw.

Pagkatapos siya ay maaaring gumising sa katotohanan na walang isa man ang nakagugusto sa kaniya at siya ay iniiwasan ng mga manggagawa at mga 'kaibigan.' Siya ay magiging mas agresibo dahil kaniya ngayong nararamdaman na winalan siya ng dangal, o kung siya ay nalilinang na kaluluwa, kaniyang tatanungin kung ano ang magagawa niya tungkol sa kaniyang pagkakahiwalay. Sa sandali na ang ***BANAL NA <u>BUHAY</u>*** ay pumasok sa kaniyang kamalayang ISIP at makapagpaunawa sa kaniya na siya sa kaniyang sarili ay umiiwas sa tao na naninigaw, siya ay magkakaroon ng kislap ng inspirasyon. Kaniyang matatanto iyon, na upang maging masaya at matagumpay, kaniyang dapat na ituring ang iba na kagaya na gusto niyang ituring siya. Maaaring mangatwiran kayo na ang pananaw na ito ay hindi kinakailangang inspirado kundi ay isinilang ng pangkaraniwang pandamdam, na siya sa kaniyang sarili ay may kagagawan para sa pagdating ng pagkakapangyaring ito. Bagaman, ito ay hindi gayon. Ang mga egong pag-iisip ay idinikta lamang sa pamamagitan ng 'pagsasama-paghihiwalay' na mga pintig, anumang bagong karunungan ay dumarating mula sa ***<u>'MAPAGMAHAL NA KATALINUHAN.'</u>***

Ito ay maaaring ang huling inspiradong kislap ng pananaw na siya ay magkakaroon, ngunit kung siya ay tunay na nasa ispiritwal na landas at nagsasaliksik ng pinakamataas na mga dimensiyon ng pagkakamit, siya

ay dahan dahang makauunawa na ang unang pagtatagumpay sa 'egong' ito ay hindi pa sapat. Siya ay magsisimula na makita ang ibang dati rati na hindi napagsuspetsahang makasariling mga hubog ng pag-uugali. Kaniyang itatadhana ang higit pang layunin na hindi maabot sa sandaling iyon, ngunit sa napakaikling panahon, kasama ng panalangin at meditasyon, ay kaniyang makakamtan din ang layuning iyon. Sa paraang ito, ang kaniyang mga along baybrasyon ng kamalayan ay matataas at siya ay dahan dahan na kikilos tungo sa 'Selestiyal na mga Kaharian ng Kamalayan' – ang 'Kaharian ng Kalangitan.'

Sa iba pang paraan, ang isang babae ay maaaring makaramdam lamang ng kasiguruhan sa pamamagitan ng hindi paggambala sa pangkasalukuyang antas ng pamumuhay. Siya ay natatakot na magsalita kapag pinakikitunguhan na walang respeto. Ang kagayang mahiyaing tao, habang mas komportable sa pananatili sa katahimikan, ay magdaranas din ng malalim na galit dahil ang mga tao ay hindi gumagalang sa kaniyang hindi aktibong personalidad. Ang kagayang tao ay kalimitan na tumutungo sa relihiyon para sa kaginhawahan at muling pagsisiguro at dahil sa hindi pagkaunawa sa mga batas ng pagiging naririto; siya marahil ay mananatiling nakatigil sa kaniyang katahimikan hanggang sa katapusan ng kaniyang oras sa lupa.

Talaga, dahil sa aking mga salita na nakatala sa mga sulat: 'Pinagpala ang mga tahimik dahil kanilang mamanahin ang lupa,' ang simbahan ay nagturo na ang katahimikan ay dapat na papurihan, siya ay maaaring makaramdam na ang kaniyang 'katahimikan' ay ang daan tungo sa ***LIWANAG.***

Ngunit, kung ang tahimik na maliit na dalaga ay makatatagpo ng **KATOTOHANAN** tungkol sa kaniyang 'pagiging lalang' at makakita ng tamang daan upang makagawa ng pakikipag-ugnay sa 'Pangkalahatang Kamalayan,' siya sa bandang huli ay masasabihang paloob at may kaliwanagan na, sa paraang ispiritwal, siya ay kapantay ng bawat isa. Siya ay magiging inspirado upang magpahayag ng kaniyang sarili nang maayos. Siya ay mabibigyan ng kalakasan upang magsalita ng 'kaniyang katotohanan' sa mas may pagtitiwala at nakaaakit na paraan.

Ang mga tao ay magsisimula na gumalang sa bagong personang ito at siya ay magpapakita ng panloob na ispiritwal na paglago na nakuha sa panahon na kaniyang nagugol sa meditasyon.

Tandaan, hindi kayo nasa lupa upang 'magbigay ng kaluguran sa Diyos,' na kagaya ng ang inyong simbahan ay maaaring magsabi sa inyo. Kayo ay nasa lupa upang 'ipahayag' ang 'Diyos' at upang gumawa ng mas malapit at malapit na pakikipag-ugnay sa Unibersal na Kamalayan hanggang kayo ay maging malaya sa magnetiko- emosyonal na pagkakagapos.

Kailangan kong gawing maliwanag ito na ang aking mga salita ay hindi tamang naisalin sa sulat. Ang sinabi ko: 'Pinagpala ang mga may puno ng kapayapaang mga puso dahil mamanahin nila ang lupa.'

Kapag pinagmuni muni ninyo ang mundo, inyong makikita na iyong mga bansa na may 'puno ng kapayapaan ang mga puso' ay nananagana at nabubuhay sa harmoniya kasama ng kanilang mga kapitbansa. Kung saan mayroong mga kaguluhan at pagpatay, itong di kaayusan ay ang direktang manipestasyon ng 'kamalayan' ng mga nakatira. Ang kagayang kamalayan ay sumisira sa bansa at nagdudulot ng kahirapan at karamdaman. Minsan, ang bansang kagaya ng Tibet, humahanga sa sarili nitong pagkakahiwalay at ispiritwal na mga ritwal at mga paniniwala, ay maaaring naiinis sa ilalim ng bigat ng sarili nitong pantao/ispiritwal na mga paglikha. Ang mga nakatira ay kailangan na pwersahin papalabas tungo sa magulong mundo upang marahil ay mailagay nila ang kanilang mga paniniwala sa pagsubok. Kanila ring dinadala 'kung ano ang totoo sa kanilang pag-iisip' sa iba na nabibigatan ng magnetiko emosyonal na mga tugon sa buhay. Sila ang naging daan sa maliit na landas, sa pag-aalis ng sakit na naranasan ng modernong lipunan.

Habang nasa paglalakbay na ito patungo sa ***LIWANAG, ang Selestiyal na mga Kaharian ng 'Banal na Kamalayan'*** kayo ay walang pagdadalawang isip na sasailalim sa mabato at mabakong mga karanasan hanggang inyong makamtan ang inyong tunay na layunin. Inyong mararanasan ang mga oras ng kahanga hangang ligaya at mga oras kapag ang inyong puso ay mabigat at ang inyong mga emosyon ay nahila ng paraang ito at ay dahil nararamdaman ninyo na mayroong hindi mapasok na hadlang sa pagitan ng inyong sarili at **Banal na Kamalayan.**

Maaaring inyong narinig na ang madilim na mga oras na ito ng panloob na kapaguran kapag ang tao ay hindi na nakaaalam ng kung ano ang dapat niyang ginagawa o kung saan siya ay pupunta. Pagkatapos, biglaan, kung itong ispiritwal na pagkakahiwalay na ito ay hindi na makayanan, at ang manlalakbay ay nagsuko sa kaniyang panloob na sarili nang lubusan, ang **Ilaw** ay nagpapaliwanag sa isipan, at ang tao ay makakikita ng mga kahanga hangang mas malalim na katotohanan tungkol sa pagiging naririto, ay makatatanto, nang mas maliwanag, ng kaniyang ***PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG***. Siya ay mapupuno ng galak dahil ang 'Diyos ay nagsalita.'

Oo, ang ***'BANAL NA BUHAY' ay nakapasok sa kaniyang kamalayan*** , at nag-angat sa kaniya nang ligtas sa baybay ng landas na maghahatid sa pagkakamit ng pinakamataas na ispiritwal na kamalayan ng Selestiyal na mga Kaharian – ang Kaharian ng Kalangitan.

Samakatuwid, ang daan paunahan ay sa pamamagitan ng paraan ng kagayang mga sandali ng malalim na mga kapahayagan. Ang mga ito ay dapat na pahalagahan at tandaan kung hindi lahat ng naikukonsiderang bahagdan ng trabaho ng sarili ay mawawala, at ang nagsasaliksik ay may pagpapatuloy na matutulak pabalik sa kung saan siya ay nagsimula ng paghahanap.

Ang ***Paniniwala*** ay dapat na matatag sa lahat ng pagkakataon. Ang pagpapabagu-bago patungkol ay walang napapala. Kapag ako ay bumababa sa inyong antas o dimensiyon ng 'kamalayan,' ako ay nakakikita ng may kaseryosohang may hilig na nagsasaliksik ng **Katotohanan** na nataas sa mga ilang oras at may kaligayahang nagsasabi sa mga tao ng kanilang karanasan, at pagkatapos, sandali pagkatapos, ay nagdududa sa kung ano ang sila ay nakatiyak na natanggap nila noong mas nauna. Ito ay nagpapabagal ng proseso ng ispiritwal na paglago. Ang mga oras na ito ng pagdadalawang isip ay dapat na buong lakas na labanan at pagtagumpayan sa pamamagitan ng meditasyon at panalangin. Dahil kung ano ang PAG-AAGAM AGAM ay walang iba kundi ang pagpapawalang bisa sa kung ano ang nalaman ninyo na at pinaniwalaan! Ang PAG-AALINLANGAN ay negatibong mapanlikhang kamalayang pwersa na nakadirekta laban sa pinaka karanasan ng ***'BANAL NA BUHAY' na nag- angat ng inyong ispirito pataas!***

Lumilikha kayo sa loob ng sarili ninyo ng maliit na digmaan sa pagitan ng inyong karanasan ng ***Banal na Kamalayan*** at ng inyong pantaong kabulagan. Inyong maaaring masira ang memorya ng banal na sandali at mapawi ang lahat ng mga bakas ng inyong ispiritwal na pagkakataas at paglago na nadala nito tungo sa inyong kamalayan. Itong sigalot ay mag-iiwan sa inyo ng pakiramdam ng kapaguran at nawalan ng ispirito. At kayo marahil ay hindi nakauunawa na lahat ay nag-iisa at hindi natulungan - kayo ang gumawa ng negatibong transpormasyon sa inyong sarili!

Ang mga tao sa ispiritwal na landas, ay kadalasang gumagawa nito sa kanilang mga sarili at naghahadlang sa kanilang ispiritwal na paglago, hindi tumitigil upang magtanong kung ano ang tama na kanila dapat na muling balikan dito sa pansariling indulhensiyang pagsasanay.

Ang mga tao ay gumagamit ng kanilang mga isip na walang ingat, na sumisira sa kanilang mga buhay at mga buhay ng ibang mga tao dahil sa kanilang mga iniisip at mga salita na nagmumula sa kanilang bugso ng

ego. Dahil ito lamang ay ang inyong iniisip na buhay at emosyonal na mga kaguluhan na nagtatapos sa mga pakikipag-away at krimen – hindi ang inyong mga mukha, mga katawan, mga kamay at mga binti hanggang ang mga pakikipag-away ay magtapos sa pisikal na abuso. Bagaman kahit na ang pangkatawang di pagkakasundo ay mayroong mga simula nito sa pagkabigo ng ego sa loob ng isipan at mga emosyon, at ay naipaabot sa mga kasu kasuan upang magbigay butas sa hindi mapigil na poot.

Sa paraang ito, ang mga kasal – mga pakikipagkaibigan- na nagsisimula sa pinagsasaluhang kagalakan sa katapusan ay nagwawakas sa pighati at parehong pagtanggi - dahil ang mga tao ay nakatatagpo dito na imposible na magpadaloy sa kanilang bugso ng ego tungo sa buhay at nagpapanatili ng pag-ibig na mga paraan ng pagpapahayag ng sarili.

Ang mga magulang at mga anak ay nagpapahayag ng pinagsasaluhang pag-ibig hanggang sa mga taon ng pagbibinata-pagdadalaga, at pagkatapos ang galit ay pumapasok sa tagpo at nagpapaasim sa mga relasyon kapag ang mga anak ay nagrebelde laban sa awtoridad at ang mga magulang ay tumutugon nang may pansariling katamaang pang-aabuso. Muli, walang pangangailangan para sa kagayang sigalot. Ang mga magulang ay dapat na may katiyakan na makaunawa na bawat henerasyon ay lumalaban upang makatayo ang mga paa nito sa mundo ng may gulang na at gawin ang mga bagay na mas may inobasyon kaysa sa ginawa ng kanilang mga nakatatanda? Paano ang mga nakababatang mga tao ay magtatagumpay kung pinipigilan na sa pangkabataang pagkakagapos?

Kapag ang mga kabataan ay nagiging mga nakababatang may mga gulang na, ito ay ang 'panahon ng paglaki' para sa mga magulang, na ngayon ay dapat ng maghanda para sa susunod na baitang ng kanilang buhay – mas lalong inspiradong paggamit ng kanilang natatagong mga talento, at pagkatapos ay ang matandang edad, pagtanggap ng kanilang mga nakaraang kawalan ng mabuting pagpapasya at mga pagkakamali, at, at sa wakas, ang mapayapang paglipat tungo sa walang katapusang **Liwanag.**

Bakit makikipag-away? Bakit makikipaglaban? Ang mga tao na buong kontrolado ng ego ay hinahayaan na lumipad at magpukpok papalayo para sa kanilang mga 'karapatan.'

Ang mga hinog na mga tao sa ispiritwal na paraan ay nagreresolba sa mga problema sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila nang may pagkaawa.

Ano ang ibig nitong ipakahulugan sa pantaong mga terminolohiya? Ang ibig sabihin nito ay- pakikinig sa ibang mga tao na may pasalita o matahimik na pagkilala na ang paraan na ang ibang mga tao ay **nakadama/ nakadarama** sa tiyak na sitwasyon ay kagayang may saysay at karapat dapat sa paggalang na kagaya ng inyong mga naramdaman/nararamdaman.

Kapag nadala ng malubhang konprontasyon na kung sa alin ay wala ni isa man sa inyo ay nakahanda upang magsuko sa katiting na dahilan, umalis na papalayo na nag-iisa at kumuha ng panahon upang malaman na kayo ay nasasangkot sa 'labanan ng kamalayan.' Ang away ay hindi naging bunga lamang bilang resulta ng kung ano ang sa katunayan ay naganap at nasabi sa sandali ng lubhang init - kung ano ang talagang nangyari ay ang epekto ng kung ano kayo ay parehong - nasa kamalayan.

Ito ay nagsasangkot sa inyong mga nakaraan. Ang sigalot ay nagmumula sa inyong personalidad mismo, ang tipo ng bugso ng ego na tinataglay ng isang tao, ang basikong mga pananaw ng tama at mali, ang normal na mga asal na mayroon ang bawat isa tungo sa ibang mga tao at sa buhay sa pangkalahatan. Samakatuwid, kapag mayroon kayong sigalot o konprontasyon, sabihin ninyo sa inyong katunggali na kayo ay kumukuha ng panahon na huminto upang tumayong matatag at patahimikin ang inyong isipan upang

magkaroon ng kakayahang makinig na puno ng pagtulong.

Pagkatapos – maging napaka talino. Tawagin ang **Banal na Kamalayan** para sa interbensiyon ng **Mapagmahal na Kamalayan** tungo sa sitwasyon.

Subukin na matanto – ilagay sa paningin – na pareho kayo ay nakatayo sa **Liwanag** ng **Banal na Kamalayan**, pantay sa mga pinagmumulan ng kaluluwa, pantay sa patutunguhan, - magkatulad na totoo, magkagayang tao, magkaparehong may pansariling kakaniyahang tinataglay.

Hanggang sa inyong makaya na buong mailubog ang inyong sarili dito sa pagkakaunawang ito - itong antas ng isipan – kayo ay hindi pa handa upang tumayo sa ***Banal na Liwanag*** upang may pagmamahal na ayusin ang inyong gulo at nasaktang mga pakiramdam.

Magbalik sa inyong katunggali at magmungkahi na kayo ay magtagpo at bawat isa ay mayroong lima o sampung buong minuto upang may kaliwanagan, may katahimikan, magpaliwanag ng inyong mga punto ng pananaw, ang inyong palagay sa kung ano talaga ang nasabi na – kung sa ano talaga tungkol ang away, paano ang mga pandamdam ay nasaktan, kung paano ang bagay ay mabibigyan ng solusyon.

Piliin na ang iba ay magsalita muna at muli ay isuko ang sitwasyon sa **Banal na Kamalayan.**

Kung mayroong lubhang matinding pait ng akusasyon na nangyayari, subukan na pababain ang inyong sariling ego at manatili na **ganap na matahimik** at kalmado. Ito ay malaki ang maitutulong para sa ibang nagsasalita, dahil siya ay makararamdam na siya ay pinakikinggan. Ito ay mag-aalis sa pakiramdam ng pagkabigo. Sa paraang may katwiran, unawain na kayo ay tumutulong sa inyong katunggali ngunit huwag ilagay na ang inyong sarili ay superyor!

Subukin ang inyong pinakamainam upang makita kung gaano ang nasabi na ay tunay na tungkol sa inyong sarili – maging anuman ito, kung may saysay, kagatin ang inyong dila at tanggapin ito. Maging masaya at magalak – dahil sa sandaling iyon kayo ay nagkaroon ng sandali ng pananaw tungo sa inyong sariling pantaong kamalayan, na nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na alisin ang aspekto ng bugso ng ego. Bawat oras, kayo ay nakapagpapa-alis sa inyong sarili ng munting bugso ng ego, inyong hinahayaan ang inyong kaluluwa ng mas maraming 'espasyo sa paghinga' at silid para sa mas aktibong pagkontrol sa inyong personalidad. Inyo ring itinataas ang mga alon ng baybrasyon ng inyong kamalayan at nakararamdam ng antas ng mas magaan sa loob ng inyong sarili.

Sa mga paraang ito ay lumalago kayo sa paraang sikolohikal - at ispiritwal.

Makinig sa mga pakiramdam ng ibang mga tao. Subukan na pumigil sa inyong sarili at unawain ang mga emosyon ng inyong katunggali. Damahin ang 'kaniyang' sakit, ang 'kaniyang' galit, ang 'kaniyang' mga pag-aala ala. **Isa isang tabi ninyo ang sa inyong sarili – at damahin ang sa kaniya.**

(Ang 'kaniya' ay kumakatawan sa parehong kasarian para sa kaiklian ng pagpapahayag)

Tanungin ang inyong sarili – Kung sino man ang nagsabi o nakagawa sa inyo ng kung ano ang nasabi o nagawa ninyo sa iba, ano ang inyong mararamdaman? Kung maisasa isang tabi ninyo ang inyong ego nang may kasapatan upang magkaroon ng kakayahan na ikonsidera ito, kayo ay nasa landas upang mapagtagumpayan ang uri ng bugso ng ego na naglalagay sa 'sarili' na nasa itaas ng bawat ibang konsiderasyon at ay hindi magawang makita ang anumang ibang punto ng pananaw.

Bago magsalita, mahinahon na maghintay sa katahimikan hanggang ang sampung minuto ng inyong katunggali ay lubos na tapos na - kahit na ito ay nangangahulugan na natatapos niya bago ang oras at pareho kayo ay nananatili sa katahimikan sa isang saglit.

Kilalanin nang may kagandahan na kaya ninyong gawin, na inyong narinig ang kung ano ang

kaniyang sinabi at inyong naiintindihan kung bakit siya ay nadismaya. Sa biglang kontrol na iyon sa sarili, tantuin na kayo ay nakakuha ng paraan ng pagkontrol sa inyong sarili at inyong nakuha ang unang hakbang upang gamutin ang sitwasyon.

Sa kabilang banda, - kung inyong hindi lubusang naunawaan kung ano ang kaniyang sinabi ay kayo ay sa paraang mental ay humahadlang sa bagay na sinasabi niya na hindi ninyo gustong marinig o tanggapin. Samakatuwid, muli, ang inyong ego ay nasa pagkontrol. Pigilin ninyo ito at anyayahan siya na magpaliwanag nang higit – at muli gawin ang inyong makakaya upang ilagay ang inyong sarili sa kaniyang lugar. Damahin ang kaniyang sakit. Unawain ang kaniyang galit.

Kapag inyong natanggap ang ibang tao tungo sa inyong pagkaunawa at kilalanin ito, ang kaniyang egong mga depensa ay magsisimula na mabawasan, makikita ninyo na siya ay nagsisimulang magrelaks. Pareho kayo ay makararamdam ng mas mabuti.

Habang nagawa na ninyo ito, may katahimikan, may kadahanan, may pag-iingat – kayo pagkatapos ay nagbibigay nang may maliwanag na pagkakapantay na larawan ng daan na inyong naramdaman sa mga kaganapan. Huwag gumamit ng mga salita na pinaghandaan upang ilagay sa baba ang inyong katunggali at bunga nito ay makadismaya sa kaniya. Tandaan na:

(a) kayo ay gumagawa ng pagsisikap upang kontrolin ang inyong ego bilang pangunahin tungo sa walang kondisyong pag-ibig.

(b) kayo ay gumagawa upang makamtan ang kapayapaan at pagkakaunawaan sa pagitan ninyo – hindi mga puntos.

(k) ang inyong tugon ay hindi dapat humantong tungo sa mas lalong sigalot dahil kayo ay gumamit ng mga salita na maaaring lalong makadismaya sa kaniya. Kung ito ay makatuya – ay ang inyong ego ay nanalo **laban sa inyo**. Ang inyong isip ay natalo.

Kapag kayo ay parehong nabubuhay sa ispiritwal na mga alon ng kamalayan, ito ay susunod na ang inyong katunggali ay magbibigay sa inyo ng kaparehong tugon ng pakikinig, pag-iisip at pagkilala ng inyong posisyon, na kagaya ng inyong ibinigay sa kaniya, subalit kung siya ay nabubuhay na may kaganapan sa panlupang mga alon ng kamalayan, kayo ay makakaharap sa mga kahirapan. Kaniyang maaaring maramdaman na inyong sinusubukan na pumuntos sa pamamagitan ng pagiging 'banal,' 'superyor' sa ilang mga paraan. Pakalmahin ninyo siya; sabihin sa kaniya na ito ay masakit na magkaroon ng sigalot sa pagitan ninyo. Inyo lamang sinusubukan ang paraan upang maisiguro na pareho kayo ay makakukuha ng patas na pakikinig mula sa isa't isa, at makarating sa tunay na pinagsasaluhang nagpapatawad na pakikipagkasundo sa halip na pang-ibabaw lamang kapag ang masakit na mga pakiramdam ay naiwan upang sumugat sa isip at puso at katawan.

Inyong dapat na bigyan ang bawat isa ng karapatan na hindi pumayag sa malumanay na pananalita – nagbibigay ng mga may saysay na mga dahilan para sa mga di pagkakasundo. Hanapin ang determinasyon sa loob ng inyong sarili upang kilalanin na kayo, bilang taong lalang, ay hindi maaaring laging tama dahil kayo, katulad ng sinuman, ay isinilang na may nagkukontrol na bugso ng ego na pumupuwersa sa inyo upang kuhanin at may kalakasang idepensa ang posisyon ng 'nasa ibabaw na aso.' Tandaan na habang kayo ay naniniwala sa inyong sarili na maging 'nasa ibabaw na aso,' siya din ay naniniwala sa kaparehong bagay. Sa paraang pantao, siya ay naniniwala sa kaniyang sarili na maging kahit papaano ay nasa pantay na baitang na kagaya ng inyong sarili kung hindi man superyor. Anuman ang kaniyang ego ay nagdudulot sa kaniya upang mag-isip ng tungkol sa kaniyang sarili at sa kaniyang punto ng pananaw ay may katumpakan

na kapareho ng sa inyong ego ay nagdudulot sa inyo na mag-isip ng tungkol sa inyong mga opinyon at mga ideya.

Kung maaari ninyong dalahin ang **Banal na Kamalayan tungo sa arena ng inyong pantaong kamalayan,** kayo ay literal na nakatanggap – na may maawaing pagtanggap at pag-ibig – ang pantaong katunayan ng bawat isa sa inyo tungo sa inyong mga sarili, ay nakatunaw sa pagkanegatibo sa pagitan ninyo at nakapagtaas ng mga alon ng mga baybrasyon ng kamalayan, na nag-iiwan sa inyo na nakararamdam ng mas magaan at mas masigla. Dahil ito ay nag-iiwan sa inyo sa perpektong kapayapaan, wala na sa gusot, ito ay lubhang mahalaga sa inyong kabutihan.

Kung, bagaman, kayo ay dapat tumanggi na makinig at makisimpatiya at tumanggap na may mapagmahal na pagpapatawad, ang 'katotohanan' ng ibang tao, ang pagtanggi ay lumilikha ng emosyonal na 'magnetikong pagtangging' enerhiya na sumasama at muling nagbibigay pwersa sa ibang mga latak ng pagtangging enerhiyang pwersa na nasa loob ng elektromagnetikong mga lunan ng kamalayan sa inyong buong sistema. Ang 'Pagtangging magnetismo' ay nagpapababa sa 'pagsasamang magnetismo' sa pagitan ng mga selyula at ang masamang kalusugan ay nangyayari.

Itong **katotohanang ito ng pagiging naririto** ay ang dahilan ng lahat ng sikosomatikong medisina. Ang mga tao na palagiang sumisisi at humuhusga sa iba at nagpapanatili ng buong saradong isipan tungkol sa kanilang sariling bahagi sa gusot, ay sa bandang huli ay makararanas ng mga uri ng radikal na pagbagsak sa kanilang pisikal o emosyonal na bahagdan. Kung kanilang masusubaybayan at tatrabahuhin ang pagkiling na ito upang maisakatuparan ang pagkontrol, paghusga sa iba at alisin ang kanilang mga sarili mula sa sisi, at sa katapusan ay makapagbibigay sa kanilang 'kaluluwa' ng buong kasanayan sa kanilang personalidad, ang pagbagsak ng kung anumang uri, ito sa kalauanan ay mawawala nang ganap.

Kung, sa panahon ng sigalot sa iba, kayo ay nagbibigay ng oras, espasyo at pang-unawa ngunit ay nakatatagpo lamang ng katigasan ng ulong paglaban sa anyo ng patuloy na pangungusap ng personal na agrabyadong pakiramdam, kayo ay humaharap lamang sa egong kabulagan at ang tanging bagay na dapat gawin ay tumawa, tanggapin ang pagkatalo, at lumakad papalayo.

Habang kayo ay lumalakad papalayo na may pagpapatawad at pang-unawa sa kanilang kumukontrol na ego, kayo ay maaaring tumanggap ng pagkatalo ngunit kayo ay kumuha ng pagkapanalo sa sarili at tumigil mula sa pagdadala ng negatibong mga baybrasyon patungo sa inyong lugar ng kamalayan.

Ang pinakamasamang bagay na inyong magagawa upang maghatid ng gulo ay ang magsabi sa mga tao ' na sila ay hindi dapat na makaramdam ng tiyak na paraan' o ' hindi nila binibigyan ng kahulugan ang kanilang sinasabi.' Itong dalawang mga kasabihan ay ang malaking paglabag sa dignidad at respeto na nauukol sa iba at inyong tinanggihan ang 'pantaong katunayan' ng ibang persona.

Maaari ninyong tanungin ang tao: 'Talaga bagang binibigyan mo ng kahulugan ang iyong sinasabi?' Kung ang sagot ay 'oo' ito ay dapat na tanggapin at ang pag-uusap ay dapat na magpatuloy mula sa puntong iyon. Huwag ipagkikibit balikat ang kung ano ang sinusubukang sabihin ng ibang tao sa inyo dahil hindi ninyo gusto na harapin ang kung ano ang sinasabi. Ito ay kaduwagan at nagbibigay ng mga puntos sa inyong ego. Maging matapang at makinig – na parehong taynga ay bukas upang tumanggap ng katotohanan sa likod ng mga salita.

Inyong dapat na tanggapin ang 'katunayan' ng sa tao – maging kayo ay sumasang-ayon dito o hindi, kahit na ang aspekto ay nagdudulot sa inyo ng pagkagulat o hindi kanais nais. Tandaan, hindi ninyo alam ang buong mga kaganapan mula sa kung sa alin ang kamalayan ng tao ay lumago tungo sa pangkasalukuyan nitong

anyo. Kapag humuhusga kayo, namumuna, nagkukondena sa anumang paraan, kayo ay nagtayo ng balakid sa pagitan ng inyong sarili at sa personang iyon na hindi matatanggal, gaano man na maaaring gusto ninyo upang hindi mapansin ang bawat bagay na negatibo sa kaniya at maging magkaibigan sa hinaharap. Sa hindi pagkakaalam, ang kung ano ang inyong tinatanggihan sa kaniya ay mananatili sa inyong kamalayan bilang pundasyon para sa panghinaharap na mga sigalot na dadami at sa katapusan ay makatatalo sa pagmamahal.

Sa hindi inaasahang pangyayari, inyong masasabi na ang mga bagay sa panghinaharap ay sumasalamin sa inyong pundamental na sekretong kawalan ng tiwala o di kanais nais. Sa halip na tumanggap sa kaniyang mga kahinaan na may pagmamahal at tulungan siya na harapin at mapagtagumpayan ang mga iyon, inyong inilalagay siya na maging listo laban sa inyo at hindi siya lubos na magtitiwala sa inyo. Ang inyong ego at ang kaniyang ego ay magkakaroon ng sekretong paglalaban na wala ni isa sa inyo ay magiging nakaaalam sa paraang konsyus.

Ang pag-ibig ay magiging galit. Tandaan – ang inyong buhay ay ESTADO NG KAMALAYAN sa kung sa alin ang mga iniisip at mga pakiramdam ay nakadeposito na kagaya sa taguang kahon. Hayaan na ang pagtanggap at pangangalaga ay maging ang bakal na kung sa alin ang kahon ay ginawa.

Kung makasagupa kayo ng sinuman na kayo ay nahalina, kung sa pakikipagkaibigan lamang, at inyong matuklasan na mayroong mga elemento sa kaniyang nakaraan na taliwas sa inyong mga prinsipyo – kayo ay may pagpipilian

(a) na manatili na may pakikipag-ugnayan sa kaniya, ganap na tinatanggap ang kaniyang nakaraan, at maaari na sa panghinaharap na mga sitwasyon ay tinutukoy ang mga katangian sa paraang lohikal at may pagmamahal, tinutulungan siyang lumago, o kung ito ay hindi posible,

(b) biglaang alisin ang inyong sarili mula sa sitwasyon hanggang inyong maaaring makita ang kaniyang mga problema mula sa perspektibo ng mapagmahal na pagtanggap na inspirado ng **Banal na Kamalayan** at matagpuan ninyo siya na nakatatanggap sa inyong mga prinsipyo.

Hindi ninyo dapat na akusahan ang isang tao na gumagawa mula sa pintig ng ego. Lahat ng taong lalang ay nadadala ng ego sa mas malaki o mas maliit na hangganan. Huwag gagawa ng pananaw na makapagpapababa sa iba.

Noong ako ay nasa lupa, aking hinimok ang mga tao na magpatawad at tumigil mula sa panghuhusga, pamumuna at pagkondena.

Ang simbahan ay nakapagbigay dito ng maling interpretasyon na ang kahulugan ay inyong dapat na ‘bigyan ng kaluguran’ ang Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal sa iba at pagtigil mula sa negatibong mga emosyon.

Hindi ito ang ibig kong sabihin. Walang ’Diyos’ na nangangailangan na ’bigyan ng kaluguran’ sa pamamagitan ng inyong asal.

Kayo ay mga master ng inyong kapalaran na kayo ay laging ‘nag-aani ng kung ano ang inyong inihahasik.’ Lahat ng mga nakaraang mga pahina ay idinirekta sa pagbibigay sa inyo ng mga detalye kung paano iwasan ang paghahasik ng mga damo sa inyong taniman ng gulay, **kung paano manatili na malusog, masaya, masagana.**

Ang oras ay darating sa inyong ispiritwal na paglago kapag kayo ay magigising sa malaking gantimpala na mayroon kayo sa inyong ulo - ang regalo ng mapanlikhang, *matalinong* pag-iisip, at kayo din ay magiging nakaaalam sa malaking responsibilidad na inyong tinataglay tungo sa paraan na inyong ginagamit ito.

Mayroong mga kahanga hangang mga tao sa inyong mundo na gumamit ng kanilang mga isipan sa kagayang paraan upang makakuha ng pananaw at paglago mula sa pang-araw araw na mga pakikipagtunggali sa kanilang mga buhay. Bai-baitang, sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-aanalisa, pagkilos tungo sa bagong mga punto ng pananaw, mas mataas na pang-unawa, sila ay naghuhubog ng bagong mga nararapat para sa kanilang mga sarili.

Kanilang pinakikibagayan ang mga nararapat na ito bilang mga alituntunin para sa kanilang panghinaharap na asal. Sa pamamagitan ng mga paraang ito sila ay may kakayahan na linisin ang kanilang mga pag-iisip, mga salita, mga gawa, upang muling bigyan ng kahulugan ang kanilang paraan ng pag-uugali sa mundo at ang pakikitungo sa mga pakikipagrelasyon.

Ito ay ang mga 'sariling -nagawang' mga tao – ngunit ay bihira na inyong matagpuan na sila ay hindi rin nakakuha ng kalakasan, pananaw, inspirasyon, emosyonal na katatagan mula sa mas mataas na pinagmumulan – ***Banal na Kamalayan*** o ang kanilang pananaw sa kung ano ay maaari nilang tawagin na 'Diyos.'

Noong nasa lupa, sinabi ko sa mga tao ang kwento – ang talinhaga ng 'Sampung mga Talento.' Sinabi ko na ang Panginoon na may maraming kayamanan ay pupunta sa ibang bansa pangsamantala at kaniyang iniwanan ang bawat isa sa kaniyang tatlong mga tagapaglingkod ng salapi.

Sa isa, nagbigay siya ng sampung talento, sa isa – lima- at sa nahuhuling isa ay nagbigay siya ng isang talento.

Noong siya ay nagbalik, tinanong niya ang bawat tagapaglingkod kung ano ang saysay na ginawa nila sa pera.

Ang isa ay nagsabi na dinoble niya ang puhunan ng master, at ang isa ay nagsabi na tumubo siya ng kalahati muli, at ang huling lalaki ay nagsabi na inupuan niya iyon, dahil sa natatakot siya na maiwala ang naibigay sa kaniya.

Pinapurihan ng master ang naunang dalawang mga tagapaglingkod sa kanilang pagiging episyente at katalinuhan, ngunit siya ay galit sa tagapaglingkod na hindi man lamang sumubok na gumawa ng anumang bagay sa isang talento na iniwan sa kaniyang pangangalaga.

Bawat isa sa inyo sa mundo ay mayroong inyong sariling dami ng 'talento' na kung sa alin ay mapagtatrabahuhan. Kung, sa inyong sariling pagkukusa, inyong natatagpuan ito na mahirap na matuklasan ang pinakamainam na paraan upang gumawa ng pakinabang mula sa inyong personal na talento at mga pinagkukunan – kumuha ng **Banal na Kamalayan** sa pamamagitan ng meditasyon, at unti unti, ang mga ideya ay may katiyakan na daratal, at ang mga ito ay may kaeksaktuhan na angkop sa inyong sariling katauhan.

Sa kagayang panahon – ikonsidera kung paano ninyo ginamit ang inyong mga talento sa buong buhay ninyo. Kayo baga ay lubos na naging abala sa paglikha ng kaligayahan at mga kaaliwan para sa inyong sarili – o kayo ay nag-ukol din ng oras sa pagtataas o pagpapabuti ng buhay ng iba?

Ito ay teribleng bagay na nabigyan ng mga talento na higit sa pangkaraniwan at upang wakasan ang inyong mga buhay na nagsayang sa mga ito sa pamamagitan ng indulhensiya sa sariling mga paraan ng pamumuhay. Anuman ang mga leksiyon na inyong hindi natutunan, anuman ang paglago na inyong iniwasan, anumang pag-unlad sa ispiritwalidad na inyong may intensiyong iniwasan – ay mga bundok na nilikha ninyo para sa inyong sarili upang akyatin sa inyong sunod na mga buhay. Ang mga ito ay ang hahadlang sa inyong landas at dapat na harapin – sa paraang ispiritwal- o muli ay maulit sa susunod na buhay.

Ito ay hindi kinakailangan na gumawa ng malaking daan sa mundo, makapagkamit ng progreso o kayamanan o kasikatan.

Maaari ninyong gamitin ang inyong mga talento bilang magulang, na naghahanap ng pinakamainam na mga paraan para maging matagumpay sa inyong trabaho sa pagtataguyod ng sa inyong mga anak na kabutihan. Anong mas mataas na pagtawag ang nariyan kaysa maging 'mabuting mapagmahal na magulang,' lalong higit kung kinukuha ninyo bilang inyong modelong ginagampanan ang ***Banal na Ama-Inang Kamalayan*** na ganap na nakadirekta sa paglago, nutrisyon ng isip at katawan, pagpapagaling ng isip at katawan, muling pagpapanag-uli ng isip at katawan, proteksiyon sa bawat anyo at katuparan ng ***bawat*** pangangailangan ng isip, mga emosyon, katawan – sa loob ng sistema ng Batas at Kaayusan at Walang kondisyong Pag-ibig. Bilang magulang – inyo bagang nasukat ang inyong sarili tungo sa **Kamalayan** ng inyong **Banal na Pinagmumulan ng Pagiging lalang?**

Ang ilang mga tao na nakagawa nang pinakamainam sa kanilang mga talento ay iyong mga tagapaglingkod – iyong mga kumalinga sa mga anak ng ibang mga tao na may debosyon at pagmamahal, naglilinis ng bahay na may buong atensiyon sa bawat detalye, lumilikha ng mapayapang kalmado at mapagmahal na kapaligiran para sa tagapagbigay ng trabaho na may pagmamahal at kabanayadan. Ito ay ang mga dakilang mga kaluluwa, ang mga indibidwal na nakagawa ng mga landas para sa kanilang mga sarili na naghahatid direkta tungo sa Kaharian ng Kalangitan.

Sa ibang kaparaanan, mayroong mga tao na gumamit ng kanilang mga talento para sa mga layunin ng pagsira sa iba upang pakainin ang kanilang kawalang halaga at malamig na kawalan sa loob ng kanilang sariling mga puso. Sa kalaunan, ang kanilang paggamit ng kanilang mga isip ay naghantong sa kanilang sariling pagkawasak. Mag-isip ng tao sa kasaysayan at sa kasalukuyang panahon, na humimok sa iba tungo sa rebelyon. Sila ay naging mga diktador. Pagkatapos ay isipin ang tungkol sa maaaring kahinatnan ng kagayang mga diktador. Ang kagayang mga tao ay umabuso sa mga pribelehiyo na ipinagkaloob sa pamamagitan ng 'kapangyarihan ng isip' at sila sa bandang wakas ay, magbabayad ng presyo, ngunit ay hindi bago nila nasira ang mga libu libong mga buhay para sa walang magandang dahilan, dahil wala na magiging 'magandang' dahilan upang gawin ang mga bansa tungo sa punit sa digmaang kawalan at nagwawasak sa masaganang ekonomiya.

Mag-isip ng mga pamilya kung saan ang emosyonal at mental na abuso ay hinog na. Ito ay ang karumal dumal na paggamit ng 'mental na kapangyarihan.' Ito ay tumatalbog sa nang-aabuso sa marami, maraming mga paraan – masamang kalusugan, karamdaman, mga pagkasugapa, depresyon at kawalan ng pagpapahalaga sa sarili.

Datapwat, huwag ninyong gamitin ang inyong mga utak, talino, pananaw, karunungan, edukasyon bilang plataporma mula sa kung sa alin ay mamumuna, huhusga o magkukondena sa iba na hindi umaabot sa inyong sariling pamantayan ng pagkaepisyente o kabutihan sa anumang antas ng inyong buhay.

Sa kagayang panahon – dahil, ang mamuna, humusga, at magkondena ay likas na kagaya ng paghinga para sa pantaong ego, **huwag subukan na itanggi ang inyong mga pananaw sa kung ano ang dapat na pagbutihin.** Upang gawin ito ay para itanggi ang katunayan ng ebolusyonaryong proseso. Ang layunin sa likod ng pagiging naririto ay upang maranasan – at upang pag-ibayuhin sa inyong mga karanasan. Samakatuwid, huwag huhusgahan o kokondenahin o tatanggihan ang mga kakulangan na naoobserbahan ninyo sa iba kundi ay dalahin kaagad ang inyong mga pananaw tungo sa **Banal na Kamalayan at patuloy na humingi para sa Banal na Kalutasan ng problema.** Manangan nang matibay sa pagkakapangyari ng kung anuman, kailan man, ang **Banal na Kamalayan** ay nakuha tungo sa problema ang katapusang resulta ay laging paglago at pagkalinang para sa lahat ng kinauukulan.

Subukan na laging ilagay sa isip, kayo ay nasa lupa upang magdala ng Banal na Kamalayan pababa sa inyong pang-araw araw na buhay, mga relasyon at mga kaganapan. Kayo ay narito upang gamitin ang inyong mga isip para sa espesyal na layuning ito.

Noong sinabi ko na ako ay dumating upang tulungan kayo na makatagpo ng ***'BUHAY na mas Masagana,'*** ang ibig kong ipakahulugan ako ay dumating upang tulungan kayo na mapagtagumpayan ninyo ang inyong magnetiko-emosyonal na pagkakagapos at upang humanap at gumawa ng tunay na pakikipag-ugnay sa ***BANAL NA BUHAY*** ang **Pinagmumulan ng inyong pagiging lalang.** Mula sa pag-uugnay na ito ay darating ang nataas na ***BUHAY*** na kung sa alin ay malayong lumalampas sa 'pisikal na buhay' na kinunukuha ninyo mula sa inyong pagkain lamang. Mula sa pakikipag-ugnay na ito ay dumarating ang ispiritwal na direksiyon, proteksiyon at ang ***May Kabanalang inspiradong Landas.***

Inyong maaari itong tawagin na 'Ang Landas ng Kristong Kamalayan'

Kapag inyong naunawaan ang ilang mga mas malalim na katotohanan na dati rati ay natago mula sa inyong kamalayan, inyong dapat na tanggapin at magalak na ang **Banal na Kamalayan** ay pumasok sa inyong pantaong kamalayan at nagsalita sa loob ng inyong isip. Magbigay ng matapat na mga pasasalamat at pahalagahan ang regalong ito at igalang ito. Huwag itong ipagkibit balikat, kung hindi ay inyong haharangan ng higit ang daanan ng **MAPAGMAHAL NA KATALINUHAN.**

Kayo ay magtatanong kung bakit kayo ay nakararamdam na kayo ay nag-iisa muli.

Ang mga tao ay nagsasalita na nabago ng 'panloob na Ispirito.'

Ang terminolohiyang 'panloob na Ispirito' ay hindi mali. Ako ay nakapunta na sa malaking mga sukat upang subukin na alisin sa inyong mga isipan ang matandang terminolohiya na kung sa alin ay maaaring mayroong hindi wastong kahulugan para sa inyo. Sa kagayang panahon, gusto ko na maunawaan ninyo na kapag inyong nakuha ang kung ano ang aking talagang gustong **ipakahulugan,**(dahil ako ay sobrang hindi nabigyan ng tamang interpretasyon sa nakaraan kaya ayaw ko na na ito ay mangyari muli), kayo ay hindi dapat na maibaba sa pamamagitan ng terminolohiya sa sarili nito. Hanggang **alam** ninyo kung ano talaga ang 'panloob na Ispirito', ***-BANAL NA BUHAY –KAMALAYAN' na gumagawa mula sa WALANG HANGGANANG UNIB RSAL NA KAMALAYAN*** at walang kinalaman sa mga 'ispirito ng mga namatay na,' inyong maaaring gamitin ang terminolohiya na may pinaka kahulugan para sa inyo, hanggang ito ay ang kahulugan na nabigay sa inyo sa mga **Liham** na ito.

Upang magbalik sa aking orihinal na pangungusap sa simula ng bagong seksiyong ito.

Ito ay kadalasan na sinasabi na ang mga tao ay maaaring 'mabago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng

Ispirito.'

Ang kagayang transpormasyon ay hindi posible. Wala na 'totoo' sa inyong pantaong sarili na maaaring mabago. Ang inyong kaluluwa ay naiguhit mula sa ***BANAL NA BUHAY KAMALAYAN*** at ay samakatuwid ay perpekto. Ang inyong pantaong 'personalidad' ay pansamantala lamang at binubuo lamang ng magnetiko emosyonal na 'pagsasama-paghihiwalay' na mga pintig. Bilang bunga, ang **Banal na Buhay ay dapat na dahan dahang mapasok ng higit at higit pa sa inyong kamalayan upang suguin kayo na alisin papalayo ang mga malalaking mga pintig upang ihayag ang ispiritwal na *Katunayan.* Marahil aking mas maiging maipapaliwanag ito sa inyo sa pamamagitan ng paggamit ng talinhaga.**

Ang isang babae na may pambihirang ganda ay pinanatiling nakatago sa loob ng malabong kulubong at ang masamang mukha ay ipininta dito. Kaya, ang katotohanan ng kaniyang pagiging ay itinago na sekreto at ilan ang tumungo malapit sa kaniya dahil sa kaniyang hindi magandang hitsura. Siya ay lumaki at natanto niya na ang dahilan ng kaniyang kalungkutan at pighati, kawalan ng kalayaan sa pagkilos at kalusugan, ay dahil sa mga kulubong. Subalit siya ay nasanay na sa mga ito na naramdaman niya na hindi siya mabubuhay kung wala ang mga iyon. Datapwat, siya ay masuwerteng sapat upang makatagpo ng 'naliwanagang guro' mula sa ibang bansa, at sa katapusan ay nahimok na alisin ang isa lamang kulubong. Pagkatapos ng maraming mga paghahanap para sa panloob na kalakasan upang ipagpatuloy na gawin iyon, siya ay nakiusap sa kaniyang 'guro' na tulungan siya. Itinaas ng kaniyang guro ang mga kamay ng babae at magkasama ay inalis nila ang talukbong na kung sa alin ay ang pangit na mukha ay naipintura at siya ay nakaramdam ng mas mainam sa pagkakaalis sa kaniyang sarili nito. Siya ay nagsimula na makaramdam ng saysay ng ligaya. Pagkatapos ng sandali, siya ay nagnais na alisin sa kaniyang sarili ang iba pang talukbong at muli ang kaniyang 'guro' ay dumating sa kaniya at tinulungan siyang alisin iyon. At ito ay nagpatuloy. Pag dami na tinanggal niya, ay pag lalong magaan na lumaki siya, at dahan dahan ay nasulyapan niya ang katunayan ng likas na nakapalibot sa kaniya, kaniyang nakikita nang mas maliwanag ang mga punong kahoy, ang mga ibon sa mga sanga at nakinig na nabibighani sa kanilang mga magagandang awitin, kaniyang nakita ang ganda sa mukha ng ibang mga tao, at nagsimula na maramdaman ang daloy ng pag-ibig sa kaniyang puso. Ang buhay ngayon ay nagiging tunay na Banal na regalo na dapat ingatan. Araw- araw siya ay nagbigay ng pasasalamat sa kaniyang 'guro' dahil sa pagtulong sa kaniya na maging ang kagayang masayang tao.

Sa kahulihan, ang oras ay dumating na hindi na niya makaya ang huling talukbong sa palibot niya. Alam niya na ito ay kumikitil sa kaniya mula sa mas lalong liwanag, ganda, harmoniya at mapagmahal na pakikipag-ugnayan sa ibang magagandang mga tao. Bagaman at hindi niya alam kung paano niya makakaya na wala nito, siya ay nagpahinga tungo sa katahimikan kasama ng kaniyang guro at nakiusap na maalis itong kahuli hulihang talukbong.

Ito ay oras ng pait dahil ang talukbong ay lumabas na naging bahagi na ng kaniyang pagkatao. Ngunit ay humingi siya at nakiusap at sa sandali ng maningning na **Liwanag**, ang talukbong ay nasunog na mula sa kaniya. Ang anyo na naiwanan sa kaniya ay ang ***Katunayan*- at siya ay dumating tungo sa perpektong panloob na kalayaan!**

Datapwat, ang kaniyang indibidwalisadong ***Katunayan*** ngayon ay kailangan na humanap ng daan upang kumilos sa kapaligiran; ito ay hindi inaasahang mahirap.

Dahil ang kaniyang mga pananaw tungkol sa **Katunayan** na pumapalibot at nasa loob ng kaniyang sarili ngayon ay maliwanag at lampasan, ang dahilan ng kaniyang pakikipagtalastasan sa ibang mga tao ay mahigpit na nagbago. Siya ay hindi na mapayapa sa lipunan at pangnegosyong kapaligiran, ni hindi na rin

makapanatili bilang kasapi ng kaniyang komunidad.

Ang mga tao ay tumingin sa kaniya at nagsabi, ' Oh, ito ay kung sino ka, wala ka ng talukbong, gaano kasama. Nakikita namin ikaw na napaka kakaiba – kahit na maliit na hangal.' Tinalikuran nila siya.

Ano sa palagay ninyo ang ginawa niya? Hinangad baga niya na magbalik sa oras noong siya ay natalukbungan na mabigat kagaya ng iba? Hindi, siya ay nakatagpo ng kagayang kapayapaan, kaligayahan at katuparan ng kaniyang kailangan, umalis siya sa kaniyang pamayanan at pumunta tungo sa isang pagtitipon at sumama sa ibang mga kaluluwa na nakakikilala ng kaniyang tunay na pagkakakilanlan at tumugon dito na may pagmamahal at kaligayahan.

Sabihin ninyo sa akin, ang kaniya bagang pagtatalukbong, ang kaniyang personalidad, ay nabago? Hindi, **sa tulong ng ' guro,'** inalis niya ang kaniyang sariling pagtatalukbong noong siya ay kombinsido sa pamamagitan ng kaniyang 'guro' (***BANAL NA BUHAY KAMALAYAN***) na ito ang tamang bagay na dapat gawin. Habang inalis niya ang iba't ibang mga baitang ng pagkakatalukbong, siya ay dumating nang mas papalapit nang papalapit sa karunungan *ng* ***Katunayan--Kaluluwa*** na natatago sa pamamagitan ng kaniyang pagkukulubong (ang personalidad).

Inyong marahil ay mauunawaan ngayon na ang pantaong 'personalidad' ay kagaya ng mental-emosyonal na sapot ng gagamba, minsan ay ang maruming kulubong ng maramihang pakikipagtalastasan sa pagitan ng magnetikong 'paghila/pagsasama' at magnetikong 'pag-igkas/paghihiwalay.' Ang mga taong nalinang sa paraang ispiritwal ay makakikita nitong maruming 'pagkukulubong' na ito na nagpapalabo sa balat ng tao na ang salita ay magaspang at ang kanilang mga iniisip ay nakasentro lamang sa palibot ng panlupang mga gawain ng ego.

Sa ibang paraan, habang ang indibidwal ay umaalis sa likod ng mga antas ng panlupang mga iniisip at mga tugon, ang balat ay nagsisimula upang magliwanag at ang liwanag ay sumisinag sa mga mata. Habang ang 'lupang personalidad' ay mahirap na maramdamang namamatay na papalayo, ang katawan ay nagiging higit na 'ispiritwalisado.' Ito ay may kaliwanagang nakikita ng mga tao na mayroong regalo ng ispiritwal na pang-unawa.

Huwag kayong matakot sa panghinaharap na pagkawala mula sa panlupang takbo ng pag-iisip. Inyong iwawaksi ito, unti unti, na may walang katapusang kagaanan. Ang inyong tunay na layunin sa buhay ay magiging mas maliwanag at ang inyong determinasyon upang maabot ito ay lalago nang mas malakas.

Kayo ay maaaring makipagtalo na kayo ay hindi na malimit na sa paraang mental o emosyonal ay nasasangkot sa magnetikong mga iniisip at mga pakiramdam. Ngunit kapag pinag-aralan ninyo ang inyong biglaang mga iniisip, inyong matatagpuan na kayo ay ganap na nadudominahan ng magnetikong 'paghila-pagsasama' at magnetikong 'paghihiwalay-pag-igkas' na mga iniisip sa buong araw! Ang inyong isipan ay nagpapanatili ng walang humpay na ingay ng mga puna at mga panghusga, mga kritisismo, mga ginugusto, mga ayaw, mga pakiramdam na reaksiyonaryo na nasa tabihan ng galit o pagtanggi, paghahangad para sa tiyak na mga bagay at mga pagkatakot na ang mga hinahangad ay hindi matutupad, pagpupunyagi para sa tagumpay at pagkairita o poot sa mga humadlang sa daan ng tagumpay.

Kapag ang ego ay nasa pagkontrol, ang isa na nananalangin ay gumagawa na may paniniwala at paghahangad. Kaagad, pagkatapos ng panalangin, sa pakikipagtagpo sa sinuman, ang sakit na kadadala lamang sa 'Diyos' upang harapin sa tamang paraan, ay may kalungkutan na sinabi upang makakuha ng ginhawa ng pantaong simpatiya, ngunit – ang kamalayang anyo at pwersa na napakawalan sa panahon ng pananalangin, ang 'paghingi, ang paniniwala at ang paghahangad,' ngayon ay nakansela na sa

pamamagitan ng pagkaawa sa sarili.

Ang isip ay karaniwang mala espongha, isang lugar na may malambot at putikang ibabaw, ng mga nagtatalong mga ideya. Sa panahon ng kabalisahan, ang tao ay maaaring magpunyagi upang magpokus sa nagbibigay ng buhay na pagkilala o pananaw ngunit, kagaya ng mapaglarong tuta na nagtataas ng bayong na papel na may lamang hangin, ang iniisip ay kaagad na nawawalis mula sa isip at ang puno ng kabalisahang iniisip na ang tao ay sumusubok na iwasan ay muli na namang naganap. At kaya ito ay nangyayari sa isip, pabalik at pasulong, hanggang ang tao ay naghahangad na makatakas sa sigalot.

Ang inyong panloob na pag-uusap ay maaaring magpatuloy ng mga linyang katulad ng: “Hindi ko gustong bumangon. Hindi ko gustong mag-agahan. Hindi ko gustong gumawa ng mga tinapay na may palaman, Ayaw kong pumunta sa trabaho, Hindi ko gustong makipagkita sa at sa ngayon, Ayaw kong maglaba, Ayaw kong gawin ito, iyon at ang iba.’

At kaya ang litanya ng ‘pagtanggi sa buhay’ ay nagpapatuloy sa ganap na hindi kontentong tao sa buong araw.

Subalit – sa halip na sa paraang mental ay magreklamo, ang diyalogo ay maaaring sa baybay ng mga linya ng ‘Hindi ko NARARAMDAMAN ang kagayang….’ Lahat ng mga pakiramdam na ito ay nanggaling sa mga bugso ng ego na tumatanggi sa kagayang mga gawain dahil ang mga ito ay pinalagay na nakababagot, hindi komportable o pabigat.

Sa ibang paraan, kayo ay maaaring gumising at magsabi na o makaramdam na ‘’Ito ay Sabado, ako ay kailangang magmadali at magbihis at pumunta sa palengke, mayroong mga bagay na gusto kong bilihin. Kailangan kong kumuha ng mga presas bago ang mga ito ay maubos. Kailangang pumunta ako sa mga tiyangge upang makatagpo ng mga mura. Ako ay magsasalita nang maayos sa aking asawa upang bigyan ako ng pera. Aking inaasahan na makikita ko si Patrik kapag pumunta ako sa opisina. Aking nais na magustuhan ako ng bagong hepe, kaya magtatrabaho ako nang mabuti at ako ay magiging kaakit akit sa kaniya. Aking inaasahan na ang aking esposo ay bibili ng bagong kotse. Ako ay nakatitiyak na ako ay makatatagpo ng paradahan kung ako ay nanatiling positibo. Umaasa ako na makakukuha ako ng bonus.

Lahat ng mga nabanggit na ideyang ito ay nanggaling sa egong nagbubuklod na mga pintig. ‘Gusto ko.’

Inyo ring maaaring idagdag kasama ang maraming ‘pagsasama’ at paghihiwalay ‘ na mga pakiramdam.

‘Umaasa ako na ang aking mga anak ay matulog nang maaga para ako ay makapagrelaks., Ako ay nagagalit dito kapag sila ay tumawag para sa tubig at gusto nila ako na magbasa sa kanila kapag ako ay pagod, ngunit kailangan ko na maging mabuting ina at maggugol ng kaunting panahon kasama nila.’ ‘Umaasa ako’ ‘na kaya ko’ ‘ Dapat akong’ ‘mabuting ina’ ‘maggugol ng panahon’ ay lahat na konektado sa pamamagitan ng magnetikong paghila-pagsasama. Ito ay ang mga bagay na ‘gusto’ ninyo para sa sarili ninyo. Ang mga iniisip na ito din ay nanggagaling sa mga takot – takot na matanong na gumawa ng mas higit sa nararamdaman ninyo na kaya ninyo sa sandaling ito. Mga takot ng kabiguan bilang ina. Ang pagkatakot ay isang direktang pintig na naranasan mula sa ego na kung sa alin ay humihingi na pantayan ninyo upang maging katanggap tanggap sa inyong sarili at sa ibang mga tao at bagaman ay napaka nalalaman ninyo na hindi ninyo kaya!

Sa pagkalinang ng sibilisasyon, ang magnetikong pagsasama-paghihiwalay na mga pintig ay naging komplikado at napaghabi na ang mga ito ay mahirap upang mapagkumpara at maunawaan. ‘Ako ay galit dito’ ‘tumawag para sa tubig’ ‘gusto ako na magbasa’ ‘ako ay pagod na’ ay lahat na magnetikong pagtanggi-paghiwalay na mga pakiramdam at dahil ito ay nangangailangan ng mas maraming enerhiya upang tumanggi at magtulak papalayo kaysa sa upang tumanggap at makisama, ang sigalot sa loob ninyo ay magtatapos sa

pamamagitan ng paggawa sa inyo na makaramdam na kahit na mas higit na nawalan ng ispirito at pagod, kahit na nga pakiramdam ng pagiging may sala, ngunit ay hindi makaya na makatagpo ng kalakasan upang gawin ang kung ano ay talagang, sa kailalimang pababa, ay gustong gawin: 'maggugol ng mas higit na panahon kasama ng mga anak,' 'magbasa sa kanila' at maging ina nila.' Ito ay magbibigay sa inyo ng pandamdam ng kakontentuhan at kabutihan, dahil, sa kahit na mas malalim na antas ay nalalaman ninyo na kayo ay makararanas at magpapahayag ng pag-ibig – kung saan lahat ng 'mga gusto' at 'mga hindi gusto' ay balabal na nagtatago sa pakiramdam ng pag-ibig. Kung kayo ay nakatono sa inyong pinakamalalim na mga lalagyan ng inyong pagiging at ay nakararanas at nagpapahayag ng 'pag-ibig,' - kayo ay tunay na mapayapa at masaya.

Sa kagayang panahon, pansinin na dito sa panloob na isang tono na nangyayari sa lahat ng oras sa nangangalagang mga ina, ang maliit na pandamdam na: ' Kailangan ko na maggugol ng kaunting panahon kasama nila' ay isang pananaw na nakuha direkta mula sa ***BANAL NA BUHAY- KAMALAYAN*** ngunit kayo ay maaaring maniwala na ito ay ang inyong konsiyensiya na nagsasabi sa inyo ng kung ano ang dapat ninyong gawin.

Marahil kayo ay nagsisimulang makakita na ang inyong isipan at mga emosyon ay katulad ng arena ng digmaan na may magkakasalungat na mga ideya na sumusunod sa bawat isa na may kabilisan na kayo ay may kakumpletuhang hindi nakaaalam sa kung ano ang inyong ginagawa sa inyong sarili. Ang inyong isipan ay isang timbangan. Ang inyong mga paniniwala, mga opinyon, mga reaksiyon, ay nagbabago batay sa anumang mga pagbabago na inyong nakikita sa mga pakikipagrelasyon at kapaligiran – ang timbangan ng mga gusto at hindi gusto, pagkagalit at pakikipagkaibigan, pag-aangkin at pagtatakwil. Lahat ng mga ingay na ito ay nagmumula sa pang-ibabaw na pagkakaunawa sa lahat ng talagang nagaganap sa inyong kapaligiran sa ilalim na antas. Kayo ay parang mga bangka na naglalayag sa mga karagatan. Inyong nakikita ang himpapawid, ngunit ay wala kayong ideya sa lahat ng paglago, pagkilos at buhay na aktibidad na nagaganap sa ilalim ng inyong bangka.

Ito ay nangangahulugan na kayo ay maaaring mag-isip na kayo ay nakikitungo sa sinuman sa totoong paraan ngunit sa ilalim ng ibabaw at sa likuran ng kanilang magandang panlabas, ang inyong kaibigan ay maaaring nakararamdam ng kalungkutan sa inyong presensiya at pananakit na dapat na maunawaan at mapag-usapan sa antas na mas sensitibo at may simpatiya, na mas angkop sa kanilang mga pangangailangan kagaya ng sa inyo.

Kuhanin bilang ehemplo, ang sumusunod na halimbawa. Sa mukha nito, ito ay lumalabas na may kakumpletuhang walang masamang naidudulot pareho sa inyong sarili at sa ibang mga tao, subalit ang pag-aanalisa ay magpapakita sa inyo na ito ay anuman ngunit hindi nakasasakit.

'Ako ay umaasa na ang masama ang pakikitungong babae ay wala sa trabaho ngayon'

Una, upang makagawa ng kagayang pangungusap, **sa inyong natatagong kamalayan,** inyong muling natingnan ang kaniyang pag-uugali at kinondena siya para sa mga problema na naidudulot ng kaniyang masamang asal. Kayo ay nagbitin ng bansag sa kaniyang leeg – 'masamang makitungong babae.' Inyong nilikha ang kamalayang enerhiyang pwersa na ang kaniyang pangalan ay nakalagay dito. Ito ay hindi makagagawa sa kaniya ng anumang mabuti. 'Gusto' ninyo sa paraang magnetiko (hindi sa paraang ispiritwal) na siya ay dapat ay **liban mula sa trabaho** upang maging mas maganda ang buhay para sa inyo. Sa nasa itaas na salaysay kayo ay naghahayag na kayo ay ganap na hawak ng 'ego,' dahil hindi kayo tumigil

sandali upang magtanong kung siya baga ay nahaharap sa anumang problema ng 'karakter na personalidad,' anumang natatagong karamdaman, pighati, problemang pinansiyal, na nagdudulot sa kaniya na maging maikli ang pang-unawa. Ang umasa na siya ay dapat na liban ay nasa likas ng 'pagsumpa sa kaniya.' Kung ang inyong pag-iisip ay may kasapatang marubdob at makapangyarihan, siya ay maaaring makasalo ng negatibong kamalayang enerhiyang pwersa at biglang makaramdam ng hindi maayos upang pumunta sa trabaho!

Ang kagayang prinsipyo ay sangkot sa pagkakaroon ng emosyonal na tensiyon tungo sa mga pagbagsak ng nerbyos.

Sa pasimula ng emosyonal na tensiyon, ang isip at mga emosyon ay nagsisimula na makipagkarera sa magnetiko-emosyonal na 'pagtanggi-pag-igkas- pag-ayaw' na mga pakiramdam. Ang tao na nasasangkot sa patuloy na mga iniisip kagaya ng: 'Hindi ko makakaya' na kung alin ay isang pagtanggi at direktang pagtatwa ng anumang naroroong enerhiya na ang tao ay nagtataglay upang harapin ang krisis. 'Hindi ko mapagtiyagaan ito' ay pagtanggi din sa personal na kalakasan. 'Ako ay galit na nangyayari ito sa akin' 'Ako ay napopoot na ang tao ay gumagawa nito sa akin.' 'Ako ay nagagalit upang baguhin ang aking istilo ng pamumuhay' ' Ako ay galit, Aking itinatanggi,' Aking hindi tinatanggap, Ako ay salungat, Ako ay lumalaban, Hindi ito nararapat sa akin.' Ang partikular na makamandag na kamalayang anyo (mga iniisip) ' Aking kukuhanin ang sarili ko pabalik' ay ang pinaghalong magnetiko-pagsasama-paghihiwalay. Sa katunayan, ang 'kamalayan' ng kagayang pangungusap ay:

'Galit ako sa kaniya at sa kung anong sobra na ginawa niya na tuturuan ko siya ng leksiyon. Gagawin ko sa kaniya nang may kaeksaktuhan kung ano ang ginawa niya sa akin. Pagbabayarin ko siya!'

Ito ay purong paghihiganti. Ang paghihiganti ay boomerang na kung alin ay sa paraang magnetiko ay nagbabalik, nagkakaloob ng pagdurusa ng ilang uri sa nag-iisip. Kung siya ay nasa Landas tungo sa Kristong Kamalayan, ito din ay magtuturo sa nagpadala ng maraming kinakailangang leksiyon. Itong mga nabanggit na mga pag-iisip at mga pakiramdam kasama na ang pumapatay na galit ay nagdadala ng mga pagbagsak ng nerbyos kahit na pisikal.

Maaaring mayroong mga tao na nagbabasa ng mga Liham na ito na makatatanda sa aking pagkonpronta sa puno ng igos na malapit sa Betanya. Ako noon ay gutom at may kahangalan na tumingin para sa igos kung kailan ay wala ang mga ito sa panahon.

Noong wala akong natagpuan, sinabi ko sa puno' wala sana na makakain ng iyong prutas muli.' At ang puno ay natuyo hanggang sa mga ugat nito at namatay noong kasunod na araw, na sobrang ikinagulat ni Pedro. Ito iyong panahon na kung kailan ako, bilang si Hesus, ay ganap na iresponsable sa paggamit ng aking 'kapangyarihan ng isip' at nakapagdulot ng pagkawasak para sa kung sa alin ako ay nagsisi. (Ipinaliwanag ko nang buo ang tunay na mga dahilan para sa pangyayaring ito sa **Liham 3**) Subalit, kapag nagsasalita sa aking mga alagad, akin ding ginamit ito bilang halimbawa at babala sa kapangyarihan na nagagawa ng isipan sa mga nabubuhay na mga bagay.

Hayaan din na masabi ito, na noong araw na iyon, aking kinastigo at itinaboy ang mga magpapahiram ng pera papalabas mula sa templo, at may kagaspangan na minaliit ang mga eskriba at mga Pariseyo sa kanilang mga mukha. Lahat ng mga gawaing ito ay magnetiko-emosyonal na pagsasama-paghihiwalay na mga pintig. **Sa paraang pinag-isipan, aking inilagak ang tatak sa aking napipintong kamatayan sa pamamagitan ng pagkakapako sa krus.** Batid ko nang may kaeksaktuhan kung ano ang aking ginawa dahil ang aking oras sa lupa ay nalalapit na sa wakas at upang magsabi ng katotohanan, ako ay naghangad

na upang iwanan ang inyong mundo.

Kapag ang mga tao ay unang dumating sa ispiritwal na landas at naghahanap ng 'Mas mataas na Kapangyarihan,' marami ang naturuan sa pamamagitan ng 'sariling-tulong' na mga guro upang masangkot sa magnetiko-emosyonal na pagsasamang mga iniisip sa mas malaking antas, bagaman ang kagayang mga guro ay walang ideya na ang kanilang mga tagubilin ay nagiging dahilan upang palakasin ang kapangyarihan ng ego.

Ang ispiritwal na naghahangad ay naturuan: 'Kung kayo ay magmeditasyon, 'Diyos' o ang 'Kapangyarihan ng aking Subkonsyus' ay makatutulong sa akin na makuha ang lahat ng aking mga kailangan,' 'Aking ilalagay sa aking paningin ang bahay na gusto ko at nalalaman ko na makukuha ko ito,' 'Ako ay bibili ng mga damit na kailangan ko at maniniwala na ako ay kahit papaano ay makatatagpo ng hulugan.' Sila ay nagkukonsentrasyon sa 'magkaroon ng paniniwala' at sa pagkakamit ng kung ano ang kanilang kailangan o gusto.

Sa simula ng kanilang pagbabago ng kamalayan at ang pagsasakatuparan ng kanilang paniniwala, sila talaga ay nakararamdam ng pambihirang mga benepisyo. Ang ginustong mga bagay ay dumating sa kanilang mga buhay, natagpuan nila na ang mga pintuan ay bumubukas, sila ay nakapagkakamit ng tagumpay. Itong penomena ay naghahayag na ang materyal na mga dimensiyon ng kanilang kamalayan ay nagiging mas ispiritwalisado at bilang bunga ay nagkakaroon ng mga pag-unlad sa kanila. Ang buhay ay hindi gaanong mahirap.

Subalit ang inyong mga buhay ay nakatakda upang magpahayag ng bawat antas ng inyong kamalayan – isip, mga emosyon, katawan.

Kapag inyong nagamay na ang pisikal na mga dimensiyon ng kamalayan, ang inyong sunod na pagkakaabalahan tungo sa ispiritwalidad ay nasa dimensiyon ng inyong mga emosyon. Samakatuwid, bigla, sa kalagitnaan ng inyong kasaganaan, ang hangin ay umiihip at ang ulan ay pumapatak sa inyong dati rati ay matatag na emosyonal na kamalayan, na lumilikha ng maraming mga dalamhati ng bawat uri. Ang mga ito ay maaaring sa likas ng pagkawala ng pamilya, kalusugan o mga ari arian, ang biglang mga pagkatalo ng maraming mga uri sa maraming mga antas ng inyong buhay. Ito ay sa mga panahong ito na marami ang nawawalan ng kanilang dating pananampalataya. 'Ang positibong Pag-iisip ay hindi na gumagana!' sila ay nagdedeklara.

Hindi, ang positibong pag-iisip sa sarili nito ay hindi gumagana; - ni hindi ang 'kapangyarihan ng inyong subkonsyus' dahil ito ay aspekto lamang ng inyong buong ispiritwal/pantaong pagiging lalang. Kapag ang inyong mga emosyon ay nasa kaguluhan, kayo ay tinatawag upang pag-aralan ang inyong buong kamalayan, ang inyong mga paniniwala, inyong mga pakiramdam tungo sa inyong sarili at sa iba, ang inyong pananampalataya sa ispiritwal na dimensiyon – kahit na ang kahulugan ng kamatayan at ng inyong buhay pagkatapos sa mas mataas na dimensiyon. Ito ay lubhang masakit na panahon sa mga buhay ng mga tao. Lahat ay dumadaan sa oras na ito ng kaguluhan sa isang anyo o sa iba pa.

Ito ay maaaring ang oras ng malaking pangloob na paglago at ang pagkilos tungo sa kaligayahan o ang nagpapatuloy na oras ng kapaitan at galit. Ito ay oras upang gumising nang lubos at maunawaan na ang bunga ng mga karanasan ay ganap na nakadepende sa inyo – hindi tadhana o kapalaran- kundi kayo – maaaring gumagawa sa inyong ganang sarili lamang o may debosyon at palagiang kasama ng **Banal na Kamalayan** na dumadating sa katapusan sa tugatog ng lubos na kaligayahan.

Ito ay sa oras ding ito, na ang tao ay nahahamon na gumamit ng isip sa paraang nakapagbubuo,

umaabot para sa pinakamataas na mga pananaw at mga nararapat na kung alin ay upang makasanayan ang mga emosyon.

Ang pagkakaiba sa pagitan ng reaktibong iniisip – na nanggagaling mula sa mapintig na mga tugon ng ego sa mga hindi maginhawang mga sitwasyon, - at ang mapanlikha, *matalino*, maalalahaning iniisip, ay magiging malinaw.

Kapag ito ay nangyayari – at ang pananaw ay nailagay tungo sa pang-araw- araw na paggawa, - ang pagiging master ng sarili ay malapit na.

Iyon lamang mga guro na nakagagabay sa inyo tungo sa lahat ng mga antas ng pagkaunawa sa sarili, pagsisisi, pagkagising, pagbabago ng mental/emosyonal na mga hubog, kumikilos nang paitaas tungo sa mas mataas na ispiritwal na mga alon ng mga baybrasyon hanggang marating ang **'pagkaunawa sa Diyos'-** ay ang mga **Guro ng Katotohanan-** na tunay na makagagabay sa inyo tungo sa Kaharian ng Kalangitan. Kung ang unang antas ng paglago, naghahanap ng materyal na kakontentuhan sa pamamagitan ng positibong pag-iisip ay buong nakamtan para sa mga nagsasaliksik at nagdala sa kanila ng lahat na inasahan nila, ang buong mundo ay, sa ngayon ay lumipat na sa paniniwala sa 'positibong pag-iisip.'

Datapwat, ito ay panimulang punto ng dati rati ay hindi aktibong kaluluwang ispiritwal na paglalakbay at hindi dapat na tanggihan o husgahan. Ang isip ay gumigising sa katotohanan na lampas sa panglupang dimensiyon ay mayroong ispiritwal na dimensiyon na tinatawag na 'Diyos,' ang 'taong nakaupo doon sa itaas' o ' unibersal na kapangyarihan' na sumasagot sa mga panalangin.

Tandaan na tayo ay nagsasalita ng tungkol sa 'kamalayan.' Ang isip ay nagiging nakababatid na mayroong mas higit sa buhay kaysa sa pang-araw-araw na paggiling at mga ginugusto upang maranasan ang 'anuman ito ay' dahil ang kasalatan sa ilang mga antas ng pagiging naririto – kalusugan, mga kaparaanang pampananalapi, kaligayahan, pagmamahal at iba pa ay nagdudulot 'dito' upang humingi ng tulong.

Dito, tayo ay mayroong parehong magnetiko-emosyonal na pagsasama sa paggawa. 'Gusto ko.' Subalit habang ang nagigising na isip ay nagiging ang tagapagmasid sa kung ano ang nangyayari sa isip at mga emosyon, sa pamamagitan ng nasalang pakikipag-ugnay nito sa ***BUHAY KAMALAYAN,'*** ito ay magsisimula na 'makakita' ng ilan sa magnetiko-emosyonal na 'pagsasama-paghihiwalay' na mga gawain na ito ay nasasangkot. Sa katapusan, ito ay may kasapatan na maliliwanagan upang tumungo mula sa 'nag-aaring pag-igkas' na mga pakiramdam at mananalangin para sa tulong upang mapagtagumpayan ang mga ito. Ito ay kadalasan na sa oras na ito na ang tamang **Guro** para sa kaluluwa ay darating sa kaniyang buhay. Kung ang kaluluwa ay naglakbay sa landas ng buhay sa maraming mga panahon, ito ay ang ilang mga ***Guro*** na nalinang nang may kasapatan upang gumiya sa nagsasaliksik na kaluluwa mula sa mga kadena at pagkakagapos ng bugso ng ego at paunahan tungo sa ***Liwanag*.**

Tandaan, sa inyong pakikitungo sa iba; maging maingat sa kanilang mga 'ego.' Ito ay ang kanilang tanging paraan ng panloob na pagkabuhay hanggang sila ay makakuha ng tunay at permanenteng sulyap ng **Banal na Kamalayan** at sila din ay makaunawa na sila ay mayroon sa loob – at lampasan sa kanilang mga sarili, ang pinagkukunan ng kalakasan, kapangyarihan at inspirasyon.

Inyo ring dapat na matanto na sa pagiging indibidwalisado tungo sa pangkatawang anyo at mental-emosyonal na aktibidad, kayo ay nahaharap sa mga batas ng pagiging naririto. Kayo ay nabigyan ng indibidwalidad at pagkakakilanlan at walang hangganang kakayahan para maabot ang **Kristong Kamalayan** at mayroong presyo upang bayaran para sa mga ito.

Dahil, maaari, maraming mga panahon ng buhay, (hangang kayo ay matuto nitong bihirang karununggan ng 'sarili'), kayo ay makararanas ng mga pagpapabagu bago at napakaraming mga pagiging komplikado ng buhay at mga pakikipagrelasyon. Sa maraming mga buhay sa nakalipas, kayo ay maaaring nakagawa ng nakagagalit na mga bagay na kinonsidera ng iba na maging 'kasalanang nabigyan ng persona' ngunit itong mga magnetikong personalidad na mga karanasan ay nakapagbahagi sa inyo sa pagdadala sa inyo kung saan kayo ngayon naroroon sa ispiritwal na pananaw. Samakatuwid, inyong dapat na makaya upang matanggap na walang 'kasalanan' laban sa 'Diyos' o 'kasalanan' laban sa iba.

Ang 'ego' ay maaari lamang na mayroong ganap na pagkontrol at gumawa ng masisising mga bagay na ang 'kaluluwa' ay natutulog pa sa loob ng mabigat na sapot ng gagambang pagkakagapos ng magnetikong personalidad. Kung saan ito ay ang kaso, ay walang posibilidad na pilitin ang kagayang tao na siya ay gumawa ng mali laban sa iba. Walang panloob na iluminasyon mula sa ***Liwanag*** upang magpakita sa kaniya ng mas mainam na paraan upang mabuhay. ***ITO*** ay lubusang naharangan ng egong magnetikong kamalayan. Subalit, ang sakit na nararanasan ng kagayang tao(dahil bawat bagay na ginagawa niya sa iba ay magbabalik na may buong sukat at higit pa), sa katapusan ay makagagawa sa kaniya na tanungin ang pagiging naririto, at ang pagpupukol ng mga katanungan ay ang paraan sa kung sa alin ay upang makatanggap ng mga sagot mula sa ***'BANAL NA BUHAY.'***

Aking sinimulan itong seksiyong ito sa pamamagitan ng pagsasabi na ang mga tao ay naniniwala na sila ay maaaring mabago ng 'Ispirito.'

Ngayon, inyong nauunawaan kung bakit aking sinabi na 'walang dapat na baguhin' Walang 'tunay' o 'walang katapusan' sa personalidad. Mayroong malaking pangangailangan upang alisin itong papalayo **upang ihayag ang Banal na nasa loob.**

Sa Palestina, aking tinawag itong prosesong ito na 'pagkamatay ng sarili' na kung alin ay nakapagpatunay na maging nakatatakot na pangungusap. Dahil dito, maraming mga tao ay nahadlangan mula sa pagtahak sa landas na naghahatid tungo sa pinakamataas na ispiritwal na mga dimensiyon. At oo, ang huling hakbang sa pag-aalis sa proseso ay talagang parang kamatayan. Ang tao ay nawawalan ng mahalagang bahagi ng kaniyang pantao/panlupang sarili habang sumasailalim dito, subalit ang kagaanan at ang panloob na kapayapaan na naranasan kapag ang pakikipagtunggali sa kahulihan ay nalampasan, ay hindi maisalarawan. Ang kaligayahan ay pumupuno sa puso. Mayroong tunay na kasiguruhan, kapahingahan at kapanatagan sa katahimikan ng isip. Sa wakas, ang pakikipagtunggali para sa personal na pagkontrol ay tapos na. Ang tao ay nagiging 'master.' Mayroong sumusunod na oras ng ispiritwal na kapahingahan at pagpapanibagong kalakasan.

Ito ay sa mas nahuhuli ay masusundan ng pagyapak tungo sa bagong dimensiyon ng 'pagiging lalang.'

Wala sa pantaong tagpo, 'ang may saysay' na kagaya na nagawa nito noon.

Ang mga tao ay humuhusga sa inyo? Noong nakalipas, ang magnetikong personalidad ay makagagawa sa inyo na makaramdam kayo ng galit dahil ang inyong kawalan ng kasiguruhan, ang inyong nagsusulong na pangangailangan upang maging perpekto sa bawat isa, upang makakuha kayo ng pagpayag. Kung, wala kayong pagpayag, ang ego ay nakikipagtalo, paano kayo mabubuhay? Ano ang magiging katulad ng inyong buhay?

Kapag ang tinig ng 'ego' ay namatay nang papalayo, wala ng pangangailangan upang maghanap ng kasiguruhan dahil kayo ay NAKASIGURO NA! Alam ninyo na kayo ay napapanatili, napapamalagi, napakakain, napapangalagaan, nagagamot sa pamamagitan ng ***BANAL NA BUHAY KAMALAYAN'***

anuman ang maaaring isipin ng iba sa inyo. Ang inyong galak, kaligayahan, kasayahan, personal na katuparan at kakontentuhan ay lahat na nasa loob ninyo. Sa totoo lamang, hindi na ninyo kailangan ang iba pa.

Maliban, na kayo ay bahagi ng lahat na 'pagiging ng iba pa,' at kapag ang ***Liwanag*** ay nagpupuno sa inyo, kayo ay may nagtutulak na pangangailangan na mag-alay sa iba ng lahat na ang ***BANAL NA BUHAY KAMALAYAN*** ay nagbubuhos tungo sa inyong bawat sandali ng araw habang pinapanatili ninyo ang palagiang pagdama sa magandang dimensiyong ito na nasa inyo.

Hindi na kayo magtatatwa sa personalidad ng iba, bawat isa ay katanggap tanggap sa inyo, bawat isa ay nangangailangan ng pag-ibig at ngayon kayo ay mayroong marami niyon upang ipamigay. Hindi na ito ay pakikipagtunggali upang 'magmahal na walang kondisyon.' Ito ay dumarating nang kusa.

Anumang mga kamalian na inyong maaaring naiwanan, anumang mga hindi wasto na nagagawa ninyo sa inyong pag-uugali sa iba, bilang resulta ng mga latak ng 'ego' na naiwan sa hulihan, ang mga ito ay nahahayag sa inyo subalit hindi na ninyo ikinahihiya mula sa sariling karunungan sa halip ay niyayakap ito na may pag-ibig at pagbibigay ng pasasalamat. Inyong natutuklasan na ang pagkilala at pagtanggap sa negatibong pantaong mga reaksiyon sa inyong sarili ay parehong maayos at nakapagpapagaling. Inyong may kasiyahan na tinatanggap at kinukuha ang responsibilidad para sa anumang mga mali na inyong nagagawa at pagkatapos kapag inyong napag-isipan ang 'mapagmahal na paraan,' inyo itong pinakakawalan na. Kayo ay nakararanas ng panloob na kapayapaan, nalalaman na kayo ay natuto ng maliit ng bagay na mahalaga na magtatayo sa inyo sa mabuti kung sa susunod kayo ay mahahamon ng panlupang mga karanasan. Ang oras para sa malalim na pagsisisi ay tapos na, dahil ito ngayon ay nakagawa na ng trabaho nito sa pagpapalaya sa inyo mula sa magnetikong emosyonal na mga tugon sa buhay na nagdala sa inyo ng paghihirap noong nakalipas.

Inyo ngayong napasok na ang aking tinurang 'Kaharian ng Kalangitan' noong ako ay nasa lupa. Inyong matatagpuan na ang lahat ng inyong mga kailangan ay naibibigay at inyong MALALAMAN na ang anumang mga pangangailangan sa hinaharap ay makakatagpo din na halos ay biglaan. Itong karunungan ay nagpapanatili sa inyo sa palagiang pakikipag-ugnay sa ***'BANAL NA BUHAY'*** at nagbibigay sa inyo ng malaking pandamdam ng kasiguruhan. Kasama ng kapayapaan ng isip at kapanatagan ay dumarating ang galak at kasiyahan, at ang bagong pandamdam ng masiglang kalagayan. Ang hindi grabe, o kroniko o kahit na mga malapit na sa kamatayang mga karamdaman ay mawawala at kayo ay muling papasok tungo sa bagong antas ng inyong pagiging naririto. Bawat oras na natututo kayo ng leksiyon, kayo ay nag-iiwan ng anumang bagay ng pantaong dimensiyon sa likod ninyo at kumikilos paunahan tungo sa mas mataas na alon ng ispiritwal na kamalayan.

Ako ay nagsasalarawan para sa inyo ng mga gantimpala na naghihintay sa inyo kung kayo ay nagpunyagi at humarap sa magnetikong emosyonal na pagkagapos ng 'paghila/pagsasama-paghihiwalay/pag-igkas.' Ito ay ang mga kung alin ay paunang nagbibigay sa inyo ng pagkaindibidwal ngunit ay naging mga hadlang ng kaluluwa at mula sa kung alin kayo ay dapat na maging malaya upang maalis ang gilingan. Itong gilingan ay ang haba ng inyong pangkasalukuyang buhay, na patuloy na umiikot, patuloy na nagdadala sa inyo tungo sa mga karanasan na hindi kayo masaya. Kung, sa wakas, kayo ay may kakayahang makalampas, sa ispirito, ang inyong magnetikong emosyonal na mga reaksiyon sa buhay, ang gilingan ay magsisimula na bumagal at pagkatapos, biglang, inyong matatagpuan na kayo halos ay nakatigil at kayo ay magsisimula upang maranasan ang magandang kalidad ng buhay na aking isinalarawan sa itaas.

Kung aking maaalis itong pasanin na ito na nakapatong sa inyo sa pamamagitan ng inyong panlupang pagkatao. Alam ko ang inyong mga paghihirap, ang inyong mga oras ng kabiguan, ang inyong lumbay sa malungkot na gabi, ang inyong mga oras ng mental at emosyonal na kaguluhan. Habang ako ay bumababa tungo sa inyong kamalayang mga alon upang maglipat ng aking mga mensahe at upang maunawaan kung ano ang kailangan na sabihin sa inyo, ako ay naging nakababatid sa inyong panlupang mga kondisyon at ang mga salitang ito ay ang aking tugon sa inyong pinaka agarang mga pangangailangan para sa saklolo at pagpapagaling.

Huwag mag-alinlangan na ang mga salitang ito ay galing sa akin. Kumuha ng kaginhawaan mula sa mga ito at ALAMIN na habang pinag-aaralan ninyo ang mga salitang ito ang mga ito ay, sa panahon, ay magdadala sa inyo ng malalim na iluminasyon sa loob ng inyong kaluluwa na kung sa alin ay magdadala ng tungkol sa hinangad na mga pagbabago sa inyong buhay at sarili.

PAANO MAGMEDITASYON

Kapag kayo ay nagmemeditasyon, kumuha ng posisyon na kung sa alin ay pinakakomportable para sa inyo. Hindi kayo dapat na pumunta sa pisikal na mga pagbaluktot. Magpahinga at magrelaks. Sabihin sa inyong sarili na magrelaks at pagaanin ang lahat ninyong mga kasukasuan, kasama na ang inyong ulo, leeg, mukha, tungo sa estado ng hindi lubos na may kahigpitan.

Kailangan ko na itatak sa inyo na ang meditasyon ay dapat na- sa katapusan- ay kasing payak kagaya ng matahimik na pagkilos tungo sa pagkaka-idlip. Ang layunin ng meditasyon ay upang magkaroon ng kakayahan ang inyong *buong kamalayan* upang kumilos ng lampas sa mga hangganan ng talino at dahilan. Mayroong mga guro na magsasabi sa inyo na 'mag-isip'… anuman na kayo ay nasabihan upang isipin, kayo ay makasisiguro na kayo ay hindi natutulungan upang pumunta sa kahit saan maliban tungo sa bagong may imahinasyong mga dimensiyon ng inyong sariling mga proseso ng pag-iisip.

Kung ano ang sa paraang ito ng 'pagmemeditasyon' ay makapagkakamit para sa inyo ay ang paglaya mula sa mga iniisip at kabalisahan na ang inyong mga pwersa ng ego ay lumilikha para sa inyo. Sa mundo ng imahinasyon, ang ego ay maaaring – o maaaring hindi – na maging hindi aktibo.

Bago magsimula sa meditasyon, maghanda sa pamamagitan ng ganap na pag-unawa na kayo ay gagawa ng pakikipag-ugnay sa ***'BANAL NA KAMALAYAN'*** na parehong nasa loob at lampasan sa inyong kamalayan – samakatuwid ***ITO*** ay nasa labas din at nasa palibot ninyo. Ilagay sa paningin nang may kaeksaktuhan kung ano ang ibig sabihin nito.

Tandaan, sa lahat ng mga oras, na kung ano ang inyong INIISIP tungkol ay kung sa ano kayo ay nakatutok.

Ang inyong mga iniisip ay ang mga 'naghahanap na liwanag' na gumagawa ng pakikipag-ugnay sa kung ano ang inyong hinahanap.

Tandaan na ang bawat 'iniisip' ay mayroong sarili nitong alon ng mga baybrasyon sa kamalayan. Maniwala **alamin** dahil ito ay totoo. Pag mas ispiritwal ang iniisip, ay pag mas mataas ang mga alon ng baybrasyon. 'Ang kamalayang mga anyo' na kinakatawan ng mga salita ay hindi nakikita kundi ay mga 'tiyak na mga bahagi ng pagiging lalang.'

Mayroon ang mga itong buhay ng kamalayan sa loob ng mga ito. Ang mga ito ay namagnet tungo sa katulad

na 'kamalayang mga anyo.' Ang kapareho ay nahihila ng kapareho.
Isipin ang 'aso' at ilagay sa paningin ang kung ano ang gusto ninyong ipakahulugan, at ang inyong mga iniisip ay matutono sa mga angkan ng aso.

Mag-isip ng **'PANGKALAHATANG KAMALAYAN'** o **'BANAL NA BUHAY' na may pagkakaunawa sa kung ano ang inyong ibig ipakahulugan- at ang inyong mga iniisip ay madidirekta tungo sa 'PANGKALAHATANG KAMALAYAN' – BANAL NA BUHAY.**
Kung inyong lubusang naunawaan ang lahat ng aking sinusubukan upang sabihin sa inyo, inyong MALALAMAN na ang inyong meditasyon ay nakararating sa pinupuntirya nito.
Alamin ito at inyong matatagpuan na ang inyong pananalig ay lumalakas.
Ang inyong pananalig ay nananatiling mahina dahil kayo ay umaasa lamang, o nagnanais, o sa paraang magnetiko ay 'gusto na' tumono tungo- sa **BUHAY KAMALAYAN**, dahil kayo ay umaasa na kayo ay makakukuha ng ilang pakinabang mula sa pagsasakatuparan.

Hindi baga ninyo nakikita kung gaano 'panlupa' ang kagayang pakikitungo sa* IYON KUNG ALIN AY NAGBIGAY SA INYO NG *'PAGIGING LALANG'?
Ito baga ay may paggalang? Ito baga ay akma sa tao na naghahanap ng tunay na pakikipag-ugnayan, at umaasa na gumawa ng ganoon?
Habang ang ***WALANG HANGGANG UNIB RSAL NA KAMALAYAN*** ay hindi ang mitong 'Diyos' na nasa itaas kagaya ng isinalarawan ng Matandang Tipan,
Ito ay ang ***Kawalang hangganang Makapangyarihang Katunayan*** na sa bawat lugar ay naroroon, na naghahayag ng sarili ***Nitong*** pagdidisenyo, matalino, ebolusyonaryo, nagmamahal na pangangalaga para sa lahat na ***Ito*** ay nakapagdala tungo sa pagiging lalang.
Ito ay kung ano ang dapat ninyong matanto na inyong sa katapusan ay haharapin, habang kayo ay nasa lupa pa, kapag inyong naabot ang pinakamataas na mga dimensiyon, pagkatapos na ang inyong magnetikong mga emosyon ay nalusaw na hindi lamang mula sa inyong isip, kundi ay sa inyo ring subkonsyus, at solar pleksus.
Una sa lahat, kayo ay makaka-ugnay sa ***AMA-INA-BANAL NA BUHAY*** na laging aktibo sa loob ng inyong buong sistema at ang sansinukob.
Tandaan ***Ito*** ay nasa pagkakapantay sa loob ng ***walang hangganang pangkalahatang dimensiyon***, at aktibo sa loob ng mundo.
'Amang-gawain na naglalagay ng mga layunin. **'Inang-pagmamahal** na nagdidirekta sa daan na ang mga plano ay lilinangin upang magtaguyod ng pinakamataas na kabutihan sa kung ano ang ginagamay, o pinagagaling, o pinuprotektahan.
(Hindi mabilang na mga tao ay magsasabi na ang mga pangungusap na ito sa itaas ay lahat na imahinasyon. Sila ay maaaring magtawa kagaya ng gusto nila. Iyong mga nakatutupad upang makagawa ng pakikipag-ugnay sa ***Ama-Ina-Buhay-Kamalayan*** – iba pang pangalan para sa ***BANAL NA BUHAY KAMALAYAN*** subalit ay nagsasaad ng dobleng mga katangian nito – ay magkukompirma na ang nabanggit ay ang wastong pagsasalarawan ng ispiritwal na ebolusyon na sumusunod sa kagayang pakikipag-ugnay.)
Upang magbalik sa inyong meditasyon,
Una sa lahat, bago sumubok na pumasok sa inyong antas na malapit sa meditasyon, sauluhin ang

sumusunod na panalangin para ang mga salita ay maging inyong sarili.

Kapag kayo ay naging may kaperpektuhang nakarelaks, simulan ang inyong meditasyon ng panalanging ito. Sabihin ito nang marahan at ilagay sa inyong paningin ang ibig sabihin ng bawat salita upang makapagbigay sa inyo ng kakayahan na makapasok kayo tungo sa kamalayan ng salita at makapagbigay ng kakayahan sa enerhiyang kamalayan ng salita na pumasok tungo sa inyong pinakamalalim na sarili. Habang sinasabi ninyo ang panalanging ito, ang inyong mga mata ay dapat na nakapikit at ang inyong pokus-paningin ay nakataas patungo sa inyong noo.

AMA-INA-BUHAY, kayo ang aking buhay, ang aking palagiang suporta, ang aking kalusugan, ang aking proteksiyon, ang aking perpektong katuparan ng bawat pangangailangan at ang aking pinakamataas na inspirasyon.

Hinihingi ko sa inyo na ihayag ang totoong Katunayan ng Sarili ninyo sa akin. Alam ko na ito ay KALOOBAN ninyo na ako ay ganap na maliwanagan na ako ay mas higit na makatanggap ng pagkakaalam ng Inyong Presensiya sa loob at sa paligid ko. Ako ay naniniwala at nakaaalam na ito ay posible. Ako ay naniniwala na pinuprotektahan ninyo ako at pinamamalagi ako sa loob ng perpektong PAG-IBIG. Alam ko na ang aking katapusang layunin ay IPAHAYAG KAYO.

Habang nagsasalita ako sa inyo, alam ko na kayo ay may kaperpektuhang nakatatanggap sa akin, dahil kayo ay PANGKALAHATANG MAPAGMAHAL NA KATALINUHAN na may kahiwagaang nagdisenyo ng mundo at nagdala dito tungo sa nakikitang anyo.

Nalalaman ko, na habang ako ay nagtatanong sa INYO upang mangusap sa akin, ako ay nagpapadala ng kamalayang nagsasaliksik na liwanag tungo sa inyong Banal na Kamalayan at habang ako ay nakikinig, KAYO ay papasok sa aking pantaong kamalayan at darating na mas malapit sa aking may tumataas na nakatatanggap na isip at puso.

Aking ipinagkakatiwala ang aking sarili at buhay sa inyong pangangalaga.

(Sa bawat oras na sambitin ninyo at ilagay sa paningin ang panalanging ito, kayo ay lumilikha ng **ispiritwal na kamalayang anyo** na magiging mas malakas at mas mataas ang mga alon ng baybrasyon dahil ang tunay na kahulugan ng panalangin ay lumalalim sa inyong isip at puso at ang inyong mga pananaw ay tumataas.**)**

Pagkatapos ng panalangin, magrelaks nang mas malalim at hayaan na ang inyong isip ay maging blangko hanggang kaya ninyo. Kapag ang mga iniisip ay pumapasok, malumanay na bigkasin ***'Banal na Buhay' o 'ama-ina-buhay'*** sa inyong sarili at muling patahimikin ang inyong isip. Pagkatapos ng maraming mga buwan ng matapat na meditasyon, kayo ay maaaring dumating upang maramdaman na ang inyong katawan ay biglang napapakislot, katulad ng tao na natutulog at pagkatapos ay biglang nagising. Kung ito ay nangyayari, maging puno ng pasasalamat dahil ang inyong kamalayan ay pumapasok sa mga hadlang ng inyong dati rating nalikhang kamalayang mga pwersa na bumabalot sa inyong kaluluwa.

Kapag inyong nararamdaman ang inyong sarili na pumapasok sa kakaibang malalim na antas ng kamalayan, malalim na kayo ay hindi masyadong humihinga, alamin na kayo ay nagsisimula na upang makamtan ang inyong layunin. Sa katapusan ng inyong meditasyon, laging magbigay ng masaya at puno ng pagkilalang mga pasasalamat.

Tandaan na wala na maaari ninyong isipin, sabihin, o gawin, ay maaari sa anumang paraan na makababawas sa lahat na ang ***'ama-ina-buhay-kamalayan' .***

Bagaman, anumang hindi paniniwala ay makabubuo ng hadlang sa pagitan ninyo at ng ***ama-ina-buhay.***

Gusto kong babalaan kayo: kapag kayo ay sumusubok na patahimikin ang inyong isipan at mga ideya, kayo ay maaaring makaramdam na hindi maalwan, sa pisikal ay hindi maginhawa at maging balisa. Ito ay dahil- sa pangunahin – kayo ay darating na laban sa maitim na dingding ng inyong 'kamalayan' at ito ay maaring sobrang nakabibigo - maging masakit.

Pagpalain ang karanasan at humingi sa ***'ama buhay' upang pasukin ang inyong kamalayan sa sunod na oras na kayo ay nakikinig.***

Pagkatapos ay tumayo at ilagay ang karanasan sa likod ninyo.

Kapag inyong natatagpuan na kayo sa wakas ay pumapasok tungo sa katahimikan, ay magpahinga nang pantay, na nalalaman na kayo ngayon ay nakapasok na sa kung ano ang maaaring sabihin ng isa na 'banal ng mga banal' dahil, sa wakas, kayo ay nakapagkakamit ng pakikipag-ugnay sa ***'ama-ina-buhay'*** na nasa loob ninyo. Ito ay mangangailangan ng panahon para dito sa may kataasang ispiritwal na karanasan ng Katahimikan upang maging pang-araw- araw na gawain.

Tandaan na kayo ay may oras ng buhay ng bagahe ng ego upang itapon at tunawin.

Anuman ang inyong nararamdaman o ay nababatid sa panahon ng inyong meditasyon, kapag kayo ay nakalabas mula dito, asahan na makaramdam ng pagkakaiba sa inyong buhay. Tandaan na ang pag-aasam ay 'kamalayang' anyo at habang kayo ay 'nag-aasam' kayo ay nagbubukas ng daan para sa iyon na kayo ay 'nag-aasam' na mamagnet tungo sa inyong karanasan, anuman maaari ito na ay inyong kinakailangan o kinakaharap.

Kung hindi ninyo nararamdaman ang anumang kagaanan ng ispirito, sa kabila ng inyong matapat na mga inaasahan, huwag itanggi ang mga pagbabago o magduda sa posibilidad ng mga ito.

Tandaan na ang inyong kamalayan ay elektromagnetiko, ay may kaparehong substansya kagaya ng sa inyong pisikal na katawan, at ito ay ang pundasyon ng lahat ng mga karanasan sa inyong buhay. Magpatuloy sa pag-aasam – habang ginagawa ninyo kayo ay nagtatayo ng kapangyarihan, ang enerhiya ng inyong mga 'pag-aasam – kamalayang mga anyo' na guguhit sa mga sarili nito ng manipestasyon ng lahat na inaasahan ninyo. Ang **'Ama-ina-buhay-kamalayan'** ay maaari lamang mamagnet tungo sa inyong indibidwal na kamalayan sa pamamagitan ng paniniwala, matapat na pag-aasam, at ang kagustuhan upang buksan ang inyong sarili sa paglilinis ng inyong magnetiko-emosyonal na 'pagsasama-paghihiwalay' na mga pintig.

Ilan sa inyo sa kasalukuyan ang pumupunta tungo sa meditasyon sa paraang ito at lumabas na **NAG-AASAM** ng mga pagbabago?

Ilan ang nawalan ng puso noong maramdaman nila ang ilang pagbabago at pagkatapos ay wala na sa isang saglit?

Ilagay sa inyong isipan na sinabi ko sa inyo na kayo ay nahaharap sa mga ritmo ng 'mataas' at 'mababa.' Kung kayo ay nasa inyong mga 'mababa,' ang daloy ng Banal na Buhay sa inyong sistema ay bumaba at ang mga alon ng baybrasyon ng inyong kamalayan ay bumaba din. Bilang bunga, ang pakikipag-ugnay sa **'Ama-Ina-Buhay-Kamalayan'** sa mga panahong ito, sa simula ng inyong pagsasaliksik, ay halos imposible. Sa unang mga araw ng inyong paghahanap ng **Katotohanan,** sa panahon ng inyong meditasyon, kayo ay sobrang naka-ugnay sa inyong subkonsyus, at inyong matatagpuan na mayroong nakaiiritang pagbabalik ng lahat ng mga matatandang negatibong iniisip at mga ala ala na inisip ninyo na napagtagumpayan na ninyo. Kapag kayo ay pumapasok sa inyong mga 'mataas,' inyong matatagpuan ang muling pagbabalik ng inyong ispiritwal na sarili at magagalak dito. Ang inyong mga meditasyon ay magiging mas higit na positibo at

produktibo sa pakikipag-ugnay sa **'Ama-Ina-Buhay-Kamalayan.'** Kung mayroon kayong tapang upang panatilihin at gawin ang disiplina sa sarili sa panahon ng 'mababang' mga panahon na kagaya ng sa mabuti, inyong matatagpuan sa katapusan, na ang mga 'mababaha' ay magiging hindi gaanong 'mababa' at anumang nakaraang depresyon ay maitataas.

Tandaan, na sa bawat oras ng 'puno ng panalanging kamalayan' ay nagdadala sa inyo na mas malapit sa inyong layunin, bagaman ay maaari na kayo ay nananatiling ganap na hindi nakababatid nito. Sa kabila niyan, ang mga bagay ay nangyayari para sa inyong huling kabutihan- maniwala sa mga ito.

Noong nasa lupa ay aking sinabi:

Ako ay dumating upang bigyan kayo ng KALAYAAN

Ako ay dumating upang magdala sa inyo ng 'BUHAY NA MAS MASAGANA'!

Ang sekreto ng inyong kapaguran, pagkaupos, hindi palagian, kawalan ng kapanatagan, takot, kalungkutan, depresyon, ay udyok ng inyong magnetikong emosyonal na 'pagsasama-paghihiwalay' na mga tugon sa buhay at ang subkonsyus na mga tularan na minsan ay umuokupa at naghahantong sa inyo sa mga kalagayan na hindi ninyo ninais na likhain. Dahil sa mga 'likas na mga pintig ng pagkaindibidwal' na ito, kayo ay nakatitiyak na hindi malaya, kayo ay nasa ilalim ng kontrol ng magnetiko-emosyonal na pagkagapos pareho sa inyong konsyus at hindi konsyus na isipan. **Kayo ay nabubuhay sa paghawak ng Ego na nagbigay sa inyo ng pagkaindibidwal at nagtali sa inyo sa mga sagabal ng emosyonal na mga tugon sa buhay.**

Subalit, ang oras ay dumarating para sa matapat at masigasig na mananaliksik, ang tao na may kasayahang sumusunod sa daan ng **'Kristong Kamalayan' – ANG DAAN NG KRISTO –** kapag 'siya' ay nagmemeditasyon at pumapasok sa magnetiko emosyonal na mga lugar ng utak, upang tumanggap ng kaliwanagan na nakatatak sa loob ng pinaka mataas na mga lugar ng utak sa ilalim ng bungo. Ang bagong mga selyula ay natatatakan ng bagong karunungan.

Ito ay ang nagpapatuloy na proseso, at kayo marahil ay makararamdam nitong 'pagbubukas' na nangyayari sa inyong utak.

Kayo ngayon ay nagsisimula na upang gumana nang higit at higit sa loob ng napakakonsyus na isip na may mas malaking pakikipag-ugnay sa **'ama-ina-buhay-kamalayan'** hanggang ang oras ay dumating kapag hindi na ninyo makaya ang 'egong' mga pag-iisip at mga pakiramdam na nagdudomina sa inyong normal na pang-araw araw na kamalayan at kayo ay namamatay sa kamatayan ng ganap na pagsuko ng sarili. Kapag ito ay nangyayari, ang **'ama-ina-buhay-kamalayan'** ay magpupuno ng inyong paningin na hindi isasama ang lahat. Kayo ay papasok sa 'kamalayang mga alon' ng kung ano ang tinuran ko sa lupa, ang 'kaharian ng kalangitan.' Itong antas na ito ay maisasalarawan ng dahan dahang pag-aalis mula sa uri ng pamumuhay na inyong kinasiyahan noong nakalipas. Ang inyong buhay pag-iisip ay magiging mas dinalisay, at inyong matatagpuan ang inyong sarili na tumutugon sa mga sitwasyon, mga kaganapan at mga tao, sa mas pantay na paraan. Habang kayo ay maaaring hindi gaanong emosyonal na mainit o malamig kaysa noon, kayo ngayon ay magiging nasa unang mga haba ng alon ng kung ano ang inyong tinuturang 'walang kondisyong pag-ibig' at gagawin ang bawat bagay mula sa punto ng pananaw ng pagtataguyod ng pinakamataas ng kabutihan ng bawat isa, na nangangahulugan: para sa kanilang paglago, nutrisyon, paggaling, proteksiyon, katuparan ng kanilang lehitimong mga pangangailangan sa loob ng sistema ng batas at kaayusan. Kayo ay

magmamahal ng mas malalim kaysa noon subalit wala sa 'pantaong' sentimiyento na maaaring makapagdulot ng maraming mga kamalian sa pakikipagtalastasan at pagkilos.

Kapag nakapagkamit kayo ng tunay na panloob na karunungan, kayo ay magkakaroon ng kakayahan na lampasan ang emosyonal na bagahe, kayo ay makapagmemeditasyon at makakukuha sa **'ama-ina-buhay'** at inyong mararamdaman ang bagong enerhiya na pumapasok sa inyong sistema, na nagbibigay sa inyo ng bagong pataas na pwersa. Kayo ay tatawa, magiging mas mapaglaro, makatatagpo ng kaligayahan sa maliit na mga bagay, magmamahal sa mundo, makararamdam ng umaapaw na pasasalamat para sa bawat maliit na biyaya na pumapasok sa inyong buhay. Inyong matatagpuan na ang mga biyaya ay dumarami sa inyong karanasan at bumubuhos sa inyong araw araw na landas.

Paano ang tao ay umaasal, sino ang nakalusot sa kalayaan mula sa 'ego'?

Sa katapusan, ang kagayang tao ay lubos na malaya sa takot. Mayroong ganap na pananalig na saan man siya pumunta, siya ay napuprotektahan. Kahit na siya ay dumaan sa may potensiyal na mapanganib na mga karanasan, siya ay lalabas na hindi nasugatan. Kaniyang malalaman na wala siyang pangangailangan sa espada o baril upang magprotekta sa kaniya. Siya ay protektado laban sa bawat negatibong kahihinatnan saan man siya ay naroon.

Hindi siya matatakot sa sakit, dahil malalaman niya na bawat kaakibat na probisyon sa kaniyang sistema upang panatilihin siyang malusog ay ganap na kumikilos at gumagawa nang maayos.

Kaniyang malalaman na hindi siya 'maghahangad' para sa mga bagay na kinakailangan upang gawin ang kaniyang buhay na masaya at maginhawa. Sa pagpapatuloy, siya ay magpupuri at magbibigay ng pasasalamat sa ***'AMA-INA-BUHAY'*** para sa lahat ng mga bagay na natanggap na at tatanggapin pa sa hinaharap.

Kaniyang nalalaman na siya ay gagabayan upang maging nasa tamang lugar sa tamang oras.

Kaniya ding nalalaman na maaari niyang hilingin anuman ang kinakailangan at ang tugon ay darating nang may kabilisan.

Subalit ang paghingi ay dadating mula sa kaniyang kaibuturang naliwanagan sa paraang ispiritwal at hindi siya maghahanap para sa anumang bagay na pansarili lamang kundi ay laging nananalangin para sa mga bagay na nasa loob ng konteksto ng kung ano ang mabuti para sa kaniyang kapaligiran, pamayanan, pamilya, mga kaibigan.

Siya ay magkakaroon ng bukas na isipan, nalalaman na ang KATOTOHANAN ay walang hangganan at habang maaaring makaalam siya ng marami ay mayroon laging mas higit na dimensiyon upang saliksikin. Ito ay kung ano ang gumagawa sa buhay sa anumang dimensiyon, kahit na ang Selestiyal na mga Kaharian ng Kamalayan, na nakapagpapasigla at puno ng layunin.

Sa kaniyang pang-araw-araw na buhay, ang naliwanagang kaluluwa ay gigising na may isipang walang laman kundi papuri at pagbibigay ng pasasalamat. Sa katapusan, siya ay magiging nakaaalam ng mga gawain na naghihintay sa kaniya, at nagbibigay ng pasasalamat para sa enerhiya at kagustuhan na gumawa ng mga gawaing ito, siya ay aalis papalayo upang gawin ang mga ito na walang anumang panloob na paglaban o pag-aatubili upang magsimula.

Bilang bunga ng kaniyang asal sa pang-araw araw na pinagkakaabalahan, hindi siya nagsasayang ng enerhiya sa paglaban sa anumang hugis o anyo. Kung mayroong espesyal na dahilan upang tumanggi sa ilang mga mungkahi o pamumuwersa, siya ay gagawa nang mahinahon at may katwiran na walang magnetikong-emosyonal na mga pakiramdam ng pagkayamot o pagtanggi.

Siya ay nagiging walang kinikilingang tagamasid, gumagawa ng tamang bagay sa tamang sandali.
Tinataglay niya sa kaniyang kaluluwa ang katiyagaan, naghihintay para sa pagpatnubay, naghihintay para sa tamang mga pinto upang mabuksan, naghihintay sa pagkompirma na anumang mga plano ay talagang may kabanalang ginusto tungo sa pagiging lalang sa pamamagitan ng kaniyang isip, puso at enerhiya.
Siya ay nagiging ang tunay na lalaki na nagpapakita ng **'ama-inang-buhay-kamalayan.'**
Ang lalaking ito ay kumukuha din ng pambabaeng mga katangian ng pangkalahatang pag-ibig at nagiging ang kinatawan ng: Matalinong pagmamahal o mapagmahal na katalinuhan.
Ang babae ito ay kumukuha ng mas panlalaking katangian ng kalakasan at malakas na saysay ng patutunguhan.
Kung ang tagubilin ay kinakailangan ng isang tao, siya ay magpapakita ng mapagmahal na katalinuhan at ang tao ay maiaangat sa pamamagitan ng kaniyang mga salita.
Kung ang pagpapagaling ay kinakailangan, siya ay magpapakita ng matalinong pag-ibig at ang tao ay mapapagaling.
Ito ang layunin na may pagmamahal na ipinagkakatiwala sa inyo.
Ang Landas tungo sa Kristong Kamalayan ay binalangkas sa mga LIHAM na ito.
Kapag inyong nakakamtan ito, kayo ay magagalak at magsasabi na ito ay may halaga na ang bawat sandali ng mabato at malubak na mga oras ngayon ay magiging nasa likod ninyo magpakailan pa man. Kayo ay magiging malaya upang umakyat tungo sa mas mataas na mga dimensiyon, bawat isa ay nagdadala sa inyo ng bagong mga karanasan at mga ligaya.
Kayo ay magiging mga tagapagtatag ng bagong kaayusan sa lupa na magbibigay ng anyo sa ulo ng sibat ng bagong silakbo ng ispiritwal na ebolusyon.
Kapag ang ispiritwal na ebolusyong ito ay lumaganap sa pangkalahatang mga masa sa maraming mga taon na darating, ang mga tao sa katapusan ay matututo kung paano mamuhay sa kapayapaan kasama ng iba.
Ang mga bagay na ito ay may kasiguruhan na mangyayari, dahil ang mga BINHI ng kagayang panghinaharap ay naihasik na sa mga LIHAM na ito. Sinuman ang tatanggap sa mga ito tungo sa kanilang kamalayan at magsisikap sa paniniwala ay sa katapusan ay makatatagpo sa kanila na namumukadkad sa kagandahan, ligaya at harmoniya at nagdadala paunahan ng bunga sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay.
Maniwala – dahil Ako, ang Kristo, ay ang nagsalita.

****

Ito ay ang aking, sa Kristong pinakamamahal na paghahangad na ang mga LIHAM na ito ay mailimbag nang madalian at maipamahagi sa mga tao na naghahanap ng Katotohanan. Kung sisipi mula sa aking mga LIHAM, pakibanggit ng pinagmulan nang may lubos na kaliwanagan:

CHRIST'S LETTERS, www.christsway.co.za, (Book Title: CHRIST RETURNS – SPEAKS HIS TRUTH)
MGA LIHAM NG KRISTO,www.daanngkristo.com
(Titulo ng Aklat: Ang Kristo ay Nagbabalik Naghahayag ng Kaniyang Katotohanan)

ANG KRISTO AY NAGBABALIK –
NAGHAHAYAG NG KANIYANG KATOTOHANAN

LIHAM 9

Ako, ang KRISTO, ay dumating sa pamamagitan ng midyum ng mga **LIHAM** na ito dahil hindi ako makabalik sa anyo ng katawan – o kumuha ng pantaong personalidad muli, - dahil ako ay nakatira at ako ay, ang aking sarili, na may kagayang mapino at nataas na baybrasyon ng mga alon ng kamalayan na walang pantaong pisikal na anyo ay makapagdadala ng aking ispiritwal na kamalayan.

Ang akin lamang paraan ng pag-abot sa inyo ay sa pamamagitan ng midyum ng taong lalang – sensitibo, nakaririnig ng mga bagay sa labas ng normal na sakop ng normal na pananaw, masunurin at may dedikasyon sa 'Diyos,' isinilang upang maging kanal na sa pamamagitan niya ay aking mapapanood ang kaguluhan ng kaniyang aktibo, puno ng kaganapang buhay at mga pangyayari sa mundo. Ako ay nagkaroon ng kakayahan upang malapit na muling tingnan ang sigalot at sakit na hindi alam sa mga siglong nakaraan dahil ang pangsiyensiya at teknolohikal na mga pagkakatuklas, at ang pagbaba ng mga moral at pangkaraniwang mga kahalagahan ay naghatid tungo sa bagong may kataasang puno ng kabalisahang mga kalagayan ng modernong pamumuhay at bagong mga paraan ng pakikitungo sa bawat isa. Sa pamamagitan ng midyum nitong masunuring isipan, ang modernong pantaong kondisyon ay sa maliit na bahagdan, ay naging subyektibo para sa akin.

Kung wala ang karununggang ito ng pantaong karanasan, ang mga Liham na ito ay hindi maisusulat sa anyo na hinahangad upang maging nakatutulong sa pantaong kondisyon sa panahon ngayon.

Ang proseso ng hindi ganap na pagtatakip anino ay nagsimula bago siya isinilang, na nagpatuloy sa kaniyang kabataan at buhay.

Nagpapasimula kasama ang ganap na pag-aalis ng programa sa kaniyang isip at buong paglilinis ng matandang mga konsepto, ang aking 'tagapagtala' ay may intensiyong naharap sa bawat uri ng pantaong karanasan, nagdadala ng patunay sa mga pakikipagtunggali at kalungkutan na sangkot sa modernong pamumuhay. Sa aking tagubilin, siya ay nakaakyat papalabas sa kaniyang maraming iba't ibang mga butas ng kapaguran, nagtatapos sa kamatayan ng kaniyang ego at mental/emosyonal na pagkagapos sa materyalismo; siya ay nag-aaral kung paano kumilos tungo sa kamalayang mga alon ng pangkalahatang pag-ibig at ay nagkaroon ng personal na karanasan sa *Katunayan ng UNIBERSAL NA KAMALAYAN.* … kaya siya ay may kasapatan na nalinis upang tumanggap, nang mas may kaliwanagan, sa aking mga aral at ipamahagi sa buong mundo.

Sa ilalim ng aking impluwensiya, siya ay tumalikod mula sa panlipunang pamumuhay tungo sa seklusyon at pagiging nag-iisa at sa katapusan ay naging umaasa sa akin para sa kaniyang pang-araw-araw na kagustuhan upang mabuhay, at ako ay gumagawa sa pamamagitan ng kaniyang ganap na minuto sa minuto na kahandaan upang tanggapin ang aking mga salita kailan man ang kosmiko at ang kaniyang personal na kamalayang mga enerhiya ay nakapagbibigay sa kaniya ng kakayahan na makarinig at makatanggap sa akin. Ako ay sumasandig sa kaniyang katapatan at dedikasyon *upang maghintay* na pakinggan ako nang may kawastuan at aking ginagawang maliwanag kung ito ay ako na siyang nagsasalita. Hanggang ako ay nagsasalita, - siya ay walang kakayahan upang magsulat.

Aking sinabi ito sa inyo upang inyong maunawaan kung ano ang **KRISTONG KAMALAYANG** mga enerhiya,

na ang mga **Liham** na ito ay kumuha ng anyo.

****888****

Ako ay dumating muli sa Liham na ito upang pagsama samahin ang mga hindi saradong mga dulo ng aking ibang anim na MGA LIHAM at ihayag ang mga ito *SA LOOB NG KONTEKSTO NG MUNDO,* nagpapakita kung paano ang mga katuruang ito ay may kaugnayan sa bawat aspekto ng inyong panlupang pamumuhay at sa lahat ng mga bansa.

Ang MGA LIHAM na ito ay upang maging pwersa- sibat- para sa personal na pagbubukas ng isipan at puso sa inyong PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG at sa katapusan, ay maging ang paraan ng inyong perpektong pagkakaunawa sa mga epekto ng indibidwal at maramihang pag-iisip at pag-uugali sa bawat aspekto ng inyong panlupang pagiging naririto.

Kung saan, sa nakalipas, ang mga batas ay naibigay sa inyo para sa pambansang pag-uugali ay naidirektang pangunahin sa ' Hindi kayo dapat…..kung gagawin ninyo – ito ang magiging parusa,' ang tunay na mga batas ispiritwal ay ganap na kakaiba.

Ang mga ito ay naihahayag katulad nito:

'Dahil kayo at ang inyong lugar sa panlupang pagiging naririto ay nalikha sa paraang ito… kung kayo ay gumagawang may harmoniya kasama ng mga **Batas ng inyong Pagiging naririto…** inyong bubuksan ang inyong buong sistema ng kaluluwa, isip, mga emosyon, katawan, at personal na mga kaganapan sa palagiang pagdaloy ng **Banal na Kamalayan,** ang inyong **Pwersa ng Buhay.** Ang mga bunga ng inyong disiplinadong asal ay magbabalik upang pagpalain at kargahan kayo ng yaman, harmoniya at kasaganahan.

'Kung, sa kabilang banda, ay inyong hindi pinansin ang mga **Batas na ito ng Pagiging naririto,** at nagpapatuloy sa pamumuhay na kagaya ng inyong ginawa noon bago ninyo natanggap ang mensaheng ito, ay ang inyong mga buhay ay magpapatuloy na nasasadlak sa gulo, mahirap na pangklimang mga kondisyon, mga peste sa inyong mga pananim, mga kalamidad sa pananalapi, mga pagkagutom at puno ng kabalisahang mga pamumuhay.'

Ako ay nagsalita sa pamamagitan ng mga Liham na ito - nang hayagan – upang mabigyan kayo ng kakayahan na makarating sa tunay, palagiang kapayapaan ng isipan at ispiritwal na pagmamahal, ligaya, panloob na paggaling ng isip, mga emosyon at katawan.

Inyong dapat na naunawaan ngayon na ito din ay ang tanging layunin sa likod ng aking huling misyon sa mga tao sa lupa – upang ipakita sa kanila kung paano sila sa kanilang mga sarili ay ang gumagawa ng kanilang sariling pighati.

Kayo ay naturuan ng 'Kristiyanong' mga simbahan na kayo ay nalikha ng 'Diyos' ay dapat na 'sumamba at magbigay ng kaluguran sa Diyos' sa pamamagitan ng pagsunod sa kaniyang mga Batas.

Ngunit ito ay hindi ang katotohanan. 'Ang pagsamba sa 'diyos' ay isang paganong ritwal. Kapag ang mga tao ay 'sumasamba' sa 'diyos' ay kanilang inilalagay na ang 'diyos' ay malayo at mataas sa kanila – 'hindi maabot at dapat na katakutan – dahil sino ang nakaaalam kung ano ang masama na maaari niyang ipadala sa lupa kung ang mga tao ay hindi kumilos na ayon sa kaniyang kalooban.'

Ngunit iyon ay hindi ang mensahe na dinala ko sa lupa. Ako ay nangusap ng tungkol sa 'Ama' na nagbigay ng lahat ng mga pangangailangan, na sumagot noong tawagin, na nagpagaling noong ipinakiusap na gawin ito, na parehong lampasan sa mga tao at 'sa loob din nila,' nangangahulugan na ang Manlilikha ay unibersal.

Ang Hudyong relihiyon ay nagturo na ang mga Pinunong Pari lamang ang makahaharap sa 'Banal ng mga Banal' at gumagawa ng pagpapatawad para sa mga tao. Ang populasyon ay makahaharap lamang sa Yehobah sa pamamagitan ng mga pari sa pamamagitan ng pagdadala ng mga ibon at mga hayop upang ihandog bilang sinunog na mga sakripisyo upang mabigyan ng kaluguran ang Yehobah para sa mga kasalanan ng mga tao. Sa pamamagitan ng mga paraang ito, ang mga Hudyo ay nakakuha ng 'kapatawaran ng mga kasalanan'

Aking paulit ulit na tinuruan ang mga tao na sila ay makatatanggap sa **'Amang' pagpapatawad ng mga kasalanan** batay sa kagustuhan ng tao na magpatawad sa iba – dahil ito ay gagawin sa kanila ayon sa kanilang sariling 'paghahasik.' Akin ding tinuruan ang tao na dumulog sa **'Ama'** nang direkta at manalangin sa simpleng mga terminolohiya, humihingi ng kung ano ang kinakailangan nila sa buhay, at siniguro sa kanila na sila ay diringgin at ang kanilang mga panalangin ay sasagutin, kung sila ay mananalangin nang may buong pananampalataya- na walang pagdududa sa kanilang mga isipan. Inyong dapat na maintindihan na bawat bagay na itinuro ko sa mga Hudyo ay may direktang di pagkakasundo at kasalungat sa kung ano ang itinuro sa kanila ng kanilang mga Relihiyosong Mga Matatanda, kung alin ay kung bakit ang mga Pari ay nagalit sa akin – at ipinako ako sa krus, dahil aking inaalisan sila ng kanilang nataas na mga posisyon bilang 'personal na tagapamagitan' ng 'Makapangyarihan.'

Sa kadahilanan, dahil sa takot sa mga pagganti pagkatapos ng aking kamatayan, ang mga alagad ay hindi humiwalay nang ganap na malaya mula sa Lumang Tipan, marami sa Matandang Testamentong pananaw ay nadala paunahan tungo sa 'Kristiyanong' relihiyon.

Sa halip na mga hayop, ang katawan at dugo ni 'Hesus' ay ipinalit para maging ang sakripisyo na inihandog ng mga pari sa altar. Pagkatapos ng maraming mga taon at ang pagpasok ng Roma bilang tagapangalaga ng 'Kristiyanong' relihiyon, katulad ng mga Hudyong mga pari na nauna sa kanila, ang 'Romanong' mga pari ay nagdamit sa kanilang mga sarili ng mamahaling mga kasuotan at gumamit ng pilak at gintong mga palamuti para sa relihiyosong mga seremonya.

Sa panahon ni Pawlo, ito ay hindi mapag-isipan. Ang sa kaniya ay ang simpleng mensahe ng 'kaligtasan' sa pamamagitan ng aking kamatayan sa krus' na kung alin ay hindi ang mensahe na aking dinala sa aking mga kababayan sa Palestina. Siya ay nagpapalaganap ng Hudyong tradisyon ng 'pagsasakripisyo ng iba para sa pagbabayad ng sariling pagkakasala.' Anong puno ng kahihiyang kaduwagan! Bagaman, si Pawlo ay nakagawa din ng dakilang serbisyo sa sangkatauhan, dahil inilagay niya sa paggalaw ang kilusan na siyang naging dahilan ng pagpapala sa lahat ng lahi nang pantay. Kaniyang binalangkas ang paraan ng pag-iisip at pang-araw-araw na asal na magdadala ng harmoniya tungo sa mga buhay ng mga sumubok na mamuhay batay sa kaniyang mga aral.

Sa lahat ng maaaring mangyari, may mga Hudyong makatradisyon ay buong lakas na tatanggihan ang aking mga salita muli, sa pangalawang pagkakataon ng pagdating, kanilang lalabanan ang aking palagiang pagbanggit sa sinaunang Hudyong kinaugalian ng pagsasakripisyo ng mga hayop at mga ibon sa Templo upang mabigyan ng kaluguran ang Diyos at upang makakuha ng kapatawaran sa mga kasalanan, subalit maging anuman ang maaari nilang mga pagtutol, ang mga tala ng kasaysayan ay nananatili na ang Templo ay lugar para sa paghahandog ng mga sinunog na mga sakripisyo at ang amoy nito ay pumapailanlang sa itaas ng Herusalem. At sa lahat ng sandali aking alam na ang buong gusali ng Templo ay nakahandog sa mito, isang kulay ng imahinasyon ng tao, isang pangangatwiran ng kung ano ang mga isipan ng mga tao ay hindi makaunawa sa paraang ispiritwal.

Ako ay naroon! Naramdaman ko ang mainit na mga bato sa ilalim ng aking nakasuot ng sandalyas na mga paa at ang araw sa aking ulo. Ako ay nakipagtalo sa mga Pariseyo, kinaya ang kanilang paglibak at mga pangungutya na may mga pagkamangha at nanood sa kanila habang sila sa paraang dogmatiko ay nagturo ng mabigat na daan ng buhay ng patuloy na pagsunod sa walang saysay na tradisyon tungkol sa pagkain at pag-inom na lubos na hindi kinakailangan!

Ako ay naroon! May mga oras, ang aking pagtataka ay nagsindi ng silakbo ng pagkayamot sa aking isipan at aking ipinasa sa mga Pariseyo ang katulad na uri ng mapag-analisang pangungutya sa kanilang personal na mga kinagawian, ang kanilang magagarbong pananamit at ang kanilang mga batas, na kagaya na ginawa nila sa akin at sa aking mga turo.

'Siya ay baliw!,' sinabi nila, at may kalakasan na pinagtawanan ang aking pangungusap 'Ang Kaharian ng Diyos ay nasa inyo.'

'Sabihin ninyo sa amin- paano ang 'Diyos' ay maaaring nasa tao?' sila ay sumisigaw na may pangungutya. Sa paggamit ng atake ng kawalang galang na mga argumento, kanilang tinawag ang mga propeta at inihalintulad ang kanilang mga konsepto ng **Makapangyarihang Yehobah** sa aking mga pagsasalarawan ng simpleng **'Ama'** na nag-isip din maging para sa mga ibon.' Paano ito ay magiging, pagtatanong nila, kung ang mga ibon ay pangkaraniwang isinasakripisyo sa mga Templo para sa pagbabayad sa mga kasalanan ng mga tao? Si Moyses baga ay nagtatag ng kagayang banal na gawain ng sinunog na mga sakripisyo kung ang mga ibon at mga halimaw ay mayroong anumang dahilan sa mga mata ng Makapangyarihan?

Ako ay nanatiling hindi natitinag habang sila ay nagsagawa ng kanilang panalitang mga atake sa akin. Mayroon lamang silang pananalig sa Hudyong tradisyon upang suportahan ang kanilang mga pangungusap – habang ang aking isipan ay napuno ng tunay na karununggan ng pagiging naririto sa sarili nito sa panahon ng aking naliwanagang mga karanasan sa disyerto. Nabigay sa akin ang pagkakaunawa sa pagkaunibersal at pagkamalikhain ng KABUTIHAN NG LOOB ng **'Ama'** na nagbigay sa akin ng kakayahan na makaunawa at gumawa ng mga bagay na walang Pinunong Pari o Pariseyo o Saduseyo o eskriba ang makagagawa.

Dahil naintindihan ko ang likas ng ating **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG,** ako ay may pagtitiwala na makapagpapatong ng aking mga kamay sa lumpong tao at mapatatayo siya tungo sa kabuuang muli. Sino ang makasusukat nitong karununggang ito taliwas sa kakatwang tradisyonal na mga batas ng mga Pari? Ang mga Pari at mga Pariseyo at lahat ng natitirang relihiyosong hokus pokus ay nakabatid na wala sa kanila ay makagagawa ng kagayang mga bagay – at para sa dahilang ito, kinagalitan nila ako dahil sa paghamon sa kanilang awtoridad, kanila akong kinamuhian dahil sa aking kalakasan sa harap ng kanilang pagsalungat, at sila ay nagtungayaw sa akin dahil sa pagdating ng mga dami ng mga tao kapag ang pagpapagaling ay isinasagawa na walang isa man ang makapagtatanggi.

Doon ito ay, ginawang hayagan, para makita ng lahat – ang akto ng pag-ibig na ang mga Pari ay nagdeklara na Diyos lamang ang makagagawa at samakatuwid ako ay dapat na anak ng Satanas! Dagdag pa, hindi nila nakita ang pagpapagaling bilang gawain ng pag-ibig kundi ay sa halip bilang hindi maipaliwanag na kawalan ng paggalang na paglabag sa tungkulin ng 'Diyos' – inakusahan nila ako ng 'pagpapakita' ng aking mahikong mga kapangyarihan subalit ay hindi makapagsabi sa akin kung paano ako ay nakarating na may kagayang mahikong mga kapangyarihan, samakatuwid sila ay nagpasya na ako ay dapat na anak ni Belsebub.

Ngayon ay naipaliwanag ko na ang sitwasyon, ito ay dapat na kasing liwanag sa inyo na mga nagbabasa ng mga salitang ito – na kagaya na ito ay napakaliwanag sa akin sa oras na iyon sa Palestina – na ang buong organisasyon ng pamamahala ng Hudaismo ay binuo ng sa sarili nakasentro, sarili ang importante, naghalo ng mga tao na namuhay lamang sa pamamagitan ng mga patakaran at mga batas. Kapag hinamon upang

gamitin ang kanilang mga pag-iisip, ang kanilang mga utak, hindi nila makaya kundi ay bumagsak tungo sa may kataasang emosyonal na paghilab ng mapanirang galit. Mayroon bagang anumang kahanga hanga na, noong dinala sa harapan ng kanilang konseho, ako ay nagpanatili sa aking kapayapaan at tumangging makipag-usap sa mga kagayang mapupurol na mga isipan?

Oo, ako ay talagang naroon sa Palestina, dalawang libong taon na ang nakalipas. Ako ay nabuhay sa gitna ng mga ordinaryong mga lalaki at babae na naturuan na matakot sa Yehobah sa bawat tunay na paraan, na ang isip ay lubhang nalulukuban ng pagbabayad ng sinunog na mga sakripisyo upang maalis ang kaparusahan para sa kanilang mga kasalanan. Ako ay pinalaki, nadoktrinahan ng takot sa Yehobah – subalit ako ay isinilang upang magdala sa mga Hudyo papalabas sa kanilang mahabang pagkatulog sa mito at mga kamalian – upang palayain sila sa mabibigat na kasaysayan ng mga digmaan at pagdanak ng dugo, mga maiingay na pakikipag-away at mga pakikipagtalo, ng paghahangad ng ulo para sa pagkawala ng mata, ng natatago at sekretong pagkakasala na mabibilang na wala kung ang isang tao ay hindi nakita. Kung siya ay nakita, ang buong bigat ng Batas ni Moyses ay babagsak sa kaniyang ulo na walang kabaitan o pagkaawa o kahit nag-aatubiling pag-iisip sa tunay na mga kaganapan na pumapaligid sa pagbali ng batas.

Dahil ako ay isinilang na may misyon upang magbukas ng mga isipan at mga puso ng mga Hudyo sa ***Katunayan*** na nagbigay sa kanila ng buhay at pagiging lalang, kahit na mula sa murang gulang ay aking hindi tinanggap ang mga turong Hudyo. Ang mga ilang sekretong lalim ng ispiritwal na likas na kakayahan ay nagrebelde laban sa kapanahunan na ang edad na Hudyong intensiyon na hayaan ang ibang mga nabubuhay na bagay na magdala ng responsibilidad at 'magbayad ng presyo' para sa kanilang sariling kabuktutan at pagkakasala. Kahit na higit pa dito, ay hindi ko matanggap ang 'Diyos' na dapat ay nakalikha ng kagayang kahanga hangang mundo ay magagalak sa sinunog na mga sakripisyo na kaniyang sariling nilikha na pinagkalooban niya nang may kasaganaan.

Natagpuan ko ito na imposible na magkaroon ng paggalang para sa walang lohikong mga paniniwala at mga kinaugalian. Pagkatapos ng aking iluminasyon sa disyerto, ako ay naging marubdob sa aking pagtanggi sa mga tradisyong Hudyo.

Kagaya na ako ay dumating sa pantaong katawan dalawang libong taon na ang nakalipas, upang sagipin ang Hudyong bansa mula sa pundasyon ng artipisyal at gawa ng taong pasaning mga relihiyosong mga kinaugalian, ay kagaya din na ako ay dumating sa pamamagitan ng midyum ng mga **Liham** na ito na naibahagi na sa buong mundo, upang gawin itong mas may kasaganaang maliwanag na ang 'Kristiyanong Relihiyon' ay sa walang paraan ay sumasalamin sa aking tunay na **KRISTONG** mensahe maging bilang aking itinuro ito sa Palestina, o sa panahong kasalukuyan kapag ang mga **Liham** na ito ay makagigising sa galit at pagkondena ng ortodoks na mga 'Kristiyano.' Ang Kristiyanong relihiyon, habang nakatayo ito sa oras na ito, ay ang wala lamang diskriminasyon ng nalilitong pag-iisip ng sa aking mga alagad na **mapamiling** mga pag-alala at ang kay Pawlong karapat dapat na mga homilya at ibang naunang mga panulat. Sa mas nahuling panahon, noong ang bigat ng Kristiyanismo ay nagkulang ng pampaninging epekto ng mga diyos at mga diyosa ng mga Romano, ang Kristiyanong relihiyon ay hinangaan na may 'malasinehan' ngunit ay 'para lamang umangkop' na walang saysay upang mahalina iyong mga hinangad ng Eklesiyastikong Emperyo ng Roma na umanib tungo sa kanilang grupo. Itong emperyong ito sa dakong huli ay nagpataw ng pananalaping mga pasanin sa inosenteng mga tao na mas higit na masama kaysa sa mga buwis na hiningi ng sekular na Romanong Emperyo sa nasakop na mga bansa . Kahit na ang Sesar ay hindi naghangad ng kabayaran para sa mga kaluluwa upang makapasok sa kalangitan!

Maaari na kayo ay magtataka kung bakit ako ay hayagan sa aking pagtanggi sa 'Hudaismo' at

'Kristiyanismo.' Ito ay mahalaga sa tagumpay ng pagbabahagi ng aking **KRISTONG MENSAHE** na ang mga tao ay dapat na ganap na makaunawa sa tunay na likas ng mga relihiyon na humawak sa sangkatauhan hanggang sa ikadalawampung dantaon. Hanggang sa kanilang maunawaan ang mitong mga pundasyon sa kung sa alin ay kanilang inilagay ang lahat nilang mga pananalig, ang mga tao ay makatatagpo dito na mahirap upang pakawalan ang kanilang pinahahalagahang mga paniniwala.

Pinapakiusap na unawain na noong ako ay gumagawa ng kagayang mga pangungusap, ako ay nagpapatungkol sa 'Kristiyanong relihiyon,' sa mga doktrina ng paniniwala,' sa 'dogma at teyolohiya.' Ako ay hindi nagpapatungkol sa mga dakilang ispiritwal na mga kaluluwa na nakapaghanap – at nagpapatuloy na hanapin ang Diyos at Katotohanan lampas sa dogma at mga paniniwala. Marami sa mga ito ay nakatanggap ng aking inspirasyon tungo sa kanilang mga isipan at mga puso subalit ay takot na hayaang umalis ang kanilang mga pinahalagahang mga paniniwala. Sila ay nagapos sa pamamagitan ng relihiyosong mga kinaugalian. Ang oras ay dumating na para sa kanila na hayaan ang mga ito na umalis at lumago sa ispiritwalidad at pagkakaalam ng kanilang tunay na **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** at dalahin ang kanilang konggregasyon kasama nila.

Para sa 'kristiyanong' mga Simbahan ng bawat denominasyon, aking sinasabi 'Gising!.' Ang oras ay dumating na para kayo ay gumising sa inyong mga sarili mula sa mahabang hindi likas na pagtulog kung kailan ang dahilan ay nasikil sa pamamagitan ng hipnotiko at emosyonal na mga tradisyon. Ang mga ito ay nagpalipat lipat sa pagdaan ng mga siglo sa pamamagitan ng pagkakasunud sunod ng mga tao na nagpapalagay na maging pinakamataas na awtoridad sa lahat ng aking itinuro sa Palestina. Huwag kayong matakot sa mga kalalabasan kapag inyong sinuri ang inyong mga nakaraang mga paniniwala at magnais upang linisin ang mga ito mula sa inyong mga pag-iisip. Alisin ang mga sapot ng gagambang mga ilusyon at – MAG-ISIP!

Kapag ang 'Kristiyanong' mga ministro ay ganap na tumatanggap na **Ako, ang Kristo,** ay tunay na nagbalik upang magsalita sa mga tao sa buong mundo, 'katulad ng kidlat na sumisinag mula sa Silangan papunta sa Kanluran' at ay handa upang magturo ng aking tunay na mensahe mula sa pulpito, inyong matatagpuan ang inyong mga simbahan na napupuno muli ng mga tao na nagnanais na makatagpo at makagawa ng pakikipag-ugnay sa ***Katunayan*** na maghahatid sa kanila upang mabuhay sa ganap na harmoniya kasama ng kanilang ***KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG.*** Sa ibang banda, ang inyong mga ministro ng relihiyon, na buong kagustuhan at may egong nagpapatuloy upang magturo ng dogma ng 'Kristiyanismo' upang iligtas ang 'mukha' at ang inyong mga abuloy, ay makapapanood sa inyong relihiyon na mamatay sa likas na kamatayan sa panahon ng sunod na tatlumpung taon at ay lilisanin ng inyong mga konggregasyon na nakararamdam na ang inyong mga salita ay mga salita lamang- kung sa alin ay walang ispiritwal na buhay. Inyong makikita na ang inyong mga simbahan ay nakuha na ng mga nakaunawa na ako, ang aking sarili, ay talagang nagbalik sa sangkatauhan upang ipakita sa kanila ang daan upang matagpuan at makapasok sa 'Kaharian ng Kalangitan.'

Mayroon ding ang kanilang mga posiyon ng pamamahala ay nasasagasaan ng mga **Liham na ito mula sa KRISTO – mula sa akin.** Sila ay sasalungat sa mga ito nang may buong kapangyarihan. Magkakaroon ng paninira ng bawat uri sa pamamagitan ng mga serbisyo ng bawat uri ng midya – mula sa mga tao na walang konsiyensiya sa pagpapasiklab ng galit ng publiko upang kumita ng pera mula sa mapanira, mapaghiganting sensasyonalismo.

Aking kailangang sabihin sa inyo na paglawak ng ingay sa buong mundo, ay pag mas may kabilisan na ang

aking mga **Liham** ay makaaabot at makakukumbinsi sa mga tao na napapagod na sa mga sinaunang mga paniniwala, na sa wakas ay nakarinig sila ng simpleng **KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG.** Sila ay may kabilisang tutugon sa pag-ibig nito at tatawag upang lisanin ang mas mababang mga antas ng pantaong kamalayan upang magsimula ng kanilang pag-akyat sa mas mataas na ispiritwal na mga baitang kung saan sila ay magsisimula upang makaranas ng unang pagdaloy ng panloob na kapayapaan at kakontentuhan.

Magkakaroon ng hindi pagkakasundo sa buong industriya ng libangan, dahil padami nang padami ang mga tao na makakapansin – at kikilos laban sa – kaguluhan at pagkawasak na ang kanilang buong kamalayan ng isip, mga emosyon, katawan, ay napakain ng mga **'LUMALALA'** na ang isip ay nakukubabawan sa pamamagitan ng paggawa sa kanilang mga sarili ng swerte. Itong mga ispiritwal na magnanakaw ay nakaintindi sa kakaibang pagkahalina sa walang kabanalan at malagim para sa ignoranteng mga tao na naging sobrang napagkalooban ng seguridad, kaginhawahan at luho sa ika dalawampong dantaon, sila ay hindi na nakararamdam ng kakontentuhan sa mga ito. Sila ay nangangailangan ng kaligayahan upang iistimula ang kanilang pagod na kamalayan.

Kung ang mga pamumuhay ng mga tao ay tunay na kasing nakatatakot kagaya ng ipinapakita ng libangan na kanilang pinapanood araw araw, sila ay tatalikod mula sa kanilang mga tabing sa paghahanap ng bagay na maganda at puno ng kagaanan upang pamahingahin ang kanilang sobrang nasaktang sistemang nerbyos. At bagaman, kung kayo ay magmumuni muni nang may katapatan sa mga kondisyon ng inyong pangkasalukuyang pamumuhay, inyong mauunawaan na ang mga ito ay nagiging nag-uudyok ng terorismo na nasasalaming repleksiyon ng lahat na ang inyong industriya ng pang-aaliw ay nakapagbigay sa inyo sa nakalipas na limampung taon.

Ang mga tao ay napakain ng pinakamasamang mga kaganapan na maaari sa pamamagitan ng sinehan, telebisyon, mga aklat at sensasyonalismo sa midya at ngayon ay nagrereklamo na ang dating pandamdam ng kasiguruhan na sa nakalipas ay kinagiliwan ay nilatigong papalayo mula sa kanila. Nakikita ko kayo sa lupa, na kasalukuyang nababarikadahan sa likod ng elektrikong mga bakod, mataas

na may matutulis na mga pader, nababantayan ng mga gwardiya na sa kanilang mga sarili ay may katraidurang pumapaslang sa mga tao na kanilang binabantayan; aking nakikita ang mga lalaki at mga babae na dati ay naglakad sa mga lansangan at mga daanan ng bansa na walang takot sa gabi, ngayon ay nakakandado sa likod ng mga pangseguridad na mga pintuan – natatakot sa pinakamasama at brutal na mga atake. Aking nakikita ang mga lahi na nasaktan ng kanilang sariling mga tao. Aking nakikita ang mga pagpatay, mga pag-aalsa, pambubomba, mga pananambang, walang pag-iisip na pagkitil ng buhay ng bawat pagsasalarawan. Ang napaslang ay lumampas na tungo sa kanilang sunod na pagiging nariririto na nasasaktan pa rin sa pamamagitan ng pagkagulat sa kanilang hindi inaasahang pagpanaw. Ako ay nakakikita sa kanila at nangangalaga sa kanila – kung sila ay may kakayahan na makita at makatanggap sa akin. Marami, maraming mga tao ay malayo mula sa pagkahanda na kumilos tungo sa mas mataas na anyo ng pagiging nariririto at kaya sila ay tumitira sa mga anino hanggang sila ay makalaya sa pamamagitan ng muling pagsilang. Ang panlupang buhay ay naging impiyerno na inyong naisasalarawan sa inyong mga tabing at sa inyong mga literatura. Bakit? Dahil ang inyong tinatawag na sibilisadong 'kultura' ay nagpapahintulot ng kabrutalan sa lahat ng mga perbersiyong mga anyo, upang pumasok sa inyong mga tahanan sa pamamagitan ng midyum ng inyong telebisyon para sa inyong kaaliwan at kaligayahan. Ginusto ninyo ito – at ngayon ay mayroon kayo nito sa pinaka totoong anyo nito – sa loob ng inyong sariling pang-araw-araw na mga karanasan. Walang imyun mula sa mga kalamidad na kayo ang nagdala sa inyong mga sarili.

Kayo baga ay nagtataka na **ako, ang Kristo,** ay nagbalik sa inyo sa panahon ngayon upang magpaliwanag sa inyo kung ano ang inyong ginawa sa inyong mga sarili?

Paano ito magiging posible para sa anumang ispiritwal na kumakatawan sa **PAG-IBIG** upang manatiling malayo mula sa kagayang paghihirap ng ispirito at pumalya upang umabot sa pagbibigay ng tulong kung ang tulong ay posible? Samakatuwid, kagaya ng aking sinabi noon, ako ay hindi nag-iisa sa aking trabaho. **Ako ay nangungusap para sa bawat Master habang ako ay nagsasalita sa pamamagitan ng mga Liham na ito.**

Bawat Master ay nagmiministeryo sa mga sumusunod sa kaniyang panlupang mga turo. Bawat Master ay tumatawag sa kanilang mga tagasunod na magbasa, sumunod, manalangin upang kanilang makuha ang KATOTOHANAN na nasa mga pahinang ito at magsikap na linisin ang kanilang mga iniisip at mga pagkilos at maging ang kinatawan ng pag-ibig sa lahat.

Ngunit ang mga Liham na ito ay maglalagay sa pagkilos ng Panahon ng Pagbabago.

Kapag ang tao ay tunay na gumising sa kung ano ang nagawa sa kanilang kamalayan, sa buong mundo, sa pamamagitan ng mga ganid, walang prinsipyo at tiwaling makapangyarihang mangangalakal, sila ay makararanas ng sobrang galit. Ang publiko ay magsisimula na makaunawa sa mapanlinlang at walang katapatang mga paraan sa kung sa alin sila ay dahan dahang hinalina tungo sa mga sapot ng sumpa.

At **Ako, ang Kristo,** ay kailangang magsabi sa inyo na kapag ito ay nangyayari, hindi na ninyo matatagpuan ang salitang 'sumpa' na matandang istilo at laos na sa panahon. Inyong may kaliwanagan na maipapalagay ang pagkakaiba sa pagitan ng malusog, nagbibigay ng buhay na mga anyo ng kamalayan- mga salita – at ang mapanirang mga gawi ng kamalayan.

Kayo ay magrerebelde at sa pambansang antas ay tatawag sa mapanirang 'mga anyo ng kamalayan' – na mga sumpa.

Ang may konsiyensiya at tunay na mapagmahal na mga magulang ay magiging partikular na prangka laban sa pangkasalukuyang anyo ng libangan at hahadlangan ang kanilang mga supling mula sa pagpapatuloy upang tingnan ang pagbaba ng kalidad ng hindi magandang, puno ng emosyong mga lenggwahe, hindi nakukontrol na kalupitan, at walang diskriminasyong, mababaw sa emosyong pakikipagtalik, na sa pangkasalukuyan ay inihahandog ng inyong mga tabing, sa mga aklat at midya. Ang inyong lipunan ay puno nitong mga mababababaw, walang saysay na mga nalikha ng kamalayan na nadala tungo sa pantaong mga buhay at pantaong mga pagkilos.

Ang mga magulang ay darating upang matanto na dahil ang **KAMALAYANG MGA ANYO** na nalikha sa loob ng mga isipan ng kanilang mga anak ay ang lumalaking mga pundasyon ng sa kanilang mga supling na mga panghinaharap na buhay bilang mga may edad, sila ay magsisimula **upang mag-imbistiga sa mga MORAL NA PAGPAPAHALAGA na itinuturo sa mga paaralan** . Hindi na ang mga magulang ay mag-aalala tungkol sa mga relihiyon na itinuturo sa paaralan, dahil ang mga ito ay magiging interes lamang ng minorya, kundi sila ay magiging may kaseryosohang interesado sa uri ng mga pilosopiya para sa pamumuhay, mga asal, mga argumento, mga sigalot, mga pangungusap na hinihimok o pinapayagan ng mga paaralan sa hinaharap – ng mga guro at ng mga mag-aaral pareho.

Ang mga grupo ay magsasama sama upang magsimula ng mga maliliit na paaralan na nakapundasyon sa mga **Liham** na ito, dahil ang lumang natalang materyal ay aabandonahin na bilang hindi na napapanahon. Ang diin ay ilalagay sa mga salita, sa mga sining, lohiko, ang sining ng epektibong nagbibigay ng inspirasyong komunikasyon, ang paglilinang ng mapagbuong mapanlikhang imahinasyon, matematika at siyensiya, at mga manwal na kasanayan.

Ang kurikulum ay masisentro sa palibot ng paglinang ng kakayahan upang kilalanin sa pagitan ng katotohanan at mito, upang maunawaan nang may kaliwanagan ang pinakamataas na mga pag-uugali na dapat na itaguyod at pahalagahan, at ang pinaka konstruktibo, produktibong paraan upang gamitin ang mga ito sa buhay – upang pag-ibayuhin ang mga kondisyon para sa sarili, sa bansa at sa mundo sa pangkalahatan. Ang bata ay tuturuan din upang maging bihasa sa mga siyensiya at mga manwal na kasanayan na makapagbibigay sa kaniya ng kakayahan upang magtrabaho nang may kagalakan at may katagumpayan sa kaniyang napiling linya ng hanapbuhay. Ang mga kabataan ay tuturuan sa loob ng bagong sinag ng pag-alala at pagmamahal at ipakikita kung paano sila ay makapagbabahagi sa kagayang pag-alala at pagmamahal sa loob ng mga silid aralan. Sila ay hihimukin upang gumawa na may galak at saya. Kung ito ay hindi dumating nang may kaalwanan, ang malungkot na bata ay pakikitaan kung paano ang ligaya at saya ay makakamtan at pahahalagahan kung matagumpay.

Ang mga tao ay pahahalagahan batay sa kanilang paglalaan upang magsaliksik ng mas mataas na mga antas ng ispiritwal na iniisip at ang kanilang dedikasyon para sa pagbibigay serbisyo sa mga interes ng mga kapus palad at sa mga pamayanan sa pangkalahatan.

Ito ay bagay na may masidhing pagmamadali na ang mga tao sa buong mundo ay dapat na makaunawa na ang KATOTOHANAN *ay* kayo ay naisilang upang maging indibidwal at *maghayag* ng UNIBERSAL- ang PINAGMUMULAN ng inyong PAGIGING LALANG – sa ebolusyonaryong paraan, na sa bandang katapusan ay makararating sa tugatog ng

INDIBIDWALISADONG manipestasyon ng inyong PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG -

KRISTONG KAMALAYAN.

AT kayo ay nilikha din upang pangalagaan, kalingain, bigyan ng inyong bawat kailangan upang masiguro ang inyong kalusugan, perpektong kabutihan, at maharmoniyang kasaganaan habang ang sa inyong kaluluwang paglalakbay tungo sa indibidwalisadong muling pakikipagbuklod sa inyong Pinagmumulan ng Pagiging Lalang – Banal na Kamalayan.

Hanggang inyong maunawaan itong **KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG,** hindi ninyo makakamtan ang inyong tunay na potensiyal sa lupa maging sa paraang pisikal o ispiritwal.

Walang bansa, relihiyosong organisasyon, at walang isang tao, gaano man kataas sa pantaong paraan na siya ay maaaring isipin na maging, ay magkakaroon ng kakayahan na baguhin ang mga nilalaman ng mga Liham na ito dahil

Ako – ang KRISTO

- ay nagpapasinag din ng aking KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG sa buong mundo sa sinuman na nasa antas ng ispiritwal na mga alon upang magkaroon ng kakayahan na makatanggap ng KATOTOHANAN. Ang kagayang mga tao ay makatatanggap, gagalang at itataguyod ITONG ganap, walang reserbasyon, para maging kanilang sariling mga pamantayan para sa kanilang mga iniisip at mga pagkilos.

Kung mayroong mga hindi makaunawa o makatanggap ng mga Liham, ito lamang ay dahil hindi pa sila tumaas sa kinakailangang antas ng kamalayan upang magkaroon ng kakayahan na maramdaman ang mga ito. Ang kanilang paglago ay darating na mas huli.

Samakatuwid, aking sinasabi sa mga hindi pa naranasan ang kalidad ng buhay na aking isinalarawan bilang inyo sa pamamagitan ng **Banal na KALOOBAN**, huwag itanong kung ano ang nagyayari sa buhay o sa mga tao o sa kaganapan – o sa inyo…..

Tingnan ang loob ng inyong sariling mga proseso ng pag-iisip, ang inyong mga asal tungo sa buhay, sa

pangkalahatan, ang inyong mga pakiramdam tungo sa mga tao at sa inyong sarili – at hanapin kung ano ang uri ng mga pag-iisip – at mga inaasahan – kayo ay karaniwang nakasadlak. Ang mga ito ay ang lumilikha ng may kapangyarihang mapanlikhang kamalayang enerhiyang pwersa na kayo ay nagpapalabas sa buong maghapon. Ito ay hihila patungo sa inyo ng may kaeksaktuhan sa kung ano ang inyong kinatatakutan at inaasam. Minsan, ang negatibong mapanlikhang kamalayang anyo ay may kalalimang nakabaon sa inyong subkonsyus, nakatanim doon maraming mga taon na ang lumipas dahil sa mga tiyak na mga kaganapan. O ang negatibong mapanlikhang kamalayang pintig ay maaaring nanggaling mula sa nakaraang buhay. Sa anumang pangyayari, kung kayo ay palagiang naharap sa masasamang mga karanasan, pag-aralan ang inyong panloob na estado ng kamalayan at hanapin kung anong uri ng negatibong mga inaasam kayo ay nagtataglay sa inyong subkonsyus. Tuklasin din kung ano ang inyong mga asal at mga pakiramdam tungo sa ibang mga tao?

Kayo baga ay palagiang nabubuhay sa loob ng harmoniya ng mga Batas ng Pagiging naririto? Kayo baga ay nagpapahayag ng 'walang kondisyong pag-ibig' sa bawat antas ng inyong buhay- tungo sa bawat isang bagay sa inyong karanasan?

Mayroon baga kayong kakayahan na makita ang 'liwanag ng kaluluwa' sa loob ng lahat ng mga nabubuhay na mga bagay – o nakikita ninyo lamang ang kanilang bugso ng ego – ang kanilang kadiliman?

Inyo bagang nauunawaan na para sa mga tao na maaaring inyong itanggi o husgahan, Ako- ang Kristo – ay may pinakamataas na pag-ibig at pagkaawa para sa kanila sa lahat ng mga pagkakataon? Sino man ang inyong maaaring itatwa, ako ay nagpapasinag sa kanila ng aking walang kondisyong pagmamahal.

Ilagay sa isipan, sa lahat ng mga oras, na ang inyong **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** ay nasa dalawang estado -

nasa **pagkakapantay** at **aktibidad.**

Ang **AKTIBONG** antas ng inyong **PINAGMUMULAN NG PAGIGING LALANG** ay ang dimensiyon na kung sa alin kayo ay nabuo at nabigyan ng pagkaindibidwal.

Ang **PAGKAKAPANTAY** ng **UNIBERSAL NA KAMALAYAN** ay ang dimensiyon ng perpektong katahimikan at kabanayadan, sa kung sa alin ang basikong **MGA PINTIG NG PAGKAMALIKHAIN** ay mahigpit na magkakasama sa pagkayakap ng pinagsasaluhang pagkontrol.

Kapag inyong ganap na natatanto, natatanggap, naiintindihan na sa bawat 'sesyon ng pag-aaral sa inyong paaralan sa lupa,' kayo ay laging may pahintulot sa Banal na Mapagmahal na Katalinuhan na lumulutas ng bawat problema sa perpektong paraan, kayo pagkatapos ay naitataas na hindi maabot ng panik at kirot.

Inyong nilalapatan ng lunas ang inyong mga problema nang may kadalian at kapinuhan at nauunawaan na ang inyong sariling imbak ng kaalaman at karunungan ay naitaas sa maraming mga paraan.

Sa paraang ito, kayo ay nalilinang sa bawat baitang ng inyong pagiging lalang.

Habang ang aking layunin sa pagdating sa inyo sa pamamagitan ng midyum ng mga Liham na ito ay upang ipakita sa inyo ang daan upang mabuhay na nasa harmoniya ng mga **Batas ng Pagiging naririto,** upang tulungan kayo na maiwasan ang hindi kinakailangang sakit, mga limitasyon at kakulangan na sanhi ng inyong kawalan ng alam sa mga **Batas,** akin ding gustong itatak sa inyong kamalayan na ang bawat isa ay

nahaharap sa mga ritmo ng kanilang mga buhay. Bawat isa ay dumadaan sa mataas na mga panahon kapag ang daloy o pagkapinagpala ay nagdadala sa inyo ng lahat ng mga bagay na inyong ginusto at kayo ay nasa tugatog ng pantaong kaligayahan at tagumpay. Kayo ay nagagalak! Pagkatapos ay dumarating ang oras na biglaan ang ritmo ng buhay ay nagbabago, ang mga pinagkukuhanan ay natutuyo, ang mga pakikipagrelasyon ay nagiging mahirap at walang kapanatagan, ang inyong propesyon ay bumubulusok pababa, o ang mga balakid ay dumarating na nagpapanatili sa inyong nakatigil sa mahabang panahon. Inyong maaaring tanungin ang inyong sarili kung anong masama ang inyong nagawa. Dati rati, kayo ay nagtrabaho na napaka matagumpay sa loob ng mga **BATAS ng PAGIGING NARIRITO** ngunit ngayon ay mayroong mga pang-araw-araw na mga hamon at walang naiisip kayo o ginagawa na tunay na nagpapagaan ng pagkabalisa ng inyong pang-araw- araw na buhay.

Kapag – kung – ang mga oras na ito ay dumarating sa inyo – 'Maging panatag at matahimik sa inyong puso at pag-iisip – at alamin na kayo ay kumukuha pa ng buhay at paggabay mula sa Banal na Kamalayan, sa kabila ng mga paglabas ng kabaligtaran, sa kabila ng pang-ibabaw na mga paghihirap. Sa mga panahong ito ay mahalaga na kumuha at mag-ipon ng mga paraan sa kung sa alin ay kayo ay maaaring nadulas ang kamalayan sa panahon ng inyong ' nasa itaas' na mga oras, - at palakasin ang inyong pagsandig sa Banal na Kamalayan.

Kung wala ang madilim na mga panahong ito ng depresyon, kayo ay hindi lalago sa ispiritwal na nakamtang antas. Ang mga ito ay may espesyal na mensahe para sa inyo kaya huwag kayong sumuko sa kalungkutan at kapaitan. Bagaman na maaaring makaramdam kayo ng karupukan, ito ay ang inyong panahon ng taglamig ng pagtuklas sa sarili at panloob na muling pagpapanibago na sa dakong hulihan ay magpapatunay na maging mas malaking pagpapala kaysa sa inyong 'mataas na mga kapanahunan.' Tibayan ang puso at huwag mawalan ng pag-asa. Humawak nang may pagtitiyaga hanggang ang taglamig ay dahan dahang tumungo sa inyong ispiritwal na tagsibol muli. Magtiyaga sa pagrerelaks at may pagtitiwala na naghihintay para sa oras kapag ang Banal na Buhay ay muling dumaloy tungo sa inyong isip, puso at panlupang buhay at lahat na inyong inasahan ay magsisimula na magmanipesto sa inyong karanasan. At sa buong panahong ito, unawain at humawak sa katotohanan na kapag hindi na ninyo nababatid ang daloy ng Banal na Kamalayan sa panahon ng inyong mga meditasyon, ito ay hindi dahil sa inabandona na kayo kundi ay dahil ang inyong sariling kosmiko – at samakatuwid ang inyong personal na mga baybrasyon ng kamalayan – ay nasa mababang antas at kayo ay hindi na magkaroon ng kakayahan upang maranasan ang mga baybrasyon ng Banal na Kamalayan na kagaya ng ginawa ninyo noon. Bagaman maaaring hindi ninyo nararamdaman ang mga ito, magtiwala na kayo ay laging nababalutan nito at ay nasa BANAL NA PAG-IBIG.

Gusto ko ding ipaalala sa inyo at itatak sa inyong kamalayan na sa sandali na ang pinakadukhang taong nilalang ay makaunawa sa tunay na likas ng kanilang mga pinagmulan at makagamit ng karunungan, sila ay makapagsisimula na hilahin ang kanilang mga sarili papalabas mula sa kahirapan at makaangat sa anumang mga taas na kanilang pinipili para sa kanilang mga sarili – kapag, araw- araw, sila ay tumutono sa **PINAGMUMULAN NG KANILANG PAGIGING LALANG** at kumukuha sa **Walang hangganan, Makapangyarihan, Buhay, direksiyon, inspirasyon at paggabay Nito.**

Kayo ay hindi mga biktima ng kapalaran – kayo ay mga biktima ng inyong sariling mapanlikhang kamalayan hanggang inyong maunawaan na ang inyong kamalayan ay ganap na inyong sariling paghuhubog. Kapag itong maluwalhating Katotohanang ito ay sumikat sa loob ng inyong kamalayan, kayo ay magsisimula na

humarap sa inyong buhay paikot at sa katapusan ay makatutuklas na kayo ay maaaring magtrabaho upang maging master at makapagkamit ng kumpletung kalayaan sa **BANAL NA KAMALAYAN.**

Subukin na tandaan iyon, sa inyong ispiritwal na pagsasaliksik, ang inyong layunin ay upang panatilihin ang inyong kamalayang mga alon na panatag hanggang maaari sa loob ng inyong pinakamataas na ispiritwal na mga pananaw. Ito ay lubhang mahirap para sa pantaong isipan na gawin, dahil ito ay may paghahangad na makaaabot para sa bagong mga anyo ng ispiritwal/mental na istimulasyon kung saan man ang paghahangad ay nagising.
Ngunit ako ay kailangang magsabi sa inyo, ito ay hindi sapat na basahin ang mga Liham na ito at pagkatapos ay tunguhin ang ibang mga aklat, nag-aasam na makatagpo ng mga mas matataas, mas may inspirasyong katotohanan.
Ako, ang Kristo, ay nagsasabi sa inyo, tunay, walang mas mataas na katotohanan o mas mataas na paraan na nakahandog sa inyo sa panahon ngayon.
Inyong maaaring minsan ay nararamdaman na kayo ay nakatagpo ng bagay na mas mataas, dahil sa antas ng inyong pangkasalukuyang kamalayan ay nakauukol nang mas madali sa kung ano ang naisulat – ngunit kayo ay makasisiguro na ang ISPIRITWAL NA KATOTOHANAN ng PAGIGING NARIRITO ay KARUNUNGAN lamang na magdadala sa inyo sa katapusan sa KRISTONG KAMALAYAN na kung alin ay ang inyong tunay na destinasyon at wala ng iba.
Ang KRISTONG KAMALAYAN ay ang ispiritwal na kamalayan ng lahat ng mga dakilang Master. Walang mas mataas. Upang pag-ibayuhin ang inyong pagkakaunawa, kayo ay maaaring maghanap ng mga may-akda na nakatagpo na para sa kanilang mga sarili at ay nagsasagawa ng kung ano ang naisulat sa mga Liham na ito, subalit ay huwag sumunod doon sa mga sumusunod pa rin sa ibang mga manunulat at nagbabanggit ng ibang mga awtoridad at ay naghahanap pa rin ng daan sa pamamagitan ng pantaong pag-iisip tungo sa kalakihan ng ispiritwal na katotohanan – lampas sa pantaong iniisip. Sila, katulad ng inyong mga sarili, ay naroon pa din sa ibaba ng mga burol ng kamalayan – hindi pa rin nila napapasok ang mental/emosyonal na antas upang maging malapit sa mga hangganan ng ESPASYO.

Huwag ninyong susundin iyong nakatatagpo ng kaginhawahan sa – at nagsusulat ng mga ‘kahanga hanga’ sa mga natatagong mga gawain at ay naghahanap upang gabayan kayo tungo sa pagdanas din ng mga iyon, nagtataguyod sa paggamit ng mga materyal na mga substansya upang mapalakas ang enerhiya sa iba’t ibang mga antas ng inyong mga buhay. Kapag kayo ay gumagamit ng materyal na mga substansiya gaya ng mga kristal, mga kandila, insenso, mga patpat ng insenso, inyong ipinupokus ang inyong pantaong kamalayan sa mga bagay na iyon na mayroong pantaong kahulugan para sa inyo at nagbibigay sa inyo ng kaaliwan. Sa paraang ito, ang mga ito ay umaalalay sa inyong pantaong kamalayan sa mga ‘epekto’ ng pantaong kamalayan, patuloy na naghahatid sa inyo pabalik tungo sa tiyak na mga antas ng pantaong kamalayan. Kung saan, kapag gusto ninyong tumaas tungo sa tunay na ispiritwal na mga dimensiyon ng kamalayan, ang inyong layunin ay upang mapasok at pagkatapos ay malampasan ang panlupang pantaong kamalayang dimensiyon. Ang tanging tunay na enerhiya, ang tunay na daynamikong paggaling ng Buhay na Pwersa ay dumarating mula sa palagiang pakikipag-ugnay sa **BANAL NA KAMALAYAN.** Habang kayo ay naglalakbay paitaas, kayo ay magiging nakakikilala sa mas mapinong mga baybrasyon ng astral na mga dimensiyon subalit huwag mag-istambay sa mga antas na ito dahil ang mga ito ay mga manipestasyon lamang ng mas mataas na mga pisikal na anyo at hindi ang inyong tunay na layunin.

Ang pagkakatono sa Banal na Kamalayan at ang ganap na pagkabihasa sa sarili ay ang inyong dahilan para sa pagkabuhay at ang inyong tanging layunin. Kapag ito ay nakamtan ninyo, lahat ng inyong gusto para sa inyong sarili ay magiging inyo – sa bagong lampasan at walang katapusang paraan.

Inyong maaaring basahin ang mga Liham na ito at magpasya na gusto ninyo na magpatuloy bilang kayo ay – sa inyong egong kamalayan, na nagtitiwala sa **Banal na Kamalayan** upang tulungan kayo na malampasan ang mahirap na mga antas. Subalit ay masasabi ko sa inyo na ang buhay sa sarili nito sa bandang huli ay makakukumbinsi sa inyo na ang anumang ibang paraan ay hindi nagdadala ng mga pabuya na kung sa alin ang inyong kaluluwa, natatago at matahimik na naghihintay para sa paglaya, ay nag-aasam na makaranas – partikular ang buong muling pakikipag-ugnay sa **Banal na Kamalayan.**

Ang pinakadakilang regalo na maibibigay ninyo sa **inyong sarili – o sa sinuman** – ay may pasasalamat na tanggapin tungo sa inyong sariling isipan – at subukan na punan ang ibang nakatatanggap na mga isipan, - ng buong inspiradong pagkakaunawa sa **kung sino 'kayo at sila' talaga ay at kung ano ang tunay na maaaring maisakatuparan** kapag 'kayo at sila' ay nag-abandona ng sariling kalooban at tumingin sa **PINAGMUMULAN ng kanilang PAGIGING LALANG** para sa tulong, paggabay at katuparan ng bawat pangangailangan.

Maging Liwanag para sa inyong sarili – at sa sinuman na maaaring tumanggap nito.

Sa kagayang panahon, walang isa na makakukuha ng pagkatuto na walang laman ang sikmura; samakatuwid ang tiyak na dami ng pisikal na nutrisyon ay dapat na ibigay upang makatulong sa proseso ng ispiritwal-pisikal na ebolusyonaryong paglago, kung kayo ay sumusubok na magturo sa nagdarahop sa materyal. Maging may pag-nanais na magbigay sa iba at malaman na habang kayo ay nagbibigay, kayo ay nagiging bahagi ng 'nagbibigay at tumatanggap na sistema ng buong sansinukob.

Ito ay imposible na magbigay at hindi tumanggap bilang kapalit- maliban na kayo sa sarili ninyo ay naniniwala na nabubuhay kayo lamang sa suplay mula sa inyong gawain, ang inyong libro sa banko at mga negosyo. Kung ito ay kung ano ang inyong pinaniniwalaan, ay ito ang inyong mararanasan.

Hanggang ang tao ay tunay na magising at magbukas ng kanilang mga mata sa ganap na pagkakaunawa na sila ay indibidwalisasyon ng **PINAGMUMULAN ng kanilang PAGIGING LALANG** na kung alin ay ang kombinasyon ng **PERPEKTONG MGA PINTIG ng Pagkamalikhain at Pag-ibig,** sila ay mananatili na nahahalina sa mga pang-engganyo ng materyalismo, pagkakontento ng mga pangkatawang tawag ng laman, at ang pagnanasa para sa pagtataguyod ng sarili na mas angat sa iba – na sumasakop mula sa mga pagkuha at mga kaguluhan sa negosyo at mga industriya, at ang malaking mga kawalan ng harmoniya sa mga pakikipagrelasyon hanggang sa pagpaslang, pagsasamantalang sekswal at digmaan. Kung saan man ang tao ay gumagamit ng kaniyang ego tungo sa iba, ang mga galit na mga di pagkakaunawaan ay nangyayari.

Ito ang pinaka unang Batas ng Pagiging naririto na dapat ay maisapubliko sa buong mundo.

Paano pagkatapos, kung dapat ang pantaong likas ay magsikap araw araw upang mabuhay sa mundo na likas na nadudominahan ng bugso ng ego – ang higit na pagkamakapangyarihang pagnanasa para sa kakontentuhan sa sarili?

Ang sagot ay nakahimlay sa aking pangungusap: **'Gawin sa iba kagaya ng gusto ninyong gawin din sa**

inyo.'

Ito ay ang unang hakbang upang mapagtagumpayan ang bugso ng ego.

Kung nasasangkot sa pakikipagtalo, hayaan na magkaroon ng ganap na hustisya na inihahandog ng bawat sangkot sa isa't isa.

Makinig- tanggapin-sundin- gumawa ng mga pagbabago hanggang maaari.

Maging tiyak na sa inyong mga hinihingi ay hindi kayo gumagawa ng mga panloob ng mga kalsada sa kabutihan ng iba- maging ito ay personal, kaaliwan, negosyo o industriya.

Tandaan na habang ginagawa ninyo sa iba, ito ay sa kalaunan ay gagawin din sa inyo. Tandaan na ang inyong mga iniisip, mga salita at mga kilos ngayon ay kukuha ng anyo sa inyong mga karanasan sa mga araw, mga buwan o mga taon na darating. Minsan, ang paghahasik ay nangangailangan ng mga taon upang lumago tungo sa pag-aani nito at ang paghahasik ay makakalimutan na. Subalit, magtiwala, na anuman ang ginagawa ninyo ngayon ay magbabalik sa inyo sa mga kaugnay na anyo, bagaman hindi ninyo maaaring makilala ito na kagaya o maunawaan ang pagkakaugnay.

Anuman ang gusto ninyong sabihin ng ibang mga tao tungkol sa inyong mga pagkakamali – sabihin ang mga bagay na iyon- at pangatawanan ang mga iyon- tungkol sa mga kamalian na ang ibang mga tao ay maaaring makagawa – mga kaibigan o estranghero.

Magbigay ng pagtanggap at pagpapatawad na gusto ninyong matanggap. Ano ang tunay na pagpapatawad? Ito ay estado ng may kaliwanagang pag-unawa sa ibang mga tao at kanilang mga dahilan para sa kanilang mga pag-uugali na inyong masasabi nang may lahat na katapatan – na wala namang dapat na patawarin.

Ang pagiging loyal, kabaitan at pagiging mapagbigay na gusto ninyong matanggap kung nasa kagipitan- magbigay sa iba kung sila ay naghihirap sa mabibigat na mga pasanin. Huwag lumingon sa kanila ng may malamig na balikat.

Matuto na tumingin sa tao o sa sitwasyon na may matang may kabaitang pag-unawa. Tingnan sila kagaya ng kung sino sila sa sandaling ito at pagkatapos ay **tandaan na nakikita ko sila nang may maawaing pag-ibig.**

Kapag nakakikita kayo ng totoong pangangailangan para sa pagpapaibayo ng mga ito- para sa kanilang sariling kabutihan at panghinaharap na pagpapaibayo ng kanilang kabutihan, - tingnan lamang sila na may puso at mga mata ng pag-ibig at tingnan sila bilang sila ay maaaring maging sa hinaharap. Dalahin ang mga ito sa pag-iisip sa kanilang **PINAGMUMULAN ng PAGIGING LALANG** at alamin na ang inyong panalangin ay may katiyakan na nagpala sa kanila at nagbukas ng mga pinto sa kanilang paglago. Humanap ng paggabay mula sa **Banal na Kamalayan** upang kung inyong maaaring dalahin ang paksa ng kanilang 'pag-ibayo' at itanong kung paano ito ay maaaring gawin upang masiguro ang kanilang masayang pagtanggap ng pagpapayo at pangkatapusang tagumpay sa personal na paglago.

Kung ang sinuman ay nagnanais na magsabi sa inyo kung paano ninyo sila nasaktan sa anumang panahon – tumayo o umupo nang matahimik at malaman na ito ay ang tunay na hamon sa inyong bugso ng ego. Ito ay ang inyong malaking sandali – ang inyong pinakamalaking punto ng pagsubok.

Paano ninyo ito mahaharap? Kayo baga ay gagawa ng mga dahilan upang idepensa ang inyong sarili, habang kinukonsidera, kahit na ang pagsasabi, na ang inyong mga kilos ay hindi dapat na nakasakit sa ibang mga tao – at ay ganap na nabigyan ng hustisya sa mga kaganapan? Kung ito ay kung paano kayo ay

tumutugon, ay ang inyong bugso ng ego ay nasa perpektong pagkontrol pa rin sa inyong kamalayan.

Kung, bagaman, inyong maaaring maunawaan na ang dakilang sandali ng katotohanan ay nasa inyo na, - at dahil sa pagkakaalam na ito, - kayo ay may kakayahan na manatiling matahimik at kalmado, nakikinig sa ibang taong mga pagsasalarawan ng kanilang sakit sa inyong mga kamay, kayo ay nagtatagumpay sa unang paglampas sa inyong ego.

Ang sunod na kinakailangang hakbang ay upang ilagay sa isang tabi ang inyong sariling kailangan upang ipagtanggol ang inyong sarili nang may katatagan at may katapatan na maramdaman ang sa kung ano ay sinasabi ng nagsasalita. Inyo lamang magagawa ito nang may katapatan kung kayo ay magiging malakas sa inyong sarili na pumasok sa panloob na katahimikan kung saan kayo ay maaaring ganap na pumasok sa kanilang sakit, pakinggan ang kung ano ang kanilang sinasabi at tanggapin ang kanilang sakit tungo sa inyong puso. Kung inyong kayang magawa ito, inyong nakuha na pumasok sa loob ng kanilang balat. At kapag kaya ninyo na pumasok sa loob ng kanilang balat at maramdaman ang kanilang kirot, inyong gugustuhin na humingi ng tawad mula sa pinakaibuturan ng inyong puso para sa kung ano ang inyong ginawa; ang sakit na inyong idinulot sa kawalan ng pagkakaalam at hindi akalain ay magiging ang inyong sariling sakit at kayo ay hindi matatahimik hanggang inyong naayos, sa pamamagitan ng mapagmahal na mga salita, upang tanggalin ang lahat ng mga latak ng sakit mula sa ibang taong kamalayan. Kayo pagkatapos ay nakapagpagaling sa sakit at ito din ay maaalis mula sa inyong elektromagnetikong kamalayang sistema. Kayo ay nanalo ng dakilang tagumpay sa sarili. Inyong maaabot ang puntong iyon ng panloob na kalakasan at katatagan kapag inyong tunay na mauunawaan ang katunayan ng ibang mga tao bilang maging may kapantay na saysay na katulad ng sa inyo. Inyong nakilala at natanggap na ang iba ay maaaring masaktan ng inyong mga kilos sa katulad na paraan na kayo ay nasaktan ng iba.

Pagkatapos na marating itong **dakilang sandaling ito ng katotohanan** sa inyong buhay, inyong matatagpuan ang inyong sarili na may kakayahan na kumilos sa pagitan ng inyong sarili at ng iba na may pagkakomportable, nakakikita sa mga pangyayari mula sa kanilang perspektibo na kasing dali na nakikita ninyo ang sa inyong sarili. Ang malaking pagpapantay sa pagitan ng mga pangangailangan ng ibang mga tao at ng inyong mga sarili ay nangyayari, at kayo ay pumapasok tungo sa estado ng kapayapaan dahil kayo ngayon ay may pagtitiwala na inyong pinakikitunguhan ang iba nang patas at may kabaitan ng ispirito. Kayo ngayon ay nagsimula na upang mag-alis ng mga hadlang sa pagitan ninyo at ng ibang tao at ay tumatanggap sa kanila tungo sa inyong puso.

Kayo din ay nakapagsimula na upang alisin ang inyong sariling mga depensa at dahil dito, inyong matatagpuan na – sa wakas- **kayo ay nakapagkakamit ng tunay na pagpapahalaga sa sarili at kapayapaan ng isip.**

Itong bagong pagkakaunawa sa mga pakiramdam ng iba ay magbibigay ng inspirasyon sa inyo na magkaroon ng respeto para sa kanila. Kayo ay laging magnanais na makitungo sa kanila nang pantay, nagbibigay sa kanila ng nararapat sa kanila, hindi naghahangad na pagsamantalahan ang kanilang mabuting likas, hindi nagkakagusto na ibaba sila, bawasan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, laging handa upang palakasin ang kanilang loob at buhatin sila kung sila ay nasa sakit – pisikal o emosyonal.

Inyong makikita ang inyong sarili na gumagawa ng mga bagay na ito para din sa inyong sarili. Kayo ay magiging ang inyong sariling tagapayo, suporta at manggagamot.

Inyong makikita ang bawat tao, anuman ang kanilang kalagayan sa buhay, na may kaparehong basikong

katunayan na kagaya ng sa inyong sarili at inyong makikita na kayo ay kapantay ng bawat isa maging siya ay hari, papa o presidente dahil sa ilalim ng mga panlabas, kayo ay **parehong** lumitaw mula sa **DAKILANG PAGKAKAISA ng PAGIGING LALANG.**

Samakatuwid, hindi na kayo makararamdam na nagkukulang sa bawat sitwasyon, dahil kayo ay kumilos nang paunahan sa kalakasan at karunungan na nakuha mula sa Banal na Kamalayan, at nakikilala na kayo din ay may parehong mga karapatan kagaya ng bawat isa.

Matahimik, kalmado, hindi ninyo hahayaan ang iba na magsamantala sa inyo . Kayo ay magkakaroon ng kakayahan na magsalita ng inyong iniisip nang maliwang at may katapatan na may pag-ukol sa mga pakiramdam ng ibang mga tao. Hindi na kayo magnanais upang maliitin ang iba at bawasan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili. Sa halip, kayo ay gagawa ng bawat makakaya upang iligtas ang kanilang respeto sa sarili bagaman at iniaangkop ang inyong katotohanan sa maliwanag at mapagmahal na paraan.

Tandaan, kung nagsasabi ng inyong katotohanan sa iba, ito ay wala sa inyong lugar na sabihin sa kanila kung paano sila ay dapat na umakto sa anumang naibigay na kaganapan o kung paano sila ay tutugon sa inyong mga salita.

Bagaman, nakatayo sa UNIBERSAL na MGA PAGPAPAHALAGA ng perpektong katapatan, may konsiyensiyang gawain, kabutihan ng loob tungo sa lahat, pangangalaga para sa kapus palad, ang tao ay may karapatan upang humingi na ang mga pagpapahalagang ito ay dapat mauna sa anumang ibang konsiderasyon ng PARA UMANGKOP LAMANG sa loob ng grupo o komunidad o pambansang gawain.

Kayo din ay mayroong perpektong karapatan upang magsabi kung paano kayo ay nagawa upang makaramdam ng sa taong nagmamaliit na pag-uugali tungo sa inyo – **kayo ay dapat na nakababatid ng pangangailangan para gawin ito. Ito ay maaari na ang inyong *mapag-arugang* katapatan ay maaaring kinakailangan upang masolusyonan o maliwanagan ang tiyak na sitwasyon para sa kabutihan ng lahat.**

Turan ang inyong kaso nang may kabaitan – malumanay na sabihin sa kanila kung paano kayo ay nakararamdam sa pangkasalukuyang hindi magandang mga kaganapan at ipaliwanag kung ano ang nakagawa sa inyo na makaramdam ng gayong paraan. Huwag sabihin na ‘ Ginawa ninyo ang kagayang at kagayang bagay’ dahil sila ay makararamdam na kayo ay sumisisi sa kanila at kaagad ay inyong makakanti ang egong depensang mekanismo sa ibang tao. Pagkatapos doon, ang konprontasyon ay magiging mahirap at hindi maganda para sa pareho sa inyo. Upang malampasan ang dala ng egong mga tao kayo ay dapat nagpapatuloy na magsalita sa kagayang paraan na hindi sila makararamdam na sila ay nababantaan. Ito ay ang sining ng mapagmahal na komunikasyon at inyo lamang itong matututunan sa pamamagitan ng pagsubok at pagkakamali at dedikadong pagsasanay!

Sa bawat oras, na inyong matalo ang ego sa inyong sarili, ito ay nagiging mas madali upang makitungo sa iba dahil kayo ay umaabot sa pagkaunawa ng gawain ng ego sa lahat ng tao.

Habang lumilipas ang panahon, at kayo ay dahan dahang nakalalaya mula sa paghawak ng bugso ng ego, inyong matatagpuan na, higit at higit, kayo ay nakapakikinig sa iba na may kaluluwang pagdamdam at pag-ibig. Kung sila ay kumikilos sa paraan na nakasakit o nakadismaya sana sa inyo noong nakaraan, kayo ay makararamdam ng pagbalon ng halakhak sa halip. Kayo pagkatapos ay makaaalam na ang inyong kaluluwa ay nasa direktang paghipo ng **Banal na Kamalayan** – dahil sa ang likas na antas **Nito** ay paghalakhak.

Ang pagtawa ay **kamalayang pintig** na umaalingawngaw sa inyong mga papawirin, mula sa isang planeta

patungo sa iba pa, sa pamamagitan ng inyong konstelasyon ng mga tala at sa labas tungo sa pinakamalayong mga naaabot ng kawalan ng hangganan. Kagayang walang hangganan ng **Banal na Kamalayan,** ito ay dumating tungo sa pagiging naririto nito sa sandali ng **Big Bang.**

Ano ang Halakhak? Ito ay biglang kamalayang tugon sa sitwasyon kung saan ang dalawang mga pangyayari o dalawang mga kaganapan o dalawang tao, ay hindi – sa likas na pagkakasunud sunod ng mga bagay, - ay angkop na magkasama, sila ay kakatwang hindi magkasundo o ay magkasalungat sa isa't isa. Ito ay ang **tunog na epekto** na naranasan ng lahat na nabubuhay na mga bagay ng mas mataas na mga uri na may kakayahan sa tiyak na

mga paghusga o mga pananaw. **Ito ay nag-aalis ng kabalisahan.** Ang 'epekto ng tunog' ay nararamdaman sa ibabaw ng diyapragma na nagpuprotekta sa puso at sa sistemang nerbyos.

Kagaya ng nakita ninyo sa pag-aaral sa likas ng paglikha, bawat bagay na posible ay nagawa sa ebolusyon ng disenyo at paglago ng nabubuhay na mga katawan upang gumawa nang may kaperpektuhang naaangkop na katawan upang umakma sa kapaligiran para magkaroon ng kakayahan ang umuokupa sa katawan na maging komportable at masaya at mabuhay na walang kabalisahan. Ang pagkabalisa ay masama sa kalusugan.

Ito ay salungat sa **KALOOBAN ng BANAL na KAMALAYAN.**

Ang bigla at mainit na basag ng paghalakhak ay unang naranasan bilang bilis ng tumutunog na kamalayan sa pamamagitan ng ulo, na nagdadala ng paggaan ng buong kamalayan. Ito ay kaagad na nasusundan ng pisikal na 'epekto ng tunog' ng paghalakhak, na naranasan na kagaya ng magaang pagkumpas ng hininga sa diyapragma upang alisin ang anumang tensiyon at upang mapinong papalayo ang anumang latak ng kapaitan.

Minsan ang paghalakhak sa sobrang nakatatawang sitwasyon ay napahaba sa hangganan na ang taong iyon ay nakararamdam ng pagkapagod – ngunit ay masaya at sa halip ay nalulungkot na ang paghalakhak ay tapos na.

Karamihan sa mga tao ay magpapatotoo na ang paghalakhak ay nagtataguyod ng pakiramdam ng kaayusan, kahit na mayroong hindi pagkakaunawaan isang minutong mas maaga. Kung ang tao ay may katunayan na makatatawa, nakakikita sa pagiging kakatwa ng sitwasyon, kung saan man nagkaroon ng dating pagkayamot o sakit, ang tensiyon ay mapapakawalan at ang pagkakaibigang relasyon ay kaagad na mapanunumbalik. Ang pagtawa ay regalo ng pag-ibig para sa paglikha na nalulukuban, at nangangailangan ng saklolo mula sa kanilang mga ego.

Habang ang bugso ng ego ay dahan dahang nag-aalis sa paghawak nito sa inyong isip at mga emosyon, inyong matatagpuan na ang paghalakhak ay bumubula kaagad at nagdadala ng kahanga hangang pakiramdam ng paglaya. Ang 'tunog na epekto' ng paghalakhak ay nagtataas ng inyong kamalayang mga alon ng baybrasyon hindi lamang dahil ito ay enerhiya na pinakawalan kung saan ninyo mas kinakailangan ito – sa inyong puso – sa inyong diyapragma, ang luklukan ng inyong mga emosyon kundi dahil ang **PAGHALAKHAK** ay direktang sa **Banal na Kamalayan**.

Samakatuwid, ang halakhak ay Banal.

Ang HALAKHAK at ang inyong panloob na sanggol. Habang binabasa ninyo ang mga **Liham** na ito at nagmemeditasyon at ang inyong mga antas ng mga alon ng kamalayang mga baybrasyon ay naitaas, inyong matutuklasan na ang mga matatandang mental na mga gawi ay hindi na komportable sa inyong isipan. Kayo

ay maghahanap ng mga daan at mga paraan ng pagtatanggal sa mga ito mula sa inyong kamalayan. Habang kayo ay kumikilos pataas sa paraang ispiritwal at ay mas lalong nagnanais na magtanggal ng mga hindi kinakailangang ***pantaong bugso ng ego,*** ang gulo sa inyong mga pakiramdam ay nagiging mas tumataas na mabigat at kayo ngayon ay naghahangad at nananalangin para sa tulong. Inyong matatagpuan na kapag kayo ay dumulog sa **Banal na Kamalayan at buong karubduban na humingi ng Banal na Tulong, ang tulong ay may katiyakan na darating.** Kayo ay may katagumpayan na makapag-aalis ng mga hindi kinakailangang mga iniisip at mga reaksiyon, at kayo pagkatapos ay makatutuklas na ang paghalakhak ay nagiging higit at mas biglaan. Inyo ring madidiskubre na ang mga tensiyon ay napinong papalayo na kayo ay nagiging mas higit na magaan sa isipan, mas madali sa pakikipagrelasyon, mas mapangalaga, mas higit na nakapagpapahalaga, mas nakaaalam sa buhay sa sarili nito at sa lahat na inihahandog nito sa paningin at sa karanasan. Kayo ay magiging masaya sa payak na mga kaaliwan, kayo ay hindi gaanong pagod sa mga kabusugan, kayo ay mangangailangan ng kakaunting pagkain, kakaunting libangan, mas magiging kontento sa inyong sariling kasama, at sa katapusan ay magsisimulang magalak sa ***inyong sariling kasama dahil ang BANAL NA KAMALAYAN ay nagpapasok sa inyong pantaong kamalayan ng sarili Nitong nataas na Antas ng KABUTIHAN.***

Unti unti kayo ay magbabalik sa inyong 'sanggol' na kondisyon na tumitingin sa mundo na may masaya at nagtatanong na sulyap.

Ito ay hindi pagka-ulyanin. Ito ay antas ng mas dakilang pagkakaalam at ningning maging anuman ang inyong edad.

Ito ay 'estado ng pagiging lalang' na aking pinakahulugan noong aking sabihin na 'Hanggang kayo ay maging maliit na bata kayo ay hindi sa anumang paraan ay makapapasok sa Kaharian ng Kalangitan.' Akin talagang sinabi na kapag pumasok kayo sa Kaharian ng Kalangitan, kayo ay nagiging maliit na bata, isang bata na nagtatanong at masaya.

Aking ibinigay sa mundo ang mga Liham na ito na ang mga nagbabasa at nakakukuha sa mga ito sa katapusan ay makapasok sa 'Kaharian ng Kalangitan' at makarating sa estado ng ligaya na nagmumula sa kadalisayan ng isip at kainosentehan.

ISPIRITWAL NA MGA PAGSASANAY.

Kung ang mga tao ay nagsasabi sa inyo na pumasok tungo sa 'ispiritwal na mga pagsasanay' at 'isipin' ang mga tiyak na mga kondisyon – maging nakatitiyak na kapag inyong sinunod ang mga tagubiling ito kayo ay magpapanatili lamang sa inyong sarili na nakaugat sa materyal na dimensiyon ng ego. Ang imahinasyon ay walang kinalaman sa 'ispirito.' Ang imahinasyon ay pagsasanay ng inyong pantaong kamalayan na kayo ay dapat na sumusubok na lampasan sa pamamagitan ng pagpasok tungo sa mas mataas na mga antas ng ispiritwal na kamalayan. Ang mga antas na ito ay hindi iyong mga imahinasyon kundi ay iyong 'Katunayan' – karaniwang ispiritwal na mga antas ng mga alon ng ispiritwal na mga baybrasyon ng kamalayan. Ang ispiritwal na mga alon ay iyong sa Banal na ispiritwal na kamalayan na hindi panlupang mental na imahinasyon. Samakatuwid, mag-ingat sa kung sino ang tatanggapin ninyo bilang inyong guro.

Ang ganap na 'Kabanayadan' at 'Katahimikan' lamang ng inyong kamalayan ang magbubukas ng pinto sa pagpasok ng **Banal na Kamalayan** tungo sa inyong isipan at iyon ay kung ano ang hinahanap ng bawat isa. Kung kayo ay nauuhaw at kailangan ninyong uminom – bakit mag-iisip kayo na kayo ay nasa tabi ng look? Pumunta sa look sa sarili nito at uminom ng dalisay na nakapagpapasariwang tubig. Muli ay aking sinasabi,

ang imahinasyon ay hindi ispiritwal – ito ay pagsasanay ng inyong kalooban sa loob ng inyong pangkasalukuyang antas ng kamalayan.

RASISMO

Para sa inyo na nakarating upang maunawaan ang katotohanan tungkol sa 'sino talaga kayo,' ako ay gustong magsalita sa inyo ng tungkol sa buong mundong problema tungkol sa 'rasismo.'

Aking gusto na malaman ninyo na itong pag-uusap na tungkol sa RASISMO ay nagmumula lamang sa bugso ng ego ng mga tao na nakaramdam sa kanilang mga sarili na naaba at tinanggihan dahil sa kanilang panglahing mga pagkakaiba. Itong mga pakiramdam na ito ay nag-ugat na may kalaliman sa 'sarili' na maging anuman ang mga kaganapan ay maaaring magbago para sa kanila at sila ay maaaring umunlad sa buhay, kahit na maging mga karakter ng sobrang kahalagahan sa pangmundong baitang ng buhay, mayroon laging pananatili sa pakiramdam ng kakulangan at galit laban sa mga tao na unang nakagawa sa kanilang mababa.

Ito ay dapat na maunawaan na ang kagayang mga pakiramdam ay hindi may sariling kakaniyahan sa itim na mga lahi.

Itong mga pakiramdam ng 'sobrang kababaan' ay naranasan ng mayoryang mga tao na naharap sa sistemang panlipunan sa Indiya, uring mga pagkakaiba sa kulturang Eyuropeyo, at sa mga bansa kung saan ang mga 'pagkakaiba' ay ginawang mga bundok ng paghihiwalay ng isang tao mula sa iba. Itong masakit na pagpapababa ng mga pakiramdam ng 'mas mababang antas' ay naranasan ng kahit ng mga tinatawag na nataas na mga personalidad na hindi masyadong komportable sa kanilang mga posisyon ng pamamahala. Itong pakiramdam na ito ng kakulangan at kawalan ng saysay ay laganap sa pantaong lahi sa kabuuan, maging ano man maaari ang posisyon, o lahi o edukasyon ng indibidwal.

Ang pakiramdam ng 'kababaan ng halaga' ay nanggagaling sa malaking sakop mula sa lalim, malalim na pagkakaalam ng isip na ang egong- pag-aasal ay kasalungat ng pinakamataas na mga prinsipyo ng pantaong pagiging naririto. Kapag itong likas na kaakibat na bugso ng 'kawalan ng saysay' ay muling nabigyang lakas sa pamamagitan ng pagkamalapit sa ibang nakikitang mas prestihiyoso o matagumpay na mga tao, ay itong likas na pakiramdam ng kakulangan ay kumukuha ng naghihirap na sobrang mga tono.

Ang tangi lamang paraan upang mapagtagumpayan ang etnikong masakit na mga pakiramdam ng pagtanggi, kahit na kung may kataasang matagumpay, ay abutin ang maliwanag na pagkaunawa na kung walang uri ng mga etnikong mga kaguluhan, mga pag-aalis, pagdating ng mga estranghero at mga taga ibang planeta na mayroong kanilang kakaibang mga wika, mga kultura, mga proseso ng edukasyon at ang kanilang pag-angkop sa inyong likas na mga estado at mga paraan ng pamumuhay, ang maraming mga lahi ngayon ay hindi umuokupa ng mga posisyon ng responsibilidad at pangmundong antas na kagaya ng nakamtan ng iba sa sandaling ito.

Samakatuwid, ang tanging paggamot at muling nagpapabago ng buhay na takbo ng pagkilos ay magmeditasyon, mag-isip, magmuni muni at humingi para sa Banal na Liwanag tungkol sa paksa hanggang kayo ay, sa lahat ng katapatan ay makapagsasabi: 'Panginoon – ako ay matapat na nagagalak at masaya na ang mga teribleng bagay na iyon ay nangyari. Dahil sa mga ito, ako ay naroon sa kung saan ako narito ngayon, dahil sa mga iyon ako ay nabigyan ng pagkakataon upang subukin at maranasan ang hangganan ng aking katatagan, talino, mga emosyon, mga talento. Aking maaaring sukatin ang aking sarili laban sa mga nakamtan ng ibang mga lahi – at marahil ay magpatuloy upang matuto kung paano tumaas nang mas malayo mula sa aking mga pinagmulan. Ako ay nagpapasalamat sa Inyo para sa kalakasan at inspirasyon

upang ipakita ang aking basikong pagkakapantay sa bawat isa- aking ipinadadala papalabas ang aking mga iniisip ng pagmamahal at pasasalamat sa mga naglatag ng mga pundasyon para sa aking pangkasalukuyang kabutihan lahat noong marami, maraming mga taon na ang nakaraan.'

Kayo rin ay makapagmumuni muni sa katunayan na ito ay hindi maiiwasan, batay sa mga **BATAS ng PAGIGING NARIRITO,** na iyong mga may kaugnayan sa pangangalakal ng alipin at ibang mga trahedyang mga kaganapan, o ay naging responsable para sa paghahatid ng sakit at pagpaparusa sa ibang mga tao, ay magbabalik sa susunod na buhay bilang miyembro ng aliping mga lahi at magdurusa nang buong kalungkutan. Kung isinilang sa itim na mga angkan, ito ay mas maaaring ang mga taong ito ay mas matindi ang kanilang paghiling para sa pagkakapantay at makataong pagtrato para sa mga itim na tao. Ang kagayang tao ay maaaring ang inyong lolo sa tuhod o ama – at kayo ay maaaring nagtataka kung bakit ang buhay ay nagtrato sa 'mahirap na kaluluwa' na may kasamaan. Sa ibang banda, ang 'maputing tao' na humadlang- sa mga itim na tao at nagpanatili sa kanila sa mga kulungan, sa panahon ngayon, ay maaaring lumilikha pa rin ng problema para sa ibang mga tao sa pamamagitan ng pag-okupa sa antas ng lipunan ng lahat ng mga lahi na nagrerebelde nang may karubduban laban sa nakalipas. Ito ay maaaring ang nakaraan na kung alin ay sila sa sarili nila ang tumulong upang mangyari.

ITO AY KATUNAYAN na ang mga tao ay isinilang muli sa iba't ibang antas ng lipunan sa magkakaibang mga lahi upang magkaroon ng kakayahan ang kaluluwa na matuto ng mga makahulugang leksiyon habang naglalakbay ito paitaas tungo sa KRISTONG KAMALAYAN.

Ilagay sa isipan ang basikong prinsipyo ng pagiging naririto. Kayo, ang inyong mga sarili, ay lumilikha ng inyong mga bukas.

Kayo ang nagdadala tungo sa pagiging lalang din, ang anumang inyong kailangan para sa inyong pag-angat sa pamamagitan ng pag-abot para dito. Maging kayo ay nakababatid nito o hindi, habang kayo ay umaabot para sa pag-unlad ng inyong mga kalagayan sa buhay, kayo ay biglaang umaabot tungo sa mas mataas na mga antas ng ispiritwal na kamalayan.

Kagaya ng nasabi ko na sa inyo- ang BANAL NA KALOOBAN ay upang pakawalan ang paglikha mula sa kabalisahan, at samakatuwid, iyong mga leksiyon na kinakailangan upang dalahin kayo paitaas tungo sa Banal na Kamalayan ay darating tungo sa inyong karanasan.

Samakatuwid MAGPATAWAD - dahil wala kayong tunay na karunungan sa paglalakbay ng inyong kaluluwa sa maraming mga dantaon ng panlupang pagiging naririto. Wala kayong karunungan kung ano kayo, ang inyong sarili, ang ginawa ninyo sa mga buhay na lumipas na. Patawarin ang kasalukuyan, patawarin ang nakalipas at tanggapin na maraming mga mababuti ay dumating mula dito, matuto na magpala at mahalin ang mga iyon na inisip ninyo ay nakasakit sa inyo o sa inyong mga ninuno.

At kayo na sa kasalukuyan ay nagtataglay ng mga balat na nagdadala ng kapangyarihan ng pribelehiyo - ikonsidera ang ibang mga lahi at ang kanilang mga problema, at magmuni muni sa katotohanan na kayo ay maaaring sa panghinaharap na buhay, ay umokupa ng mababang pribelehiyong katawan at dumating upang malaman, unang pagkakaalam, ano ito na maging katulad na isilang na may pandamdam bilang pangalawang klaseng mamamayan. Magmuni muni din sa inyong mga nakaraang mga buhay, isipin kung ano ang inyong maaari o hindi na dapat ay ginawa upang magdala sa buhay ng inyong pangkasalukuyang sitwasyon.

Ang katotohanan tungkol sa RASISMO ay ito:

Bawat isang nilalang sa ilalim ng araw ay bumaba mula sa Banal na Kamalayan sa isang paraan o sa iba pa:

Sa pinaka nasa loob ng mga ugat ng kanilang pagiging lalang, bawat isa ay nakabuklod sa KAISAHAN.

Samakatuwid, saan nakahimlay ang mga pagkakaiba?
Ang mga ito ay lumabas mula sa pagkalinang ng mga angkan, mga pagmamana, mga pagkukondisyon, mga tradisyonal na mga katuruan, mga kinaugalian at pang-edukasyon at pangpamilyang mga gawi ng pakikitungo sa iba at ang mga pagkakaiba sa mga hubog ng iniisip.
Ito ay hindi ang kulay na naghahati sa inyo. Ang maliit na bata ng bawat lahi o kulay dahil sa kainosentehan nito at kabilisan sa sariling pagpapahayag ay makatatagpo ng pagtanggap sa puso ng karamihang mga matatanda. Ito ay ang KAMALAYAN na naghahati sa inyo at kung alin ay ang nararamdaman sa bawat antas ng inyong pagiging lalang – dahil kayo ay lahat, sa kabila ng inyong materyalisadong mga katawan, mga ANYO NG KAMALAYAN na nagpapahayag ng kamalayang mga hubog at KAMALAYANG MGA ANYO na tumatanggap ng kamalayang mga gawi mula sa iba. Ang kamalayan ng bawat indibidwal ay ang kanilang katunayan – hindi ang kanilang balat o hitsura - at ito ay ang kamalayan ng mga tao na maaaring humahatak o umiigkas sa iba.
Kayo ay makasisiguro na inyong mapagtatagumpayan lamang ang inyong pandamdam ng panlahing mga pagkakaiba kapag ang inyong mental/emosyonal na mga hubog ng pag-iisip ay may simpatiya, at kapag ang inyong mga PAGPAPAHALAGA kung sa alin ay pinipili ninyo upang mabuhay sa buong maghapon ninyo ay magkatulad. Hanggang sa ang oras na iyon ay dumating, ito ay walang gamit para sa tao na magalit sa iba para sa pagdaranas ng mga panlahing mga pagkakaiba. Ito ay talamak sa pantaong kondisyon.
Kung gusto ninyong maging ganap na natatanggap ng ibang lahi, inyong kailangang baguhin ang inyong mga pagpapahalaga, ang inyong mga pananaw, inyong mga ideya, mga pamamaraan ng pamumuhay at pakikitungo sa iba upang makatugma ang bawat isa sa lahing iyon. Ang mga pagkakaiba sa lahi pagkatapos ay mamamatay ng likas na kamatayan.
Kung kayo ay hindi handa upang kumuha ng 'kamalayan' ng lahi na gusto ninyong aniban, ay kilalanin, tanggapin at IGALANG na may PAG-IBIG ang mga pagkakaiba sa kamalayan. Walang isa na may karapatan na hilingin sa inyo na dapat ninyong huwag pansinin ang mga pagkakaiba.

PINAKA MAY KAHALAGAHAN SA LAHAT: Piliin ang pinakamataas na mga pamantayan na nakahandog sa mundo, magtrabaho upang yakapin at gamitin ang mga ito- at pagkatapos lahat ng mga kulay ng balat ay kukuha ng bago at panloob na ganda na walang isa man ay makatatanggi. Lahat ng tao pagkatapos ay may kagustuhan na magbubuklod sa perpektong harmoniya.
Ang pisikal na mga hitsura ng bawat kulay ay magbabago din at kukuha ng bagong panloob na kagandahan.

Kapag ang mga Liham na ito ay naipamahagi na sa buong mundo at ang grupo ng mga tao ay nagbuklod na magkakasama upang mamuhay sa loob ng mga ispiritwal na mga batas ng pagiging naririto, ang kagayang mga grupo ay makatatagpo na sila ay nabubuhay sa maharmoniyang napoprotektahang mga buhay, bagaman maaaring mayroong problema na nasa paligid nila.
Kahit saan, iyong mga nagbuklod magkakasama upang matuto kung paano pumasok- at mabuhay sa loob ng- ang Kabuuan ng Pagiging Lalang na aking tinurang ang 'Kaharian ng Kalangitan' dalawang libong taon na ang lumipas, ay makatutuklas na ang kanilang mga kaganapan ay may kasiguruhang nagbabago.

Hinihimok ko kayo na magtagpo kung Linggo upang magsalita tungkol sa inyong maraming mga biyaya, magbigay ng matapat buong pusong mga pasasalamat at magtaas ng inyong mga isipan sa pagpupuri sa Iyong Aling nagbigay sa inyo ng inyong Pagiging Lalang.

Magmeditasyong magkakasama upang kumuha ng Banal na Kamalayan sa pamamagitan ng inyong mga isip tungo sa mundong kamalayan na ang likas ng Banal ay maaaring, higit at higit, na pumasok sa likas ng mundong pag-iisip kasama ng sarili Nitong lampasang Pag-ibig.

Ang inyong mga grupo ay magpapadala ng ispiritwal na kamalayang enerhiya na makaiimpluwensiya sa mga enerhiya ng isipan na nakapalibot sa inyo.

Gusto ko na matandaan ninyo na ang mundo ay wala sana sa kagayang mapanganib na kahirapan kung ang mga simbahan sa buong mundo, ay nagtipon tuwing Linggo upang sumamba sa Diyos. Ang mga araw na iyon ngayon ay nakalipas na. Hindi kayo sasamba sa Diyos.

Kayo ay magtatayo ng malakas na pagkakaalam sa Banal na Kamalayan na nasa pangkalahatan. Ang pagiging unibersal nito at sakop ng pagkamalikhain ay magiging mas may katatagang mapapasok ng inyong mga isipan sa pamamagitan ng matapat na pagpupuri. Sa katahimikan at kabanayadan, kayo ay aabot sa BANAL NA KAMALAYAN at mag-aanyaya DITO na may pagmamahal upang mag-ari ng inyong isip at puso. Kaya, unti unti kayo ay magiging kaisa, at ang Banal na Kamalayan ay magiging, higit at higit, na nag-aari ng mundo na kagaya ng pinakauna Nitong intensiyon.

MULING PAGKABUHAY

Mayroong maraming nagtatanong kung paano ito ay sa sandali ng pagkakabuo, ang kaluluwa ay maaaring makuha mula sa **Banal na Kamalayan,** subalit ang katawan sa sarili nito ay maaaring gamitin bilang sasakyan ng pagpapahayag ng sarili sa darating nitong haba ng buhay ng ibang kaluluwa, na handa upang isilang na muli.

Kapag ang kaluluwa ay handa na upang pumasok sa panlupang mga kondisyon sa sunod nitong haba ng buhay ng panlupang pagkatuto, ang kaluluwa ay nahahalina sa magulang- o mga magulang – na may kakayahang maghandog ng mga kondisyon na makapagbibigay ng kakayahan dito upang kumuha ng sunod na kinakailangang hakbang nito paunahan sa ispiritwal na ebolusyon. Sa sandali ng pagkabuo, ang matandang kaluluwa ay nagpapasok ng personal nitong kamalayan ng nakaraang mga buhay at nakaraang ispiritwal na paglago tungo sa proseso ng pagkakabuo at nagiging kaluluwa ng nabuong itlog.

May mga ilang mga ina na halos kaagad ay nakababatid ng kakaibang kamalayan sa loob nila. Ang bagong kamalayan na natanggap ng ina sa kaniyang sinapupunan, minsan ay may kalalimang nakaaapekto sa takbo ng kaniyang pag-iisip, ng kaniyang pagbubuntis at estado ng kalusugan. Kapag ang sanggol ay naisilang na, ang ina ay nakararamdam na siya ay muling nanag-uli sa kaniyang normal na sarili. Ang mga sensitibong ina kalimitan ay nakararanas ng pagkakaalam sa direksiyon na ang sa kanilang sanggol na buhay ay kukuha at maaaring mag-isip na itong pagkakaalam na ito ay talagang isinilang ng kaniyang sariling mga hangarin para sa kaniyang sanggol.

Ang muling inkarnasyon ay hindi lamang pagkakataon o walang palagiang plano na nagdidirekta sa pagkilos nito.

Ang layunin ay upang laging magkaloob sa naglalakbay na kaluluwa na maraming may ganap na mga iba't ibang mga karanasan na magpapayabong sa natatagong imbak ng pangmundong karununga ng kaluluwa. Ito ay nagkakaloob ng nag-iistimula at mga kinakailangang mga pagbabago ng tanawin at ng pamilya at pangkapaligirang mga personalidad, ng mga katangian na nakuha mula sa mga pagmamana, subalit ay **lagi**

na ang manipis na hibla ng sa kaluluwang paglalakbay ay malilibing sa subkonsyus na isip at lalabas upang impluwensiyahan ang pangkasalukuyang inkarnasyon, bagaman na ang tao ay maaaring buong nakaaalam nito. Samakatuwid, ito ay maaari para sa mga katangian, may kalakasang hinahawakang mga pananaw, o marubdob na mga ambisyon na madala mula sa isang inkarnasyon tungo sa iba. Minsan ang mga ambisyon ay nalikha sa isang haba ng buhay at nadala lamang tungo sa matagumpay na manipestasyon sa sunod na haba ng buhay sa ilalim ng ganap na magkaibang mga kondisyon. Sa mga kagayang kaso, bago ang muling pagsilang, ang kaluluwa ay dapat na maghintay hanggang ang mundong mga kondisyon ay magpapaibayong may pagtatagumpay sa natatagong mga ambisyon ng kaluluwa.

Kung inyong maiisip ang kaluluwa na unang bumulusok sa pulang tubig at lumitaw na nakulayan ng pula at pumapasok sa buhay bilang pulang tao na mayroon nitong lahat na likas na pulang panglahing mga hilig, at nag-aral noong kabataan upang mabuhay ng 'pulang' mga pamumuhay, inyong mauunawaan na ang kaluluwa ay umaalis sa buhay na iyon na may maraming pula sa kaniyang kamalayan.

Sa susunod siya ay tutubog sa asul na languyan at siya ay aahon na asul na may lahat na mga katangian ng kaasulan - at ang istilo ng buhay ng asul na tao. Kapag siya ay umalis sa mundo muli, siya ay nakapag-ipon ng mga aspekto ng asul na kamalayan na naihalo sa pula. At kaya ito ay nagpapatuloy, buhay pagkatapos ng buhay, ang parehong kaluluwa na lumalago sa pamamagitan ng magkakaibang mga karanasan ng mga kulay, mga relihiyon, mga kalagayan, mga pag-aasawa, mga kasarian, mga bansa, mga pulitika, hanggang sa wakas, siya ay gumigising sa katotohanan na siya ay kung ano ang nangyayari sa kaniya at siya ay nagpapasya na siya ay pagod na sa lahat ng maraming mga kombinasyon ng kulay- gusto na lamang niya na tumaas tungo sa LIWANAG. Pagkatapos ay ang kaniyang tunay na ispiritwal na paglalakbay ay nagsisimula- at dahan dahan, sa pamamagitan ng pagkilos tungo sa isang buhay pagkatapos ng isa, kaniyang inaalis ang pula, asul, dilaw, berde, itim, kayumanggi, lila na naipon sa mga nakaraang mga buhay, hanggang sa wakas, malaya na sa lahat ng mga ilusyon at maling mga konsepto ng nakaraang mga buhay, ang kaniyang kaluluwa ay humahakbang patungo sa LIWANAG at ang muling inkarnasyon ay hindi na kailangan. Ang kaluluwa ay malakas, may kakayahan, mapanlikha – subalit ang pagkaindibidwal ng kaluluwa ay buo pa rin at siya ay nagsisimula na tumaas tungo sa iba't ibang mga antas ng ispiritwal na LIWANAG lampas sa mga alon ng baybrasyon ng mundo.

Kagaya ng aking sinabi sa Liham na ito, ako ay kasama ninyo lagi, nagpapasinag ng KATOTOHANAN ng PAGIGING LALANG sa kamalayan. Pag mas higit ninyong binabasa ang mga Liham na ito, ay pag lalong kayo ay magiging nakababatid ng aking Presensiya at ng aking Pag-ibig at sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay na ito ay ang aking mga layunin para sa inyo ay mapupunan. Kayo lamang ang magkakaroon ng kakayahan na umalis ng pakikipag-ugnay. Ako ay nagpapasinag ng Pagmamahal anuman ang inyong nararamdaman.

Aking iniiwan kasama ninyo ang aking PAG-IBIG at paghahangad para sa inyong mabilis na paglalakbay tungo sa Ispiritwal na Liwanag.

****

Ito ay ang aking, sa Kristong pinakamamahal na paghahangad na ang mga LIHAM na ito ay mailimbag nang madalian at maipamahagi sa mga tao na naghahanap ng Katotohanan. Kung sisipi mula sa aking mga LIHAM, pakibanggit ng pinagmulan nang may lubos na kaliwanagan

CHRIST'S LETTERS, www.christsway.co.za, (Book Title: CHRIST RETURNS – SPEAKS HIS TRUTH)

MGA LIHAM NG KRISTO,www.daanngkristo.com

(Titulo ng Aklat: Ang Kristo ay Nagbabalik Naghahayag ng Kaniyang Katotohanan)